

Bible Basics in Tagalog, by Duncan Heaster

Carelinks, PO Box 152, Menai NSW 2234 AUSTRALIA www.carelinks.net email info@carelinks.net

MGA SALIGAN SA BIBLIA

ISANG MANWAL SA PAG-AARAL

*ang pagpapahayag sa ligaya at kapayapaan ng tunay na
Pagkakristiyano*

MGA SALIGAN SA BIBLIA

ISANG MANWAL SA PAG-AARAL

*ang pagpapahayag sa ligaya at kapayapaan ng tunay na
Pagkakristiyano*

DUNCAN HEASTER

Bible Basics

English Edition first published 1992

Tagalog Edition published 2001

Bible Basics is also available in:

Afrikaans, Albanian, Amharic, Arabic, Armenian, Chinese, Estonian, Farsi, French, Georgian, Hebrew, Hungarian, Hindi, Igbo, Italian, Japanese, Kazakh, Korean, Kurdish, Latvian, Lithuanian, Macedonian, Malayalam, North Sotho, Polish, Portuguese, Romanian, Russian, Serbo-Coat, Slovak, Spanish, Telugu, Thai, Turkish, Ukrainian, Vietnamese

to view available translations on-line

www.carelinks.net

Published by

Christadelphian Advancement Trust

Company No. 3927037 Reg. Charity No. 1014615

PO Box 3034

South Croydon, Surrey CR2 0ZA

ENGLAND

© Duncan Heaster - 2001

Bible Basics in Tagalog, by Duncan Heaster

Carelinks, PO Box 152, Menai NSW 2234 AUSTRALIA

www.carelinks.net email info@carelinks.net

PANIMULA

Ang lahat ng mga tao na tumatanggap na may Dios, at ang Biblia ang Kaniyang paghahayag sa tao, ay nangangailangan ng taimtim na pagtitiyaga sa pagtuklas ng saligang mensahe nito. Marami sa mga tumatawag sa kanilang sarili na mga “Kristiano” ay tila salat sa gawaing ito; iilang talata mula sa Bagong Tipan tuwing Linggo, isang Biblia sa dako roon ng tahanan na kailanma’y di nabuklat, at may kalabuang maalaala ang iilang kuwento sa Biblia. Hindi kataka-taka na sa ganyang walang pagkabahalang palagay sa makapangyarihang Salita ng Katotohanan ng Dios, ay nagkaroon ng malaking pagkalito at alinlangan sa mga buhay at isipan ng karamihan.

Sa kabilang dako, mayroong iilang may kaunting kaalamang Kristiano na nagpasiya na tangkaing isalarawan ang mensahe ng Biblia, subalit nasumpungan na ang bawat isa na kanilang lapitan ay nagtatangkang magaalok sa kanila ng isang “package deal” ng mga katuruan at pantaong pilosopiya na hindi pangunahing nagpapaliwanag ng mga salita ng Biblia.

Hangarin ng “Mga Saligan Sa Biblia” na suriin ang mensahe ng Biblia sa isang seryoso at maayos na pamamaraan. Ito ay dinesenyo upang basahin ng tuwiran bilang isang aklat, o halinhinang gamitin bilang isang pagaaral sa panulat. Ang mga sagot sa mga katanungan sa hulihan ng bawat aralin ay maaring ipadala sa address na nasa ibaba; ang inyong mga sagot ay ibibigay sa isang personal na tagapagturo na siyang makipagugnayan sa inyo habang kayo ay nagpapatuloy sa mga Aralin. Kinikilala na ang ibang mambabasa ay iiwas mula

sa balaking pagsasagot sa mga katanungan kundi minabuti ang magtanong tungkol sa mga bagay na hindi nila naliliwanagan, o ang di-pagsangayon sa mga paliwanag na nailahad dito. Sa muli, kung ang yaong mga sulat ay maipadala sa address na nasa ibaba, ang kaukulang kasagutan ay ibibigay.

Ang mayakda ay may matibay na paniniwala na ang saligang mensahe ng Biblia ay malinaw na parang salamin. Gayunman, palaging mayroong mga ilang talata at paksa na lilitaw na tila may pagkakaiba kaysa sa pangkalahatang paksa ng Kasulatan. Ang ilan sa mga ito, kasama ang ibang mga aspeto ng Evangelio na maaring makapagtawag pansin sa ilang mambabasa, ay tatalakayin sa “Mga Kalihisan”. Maari ring maunawaan ang saligang mensahe ng Biblia kahit na hindi basahin ang “Mga Kalihisan”, subalit inaasahan na maraming magaaral ang magbabasa ng tuloy-tuloy sa karamihan nito. Ang salin ng Biblia na pangkalahatang ginamit sa mga pagaaral na ito ay ang “Authorized Version”. Subalit kung mayroong di-maliwanag sa pagsasalin, ibang mga “version” ang sinisipi: Ang “Revised Version” (R.V.), “Revised Standard Version”(R.S.V.), “Revised Authorized Version”(R.A.V.) at “New International Version”(N.I.V.).

Maraming mga tao ang nararapat na pasalamat dahil sa kanilang tulong sa paggawa ng aklat na ito; ako ay tanging tumatanaw ng utang na loob kay Clive Rivers sa mga dalubhasang hanay ng mga larawan na kaniyang itinulong at sa yaong mga nagbigay ng kuro-kuro gayundin sa mga “draft”. Gayunman, ang pangunahing pinagkakautangan ko ay nasa dako ng mga daan-daang mga tao sa Africa, ang West Indies, ang Pilipinas at Silangang Europa, na sa kanilang mapanaliksik na mga katanungan at pagkauhaw sa katotohanan ay nagpilit sa akin na pagisipan sa pamamagitan nitong

“Mga Saligan Sa Biblia” sa muli’t-muli. Ang kanilang kagandahan at kalakasan ay nararagdagan lamang sa pamagitan ng pagtingin mula sa marami’t iba’t-ibang anggulo. Sa mga nagsisiksikang mga taksi, sa mga walang mga bubong na mga trak at pangkargamentong sasakyan, sa mga tahimik na silid pulungan, at sa maalinsangang balkonahe ng mga hotel at talang-inilawang mga palumpong kanayunan, ang mga paksang ito ay tinalakay, pinagtalunan ng buo at pinasigla halos ng mga magaaral ng Biblia na nagmula sa lahat ng antas ng buhay. Sa aking mga kapatid na Christadelphian na kung saan ako nagkaroon ng tanging pagkakataon na makasama sa gawain na dito ay naging isang walang humpay na pinagkukunan ko ng kalakaran at tulong. Ang buod ng karamihan sa “Mga Paglihis” sa aklat na ito ay malimit na napagtalunan sa gitna namin sa mga silid ng hotel, pagkatapos ng isang nakakapagod na pagpupulong kasama ang pangkat ng mga magaaral ng “Bible Correspondence Course”. Ang pagsasamahan at pagkakaibigan na nagmula sa pagiging-pagkakabukod ng mga Saligang Katuruan ng Katotohanan ng Biblia ay totooong di-maiiwasan sa pantaong karanasan. Kaya sa lahat nitong “aking kasamang manggagawa para sa Kaharian ng Dios”, ako ngayon ay nagbibigay parangal at umaasa na kanilang masumpungan ang aklat na ito na makatulong sa dakilang gawain ng pagpapahayag ng tunay na Evangelio “sa lahat ng mga bansa”.

Ang paguunawa sa tunay na katotohanan ng Evangelio na itinuturo sa mga pahina ng Biblia ay makaantig sa bawat bahagi ng ating buhay, magaakay ng mga lalake at babae sa buong mundo upang matwid na magbigay ng kaluwalhatian sa Dios na kaniyang nilalayan, maging sa ngayon at sa kawalang hanggan. Ang bawat isa na makasumpong ng katotohanan ay nakasumpong ng “isang napakahalagang perlas” at maramdaman niya ang damdamin ni Jeremias para sa kaniyang sarili “Ang iyong mga salita nangasumpungan, at aking kinain, at ang iyong mga salita sa ganang akin ay katuwaan at kagalakan ng aking puso” (Jeremias 15:16). Upang makamtan ito, tiyakin munang manalangin para sa tulong ng Dios sa paguunawa ng salita bago ninyo harapin ang bawat isa sa mga araling ito. “At ngayo’y.....ipinagtatagubilin ko

kayo sa Dios, at sa salita ng Kaniyang biyaya, na nakapagtitibay at nakapagbibigay sa inyo ng mana sa kasamahan ng lahat ng mga pinapaging banal (Mga Gawa 20:32). **D.H.**

**ANG MGA DAGLAT NA GINAMIT SA MGA ARALING ITO NG
MGA AKLAT SA BIBLIA**

Gen.- Genesis Roma	Jer.-Jeremias	Rom	Mga	Taga	
Ex.-Exodus Corinto	Ezek.- Ezekiel	1	Cor.- 1	Mga Taga	
Lev.- Leviticus Corinto	Dan.- Daniel	2	Cor.- 2	Mga Taga	
Blg.- Mga Bilang	Ose.- Oseas	Ef.-	Mga	Taga Efeso	
Deut.- Deuteronomio	Am.- Amos	Fil.-	Mga	Taga Filipos	
Jos.- Josue	Mik.- Mikas	Col.-	Mga	Taga Colosas	
Huk.- Mga Hukom 1 Sam.- 1Samuel	Nah.- Nahum Hab.- Habacuc	1 Tes.-1	Mga	Taga Tesalonica 2 Tes.-2	Mga Taga Tesalonica
2 Sam.- 2Samuel	Zef.- Zefanias	1 Tim.-	1	Kay Timoteo	
1 Cron.- 1 Cronica	Hag.- Hagai	2 Tim.-	2	Kay Timoteo	
2 Cron.- 2Cronica	Zac.- Zacarias	Tito-	Kay	Tito	
Neh.- Nehemias	Mal.- Malakias	Heb.-	Sa	Mga Hebreo	

Awit- Mga Awit Mat.- Mateo 1 Ped.- 1 Ni Pedro
Kaw.- Mga Kawikaan Mar.- Marcos 2 Ped.- 2 Ni Pedro
Ecl.- Eclesiastes Luc.- Lucas 1 Jn.- 1 Ni Juan
Isa.- Isaias Jn.- Juan 2 Jn.- 1 Ni Juan

Apoc.- Apocalipsis

Ang mga katanungang nasa hulihan ng bawat kabanata ay may dalawang uri: pagpipili sa karamihan (na kung saan ikaw ay mamili ng isa sa mga kasagutang nakatala bilang tamang sagot sa tanong), at ang mga pangkaraniwang tanong na nangangailangan ng iilang pangungusap bilang tugon. Isulat ang inyong mga sagot sa isang hiwalay na piraso ng papel at huwag kaligtaang isulat ang inyong pangalan at tirahan ng maliwanag.

Maari ninyong ipadala sa

Bible Basis
PO Box 3034
South Croydon Surrey CR2 0ZA.
ENGLAND

Bible Basics in Tagalog, by Duncan Heaster

Carelinks, PO Box 152, Menai NSW 2234 AUSTRALIA
www.carelinks.net email info@carelinks.net

MGA SALIGAN SA BIBLIA

Unang Bahagi:

“Ang mga bagay na nauukol sa Kaharian ng Dios”

Araling 1 : Ang Dios 1

1.1 Ang Pagkaroon ng Dios

1.2 Ang Personalidad ng Dios

1.3 Ang Pangalan at Katangian ng Dios

1.4 Ang Mga Anghel

Pagkasalungat 1: “Ang Dios ay Espiritu”

Pagkasalungat 2: Ang Paggamit ng Pangalan ng Dios

Pagkasalungat 3: Ang Pagpapahayag ng Dios

Araling 2 : Ang Espiritu ng Dios 33

2.1 Pangkahulugan

2.2 Pagkakasi

2.3 Mga Kaloob ng Espiritu Santo

2.4 Ang Pagbabawi ng mga Kaloob

2.5 Ang Biblia ang Tanging Batayan

Pagkasalungat 4: Ang Banal na Espiritu ay isang Persona?

Pagkasalungat 5: Ang Panuntunan ng Pagsasatao.

Pagkasalungat 6: Ang Calvinismo

Pagkasalungat 7: “At inyong tatanggapin ang Espiritu Santo”

Pagkasalungat 8: “Ang Mga Tanda na ito ay susunod.....”

Araling 3 : Ang Mga Pangako ng Dios 100

3.1 Panimula

3.2 Ang Pangako sa Eden

3.3 Ang Pangako kay Noe

3.4 Ang Pangako kay Abraham

3.5 Ang Pangako kay David

Pagkasalungat 9: Ang pagkawasak ng mga langit at lupa.

Pagkasalungat 10: Ang mga pagaangkin ng “British Israelism”

Araling 4 : Ang Dios at ang Kamatayan..... 141

4.1 Ang Kalikasan ng Tao

4.2 Ang Kaluluwa

4.3 Ang Espiritu

4.4 Ang kamatayan ay ang walang kamalayan

4.5 Ang pagkabuhay na mag-uli

4.6 Ang Paghuhukom

4.7 Ang lugar ng pabuya: sa langit o sa lupa

4.8 Ang pananagutan sa Dios

4.9 Ang Impiyerno

Pagkasalungat 11: Ang Purgatorio

Pagkasalungat 12: Ang Multo at ang Reincarnation

Pagkasalungat 13: Sa anong kalikasan tayo ibabangon?

Pagkasalungat 14: Ang "Rapture"

Araling 5 : Ang Kaharian ng Dios..... 185

5.1 Ang Pangahulugan ng Kaharian

5.2 Ang Kaharian sa ngayon ay hindi nakakatayo

5.3 Ang Kaharian ng Dios sa nakaraan

5.4 Ang Kaharian ng Dios sa hinaharap

5.5 Ang isang libong taon

Pagkasalungat 15: Ang pagkaliteral ng kaharian

Pagkasalungat 16: Ang buod ng kasaysayan ng Israel

Araling 6 : Ang Dios at ang Kasamaan 216

6.1 Ang Dios at ang kasamaan

6.2 Ang Diablo at ang Satanas

6.3 Ang Demonyo

Pagkasalungat 17: Ang pangkukulam

Pagkasalungat 18: Ano ang nangyari sa Eden?

Pagkasalungat 19: Si Lucifer

Pagkasalungat 20: Ang Pagsubok kay Jesus

Pagkasalungat 21: "Ang labanan sa langit"

Ikalawang Bahagi

“Ang mga bagay na nauukolsa pangalan ni Jesucristo”

(Gawa 8:12)

Araling 7 : Ang pinanggalingan ni Jesus 276

7.1 Ang mga hula sa Matandang Tipan ukol kay Jesus

7.2 Ang kapanganakan sa pagkadalaga

7.3 Ang katayuan ni Cristo sa panukala ng Dios

7.4 “Sa panimula ay ang salita”

Pagkasalungat 22: Ang makasaysayang Jesus

Pagkasalungat 23: “Ako’y bumaba mula sa langit”

Pagkasalungat 24: Nilalang ba ni Jesus ang lupa?

Pagkasalungat 25: “Bago pa si Abraham, ako nga”

Pagkasalungat 26: Si Melquisedec

Araling 8 : Ang kalikasan ni Jesus 306

8.1 Panimula

8.2 Ang mga pagkakaiba ng Dios at ni Jesus

8.3 Ang kalikasan ni Jesus

8.4 Ang pagkatao ni Jesus

8.5 Ang kaugnayan ng Dios at ni Jesus

Pagkasalungat 27: "Nasa anyo ng Dios"

Araling 9 : Ang gawain ni Jesus 326

9.1 Ang kapanahunan ni Jesus

9.2 Ang Dugo ni Jesus

9.3 Alay para sa atin at sa kaniyang sarili

9.4 Si Jesus bilang ating kinatawan

9.5 Si Jesus at ang kautusan ni Moises

9.6 Ang Sabbath

Pagkasalungat 28: Ang Krus

*Pagkasalungat 29: Ipinanganak ba si Jesus sa ika-25 ng
Disyembre*

Araling 10 : Ang Bautismo kay Jesus 354

10.1 Ang pangunahing kahalagahan ng bautismo

10.2 Papaano tayo bautismohan?

10.3 Ang kahulugan ng bautismo

10.4 Ang bautismo at ang kaligtasan

Pagkasalungat 30: Ang pagkabautismo muli

*Pagkasalungat 31: Ang antas ng kaalaman na kinakailangan
bago ang bautismo*

Pagkasalungat 32: Ang salarin sa krus

Pagkasalungat 33: Isang halimbawa ng gawaing pagbautismo

Araling 11 : Ang Buhay kay Cristo 394

11.1 Panimula

11.2 Ang kabanalan

11.3 Ang Praktikal na buhay Kristiano

11.4 Ang pagaasawa

11.5 Ang pakikisama

KARAGDAGAN 1: Ang buod ng mga saligang aral sa Biblia
.... 427

KARAGDAGAN 2: Ang ating ugali sa pagaalam ng

katotohanan sa Biblia
..... 432

KARAGDAGAN 3: Ang pagkamalapit na pagbabalik ni Cristo
... 434

KARAGDAGAN 4: Ang pagkamatuwid ng Dios
..... 439

ARALING 1

ANG DIOS

1.1 Ang Pagkakaroon ng Dios

“Sapagkat ang lumalapit sa Dios ay dapat sumampalatayang may Dios at Siya ang tagapagbigay ganti sa mga kaniya’y nagsisihanap” (Heb. 11:6). Ang layunin ng mga araling ito ay upang tulungan yaong nagnanais na lumapit sa Dios, na naunang sumasampalatayang “Siya nga ang Dios”, kaya’t na tayo magalala sa ating mga sarili sa mga patotoo na nagpapatunay ng pananampalataya na mayroon ngang Dios. Sa pagsusuri sa mahirap intindihin na kaanyuan ng ating mga katawan (Awit 139:14), sa maliwanag na desinyo ng isang bulaklak, sa pagtitig pataas sa walang hanggang kalawakan sa isang malinaw na gabi, ang mga ito at ang ibang di-mabilang na masusing pagbulaybulay sa buhay ay tunay na nagpapakita na ang di-pagtanggap na may Dios ay hindi kapanipaniwala. Ang paniwala na walang Dios ay tunay na nangangailangan ng malaking pananampalataya kaysa sa mananampalataya na mayroong ngang Dios. Kung walang Dios ay wala ring kaayusan, layunin o huling pagpapasiya na paliwanag sa sangsinukob, at ito samakatuwid ay maaaninag sa buhay ng isang di naniniwala na may Dios. Habang napapaisip ito, hindi katakataka na ang karamihan sa mga tao ay tumatanggap kahit sa kaunting antas ng paniwalang may Dios- kahit na sa lipunan na kung saan ang materialismo ay ang nananaig na “dios” sa buhay ng mga tao.

Subalit may isang napakalawak na pagkakaiba sa pagitan ng may malabong palagay na may isang mas mataas na kapangyarihan, at ang totoong may katiyakan sa kung ano ang kaniyang inaalok kapalit ng matapat na paglilingkod sa Kaniya. Ang Heb. 11:6 ay nagbibigay ng puntong ito; tayo ay

“dapat sumampalatayang may Dios

at

Siya ay tagapagbigay ganti sa mga Kaniya’y nagsisihanap”

Malaking bahagi ng Biblia ay ang salaysay ng kasaysayan ng Israel, ang bayan ng Dios; muli’t muli ang itinuturo ay ang kanilang pagtanggap ng pagkakaroon ng Dios ay hindi natutumbasan ng kanilang pananampalataya sa Kaniyang mga pangako. Sila’y sinabihan ng kanilang dakilang pinunong si Moises na “talastasin mo ngaat isapuso mo, na nang Panginoon ay siyang Dios sa itaas sa langit, at sa ibaba sa lupa: wala nang iba pa. At iyong iingatan ang Kaniyang mga palatuntunan, at ang Kaniyang utos” (Deut. 4:39-40).

Kaya’t ay magkatulad na paksa ang pinahahayag- ang kabatirang nasa saloobin natin na may iisang Dios ay hindi nangangahulugan na tayo ay kagyat na katanggap-tanggap sa Dios. Kung tayo ay taimtim na sumasangayon na tayo ay tunay na may lumikha ating marapating “ iingatan ang Kaniyang mga utos”. Ito ang layunin ng mga hanay ng araling ito na ipapahayag kung ano ang mga kautusang ito at papaano natin masusunod ito. Habang ating sinasaliksik ang Banal na

Kasulatan sa paggawa nito, ating matunghayan na ang ating pananampalataya na mayroong Dios ay tumitibay:

“Ang paniniwala’y nanggagaling sa pakikinig, at pakikinig sa Salita ng Dios (Rom. 10:17). Gayon din, ang Isaias 43:9-12 ay nagpapakita na kung papaanong ang pagkaunawa sa mga hula ng Dios tungkol sa hinaharap na panahon ay makapagbigpay sa atin ng kaalaman “ na Ako ang Dios” (Isaias 43:13)- na ang pangalan ng Dios “ na Ako nga yaong Ako nga” ay tunay na totoo (Exo. 3:14). Si Apostol Pablo ay naparoon sa isang bayang tinatawag na Berea, sa ngayon ay nasa Hilagang Grecia. Tulad ng nakaugalian, siya’y nangaral ng Evangelio (mabuting balita) ng Dios; ngunit sa halip na ang mga tao ay basta tatanggap na lamang sa mga salita ni Pablo, “tinanggap nila ang salita (ng Dios, hindi ni Pablo) ng boong pagsisikap , at siniyasat sa araw-araw ang mga kasulatan kung tunay nga ang mga bagay na ito. Kaya nga marami sa kanila ang mga nagsisampalataya” (Gawa 17:11,12). Ang kanilang paniniwala ay sa dahilan ng kanilang pagiging bukas-ng-isipan, palagi-an (araw-araw) at maayos (yaong mga bagay) na pagsasaliksik ng Banal na Kasulatan. Ang pagtubo ng tunay na pananampalataya ay hindi ng dahil sa biglaang binigay ng Dios upang mapasakanila sa pamamagitan ng espirtual na pagtistis sa puso na hindi naiugnay sa Salita ng Dios. Kung gayon , papaano mangyari na ang mga tao sa sanglibutan na dumadalo sa Crusada ni Billy Graham o sa pananag-uling pagtitipon ng Pentecostal na “mga mananampalataya na kaagad” sa paglabas nila pagkatapos nito? Gaano kadalas sa araw-araw na pagsasaliksik ng Kasulatan ang natupad sa mga

pangyayaring ito? Itong kakulangan ng tapat na pananampalataya na nababatay sa Biblia ay walang duda na naging dahilan ng pagkahungkag na nasumpungan sa karamihan ng mga ganoong 'nagbalik loob' sa dakong huli ng kanilang karanasang Kristiano, at kung bakit marami ang lumalayo mula sa kilusang "evangelical".

Ang layon ng serye ng araling ito ay ang pagbibigay ng isang balangkas para sa iyong sarili't maayos na pagsasaliksik ng Kasulatan, ng sa ganoon ikaw rin ay "kahimanawaring" sumampalataya. Ang kaugnayan sa pagitan ng pakikinig sa tunay na Evangelio at ang pagkakaroon ng tunay na pananampalataya ay malimit na binibigyang halaga sa mga naitalang pangangaral ng Evangelio:

- 📖 " At marami sa mga taga Corinto na sa pakikinig ay nagsisampalataya at pawang nangabautismohan (Gawa 18:8).
- 📖 Ang mga tao'y " napakinggan ang salita ng Evangelio at sila'y nagsisampalataya" (Gawa 15:7). "Gayon ang aming ipinangangaral at gayon ang inyong sinampalatayahan " (1 Cor. 15:11).
- 📖 Ang "binhi" sa talinghaga ng manghahasik ay ang salita ng Dios (Luc. 8:11); habang ang yaong naiukol sa puno ng mostasa ay ang pananampalataya (Luc. 17:6), makikita na ang pananampalataya ay nagmula sa pagtanggap ng "

salita ng pananampalataya” (Rom. 10:8) “mga salita ng pananampalataya at ng mabuting aral” (1 Tim. 4:6), sa loob ng puso na bukas sa pagsampalataya sa Dios at sa Kaniyang salita (Gal. 2:2; tungkulan Heb. 4:2). Si Juan na Apostol ay nagsalita tungkol sa nakasulat na talaan ng Buhay ng ating Panginoon na “ siya’y nagsasabi ng totoo (ang katotohanan) upang kayo naman ay magsisampalataya” (Jn. 19:35). Sa gayon ang salita ng Dios ay tinatawag na “katotohanan” (Jn.17:17) upang tayo’y manampalataya.

1.2 Ang Personalidad ng Dios

Ito ay isang dakila, maringal na paksa sa Biblia na ang Dios ay inihahayag na totoo, may katangiang mahihipo, at mayroong katawan. Ito rin ang isang pangunahing aral ng Kristianismo na si Jesus ay anak ng Dios. Kung ang Dios ay walang anyong katawan, samakatuwid imposibleng siya’y magkaroon ng isang anak na “ tunay na larawan ng kaniyang katangian” (Heb. 1:3). Dagdag pa nito, naging mahirap na makabuo ng isang personal, buhay na kaugnayan sa ‘Dios’, kung ang ‘Dios’ ay

isang kuro-kuro sa kaisipan lamang, isang kapinggot na espiritu na nasa kung saan lamang sa ibabaw ng kalawakan. Ito'y napakasaklap na ang karamihan ng mga relihiyon ay mayroon nitong di-makatotohanan, at di-mahihipong katangian naiukol sa Dios.

Ang Dios na walang sukdulang mas mahigit kaysa sa atin, kaya't ating mauunawaan na marami sa pananampalataya ng tao ay tumitigil sa malinaw na pangako na ating makikita ang Dios. Ang Israel ay nagkulang sa pananampalatayang makita ang "anyo" ng Dios (Jn. 5:37), maliwanag na nagpapakita na Siya ay mayroong tunay na anyo. Ang ganoong pananampalataya ay nanggagaling sa kaalaman ukol sa Dios at pagsampalataya sa Kaniyang salita:

"Mapapalad ang mga may malinis na puso: sapagkat makikita nila ang Dios (Mat. 5:8).

"At siya'y (ang Dios) paglilingkuran ng Kaniyang mga alipin: at makikita nila ang Kaniyang mukha; at ang Kaniyang pangalan (pangalan ng Dios Apoc. 3:12) ay sasa kanilang mga noo (Apoc. 22:3,4).

Kahanga-hanga ang ganoong pag-asa, at kung tunay na pananampalatayahan natin ito, ay magkakaroon ng tunay na masidhing bisa sa ating pamumuhay.

“Sundin niyo ang kapayapaan sa lahat ng mga tao, at ang pagkakabanal na kung wala ito’y sinoman ay di makakita sa Panginoon”(Heb. 12:14).

Huwag tayong manumpa sa kadahilanang “ ang manunumpa sa pama-magitan ng langit, ay ipinanumpa ang luklukan ng Dios, at yaong nakaluklok doon (Mat. 23:22). Ito ay walang kapararakan kung ang Dios walang kaanyuang katawan.

“Siya’y ating makikitang gaya ng Kaniyang sarili (na nahahayag kay Cristo). At sinomang mayroon ng pagasang ito sa kaniya ay naglilinis sa kaniyang sarili, gaya naman niyang malinis”. (1 Jn. 3:2,3).

Sa buhay natin ngayon ang ating pagkakilala sa Ama na nasa Langit ay kulang na kulang, subalit tayo ay nakatanaw pasulong, sa pamamagitan ng masalimuot na kadiliman ng buhay na ito, tungo sa pagtatagpo natin sa Kaniya. Ang ating personal na pagkakita sa Kaniya ay walang dudang maparisan ng ating malawak na isipang pangunawa sa Kaniya. Kaya mula sa ganap na kailaliman ng pagdurusa ng tao, si Job ay nagagalak sa lubos na kaugnayang personal niya sa Dios na kaniyang ganap na mararanasan sa huling araw:

“At pagkatapos na magibang ganito ang aking balat (ang kamatayan) gayon ma’y makikita ko ang Dios sa aking laman: Siyang makikita ko ng sarili, at mamamasdan ng aking mata, at hindi ng iba” (Job 19:26,27).

At si Apostol Pablo ay nananangis mula sa isang buhay na puno ng hirap at kaguluhan: “Sapagkat ngayo’y malabo tayong nakakikita sa isang salamin; ngunit pagkatapos ay makikita natin sa mukha”.(1 Cor. 13:12).

Mga Katibayan Mula sa Matandang Tipan

Ang mga pangakong ito sa Bagong Tipan ay nababatay sa di-mumunting katibayan mula sa Matandang Tipan na nagpatotoo ng isang may persona at anyong katawang Dios. Hindi labis na mabigyang diin na isang saligan ang kilalanin ang katangian ng Dios kung tayo ay magkakaroon ng tunay pagunawa kung ano ang tunay na relihiyong nakabatay sa Biblia. Ang Matandang Tipan ay hindi nagbabago sa pagsasalarawan sa Dios na may katauhan; ang personal na pakipagugnayan sa Dios na siyang sinasabi ng Matanda at Bagong Tipan ay kakaiba para sa tunay na pagasang Kristiano. Ang sumusunod ay mga matitibay na paliwanag na sumasangayon sa isang personal at may katawang Dios:

📖 “At sinabi ng Dios, lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis” (Gen.1:26). Kaya’t ang tao’y nilalang sa larawan at wangis ng Dios, na siyang inihayag ng mga Angel. Sa Santiago 3:9 ay nagsasabing “mga taong ginawang ayon sa larawan ng Dios”. Ang salitang ito ay hindi maaring ipatungkol sa kaisipang- nagsasalarawan ng tao, sa dahilang ang ating isip ay likas na tunay na malayo sa Dios at sa maraming kagawian ay pangunahing salungat sa Kaniyang katuwiran: “Sapagka’t ang aking pagiisip ay hindi ninyo pagiisip, o ang inyo mang mga lakad ay aking lakad, sabi ng Panginoon. Sapagka’t kung paanong ang langit ay lalong mataas kay sa lupa gayon ang aking mga lakad ay lalong mataas kay sa inyong mga lakad, at ang aking mga pagiisip kay sa inyong mga pagiisip” (Isa.55: 8,9). Samakatuwid ang larawan at wangis na ating nakasunoan sa Dios ay yaong larawang pangkatawan. Sa tuwing magpakita ang mga Anghel sa lupa sila’y inilarawang may anyo na tulad ng sa tao- hal. Si Abraham ay tumanggap ng mga Anghel na di niya namalayan, na iniisip na ang mga ito ay mga karaniwang tao. Sa pagkalalang sa atin sa wangis ng Dios ay tiyak na nangahulugan na tayo ay makapaghinuha ng mga bagay na nauukol sa tunay na bagay na kung saan tayo ay isang larawan lamang. Kaya’t ang Dios, na siyang ating isinalarawan ay hindi yaong malabo na hindi natin maunawaan.

📖 Ang mga Anghel mismo ay larawan ng Dios. Kaya’t ang Dios ay makapagsalita kay Moises ng “ sa kaniya’y makipagusap ako ng bibig sa bibig ng maliwanag, at ang anyo ng Panginoon ay kaniyang makikita” (Blg. 12:8). Ito ay tumutukoy sa tagubilin kay Moises ng isang Anghel na

nagdadala ng pangalan ng Panginoon (Exo. 23:20,21). Kung ang Anghel ay kaanyo ng Panginoon kaalinsunod nito ay na ang Dios ay maykahalintulad na anyo sa mga Anghel- sa hugis-anyong tulad ng sa tao, bagama't may walang sukdulang mataas na kalikasan kaysa sa laman at dugo. "At nakikipagsalitaan ang Panginoon kay Moises ng mukhaan, gaya ng isang taong nakikipagsalitaan sa kaniyang kaibigan" (Exo. 33:11, Deut. 34:10). Ang Panginoon ay naihayag sa pamamagitan ng Kaniyang Anghel, na ang mukha at bibig ay nagsalarawan ng sa Panginoon mismo.

📖 "Sapagka't nalalaman Niya (ng Dios) ang ating anyo" (Awit 103:14). Kaniyang ninanais na ating isipin Siya na may personal na katawan, isang Ama na ating mapapagugnayan. Ito ay makapagpaliwanag sa maraming pagtutukoy sa mga kamay, mga bisig, mga mata atbp. ng Dios. Kung ang Dios ay isang kapinggot na diwa na nasa isang dako pa roon ng kalangitan- na siyang ganoong ating isinasaisip sa Dios kung ating itanggi ang Kaniyang pagiging may katauhan-kaya't ang mga nabanggit ay nakaliligaw at walang silbing makapagturo.

Ang mga pagsasalarawan ng tinatahanang dako ng Dios ay malinaw na naghahayag na ang Dios ay may personal na kinaroroonan; "Sapagka't ang Dios ay nasa langit" (Ecl. 5:2); "sapagka't Siya'y tumungo mula sa kaitaasan ng Kaniyang santuario; Tumingin ang Panginoon sa lupa mula sa langit" (Awit 102: 19,20); "Dinggin mo nga sa langit na iyong tahananang dako" (1 Hari 8:39). Subalit mas may tiyak kaysa dito, ating mababasa na ang Dios ay may "luklukan" (2 Cron. 9:8, Awit 11:4, Isa. 6:1; 66:1). Ang mga wikang ito ay mahirap itukoy sa

isang hindi maipaliwanag na diwa na namamalagi sa isang dako pa roon na nasasakupan ng kalangitan. Ang Dios ay binanggit na “bumaba” nang Kaniyang ihayag ang Kaniyang sarili. Ito ay nagpahiwatig ng Kaniyang kinaroroonang kalangitan. Imposibleng maunawaan ang kaisipang “Paghahayag ng Dios” ng walang pagpapahalaga sa personal, at may katauhang-katawan na Dios.

📖 Ang Isaias 45 ay puno ng pagtutukoy ng Dios sa Kaniyang sariling kapalooban sa mga pangyayari sa Kaniyang bayan; “Ako ang Panginoon, at walang iba liban sa Akin.....Ako ang Panginoon na gumawa ng lahat ng mga bagay ito.....Ako ang Panginoon ang lumikha. Sa aba niya na nakipagpunyagi sa may lalang sa kaniya.... Ako samakatuwid baga’y ang aking mga kamay, nagladlad ng langit.....kayo’y magsitingin sa akin, at kayo’y mangaligtas, lahat ng tagawakas ng lupa”. Ang huling pangungusap na ito ay lalong nagpapakita ng personal na katauhan ng Dios. Kaniyang ninanais na ang tao’y tumingin sa Kaniya, at isasaisip ang Kaniyang literal na katauhan sa pamamagitan ng mata ng pananampalataya.

📖 Ang Dios ay naihayag sa atin bilang isang mapagpatawad na Dios, na nagsasalita ng mga kataga sa mga tao. Subalit ang kapatawaran at wika ay nanggagaling lamang sa isang may katawan: ito’y mga galaw ng kaisipan. Kaya’t si David ay isang taong ayon sa sariling puso ng Dios (1 Sam. 13:14), at nagpapakita na ang Dios ay may pagiisip (puso), na kayang gayahin sa limitadong antas ng tao, kahit na ang likas ng tao ay hindi ayon sa puso ng Dios. Ang mga sipi tulad ng “at nagsisi ang Panginoon na Kaniyang nilalang ang tao..... at nalumbay sa Kaniyang puso” (Gen. 6:6), ay naghahayag ng Dios bilang isang may damdamin at may malay na katauhan, kaysa sa isang di-maunawaang ihip ng

diwa o espiritu sa kalawakan. Ito ay makakatulong sa atin upang ating makilala ng lubusan kung papaano na tayo ay kapwang makapagbigay lugod o magpasama ng kalooban Niya, tulad ng isang bata sa kaniyang katutubong ama.

Kung ang Dios ay hindi personal o walang katauhan....

Kung ang Dios ay hindi totoong tunay-na-personal na katauhan, samakatuwid ang espirtual na kaunawaan ay mahirap maintindihan. Kung ang Dios ay lubos na matuwid subalit hindi isang maykatauhan, samakatuwid hindi natin talagang maunawaan ang paghahayag ng Kaniyang katuwiran sa mga taong nilalang. Kapwa ang bulaang saklaw na Kristiano at gayundin ng Judio ay may palagay na ang katuwiran ng Dios ay pumapasok sa ating buhay sa pamamagitan ng di mapaliwanag na “banal na espiritu” nasa ganoon ay lumilikha sa atin upang maging larawang-kaisipan ng Dios, at katanggap-tanggap sa Kaniya. Kasalungat nito, sa oras na ating maunawaan na mayroong personal na katauhang tinatawag na Dios, dapat nating isaayos ang ating kaugalian, sa tulong Niya at sa bisa ng Kaniyang salita, na maisasalarawan ang mga katangian ng Dios sa ating mga pagkatao.

Ang panukala ng Dios ay ang upang ihayag ang Kaniyang sarili sa pulutong ng mga niluwalhating mga tao. Ang Kaniyang pangala-alang pangalang Yahweh Elohim, ay nagtuturo nito (Siya na magiging mga makapangyarihan- ay isang pinatamang salin). Kung ang Dios ay hindi isang totoong may katauhan, samakatuwid ang gantimpala ng tunay na mananampalataya

ay ang pagkaroon ng walang-katawang pananatili tulad ng sa Dios. Subalit ang mga pagsasalarawan ng gantimpala ng tunay na mananampalataya sa darating na Kaharian ng Dios sa lupa ay nagpapakita na sila ay magkaroon ng isang mahawakan at may katawang pananatili, bagama't hindi na saklaw ng mga kahinaan ng kalikasang makatao. Si Job ay umaasam sa "huling araw" kung kailan magkaroon ng pagkabuhay na maguli ang kaniyang katawan (Job 19:25-27); si Abraham ay tiyak na isa sa "mga maraming nangatulong sa alabok ng lupa ay mangangagising sa walang hanggang buhay"(Dan. 12:2) nang sa ganoon kaniyang matanggap ang pangako na walang hanggang mana sa lupa ng Canaan, isang pisikal na kinaroroonan dito sa lupa (Gen. 17:8). "At ang Kaniyang mga banal ay magsisihyaw ng malakas sa kagalakan.... Magsisiawit sila sa kagalakan sa kanilang mga higaan....upang magsasagawa ng paghihiganti sa mga bansa".(Awit 132:16, 149:5,7). Ang kabiguan ng kapwa Judio at Gentil na mabigyang halaga ang mga siping tulad nito, gayundin ang saligang pagka-literal, at pisikal na kahulugan ng mga pangako kay Abraham, ay nagdadala sa maling pagkaunawa ukol sa "walang kamatayang kaluluwa" na siyang tunay na anyo sa buhay ng tao. A ganoong kaisipan ay lubos na walang patunay sa Biblia. Ang Dios ay walang kamatayan, may maluwalhating katauhan, at Kaniyang ginagawa ang Kaniyang layunin at ng sa ganoon ang mga lalake at babae ay may pagkataong matawag upang mamuhay sa Kaniyang darating na Kaharian dito sa lupa, upang ibahagi ang Kaniyang mga katangian, na ipinahayag sa katauhang anyo.

Ang mananampalataya ay napangakuan na kanilang manahin ang kalikasan ng Dios (2Ped.1:4). Kung ang Dios ay walang katauhan, sa gayon ito'y nangahulugang tayo ay mabuhay ng walang hanggan bilang mga walang anyong espiritu. Subalit ito ay hindi katutruan ng Biblia. Tayo ay bibigyan ng katawang tulad ng sa kay Jesus (Fil. 3:21), at ating nalalaman na Siya ay may literal na katawan sa kaharian na mayroong mga kamay, mata at mga tainga (Zec.13:6; Isa.11:3). Ang doctrina ng personalidad ng Dios samakatuwid ay may kaugnayan sa Evangelio ng Kaharian.

Kailangang magiging maliwanag na walang matinong pagkaunawa sa pagsasamba, relihiyon, o personal na ugnayan sa Dios hanggang sa mabigyang halaga na ang Dios ay may katauhan, at tayo ay Kaniyang.larawang-pisikal, isang lubos-na-kulang na kaanyo, at nangangailangan ng pagtubo tulad ng Kaniyang anyong-pangkaisipan at ng sa ganoon ating matatanggap ang kalubusan ng Kaniyang katauhang-anyo sa Kaharian ng Dios. Mas lalong malawak ang pagkaunawa at aliw ang sa ngayon ay matatamo mula sa mga sipi na nagsasaad sa Dios bilang isang mapagmahal na Ama, at pinaparusahan tayo tulad ng ginagawa ng isang ama sa kaniyang anak (hal. Deut. 8:5). Sa kaugnay na kahulugan ng pagbabata ni Cristo ating mababasang "gayon ma'y kinaluguran ng Panginoon mabugbog siya" (Isa. 53:10), kahit na siya'y dumaing sa Dios: Dininig Niya ang aking tinig, at ang aking daing sa harap Niya ay dumating sa loob ng Kaniyang mga pakinig' (Awit 18:6). Ang pangako ng Dios kay David na isang binhi na magiging anak ng Dios ay nangangailangan ng

mahimalang panganganak ng isang tao; kung ang Dios ay walang katauhan, Siya'y hindi magkaroon ng ganoong isang anak.

Ang tamang pagkakilala sa Dios ay isang susi na makapagbukas ng marami pang mahalagang bahagi ng katuruan sa Biblia. Subalit ang isang kasinungalingan ay magbubunga pa ng isa pang kasinungalingan, kaya't ang maling pagkakilala sa Dios ay nagpapalabo sa kaayusan ng katotohanan na inaalok ng Kasulatan. Kung natunghayan mo na ang bahaging ito ay kasanga-sangayon, at kung bahagi lamang, isang katanungan ang lilitaw: "Talaga bang kilala mo ang Dios?" Tayo ngayon ay magpatuloy sa pagsaliksik ng mga itinuturo ng Biblia tungkol sa Kaniya.

1.3 Ang Pangalan at Katangian ng Dios

Kung may isang Dios, makatuwiran na isipin na Siya'y gagawa ng paraan upang

Ipabatid sa atin ang tungkol sa Kaniyang sarili. Tayo ay naniniwala na ang Biblia ay kapahayagan ng Dios sa tao, at dito ating makikita ang nahayag na kaugalian ng Dios. Ito ay kung bakit ang salita ng Dios ay isinasalarawan bilang Kaniyang binhi, (1 Ped. 1:23) dahil kung ito ay magkakabisa sa

ating isipan, isang bagong nilalang ang nahuhubog sa loob natin na may kaugalian ng Dios. (Sant. 1:18, 2Cor. 5:17). Samakatuwid habang lalong pinapatuloy nating pinagaaralan ang Salita ng Dios at tinatanggap ang mga aral para sa ating sarili, tayo ay lalong “maging katulad ng larawan ng Kaniyang anak” (Rom. 8:29) na sa kaugalian ay isang ganap na larawan ng Dios (Col. 1:15). Dito nakasalalay ang kahalagahan ng pagaaral sa mga bahaging-kasaysayan ng Biblia; ang mga ito ay puno ng mga halimbawang-aral sa kung papaano nakikitungo ang Dios sa mga tao at mga bansa, na palaging nagpapakita ng mga pangunahing ugali na di nagbabago.

Sa salitang Hebreo, ang pangalan ng tao ay nagsasalarawan ng kani-kanilang ugali at/o kabatirang nauukol sa kanila. Ang ilan sa mga malinaw na halimbawa:

‘Jesus’ = ‘Tagapagligtas’- sapagkat” ililigtas niya ang kaniyang bayan sa kanilang mga kasalanan (Mat. 1:21).

‘Abraham’= ‘Ama ng Karamihan’- “sapagkat ikaw ay ginawa kong ama ng maraming bansa (Gen. 17:5).

‘Eva’= ‘Buhay’- “sapagkat siya ang naging ina ng lahat ng mga nabubuhay” (Gen. 3:20).

'Simeon'= 'Pakinig'- "sapagkat narinig ng Panginoon na ako'y kinapopootan ay ibinigay rin naman sa akin itong anak na lalake" (Gen. 29:33).

Sa Jer. 48:17, ang pagkakilala sa mga taong taga Moab ay kabalalay ng pagkakilala sa pangalan ni Moab. Ang Mga Awit ay madalas na nagbalalay mismo sa Dios at Kaniyang pangalan, Kaniyang salita at mga gawain (Awit 103:1, 105:1, 166:1,2,12,13).

Anupa't inaasahan na ang mga pangalan ng Dios at mga titulo ay nakapagbibigay sa atin ng maraming kabatiran ukol sa Kaniyang sarili. Sa dahilang may napakaraming panig ng paguugali at layunin ang Dios, kaya't Siya'y tunay na may di-iisang pangalan lamang.

Ang puspusang pagaaral sa pangalan ng Dios ay ipinapayo pagkatapos ng bautismo, ang karagdagang pagpapahalaga sa paguugali ng Dios na ipinahahayag sa Kaniyang pangalan ay isang bagay na dapat magpatuloy sa lahat ng panahon na ating ikinakabuhay sa Panginoon. Ang kasunod samakatuwid ay halos isang panimula lamang.

Nang kailanganin ni Moises ang isang malalim na kaalaman sa Dios upang palakasin ang kaniyang pananampalataya sa panahon ng matinding kapighatian, isang Anghel ang

“itinanyag ang pangalan ng Panginoon: Ang Panginoon, ang Panginoong Dios na puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan at katotohanan, na gumagamit ng kaawaan sa libo-libo na nagpapatawad ng kasamaan at ng pagsalangsang at ng kasalanan at sa anomang paraan ay hindi aariing walang sala ang salarin (Exo. 34:5-7).

Ito ay isang maliwanag na patotoo na ang mga pangalan ng Dios ay nagpapawatas ng Kaniyang mga kaugalian. Ang pagtaglay Niya nitong mga pangalan ay patotoo na ang Dios ay isang may personal na katauhan- isang walang kapararakan na ipangatuwiran na ang isang ihip na espiritu ay magkakaroon ng mga katangian ng paguugali na puwede ring mapalago sa atin na mga tao.

Ang Dios ay pumili ng isang natatanging pangalan na kung saan ibig Niyang makilala at maalala Siya ng Kaniyang bayan, iyon ay isang buod, isang katawagan ng Kaniyang layunin sa sangkatauhan.

Ang mga taga-Israel ay mga alipin sa Egipto, at nangangailangan ng pagpaalaala ng panukala ng Dios sa

kanila. Si Moises ay naatasang ipaalam sa kanila ang pangalan ng Dios, nang sa gayon makatulong na gumanyak sa kanila na iwanan ang Egipto at simulan ang paglalakbay tungo sa lupang pangako (1Cor. 10:1). Tayo rin ay

nangangailangan ng paguunawa sa mga saligang panuntunan na nauukol sa pangalan ng Dios bago tayo mabautismohan at pasimulan ang paglalakbay tungo sa kaharian ng Dios.

Ipinabatid ng Dios sa mga taga-Israel na ang Kaniyang pangalan ay "YAHWEH", na nangahulugang "Ako yaong ako nga", o sa mas tamang pagsalin "Ako yaong siyang magiging ako" (Exo. 3:13-15). Ang pangalang ito ay bahagyang pinalawig: "At sinabi pa ng Dios (bilang dagdag) kay Moises, ganito ang sasabihin mo sa mga anak ni Israel' Ang Panginoong (Yahweh) Dios ng inyong mga magulang, ng Dios ni Abraham, ng Dios ni Isaac, at Dios ni Jacob..... ito ang aking pangalan magpakailanman at ito ang aking pinakaalaala sa lahat ng mga lahi" (Exo. 3:15).

Ang kabuuang pangalan ng Dios samakatuwid ay "Ang PANGINOONG Dios".

Ang Matandang Tipan ay halos karamihang naisulat sa salitang Hebreo, at sa pagsalin sa English hindi maiwasan na

makaligtaan ang maraming bahagi pagdating sa pagsalin ng salitang Hebreo sa salitang “Dios”. Isa sa karaniwang salitang Hebreo na isinalin na “Dios” ay “Elohim” na nangahulugang “mga makapangyarihan”. Ang “pagpaalaala” ng Dios, ang pangalan na ninanais Niya upang maalalala natin Siya, samakatuwid ay ang

YAHWEH ELOHIM
na nangahulugang


*SIYA NA IPAPAHAYAG SA ISANG PULUTONG NG MGA
MAKAPANGYARIHAN.*

Samakatuwid layunin ng Dios na ihayag ang Kaniyang paguugali at Kaniyang katauhan sa isang malaking pulutong ng sangkatauhan. Sa pamamagitan ng pagtalima sa Kaniyang salita ating mapayabong ang ibang pang mga paguugali ng Dios sa ating sarili sa ngayon, kung kaya’t sa napakatakdang kahulugan ang Dios ay naghahayag ng Kaniyang sarili sa mga tunay na mananampalataya sa buhay na ito. Subalit ang pangalan ng Dios ay isang hula sa darating na panahon kung kailan na ang lupa ay mapupuno ng taong katulad Niya, kapwa ng Kaniyang paguugali at katauhan (2Ped.1:4). Kung ninanais nating maging kabahagi ng panukala ng Dios at maging katulad ng Dios na walang kamatayan, nabubuhay magpakailanman na lubos at ganap ang asal, tayo’y kinakailangang makipagugnay sa Kaniyang pangalan. Ang paraan sa pagtupad nito ay sa pamamagitan ng pagpabautismo sa Pangalan – Yahweh Elohim (Mat. 28:19). Ito rin


ay naguuri sa atin na mga lahi (“binhi”) ni Abraham (Gal. 3:27-29) na pinangakuan ng walang hanggang mana sa lupa (Gen.17:8, Rom.4:13)- ang pulutong ng mga makapangyarihan (Elohim) kung kaninong ang hula ng pangalan ng Dios ay magaganap. Ito ay ipapaliwanag ng masinsinan sa ikatatlo at ikaapat na Aral.

1.4 Ang Mga Anghel


Ang lahat na ating natalakay na sa Araling ito ay ipinagsama sa pamamagitan ng pagtatalakay sa mga Anghel:

 may katawan at katauhang nilalang

 nagtataglay ng pangalan ng Dios

 mga kaparaanan na kung saan ang espiritu ng Dios ay makagawa sa pagtupad ng Kaniyang kalooban.

 Na naaayon sa Kaniyang paguugali at layunin.

 At sa gayong paraan ay naghahayag sa Kaniya.

Ating nabanggit sa Araling 1.3 na isa sa pinaka-karaniwang salitang Hebreo na isinaling “Dios” ay ang “Elohim”, na tunay

na nangahulugang “mga makapangyarihan”; ang “mga makapangyarihang” ito na nagdadala ng pangalan ng Dios ay marapat na tawaging “Dios” dahil sa kanilang malapit na ugnayan sa Kaniya. Ang mga nilalang na ito ay ang mga Anghel.

Ang talaan ng paglalang ng sanglibutan sa Genesis 1 ay nagsasabi sa atin na ang Dios ay nagbigkas ng tuwirang kautusan na nauukol sa paglalang”at yaon ay naganap”. Ang mga Anghel ang siyang gumanap sa mga kautusang ito.

“Ninyong mga Anghel Niya, ninyong makapangyarihan sa kalakasan, na gumaganap ng Kaniyang salita, na nakikinig sa tinig ng Kaniyang salita” (Awit 103:20).

Kaya’t makatuwirang ipalagay na tuwing mababasa na ang “Dios” na naglalang ng sanglibutan, ang gawaing ito ay tunay na ginampanan ng mga Anghel. Ang Job 38:4-7 ay nagpapahiwatig ng ganito ring kaparaanan. Sa oras na ito ay angkop ang pagkakataon upang ibuod ang mga pangyayari sa paglalang na naitala sa Gen. 1:

Unang Araw

- At sinabi ng Dios, magkaroon ng liwanag: at nagkaroon ng liwanag (tal.3)

Ikalawang Araw

- At sinabi ng Dios, magkaroon ng isang kalawakan sa gitna ng tubig,

at mahiwalay ang tubig (sa lupa) sa kapuwa tubig (na nasa ulap)... at

nagkagayon (tal. 6,7)

Ikatlong Araw

- At sinabi ng Dios, mapisan ang tubig na nasa silong ng langit (pagtatag ng mga laot at karagatan) ...at lumitaw ang katuyuan, at nagkagayon (tal.9).

Ikaapat na Araw

- At sinabi ng Dios, magkaroon ng mga tanglaw sa kalawakan ng langit at nagkagayon (tal. 14,15).

Ikalimang Araw

- At sinabi ng Dios, bukalan ng sagana ang tubig ng mga gumagalaw na kinapal na may buhay , at magsilipad ang mga ibon....at nilikha ng Dios ang bawat may buhay na kinapal (tal. 20,21)....at nagkagayon.

Ikaanim na Araw

- At sinabi ng Dios, bukalan ang lupa ng mga may buhay...ng hayop ng mga kinapal na umuusad at nagkagayon (tal. 24).

Ang tao ay kasabay na nilikha sa ika-anim na araw. “At sinabi ng Dios, ‘lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis’ (Gen 1:26). Ating tinalakay ang talatang ito sa Araling 1.2. Sa kasalukuyan, ibig nating pansinin na ang “Dios” dito ay hindi lamang tumutukoy sa Dios mismo na iisa,- ang “lalangin natin” ay nagpapakita na ang “Dios” ay tumutukoy sa labis sa isang katauhan lamang. Ang salitang “Dios” dito sa Hebreo ay ang “Elohim” na nangahulugang “mga makapangyarihan”, na tumutukoy sa mga anghel. Ang katunayan na mga anghel ang naglalang sa atin ayon sa kanilang larawan ay nangahulugang sila’y may katulad na katawang anyo sa atin. Samakatuwid, sila ay tunay, nahihipo, at may kaanyuang katawan na nagkakasuno ng magkahalintulad na kalikasan sa Dios.

Ang “kalikasan” sa ganitong palagay ay nagtutukoy sa kung ano ang saligan ng ninoman sa kadahilanan ng kanilang pangkatawang anyo. Sa Biblia ay may dalawang “kalikasan”; sa tunay na pangangahulugan ng salita hindi maaring magkaroon ng sabay na kalikasang ito.

Kalikasan ng Dios (Banal na Kalikasan)

Hindi magkakasala (lubos) (Rom.9:14; 6:23 – Awit 90:2; Mat.5:48; Sant.1:13)

Hindi mamamatay, walang kamatayan (1Tim. 6:16)

Puspos ng kapangyarihan at kalakasan (Isa.40:28)

Ito ang kalikasan ng Dios at mga Anghel, at siya ring ibinigay kay Jesus pagkatapos ng kaniyang pagkabuhay na mang muli (Gawa 13:34; Apoc. 1:18; Heb. 1:3). Ang kalikasang ito ang ipinangako sa atin (Luc. 20:35,36; 2Ped. 1:4; Isa.40:28 tungkayan sa tal.31).

Kalikasan ng Tao

Natutukso sa pagkasala (Sant.1:13-15) dahil sa isang likas na

masamang kaisipan (Jer.17:9; Mar.7:21-23)

May hatol ng kamatayan ; namamatay (Rom.5:12,17; 1Cor.15:22)

May kalakasang masyadong limitado, maging sa pangangatawan (Isa.40:30) at sa pangkaisipan (Jer.10:23).

Ito ang kalikasan ng lahat ng tao, mabuti man o masama, na taglay sa kasalukuyan. Ang kahihatnan ng ganyang kalikasan ay kamatayan (Rom.6:23). Iyon ang kalikasang nasa kay Jesus sa kapanahunan ng kaniyang pagkabuhay mortal. (Heb.2:14-18; Rom.8:3; Jn. 2:25; Mk.10:18)

Isang kasamaang palad na ang salitang kalikasan sa salitang English ay may kalabuan, magagamit natin ito sa pangungusap tulad ng “Si Juan” ay may mapagbigay na kalikasan- wala sa kaniyang kalikasan ang maging masakim, subalit siya’y puwedeng

maging mayabang dahil sa kaniyang kotse, na siyang isang kalikasan ng tao, sa aking palagay. Hindi ito ang paggamit natin sa salitang kalikasan sa mga araling ito.

Ang Mga Pagpapakita ng Anghel

Ang mga Anghel na may kalikasan ng Dios ay nararapat na hindi kailanma’y magkasala at sa gayon ay hindi mamamatay

–sa nakitang ang kasalanan ay nagdadala ng kamatayan (Rom.6:23). Sila ay nararapat na may isang literal at pisikal na anyo ng pagpananatili. Ito ang kadahilanan na sa tuwing magpakita ang mga Anghel dito sa lupa sila’y may anyo tulad ng isang karaniwang tao:

-Ang mga anghel ay nagpakita kay Abraham upang sa kaniya’y magsalita ng mga salita ng Dios; sila’y inilarawan na “tatlong tao” na kung kanino sa umpisa ay ipinalagay ni Abraham bilang mga karaniwang tao; sa kadahilanan ng kanilang pagaanyo. “Itulot mong dalhan kayo rito ng kaunting tubig, at maghugas kayo ng inyong mga paa, at mangagpahinga kayo sa lilim ng kahoy” (Gen.18:4).

-Dalawa sa mga anghel na yaon ay pumaroon kay Lot na nasa lungsod ng Sodoma; sa muli sila’y napagkamalang mga karaniwang tao lamang nina Lot at ng mga taga Sodoma. ” At nagsidating ang dalawang anghel sa Sodoma”, na ipinamanhik ni Lot na pumisan muna sa magdamag kasama niya. Subalit ikinulong ng mga tao ng Sodoma ang bahay at kanilang tinawagan si Lot at sinabi sa kaniya “Saan nangaroon ang mga

lalaking dumating sa iyo ng gabing ito?” Ipinamanhik ni Lot “Huwag lamang ninyong gawan ng anumang mga lalaking ito”. Ang Banal na Kasulatan ay tumawag din sa kanila “na mga lalake”.”Datapuwa’t iniunat ng mga lalake ang kanilang kamay” at iniligtas si Lot “At sinabi ng mga lalake kay

Lot....kami ay sinugo ng Panginoon upang aming lipulin” ang Sodoma (Gen.19:1,5,8,10,12,13).

Ang pagtalakay ng Bagong Tipan sa mga pangyayaring ito ay nagpatotoo na ang mga anghel ay nasa anyo ng tao. “Huwag ninyong limutin ang pagpapakita ng pagibig sa mga taga ibang lupa; sapagka’t sa pamamagitan nito ang iba’y (si Abraham at si Lot) walang malay na nakapagpatuloy ng mga anghel” (Heb.13:2)

-Si Jacob ay nakipagbuno sa isang lalake hanggang sa magbukang liwayway (Gen.32:24), na kung saan sa huli ay tayo’y sinabihan na iyon ay isang anghel (Oseas 12:4).

Dalawang lalake na nakakasilaw ang mga damit ang naroroon sa oras ng pagbangon mula sa mga patay (Luc.24:4) at sa pagtanggap sa langit (Gawa 1:10) ni Jesus. Ito ay maliwanag na mga anghel.

-Isaalang-alang ang ipinapahiwatig ng “ayon sa sukat ng tao, samakatuwid baga’y ng isang anghel”. (Apoc.21:17).

Ang Mga Anghel ay Hindi Nagkakasala

Ang mga anghel na may katulad na kalikasan ng Dios ay hindi mamamatay. Nakita na ang kasalanan ay nagbubunga ng kamatayan, alinsunod dito sila samakatuwid ay hindi

magkakasala. Ang pinagmulang salitang Griego at Hebreo ng katagang isinaling “anghel” ay nangahulugang “sugo”; ang mga Anghel ay mga sugo o mga alagad ng Panginoon, na masunurin sa Kaniya, kaya’t di-mangyaring iisipin na sila’y mga makasalanan.. Kaya’t ang katagang Griego na “aggelos” na siyang isinaling “mga Anghel” ay isinalin ding “mga sugo” kung ito ay nagtutukoy sa mga tao – halimbawa si Juan Bautista (Mat.11:10) at ang kaniyang mga sugo (Luc.7:24), ang mga sugo ni Jesus (Luc.9:52) at ang mga lalake na nangagtiktik sa Jerico (Sant.2:25). Subalit maari din naman na ang “mga anghel” kung ito ay tumutukoy sa mga tao na mga sugo ay magkakasala.

Ang sumusunod na mga talata ay maliwanag na nagpapakita na ang lahat na mga Anghel (hindi lang ang iilan sa kanila!) ay may kalikasang masunurin sa Dios, at samakatuwid ay hindi magkakasala:

Itinatag ng Panginoon ang Kaniyang luklukan sa mga langit, at ang Kaniyang kaharian ay nagpupuno sa lahat (kaya’t walang paghihimagsik laban sa Dios sa langit). Purihin ninyo ang Panginoon, ninyong mga anghel Niya;

Ninyong makapangyarihan sa kalakasan na gumaganap ng Kaniyang salita. Purihin ninyo ang Panginoon , ninyong lahat na hukbo Niya; ninyong mga ministro Niya na nagsisigawa ng Kaniyang kasayahan” (Awit. 103:19-21).

“Purihin ninyo Siya, ninyong lahat Niyang mga anghel niyang hukbo”. (Awit148:2)

“Sa mga anghel.....Hindi baga silang lahat ay mga espiritung tagapaglingkod, na mga sinugo upang magsipaglingkod sa kanila (mga mananampalataya) ng mangagmamana ng kaligtasan?” (Heb.1:13,14).

Ang paguulit ng salitang “lahat” ay nagpapakita na ang mga Anghel ay hindi nahahati sa dalawang pangkat na ang isa ay mabuti at ang isa ay makasalanan. Ang kahalagahan ng malinaw na pagkaunawa sa kalikasan ng mga Anghel ay sa kadahilanang ang gantimpala sa mga matatapat ay ang pagkakaroon ng kahalintulad na kalikasan. ‘Datapuwa’t ang mga inaaring karapatdapat magkamit....ay hindi mangagaasawa.....hindi na sila maaring mangamatay pa; sapagkat kahalintulad na sila ng mga anghel” (Luc.20:35-36). Ito ay napakahalagang punto na dapat maunawaan. Ang mga anghel ay hindi mamamatay; “Ang kamatayan ay hindi makapaghawak sa mga Anghel” (Heb. 2:16- Diaglott). Kung ang mga anghel ay maaring magkakasala, kung sa gayon

yaong lahat na masumpungang karapatdapat ng gantimpala sa pagbabalik ni Cristo ay maari pa ring magkasala. At makita na ang kasalanan ay nagbubunga ng kamatayan (Rom.6:23), sa gayon sila ay walang buhay na walang hanggan; at kung tayo ay maaring magkasala, tayo rin ay maaring mamatay. Kaya't sa pagsasabing ang mga Anghel ay magkakasala, ang pangako ng Dios na buhay na walang hanggan ay ginawang walang katuturan, sa nakitang ang ating gantimpala ay magsuno ng kalikasan ng mga Anghel. Ang pagtukoy na "mga Anghel"(Luc.20:35,36) ay nagpapakita na walang pagsasauri sa mga Anghel bilang mabuti o makasalanan; may iisang uri lamang ang mga Anghel.

Kung ang mga Anghel ay maaring magkasala, sa gayon ang Dios ay naiwang walang kakayanan sa matuwid na pagganap sa ating mga buhay at sa mga gawain ng sanglibutan, sa nakitang Kaniyang inihahayag na Siya ay gumagawa sa pamamagitan ng Kaniyang mga Anghel (Awit 103:19-21). Sila'y "ginawang espiritu" ng Dios sa kahulugang Kaniyang nagagawa ang lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng Kaniyang espiritu/kapangyarihan na kumikilos sa pamamagitan ng mga Anghel (Awit 104:4). Na sila'y hindi maging masunurin sa Kaniya samakatuwid ay isang pagkaimposible . Ang isang Kristiano ay kailangang manalangin araw-araw na ang kaharian ng Dios ay darating sa lupa, na ang Kaniyang kalooban ay magagawa kung papaano sa langit ay gayon din sa lupa (Mat.6:10). Kung ang mga Anghel ng Dios ay magtutunggali laban sa makasalanang mga Anghel sa langit, samakatuwid ang Kaniyang kalooban ay hindi ganap na

naisakatuparan doon at kung gayon ang magkahalintulad na kalagayan ang mangyayari rin sa darating na kaharian ng Dios. Ang mabuhay ng walang hanggan sa isang sanlibutan na maging pook ng labanan habang panahon sa gitna ng kasalanan at ng pagiging masunurin ay tila hindi isang masiglang tanawin subali't, mangyari pa, hindi ito ang gayon.

Ang Mga Anghel at Ang Mga Mananampalataya

May isang magandang kadahilanan upang paniwalaan na ang bawat isang tunay na mananampalataya ay may mga Anghel-marahil isang natatangi- na tumutulong sa kanilang mga buhay:

📖 “Ang anghel ng Panginoon ay humahantong sa buong palibot ng nangatakot sa Kaniya” (Awit 34:7).

📖 “...sa maliliit na ito na nagsisisampalataya sa akin (mahihinang mga disipulo- Zec. 13:7-Mat. 26:31) na ang kanilang mga anghel sa langit ay nangangakitang palagi ng mukha ng aking Ama na nasa langit (Mat. 18:6,10)”.

📖 Ang mga sinaunang mga Kristiano ay malinaw na naniniwala na si Pedro ay may tagapagbantay na anghel (Gawa 12:14,15).

📖 ng bayan ng Israel ay nagsitawid sa dagat, at sila'y pinangunahan ng isang Anghel sa gitna ng ilang tungo sa lupang pangako. Ang pagtawid sa dagat ay sumasagisag sa ating bautismo sa tubig (1Cor. 10:1), kaya't hindi isang di-matuwid na isaalang-alang na tayo pagkatapos nito ay inaakay at tinutulungan rin ng isang Anghel habang binabagtas natin ang ilang ng buhay tungo sa lupang pangako na Kaharian ng Dios.

Kung ang mga Anghel ay puwedeng maging masama sa pangangahulugang pagiging makasalanan, samakatuwid yaong mga pangako ng pagpipigil ng Anghel at ang impluwensya sa ating mga buhay ay naging isang sumpa kaysa sa isang pagpapala.

Sa gayon, ating nakita na ang mga anghel ay mga nilalang.....

📖 na may walang hanggang kalikasan at katauhang anyo tulad ng sa Dios.

📖 Na hindi maaring magkasala

📖 Na laging tumutupad sa mga utos ng Dios

📖 At na sila'y mga kaparaanan kung saan ang espiritu't kapangyarihan ng Dios -ay nagpapahayag at gumagawa (Awit 104:4).

Subalit ...?

Maraming mga simbahang “Kristiano” ay may kaisipang ang mga Anghel ay puwedeng magkasala at ang mga makasalanang mga Anghel sa ngayon ay nabubuhay na siyang responsable sa pagkakasala at mga suliranin dito sa lupa. Ating talakayin ang maling palagay na ito ng masinsinan sa ika-anim na Aralin. Sa kasalukuyan ating tandaan ang mga sumusunod na mga punto”

📖 Maaring may isang paglalang bago ang sa atin, -yaong naitala sa Genesis 1. Maari ing isipin na ang mga Anghel sa ngayon ay nagkaroon ng kaalaman ng “mabuti at masama” (Gen. 3:5) sa pamamagitan ng pagiging magkahalintulad na katayuan natin sa buhay na ito. Na ang ilan sa mga nilalang na nabubuhay sa panahong yon ay di-maisantabing nagkasala; subalit ang lahat ng ito ay isip-isipan lamang na kung saan ang kalayawang ito ay kinahuhumalingan ng isip ng tao. Ang Biblia ay tumuturo sa atin kung ano ang kailangang malaman ukol sa kasalukuyang katayuan, at yaon ay ang walang mga makasalanang Anghel; ang lahat ng mga Anghel ay lubos na masunurin sa Dios.

📖 Na walang mga makasalanang nilalang sa langit, sa makikitang ang Dios ay “may mga matang malinis kay sa tumingin ng kasuwailan”(Hab.1:13). Sa kahalintulad na balatok,(Awit 5:4,5), ay nagpapaliwanag:” Ang masama ay hindi tatahang kasama mo, ang hambog ay hindi tatayo” sa langit na tahanan ng Dios. Ang kaisipan na may naghihimagsik sa langit laban sa Dios na mga Anghel ay

sadyang sumasalungat sa pagkakilala na ibinibigay ng mga talatang ito.

📖 Ang salitang Griego na isinaling “Anghel” ay nangahulugang “sugo” at maaring tumukoy sa tao, tulad ng ating nakita. Ang ganoong mga taong “sugo” mangyari pa, ay maaring magkasala.

📖 Na may mga masasama, mga makasalanang nilalang na kung kanino ang lahat ng nyo ng kasamaan ay naisisi ay isa sa pinaka karaniwang paniniwalang pinanghahawakan ng paganismo. Sa magkatulad na paraang ang kaisipang pagano na may kaugnayan sa Pasko ay nakapasok at napasalin sa Kristianismo, gayundin ang mga haka-hakang ito ng mga pagano.

📖 Mayroong kakarampot na talata sa Biblia na maaring mapagkamalang tumataguyod ng kaisipan ito na may mga makasalanang Anghel na sa ngayon ay umiiral. Ang mga ito ay tinalakay sa “In Search of Satan”, na makukuha mula sa tagalathala. Ang gayong mga talata ay hindi maaring payagang sumalungat laban sa kayamanan ng mga katuruan na nasa Biblia na naipahayag na.

Pagkasalungat 1:”Ang Dios ay isang Espiritu”(Juan 4:24)

Sa Ikalawang Aralin, ating liwanagin ng mas tiyakan kung ano itong Espiritu ng Dios. Ating maibuod ang mga paliwanag na

naihayag doon sa pamamagitan ng pagsasabing ang espiritu ng Dios ay ang Kaniyang kapangyarihan o hininga na kung papaanong ang Kaniyang mahalagang kasarinlan, ang Kaniyang katauhan at paguugali, ay maipapahayag sa tao sa pamamagitan ng mga pagkikilos na natatamo ng espiritong yaon. Kaya't ang "Dios ay espiritu", na siyang tamang pagsalin sa Juan 4:24 (tingnan sa RSV, NIV), sapagkat ang espiritu ay nagsasalarawan ng Kaniyang personalidad.

Ang Dios ay inilarawan sa maraming mga bagay, halimbawa;

"Ang Dios natin ay isang apoy na mamumugnaw".(Heb.12:29)

"Ang Dios ay ilaw" (1Jn.1:5)

"Ang Dios ay pagibig" (1Jn.4:8)

"Ang verbo (sa Griego ay 'logos'-panukala,layunin,kaisipan) ay Dios" (Jn.1:1)

Samakatuwid "Ang Dios ay" ang Kaniyang mga katangian. Maliwanag na hindi tamang ipangatuiwiran na ang pahalaw na katangian ng pagibig ay "Dios" sa dahilang ating nabasa na ang "Dios ay pagibig". Ating matatawag ang isang tao na "mismong mabait" subalit ito ay hindi nangahulugan na sila ay walang "katawang anyo"- ang kanilang pamamaraan ng literal na buhay ang siyang nagpapahayag ng kabaitan sa atin.

Ang Espiritu bilang kapangyarihan ng Dios , na ating madalas na mabasa na pinadala ng Dios o Kaniyang inatasan ang Kaniyang Espiritu upang makamtan ang mga bagay na natutugma sa Kaniyang kalooban at katangian. Siya, kahima't inilarawan na lumalalang ng espiritu (Amos 4:13, AV-margin). Ang sabihing, ang Dios ay ang Kaniyang espiritu sa ganap na literal na pangahulugan ay isang pangaalipusta- ito ay may bisang tumatanggi ng pagkakaroon ngDios.

Marami ang mga halimbawa na inatasan ng Dios ang Kaniyang Espiritu, na nagpapakita ng pagkabukod ng Dios at ang Kaniyang Espiritu.

“Siya (Dios) na kumakasi ng Kaniyang banal na Espiritu sa kaniya “. (Isa.63:11)

“ Isasakaniya ko (ng Dios) ang Aking Espiritu” (Mat.12:18)

“ Ama sa kalangitan na nagbibigay ng Espiritu Santo” (Luc. 11:13)

“Ang Espiritu na bumababa buhat sa langit” (Jn.1:32)

“ Ibubuhos ko (ng Dios) ang Aking Espiritu sa lahat ng laman” (Gawa2:17)

Tunay nga, ang madalas na pagbabanggit sa “ang Espiritu ng Dios” ay sapat na patunay na ang Espiritu ay hindi ang Dios mismo. Ang mga pagkakaiba sa pagitan ng Dios at ng Kaniyang Espiritu ay dagdag na suliranin sa yaong mga naniniwala na ang Dios ay isang “trinity” na kung saan ang Dios na Ama ay inihalintulad kay Jesus at sa Banal na Espiritu. Kung ito ay totoo, at kung ang Dios ay ipinalagay na walang persona,

samakatuwid umaalinsunod na si Jesus ay wala ring persona at hindi isang may literal na katauhan.

Lalong mahalaga, na ang isang walang persona na Dios ay magbubunga ng kawalang-kabuluhan sa panalangin- sa dako na kung saan ang panalangin ay isang paguusap sa pagitan ng ating kamalayan at ng pagkakilala sa Dios na siyang namalagi lamang sa ating isip. Tayo ay patuloy na pinaalalahanan na manalangin sa Dios na merong katauhan na naroroon sa langit (Ecl.5:2, Mat.6:9; 5:16; 8:30), at si Jesus sa ngayon ay naroroon sa gawing kanang kamay sa kaitaasan, upang maghandog ng ating mga panalangin (1Ped.3:21; Heb.9:24). Kung ang Dios ay walang katauhan, ang mga talatang yaon ay ginagawang walang katuturan. Subalit sa pasimulang kilalanin na ang Dios na isang totoo, at

mapagmahal na Ama, ang panalangin sa Kaniya ay nagiging isang totoo, at tunay na bagay- totohanang nakipagusap sa isang katauhang ating pinaniwalaang laging handa at kayang tumugon.

Pagkasalungat 2: Ang pagamit ng Pangalan ng Dios

Ating nakita na ang pangalan ng Dios at ng Kaniyang Anak na si Jesus ay may malalim na kahulugan. Kung ating pinaguusapan ang “Dios” ating tinatalakay ang tungkol sa lahat na bahagi ng Kaniyang kahanga-hangang panukala ng pagibig at katotohanan. Na ang pangalan ng Dios ay gagamitin sa walang kabuluhan bilang isang mababaw na pagbulalas o pagpapahayag ng pagkayamot, samakatuwid ay isa sa pinakamapanglait na bagay na magawa ng tao sa lumikha sa kaniya. Sa ganitong kadahilanan ang bawat isa na ibig magbigay-lugod sa Dios at magparangal sa Kaniya ay gagawa ng lahat na pagsisikap upang di magamit ang pangalan ng Dios ng sa gayun-gayon na lamang. Sa maraming kapisanang nangagkalat sa buong mundo ang ganyang kapusungan ay nagiging isang sukatang bahagi ng makabagong pananalita; ang humiwalay sa kung anung nakaugalian sa buong buhay ay hindi madaling gawin. Isang taos-pusong panalangin para sa tulong ng Dios sa ganang ito ay tiyak na Kaniyang diringgin. Yaong saklaw ng ating pamamahala at impluwensya’ (hal. mga bata) ay maari ring paalalahanan ng kalubhaan ng kapusungan “Sapagka’t hindi aariin ng Panginoon na walang sala ang bumanggit ng Kaniyang pangalan sa walang kabuluhan”(Deut.5:11).

Sa kabilang dako, mayroon namang yaong gumigiit na maliban sa ating palagiang gamitin ang salitang Hebreo na “Yahweh o Jehovah” (magkakaibang paraan ng pagbigkas ng magkatulad na salita) kung nagsasalita ukol sa Dios, tayo ay tunay na naliligaw. Pangunahin sa mga ito ay ang “Watchtower Society”; nu gumigiit na maliban sa ang isang Kristiano ay sariling matawag bilang isang “Saksi ni Jehovah”, siya’y walang kaugnayan sa Dios.

Sa paggawa nito, ang ganoong mga tao ay gumagamit ng banal at kahangahangang pangalan ng Dios upang magpasiklab ng isang uri ng espirtual na elitismo, na kung saan kanilang hinahamak ang ibang tao ng sa kadahilanan lamang ng pagbigkas o paggamit ng isang salita. Hindi sa pagsasabi na ang paggamit ng pangalan ng Dios ay mali, ito ay tanging nararapat para sa ating mga sariling panalangin sa oras na tayo ay mabautismohan ng karapatdapat sa pangalang ito. Sa kabila nito, ang Bagong Tipan ay hindi nagbibigay sa atin ng anumang palatandaan na ito ay kinakailangan o dili kaya

ninanais ng Dios. Kaniyang pinawalang saysay ang pagkakasi sa Bagong Tipan ng sa gayon ito ay naisulat sa Griego, na gumagamit ng iisang salita lamang para sa salitang Dios – ‘theos’, na nangahulugang “isang dakila”. Walang pagkakaiba ang ginawa sa pagitan ng “Dios” at ‘Yahweh’, ni walang anumang tiyak na utos tungkol sa kung ano ang itawag ng mga mananampalataya sa kanilang sarili bilang isang pamayanan. Si Pedro ay tumawag sa isang mananampalataya bilang isang “Kristiano” kaysa sa isang “Jehovah -na -tao” o isang

kahalintulad na salita. (1Ped. 4:16). Ang sobrang pagbigay diin sa paggamit ng pangalang 'Jehovah' ay nagdala ng pagbaba ng halaga ng gawain at kalalagyan ng Panginoong Jesucristo, sa magkatulad na paraan na kung sa papaanong ang maraming 'evangelical na mga Kristiano' ay nagbibigay ng sobrang pagpapahalaga sa pangalan at tungkulin ni Jesus at pagkaligta sa mas mataas na kinalalagyan ng Dios.

📖 Ang iba't ibang mga pangalan sa kung papaano tinawag nila ang kanilang sarili ng mga sinaunang sambayanan ng mananampalatayang Kristiano na hindi inilakip ang pangalang "Jehovah":

📖 "kabilang sa bansa ng Israel (Ef. 2:12)

📖 "pangkalahatang pulong at iglesia ng mga panganay" (Heb.12:23)

📖 "Iglesia ng Panginoon" (Gawa 20:28)

📖 "Iglesia ng Dios na buhay, at haligi at suhay ng katotohanan" (1Tim.3:15)

📖 "Bahay ng Dios" (1Tim.3:15)

Sa pahapyaw, pansinin na ang mga mananampalataya ay hindi tumatawag sa sarili na mga “Kristiano”, ito ay isang mapanirang salita na nangahulugang ‘Itong mga tao ni Cristo’ na nilikha ng kanilang mga kaaway.

Pagkasalungat 3: Pagpapahayag ng Dios

Ang mga sumusunod ay hindi madaling maunawaan ng ganap sa unang pagbasa, subalit ang kahalagahan ng paksa ay nagiging mas kapansinpansin habang patuloy ang iyong pagaaral. Aming inilakip ito sa ngayon upang iyong matapos ang Araling ito na iyong lubos na natalastas ang mahalagang pagpapahayag ng Biblia tungkol sa sarili mismo ng Dios.

Ang pangalan ng Dios ay maaring dalhin kahit ninoman sa pamamagitan ng sinumang Kaniyang pinili upang ‘maghayag’ o ihayag ang Kaniyang sarili. Kaya’t ang mga tao at mga anghel at pati si Jesus ay maaring magdala ng pangalan ng Dios. Ito ay isang mahalagang katuruan na nagbubukas sa atin ng lubusan sa Biblia. Ang isang anak ay lalo nang makapagdadala ng pangalan ng kaniyang ama, siya’y may iilang katangian na katulad ng kaniyang ama, siya’y maaring magkaroon ng parehong unang pangalan; subali’t siya ay hindi iisa at ang mismong katauhan ng kaniyang ama. Sa magkatulad na paraan na ang isang kinatawan ng isang kumpania ay makapagsalita para sa kumpania; siya ay maaring tumawag kahit kanino sa telepono na may ugnayang kalakal at

magsabing “ Hello, narito ang Unilever”, siya ay hindi si Ginoong Unilever, subalit kaniyang dinadala ang kanilang pangalan sapagka’t siya ay nagtatrabaho para sa kanila. Gayon din naman ang sa kay Jesus;

Ang mga Anghel na nagdadala ng Pangalan ng Dios

Tayo ay pinaalam sa Exodo 23:20,21 na ang Dios ay nagsabi sa bayan ng Israel na isang anghel ang manguna sa kanila ; “ang Aking pangalan ay nasa kaniya”, sila’y napagsabihan. Ang personal na pangalan ng Dios ay “Yahweh”. Kaya’t ang anghel ay nagdadala ng pangalang Yahweh, kaya’t siya ay matatawag na ‘Yahweh’ o ‘ang Panginoon’, sa maliit na mga titik, sa dahilang pagsalin ng salitang Yahweh sa NIV at AV. Pinaalam din sa atin sa Exo.33:20 na walang sinumang tao ang makakita ng mukha ng Dios na mabuhay; subalit sa Exo.33:11 ating mababasa na “ang Panginoon (Yahweh) ay nakipagsalitaan kay Moises ng mukhaan gaya ng isang taong nakipagsalitaan sa kaniyang kaibigan”- sa isang mahinahon at magiliw na paraan. Ito ay hindi maaring ang Dios, si Yahweh sa mismong katauhan Niya, na nakipagsalitaan kay Moises ng mukhaan, sa dahilang walang taong makakita sa Dios mismo. Ito ay isang anghel na nagdadala ng pangalan ng Dios na siyang gumawa nito; kaya’t ating mababasa na ang Panginoon ay nakikipagsalitaan ng mukhaan kay Moises kung saan isang anghel ang sa katunayang gumawa nito. (Gawa 7:30-33).

Mayroon pang iba't maraming halimbawa kung saan ang salitang 'Dios' at 'Panginoon' ay tumutukoy sa mga anghel na kasalungat sa Dios mismo. Isang maliwanag na halimbawa ay ang Gen.1:26 "At sinabi ng Dios (mga anghel) lalangin natin ang tao sa ating larawan.."

Mga Taong may Pangalan ng Dios

Ang isa sa mga talatang pinakamahalaga sa pagpapatunay sa lahat ng ito ay ang Juan 10:34-36. Dito ang mga Judio ay nagkamali ng tulad sa maraming tinatawag na mga Kristiano sa ngayon. Kanilang iniisip na si Jesus ay nagsasabi na siya mismo ang Dios. Tinuwid sila ni Jesus sa pagsasabing "Hindi baga nasusulat sa inyong kautusan, Aking sinabi, kayo'y mga Dios? Kung tinawag niyang mga Dios....sinasabi baga ninyo tungkol (akin) ...ikaw ay namumusong; sapagkat sinabi ko, Ako ang anak ng Dios?" Si Jesus ay tunay na nagsasabing " Sa Matandang Tipan,ang mga tao ay tinatawag na mga dios"; ako ay nagsasabi lamang na Ako ay anak ng Dios; gayunma'y bakit kayo'y nababahala? Si Jesus ay totoong nagbanggit mula sa Awit 82, na kung saan ang mga hukom sa Israel ay tinatawag na mga 'dios'.

Tulad ng naipakita na, ang buong pangalan ng Dios sa Hebreo ay 'Yahweh Elohim'- na nangahulugang 'Ako'y ipapahayag sa pulutong ng mga makapangyarihan'. Ang tunay na mananampalataya ay yaong mga mararaming makapangyarihan sa limitadong pangkahulugan sa buhay na ito at maging isang lalong ganap sa kaharian. Itong lahat ay napakagandang ipinakita sa pamamagitan ng isang paghahambing ng Isa. 64:4 at 1Cor. 2:9. "Sapagkat hindi narinig ng mga tao mula ng una, o naulinigan man ng pakinig, o nakita man ng mata, O Dios, maliban Sa'yo , kung ano ang

Kaniyang inihanda sa kaniya na naghihintay sa Kaniya”. Sinipi ito ni Pablo sa 1Cor.2:9,10 “Datapuwa’t gaya ng nasusulat, ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng tao; Anomang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nagsisiibig sa Kaniya; Ngunit ang mga ito ay ipinahayag sa atin ng Dios sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu”. Ang talata sa Isa. 64 ay nagsasabing walang sinuman maliban sa Dios ang makakaunawa sa mga bagay na Kaniyang inihanda para sa mga mananampalataya; datapuwa’t ang 1Cor.2:10 ay nagsasabi na ang yaong mga bagay ay naihayag sa atin; kayat tayo ay nangahulugang mga Dios; hindi na katauhan mismo ng Dios kungdi isang pagpapahayag ng Dios bunga ng pagkabautismo sa Kaniyang pangalan at pagkaalam ng katotohanan.

Si Jesus at ang Pangalan ng Dios

Hindi katakataka na si Jesus, bilang anak ng Dios at pinakamataas Niyang pagpapahayag sa mga tao, ay makapagdadala ng pangalan ng Dios. Siya’y makapagsabing “Naparito ako sa pangalan ng aking Ama” (Juan 5:43). Dahil sa kaniyang pagkamasunurin, si Jesus ay umakyat sa langit at “ siya’y binigyan ng pangalang lalo sa lahat ng pangalan”- ang pangalan ni Yahweh na Dios mismo (Fil.2:9). Dahil dito ating mababasang sinabi ni Jesus sa Apoc.3:12” at isusulat ko sa kaniya (ang mananampalataya) ang pangalan ng aking Dios....at ang aking sariling bagong pangalan “ At sa paghuhukom ibiibigay ni Jesus sa atin ang pangalan ng Dios, tayo sa ganoon ay lubos na makapagdadala ng pangalan ng Dios. Kaniyang tinawag ang pangalang ito na “Aking Bagong Pangalan”. Alalahanin na ibibigay ni Jesus ang aklat ng Apocalipsis ilang taon pa pagkatapos ng kaniyang pagakyat sa langit at ng bigyan siya ng pangalan ng Dios, tulad ng paliwanag sa Fil.2:9. Samakatuwid kaniyang matatawag ang

pangalan ng Dios na “Aking bagong pangalan”; ang pangalang kailan lamang na naibigay sa kaniya. Sa ngayon ating tamang maintindihan ang Isaias 9:6, na kung saan tungkol kay Jesus ay sinabi “ Ang kaniyang pangalan ay tatawaging, kamangha-mangha, Tagapayo, Makapangyarihang Dios, Walang hanggang Ama... na siya’y maging lubusang paghayago kahayagan ng Dios sa atin. Sa ganitong pangahulugan na siya’y tinawag na ‘Emmanuel’, na nangahulugang ‘ang Dios ay nasa atin’ kahit na siya sa personal ay hindi mismong Dios..

ARALING 1: MGA KATANUNGAN

1. Ano ang lubos na makakatulong sa pagtubo ng ating pananampalataya sa Dios?
 - a. Pagsimba
 - b. Mapanalanging pagaaral ng Biblia
 - c. Pakipagusap sa mga Kristiano
 - d. Pagtitingin sa kalikasan

2. Alin sa mga sumusunod ang pinakatamang pakahulugan ng Dios?
 - a. Isang kaisipan lamang sa ating isip
 - b. Isang piraso ng Espiritu na nasa kalawakan
 - c. Walang Dios
 - d. Isang totoo at may katauhang persona

3. Ang Dios ba ay;
 - a. Isa
 - b. Tatlo
 - c. Maraming Dios na iisa
 - d. Imposibleng ipaliwanag sa anumang paraan?

4. Ano ang kahulugan ng Pangalan ng Dios ns “Yahweh Elohim”?
 - a. Siya na Siya nga
 - b. Siya na ihahayag sa pulutong ng mga makapangyarihan
 - c. Isang dakila
 - d. Kalalasan

5. Ano ang kahulugan ng salitang “anghel”?
 - a. Kahalintulad ng tao
 - b. Balot ng pakpak
 - c. Sugo
 - d. Kaabay

6. Ang anghel ba ay puwedeng magkasala?

7. Ano ang makapagsang-ayon sa iyo na mayroong isang Dios?

ARALING 2

**ANG ESPIRITU NG
DIOS**

2.1 Pangangahulugan

Tulad ng sa ang Dios ay totoo, at katauhang personal, samakatuwid ay may saloobin, at damdamin, aasahan na Siya'y magkakaroon ng iilang pamamaraan ng pagbabahagi ng Kaniyang mga ninanais at saloobin sa atin, na Kaniyang mga anak, at ang paggalaw sa ating mga buhay sa isang paraan na maging kasangayon sa Kaniyang katangian. Ginagawa ng Dios ang lahat ng mga ito sa pamamagitan ng Kaniyang "Espiritu". Kung ating ninanais na makilala ang Dios at magkaroon ng buhay na kaugnay sa Kaniya, kinakailangan na malaman natin kung ano itong "espiritu ng Dios", at kung papaano ito gumagawa.

Hindi madaling ipaliwanag ng tumpak kung ano ang kahulugan ng salitang "espiritu". Halimbawa, ikaw ay dumalo sa kasalan, ikaw marahil ay makapagsalitang "totoong may isang mabuting espiritu doon". Ibig mong ipangahulugan sa salitang ito ay na ang kapaligiran ay mabuti, sa paanuman ang lahat tungkol sa kasalan ay mabuti; ang lahat ay nakadamit ng maigi, ang pagkain ay masarap, ang mga tao ay magalang na nagkukuwentohan sa isa't isa, ang nobya ay napakagandang tingnan, atbp. Ang lahat ng iba't ibang mga bagay na ito ay bumubuo ng espiritu ng kasalan. Gayundin ang espiritu ng Dios sa papaanuman ay nagbubuod ng lahat tungkol sa Kaniya. Ang salitang Hebreo na isinaling espiritu sa Matandang Tipan ay lubos na nangahulugang "hininga" o "kapangyarihan";

kaya't ang espiritu ng Dios ay ang Kaniyang "hininga", na siyang tunay na diwa ng Dios, na nagsasalarawan ng Kaniyang kaisipan. Tayo ay magbigay ng mga halimbawa sa kung papaano na ang salitang "espiritu" ay nagagamit tungkol sa isang may kaisipan o kalooban sa Aralin 4.3. Na ang espiritu ay hindi lamang tumutukoy sa payak na kapangyarihan ng Dios ay mapapansin mula sa Rom. 15:9: "sa kapangyarihan ng Espiritu ng Dios'.

Isang pangkaraniwang katuruan ng Biblia ay ang kung papaano ipinapahayag ng tao sa kaniyang mga gawa ang kaniyang iniisip (Kawikaan 23:7; Mat. 12:34); sa munting pagmuni-muni sa ating mga sariling gawa ay magpatotoo nito. Ating iniisip ang isang bagay at pagkatapos gagawin ito. Ang ating "espiritu" o kaisipan ay nagsasalarawan ng katotohanan na tayo ay gutom at nais kumain. Ating makikita ang isang saging na natitira pa sa kusina; ang pagnanais ng "espiritu" ay isinasagawa- ating inabot ang saging, binalatan at kinain ito. Ang payak na halimbawang ito ay nagpapakita na kung bakit ang salitang Hebreo para sa espiritu ay kapwa nangahulugang hininga o kaisipan, at kapangyarihan din. Ang ating espiritu, ang pinakadiwa natin ay tumutukoy sa ating mga kaisipan at gayon din sa mga galaw na ating ginawa sa pagpapakita ng mga kaisipang yaon o kalooban na nasa atin. Sa mas matayog na luwalhating sukatan, ang espiritu ng Dios ay gayon din; ito ay ang kapangyarihan kung papaano Niya ipinapakita ang Kaniyang pinaka-katauhan, ang Kaniyang kalooban at panukala. Ang Dios ay nagiisip kagya't gumagawa ng mga bagay: "Tunay na kung ano ang iniisip ko, gayon ang

mangyayari; at kung ano ang aking pinanukala, gayon ang mananayo” (Isa.14:24).

2.2 Ang Kapangyarihan ng Dios

Maraming mga talata ang maliwanag na tumuturo ng pagka - isa ng espiritu ng Dios at ng Kaniyang kapangyarihan. Upang mailalang ang sansinukob, “ ang espiritu ng Dios ay sumasa ibabaw ng tubig. At sinabi ng Dios; Magkaroon ng liwanag; at nagkaroon ng liwanag”(Gen.1:2,3).

Ang espiritu ng Dios ay ang kapangyarihan sa kung papaano na ang lahat ng mga bagay; hal. liwanag, ay nalikha. “Sa pamamagitan ng Kaniyang espiritu ay ginayakan Niya ang langit; sinaksak ng Kaniyang kamay ang maliksing ahas”(Job.26:13). “Sa pamamagitan ng salita ng Panginoon ay nayari ang mga langit; At lahat ng natatanaw roon ay sa pamamagitan ng hininga ng Kaniyang bibig”(Awit 33:6). Ang espiritu ng Dios samakatuwid ay isilarawan bilang:

Kaniyang hininga

Kaniyang salita

Kaniyang kamay

Samakatuwid ito ang Kaniyang kapangyarihan upang makamtan ang lahat ng mga bagay. Kaya't ang mga mananampalataya ay ipinanganak namag-uli sa pamamagitan ng Kaniyang Kalooban (Jn.1:13) at ito'y sa pamamagitan ng Kaniyang espiritu (Jn.3:3-5). Ang Kaniyang kalooban ay naisakatuparan sa pamamagitan ng Kaniyang espiritu. Sa pagtatalakay sa buong likas-na-paglalang, ating mababasa "Iyong sinusugo ang iyong Espiritu; sila'y nangalalang; At (sa pamamagitan nito) iyong binabago ang balat ng lupa"(Awit 104:30). Ang espiritu/kapangyarihang ito ay tagapagpatuloy ng lahat ng mga bagay, gayundin bilang pamaraan ng kanilang pagkalalang. Madaling isipin na ang kalunos-lunos na buhay na ito ay patuloy na naparapa na walang buhay na kaalaman tungkol sa espiritu ng Dios. Si Job, isang tao na napapagal na sa buhay na ito ay ipinaalalahanan nitong isa pang propeta: "Kung Kaniyang (ng Dios) pisanin sa kaniyang sarili ang Kaniyang espiritu at ang Kaniyang hininga; Tanang laman ay mamamatay na magkakasama, at ang tao ay mababalik uli sa alabok"(Job 34:14,15). Sa paghahatak palabas sa magkatulad na labangan ng kapighatian, si David ay humiling sa Dios na patuloy na Kaniyang pagtibayin siya ng espiritu nito, upang panatilihin ang kaniyang buhay (Awit 51:12).

Ating makikita sa Aralin 4.3 na ang espiritu na ibinigay sa atin at sa lahat ng nilikha ay siyang nagpapatuloy sa ating buhay. Tayo ay may “hininga ng espiritu ng buhay” na nasa atin (Gen.7:22, AV mg.) na ibinigay ng Dios sa atin sa ating kapanganakan (Awit 104:30; Gen.2:7). Ito ay kung bakit Siya’y naging “ang Dios ng mga diwa ng lahat ng laman” (Blg. 27:16-Heb. 12:9). Dahil sa ang Dios ay siyang lakas ng buhay na tumutustos sa lahat ng nilikha, ang Kaniyang espiritu ay nasasalihat sa lahat ng dako. Kinikilala ni David na sa pamamagitan ng Kaniyang espiritu ang Dios ay palagiang kasama niya saan man siya naroroon, at sa pamamagitan niyaong espiritu/kapangyarihan Kaniyang malalaman ang lahat ng sulok ng utak at pagiisip ni

David. Kaya’t ang espiritu ng Dios ang siyang pamaraan kung saan Siya’y naroroon saanman, kahit na ang Kaniyang sarili ay nasa langit.

“Iyong nakikilala ang aking pagupo at ang aking pagtindig, Iyong nauunawa ang aking pagiisip sa malayo...Saan ako paroroon na mula sa Iyong Espiritu? o saan ako tatakas na mula sa Iyong harapan? At tumahan sa mga pinakadulong bahagi ng dagat; Doon ma’yang iyong kanang kamay (sa

pamamagitan ng espiritu) ay hahawak sa akin. (Awit 139:2,7,9,10)

Ang tamang pagkaunawa sa paksang ito ay naghahayag ng Dios sa atin bilang isang makapangyarihan at buhay na katauhan. Maraming tao ang lumaki sa malabong 'paniniwala' sa Dios subalit ang katotohanan ay ang Dios sa kanila ay isang diwa lamang sa kanilang pag-iisip, isang maitim na kahon na bahagi ng utak. Ang pagkaunawa sa tunay na Dios at ng Kaniyang makatotohanang pagkanandoon sa paligid natin sa pamamagitan ng Kaniyang espiritu ay lubos na makapagbabago ng ating pananaw sa buhay. Tayo ay napaligiran ng espiritu, na palagiang sumasaksi sa ating mga galaw, na nagpapahayag ng Dios sa atin. Natagpuan ni David ang kasiglahan sa lahat nitong nakakasabog-kaisipan: " Ang ganyang kaalaman ay totoong kagilagilalas sa akin; Ito'y mataas , hindi ko maabot" (Awit 139:6). Subalit ang pananagutan ay kasama ng kaalamang ito; ating tanggapin na ang ating pag-iisip at mga galaw ay lubusang bukas sa pananaw ng Dios. Habang ating sinusuri ang ating katayuan sa harapan Niya, lalung-lalo na kung iniisip ang tungkol sa bautismo, kinakailangang itanim natin ito sa ating isipan. Ang kamanghamanghang salita ng Dios kay Jeremias ay nauukol din sa atin; "May makapagkukubli bagang sinoman sa mga lihim na dako na hindi ko makikita siya? Sabi ng Panginoon. "Hindi baga pinupuno ko (sa pamamagitan ng espiritu) ang langit at ang lupa?" (Jer.23:24)

Ang Banal na Espiritu

Ating nakita na ang espiritu ng Dios ay isang malawak na unawain upang maintindihan; ito ang Kaniyang kaisipan at kalooban, at ang kapangyarihan rin sa kung papaano Niya isinasakatuparan ang Kaniyang naisip. "Sapagka't kung ano ang iniisip Niya sa loob Niya, ay gayon Siya (Mga Kawikaan

23:7). Kaya't ang Dios ay siyang pagiisip Niya, sa ganyang kahulugan Siya ay ang Kaniyang Espiritu (Jn. 4:24), bagama't ito ay hindi nangahulugang ang Dios ay hindi personal (tingnan sa Unang Pagsalungat). Upang tulungan tayo na maunawaan ang pagkalawak nitong Espiritu ng Dios, minsan ating mababasa ang Kaniyang "Banal na Espiritu".

Ang tag-uring "Banal na Espiritu" ay makikita halos sa Bagong Tipan lamang. Sa A.V. ang tag-uring "Espiritu Santo" ay palagiang ginagamit, subalit ito ay dapat isalin na "Banal na Espiritu" tulad ng maliwanag na ginawa ng mga makabagong salin. Ito ay katugma ng pariralang "ang Espiritu ng Dios" o "ang Espiritu ng Panginoon" sa Matandang Tipan. Ito ay maliwanag sa mga talatang tulad ng sa Mga Gawa 2, na nagtala ng pagbuhos ng Banal na Espiritu sa mga apostoles sa araw ng Pentecostes. Ipinaliwanag ito ni Pedro, na ito ay ang katuparan ng hula ni Joel, na kung saan ito'y inilarawan na pagbubuhos ng "Aking (ng Dios) Espiritu" (Mga Gawa 2:17). Muli, sa Lucas 4:1 ay naitala na si Jesus "na puspos ng Banal na Espiritu" ay bumalik mula sa Jordan; sa huling bahagi ng kabanata si Jesus ay nagsalita ukol dito bilang katuparan

ng Isaias 6: "Ang Espiritu ng Panginoong Dios ay sumasa akin". Sa kapuwang pangyayari (at sa maraming iba pa) ang Banal na Espiritu ay itinugma sa Matandang Tipan sa salitang "ang Espiritu ng Dios".

Pansinin din, sa kung papaanong ang Banal na Espiritu ay inihalintulad sa kapangyarihan ng Dios sa sumusunod na mga talata:

“Bababa sa iyo (kay Maria) ang Espiritu Santo, at liliman ka ng kapangyarihan ng kataas-taasan” (Lucas 1:35).

“Ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.....sa bisa ng mga tanda at ng mga kababalaghan, sa kapangyarihan ng Espiritu ng Dios” (Rom. 15:13,19).

“Ang aming evangelio (pangangaral) ay dumating.....sa kapangyarihan, at sa Espiritu Santo” (1Tes. 1:5).

Ang pangako ng Banal na Espiritu sa mga alagad ay sinasabing sila ay “masangkapan ng kapangyarihan galing sa itaas” (Lucas 24:49).

Si Jesus mismo ay “pinahiran.....ng Espiritu Santo at ang kapangyarihan” (Mga Gawa 10:38).

Pinatotohanan ni Pablo ang kaniyang pangangaral sa pamamagitan ng di maikaila na pagpapakita ng kapangyarihan ng Dios: “Ang aking pananalita at ang aking pangangaral ay sa patotoo ng Espiritu at ng kapangyarihan” (1Cor. 2:4).

INSPIRASYON

Binigyan nating kahulugan ang Espiritu ng Dios bilang Kaniyang kapangyarihan, isip, at kalooban na Kaniyang inihahayag sa pamamagitan ng mga gawa na ginaganap ng Kaniyang Espiritu. Ating nabanggit sa mga nakaraang bahagi na kung sa papaano na ang Espiritu ng Dios ay nakikita na gumaganap sa paglalang: “Sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu ay ginayakan Niya ang langit” (Job 26:13)- ang Espiritu ng Dios ay sumasaibabaw ng tubig upang isakatuparan ang kasalukuyang paglalang (Gen. 1:2). Subali’t atin ring mabasa na “sa pamamagitan ng salita ng Panginoon” ay nalikha ang sanglibutan (Mga Awit 33:6); tulad ng inihalimbawa sa nakatalang salaysay sa Genesis na “at sinabi ng Dios” ang mga bagay ay lalangin at ito’y naganap. Samakatuwid ang Espiritu ng Dios ay mas lalong nailarawan sa Kaniyang salita- tulad ng ang ating mga salita ay ang nagbubulalas ng ating pangloob na kaisipan at mithiin- ang siyang tunay na “tayo”- na mas lalong angkop. Matalinong naituro ni Jesus na “sa kasaganaan ng puso ay nagsasalita ang bibig” (Mat.12:34). Kaya kung ating pipigilan ang ating mga salita, kailangang unahing ayusin muna natin ang ating pagiisip. Ang salita ng Dios samakatuwid ay ang larawan ng Kaniyang Espiritu o kaisipan. Isang pagpapala na sa Biblia tayo ay may salita ng Dios na naisulat sa paraan ng inspirasyon. Ang tag-uring ito ay nababatay sa saklitang “espiritu”.

IN-SPIRA-SYON

Ang Espiritu ay nangahulugang 'hininga' o 'humihinga', ang inspirasyon ay nangahulugang "ini-hinga". Ito ay nangahulugan na ang mga salitang isinulat ng tao habang nasa ilalim ng inspirasyon ng Dios ay mga salita ng Espiritu ng Dios. Pinapasigla ni Pablo si Timoteo na huwag tulutan na ang kaniyang kasanayan sa Biblia ay magdadala sa kaniya sa pagkalimot sa kamangha-manghang katotohanan na ito ay mga salita ng espiritu ng Dios, at kung sa ganoon ay nagkakaloob ng lahat nating pangangailangan upang tayo ay magkaroon ng tunay na kaalaman sa Dios.

“At mula sa pagkasanggol ay iyong nalalaman ang mga banal na kasulatan na makapagpadunong sa iyo sa ikaliligtas sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo –Jesus. Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan di naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran: Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal (lubos) tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti” (2Tim. 3:15-17).

Kung ang kinasihang kasulatan ay makapagbibigay ng ganoong lubos na kaalaman, samakatuwid ay wala na ng pangangailangan na kung ano pang mga “ilaw na nasa-loob” upang magpakita sa atin ng katotohanan ukol sa Dios. Kung ang mapanampalatayang pagtanggap sa kinasihang salita ng Dios ay sapat na na makapagbigay ng lubosang kinakailangan sa buhay Kristiano ng isang tao, wala na ng pangangailangan sa kung ano pang kapangyarihan ng katuwiran sa ating mga buhay. Kung mayroon pang pangangailangan, kung gayon ang salita ng Dios ay hindi lubusang nakapagbigay ng kinakailangan sa atin, tulad ng sinabi ni Pablo na ito ay makapagbigay. Sa ating paghawak sa Biblia at sa paniniwalang ito ay ang totoong salita ng Espiritu ng Dios ito ay nangangailangan ng mas higit na pananampalataya. Ang mga taga-Israel ay makatuwirang interesado sa kung ano ang sinasabi ng salita ng Dios, tulad ng sa mga maraming Kristiano sa kasalukuyan. Kinakailangan nating lahat ang masusing pagsasaisip ng Hebreo 4:2:-

“Sapagka’t tayo’y tunay na pinangaralan ng mabuting balita, gaya rin naman sila, ngunit hindi nila pinakinabangan ang salitang pinakinggan, dahil sa walang kalakip na pananampalataya ang nangarinig”.

Sa halip na tumubo tungo sa kalubusan ng pananampalataya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng espiritu/ salita ng Dios na natanggap, mas malayong nakakaakit ang dumaan sa madali’t-pinaigsing daang espirtual: sa pangatuwiran na ang kapangyarihan ng katuwiran ay karaka-rakang darating sa atin, na nakapagpatanggap sa atin sa Dios; kaysa sa danasin ang hirap sa sadyang pagtaguyod ng ating buhay sa pagiging masunurin sa salita ng Dios, sa gayong paraan ay pinahihintulutan na ang espiritu ng Dios ang siyang tunay na makapaghikayat sa ating mga puso.

Itong walang-pagnanais na tanggapin ang napakalaking kapangyarihan ng espiritu na nasa salita ng Dios ang nagbuyo sa maraming “mga Kristiano” upang magtanong kung ang kalahatan baga ng Banal na Kasulatan ay tunay na kinasihan ng Dios. Kanilang minumungkahi na marami sa ating nababasa sa Biblia ay mga pansariling pananaw lamang ng mga matatanda’t-pantas na mga tao. Subali’t mabisang pinasubalihan ni Pedro ang gayong haka-hakang pangangatuwiran:-

“At kami ay mayroong lalong panatag na salita ng hula, na mabuti ang inyong ginagawa kung ito’y inyong sinusundan.....at higit sa lahat, ay iyong unawain (ito ay mahalaga) sapagka’t hindi sa kalooban ng tao dumating ang hula kailanman, kundi ang mga tao ay nagsalita buhat sa Dios, na nangaudyokan ng Espiritu Santo” (2Pedro 1:19-21, NIV).

Mahalaga kaysa lahat na ating pananampalatayahan na ang Biblia ay kinasihan. Sa ganitong katuwiran ginawa natin ito bilang saligang sugnay ng Kahayagan ng Pananampalataya ng mga Christadelphian.

Ang Mga Sumulat sa Biblia

Ang matatag na paniniwala sa pagkalubos na pagkakasi ng Banal na Kasulatan, samakatuwid ay mahalaga; ang mga taong sumulat sa Biblia ay hindi nakatutol na madala ng espiritu na kumasi sa kanila, kaya't ang kanilang mga salita ay hindi ang sa kanila. Ang salita ng Dios bilang isang katotohanan (Jn. 17:17) ay nagbibigay ng pagsansala at pagsaway (2Tim.3:16-17) kaya't hindi kataka-taka na ito ay hindi tanyag sa karamihan ng tao- sa dahilang ang katotohanan ay nakakasakit. Si Propetang

Jeremias ay dumanas ng maraming kalaban sa tuwirang pagsalita ng mga salita na kinasihan ng Dios, kaya't kaniyang ipinasiya na huwag isulat o ipamalita ang mga salitang ibinigay sa kaniya. Subali't sa dahilang ang pagsulat ng salita ng Dios ay bunga ng kalooban ng Dios kaysa naisin ng tao, siya'y "nahikayat ng Banal na Espiritu" kaya't siya ay wala ng pagpipilian sa bagay na ito. "Ako'y nagiging katatawan lahat ng araw; bawa't isa'y tumutuya sa akin. At kung aking sabihin hindi ko babanggitin Siya, o magsasalita ng ano pa man sa Kaniyang pangalan, mayroon nga sa aking puso na wari nagaalab na apoy na nakukulong sa aking mga buto, at ako'y pagod ng pagpipigil at hindi makapagpigil" (Jer. 20:7,9).

Gayundin ng si Balaam ay nakapagpasiyang sumpain ang Israel, sa halip ang espiritu ng Panginoon ay nagpasalita sa kaniya ng pagpapala (Blg. 24:1-13 – Deut. 23:5).

Ang marami sa mga tao na kinasihan ng Dios upang magsalita ng Kaniyang salita ay dumaaan sa mga panahon ng pagkaatubili upang gawin ito. Ang talaan ay kapuna-puna:

Si Moises (Exo. 4:10)

Si Ezekiel (Ezek. 3:14)

Si Jonas (Jonas 1:2,3)

Si Pablo (Mga Gawa 18:9)

Si Timoteo (1Tim. 4:6-14)

Si Balaam (Mga Bilang 22:24)

Ang lahat ng mga ito ay nagpatotoo sa kung ano ang ating napagalaman sa 2Pedro 1:19-21- na ang salita ng Dios ay hindi sariling-kaisipan ng tao, kundi bunga ng pag kakasi sa mga tao upang isulat kung ano ang inihahayag sa kanila. Ang pagsalarawan ni Propeta Amos: “ Ang Panginoong Dios ay nagsalita, sinong hindi manghuhula?” (Amos 3:8) May mga oras na si Moises ay nawawala sa sariling pagkatao, napakalakas ng pagkakasi ng Dios sa kaniya “Ang lahat ng utos na ito, na sinalita ng Panginoon kay Moises”..... (Blg. 15:22,23); ang mga salitang ito ay totoong sinabi ni Moises (Tal.17).

Ang isa pang hibla ng patotoo ukol dito ay ang hindi pagkapuna ng mga sumulat ng Biblia na hindi nila lubos na naunawaan ang mga bagay na kanilang sinulat. Kanilang “siniyasat” ng maigi ang tamang kahulugan – “na ipinahayag sa kanila na hindi sa ganang kanilang sarili, kundi sa ganang atin pinangangasiwaan nila ang mga bagay na ito” na kanilang sinulat (1Ped.1:9-12). Ang talagang mga salita na kanilang isinulat ay hindi sa kanilang pagpapaliwanag, sa nakitang yaon ang kanilang sinisiyasat. Ang mga sumusunod ay magbibigay ng maliwanag na mga halimbawa: Daniel (Dan.12:8-10); Zecarias (Zec. 4:4-13); Pedro (Mga Gawa 10:17).

Kung bahagya lamang ang pagkakasi sa mga taong ito, wala tayong daan upang maalaman ang tunay na salita o espiritu ng Dios. Kung ang kanilang mga isinulat ay tunay na salita ng Dios , samakatuwid sumusunod na kailangang sila’y lubos na napasailalim sa espiritu ng Dios sa panahon ng pagkakasi sa kanila- dahil kung hindi

ang lalabas ay hindi dalisay na salita ng Dios. Ang pagtanggap sa Salita ng Dios na lubos na kaniya ay nagbibigay sa atin ng lalong pagnanais na basahin at sundin ito. “Ang salita mo’y totoong malinis, kaya’t iniibig ito ng iyong lingkod” (Mga Awit 119:140).

Kaya’t ang mga aklat sa Biblia ay ginawa ng Dios sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu at hindi isang panitikan ng tao. Ang katotohanan

nito ay naipakita sa pamamagitan ng pagsaalang-alang sa kung papaanong ang Bagong Tipan ay tumutukoy sa mga kasulatang nasa Matandang Tipan:-

📖 Mat.2:5 (RV-mg.) ay nagsasabing papaano ito “naisulat sa pamamagitan ng mga propeta’- Ang Dios ay sumusulat sa pamamagitan nila. Ang palugit sa RV ay palaging gunagamit ng salitang “sa pamamagitan” kung nagsasalarawan sa kung papaano sumulat ang Dios sa pamamagitan ng mga propeta.

📖 “Ang Espiritu Santo ay nagsasalita sa pamamagitan ng bibig ni David” (Mga Gawa 1:16- ito ang sa kung papaano sinipi ni Pedro mula sa Mga Awit –Hebreo 3:7).

📖 “Mabuti ang pagkasalita ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng propeta Isaias” (Mga Gawa 28:25 – ito kung papaano sinipi ni Pablo si Isaias). Ang Lucas 3:4 ay nagsasabing “ang aklat ng salita ng Propeta Isaias” kaysa sabihing “ang aklat ni Isaias” lamang.

Ang mga taong nagsulat ng Biblia samakatuwid ay hindi gaanong mahalaga sa mga sinaunang Kristiano; ang katotohanang ang kanilang mga salita ay kinasihan ng espiritu ng Dios ang siyang mahalaga.

Ating tapusin ang bahaging ito sa pamamagitan ng mga talaan ng mga talata na nagpapakita na ang espiritu ng Dios ay naihayag sa atin sa pamamagitan ng Kaniyang salitang isinulat:-

📖 Maliwanag na sinabi ni Jesus “Ang mga salitang sinalita ko sa inyo ay pawang espiritu” (Jn. 6:63) Siya’y nagsalita na napasailalim ng pagkakasi ng Dios (Jn.17:8; 14:10).

📖 Tayo’y inilarawan bilang ipinanganak muli sa pamamagitan ng espiritu (Jn.3:3-5) at ng salita ng Dios din (1Pedro 1:23).

📖 “Ang salita na ipinasugo ng Panginoon ng mga hukbo sa pamamagitan ng Kaniyang espiritu, ng mga unang propeta” (Zac.7:12).

- 📖 “Aking ibubuhos ang Aking espiritu sa inyo, ipabatid ko ang Aking salita sa inyo” (Kaw.1:23) ay naguugnay ng isang tunay na pagunawa sa Salita ng Dios sa mga gawa ng Kaniyang espiritong nasa atin- ang pagbabasa ng Aklat na walang pagkaunawa ay walang kabuluhan, sa nakita na ang espiritu/kaisipan ng Dios ay hindi nahahayag sa atin.
- 📖 May maraming talata na magkatulad sa pagitan ng Espiritu ng Dios at ng Kaniyang mga salita: “ang Aking espiritu ay nasa iyo, at ang aking mga salita na inilagay ko sa iyong bibig....”(Isa. 59:21), “Dahil sa iyong salita, at ayon sa iyong sariling puso (espiritu)” (2Sam. 7:21). “At aking ilalagay ang Aking espiritu sa loob ninyo (inyong mga puso – tingnan ang kaugnay na kahulugan). “Aking itatala ang Aking kautusan.....sa kanilang puso” (Ezek. 36:27; Jer. 31:33).

Ang Kapangyarihan ng Salita ng Dios

Ang espiritu ng Dios ay hindi lamang tumutukoy sa Kaniyang isip/kalooban kundi gayon din sa kapangyarihan na siyang Kaniyang ginagamit upang ihayag ang mga kaisipang yaon, inaasahan na ang Kaniyang salitang-espiritu ay hindi lamang isang pahayag ng Kaniyang kaisipan; mayroon ding isang buhay na kapangyarihan sa salitang yaon.

Ang isang tunay na pagkakilala sa kapangyarihang iyon ay makapagbigay ng pagkasabik sa atin upang gamitin ito, anumang damdamin ng pagkahiya kaugnay sa pagsasakatuparan nito ay kailangang malampasan ng ating kaalaman na ang pagsunod sa salita ng Dios ay makapagbibigay sa atin ng kapangyarihang ating kinakailangan upang malagpasan natin ang mga maliliit na mga bagay sa buhay na ito, tungo sa kaligtasan. Mula sa maraming karanasan dahil dito, naisulat ni Pablo na:-

- 📖 “Sapagka’t hindi ko ikinakahiya ang evangelio (ang salita) ni Cristo; sapagka’t siyang kapangyarihan ng Dios sa ikakaligtas” (Rom. 1:16).
- 📖 Ang Lucas 1:37 (R.V.) ay muli’t –muling sinambit ang kahalintulad na paksa “Sapagka’t walang salitang mula sa Dios na di may kapangyarihan (espiritu)”.

Ang pagaaral ng Biblia at pagsakatuparan ng mga ito sa ating buhay ay anupa’t isang maybuhay na pamamaraan. Ito ay tila walang kaugnayan sa malamig at akademikong pamamaraan ng mga teologo at ganoon din ng mga “mabubuting-naramdamang Kristianismo” ng maraming mga simbahan, na kung saan ang iilang talata lamang ang maikling binabanggit , at walang ginawang pagsisikap upang maunawaan o maisagawa ang mga ito. “Sapagka’t ang salita ng Dios ay buhay at mabisa”; “Salita ng Kaniyang (ng Dios) kapangyarihan” (Heb. 4:12; 1:3). “Ang salita ng Dios.....na gumagawa naman sa inyo na nagsisisampalataya” (1Tes.2:13). Sa pamamagitan ng Salita, ang Dios ay buhay na gumagawa sa kaisipan ng tunay na mananampalataya, sa bawat oras ng bawat araw.

Ang saligang kalatas ng Evangelio na iyong pinapag-aralan samakatuwid ay siyang tunay na kapangyarihan ng Dios; kung iyong ipahintulot ito, ito’y gaganap sa iyong buhay upang baguhin ka tungo sa pagiging isang anak ng Dios, na nagpapakita ng espiritu/kaisipan ng Dios sa may kataasang antas sa buhay na ito, na naghahanda sa iyo sa pagbabago tungo sa espiritual na kalikasan ng Dios na darating sa pagbabalik ni Cristo (2Ped. 1:4). Ang pangangaral ni Pedro ay “sa patotoo ng Espiritu at ng kapangyarihan” (1Cor.2:4).

Tayo ay napapaligiran ng yaong mga may di-buong pananampalataya sa Biblia na salita ng Dios, sa kabila ng kanilang mga salaysay ng pangako kay Cristo. Sa pagkatulad, kanilang ipinapahayag na sila’y naniniwala sa Dios, subali’t nagkulang sa pagtanggap na Siya ay isang totoong persona. Sa pagtangi na ang kasulatan ay

lubusang kinasihan ng Dios at ang pagka-pangingibabaw nito sa ating mga sariling pandamdang at pananalig, kanilang tinatanggi ang kapangyarihan ng Dios. Ang mga salita sa 2Tim.3:5 ay maalala: “Na may anyo ng kabanalan datapuwa’t tinanggi ang kapangyarihan nito”, - ang kapangyarihan ng salita ng Evangelio.

Ang ating pagka-“fundamentalismo” ay tinutuya ng sanglibutan (“Di ninyo ito pinaniniwalaan ng tulad niyan, di ba?!”), at gayundin naman kina Pablo at ng kaniyang mga pangkat ng mangangaral: “Sapagka’t ang salita ng krus ay kamangmangan sa kanila na nangapahamak; ngunit ito’y kapangyarihan ng Dios sa atin na nangaligtas” (1Cor.1:18).

Sa pagsasaisip ng lahat ng ito, hindi ba natin isa-isang hawakan ang Biblia sa ating mga kamay ng may pinakamataas na sukat ng paggalang, at basahin ito ng may pinakamasidhing mithiin upang maunawaan at sundin ito?

Ang Palagay ng Bayan ng Dios sa Kaniyang Salita

Ang isang maramdaming pagbasa ng nakatala sa Biblia ay nagpapahiwatig na ang mga nagsulat sa Biblia ay hindi lamang kumikilala na sila’y kinasihan, kungdi kanilang pinapalagay na ang ibang sumulat sa Biblia ay kinasihan din. Pangunahin dito ay ang Panginoong Jesus. Ng magbanggit si Jesus mula sa Mga Awit ni David, ang kaniyang pangunahing mga salita ay “Si David sa espiritu.....”(Mat.22:43), na nagpakita ng kaniyang pagkilala sa katotohanang ang mga salita ni David ay kinasihan. Si Jesus ay

nagsalita din tungkol sa “mga sinulat” ni Moises (Jn. 5:45-47), na nagpakita na kaniyang pinaniniwalaan ang literal na pagkasulat ni Moises sa Pentateuch o Pitong Aklat.

Yaong mga tinatawag na ‘mataas na manunuri’ na mga Kristiano ay nagdududa kung si Moises ba ay marunong magsulat, subali’t ang palagay ni Cristo ay maliwanag na sumasalangsang sa kanilang

pamamaraan. Kaniyang tinawag ang mga sinulat ni Moises na “ang kautusan ng Dios” (Mk.7:8,9). Ang gayong grupo ng manlilinlang-na-mga mandududa ay nagpapahayag na ang karamihan sa Matandang Tipan ay alamat, subali’t hindi ipinalagay ni Jesus o ni Pablo ang mga ito tulad ng kanilang palagay. Si Jesus ay nagsalita tungkol sa Reyna ng Sheba bilang isang tanggap na kasaysayang totoo (Mat.12:42), di niya sinabing “tulad ng kuwento tungkol sa Reyna ng Sheba”.

Ang palagay ng mga Apostoles ay kahalintulad na sa kanilang Panginoon. Ito ay inilantad ni Pedro na nagsabi ng kaniyang sariling karanasan pagkarinig ng mga salita ni Cristo ng kaniyang sariling tainga ay nasapawan ng “ lalong panatag na salita ng hula” (2Ped.1:19-21). Naniniwala si Pedro na ang mga sulat ni Pablo ay “kasulatan” tulad ng sa mga”ibang kasulatan”, isang kasabihan na palagiang ginagamit tungkol sa mga sulat sa Matandang Tipan. Kaya’t nakikita ni Pedro na ang mga sulat ni Pablo ay kasing kapani-paniwala tulad ng sa Matandang Tipan.

May maraming pagpapahiwatig sa Mga Gawa, sa mga Sulat at Apocalipsis sa mga Evangelio (hal. Mga Gawa 13:51; Mat.10:14), na nagpapakita na ang mga ito ay hindi lamang kinasihan ng iisang espiritu, kundi ang nakatala sa Evangelio ay inaaring kinasihan ng mga manunulat ng Bagong Tipan. Binanggit ni Pablo sa 1Tim. 5:18 ang parehong Deut.25:4 (sa Matandang Tipan) at Luc.10:7 bilang “Kasulatan”. Binigyang-diin ni Pablo na ang kaniyang mensahe ay galing kay Cristo at hindi sa kaniyang sarili (Gal.1:11,12; 1Cor.2:13, 11:33, 15:3). Ito ay kinikilala ng iba pang mga apostoles, kaya’t binanggit sa Santiago 4:5 ang mga salita ni Pablo sa Gal. 5:17 bilang “kasulatan”.

Ang Dios ay nagsasalita sa atin sa pamamagitan ni Cristo; kaya’t wala ng pangangailangan ng kung ano pang kahayagan (Heb. 1:2). Mapapansin na ang Biblia ay nagpapahiwatig sa iba pang mga kinasihang-sulat na sa ngayon ay hindi na makikita (hal. ang aklat ni Jasher, mga sulat ni Nathan, ni Elias, ni Pablo sa taga-Corinto, at ang pangatlong sulat ni Juan na nagpapahiwatig na si Juan ay nagsulat ng hindi na napreserbeng sulat sa iglesia na hindi sinunod ni Deotrepeo). Bakit ang mga sulat na ito ay hindi nai-preserba para sa

atin? Maliwanag ang kadahilanan na ang mga ito ay walang kaugnayan para sa atin. Samakatuwid tayo ay nakakasiguro na napreserba ng Dios ang lahat ng may kaugnayan sa atin.

Kung minsan ay sinasabing ang mga Aklat ng Bagong Tipan ay saunti-unting tinanggap bilang kinasihan, subalit ang katotohanan na kinikilala ng bawa't apostoles ang sulat ng bawa't isa sa kanila bilang kinasihan ay tiyakang nagpapasinungaling nito. May isang mahimalang-kaloob ng Espiritu na naroroon upang alamin kung ang mga sulat at salita na sinasabing kinasihan ay totoo nga (1Cor.14:37; 1Jn. 4:1; Apoc. 2:2). Ito ay nangahulugan na ang mga sulat na kinasihan ay agarang tinanggap bilang mga kinasihan. Kung mayroong anumang di-pinatnubayang pagpipili ng tao na napasanib sa ating Biblia, samakatuwid ang aklat na ito ay walang kapangyarihan.

2.3 Ang Mga Kaloob ng Banal na Espiritu

Sa sari-saring panahon ng Kaniyang pakikitungo sa mga tao, hinirang ng Dios ang paggamit ng Kaniyang kapangyarihan (Banal na Espiritu) sa mga tao. Subali't ito ay hindi sa anyo ng isang "blangkong tseke", na kung sa papaanong magkaroon sila ng pamaraan upang gawin ang anumang kanilang nanaisin; sa palagi ang paggamit nitong Banal na Espiritu ay sa isang tiyak na layunin. Nang ito ay matupad, ang kaloob ng Banal na Espiritu ay binawi. Ating alalahaning ang Espiritu ng Dios ay kumikilos sa isang pamaraan na nagsusulong sa panukalang nasasaisip Niya. Malimit na ang Kaniyang panukala ay nagpapahintulot ng maiksing-panahon ng pagbabata sa buhay ng mga tao upang Kaniyang maisakatuparan ang Kaniyang pang-mahabang panahong panukala (Tunghayan sa Araling 6.1), kaya't aasahang ang Kaniyang Banal na Espiritu ay hindi kinakailangang gamitin upang maibsan ang paghihirap ng tao sa buhay na ito. Anumamng kaginhawaang makamtan ay para sa isang mas mataas na layunin ng pagpapahayag ng kaisipan ng Dios sa atin. Ito ay palatandaan ng kaibhan kaysa sikat na mga Kristianong-palagay tungkol sa Banal na Espiritu sa kasalukuyan;

ang ipinapahiwatig ay ang pananampalataya kay Cristo ay karapatdapat dahil sa pangkatawang pakinabang; halimbawa-kagalingan mula sa karamdaman, na sa inaakala ay kaloob ng Banal na Espiritu. Ito ay makapagpaliwanag kung bakit sa mga bansang winasak ng sigalutan tulad ng Uganda ay may isang kapansin-pansing pagdami ng bilang ng mga taong nagaangking sila ay nagtataglay ng kaloob ng espiritu sa pagpapagaling at batay sa kasaysayan, ang ganitong pagaangkin ay palagiang natataon sa mga panahon ng matinding pangangailangan ng tao. Ito mismo ang naging sanhi upang pagdudahan ang kasalukuyang pagaangkin ng pagtataglay ng espiritu; kung sinuman ang humahanap ng karanasan na makapagangat sa kasalukuyang kalagayan ng tao, napakadali ang pagangkin na nasumpungan ang anumang tumutugon sa pangangailangan.

Marami sa mga “Kristiano” sa kasalukuyan ang umaangking taglay ang mahimalang kaloob ng espiritu, subalit kung tanungin kung ano ang tiyak na layunin nito, kapansin-pansin ang kawalang katiyakan. Ang Dios ay palaging nagkakaloob ng Kaniyang espiritu upang makamit ang tiyak at mga makahulugang layunin. Nang dahil dito, yaong tunay na nagtataglay ng kaloob ng espiritu ay nakakaalam kung ano at sa kung papaano gamitin ito. Ito ang ipinagkakaiba kaysa sa mga maraming kabiguan at mga bahagyang kagalingang naranasan ng yaong mga nagsisiangkin na may mga kaloob ng espiritu na makapagpagaling sa ngayon.

Ang mga sumusunod na mga halimbawa ay lahat tumuturo sa tiyak na mga kadahilanan at layunin sa likod ng pagbibigay ng mga kaloob ng espiritu. Walang makikita sa mga pangyayaring ito na mayroong anumang sumasaklaw na elemento na umuugnay sa pagkaroon ng mga kaloob, o na ang mga nagtataglay ng mga kaloob ay makagamit nito sa anumang bagay na kanilang nakitang mapagangkupan. Sa dahilang tayo ay nagtatalakay ukol sa espiritu ng Dios, hindi lubos maisip na ang mga tao ay makapagpasya sa kung papaano gamitin ito, sa nakitang ito ay ibinigay sa kanila upang gumanap ng tukoy at tiyak na mga mithiin ng Dios, kaysa sa yaong mga tao na mayroong panandaliang pagamit nito (tunghayan sa Isa. 40:13).

- 📖 Sa maagang kasaysayan ng Israel, sila'y nautusang gumawa ng isang detalyadong tolda (tabernaculo) na kung saan ang dambana at iba pang mga banal na bagay ay itatago; mga masusing tagubilin ang ibinigay tungkol sa kung papaano gawin ang lahat ng mga bagay na siyang kinakailangan para sa pagsamba sa Dios. Sa pagtupad nito, ipinagkaloob ng Dios ang Kaniyang espiritu sa mga natatanging tao. Sila'y "pinagpupuspos ng diwa ng karunungan, na kanilang gawin ang kasuutan ni Aaron ".....atbp. (Exo. 28:3).

- 📖 Isa sa mga taong ito na si Bezaleel, ay "pinuspos ng Espiritu ng Dios, sa karunungan at pagkakilala, at kaalaman at sa lahat ng sarisaring gawain, upanggumawa sa ginto at.....upang umukit ng mga batong pangkalupkop.....sa lahat na sarisaring gawain" (Exo. 31:3-5).

- 📖 Sa Mga Bilang 11:14-17 nakatala, sa kung papaano na ilan sa espiritu/ kapangyarihang ipinagkaloob kay Moises ay kinuha sa kaniya at ibinigay sa mga matatanda ng Israel, sa layuning sila'y makaganap ng tamang paghukom sa mga pasan ng bayan upang maibsan ang pasanin ni Moises. Bago mamatay si Moises, ang kaloob ng espiritu ay isinalin mula sa kaniya tungo kay Josue upang siya rin ay tamang makapanguna sa bayan ng Dios (Deut. 34:9).

- 📖 Mula sa panahon na ang bayan ng Israel ay pumasok sa kanilang lupain hanggang kanilang unang hari (Saul), sila'y pinamumunuan ng mga taong tinatawag na hukom. Sa panahong ito sila'y kadalasang naaapi ng kanilang mga kalaban, subali't ang aklat ng Hukom ay nagtala ng sa kung papaanong ang espiritu ng Dios ay dumating sa ilan sa mga hukom upang ang Israel ay mahimalang-iligtas mula sa mga sasakop sa kanila-Othoniel (Mga Hukom 3:10); Gideon (Mga Hukom 6:34); at si Jephthah (Mga Hukom 11:29) ay naghahalimbawa nito.

- 📖 Isa pang hukom, si Samson, ay binigyan ng espiritu upang patayin ang isang leon (Mga Hukom 14:5,6); upang patayin ang

30 ka tao (Mga Hukom 14:19), at putulin ang mga lubid na nakatali sa kaniya (Mga Hukom 15:14). Ang ganoong “Banal na Espiritu” sa gayon ay hindi palagiang nasa kay Samson- ito ay dumadating sa Kaniya upang makamtan ang tukoy na mga bagay at pagkatapos ito ay binabawi.

📖 -Sa tuwing may mahalagang mensahe ang Dios para sa Kaniyang bayan, ang espiritu ay kakasi sa taong magsasalita ng salita ng Dios. Kung ang mensahe ay tapos na ang pagsasalitang-kaloob ng espiritu sa tuwirang paghahayag para sa Dios ay kinukuha, at ang salita ng taong yaon ay manumbalik sa pagiging kaniyang sarili at hindi na ang sa Dios. Isa sa maraming mga halimbawa ay:

“At ang Espiritu ng Dios ay dumating kay Zacharias.....at nagsabi sa kanila (sa mga tao), Ganito ang sabi ng Dios; Bakit kayo’y nagsisisalangsang sa mga utos ng Panginoon.....? (2Cron.24:20). Tunghayan sa 2Cron.15:1,2 at Luc. 4:18,19 para sa iba pang mga halimbawa.

Mula rito magiging maliwanag na ang pagtanggap ng kaloob sa paggamit ng espiritu ng Dios para sa natatanging adhikain ay hindi:

- 📖 Isang garantiya ng kaligtasan
- 📖 Isang bagay na nagpapatuloy sa kabuuang buhay ng isang tao
- 📖 Isang mahiwagang kapangyarihang nasa sa loob nila
- 📖 Isang bagay na nakamtan sa pamamagitan ng isang pambihirang personal na karanasan.

Masasabing merong may kalabuang pangangatuwiran ukol sa kaloob ng Banal na Espiritu. Ang mga tao ay nagpapahayag na “nakatanggap ng Banal na Espiritu”, at sa mga maraming Bulwagang Pang-Ewangelio ang nangangaral ay bumitin-bitin ng karot ng “pagtanggap ng mga kaloob ng espiritu” kaysa sa mga pagsasaalang-alang muna sa “pagtanggap kay Jesus”. Subalit ang

katanungan ay kailangang ipilit, alin sa mga kaloob? Hindi waring maisip na di-alam ng mga tao kung aling kaloob talaga ang nasa kanila. Si Samson ay binigyan ng kaloob ng espiritu upang patayin ang isang leon (Huk.14:5,6); at habang kinakaharap niya ang umaatungal na hayop kaniyang tiyakang nalalaman kung para sa ano't ipinagkaloob sa kaniya ang espiritu. At walang pagdududa ang nasa kaniyang isipan.. Ito ay tumatayong ganap na pagkakaiba kaysa sa kasalukuyang mga nagaangkin na nakatanggap ng Banal na Espiritu, ngunit hindi makaganap ng anumang tiyak na gawain; ni hindi nila nalalaman kung alin sa mga kaloob ang palagay nilang nasa kanila.

Mayroong tiyak na walang mapagpipilian kundi ang ipalagay na ang ganoong mga tao ay mayroong isang madulai't-madamdaming karanasang may kaugnayan sa Kristianismo, at ang kasunod na pagbabaling sa kanilang mga saloobin sa buhay ay nagiwan sa kanila ng isang di-pangkaraniwang damdamin ng pagbabago na nasa kanilang kalooban.Sa pagkabatid nito, kanilang sinunggaban ang mga sipi sa Biblia na patungkol sa mga kaloob ng Banal na Espiritu, at nagpasiyang 'Ito nga ang aking nararanasan!' at ang kanilang magalaking Pastor ay magtapik sa ilalim ng kanilang baba at sasabing 'Tamang-tama ka! Purihin ang Panginoon! ' at gamitin ang ganoong mga pangyayari bilang 'patotoo' kung nagtatangkang magkumbinsi sa iba na tanggapin ang Banal na Espiritu. Ang ugat na dahilan ng ganitong kalapastangan ay nasa kakulangan ng pangunawa sa Biblia meron ang tao bago ang kanilang pinapalagay na "pagbabagong loob".

Habang tayo ay nagpupunyagi laban sa paglilinlang ng sarili nating mga damdamin (Jer. 17:9), ating panatilihin ang ating mga paa sa matibay na bato ng mga alituntuning nasa Biblia. Sa kawalan ang pangangailangang ito ay mas hayag kaysa sa isang pagaaral sa kung papaano kumikilos ang Espiritu ng Dios. Tayong lahat ay nais magisip na ang kapangyarihan ng Dios ay kumikilos sa loob natin sa ating buhay. Subali't papaano at bakit gumagawa Siya nito? Tunay bang napapasa atin ang mga kaloob ng espiritu tulad ng sa mga taong nakasulat sa Biblia. Kung nais nating tunay na makilala ang Dios at magkaroon ng isang buhay na ugnayan sa Kaniya, ating

kilalanin ang pangangailangan ng madaliang pagkilos ng maayos na pagunawa sa mga bagay na ito.

Mga Dahilan Para sa Mga Kaloob sa Unang Siglo

Alalahanin ang mga saligang alituntunin na atin ng napagalaman tungkol sa mga kaloob ng espiritu ng Dios, tayo ngayon ay dadako sa nakatala sa Bagong Tipan ng mga kaloob ng espiritu na tinataglay ng unang iglesia (ang mga pangkat ng mga mananampalataya na nabubuhay sa salinglahi pagkatapos ng panahon ni Jesus).

Ang huling utos ni Cristo ay para sa mga apostoles na hahayo sa buong mundo na nangangaral ng Evangelio (Mk.16:15,16) Ito ay kanilang ginawa, na may tema ng kamatayan ni Cristo at pagkabuhay na maguli ang kanilang pangunahing mensahe. Subali't alalahanin na noon ay wala pang Bagong Tipan tulad ng sa alam natin. Habang sila'y nakatayo sa mga lugar-pamilihan at mga sinagoga na nagsasalita tungkol sa taong ito na si Jesus na taga-Nazareth, ang kanilang mga salaysay ay may kakaibang tunog- isang panday mula sa Israel na isang sakdal, na namatay at muling nabuhay na tumpak na katuparan ng hula sa Matandang Tipan, at sa ngayon ay nagaanyaya sa kanila na magpabautismo at sumunod sa kaniyang halimbawa.

Sa mga araw na yaon, ang ibang tao ay nagsisikap ding magsulong ng mga tagasunod ng kulto. Kinakailangang may ibang paraan sa pagpatotoo sa mundo na ang mensaheng ipinapangaral ng mga Kristiano ay mismong nanggaling sa Panginoon, kaysa sa pilosopiya ng isang pangkat ng mangingisda mula sa hilagang-Israel.

Sa ating kapanahunan, tayo ay lumalapit sa mga nakasulat sa Bagong Tipan ukol sa mga gawain at turo ni Jesus upang mapatunayan na ang ating mensahe ay galing sa Dios; subali't sa araw na yaon, bago ito maisulat at naroroon, pinahintulutan ng Dios ang mga mangangaral na magamit ang Kaniyang Banal na Espiritu upang bigyang halaga ang katotohanan ng kanilang mga sinasalita. Ito ang tiyak na dahilan sa paggamit ng mga kaloob sa paningin ng madla; sa kawalan ng nakasulat na Bagong Tipan ay

makapagpahirap para sa mga bagong pangkat ng mananampalataya upang tumubo sa kanilang pananampalataya. Ang maraming mga praktikal na suliranin na umusbong mula sa gitna nila ay magkaroon ng hindi maliwanag na kaayusan; magkakaroon ng kakaunting pamaraan ng paggabay para sa kanila upang tumubo sa kanilang pananampalataya kay Cristo. Kaya't sa mga kadahilanang ito ang kaloob ng Banal na Espiritu ay ginawang masumpungan para sa gabay ng mga sinaunang mananampalataya sa pamamagitan ng masiglang mensahe, hanggang sa ang talaan ng Bagong Tipan ng mga mensaheng ito at ng katuruan ni Jesus ay maisulat at maipalaganap.

Tulad palagi, ang mga kadahilanan sa pagpahintulot ng Banal na Espiritu ay naging saganang maliwanag:-

📖 Nang umakyat siya (si Jesus) sa itaas (sa langit), siya'y.....nagbigay ng mga kaloob (ng espiritu) sa mga tao.....sa ikakasakdal ng mga banal, sa gawang paglilingkod sa ikakatibay ng katawan ni Cristo (mga mananampalataya) Ef.4:8,12).

📖 Kaya't sumulat si Pablo sa mga mananampalataya sa Roma," Sapagka't ninanasa kong makita kayo, upang ako'y makapamahagi sa inyo ng kaloob na ukol sa espiritu, upang kayo'y mangagsitibay" (Rom. 1:11).

Tungkol sa pagamit ng kaloob sa pagpatotoo ng pangangaral ng Evangelio, ating mababasa:

📖 Ang aming Evangelio ay hindi dumating sa inyo sa salita lamang, kundi sa kapangyarihan rin naman, at sa Espiritu Santo, at sa lubos na katiwasayan" sa pamamagitan ng mga himalang ipinamalas (1Tes.1:5, ihambing 1Cor.1:5,6).

📖 Si Pablo ay makapagsalita ng "anomang mga bagay maliban na sa mga ginawa ni Cristo sa pamamagitan ko sa pagtalima ng mga Gentil sa salita at sa gawa, kapangyarihan ng Espiritu ng Dios" (Rom. 15:18,19).

- 📖 Tungkol sa mga mangangaral ng Evangelio, ating mababasa “na pawang sinaksihan naman ng Dios na kasama nila, sa pamamagitan ng mga tanda at mga kababalaghanat ng mga kaloob ng Espiritu” (Heb.2:4).
- 📖 Isang kilos pangangaral ng Evangelio sa Chipre ay pinatotohanan ng mga himala, kaya’t “ang proconsul, pagkakita sa nangyari, ay nanampalataya, na nanggigilalas sa aral ng Panginoon” (Gawa 13:12). Kaya’t ang mga himala ay nagdala sa kaniya upang tunay na igalang ang mga aral na tinuturo. Sa Iconio din naman, “ang Panginoon....na nagpatotoo sa salita ng kaniyang biyaya, na ipinagkakaloob na gawin ng kanilang mga kamay ang mga tanda at mga kababalaghan” (Gawa 14:3).

Ang lahat ng ito ay binuod ng pahayag ng pagsunod ng mga apostoles sa utos na mangaral “at nagsialis sila, at nagsipangaral sa lahat ng dako, na gumagawang kasama nila ang Panginoon, at pinatotohanan ang salita sa pamamagitan ng mga tandang kalakip” (Mar.16:20).

Tiyak na Mga Bagay sa Tiyak na Mga Panahon

Ang mga kaloob na ito ng espiritu samakatuwid ay ibinigay upang maganap ang tiyak na mga bagay sa tiyak na mga kapanahunan. Ito ay nagpapakita ng kamalian ng pagaangkin na ang mahimalang pagtaglay ng kaloob ay isang palagiang karanasan sa buong buhay ng tao. Ang mga apostoles, kasama ni Pedro, ay “nangapuspos ng Banal na Espiritu” sa araw ng Pentecostes, pagkatapos ng pagakyat ni Jesus sa langit (Gawa 2:4). Sila samakatuwid ay nakapagsalita sa ibang mga wika upang ipasimulan ang pangangaral ng Evangelio ng Kristiano sa isang kagila-gilalas na paraan. Nang tangkain ng mga kinaukulan na hulihin sila, “ si Pedro, na puspos ng Banal na Espiritu” ay sa ganoong nagawang masagot sila (Gawa 4:8). Sa kanilang paglaya mula sa piitan, kanilang nakayanang maipatuloy ang pangangaral sa pamamagitan ng mga kaloob-“sila’y nangapuspos ng Banal na Espiritu, at kanilang sinalita na may katapangan ang salita ng Dios” (Gawa 4:31).

Mamataan ng mapagmasid na mambabasa na ito ay hindi nagsasabi na “sila’y puspos na ng espiritu”, na ginawa ang mga bagay na yaon. Sila’y nangapuspos ng espiritu upang ganapin ang tiyak na bagay, subali’t kailangang mapuspos muli upang kamtin ang kasunod na pakay sa panukala ng Dios. Gayundin si Pablo ay “napuspos ng Banal na Espiritu” sa kaniyang bautismo, subali’t makaraan ang ilang taon kailangang siya’y muling “mapuspos ng Banal na Espiritu” upang maparusahan ang isang masamang tao ng pagkabulag (Gawa 9:17; 13:9).

Sa pagsasalita ukol sa mahimalang mga kaloob, sumulat si Pablo na ang mga sinumang mananampalataya ay nagtataglay ng mga ito “ayon sa sukat na kaloob ni Cristo’ (Ef. 4:7). Ang salitang Griego para sa “sukat” ay nangahulugan ng “isang may takdang bahagi o antas” (ayon sa Strong’s Concordance). Si Jesus lamang ang may kaloob na walang sukat; na may buong karapatan upang gumamit nito ayon sa kaniyang niloob (Jn.3:34). Atin na ngayon liwanagin yaong mga kaloob ng espiritu na tila’y palagiang nababanggit na tinataglay noong unang siglo.

ANG MGA KALOOB NG ESPIRITU SA UNANG SIGLO

Panghuhula

Ang salitang Griego para sa “propeta” ay nangahulugang isang taong nagpapahayag ng salita ng Dios – sinuman na naudyukang magsalita ng mga salita ng Dios, na kung minsan ay sumasaklaw sa paghuhula sa mga kaganapan sa hinaharap (tunghayan 2Ped.1:19-21). Kaya’t “ang mga propeta” – yaong may kaloob sa paghuhula- ay “lumusong sa Antioquia na galing sa Jerusalem”. At isa sa kanila napangalanang Agabus ay nagtindig, at ipinaalam sa pamamagitan ng Espiritu na magkakagutom ng malaki sa buong sanglibutan, na nangyari nang mga kaarawan ni Claudio. At ang mga alagad, ayon sa kaya ng bawa’t isa, ay nangagpasiyang magpadala ng saklolo sa mga kapatid” (Gawa 11:27-29) Itong uri ng napakatiyak na hula, na mayroong malinaw na kaganapan sa loob ng iilang taon ay tila wala sa mga yaong nagaangkin ng kaloob ng panghuhula; tunay na tiyak ng sinaunang iglesia na ang kaloob na ito ay totoong napasakanila,

na kanilang binigay ang kanilang panahon at pera upang malunasan ang kahirapang naihula. Ilang halimbawa lamang ng ganitong uri ng bagay ang masusumpungan sa kasalukuyang tinatawag na “puspos ng espiritung” mga iglesia.

Pagpapagaling

Sa makita na ang mga apostoles ay nangangaral ng mabuting balita (Ewangelio) ng darating na lubos na kaayusan na Kaharian ng Dios; ang kanilang mensahe ay nararapat na patotohanan sa pamamagitan ng paggawa ng mga himala na magpapakita kung ano ang magaganap sa panahong yaon, kung kailan “ang mga mata ng mga bulag ay madidilat, ang pakinig ng bingi ay mabubuksan”. “Kung magkagayo’y, lulukso ang pilay”(Isa.35:5,6). Sa karagdang mga kalagayan ng kaharian ng Dios, tunghayan ang Aralin 5. Kung kailan maitatag na ang kaharian ng Dios dito sa lupa, ang pangakong tulad nito ay hindi matupad na bahagi lamang, o magkaroon ng alinlangan kung ang kaharian ay nandito na o wala pa. Kaya’t ang mahimalang patotoo

ng Dios sa mensahe ng kahariang yaon ay nasa kapani-paniwala, tiyak na anyo na hindi mapabulaanan; sa ganitong dahilan marami sa mga mahimalang pagpapagaling ay ginaganap ng sinaunang mananampalataya sa paningin ng karamihang tao. Isang klasikong halimbawa ay masumpungan sa pagpapagaling ni Pedro sa isang pilay na mamalimos na inilalatag uma-umaga sa pintuan ng templo. Ibinabanggit sa Gawa 3:2 na kanila siyang inilalagay roon araw-araw kaya’t siya’y isang pamilyar na tanawin. Pagkatapos mapagaling ni Pedro sa pamamagitan ng kaloob ng Espiritu, “paglukso, siya’y tumayo, at nagpasimulang lumakad at pumasok kasama nila sa templo, na lumalakad at lumulukso.....at nakita ng buong bayan ng siya’y lumalakad , at nagpupuri sa Dios. At nangakilala nila na siya nga ang nauupo at nagpapalimos sa Pintuang Maganda ng templo; at sila’y nangapuspos ng panggigilalas at pamamangha sa nangyari sa kaniya. At samantalang siya’y nakahawak kay Pedro atay

nagsitakbong sumasama sa kanila ang buong bayan sa portiko..... na lubhang nanggigilalas” (Gawa 3:7-11).

Agad sinimulan ni Pedro ang pagsasalita ng lantaran sa labasan ukol sa pagkabuhay na mag-uli ni Cristo. Pagkatapos magkaroon ng di-mapagalinlanaan at di-mapasubaliang patunay sa harap nila sa pamamagitan ng napagaling na nagpapalimos, ating matitiyak na kanilang tanggapin ang mga salita ni Pedro na siyang salita ng Dios. Ang pintuan ng templo “sa oras ng panalangin” (Gawa 3:1) ay dagsaan ang mga tao tulad ng isang malaking pamilihan sa araw ng Sabado. Sa kahalintulad na lugar na ito ang pinili ng Dios upang patotohanan ang pangangaral ng Kaniyang salita sa pamamagitan ng isang malinaw na himala. Gayon din sa Mga Gawa 5:12 ating mababasa na “sa pamamagitan ng mga kamay ng mga apostol ay ginawa ang maraming tanda at kababalaghan sa gitna ng mga tao”. Ang palagiang pahayag na ginagawa ng mga “Pentecostal” na nagpapagaling at ng mga katulad nila ay umiikot sa mga bagay na nangyayari sa mga liblib na mga simbahan kaysa sa mga lansangan at sa harap ng mga “mananampalataya “ na nakondisyon ang mga isip sa diwa ng pagaasam sa isang “himala” na magaganap, kaysa sa harap ng mga katauhang may matitigas-na-puso.

Masasabi na ang kasalukuyang may-akda ay may malawak na karanasan sa pagtatalakay sa mga usaping ito sa mga kasalukuyang nagpapahayag ng pagaangkin sa espiritu. Ngunit sa aking “sariling patotoo” sa pagkakita at gayunding pagsaksi sa maraming nagpapahayag ng pagaangkin sa espiritu, walang tibay na patotoo sa mga “pagpapagaling” at ang pinakamalimit ay ang panandali-ang kagalingan lamang ay hindi na kailangang ipaliwanag ng mainam; kahit sinong tapat na kasapi ng mga simbahang ito ay aaminin na marami sa katulad nito ang patuloy na nagaganap. Sa maraming mga pagkakataon aking inihayag sa aking mga mabuti’t –kilalang kaibigang Pentecostal; “Ako ay handa na maniwala na ikaw nga ay may matinding mga kapangyarihan, subali’t palagiang malinaw na ipinapakita ng Dios kung sino ang nagaangkin ng Kaniyang kapangyarihan at kung sino ang wala; kaya’t hindi naman walang dahilan para sa akin na hilingin sa iyo na ipakita ang mga katunayan sa akin- at ng sa gayon ako ay mas kikiling sa pagtanggap sa mga

aral na iyong pinapanindigan, na sa ngayon ay hindi ko man lang maiugnay sa kasulatan". At wala ni isang malinaw" na patunay ng espiritu at ng kapangyarihan" na naibigay sa akin. Sa paghahambing sa aking palagay, ang mga kinikilalang Judeo noong unang siglo ay may saradong paniniwala sa mga Kristiano magkakaroon ng mahimalang kaloob ng espiritu ng Dios. Sa gayunpama'y kanilang inaamin "Ang taong ito ay gumagawa ng maraming tanda" (Jn.11:47) at " Sapagka't tunay na ginawa sa pamamagitan nila ang himalang hayag sa lahat ng nangananahan sa Jerusalem; at hindi natin maikakaila" (Gawa 4:16). Gayundin yaong mga nakarinig sa mga Apostoles na nangagsalita ng mga wika ay "nangamaang" (Gawa2:6). Ang katulad nito ay hindi na nangyayari sa ngayon sa pagtugon ng pagdadaldal ng Pentecostal. Sa katunayan ang mga uri ng tao na umaayon sa mga makabagong "Pentecostal" ay tuwirang makapagkaila na sila'y totoong makagawa ng himala, ay tunay na mahalagang puntos sa usaping ito. Kung sa isang himala lamang ay lumabas na na ulo ng balita sa buong Jerusalem, hindi ba makatuwirang imungkahi na kung may isang tunay na himala na nangyayari sa Trafalgar Square ng London, o Nyaharuru Park ng Nairobi, tiyak na magkakaroon ng pagkikilala sa buong mundo na ang mga mahimalang kaloob ng espiritu ng Dios ay taglay sa ngayon? Sa kabila nito, ang mga Pentecostal ay umaasa na tanggapin ng mundo sa pamamagitan ng sumusunod na sari-saring patunay bilang dahilan ng kanilang pananampalataya sa mga ito:-

- 📖 Sa pagkagaling (sa wakas) mula sa ulser sa tiyan, ang kaparaanan ng paggaling ay pinapalagay na nagumpisa pagkatapos ng isang panalanging-pag-titipon.
- 📖 Ang pingkaw ng braso na naging matuwid.
- 📖 Paningin o pandinig na bumuti, kahit na palagiang bumabalik sa sinaunang kalagayan.
- 📖 Ang kalungkutan na pinasigla.

Sa mga halimbawang ito ay maidagdag ang pangyayari na ang mga ambulansya na nagdala ng maraming pasyente sa Pampagaling na

Krusada ni O.T. Osborn sa Nairobi, Kenya; ang mga nagmamaneho ay naharap sa magandang-kaugaliang-pagalangan sa kung tutuloy o bumalik, ay nanatili-at tulad pa rin, dahil sa ang mga may karamdaman ay walang kagalingang natanggap.

Subali't sa kabila nito ang nakapanghahamong panawagan mula sa maraming lathalaing nakapaskil para sa ganitong uri ng mga pagtitipon ay: "Dumalo at asahan ang isang himala!". Ang tanghalan ay mapangkaisipan inihanda para sa lahat ng uri pakusang-mungkahi at ng mga kahalintulad nito. Saan man sa Bagong Tipan ay wala ang pagkaroon ng kahit kaunting pahiwatig na ang ganoong isang malawakang pang-akit sa kaisipan ay kailangan bago maganap ang isang himala. Malinaw na marami sa mga pinagaling noong unang siglo ay walang pananampalataya- isang hindi nakakilala kung sino sa Jesus (Jn. 5:13; 9:36).

Isang kahalintulad na pangaakit sa kaisipan ay nakakamtan sa pamamagitan ng pamintal-kaisipan ng paulit-ulit na mga panalangin, ang indayog ng mga tambol at nakakapukaw na tugtugin. Mayroong walang kaduda-duda na anumang makatuwirang kabatiran sa Dios-at ano pa man- ay natatakpan nang lahat ng mga ito. Naala-ala ng may-akda sa ilang beses na pagdalo sa ganoong pagtitipon sa iba't-ibang lugar, at tuwi-tuwina ay nakaranas ng isang nakakabiyak-sa-ulong sakit mula sa pagpupunyaging mapanatili ang isang makatuwiran, timbang na kamalayang batay sa Biblia sa harap ng pangaakit upang mawala sa indayog ng mga tambol at palkpakan ng mga kamay. Na ang lahat ng mga ito ay lumalabas na kinakailangan pasimula para sa isang himala ng Pentecostal ay sapat na patunay na ang mga "pagpapagaling" ay bunga ng madamdamin at mapangkaisipang pagsasaayos, kaysa sa tuwirang pamamalakad ng espiritu ng Dios. Sa paghahambing, si Pedro ay makakagamit sa tunay na kaloob ng mga himala upang magpagaling ng mga tao habang sila ay nakahiga sa mga lansangan (Gawa 5:15). Ang paggamit ni Pablo sa mga mahimalang kaloob ay personal na nasaksihan ng isang di-maniwalang ministro ng Pamahalaan (Gawa 13:12,13), at pati ng mga maraming mga pagano na nananahan sa lungsod ng Listra (Gawa 14:8-13). Tulad ng hiningi ng tuwirang pakay at kalikasan ng mga kaloob ng espiritu, ang mga bagay na ito ay

ginawa sa harap ng mga tao, at hindi basta maikabit-balikat ng kung anu't-anong paliwanag kaysa sa amining narito ang kapangyarihan ng Dios na hayagang pinapakita ng Kaniyang mga alagad.

Ang bisa ng isang mahiwagang pagpapagaling ni Cristo ay magkatulad. "Nangagtaka silang lahat (yaong nakakita) at niluwalhati nia ang Dios, na nangagsabi "kailanma'y hindi tayo nakakita ng ganito" (Mar. 2:12)".

Mga Wika

Ang mga apostoles, karamihan sa kanila ay mga magaslaw na mangingisda, ay tumanggap ng dakilang karapatang humayo sa buong sanglibutan na nangangaral ng Evangelio (Mar. 16:15-16). Marahil ang pinakauna nilang reaksiyon ay "Nguni't hindi ako maalam sa mga wika". Sa kanila ito ay hindi isang tulad ng, "Ako ay hindi magaling sa iba't-ibang wika sa paaralan", sa dahilang sila ay mga walang aral. Naisulat na lahat sila'y "mga taong walang pinagalaran at mga mangmang" (Gawa 4:3) kung dadako sa ganoong bagay. At kahit na sa mga mataas na napagaralang mga mangangaral (hal. ay si Pablo), ang hadlang ng iba't-ibang wika ay may kabigatan pa. Nang magkaroon ng mga napasampalataya, ang pag-asa na kanilang kinakailangan sa isa't-isa para sa ikatitibay (sa kawalan ng nakasulat na na Bagong Tipan) ay nangahulugang ang di-pagkaalam ng bawat iba't-ibang wika ay isang may kalakihang suliranin.

Upang malampasan ito, ang kaloob ng pagsalita sa iba't-ibang wika at ang pagkaunawa sa mga ito ay ipinagkaloob. Ang palugit ng N.I.V. ay nagsalin ng "mga dila" bilang iba't ibang wika. Kapansin-pansin na may malaking pagsalungat sa pagitan ng pananaw na ito sa iba't-ibang wika kaysa sa maraming mga "ipinanganak muli" na mga Kristiano, na nagsasalarawan ng kanilang mga kagalakang-pagsasalita ng di-maintindihang tunog bilang "mga iba't-ibang wika. Ang kalituhang ito ay maliwanagan sa pamamagitan ng pagpapakita na ang kahulugan ayon sa Biblia ng "Iba't-ibang wika" ay "mga banyagang wika".

Sa Pista ng Pentecoste ng mga Judeo, pagkatapos ng pagakyat ni Cristo sa langit, ang mga apostoles “ay napuno ng Banal na Espiritu, at magumpisang magsalita ng ibang wika..... Silang lahat ay nangagkatipon(sa muli, isang lantarang pagpapakita ng mga kaloob) at nangamaang sapagka’t sa kanila’y narinig ng bawat isa na sinasalita ang kaniyang sariling wika. At silang lahat ay nangagtaka at nagsipanggilalas, at nangagsasabi, Narito, hindi baga mga Galileong lahat ang mga nagsisipagsalitanang ito?

At bakit nga narinig ng bawat isa sa atin ang ating sariling wika (iisang salitang Griego isinaling “mga wika”) na kinamulatan? Mga Parto at mga Medo.....ay nangarinig nating nagsisipagsalita sila sa ating wika.....At silang lahat ay nangagtaka at nangalito” (Gawa 2:4-12). Hindi karapat-dapat na bigyan ng dalawang beses na pagdidiin ang pagkamangha ng mga tao at ang kanilang pagtataka ay kinakailangan kung ang kanilang narinig ay mga magulong-bulongan na sinasalita ng mga taong umaangkin ng kaloob sa ngayon, ito ay naging sanhi ng tuya’t-panghahamak o kawalang bahala, kaysa sa pagtataka at pananalig mula sa pagkaunawa ng mga salitang naipahayag, na siyang naranasan sa Mga Gawa 2.

Bukod sa maliwanag na pagkatulad sa pagitan ng “mga dila” at “mga wika” sa Gawa 2:4-11, ang “mga dila” ay maliwanag na nangahulugang “mga wika” sa ibang bahagi ng Bagong Tipan; ang pariralang “mga angkan, at mga bansa,at mga wika” ay ginamit ng limang beses sa Apocalipsis na tumutukoy sa lahat ng mga tao sa sangkalupaan. (Apoc.7:9; 10:11; 11:9; 13:7; 17:15). Ang salitang Griego para sa “mga dila” ay lumabas sa Griegong salin ng Matandang Tipan (na tinawag na Septuagint) na nangahulugang mga wika (tunghayan sa Gen.10:5; Deut.28:49; Dan.1:4).

Ang 1Cor. 14 ay mga tala ng mga kautusang nauukol sa pagamit ng kaloob ng mga wika; tal.21 ay nagsipi mula sa Isa.28:11 nauukol sa kung papaano gamitin ang kaloob na ito sa pagpatotoo laban sa mga Judeo: “Sa kautusan nasulat, sa pamamagitan ng ng mga taong may iba’t-ibang wika at sa pamamagitan ng mga labi ng mga taga ibang lupa ay magsasalita ako sa bayang ito.....”Ang Isa. 28:11 ay pangunahing tumutukoy sa mga sasalakay sa Israel na nagsasalita

sa mga Judeo sa mga wikang (“dila”) hindi nila alam. Ang pagkapareho ng “mga dila” at “mga labi” ay nagpapahiwatig na ang “mga dila” ay tumutukoy sa mga banyagang salita. Ang kabanatang ito ay inspirasyong-pagpuna ni Pablo sa mga abuso sa mga kaloob na nangyayari sa sinaunang iglesia, at sa gayon ito ay nagbibigay ng maraming kabatiran ukol sa katangian ng mga kaloob ng wika at panghuhula. Tayo ngayon ay tatangkang magbigay ng maikling paliwanag ukol dito. Ang talatang 37 ay ang susing talata:-

“Kung iniisip ninoman na siya’y propeta, o ayon sa espiritu, ay kilalanin niya ang mga bagay na sa inyo’y isinusulat ko, na pawang utos ng Panginoon”.

Kung sinoman ang umaangkin na may kaloob ng espiritu, siya sa gayon ay tatanggap na ang sumusunod na mga utos ukol sa pagamit ng mga kaloob ay kinasihan ng Dios. Sinoman sa ngayon ang ditumutupad sa mga utos na iyon samakatuwid ay hayagang umaamin na sila’y angkop na nakikitang humahamak sa mga salitang kinasihan ng Dios. Ang mga talatang 11- 17:-

‘Kung hindi ko nga nalalaman ang kahulugan ng tinig, magiging barbaro ako sa nagsasalita, at ang nagsasalita ay magiging barbaro sa akin.

Gayon din naman kayo, na yamang kayo’y mapagsikap sa mga kaloob na ayon sa espiritu ay pagsisikapan ninyong kayo’y magsisagana sa ikatitibay ng iglesia.

Kaya’t ang nagsasalita ng salita ay manalangin na siya’y makapagpaliwanag.

Sapagka’t kung ako’y nananalangin sa wika, ay nananalangin ang aking Espiritu, datapuwa’t ang aking pagiisip ay hindi namumunga.

Ano nga ito? Mananalangin ako sa espiritu, at manalangin din naman ako sa pagiisip; aawit ako sa espiritu, at aawit din naman ako sa pagiisip.

Sa ibang paraan, kung ikaw ay nagpupuri sa espiritu, ay nasa kalagayan ng -di marunong, paanong siya'y makapagsabi ng Siya nawa sa iyong pagpapasalama, palibhasa'y hindi nalalaman ang inyong sinasabi?

Sapagka't ikaw sa katotohanan ay nagpapasalamat kang mabuti, datapuwa't Ang iba'y hindi napagtibay.”

Sa pagsasalita ng isang wika na yaong mga naroroon sa paglilingkod ay hindi nauunawaan ito, samakatuwid ay walang kabuluhan. Ang paggamit ng “magulong-bulongan” na pagsasalita ay hindi kabilang-sa dahilang papaanong ang makatotohanang Siya nawa ay masasabi sa pagtatapos ng “panalangin” na binuo ng satsatang di-maunawaan? Alalahanin na ang “Siya nawa” ay nangahulugan; ‘Ako ay lubusang umaayon sa mga naibigkas sa panalanging ito”. Ang pagsasalita sa wikang di-maunawaan ng iyong mga kapatid ay hindi makapagpatibay sa kanila, sabi ni Pablo.

Naala-ala kong ako'y namamahagi ng mga babasahin sa isang kampanya ni Billy Graham, na nananawagan sa mga tao na magbalik sa isang mas-nababatay sa Bibilia na pamamaraan sa Kristianismo. Isang galak na babae ang nagtangkang hikayatin ako na ang Christadelphiang-katuruan na dala ko ay “pinangunahan-ng-diablo”-sa pamamagitan ng pagsatsat sa “mga wika” sa loob ng sampung minuto. Sa anomang paraan ay hindi ako mapagpatibay niyon; katotohanang ito ang tamang-tama na iniutos ni Pablo na huwag gawin.

Talata 18:-

“Nagpapasalamat ako sa Dios na ako'y nagsasalita ng mga wika na higit kaysa inyong lahat”.

Dahil sa kaniyang malawak na paglalakbay sa pangangaral kay Cristo, kinakailangan ni Pablo ang kaloob ng mga wika (mga dila) kaysa kaninoman.

Talata 19:-

“Ngunit sa iglesia ibig ko pang magsalita ng limang salita ng aking pag-iisip, Upang makapagturo ako naman sa iba, kay sa magsalita ng sampung libong salita sa wika’.”

Ito ay maliwanag. Ang isang maikling pangungusap ukol kay Cristo sa English ay makakabuti sa akin kaysa sa ilang oras na pangangaral sa isang banyagang wika o “magulong-bulongan”.

Talata 22:-

“Kaya nga ang mga wika ay pinaka-tanda, hindi sa mga nagsisampalataya; kundi sa hindi nagsisisampalataya, ngunit ang panghuhula ay hindi sa mga hindi nagsisisampalataya, kundi sa mga nagsisimpalataya.”

Ang paggamit ng mga wika samakatuwid ay pangunahing gagamitin para sa pangangaral-sa-labas ng Evangelio. Subali’t sa ngayon ang karamihan sa umaangkin ng “wika” ay nagaganap sa loob ng pangkat ng “mga mananampalataya”o (nasisinag) sa kanilang sarili, at pansariling karanasan habang nag-iisa. May isang talamak na kasalatan ng halimbawa ng ganoong mga tao na mahimalang-makapagsalita sa banyagang wika upang ipangalat ang Evangelio. Sa unang bahagi ng 1990’s ang pintuan ng pagkakataon upang ipangaral si Cristo sa Silangang Europa, subalit ang mga (‘tinatawag’) na evangelical na mga iglesia ay kailangang mamahagi ng kanilang mga babasahin sa English dahil sa sagabal-ng-wika! Katotohanang ang kaloob ng wika ay magagamit sana kung ito ay naaangkin pa? At ang bantog na malaking-magtipon na mangangaral na si Reinhardt Seiber, habang umaangkin ng pambihirang kaloob ng espiritu, ay nangangailangan pa ng isang tagapagsalin habang nagsasalita sa karamihang nasa Kampala, Uganda.

Talata 23:-

“Kung ang buong iglesia nga’y magkatipon sa isang dako at lahat ay mangagsalita ng mga wika, at mangagsipasok ang hindi marurunong

o hindi nagsisisampalataya, hindi baga nila sasabihing kayo'y mga ulol?"

Ito ang totoong nangyari, ang mga Muslim at mga pagano ay parehong naguyam sa di-pangkaraniwang paguugali ng yaong mga nagaangkin ng kaloob ng mga wika sa buong Kanlurang Africa. Kahit sinong isang matinong Kristiano na dadako sa sulok ng isang pagtitipon ng Pentecostal ay matuksong magisip na ang mga kasapi nito ay mga ulol.

Talata 27:-

“Kung nagsasalita ang sinoman sa wika, maging dalawa, o huwag higit sa tatlo, at sunod-sunod; at ang isa ay magpaliwanag”.

Dalawa o tatlo lamang ang kailangan na mgasalit sa wika habang may isang pagtitipon. Hindi matitiyak kung mayroong higit kaysa sa tatlong iba't-ibang wika na masasalita ng kahit sinong tagapakinig. Ang paguugnayan ng isang pagtitipon ay madaling mawala kung ang bawat pangungusap ng nagsasalita ay kailangang isalin ng higit sa dalawang beses. Kung ang kaloob ng wika ay naroroon sa isang pagtitipon sa Gitnang London, na dinadaluhan ng mga taong English, na may ilang Pranses at Alemang mga turista na naroroon, ang mga magsasalita ay maaring magumpisa ng:

Pastor: Good Evening

Unang-wikang tagapagsalita- Bon soir (Pranses)

Ikalawang-wikang tagapagsalita- Guten abend (Aleman)

Ngunit mangyari pa sila'y kailangang magsalita sa pamamagitan ng alituntuning, “ang isa pagkatapos ng isa”.

Kaguluhan ang maging bunga kung sila'y magsalita ng sabay-sabay; ngunit, dahil sa pangunahing maramdaming katangian ng sa ngayong "pagsasalita sa mga wika", ang di-pangkaraniwang pangyayari ay nangyayari sabay-sabay mula sa mga bibig ng karamihang tao. Aking napupuna na kapag ang isang tao ay nag-umpisa, ang iba ay madaling mahikayat na gumaya.

Ang kaloob ng wika ay kadalasan nagagamit kaugnay sa panghuhula, at ng sa ganoon ang isang kinasihang mensahe mula sa Dios ay mabibigkas (sa pamamagitan ng kaloob ng panghuhula) sa isang wikang banyaga ng nagsasalita (sa pamamagitan ng kaloob ng wika). Isang halimbawa sa ganyang paggamit ng dalawang kaloob ay matutunghayan sa Mga Gawa 19:6. Gayunman, kung sa isang pagtitipon sa London ay dinaluhan ng mga Ingles at maraming bisitang Pranses, ang tagapagsalita ay magsasalita sa Pranses, ang naroroong mga Ingles ay "di-mapagtitibay". Anupa't ang kaloob ng pagpapaliwanag sa mga wika ay kinakailangang naroon, upang ang lahat ay makakaunawa- sa ating halimbawa ang pagsalin ng Pranses sa Ingles. Gayundin kung ang isang tanong ay tinanong ng isa sa mga tagapagsalitang Pranses, ang tagapagsalita ay hindi makakaunawa sa kaniya kung walang tutulong; kahit na siya ay may kaloob ng pagsasalita ng Pranses na hindi niya mismo nauunawaan ito. Ang kaloob ng pagpapaliwanag samakatuwid ay naroroon upang tumulong dito.

Kung walang isang naroroon na may kaloob ng pagpapaliwanag kung ito ay kinakailangan ang kaloob ng wika ay hindi gagamitin.....”at ang isa’y magpaliwanag”. Datapuwa’t kung walang magpapaliwanag ay tumahimik siya sa loob ng iglesia” (1Cor.14:27,28). Sa katotohanang may maraming umaangkin ng wika sa pangkasalukuyan na nagsasalita sa “wika” na hindi mauunawaan ninoman, at walang tagapagsalin, ay katunayang isang pangyayari ng tiyakang pagsuway sa mga utos na ito.

Talata 32, 33

“At ang mga espiritu ng mga propeta ay nasasakupan ng mga propeta; Sapagka’t ang Dios ay hindi Dios ng kaguluhan, kundi ng kapayapaan. Gaya sa lahat ng mga iglesia ng mga banal.”

Ang pagtataglay ng kaloob ng Banal na Espiritu samakatuwid ay di maiugnay sa isang karanasan na nagdadala ng tao sa labas ng dako ng pangkaraniwang kamalayan; ang espiritu ay sakop sa ilalim ng gumagamit nito, at hindi isang kapangyarihan na sumasaklaw sa kanila upang sila’y gumawa ng laban sa kanilang kalooban. Palagiang maling-inaangkin na

ang mga demonyo o 'masamang espiritu' ay umaangkin sa "dinaligtas" (tunghayan sa Aralin 6.3), ngunit ang Banal na Espiritu ang pumupuno sa mga mananampalataya. Subali't ang kapangyarihang espiritu na tinutukoy sa 1Cor.14:32 ay nasa ilalim ng sakop ng nagtataglay nito para sa tiyak na layon; ito ay hindi isang nagpapasiglang kapangyarihan ng kabutihan na inihambing sa kapangyarihan ng kasamaan na nasa kalikasan ng tao. Maliban dito, ating una ng naipakita na ang mga kapangyarihang ito ng Banal na Espiritu ay dumating sa mga apostoles sa tiyak na oupang isakatuparan ang tiyak na mga bagay, kaysa sa nasa kanila ng pamalagian.

Ang panawagan sa nagtataglay ng kaloob upang gamitin ang mga ito sa isang pamaraang angkop sa pagmamahal sa kapayapaan ng Dios at pagkamuhi sa kaguluhan (tal. 33), ay waring nahulog sa mga binging taynga sa mga simbahang "Pentecostal" sa kasalukuyan.

Talata 34

"Ang mga babae ay magsitahimik sa mga iglesia; sapagka't sila'y walang kapahintulutang mangagsalita; kundi sila'y pasakop, gaya naman ng sinasabi ng kautusan."

Sa ganitong pangangahulugan ng paggamit ng mga kaloob ng espiritu, hindi matanggihang inilatag na ang mga ito ay huwag gamitin sa paglilingkod sa loob ng iglesia. Ang lantarang pagsantabi nito ay aasahan kung ang kasalukuyang palatandaan ng pagsasalita ng “magulong-bulongan”- ay mapapaliwanag sa pamamagitan ng madamdaming-katuwaan na napasalin mula sa isang tao tungo sa isa na nasa nakikinig. Babae, mga kabataan- tunay nga na kahit sino mang naroroon na may handang kaisipan- ay mahahawa ng ganoong pampasigla, anupa’t makagawa ng lubusang galak na pagsasalita, na ipinasiyang tawagin bilang “mga wika”.

Ang kalantaran ng mga babae sa sinasabing “pagsasalita ng wika” at “paghuhula” sa kasalukuyang mga simbahan ay tuwirang hindi maitugma sa maliwanag na utos ng talatang ito. Ang baligho, at desperadong pangangatuwiran na si Pablo ay isang maypoot-sa-babae ay pinawalang saysay ng ilang huling mga talata na:”Kung iniisip ninomang lalake na siya’y propeta, o ayon sa espiritu, ay kilalanin nila ang mga bagay na sa inyo’y isinusulat ko, na pawang utos ng Panginoon” (1Cor.14:37)- hindi saganang sarili ni Pablo.

Sinomang mananampalataya sa kinasihang Biblia ay kinakailangang tumanggap nitong mga kautusan sa 1Cor.14 ay kailangang tanggapin ng totohanan; ang hayagang paghamok sa mga ito ay nagpapahiwatig lamang ng isang kawalang-pananampalataya sa lubusang inspirasyon ng kasulatan- o

isang sariling-pagpapahayag na ang isang ito ay walang kaloob-espiritual, sa makikitang sinoman na walang mga kaloob ay tumatanggi na ang mga utos sa 1Cor.14 ay utos ng Panginoon para sa atin. Ang katuwiran ng pangangatuwirang ito ay lantad, at tunay na mapangwasak. Sa kaliwanagan nito, papaano kang manatiling kasapi ng ganoong iglesia, o handang makikisama sa kanila?

Bilang talababa sa bahaging ito, napakahalaga na ang mga sekta na umaangking makapagsalita ng wika ay napatunayan ng agham na may mataas na kalumbayan kung ihambing sa mga taong mula sa ibang karanasan. Si Keith Meador, Propesor ng Saykayatri sa Pamantasan ng Vanderbilt, U.S.A.; ay nagsagawa ng isang masusing pagaaral sa pagsusuri ng kaugnayan ng kalumbayan at karanasang-relihiyon. Kaniyang natuklasan na ang “antas ng matinding kalumbayan.....sa mga Kristianong Pentecostal ay 5.4% kung ihambing sa 1.7% na kabuuang grupong sinuri”. Ang bunga ng kaniyang gawain ay naisulat sa isang pahayagan, ‘Hospital and Community Psychiatry’, Dec. 1992.

Isang kapansin-pansing lathalain, na umabot sa ganoong palagay ay lumabas sa International Herald Tribune, Pebrero 11,1993. Ang pamagat ay mismong nagsalita ng nilolob nito:”Ang Mga Pentecostal ay nanguna sa talaan kung ito’y tungkol sa kalungkutan”. Bakit ganito ito? Tiyak na ito ay may kaugnayan sa katunayan na ang karanasan ng pagtataglay-sa-espiritu, na inaangkin ng mga Pentecostal (at mga iba pa) ay hindi totoo maliban sa masakit na panlinlang ng kaisipan.

2.4 Ang Pagbabawi ng Mga Kaloob

Ang mga mahimalang kaloob ng espiritu ay magagamit muli ng mga mananampalataya upang baguhin ang kasalukuyang mundo tungo sa kaharian ng Dios, pagkatapos ng pagbalik ni Cristo. Ang mga kaloob samakatuwid ay tinatawag na “mga kapangyarihan ng panahong darating” (Heb.6:4,5) at ang Joel 2:26-29 ay nagsasalarawan ng malawak na pagbubuhos ng kaloob ng espiritu pagkatapos ng pagsisisi ng Israel. Ang katotohanan na ang kaloob na ito ay ibibigay sa mga mananampalataya sa pagbabalik ni Cristo ay sapat na patotoo na ang mga ito ay hindi inaari ngayon- sa nakikitang kahit sinong Kristianong may bukas ang kapwa mata sa kasulatan at mga pangyayari sa mundo, ang pagbabalik ng Panginoon ay tunay na malapit na (tunghayan ang Apendiks 3).

May mga maliwanag na mga hula sa Biblia na sa hindi kalaunang panahon sa pagitan ng unang siglo, kung kailan ang mga kaloob ay natataglay, at ng ikalawang pagbabalik, ang mga kaloob ay babawiin:

“Kahit maging mga hula ay mangangatapos, maging mga wika ay titigil; maging mga kaalaman ay mawawla. Sapagka’t nangakakakilala tayo ng bahagya, at nangagahuhula tayo ng bahagya. Datapuwa’t kung dumating ang sakdal, ang bahagya ay matatapos” (1Cor.13:8-10). Ang mga kaloob ay pansamantala” (G.N.B.).

Ang taglay na mga kaloob ng espiritu noong unang siglo ay babawiin “kung dumating ang sakdal”. Ito ay hindi ang pangalawang pagdating ni Cristo, sa nakikitang sa oras na yaon ang mga kaloob ay ibibigay muli. Ang salitang Griegong isinaling “sakdal” ay mahigpit na

nangahulugang “yaong puspos o lubos”, ito ay hindi nangailangang ipagkahulugan na isang bagay na walang sala.

Ang sakdal na bagay na ito ay hahalili sa bahagyang kaalaman na napasa-mga-sinaunang Kristiano bunga ng kaloob ng panghuhula. Alalahanin na ang panghuhula ay ang kaloob ng pagsasalita ng mga salitang-kinasihan ng Dios. Lyon ay ang talaang naisulat ng mga ganoong salita na bumubuo ng Biblia.

Noong uinang siglo, ang pangkaraniwang mananampalataya ay may kaalaman lamang sa kaunting-bahagi ng Bagong Tipan tulad ng ating nalalaman. Marahil ay kaniyang narinig ang ibang mga salita ng panghuhula mula sa mga matatanda sa kaniyang

iglesia ukol sa iba't-ibang tunay na usapin; kaniyang nalalaman ang guhit-balangkas ng buhay ni Jesus, at nakarinig din ng isa o dalawa sa sulat ni Pablo na binabasa. Subalit nang ang talaang nakasulat na mga salita ng panghuhula ay natapos at naisawalat, wala na ng pangangailangan na ang kaloob ng panghuhula ay patuloy na tataglayin. Yaong nabuo, ay yaong hahalili sa paglilingkod ng kaloob ng espiritu, ay ang nabuong Bagong Tipan:-

“Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran; Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal (lubos)” (2Tim. 3:16,17).

Yaong makapagsakdal, makapaglubos, ay “ang lahat ng mga kasulatan”, kaya’t sa sandaling “ang lahat ng mga kasulatan” ay kinasihan at naisulat, “yaong sakdal” ay dumating at ang mga mahimalang-kaloob ay kinuha na.

Ang Efeso 4:8-14 ngayon ay naitugma sa tamang lugar upang maiging tapusin ang palaisipang “jigsaw”.

Nang umakyat siya (si Jesus) sa itaas (sa langit), at nagbigay ng kaloob Sa mga tao.....sa gawaing paglilingkod sa ikakatibay ng katawan ni Cristo: Hanggang sa abutin natin lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya (ang iisang pananampalataya) at ang pagkakilala

sa Anak ng Dios, hanggang sa lubos na paglaki ng tao; Upang tayo'y huwag nang maging mga bata pa napapahapay, na dito't-doon at dinadala sa magkabi-kabila ng lahat ng hangin ng aral."

Ang mga kaloob noong unang siglo ay ibibigay hanggang sa ang sakdal, o ganap, na tao ay maaabot, at ang 2Tim.3:16-17 ay nagsasabi na "ang tao ng Dios" ay maging "sakdal" sa pamamagitan ng pagtanggap ng paggabay ng "lahat ng Kasulatan". Sa Col.1:28 ay nagtuturo rin na ang pagiging "sakdal" ay magmula sa pagtugon sa Salita ng Dios. Pagkatapos na ang lahat ng Kasulatan ay nataglay, wala na nang tunay na dahilan upang malito ng mga maraming aral na inihain ng iba't-ibang simbahan. Marroong isang Biblia lamang, at sa ang "ang iyong Salita ay katotohanan" (Jn.17:17) sa pamamagitan ng pagaaral ng kaniyang pahina ating matutunghayan ang "pagkakisa ng pananampalataya", ang isang pananampalataya na tinatalakay sa Efeso 4:13. Ang mga totoong Kristiano samakatuwid ay makaabot sa pagtataglay ng iisang pananampalatayang iyon; sa ganoong diwa sila'y lubos ("sakdal") bunga ng "yaong sakdal" o lubos- ang naisulat nang buong Salita ng Dios.

Sa pahapyaw, pansinin kung papaanong ang Efeso 4:14 ay inihambing tulad ng sa ilalim ng paglilingkod ng mga mahimalang kaloob, sa kamusmusang-espiritual; at sa pangahulugan ng panghuhula, sa kung papaano na ang mga mahimalang kaloob ay babawiin. Ang 1Cor.13:11 ay nagsasabi ng kahalintulad din. Ang pagbibigay ng pagkakabahala ukol sa pagtataglay ng kaloob ng espiritu samakatuwid ay hindi tanda ng pagiging ganap-espiritual. Ang pagunlad ng bawa't mambabasa ng mga salitang ito na kaniyang magagawa sa ngayon ay tungo sa isang malalim na pagpapahalaga sa nakasulat na Salita ng Dios, magalak sa kalubosan ng pangunahing pagpapahayag ng Dios sa Kaniyang sarili sa atin sa pamamagitan nito, at tugunin ito sa pamamagitan ng mapagpakumbabang pagtalima.

Ang Kasalukuyang Mga Pagaangkin ng Pagtataglay ng Espiritu

Sa panghuli, ilang mga naiibang punto ang tutukuyin ukol sa paulit-ulit na pagaangkin niyaong mga nagiisip na sila ngayon ay nagtataglay ng mga mahimalang kaloob.

-Ang kasalukuyang “pagsasalita ng wika” ay halos paulit-ulit sa magkatulad na maigsi na mga pantig, hal. lala,lala,lala,shama,shama, Jesus,Jesus.....” Ito ay hindi palaugnayang nauugnay sa anumang wika; kung may nakakarinig ng isang nagsasalita ng banyagang wika; at karaniwang makikita na sila ay naguusap ng anuman sa pamamagitan ng anyo ng mga salitang kanilang ginagamit kahit na hindi natin nauunawaan ang mga salitang ito. Subali’t ang makabagong nagsasalita ng wika ay hindi nagpapakita nito, pansinin na ang mga katotohanang ito ay hindi nagbibigay ng ikakatibay, na siyang layunin ng mga kaloob noong unang siglo.

-Ang ibang mga “Pentecostal” ay nagaangkin na ang pagsasalita ng wika ay tanda ng “pagkaligtas” kaya’t ito ay kasama ng bawa’t tunay na pagbabalik-loob. Ang pagaangking ito ay tumutungo sa matinding pagkakaiba kaysa sa larawan ng sinaunang iglesia bilang isang katawan, na alinman sa mga tumataglay ng iba’t-ibang kaloob ay katulad ng iba’t-ibang bahagi. Hindi lahat ay bisig, o paa at gayundin hindi lahat ay umaangkin ng isang kaloob lamang, hal. mga wika. Ang 1Cor.12:17, 27-30 ay nagliliwanag nito:

“Kung ang buong katawan ay pawang mata, saan naroroon ang pakinig? Kung ang lahat ay pawang pakinig, saan naroroon ang pangamoy.....Kayo nga ang katawan ni Cristo, at bawa’t isa’y samasamang mga sangkap niya. At ang Dios ay naglagay ng ilan sa iglesia, una-una’y mga apostol, ikalawa’y mga propeta, ikatlo’y mga guro, saka mga himala, saka mga kaloob na pagpapagaling, mga pagtulong, mga pamamahala, at iba’t-ibang wika. Lahat baga’y mga apostol? Lahat baga’y mga propeta? Lahat baga’y mga guro? Lahat baga’y mga manggagawa ng mga himala? May mga kaloob na pagpapagaling baga ang lahat? Mangagsasalita baga ang lahat ng wika, lahat baga ay nangagpapaliwanag?

Magkatulad na punto ang naunang ginawa sa kabanatang yaon:-

“Sapagka’t sa isa sa pamamagitan ng Espiritu ay ibinibigay ang salita ng karunungan, at sa iba’y ang salita ng kaalaman ayon din sa Espiritu. At sa iba’y ang pananampalataya sa gayon ding Espiritu; at sa iba’y ang mga kaloob na pagpapagaling sa iisang Espiritu. At sa iba’y ang pagawa ng mga himala at sa iba’y hula, at sa iba’y ang pagkilala sa mga espiritu; at sa iba’y ang iba’t-ibang wika; at sa iba’y ang pagpapaliwanag ng mga wika. Datapuwa’t ang lahat ng ito ay ginagawa ng isa at ng gayon ding Espiritu, Na binabahagi sa bawa’t isa ayon sa kaniyang ibig. Sapagka’t kung Papaanong ang katawan ay iisa, at mayroong maraming mga sangkap, at ang lahat ng mga sangkap ng katawan, bagama’t marami ay iisang katawan; gayon din naman si Cristo” (1Cor. 12:8-12).

Ang ganitong pagpapahalaga ay hindi basta maisantabi.

Ang isang problema para sa pangangatuwiran ng mga Pentecostal ay si Felipe ay nakapagpabalik-loob ng mga maraming tao sa Samaria- sila’y binautismohan sa tubig pagkatapos maunawaan ang Evangelio; datapuwa’t hindi nila natanggap ang mga kaloob ng Espiritu; sapagkat pagkatapos nito, pumaroon sa kanila sina Pedro at Juan: Na nang sila’y makalusong, ay ipinanalangin nila sila, upang kanilang

tanggapin ang Espiritu Santo.....Nang magkagayo'y ipinatong sa kanila ang kanilang mga kamay, at kanilang tinanggap ang Espiritu Santo. Nang makita nga ni Simon na sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng mga apostol ay ibinigay ang Espiritu Santo”(Mga Gawa 8:4-18). Maari lamang na ang pagsasalin ng mga kaloob ng Espiritu ay sa pamamagitan lamang ng pagpapatong ng mga kamay, na hindi palagiang ginagawa ng mga makabagong umaangkin.

Ang ibang mga Pentecostal ay nagsasabi na ang pagsasalita ng wika ay hindi patotoo ng pagkakaligtas. Ito ay nagpatotoo sa katotohanang may mga pangunahing pagkakaiba sa yaong mga nagaangking tumataglay ng mga kaloob.Kaya'y ang ibang mga “charismatics” ay naniniwala na ang kaharian ng Dios ay dito sa lupa, habang ang iba nama'y nagsasabing sa langit. Ang mga “charismatics” na Katoliko ay umaangking ang Banal na Espiritu ay nagpapahayag sa kanila upang sambahin si Maria at ang Papa, habang ang ibang Pentecostal na “charismatics” ay nagsasabing ang pagtataglay ng Banal na Espiritu ay naguutos sa kanila upang tuligsahin ang Papa bilang anti-Cristo, at isumpa ang aral ng Katoliko. Subali't ipinahayag ni Jesus ng walang kaduda-duda na yaong nagtataglay ng Mangaaliw”gayon ma'y kung siya, ang Espiritu”.....ay papatnubayan, “sa buong katotohanan.....sa araw na yaon ay hindi (kinakailangan) kayo magtatanong sa akin ng anomang tanong.....ang Mangaaliw.....siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpaalala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi” (Jn 16:13,23; 14:26).

Kailangang walang anomang pagkahati sa mga Pangunahing Aral sa yaong mga nagtataglay ng Mang-aaliw- sa katotohanang mayroon, ay nagpapakita na yaong nagaangkin ng pagtaglay nito ay hindi basta tanggapin na may kahalagahan. Ang kapuna-punang walang kakayahan ang mga nagsisiangkin na patunayan sa Biblia ang kanilang mga paniniwala; ay nagpapakita na hindi sila napatnubayan sa buong katotohanan at lubos na kaalaman ng Mang-aaliw.

Ang malaking pagpapahalaga na iniugnay ng iba sa pagsasalita ng mga wika ay di-maitugma sa salaysay ng Bibilia. Ang talaan ng mga kaloob ng Espiritu sa Efeso 4:11 ay ni hindi nagbanggit nito, at lumilitaw sa hulihan ng kahalintulad na Talaan sa 1Cor.12:28-30. Sa katunayan, may tatlong pagkakataon lamang na naitala sa Bagong Tipan na kung saan ang kaloob ay nagamit (Gawa 2:4; 10:46; 19:6).

Ang pagaangkin ng pagsasalita ng wika at himala na nagagawa ng mga makabagong “charismatics” na Kristiano ay kailangang timbangin laban sa di-kakaunting kaalaman na aming iniharap sa pagaaral na ito tungkol sa gawain ng Espiritu ng Dios. Ang pangunahing punto na gagawin sa anumang mga pagaangkin ng nagawa ng mga ganoong mga tao, ay ang mga ito ay hindi bunga ng kanilang pagtataglay ng Banal na

Espiritu. Sinumang makipagtalo na sila'y nagtataglay ng mga kaloob, ay may malaking gawaing-bahay na gagawin sa pagsagot sa mga pangatuwirang "Biblical" na aming naiharap.

Gayun pa man, makatuwirang aasahan ang mga pagpapaliwanag kung bakit ang palatandaan ng mga bahagyang paggaling, at wika (sa pangahulugang "magulong-bulongang" pagsasalita) ay nangyayari.

Napatunayan na ang mga tao ay gumagamit lamang ng munting bahagi ng kanilang kapangyarihan-ng-utak- na mababa pasa 1% ayon sa ibang mga palagay. Kinikilala rin na ang pagiisip ay mayroong halos lubusang kapangyarihang-"physical" na nagpapasailalim sa katawan, kaya't sa pamamagitan ng pagiisip sa kanilang sarili sa paniniwalang ang apoy ay hindi nakakasunog, ang mga Hindu ay makapaglakad sa ibabaw ng apoy na walang saplot sa paa na hindi napapaso. Sa oras ng pagkasigla, maari nating gamitin ang malaking bahagi ng ating kapangyarihan-ng-utak kaysa sa pangkaraniwang pagkakataon, kaya't tayo ay may kakayahang makagawa ng pangyayaring-physical sa ating katawan na sa labas ng pangkaraniwang karanasan. Kaya't sa kasagsagan ng labanan, hindi namamalayan ng isang sundalo na ang kaniyang kamay ay naputol na kundi pagkalipas pa ng ilang oras.

Sa mga kalagayan ng matinding-pangrelihiyong-paniniwala at sa pagpapasigla ng isang tugtugin, at sa kapangyarihan ng isang mapang-akit na pinuno, ay lubos na maaring ang mga bagay na nasa labas ng sakop ng pangkaraniwang karanasan ay mangyayari. Ang “himala” na inaangkin ng mga “Kristiano” sa ngayon ay nasa katulad na kaayusan ng mga kabalaghang karanasan ng ibang relihiyon; kaya’t ang nagsasamba ng Voodoo ay nakakaranas ng kahalintulad na pangyayari ng “magulong-bulongang” pagsasalita, at ang mga Muslim ay makapagpatunay ng “mga himala” na nasa katulad na hanay sa mga inaangkin ng mga makabagong Kristiano. Subali’t ang buong diwa ng mga kaloob ng Espiritu na tinataglay noong unang siglo ay upang ipakita ang kapansin-pansin na pangigingibabaw ng tunay na Kristianismo kaysa sa lahat ng mga relihiyon. Sa katunayang ang mga “himala” ng mga kasalukuyang Kristianismo ay katulad sa antas niyaong ibang mga relihiyon, ay nagpapakita na ang mga kaloob ng Banal na Espiritu noong unang siglo ay hindi na taglay sa ngayon.

Mas mahalagang kaalaman sa gawaing ito ang ipinahayag sa “Pentecostalism” ni William Campbell (The Church of Christ, 1967). Kaniyang ipinakita na maraming mga paganong relihiyon ang may katulad na tampok ng pagsasalita ng wika. Kaya’t sa Kawaii, ang saserdote ng dios na si Oro ay pinapalagay na naghahayag ng kaniyang kalooban sa pamamagitan ng di-matatanging ingay na ipinapaliwanag ng ibang saserdote. Ganyan na ganyang pagkakatulad ang mga nangyayari sa mga pagtitipon ng mga Pentecostal.

Ang patuloy na pananaig ng Islam kaysa sa Kristiano sa karamihan sa Africa ay totoong di-makikita kung ang bantog na Kristianismo ay makagawa ng tunay na himala na may timbang at nakapabalik-loob na kapangyarihan tulad ng sa unang siglo. At ang lahat ng tunay na tumataglay ng “Mang-aaliw” ng kaloob ng Banal na Espiritu ay makagawa ng “mas lalong dakilang gawa” kaysa sa ginawa na ni Jesus (Jn.14:12, 16). Ang pangangatuwiran na ang mga Kristiano ay makagawa ng ganoong mga himala kung

sila ay may higit na pananampalataya, ay makakasumpong ng mga malalaking suliranin dito. Alinman sa na-sila’y nagtataglay ng mahimalang kaloob ng Mang-aaliw , o hindi, at kung aariin nilang sila’y nagtataglay- “at lalong dakilang mga gawa kay sa rito ang gagawin niya” (Jn. 14:12)- hindi “na maaring magagawa”.

2.5 Ang Biblia ang Tanging Sanggunian

Mula sa ating nakita na naaabot ng araling ito, ang Espiritu ng Dios ay tumutukoy sa Kaniyang kaisipan at adhikain, at sa kapangyarihan na kung saan pinapakilos Niya ang mga bagay

na ito. Ating binigyang-diin na ang espiritung ito ay maliwanag na ipinahayag sa atin sa mga pahina ng Salita ng Dios. Ang maraming suliranin ng Kapanahunang-Kristianismo ay napasailalim lahat sa isang salat na pagkukulang ng pagpapahalaga nito. Sa kadahilanang mahirap paniwalaan na ang ganoong kadakilang kapangyarihan ay napasa-sa-isang aklat, na ang mga bahagi nito ay ating nasumpungang mahirap unawain, nakapanukso na maranasan na may ibang anyo ng pagpapahayag ng Dios sa tao, maliban sa Biblia. Sa dahilan ng ating pangunahing depektebong kalikasang-tao (Jer.17:9) na ang dalisay na katotohanan ng Salita ng Dios (Jn 17:17) ay mahirap sikmurain, marami ang bumigay sa ganitong tukso sa pamamagitan ng pagaangkin ng mga iba't ibang anyo ng pagpapahayag na mas nakakaakit sa kalikasang-kaisipan. Ilang mga halimbawa ang sa ngayon ay ibibigay:-

Mormons	Ang Aklat ng Mormons	Kinukuha nito ang pangangailangang maniwala sa mga aral ng pagkakataon sa kaligtasang-panglahat, habang ang Biblia ay nagsasabing marami sa mga tao na nabuhay at namatay na walang pagasa sa pamamagitan ng hindi pagkatawag sa kaalaman ng Evangelio.
Charismatic Na Kritianismo	Ang “saloobing-ilaw na sinasabing ito ang Banal na Espiritu	Kanilang pinaniwalaan na anumang kanilang naramdaman ay tama, iniisip na ang Espiritu ng Dios ang gumagabay at nagpapasigla sa kanila sa mga pamamaraan ang walang kaugnayan sa Biblia.

Ang lahat ng mga ito ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa pangunahing pagtanggap ng Biblia bilang Salita ng Dios, at saliksikin ang mga pahina nito para sa totoong kalatas nito. Ang katanungan, Iisang Biblia, Maraming Iglesia- Bakit? ay malawakang masagot kung mapupuna ng kung papaanong ang bawat iglesia ay , sa magkakaibang antas ay nagaangkin ng ibang anyo ng pagpapahayag ng Espiritu ng Dios, yaong Kaniyang kalooban, aral at kaisipan, na karagdagan sa nasa Biblia.

Kung nais mong masumpungan ang iisang tunay na iglesia, iisang tunay na pananampalataya, at ang iisang tunay na bautismo (Ef. 4:4-6) ang tawag ay maririnig mong malakas at malinaw- “Bumalik sa Biblia!”

Pagsalungat 4: Ang Banal na Espiritu ba ay isang Persona?

Ang Araling 2.1 at 2.2 ay nagbigay ng sapat na katunayan na ang Espiritu ng Dios ay tumutukoy sa Kaniyang kapangyarihan, na nagpapakita ng Kaniyang ‘kaisipan’ sa isang malawak na pamamaraan. Dahil ang pamaraan ng paggalaw ng Espiritu ng Dios ay isang napakatumpak na tagapagsalarawan ng diwa at personalidad ng Dios, ipinangatuwiran ng marami na ang Espiritu ng

Dios ay isang persona na Dios rin. Sa maingat na pagbasa-muli sa mga nakaraang bahagi ay magpapakita na ang Espiritu ng Dios ay ang Kaniyang kaisipan at kapangyarihan, at kung sa ganoon, walang pamamaraan na ang isang isip o kapangyarihan ay maging isang persona. Ang electricidad ay isang di-makitang kapangyarihan na makagawa ng isang resulta para sa taong namamahala nito, subali't ito ay hindi maging isang persona. Ang Espiritu ng Dios ay sumasaklaw sa Kaniyang pagibig, bilang bahagi ng Kaniyang ugali, at tumutukoy din sa Kaniyang kapangyarihan, subali't hindi sa anumang paraan ay tumutukoy sa isa na bukod sa Kaniya.

Halata at kapuna-puna tulad nitong maling-pananaw (na ang Espiritu ay isang persona) na lumalabas, pinapaniwalaan ng karamihan sa mga "Kristiano", sa makitang sila ay naniniwala sa aral ng "trinity". Ito ay lumalabas na nagpapahayag na may tatlong Dios na sa papaanuman ay iisa rin- Ang Dios Ama, ang Espiritu Santo at si Jesus. Ito rin na mga tao ang nagsasabing ang Dios ay hindi isang persona, subali't sinasabi nila na ang Espiritu Santo ay isang persona; may tuwirang pagsalungat dito. Ito rin ay magpapakita na ang Espiritu Santo ang ama ni Jesus.

May mabuting dahilan upang paniwalaan na ang "trinity" sa panimula ay isang kaisipang pagano na inangkat sa Kristianismo- kaya't ang salitang ito ay hindi mababasa sa Biblia. Pagkatapos tanggapin ang kaisipang ang Dios ay isang "trinity", ang mga Kristiano ay napilitang humantong sa tiyak na kakatwang palagay na sa papaanuman ang kapangyarihan/espiritu ng Dios ay isang persona, na Dios rin, kahit na hindi Dios. Kapag iniharap sa kawalang-katuwiran ng

kanilang panindigan, ang pinakatanyag na landas sa pagiwas ay ang pagsasabi ng mga taong ito na ang Dios ay isang hiwaga, na ating tanggapin ang mga bagay na ito ng may pananampalataya na hindi nangangailangan ng matuwid na paliwanag.

Tahasang nakaligtaan nito ang mga pagbanggit sa Bagong Tipan sa hiwaga ng Dios na inihayag sa pamamagitan ng salita at gawa ni Cristo.

“Sapagka’t hindi ko ibig, mga kapatid, na di ninyo maalaman ang hiwagang ito” (Rom. 11:25).

“Sa pangaral ni Jesucristoayon sa pahayag ng hiwaga” (Rom. 16:25).

“Narito, sinasaysay ko sa inyo ang isang hiwaga.....” (1Cor. 15:51).

“Na ipinakilala niya sa atin ang hiwaga ng kaniyang kalooban” (Ef. 1:9; 3:3).

Ang pangangaral ni Pablo ay “upang ipakilalang may katapangan ang hiwaga ng Evangelio” (Ef. 6:19; Col.4:3).

“Ang hiwagadatapuwa’t ngayo’y ipinahayag sa kaniyang mga banal” (Col.1:26, 27).

Sa lahat ng pagbigay-diin na ito, na ito ay ang sa ngayon ay wala ng hiwaga ukol sa mga pangunahing aral, yaong mga nasa kadiliman pa rin ang nagsasabing meron pa. At yaong mga taong ito ba ay hindi nababahala na ang tawag ng Biblia sa “Babilonia”, ang sistema ng bulaang relihiyong inilarawan sa Apocalipsis, ay “Hiwaga” (Apoc. 17:5)? Ang hayag na pagkakilanlan ay na ang sistemang ito ay nagpapahayag na ang mga paniniwala nito ay isang hiwaga, subalit naunawaan ng tunay na mananampalataya ang hiwaga ng babaeng iyon. (Apoc. 17:7).

Ang ganoong malabong pangangatuwiran ay, siyang aasahan mula sa mga taong nagbabatay ng kanilang kaalaman sa Dios sa pamamagitan ng pagpasailalim sa mga bagay tulad ng karanasan ng tao, o sa malabo, di-maipaliwanag na gawain ng mga panlabas na espirtual na lakas nasa kanilang mga kaisipan. Kung tayo ay inaasahang maging tunay na mapagpakumbaba sa mga turo ng salita ng Dios, nangahulugan din na tayo ay kinakailangang gumamit ng

saligan ng kapangyarihan ng paliwanag at pangangatuwiran upang matuklasan ang kalatas nito.

Wala ni sinoman sa mga nangangaral ng Evangelio, na nakasulat sa Biblia, na manga ilangang magsabi na “ito ay isang lubos na hiwaga, hindi mo mapasimulang unawain ito”. Sa halip, ating mababasa na sila’y nananawagan sa mga tao sa pamamagitan ng pangatuwiran at pagkuha ng mga matuwid na palagay mula sa kasulatan.

Sa kanilang pangangaral ng uri ng mga pangunahing aral ng Evangelio na ating isaalang-alang sa mga Araling ito, si Pablo ay “nangatuwiran sa kanila sa mga kasulatan” na binubuksan at pinatunayan na kinakailangang si Cristo ay maghirap, at muling mabuhay sa mga patay” (Gawa 17:2-3). Dito ay ang isang maayos, makatuwirang pangangatuwiran mula sa Biblia na walang kapantay sa kahusayan; at ang nakasulat ay pinangunahan ng pangungusap na “ Si Pablo, ayon sa ugali niya ay nangatuwiran.....” Ito samakatuwid, ang kaniyang palagiang pamamaraan (tunghayan sa Mga Gawa 18:19). Alinsunod nito, sa panahon ng dakilang pamamahayag sa Corinto, si Pablo ay “nangatuwiran tuwing sabbath sa sinagoga, at hinihikayat ang mga Judio.....(datapuwa’t) nang sila’y magsitutul.....” (Gawa 18:4-6). Ang mga napabalik-loob ay dumaan sa isang kaparaanan ng paghihikayat na batay-sa-Bibliang pangangatuwiran ni Pablo; dito ay walang “pangitain ni Jesus sa aking higaan”, “isang di-mapaliwanag na damdamin

ang sumasaakin “, “isang gabi na aking nakasalubong ang Panginoon”.

Pansinin din, na ang kinasihang nakasulat ay nananawagan sa lohika at pangangatuwiran sa pamamagitan ng pagtukoy na “sila’y magsitoto”. Gayundin sa Antioquia, si Pablo at Bernabe “na sa pagsasalita (ng salita) sa kanila, at sila’y hinimok.....” (Gawa 13:43). Ang kasunod na kanilang hininto-an ay ang Iconio, na kung saan sila’y “nangagsalita ng gayon na lamang na anopa’t nagsisampalataya ang lubhang marami.....”(Gawa 14:1). At habang siya’y tumayo sa paglilitis para sa kaniyang buhay sa nakalipas na sandali, ang ganoong uri ng kahanga-hangang lohika ang patuloy na nagpapasigla kay Pablo sa tiyak na pag-asa sa hinaharap; “Siya’y nagsasalaysay tungkol sa katuwiran, at sa sariling pagpipigil, at sa paghuhukom na darating” ng may mahayap na kalinawan na kahit na ang mapangutya, at ang walang pakialam na hukom “ay nangilabot” (Gawa 24:25).

Dahil ang ating pagbabalik-loob ay kailangang mababatay sa ganoong paraan ng pangangatuwiran, tayo’y kailangang makapagbigay ng isang lohikal na salaysay mula sa Biblia ng ating pagasa at aral:-

“na lagi kayong handa ng pagsagot sa bawa’t tao na humihingi sa inyo ng katuwiran tungkol sa pag-asang nasa inyo” (1Pedro 3:15).

Sa pagsasalita ng mahinahon na tinig ukol sa mga sariling karanasan ay hindi isang pagbibigay ng katuwiran ng pag-asa ng Evangelio. Ang patuloy na umasa sa “sariling patunay” bilang isang pamamaraan ng pangangaral ng maraming Kristianong “evangelicals” ay naghahayag ng kawalan ng “makatuwirang sagot” tungkol sa kanilang “pagasa”. Isang buong talatinigan ang nabuo sa loob ng ganoong mga Kristiano upang sila’y maka “pagbahagi sa anomang nagawa ng Panginoon sa kanilang buhay” atbp. Ang ganoong sariling anecdota ay maliwanag na kaiba sa mga salita ni Pablo “sapagka’t hindi namin ipinangangaral ang aming sarili, kundi si Cristo” (2Cor.4:5)- kaysa sa taong may “isang sariling kaugnayan kay Jesus” na mas higit kaysa sa anopaman.

Ang lohikal, at batay sa Bibliang matuwid na pamaraan ng ating pagbalik-loob ay magbibigay ng isang tularan para sa ating malawak na pakipag-ugnayan sa Dios sa nalalabi pa nating mga araw. Ang ating halimbawa, tuwi-tuwina, ay ang mga unang Kristiano na gumamit ng “pangatuwiran” upang matukoy ang mga kasagutan sa kanilang pampamahalang suliranin (Gawa 6:2). Ang mga sulat sa Bagong Tipan ay nagpapalagay na ang kanilang mambabasa ay tatanggap nito sa paggamit ng Biblia na may lohika. Kaya’t sa “katuwiran ng” kung papaano ang mga mataas na Saserdote ay kahalintulad sa ilalim ng kautusan ni Moises, ating naunawaan ang mga

detalye ukol sa gawain ni Cristo (Heb.5:3). Pagkatapos na masabi ang higit na pagmamahal ng Dios kay Cristo, iginiit ni Pablo na ito ay “inyong katampatang (logikos sa Griego-lohiko) pagsamba” sa pag-alay ng ating sarili ng buo sa kaniya bilang kasagutan (Rom. 12:1). Ang salitang “logikos” ay nagmula sa salitang Griegong “logos” na siyang salitang palagiang isinaling “ang salita” na tumutukoy sa salita ng Dios. Ang ating “lohikal” na tugon sa mga alituntunin ng Biblia samakatuwid ay yaong nagmula sa Salita ng Dios.

Sa kaliwanagan ng lahat ng ito, maging malinaw na hindi lohikal ang pagsasabing ang Espiritu ng Dios ay isang persona na hindi isang Dios subali't ito'y Dios- at sa pagsalungat nito sa pamagitan ng pagsabing ang kabuuang ito ay mahiwaga, at ang lohika ay walang kaugnayan, ay di basta katanggap-tanggap ayon sa Biblia. Kung hindi tayo makakuha ng lohikal na palagay mula sa mga kasulatan, samakatuwid ang lahat na pagaaral ng Biblia ay walang saysay, at ang Biblia ay hindi kailangan, na maituring na lang na tulad ng matamis na kasabihan o isang nakakahalinang panitikan. Ito ang pangkalahatang pakiwari sa maraming lagayan ng aklat ng maraming mga Kristiano.

Gayon pa man, sa kapurihan nila, ang ibang naniniwala na ang Espiritu ng Dios ay isang persona, ay nagsusumikap na magbigay ng mga paliwanag ayon sa Biblia. Ang mga talata na binabanggit ay yaong nagsasalita ukol sa espiritu ng Dios sa

salitang personal, hal. tulad ng “Ang Mangaaliw” sa Jn.14-16, o sa pagtutukoy sa espiritu na “nalulungkot”.

Ating ipakita sa Araling 4.3 na ang espiritu ng tao ay namuhi (Gawa 17:16); nagulumihan (Gen.41:8); o nagalak (Lucas 10:21). Ang kaniyang “espiritu”, yaong kaniyang pinakadiwa, ang kaniyang isip at layunin, na siyang pinagmulan ng kaniyang mga galaw, anupa’t sinasabi bilang isang hiwalay na persona, subali’t sa katotohanan, ito ay hindi literal. Ang espiritu rin ng Dios ay matatawag sa ganoon ding pamaraan.

Kailangang maunawaan din na ang Biblia ay palagiang gumagamit ng pangungusap ng pagsasatao kung nagtatalakay ukol sa “abstract” na mga bagay; hal. ang karunungan ay tinutukoy bilang isang babae sa Kawikaan 9:11. Ito ay nagpapakita sa atin sa kung papaanong ang isang taong may karunungan ay maging sa buhay; ang karunungan ay wala maliban sa nasa utak ng tao, kaya’t ang ganitong pamaraan ng pagsasatao ay ginagamit. Dagdag pa rito, tingnan ang Ikalimang Pagsalungat, “Ang Panuntunan ng Pagsasatao”.

Pagkasalungat 5: Ang Panuntunan ng Pagsasatao

Matunghayang mahirapan ang iba sa pagtanggap ng paliwanag ng pagsasatao ng kasamaan, sa dahilang ang kasamaan ay malimit tukuyin sa Biblia bilang isang persona at ito marahil ay makalilito sa maraming tao. Ito ay madaling maipaliwanag sa pamamagitan ng paghimatong na kinikilala na katangian ng Biblia na ang mga walang buhay o hindi nabubuhay na mga bagay tulad ng karunungan, kayamanan, kasalanan, ang iglesia ay isinasatao, subali't sa usapin lamang ng kasamaan na ang maraming kakatuwang kuro-kuro ang hinabi sa palibot nito. Ang mga sumusunod na halimbawa ay magpapakita ng puntong ito:

Ang Karunungan ay Isinasatao

“Mapalad ang tao na nakasumpong ng karunungan, at ang tao na nagtuturo ng kaunawaan. Sapagkat ang kalakal niya ay maigi kaysa kalakal na pilak. Mahalaga nga kaysa mga rubi, at wala sa mga bagay na nananasa mo na maihahlintulad sa kaniya” (Kawikaan 3:13-15).

“Itinatayo ng karunungan ang kaniyang bahay, kaniyang tinabas ang kaniyang pitong haligi. (Kawikaan 9:11).

Ang mga talatang ito, at pati ang mga natira pa sa kabanatang nabanggit na kanilang pinaglabasan, ay nagpakita na ang karunungan ay isinasatao bilang isang babae, ngunit dahil dito, walang sinomang may isip na magiisip na ang ang karunungan ay isang literal na magandang babae na gumagala sa buong mundo; batid ng lahat na ito ay isang kanais-nais na ugali na dapat mapasalahat ng tao.

Ang Kayamanan ay Isinasatao

“Sinoma’y hindi makapaglilingkod sa dalawang panginoon; sapagka’t kapopootan niya ang isa at iibigin ang ikalawa: o kaya’y magtatapat siya sa isa, at pawawalang halaga ang ikalawa. Hindi kayo makapaglingkod sa Dios at sa mga kayamanan”(Mat. 6:24).

Inihalintulad dito ang kayamanan sa isang panginoon. Maraming mga tao ang maiging nagsisikap upang makamit ang kayamanan at sa pamaraang ito sila'y naging panginoon nila. Dito ay sinasaysay ni Jesus na hindi natin magawa ito at maglingkod sa Dios na katanggap-tanggap sabay-sabay. Ang turo ay madaling unawain at mabisa, subali't walang isa ang magpapalagay mula rito na ang kayamanan ay isang taong ipinangalanang "Mammon".

Ang Kasalanan ay Isinasatao

".....Ang bawa't nagkakasala ay alipin ng kasalanan" (Jn.8:34). "Kung papaanong ang kasalanan ay naghari sa ikamamatay" (Rom.5:21). "Hindi baga ninyo nalalaman, na kung kanino ninyo inihahandog ang inyong mga sarili na pinakaalipin upang tumalima at kayo'y mga alipin niyaong inyong tinatalima, maging ng kasalanan sa ikamamatay maging ng pagtalima sa ikapagiging matuwid?" (Rom.6:16).

Tulad ng sa usapin ng kayamanan, ang kasalanan ay inihalintulad dito sa isang panginoon at yaong nagkakasala ay ang kaniyang mga alipin. Walang matuwid na pagbabasa sa siping ito ang matuwiring ipalagay na itinuturo ni Pablo na ang kasalanan ay isang persona.

Ang Espiritu ay Isinasatao

"Gayon ma'y kung siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan:sapagka't hindi siya magsasalita ng mula sa kaniyang sarili" (Jn. 16:13).

Dito ay sinasabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad na sila'y tatanggap ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, at ito'y nangyari sa araw ng Pentecoste, na nakasulat sa Gawa 2:3-4, na kung saan ipinapahayag na "at sa kanila'y napakitang mga dilang kawangis ng apoy, na nagkabahabahagi ; at dumapo sa bawa't isa sa kanila. At silang lahat ay nangapuspos ng Espiritu Santo, na nagbigay sa kanila ng kapunapunang kapangyarihan upang gumawa ng kamangha-manghang mga bagay upang patotohanan na ang kapangyarihang nasa kanila ay mula sa Dios. Ang Espiritu Santo, ay hindi isang persona ito ay

isang kapangyarihan, subali't kung tatalakayin ito ni Jesus, kaniyang ginagamit ang personal na panghalip na "siya".

Ang Kamatayan ay Isinasatao

"Narito ang isang kabayong maputla, at ang nakasakay dito ay may pangalang kamatayan" (Apo. 6:8).

Ang Bayang Israel ay Isinasatao

'Muling itatayo kita, at ikaw ay matatayo, Oh dalaga ng Israel: muli na ikaw ay magagayakan ng iyong pandereta....."(Jer. 31:4). "Tunay na aking narinig ang Ephraim na nananaghoy sa kaniyang sarili ng ganito; Inyong pinarusahan ako, at ako'y naparusahan na parang guya na hindi hirati sa pamatok; papanumbalikin mo ako at ako'y manunumbalik sa iyo, sapagka't ikaw ang Panginoon kong Dios" (Jer. 31:18). Ang nilalaman nitong mga sipi ay nagpapahayag ng maliwanag na ang propeta ay hindi tumutukoy sa isang literal na dalaga o sa Ephraim bilang isang tao, kundi sa bayan ng Israel, na sa pagkataong ito ay isinasatao, sa katulad na kaugalian na ang Dakilang Britania ay minsan ay isinasatao bilang "Britannia" o "John Bull". Walang sinumang tao na tulad ng babae't-lalakeng ito, ngunit kung sila'y tutukuyin sa mga aklat o isalarawan sa mga larawan naunawaan ng lahat na ang pinangangahulugan ay ang Dakilang Britania.

Ang Mga Mananampalataya kay Cristo ay Isinasatao

"Hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya at pagkakakilala sa Anak ng Dios, hanggang sa lubos ng paglaki ng tao, hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo". (Ef.4:13). "May isang katawan" (Ef.4:14). "Kayo ang katawan ni Cristo, at bawa't isa'y sama-samang mga sangkap niya" (1Cor.12:27). "Gaya naman ni Cristo na pangulo ng iglesia;na siya rin ang tagapagligtas ng katawan" (Ef.5:23). "At siya ang ulo ng katawan, samakatuwid baga'y na iglesia....Ngayo'y nagagalak ako sa aking mga hirap dahil sa inyo, at aking pinupunuan sa akin ang kakulangan ng mga hirap ni Cristo sa aking laman dahil sa kaniyang katawan, na siyang iglesia" (Col.1:18, 24). "Sapagka't

kayo'y aking pinapagasawa sa isa, upang maiharap ko kay Cristo na tulad sa dalagang malinis"(2Cor.11:2). "Sapagka't dumating ang pagkakasal ng Cordero, at ang kaniyang asawa ay nahahanda na" (Apoc. 19:7).

Malinaw na ang lahat ng mga talatang ito ay tumutukoy sa lupon ng mga taong tunay na mananampalataya kay Cristo, na kung minsan ay tinutukoy na "ang iglesia", kahima't di mapagkamalan sa anumang mga kinikilalang iglesia sa ngayon, na matagal nang huminto sa pagiging tunay na mananampalataya kay Cristo. Ang tunay na mananampalataya, samakatuwid, ay yaong tumatangan at naniniwala sa tunay na mga aral na itinuturo sa Biblia, ay tinutukoy na isang "dalagang malinis", na nagpapahiwatig ng dalisay na buhay na kanilang isinasabuhay, at bilang isang "katawan", isang nararapat na anyo sa dahilang ang isang likas na katawan ay may maraming gawain; kaya't ang tunay na iglesia ay may maraming tungkulin at gumagawa ng iba't -ibang mga gawain. Kapag ang iglesia ay tinutukoy bilang isang "katawan" hindi mapagkamalan na ito'y isang tao, o mapagkamalan nila ang masasama o satanas sa isang kakatuwang halimaw o nagkasalang anghel kung ang mga salita ay isinalin ng matuwid, o kung ang mga lalake at mga babae ay hindi nagkaroon ng maling kaisipan na nakuha mula sa mga bulaang iglesia sa paglipas ng panahon.

Hinalaw mula sa "Christendom Astray" ni Robert Roberts.

Pagkasalungat 6: Calvinismo

Sa mga ilang daang taon na nakalipas, si Calvin ay nagturo ng palagay na may paglalaan ng ating buhay, na ang ating kusang-loob na pasiya ay walang bisa para sa ating kaligtasan; na tayo ay nailaan na sa kaligtasan o sa di-pagkatanggap. Ang palagay na ito ay muling lumitaw sa ilang mga makabagong kaisipan:

- 📖 Na walang saysay ang paggawa ng masusing pagaaral ng Biblia o ng relihiyon dahil kong tayo ay maliligtas, tayo nga ay maliligtas.
- 📖 Na may isang katauhang tinatawag na diablo na pumipilit sa atin sa pagkakasala at nagdadala ng mga suliranin sa ating buhay na walang kaugnayan sa ating sariling kalooban. Ang maling palagay ay tatalakayin sa Araling Ika-anim.
- 📖 Na walang kailangang humingi sa Dios ng gabay sa mga katayuan sa buhay, hal. sa pag-ingat kung naglalakbay, dahil ang lahat nama'y nalalaan na. Ang sangli butan ay may isang kasabihan, na palaging maririnig sa mga paalis-na-silid-pahi ngahan ng paliparan; "Kung ang iyong bilang ay darating, ito'y darating".
- 📖 Ang mga "Iglesiang Evangelical" ay nagtuturo na hindi maaring mananampalataya o makakaunawa sa Biblia kung walang Espiritu Santo nagagawa nito sa atin.

May maraming mahusay na katuwiran mula sa Biblia upang di-tanggapin ang ganitong uri ng pilosopiya: Ito ay nagpapawalang saysay sa buong palagay ng pagkamasunurin sa Dios. Patuloy tayong sinasabihan sa Biblia na ating sundin ang mga utos ng Dios, na sa paggawa nito tayo ay makapagbigay kasiyahan, o di kanaisnais sa Kaniya. Ang palagay na ito ukol sa mga kautusan, ay walang saysay kung pinipilit tayo ng Dios upang maging masunurin. Si Cristo ay nagaalok ng kaligtasan "ng lahat na mga nagsisitalima sa kaniya" (Heb. 5:9).

- 📖 Ang Hebreo 11 ay nagpapakita na ang pakikialam ng Dios sa ating buhay at pagkatapos ang pagbibigay ng kaligtasan ay nauugnay sa ating pananampalataya. Ang maraming mga halimbawa sa Biblia ng mga nananalangin sa Dios upang mailigtas sa oras ng kagipitan ay walang katuturan kung ang lahat ay nakalaan na. Gayundin, ang palagay sa kaligtasan na siyang bunga ng ating pananampalataya kay Cristo ay naging walang saysay.

- 📖 Ang bautismo ay pangunang-kailangan sa kaligtasan (Mar.16:16; Jn.3:3-5).Ito ay hindi tinatanggap ng mga naniniwala sa Calvinismo. Datapuwa't nagkakaroon ng kaligtasan ng dahil sa ginawa ni Cristo (2Tim.1:10, at hindi ng dahil sa abstract na akala ng pagkakalaan. Ating may-kamalayang piliin na iugnay ang ating sarili sa kaniya na ating magagawa sa pamamagitan ng bautismo. Ang Roma 6:15-17 ay nagsasabi ukol sa ating pagpalit ng Panginoon sa bautismo, mula sa buhay ng pagkasala tungo sa isang may pagkamasunurin, “na kung kanino ninyo inihandog ang inyong mga sarili na pinakaalipin upang tumalima at kayo’y mga alipin niyaong inyong tinatalima”. Itong salita ng paghahandog ng sarili ay malinaw na nagpapahiwatig ng kusang loob na salungat sa walang pasubaling pagtatalaga. Ang paghahandog ay sa pamamagitan ng pagtatalima mula sa puso ng mga aral ng Evangelio (Rom. 6:17).
- 📖 Walang katuturan ang pagsasabi ng Dios ng Kaniyang mga salita, kung tayo sa katapusan ay nakatalaga na. Wala ring katuturan ang pangangaral; subali't ang Biblia, kapwa sa utos at sa pagtala ng mga halimbawa nito, ay nagpapakita na sa pamamagitan ng pangangaral ng salita ang mga lalake at mga babae ay makasumpong ng kaligtasan. “Ang salita ng....kaligtasan” (Gawa 13:26) ay kailangang mapapasa mga tao.
- 📖 Tayo ay hahatulan ayon sa ating mga gawa (Apoc. 22:12). Bakit, kung ang ating kusang-loob na mga gawa ay hindi mahalaga kaugnay sa kaligtasan? Sinabi ni Pablo na hinatulan ng mga Judio ang kanilang sarili na di-karapatdapat sa buhay na walang hanggan sa kanilang di-pagtanggap ng salita ng Dios (Gawa 13:46). Kanilang hinatulan ang kanilang sarili- hindi sila pinipigilan ng ng Dios. Kung ating sabihin na itinalaga ng Dios ang ibang tao sa kaligtasan at ang iba nama’y sa kihatulan, kung gayo’y mabisang pinipilit ng Dios ang tao upang maging makasalanan, sa gayon ding pamaraan na pinapalagay na Kaniyang pinipilit ang tao upang maging matuwid. Ng dahil sa pagkakasala ni Adam “at ang kamatayan ay naranasan ng lahat

ng mga tao, sapagka't ang lahat ay nangagkasala" (Rom. 5:12). Dahil dito ang mga tao'y namamatay, bilang parusa sa kasalanan (Rom. 6:23) at hindi sa pagpipilit ng Dios sa kanila upang maging makasalanan noong unang panahon bago magkasala si Adam.

- 📖 Sa 1Cor 10 at sa marami pang ibang mga sipi ay nagpapakita ng halimbawa niyaong unang panahon na unang nagkaroon ng kaugnayan sa Dios, subalit pagkatapos ay nahulog sa pagkasala, bilang babala sa mga mananampalataya. Ang katotohanan na pwedeng "nangahulog kayo mula sa biyaya" (Gal. 5:4) ay nangahulugang hindi magkaroon ng 'mingsang maligtas ay patuloy na ligtas' na panuntunan ng kaligtasan na kinakailangan ng Calvinismo. Sa pamamagitan lamang ng patuloy na paghahawak sa tunay na aral tayo ay maliligtas (1Tim.4:16).
- 📖 Maliwanag na itinuro ni Jesus na ang pagunawa sa Salita ng Dios sa isang dako ay nakasalalay sa kusang loob na pagpupunyagi. "Unawain ng bumabasa" (Mat. 24:15). Kaya't ating inuunawa ang salita- hindi tayo pinipilit. May pagkakatulad nito at sa palaging inuulit na salita ni Jesus na "At ang mga may pakinig, makinig", o umunawa. Ang pagkkaroon ng pakinig samakatuwid ay kapareho ng pagbabasa ng salita ng Dios. Dahil ang Espiritu ng Dios ay pinakamataas na inihayag sa pamamagitan ng Kaniyang salita na umabot sa pagsasabi ni Jesus na ang kaniyang kinasihang mga salita "ay Espiritu" (Jn.6:63), hindi maari na ang Espiritu ng Dios ay gumawa sa isang tao, maliban sa kaniyang salita, upang pilitin ang tao na maging masunurin sa salita..
- 📖 "Ang may ibig " ay "kumuhang walang bayad ng tubig ng buhay" (Apoc. 22:17), sa pamamagitan ng pagtugon sa salita ng buhay na matagpuan sa Evangelio. Ang kusang loob dito ay tiyak kaysa sa pagtatalaga na walang kinalaman sa ating pansariling naisin na maligtas.. Gayundin sa Gawa 2:21 "Sinomang tumawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas" sa pamamagitan ng pagkabautismo sa pangalang yaon.

Pagkasalungat 7: “At tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo” (Gawa 2:38).

Ang talumpati ni Pedro sa malaking pagtitipon ng mga tao sa araw ng Pentecostes, ay nagtatapos sa isang panawagan sa talata 38 na magsisi at magpabautismo at tanggapin ang kaloob ng Espiritu Santo. Ang pagbanggit sa kaloob ng espiritu ng Dios ay sa pangahulugang ang mga apostoles pagkatapos gamitin ang mga kaloob na iyon sa pagsasalita ng wika sa karamihan, ay magpapaliwanag na sa paggamit niyaon sila’y nagkakaloob ng isang katuparan sa hula ni Joel tungkol sa pagkakaloob ng mga mahimalang kaloob (Gawa 2:16-20). Kaya’t makatuwiran na ipalagay na ipinangako ni Pedro ang mga mahimalang kaloob ng espiritu sa karamihang mga Judeo na nakikinig sa kaniya. Ang karamihang sa mga tao ay binubuo ng mga Judeo at hindi ng mga Gentil (Gawa 2:5). Ang hula ni Joel sa pagbibigay ng mga kaloob ay pangunang iniukol sa mga Judeo. Kaya’t pinaliwanag ni Pedro sa kanila; “Sapagka’t sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak” (Gawa 2:39) marahil ay tumutukoy sa hula ni Joel na ibibigay ang espiritu sa mga Judeo at sa kanilang mga anak (Gawa 2:17 ihambing sa Joel 2:28-32). Maari ding mayroong isang pahiwatig dito na ang pangako na mga mahimalang mga kaloob na ito ay para sa dalawang salinglahi lamang- yaong nakikinig kay Pedro, at sa kanilang mga anak.

Ating naipakita na pagkatapos ng unang siglo (yaong mga 70 taon pagkalipas ng talumpati ni Pedro) ang mga kaloob ay nagwakas. Ito rin ay pinatunayan ng naisulat na kasaysayan. Sa loob ng dalawang salinglahi na yaon ang mga kaloob ng espiritu aymaari ring makukuha ng mga Gentil. “at sa lahat ng nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios sa Kaniya” (Gawa 2:39). Pansinin na kung papaanong ang mga Gentil ay inilarawan na “nangasa malayo” sa Efeso 2:14-17.

Gayonman, may mabuting dahilan na paniwalaan na kung ano ang naganap sa Gawa 2 ay isang maliit na katuparan lamang ng mga salita sa Joel 2. Ang pinakamalaking katuparan ay kung ang Israel ay

sinakop at ang lumusob na hukbo ay nawasak (Joel 2:20), at ang Israel ay nagsisi at maligayang nabubuhay na kasama ang Dios. (2:27) “At mangyari pagkatapos (pagkatapos nito), ay ibubuhos Ko ang Aking Espiritu.....(Joel 2:28). Hindi mangyayari na makita ang anumang katuparan sa mga salita ni Joel kung ang mga pangunang batayan ay hindi pa nakita, maliban sa maliliit na kaganapan na nakita sa araw ng Pentecostes na inilarawan sa Gawa 2.

Ang pangako ng pagtanggap ng kaloob ng espiritu pagkatapos mabautismohan, ay mababasa pa na may kaunting kaugnayan sa atin sa ngayon. May isang Espiritu lamang, subali't ito'y maaring ihayag sa iba't-ibang pamamaraan (1Cor.12:4-7; Ef.4:4). Noong unang siglo ito ay sa pamamagitan ng mahimalang kaloob, at ngayon na ito ay nabawi na marapat lamang na makita ang katuparan nitong “kaloob ng espiritu” na ipinangako sa ibang paraan. Ang “kaloob ng Espiritu Santo” ay matutukoy na “ang kaloob na siyang Espiritu Santo” o sa “ang kaloob na siyang tinutukoy ng Espiritu Santo”-yaong ang kaloob ng pagpapatawad at kaligtasan na siyang pinangako ng kinasihan-ng-Espiritung salita ng Dios. May marami't ibang mga halimbawa ng ganitong paggamit ng salitang “ng” (ang walang tiyak na kasarian, sa pangteknikal). “Ang kaalaman ng Dios” (Col. 1:10) ay maaring mangahulugan ang kaalamang mayroon ang Dios, o ang kaalaman ukol sa Dios. “Ang pagibig ng Dios” at “ang pagibig ni Cristo” (1Jn.4:9; 3:17; 2Cor.5:14) ay maaring mangahulugan ang pagibig na nasa Dios at ni Jesus para sa atin, o ang pagibig na nasa atin para sa kanila. “Ang salita ng Dios” ay maaring mangahulugan ang salita tungkol sa Dios, o ang salita na nagmula sa Dios. Ang kaloob “ng” Espiritu Santo samakatuwid ay maaring tumukoy sa kaloob na tinutukoy at makakamtan sa pamamagitan ng Espiritu Santo, at ng kaloob na binubuo ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Ang Kaloob ng Espiritu: Kapatawaran?

Ang Rom.5:16 at 6:23 ay nagsasalarawan sa kaligtasan bilang “ang kaloob” –na nagaanyaya ng paghahambing sa “ang kaloob ng Espiritu” sa Gawa 2:38. Totoong ang Gawa 2:39 ay tila sinipi sa Joel 2:32 tungkol sa kaligtasan na tila ito na nga ang kaloob ng espiritu.

Ang pagbanggit ni Pedro sa pangakong kaloob ukol doon sa “nangsa malayo” ay tumutukoy sa Isa. 57:19. “Kapayapaan (sa Dios sa pamamagitan ng pagpapatawad) sa kaniya na malayo”. Ang Efeso 2:8 ay nagbabanggit din ng kaloob bilang kaligtasan na sinasabi na “tayo’y may pagpasok sa isang Espiritu (kaloob na ito) rin sa Ama” (2:18). Ito ay lalong pinatunayan ng katotohanang ang Efeso 2:13-17, ay tumutukoy din sa Isa.57:19. “Datapuwa’t ngayon kay Cristo Jesus kayo na noong panahon ay nalalayo ay inilapit sa dugo ni Cristo. Sapagkat siya ang ating kapayapaan.....at siya’y naparito at ipangaral ang kapayapaan sa inyong nalalayo”. Ang Isa. 30:1 ay tumutuligsa sa mga Judeo sa sariling paghahanap nila ng kapatawaran kaysa sa pamamagitan ng kaloob ng Espiritu ng Dios: “at nangagaalay ng alay (pagkakasundo), ngunit hindi sa aking Espiritu, upang makapagdagdag (kaysamakapagbawas) ng kasalanan sa kasalanan” Ang Isa. 44:3 ay naglalarawan ng pagpapatawad sa Israel sa huling araw sa magkatulad na katawagan “Sapagkat ipagbubuhos ko ng tubig siya na uhaw (tuyo sa espiritu-Isa.53:2): “aking ibuhos ang Aking Espiritu sa iyong lahi, at ang aking pagpapala sa iyong suwi”. Ang pagpapala ng binhi ni Abraham ay sa pagpapatawad sa pamamagitan ni Cristo (Gawa 3:25,26)- na rito ay inihambing sa pagbubuhos ng espiritu sa mga Judeo . Ito ang malinaw na wika ni Joel 2 at Gawa2. Sa Gal.3:14 ay naglagay ng lahat ng ito sa maraming salita. “Upang sa mga Gentil ay dumating ang pagpapala n Abraham (pagpapatawad) na kay Cristo Jesus; ay tanggapin natin ang pangako ng espiritu”. Kaya’t sa 1Cor. 6:11 ay nagsasabi ng pagkahugas mula sa ating mga kasalanan “sa espiritu ng ating Dios”. May pagkahalintulad sa Roma sa gitna ng ating pagtanggap ng “biyaya..... ng pagkakasundo..... ng espiritu” (1:5, 5:11, 8:15) na nagpapakita ng kaugnayan sa pagitan ng kaloob (“biyaya”) ng Espiritu at ang pagpapatawad na nagbubunga sa pagkaksundo. Mahirap magsalita ng labis sa kung papaano nababatay ang Bagong Tipan sa wika at kaisipan ng Matandang Tipan, lalo na na ang pangunahing mambabasa ay mga Judeo at sa bisa na ibubunga ng mga sulat. Sa muli’t-muli sa “Pentateuch” at sa Joshua ipinangako ng Dios na ibigay ang lupain sa Kaniyang bayan-“ang lupain na ibibigay ng Panginoon mong Dios at iyong aariin” ay isang pangkaraniwang kasabihan. Ang kapilas ng lupain sa ilalim ng Bagong Tipan ay ang kaligtasan, na siyang kaloob ng Dios na sa

ngayon ay ang inaasahan, na may kasamang pagpapatawad ng kasalanan.

Sa Gal. 3:2,5 tungkayan sa 3:8-11 ay inihalintulad ang pagtanggap ng espiritu sa pagtanggap ng mga pagpapala na kay Abraham ng kaligtasan at kapatawaran. "Ang pangako ng espiritu" (Gal.3:14) ay sinasabi ng may pangangahulugan sa mga pangako kay Abraham.

Hiniling ni Pedro sa mga Judeo na magsisisi bago makatanggap ng kaloob, ito ay may kaloob na sariling panalangin. Tila may katuwiran na paniwalaan na ang kaloob ng Espiritu ay isang paraan upang ilarawan ang panalanging dininig. Ang pagbibigay ng "mga mabuting bagay sa kanila na humingi" sa panalangin ay tulad ng pagbibigay (kaloob) ng Banal na Espiritu (Mat.7:11 tungkayan sa Luc. 11:13). Sa Fil. 1:19 ay inihalintulad "ang inyong pananaing at kapuspusan ng Espiritu ni Cristo". Sa pagkakatulad, ang 1Jn 3:24 ay nagsasabi na tayo ay binigyan ng Espiritu na bunga ng ating pagkamasunurin sa mga utos; ang talata 22 ay nagsasabi na ang pagkamasunurin sa mga utos na iyon ay nagdadala upang ang ating mga panalangin ay sagutin. Kaya't ang ating panalangin ay dahil sa pagkakadinig ng ating mga panalangin (1`Jn. 5:14), at dahil din sa pagkaroon ng Espiritu (1Jn.3:21, 24,;4:13), sa nakitang ang mga pagpapahayag na ito ay magkakatulad.

Ang pagaaral ng salita sa Griego ng salitang "charis", na palagiang isinalin na "biyaya", ay magpapakita na ito ay palagiang ginagamit kaugnay sa kaloob ng Espiritu.

"Sa pamamagitan ng biyaya (kaloob) ng Panginoong Jesus, na tayo'y mangaligtas" (Gawa 15:11). Subalit ang kaisipan ng "biyaya" ay palagiang iniugnay sa pagdidinig ng panalangin (hal. Exo.33:12, 34:9; Blg.32:5, Awit 84:11; 2Cor.12:9; Heb.4:16; Sant.4:6,tungkayan ang tal. 3). Sa Zec. 12:10 ay nagsasabing sa huling araw ng pagbubuhos ng "espiritu ng biyaya at ng daing" sa mga Judeo. Ito ay nagbubuo sa kung ano ang ating minumungkahi- na ang dalangin (mga daing) ay nagdadala ukol sa kaloob ng espiritu sa pangangahulugan ng pagpapatawad, at itong pagbibigay ng espiritu sa pagdinig ng panalangin ay ipinakitang halimbawa sa pagsisisi ng mga Judeo

noong unang siglo at sa huling araw. Sa pagtulad ng kahulugan sa sinabi ni Pablo na “ang mga kaloob at ang pagtawag ng Dios” sa pagsisisi at pagpapatawad (Rom.11:9).

Ang Mangaaliw

Ang katulad na pamaraan ay magagamit sa pangako ng Mangaaliw sa Jn.14 at 16. Ito ay pangunahing tumutukoy sa mahimalang kapangyarihang ibinigay sa mga alagad, na kung kanino unang ipinangako, at tumutukoy din sa atin sa isang walang kaugnayan sa himala na kahulugan. Ang kaloob ay “at magpapaalaala ng lahat na sa inyo’y aking sinabi” (Jn. 14:26), na ipinapalagay upang magawa ang pagsulat ng Evangelio. Ang salitang “magpapaalaala” mismo ay nagtatakda ng saklaw ng himala ng Mangaaliw na ipinangako sa mga lagad, na nabubuhay kasama ni Jesus sa panahon ng kaniyang pangangaral. Maalaala lamang nila ang mga salita ni Jesus sa pamamagitan ng Mangaaliw. Ang wika na pinangako ng Mangaaliw ay katulad din ng kapangyarihan ng nabuong Biblia. Kaya’t ating mapalagay na ang mga ito at iba pang mga pangako ng espiritu ay natupad sa isang mahimalang anyo noong unang siglo, at sa ngayon ay maitukoy sa atin sa pagpapahayag ng espiritu sa pamamagitan ng nakasulat na Salita ng Dios na nasa Biblia.

Iyon, mangyari pa, ang totoo na ang espiritu ng Dios ay naihayag sa pamamagitan ng nakasulat na salita noong nakaraan, subali’t ito ay bahagi lamang na pagpapahayag kung ihambing sa kabuuan (lubos) na nasa atin na ngayon sa nabuong Salita ng Dios (1Cor.13:9-13). Alinsunod dito ay wala ng ibang naisulat na pahayag mula sa Dios pagkatapos bawiin ang mga kaloob pagkatapos mabuo ang Bagong Tipan. Ang pagaangkin ng Aklat ng Mormon at ibang kahlintulad na gawa, ay nagpapahiwatig na ang Biblia ay hindi lubos na pahayag, na ang pagkawala ng kaloob ng Espiritu sa kasalukuyan ay nagpatotoo na ito ay lubos. Kung ating gamiting lubos ang lubos na pahayag ng Dios na nasa Biblia, ating gamitin ang lahat na bahagi nito, kapuwa ang Matandang Tipan at Bagong Tipan, at sa ganoon lamang na ang tao ng Dios ay makapagsimula na maging lubos tulad ng kalubosan ng Dios, na inihayag sa Salita.

Pagkasalungat 8: “At lalakup ang mga tandang ito sa mga magsisampalataya” (Mar. 16:17).

Ipinapangatuwiran mula rito, na sinoman ang tunay na mananampalataya ay tatanggap ng mahimalang kaloob. Subali't, ito ay nagpatotoo ng labis- “Sila'y magsisihawak ng mga ahas, at kung magsiinom sila ng bagay na makamamatay sa anomang paraan ay hindi makasama sa kanila, ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa maysakit at sila'y magsisigaling” (Mar. 16:18). Ito ay hindi pangako na maaring mangyari kung ang mananampalataya ay may sapat na pananampalataya, ito ay mga tiyak na pangako sa kung ano ang tiyak na magagawa ng mananampalataya. Maliban sa maliwanag na pagganap ng ganitong kalaking himala, ang pangako ng talatang ito ay hindi maitukoy sa atin sa kasalukuyan. Inyong maalaala na kung papaanong hinawakan ni Pablo ang isang ulupong na hindi siya napapaano (Gawa 28:3-7) na nagbunga ng patotoo na ang kaniyang ipinapangaral ay galing sa Dios.

Sa lahat ng mga Kristianong charismatic na umaangkin na tumataglay ng mga kaloob sa loob ng sandaang taon, walang makatotohanang katibayan ng ganoong kapangyarihan ang naganap. Maliban na ang bawa't mananampalataya ay maari at makagawa ng tanda na may ganoong kalaki, ang pangakong ito ay hindi maiugnay sa ngayon. Ito ay magiiwan sa atin ng palagay na atin ng naihayag mula sa ating pagsusuri sa mga aral ukol sa espiritu sa Biblia: ang mga mahiwagang kaloob na ito ay taglay ng mga Kristianong mananampalataya noong unang panahon, subali't ang mga ito ay natigil na taglayin pagkatapos na mabuo na ang Bagong Tipan.

Ang huling talata ng Marcos 16 ay nagpapahiwatig na ang mga himala na “lalakip” sa mga magsasampalataya ay para sa tiyak na layuning pagpatotoo ng salitang pinahayag ng Evangelio. “At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya.....at nagsialis sila, at nagsipangaral sa lahat ng dako, na gumagawang kasama nila ang Panginoon at pinatotohanan ang salita sa pamamagitan ng mga tandang kalakip” (Marcos 16:17,20). Pagkatapos na ang mga salitang pinahayag ay maisulat sa kabuuan, tulad ng nasa atin ngayon na nasa Bagong Tipan, wala ng pangangailangan para sa mga mahimalang tanda na lalakip sa mga magsisisampalataya.

Talababa: Napakalaganap ang pagaangkin ng patataglay ng kaloob ng Espiritu sa kasalukuyan na noong 1989, dalawang debate ang ginanap sa pagitan ng isang Kristianong “charismatic” na pastor na si Gg. John Liliekas at dalawang “Christadelphian” na sina Gg. John Allfree at ang kasalukuyang may-akda. Ang usapin ay “Ang Mga Mahimalang Kaloob ng Espiritu Santo ba ay Taglay Ngayon?” Ang mga paanyaya ay ipinadala sa maraming iglesia sa buong U.K. na nagbunga ng magkasanib na tagapakinig na mahigit sa 1,000. Makatuwirang ipalagay na ang pinakamagaling na “katibayan” para sa pagtataglay ng kaloob sa ngayon ay naihayag. Ang sipi ng kaganapan ay makukuha mula sa: PO Box 3034, South Croydon, Surrey CR2 0ZA England

ARALING 2: MGA KATANUNGAN

1. Alin sa mga sumusunod ang mga kahulugan ng salitang “Espiritu”?

- a) Kapangyarihan
- b) Hininga
- c) Banal
- d) Alikabok

2. Ano ang Espiritu Santo?

- a) Isang persona
- b) Kapangyarihan
- c) Kapangyarihan ng Dios
- d) Bahagi ng “trinity”

3. Papanong naisulat ang Biblia?

- a) Isinulat ng mga tao ang sarili nilang mga kaisipan?
- b) Isinulat ng mga tao kung ano ang kanilang sapantaha sa ibig sabihin ng Dios.
- c) Sa pamamagitan ng pagkakasi ng Espiritu ng Dios sa mga tao.
- d) Ang ibang bahagi nito ay kinasihan, ang ibang bahagi ay hindi.

4. Alin sa mga sumusunod ang mga dahilan kung bakit ang mga mahimalang kaloob ng Espiritu ay ipinagkaloob?
 - a) Upang pagtibayin ang pangangaral sa pamamagitan ng salita ng Evangelio.
 - b) Upang palaguin ang iglesia noong unang panahon
 - c) Upang pilitin ang mga tao na maging matuwid
 - d) Upang iligtas ang mga apostoles mula sa kanilang sariling paghihirap.

5. Saan natin matotonan ang katotohanan ng Dios?
 - a) Ang ibang bahagi ay mula sa Biblia, at ang iba ay mula sa ating pagiisip.
 - b) Mula sa Espiritu Santo na tuwirang nagsasabi sa atin bukod sa pagbabasa ng Biblia
 - c) Mula sa Biblia lamang
 - d) Mula sa mga ministro/pari ng mga relihiyon.

6. Banggitin ang mga kaloob ng espiritu na nagtataglay noong unang siglo.

7. Kailan binawi ang mga ito? Maari bang magkaroon ng mga ito sa ngayon?

8. Sa papaanong paraan makagawa ang Espiritu Santo sa ating buhay sa kasalukuyan?

ARALING 3

**ANG MGA PANGAKO
NG DIOS**

3.1 Ang Mga Pangako Ng Dios: Pambungad

Sa bahagi na ito ng ating pagaaral ating naabot ang malawak na kaunawaan kung sino ang Dios ang kung papaano Siya gumagawa. Sa paggawa nito ating nalinawanagan ang ilan sa karaniwang di-pagkakaunawa ukol sa mga bagay na ito. Ngayon, ating nais tingnan nang mas positibo ang mga bagay na "ipinangako ng Dios sa mga nagsisiibig sa Kaniya" (Sant. 1:12, 2:5) sa pamamagitan ng pagsunod sa Kaniyang mga utos (Jn. 14:15).

Ang mga pangako ng Dios sa Matandang Tipan ay siyang bumubuo sa tunay na pag-asa ng Kristiano. Nang siya'y nililitis para sa kaniyang buhay, si Pablo ay nagsalita ukol sa gantimpala sa hinaharap na ng dahil dito siya'y handa na mawala ang lahat ng bagay: "At ngayo'y nakatayo ako upang hatulan dahil sa pag-asa sa pangakong ginawa ng Dios sa aming mga magulang.....At tungkol sa pag-asang ito ako'y isinasakdal" (Gawa 26:6,7). Kaniyang ginugol ang malaking bahagi ng kaniyang buhay na ipinapangaral "ng mabuting balita (ang Evangelio) ng pangakong ipinangako sa mga magulang, Na tinupad din ng Diosnang muling buhayin Niya si Jesus" (Gawa 13:32,33). Ipinaliwanag ni Pablo na ang pananampalataya sa mga pangakong ito ay nagbibigay ng pag-asa sa pagkabuhay na mag-uli mula sa mga patay (Gawa 26:6-8 tunghayan 23:8), ang kaalaman sa pangalawang pagdating ni Jesus sa paghuhukom at sa pagdating ng Kaharian ng Dios (Gawa 24:25, 28:20,31).

Ang lahat ng ito ay bumabaon sa alamat na ang Matandang Tipan ay isang halu-halong kasaysayan lamang ng Israel na hindi nagsasalita ng buhay na walang hanggan. Hindi kaagad nagpasiya ang Dios may 2,000 taon na ang nakalipas na Kaniyang ialok sa atin ang buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Jesus. Ang layunin na ito ay nasa Kaniya na mula pa sa panimula:-

“Sa pag-asa sa buhay na walang hanggan, na ipinangako ng Dios na di makapagsisinungaling buhat pa ng mga panahong walang hanggan; Nguni’t sa Kaniyang mga panahon ay ipinahayag ang Kaniyang salita (tungkol dito) sa pangangaral” (Titus 1:2,3).

“Ang buhay na walang hanggan, na kasama ng Ama at sa atin ay nahayag” (1Jn. 1:2).

Sa nakita na ang layunin ng Dios sa pagbibigay ng buhay na walang hanggan sa Kaniyang bayan ay nasa Kaniya mula’t-mula pa, di-maaring Siya ay mananahimik tungkol dito sa loob ng 4,000 taon ng Kaniyang pakipagugnayan sa tao na nakasulat sa Matandang Tipan. Sa katotohanan, ang Matandang Tipan ay puno ng mga hula at mga pangako na ang bawat isa nito ay nagbibigay ng maraming salaysay sa

paksaing ito na inihanda ng Dios sa Kaniyang bayan. Nang dahil dito kung bakit mahalaga ang pagkaunawa sa mga pangako ng Dios sa mga magulang ng mga Judeo para sa atin kaligtasan: kaya't ipinaalaala ni Pablo sa mga mananampalataya sa Efeso na bago nila nalaman ang mga bagay na ito, sila'y "mga hiwalay kay Cristo, na mga di-kabilang sa bansa ng Israel, at mga taga-ibang lupa tungkol sa mga tipan ng pangako, na walang pag-asa at walang Dios sa sanglibutan" (Ef. 2:12). Kahit na di mapagalinlangan na kanilang naisip ang kanilang nakaraang paniniwalang pagano ay nagbibigay rin sa kanila ng mga pag-asa at kaalaman sa Dios. Subali't, ito ang panganib ng hindi pagkaalam ng mga pangako ng Dios sa Matandang Tipan- ang katotohanan na "walang pag-asa at walang Dios sa sanglibutan". Alalahanin na kung papaano ipinapaliwanag ni Pablo ang pag-asa ng Kristiano bilang "pag-asa sa pangakong ginawa ng Dios sa aming (mga Judeo) magulang" (Gawa 26:6). Isang malungkot na katotohanan na kakaunting mga iglesia ang nagbibigay halaga sa mga bahaging ito ng Matandang Tipan na sana kanilang pahalagahan. Ang Kristianismo ay bumaba tungo sa isang relihiyong nababatay sa Bagong Tipan- bagama't nagawing gumagamit ng iilang talata lamang mula rito. Maliwanag na binigyang-diin ni Jesus ang kabaligtaran:

"Kung di nila pinakikinggan si Moises (ang mga naunang 5 aklat ng Biblia na kaniyang sinulat) at mga propeta, ay di rin mangahikayat sila, kahit ang isa'y magbangon sa mga patay" (Luc. 16:31).

Ang likas na isip ay maaring mangangatuwiran na ang pananampalataya sa pagkabuhay na mag-uli ni Jesus ay tama na (tunghayan Luc. 16:30), ngunit sinabi ni Jesus na kung walang matibay na kaunawaan sa Matandang Tipan, ito ay hindi lubos na mangyari.

Ang panghihina ng pananampalataya ng mga alagad pagkatapos ng pagkapako sa krus ay natalunton ni Jesus sa kanilang kakulangang masusing pansinin ang Matandang Tipan:-

“Oh, mga taong haling, at makukupad ang mga pusong magsisam-palataya (ng maigi) sa lahat ng salita ng mga propeta: Hindi baga kinakailangang si Cristo ay maghirap ng mga bagay na ito, at puma-sok sa kaniyang kaluwalhatian? At magmula kay Moises ay sa mga propeta ay ipinaaninaw niya sa kanila ang mga bagay tungkol sa kaniya at sa lahat ng mga kasulatan” (Luc.24:25-27).

Pansinin ang kaniyang pagdiin sa kung papaano na ang buong Matandang Tipan ay nagsasabi tuingkol sa kaniya. Hindi sa hindi nabasa o narinig ng mga alagad ang Matandang Tipan, kundi di nila maiging naunawaan ang mga ito, at kung magkagayon di nila lubos na mapaniwalaan ang mga ito.

Kaya't ang isang temang pagkaunawa sa Salita ng Dios, kaysa sa basahin lamang ito, ay kinakailangan upang patubuin ang tunay na pananampalataya. Ang mga Judeo ay mga panatiko sa kanilang pagbabasa ng Matandang Tipan (Gawa 15:21), ngunit dahil hindi nila naunawaan ang mga bagay na tumutukoy kay Jesus at sa kaniyang Evangelio, hindi nila lubos na pinaniwalaan ito, kaya't sinabi ni Jesus sa kanila:-

“Sapagka't kung kayo'y nagsisisampalataya kay Moises, ay magsi-sisampalataya kayo sa akin, sapagka't tungkol sa akin siya'y sumulat. Ngunit kung hindi kayo nagsisipaniwala sa kaniyang mga sulat, ay paanong magsisisampalataya kayo sa aking mga salita?” (Jn.5:46,47).

Sa kabila ng lahat na pagbabasa nila ng Biblia, hindi nila basta nakita ang totoong mensahe tungkol kay Jesus, bagama't ibig nilang isipin na sila'y tiyak na sa kaligtasan. Kinakailangan sabihin ni Jesus sa kanila:

“Saliksihin ninyo ang mga kasulatan (yaong buong pagsisikap-tungha-yan sa Gawa17:11) sapagka't iniisip ninyo (nananalig) na sa mga yaon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan, at ang mga ito'y siyang nangagpatotoo tungkol sa akin” (Jn. 5:39).

Kaya't gayundin sa mga maraming tao na mayroong balangkas na kaalaman sa mga pangyayari at mga turo sa Matandang Tipan, ito ay kaalaman na sa di-sinasadya ay napulot lamang. Ang kamanghamanghang mensahe ni Cristo at ang Evangelio ng Kaharian ng Dios ay mailap pa rin sa kanila. Ito ang layunin ng pagaaral na ito na dalhin kayo sa katayuang yaon sa pamamagitan ng pagpapahayag ng tunay na kahulugan ng mga Pangunahing Pangako na nasa Matandang Tipan:-

- Sa halamanan ng Eden

- Kay Noe

- Kay Abraham

- Kay David

Ang mga kaalaman tungkol sa mga ito ay matutunghayan sa unang limang mga aklat ng Biblia (Genesis- Deuteronomio) na isinulat ni Moises, at sa mga propeta sa Matandang Tipan. Ang lahat ng mga bahagi ng Kristianong Evangelio ay matatagpuan dito. Ipinaliwanag ni Pablo na ang kaniyang pangangaral nitong Evangelio'y sinabing "wala akong sinasabing anoman kundi ang mga sinabi ng mga propeta at ni Moises na mangyari; kung paano na ang Cristo ay kailangang maghirap, at kung papaano na siya muna sa

pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ng mga patay ay magtatanyag ng ilaw sa bayan” (Gawa 26:22,23). At sa kaniyang mga huling araw ang himig ay ganoon pa rin “Kaniyang (si Pablo) ipinaliwanag ang bagay na sinasaksihan ang Kaharian ng Dios... sa pamamagitan ng kautusan ni Moises, at gayon din sa pamamagitan ng mga propeta, buhat sa umaga hanggang sa gabi” (Gawa 28:23).

Ang pag-asa ni Pablo, na pinakadakilang Kristiano, ay siya ring pag-asa na magganyak din sa atin; dahil iyon ang maluwalhating ilaw sa dulo ng lagusan ng kaniyang buhay, kaya’t ito’y gayon din sa bawa’t mga taimtim na mga Kristiano. Pinaalab ng ganitong kaganyakan, tayo ngayon ay “magsaliksik ng mga kasulatan”.

3.2 Ang Pangako sa Eden

Ang kalunos-lunos na kasaysayan ng pagkasala ng tao ay isinalaysay sa ikatlong kabanata ng Genesis. Ang ahas ay isinumpa dahil sa maling-pagkabanggit ng Salita ng Dios at pagtukso kay Eva upang suwayin ito. Ang lalake at babae ay pinarusahan dahil sa kanilang pagsuway. Subali’t ang sinag ng pag-asa ang dumating sa madilim na tanawing ito ng sabihin ng Dios sa ahas:

“At papagaalitin (pagkamuhi, kalabanin) ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi: ito (ang binhi ng babae) ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong” (Gen.3:15).

Ang talatang ito ay masyadong pinagpisan; kailangang masusi nating liwanagin ang iba't-ibang mga bagay na nasasangkot. Ang “binhi” ay nangahulugang isang supling o anak, ngunit ito ay maaring tumukoy sa mga tao na may kaugnayan sa natatanging “binhi”. Ating makita sa di kalaunan na ang binhi ni Abraham ay si Jesus (Gal. 3:16), subalit kung tayo ay “nasa” kay Jesus sa bautismo, tayo rin ay binhi (Gal.3:27-29). Itong salitang “binhi” ay may kaugnayan din sa kaisipan ng panglahi (1Ped. 1:23), kaya't ang tunay na binhi ay may kaugalian ng kaniyang ama.

Ang binhi ng ahas samakatuwid ay tumutukoy sa yaong mga lahing may kawangis ng ahas:

-nagsisinsay ng Salita ng Dios

-sinungaling

-nagdadala sa iba sa pagkasala

Ating makikita sa Ikaanim na Aralin na walang literal na tao ang gumagawa nito, subali't nasa loob natin ay mayroon:

-“ating datihang pagkatao” ng laman (Rom. 6:6)

-“taong ayon sa laman” (1Cor.2:14)

-“ang dating pagkatao, na sumama na sumama ayon sa mga kahalayan ng pagdaraya” (Ef.4:22)

-“ang datihang pagkatao pati ng kaniyang mga gawa” (Col.3:9)

Itong “tao” ng kasalanan na nasa loob natin ay ang “diablo” ng Biblia, ang binhi ng ahas.

Ang binhi ng babae ay magiging tiyak na tao- “ikaw (binhi ng ahas) ay dudurog sa kaniyang sakong” (Gen. 3:15). Ang taong ito ay lubos na dudurog sa binhi ng ahas, yaong kasalanan- “ito ay dudurog sa iyong ulo”. Ang paghampas sa ulo ng ahas ay isang hampas na nakakamatay- sa nakikitang ang utak nito ay nasa ulo. Ang kaisa-isang tao na tiyak na kandidato para sa binhi ng babae ay ang Panginoong Jesus lamang:-

“Si Cristo Jesus, na siyang (sa pamamagitan ng krus) nagalis ng kamatayan (samakatuwid ang kapangyarihan ng kasalanan-Rom.6:23) at nagdala sa liwanag ng buhay at ng walang pagkasira sa pamamagitan ng Evangelio” (2Tim.1:10).

“Sa pagsusugo ng Dios sa Kaniyang sariling Anak na nag-anyong laman salarin, at dahil sa kasalanan, ay hinatulan ng Dios sa laman ang kasalanan” yaong ang diablo sa Biblia, ang binhi ng ahas (Rom.8:3).

Si Jesus “ay nahayag upang mag-alis ng mga kasalanan” (1Jn.3:5).

“At ang pangalang itawag mo sa kaniya’y Jesus (nangahulugang Tagapag-ligtas) sapagka’t ililigtas niya ang kaniyang bayan sa kanilang mga kasalanan” (Mat.1:21).

Si Jesus ay literal na “ipinanganak ng isang babae” (Gal. 4:4) bilang anak ni Maria kahit na ang Dios ang kaniyang Ama. Kaya’t sa pangahulugan ding ito, siya ang binhi ng babae, bagama’t ipinagkaloob ng Dios sa isang paraan na hindi nangyari ninumang tao. Itong binhi ng babae ay pansamantalang masusugatan ng kasalanan, ang binhi ng ahas- “iyong dudurugin ang kaniyang sakong” (Gen. 3:15). Ang kagat ng ahas sa sakong ay karaniwang isang pansamantalang sugat lamang, kung ihambing sa pagkalubosan ng pagkapalo sa ulo ng ahas. Maraming mga talinghaga na naguugat mula sa Biblia: “tamaan mo sa ulo” (lubusang ihinto o tapusin ang isang bagay) marahil ay nababatay sa hulang ito ni Jesus na pinalo ang ahas sa ulo.

Ang paghahatol sa kasalanan, ang binhi ng ahas, una sa lahat ay sa pamamagitan ng pag-alay kay Cristo sa krus- pansinin sa kung papaanong ang mga talatang sinipi sa unahan ay nagsasabi ng pagkapanalo ni Cristo laban sa kasalanan sa pangnakaraang panahon. Ang pansamantalang sugat sa sakong na dinanas ni Jesus samakatuwid ay may kaugnayan sa kaniyang kamatayan sa loob ng tatlong araw. Ang kaniyang pagkabuhay na mag-uli ay nagpatunay na ito ay pansamantalang sugat lamang, kung ihambing sa palong-kamatayan na binigay niya sa kasalanan. Kawili-wili na ang mga nakatalang kasaysayang di-galing sa Biblia ay nagsasabing ang biktima ng pagpako sa krus ay pinapako ang kanilang sakong sa tulos na kahoy. Kaya’t si Jesus ay “nasugatan sa sakong” sa pamamagitan ng kaniyang kamatayan. Ang Isa.53:4,5) ay naglalarawan kay Cristo bilang

“dinurog” ng Dios sa pamamagitan ng kaniyang kamatayan sa krus. Ito ay malinaw na nagpapahiwatig sa hula sa Gen.3:15, na si Cristo ay dudurugin ng binhi ng ahas, subali’t sa katapusan, ang Dios ay gumawa sa pamagitan ng kasamaan na hinarap ni Cristo, siya’y inilarawang gumawa ng pangdudurog dito (Isa.53:10) sa pamamagitan ng pamamahala sa mga hukbo ng kasamaan na dumurog sa Kaniyang Anak. Kaya’t ang Dios ay gumagawa rin sa pamamagitan ng masasamang karanasan sa bawa’t isa sa Kaniyang mga anak.

Ang Alitan sa Kasalukuyan

Subalit ang katanungan ay sasagi sa inyong isipan: “Kung winasak ni Jesus ang kasalanan at kamatayan (ang binhi ng ahas), bakit ang ganoong mga bagay ay naririto pa hanggang ngayon?” Ang sagot ay sa krus winasak ni Jesus ang kapangyarihan ng kasalanan sa kaniyang sarili: ang hula sa Gen.3:15 ay pangunahing patungkol sa alitan sa gitna ni Jesus at ng kasalanan. Ito ay nangahulugan ngayon na dahil inanyayahan niya tayo upang makibahagi sa kaniyang tagumpay, sa katapusan matagumpayan din natin ang kasalanan at kamatayan. Yaong mga hindi naanyayahan upang makibahagi sa kaniyang tagumpay, o tumanggi sa alok, mangyari pa ay manatiling makaranas ng kasalanan at kamatayan. Kahit na ang kasalanan at kamatayan ay nararanasan din ng mga tunay na mananampalataya, sa pakipagbahagi nila sa binhi ng babae sa pamamagitan ng bautismo kay Cristo (Gal.3:27-29), sila’y mapapatawad ng

kanilang mga kasalanan at gayon ma'y sa katapusan ay maligtas mula sa kamatayan, na siyang bunga ng kasalanan. Kaya't sa inaasam "inalis ang kamatayan" sa krus ni Jesus (2Tim.1:10), gayon ma'y hindi pa lubos hanggang sa ang layunin ng Dios sa lupa ay matapos pagkatapos ng isang libong taon na ang mga tao ay totoong di na mamamatay- kung ang kamatayan ay di na muli masaksihan dito sa ibabaw ng lupa. "Sapagka't kinakailangang siya'y maghari (sa unang bahagi ng Kaharian ng Dios) hanggang mailagay niya sa ilalim ng kaniyang mga talampakan ang lahat niyang mga kaaway. Ang kahuli-hulihang kaaway na lilipulin ay ang kamatayan" (1Cor.15:25-26).

Kung "tayo ay nabautismohan kay Cristo" gayonma'y ang mga pangako ukol kay Jesus, tulad ng nasa Gen.3:15, ay nagiging sa ating pansarili din; hindi na isang kawili-wiling mga bahagi ng Biblia lamang ang mga ito, ang mga ito'y mga hula at mga pangako na ginawa sa atin ng tuluyan. Bilang binhi ng babae, tayo rin, ay makaranas ng tagumpay sa kasalanan sa maikasing panahon. Maliban sa ang Panginoon ay bumalik sa ating kapanahunang-buhay, tayo rin, ay madudurog sa sakong tulad ni Jesus, at gayundin tayo'y mamamatay. Subali't kung tayo'y tunay na binhi ng babae, ang "sugat" na yaon ay pansamantala lamang. Yaong nabautismohan kay Cristo ng tama sa pamamagitan ng paglubog sa tubig, ay naki-bahagi sa kaniyang kamatayan at pagkabuhay na mag-uli na sinasagisag ng pagtaas mula sa tubig (tunghayan Rom.6:3-5).

Kung tayo ay tunay na binhi ng babae, samakatuwid ang ating mga buhay ay maglalarawan ng mga salita ng Gen.3:15, magkaroon ng palagiang pakiramdam ng pagkasalungatan (“papagaalitin”) sa ating kalooban, sa pagitan ng tama at kamalian. Ang dakilang apostoles na si Pablo ay naglalarawan ng halos nasiraang-bait na alitan sa pagitan ng kasalanan at ng kaniyang tunay na sarili na nangangalit sa looban niya (Rom.7:14-25).

Pagkatapos ng bautismo kay Cristo, ang alitan ng kasalanan na likas na nasa atin ay dadagdag- at magpapatuloy sa lahat ng ating mga araw. Sa pakiwari ito ay mahirap, dahil ang kapangyarihan ng kasalanan ay malakas. Subali’t sa isang dako ito ay hindi, sa makitang tayo ay nasa kay Cristo na nakibaka na at nanalo na sa alitan. Pansinin na kung papaano na ang mananampalataya ay inilalarawang isang babae sa Ef.5:23-32, na para bang sa pamamagitan ng pagiging binhi ng babae tayo rin ay ang babae.

Sa gayunding pamamaraan na kinakatawan ng binhi ng babae kapwa si Jesus at ang yaong mga nagsisikap na magkaroon ng kaniyang kugalian, gayundin ang binhi ng ahas ay nagtutukoy kapwa ng kasalanan (ang “diablo” sa Biblia) at yaong mga malayang nagpapakita ng mga kaugalian ng kasalanan at ng ahas. Ang ganoong mga tao ay magwalang-bahala o magpasinungaling sa Salita ng Dios, na sa huli ay magdadala sa kanila sa kahihyan ng kasalanan at magpalayo

ng damdamin sa Dios na siyang nangyari kina Adam at Eva. Sa nakitang ang mga Judeo ang siyang mga tao na pumatay kay Jesus- yaong dudurog sa binhi ng babae sa sakong- ito ang inaasahan na sila ay ang maging mga pangunahing halimbawa ng binhi ng ahas. Ito ay pinatunayan ni Juan Bautista at ni Jesus:-

“Datapuwa’t ng makita niyang (Juan) marami sa mga Fariseo at Saduceo (ang grupo ng mga Judeo na humatol kay Jesus) na nagsisiparoon sa kaniyang pagbabautismo, ay sinabi niya sa kanila, kayong lahi (ipinanganak ng, nilalang ng) ng mga ulupong (ahas) sino ang sa inyo’y nagpaunawa upang magsitakas sa galit na darating” (Mat. 3:7).

“At pagkaalam ni Jesus ng iniisip nila (mga Faresio), ay sinabi niya sa kanila;kayong lahi ng mga ulupong, papaano kayo na masasama, ay makapag-sasalita ng mabubuting bagay?” (Mat.12:25,34).

Ang sanglibutan- kahit na ang sanglibutang-relihiyon- ay may katulad nitong mga ugali ng ahas. Yaong mga nabautismohan lamang kay Cristo ang may kaugnayan sa binhi ng babae: ang lahat ay, sa iba’t ibang antas ay ang binhi ng ahas. Sa kung papaano itinuturing ni Jesus ang mga tao na binhi ng ahas ay siyang ating maging halimbawa:-

-Siya ay nangaral sa kanila sa diwa ng pagibig at totoong pagalala, subali't

-Hindi niya pinayagan na ang kanilang mga ugali at kaisipan ay makaimplu-

wensya sa kaniya, at

-Kaniyang ipinakita sa kanila ang mapagmahal na ugali ng Dios sa pama-magitan ng pamamaraan na kaniyang isinasabuhay.

Subali't sa lahat ng ito, kinamuhian nila siya. Ang kaniyang sariling pagsisikap na maging masunurin sa Dios ay nagpapanaghili sa kanila. Kahit pa ang kaiyang pamilya (Jn. 7:5; Mar.3:21) at malapit na mga kaibigan (Jn.6:66) ay naglagay ng mga balakid at ang iba ay lumayo pa sa kaniya. Naranasan ni Pablo ang katulad na mga bagay ng siya ay managhoy sa yaong mga tumayo kasama niya noon sa hirap at sa ginhawa:-

“Kaya nga ako baga'y naging kaaway ninyo, sa pagsabi ko sa inyo ng katotohanan?” (Gal. 4:14-16)

Ang katotohanan ay hindi bantog, ang pagkaalam nito at pagsasabuhay nito tulad ng nararapat ay palaging gagawa ng iba't-ibang uri ng suliranin sa atin, na nagbubunga pa ng paguusig:

“Datapuwa’t kung papaanong yaong ipinanganak ayon sa laman ay nag-usig sa ipinanganak ayon sa espiritu (-sa pamamagitan ng tunay na kaa-laman ng Salita ng Dios- 1Ped. 1:23), ay gayon din naman ngayon.” (Gal. 4:29).

Kung tayo ay totoong napag-isa kay Cristo ating maranasan ang marami na kaniyang mga dinanas, at sa gayon tayo rin ay maging kabahagi ng kaniyang maluwalhating gantimpala. Sa muli ay ipinagbigay-alam ni Pablo ang isang di-mapantayang halimbawa dito:

“Tapat ang pasabi: Sapagka’t kung tayo nangamatay na kalakip niya (ni Cristo), ay mangangabuhay naman tayo na kasama niya: Kung tayo’y mangagtiis (kasama niya) ay mangaghahari naman tayong kasama niya.....kaya aking tinitii ang lahat ng mga bagay (2Tim.2:10-12), kung ako’y (si Jesus) kanilang pinag-usig, kayo man ay kanilang paguusigin

din.....Datapuwa't ang lahat ng mga bagay na ito ay gagawin nila sa inyo dahil sa aking pangalan (Jn.15:20,21).

📖 Yaong dahil sa tayo ay nabautismohan sa pangalan ni Jesus (Gawa 2:38; 8:16). Sa harap ng mga talatang tulad nito, nakakapagpanukso na ipangatuwiran, "Kung iyan ang mapapala sa pakikipag-ugnayan kay Jesus, ang binhi ng babae, ayoko nga." Subali't tayo ay hindi inaasahan na sumailalim sa anumang bagay na hindi makatuwirang makakaya natin. Kahima't ang paghihirap sa sarili ay tuwirang kinakailangan upang tayo ay iisa ng lubosan kay Cristo, ang ating ugnayan sa kaniya ay magbubunga ng gayong maluwalhating gantimpala "na ang mga paghihirap sa ngayon ay di nararapat na ihalintulad sa kaluwalhatian na siyang ipapahayag sa atin." At kahit sa ngayon, ang kaniyang paghihirap ay makatulong na ang ating mga panalangin ng tulong sa mga dinanas sa buhay ay maging malakas sa Dios. At dagdag pa rito ang maluwalhating katiyakan, na makapal na ginuhitan sa ilalim sa maraming Biblia ng mga Christadelphians:

"Datapuwa't tapat ang Dios, na hindi Niya itutulot na kayo'y tuksuhin ng higit sa inyong makakaya; kundi kalakip din ng tukso ay gagawin naman ang paraan ng pag-ilag; upang ito'y inyong matiis" (1Cor.10:13).

"Ang mga bagay na ito ay sinasalita ko sa inyo, upang kayo'y magkaroon sa akin ng kapayapaan. Sa sanglibutan ay

mayroon kayong kapighatian: ngunit lakasan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan“(Jn.16:33).

“Ano ang ating sasabihin sa mga bagay na ito? Kung ang Dios ay kakampi natin, sino ang laban sa atin? (Rom.8:31).

3.3 Ang Pangako kay Noe

Habang ang kasaysayan ng tao ay nagpapatuloy pagkalipas ng panahon ni Adam at ni Eva, ang tao ay pasama ng pasama. Ang mga bagay ay umabot na kung saan ang kabihasnang ay nasa wala ng kapagasang-asal na ang Dios ay nagpasiya na na wasakin ang ganoong pamamaraan ng mga bagay, maliban kay Noe at ang kaniyang sangbahayan (Gen.6:5-8). Siya'y sinabihang gumawa ng sasakyan na siya at ang mga kinatawan ng lahat ng mga hayop ay mamumuhay sa loob ng panahon habang ang sanglibutan ay winawasak sa pamamagitan ng baha. Sa pahapyaw, may maraming maka-agham na katuwiran upang paniwalaan na ang malaking baha na ito ay literal na nangyari, na hiwalay sa malinaw na pahayag ng kasulatan! Pansinin na ang lupa (itong literal na planeta) ay hindi nawasak, kundi ang masamang katayuan ng sanglibutan na naroroon.: “at namatay ang lahat ng lamang gumagalaw sa ibabaw ng lupa.” (Gen.7:21) Si Jesus (Mat.24:37) at si Pedro (2Ped.3:6-12) ay kapwa nakita ang paghatol sa sanglibutan ni Noe na may mga kahalintulad sa kung ano ang mangyayari sa pagbalik-muli ni Cristo. Kaya't ang walang kapag-asang kasamaan ng tao sa kapanahunan ni Noe ay inihambing sa ating kasalukuyang sanglibutan, na malapit ng parusahan sa pagbalik ni Cristo.

Dahil sa talamak na kasalanan ng tao at ang palatuntunan ng sariling-pagwasak na pinasok ng planetang ito, may isang paniniwalang sumulpot, kahit na sa mga Kristiano, na ang lupa ng ito ay mawawasak. Ang kaisipang ito ay malinaw na nagpapahayag ng lubos na kakulangan ng pagpapahalaga ng saligang mensahe ng Biblia- na ang Dios ay aktibong nagalala sa mga pangyayari sa planetang ito, at sa malapit na hinaharap si Jesucristo ay babalik upang itayo ang Kaharian ng Dios dito sa lupa. Kung papayagan ang mga tao na sirain ang planetang ito, ang mga pangakong ito ay bastang hindi matutupad. Hindi kakaunting katibayan na ang Kaharian ng Dios ay dito sa lupa ay matunghayan sa Aralin 4.7 at Aralin 5. Samantala, ang mga sumusunod ay tama ng katibayan na ang lupa at ang “sistemang solar” ay di mawawasak:

📖 “Parang lupa na Kaniyang itinatag magpakailan man” (Awit. 78:69).

📖 “Ngunit ang lupa ay nananatili magpakailan man” (Ecl. 1:4).

📖 “araw at buwan.....mga bituin.....mga langit.....Kaniya rin namang ipinag-tatatag magpakailan-kilan man: Siya’y gumawa ng pasiya na hindi mapa-pawi” (Awit 148:3-6).

📖 “Sapagka’t ang lupa ay mapupuno ng kaalaman ng Panginoon, gaya ng tubig na tumatakip sa dagat” (Isa.11:9; Blg.14:21) – ay mahirap, kung payagan ng Dios na sirain

ng lupa ang kaniyang sarili. Ang pangakong ito ay hindi pa natupad.

📖 “na siyang Dios na nag-anyo sa lupa at gumawa niyaon, na kaniyang itinatag, at hindi niya nilikha na sira, na kaniyang inanyuan upang tahanan” (Isa. 45:18. Kung nilalang ng Dios ang lupa upang makita ito na masira lamang, samakatuwid ang Kaniyang ginawa ay walang saysay.

Subali't balik sa Genesis ang lahat na ito ay ipinangako ng Dios kay Noe. Habang siya'y nagsimulang mamuhay muli sa bagong sanglibutang nilalang ng baha, marahil natatakot si Noe na mayroon muling malawakang pagwawasak. Sa tuwing magsimulang umulan pagkatapos ng baha, ang kaisipang ito marahil ay mapapasakaniyang-isip. Kaya't ang Dios ay gumawa ng isang tipan (isang sunod-sunod na mga pangako) na ito ay hindi na mangyari muli:-

“At ako, narito, aking pinagtitibay ang aking tipan sa inyo.....aking pagtiti-bayin ang aking tipan sa inyo (pansinin ang pagbigay diin ng “ako”- ang kamangha-mangha ng pagpili ng Dios sa pakipagtipan sa mamataying tao!) ni hindi ko na lilipulin ang lahat ng laman sa pamamagitan ng tubig ng baha; ni hindi na magkakaroon pa ng bahang gigiba ng lupa” (Gen.9: 9-12).

Ang tipang ito ay pinatotohanan sa pamamagitan ng bahag-hari:-

“pagka ako’y magbababa ng isang alapaap (ng ulan) sa ibabaw ng lupa, na makikita ang bahag-hari sa alapaap: at alalahanin ko ang aking tipan na inilagda ko sa akin at sa inyo.....ang walang hanggang tipan ng Dios at ng bawa’t kinapal na may buhay sa lahat ng lamang nasa ibabaw ng lupa.....Ito (bahag-hari) ang tanda ng tipan” (Gen.9:13-17).

Dahil ito ay walang hanggang tipan ng Dios at ng tao at mga hayop sa lupa, sumusunod na ang lupa ay may mga tao at mga hayop na nabubuhay dito magpakailanman. Ito ay patotoo mismo na ang Kaharian ng Dios ay dito sa lupa kaysa sa langit. Kaya’t ang pangako kay Noe ay isang saligan ng Evangelio ng Kaharian, ito ay nagpapahayag na kung papaanong ang pagpansin ng Dios ay nakatuon sa planetang ito, at sa kung papaanong Siya’y may hangaring walang hanggan ukol dito. Kahit na sa poot naalaala Niya ang pagkaawa (Hab.3:2), at sa ganoon na lang ang Kaniyang pagibig na kahit ang mga hayop na Kaniyang nilalang ay Kaniyang minahal (1Cor.9:9 tungkayan sa Jonas 4:11).

3.4 Ang Pangako kay Abraham

Ang Evangeliong ipinangaral ni Jesus at ng mga apostoles ay hindi pangunahing iba kaysa sa nauunawaan ni Abraham. Ang Dios sa pamamagitan ng Kasulatan “ay ipinangaral na nang una ang Evangelio kay Abraham” (Gal. 3:8). Napakahalaga ang mga pangakong ito na sinimulan at tinapos ni Pedro ang kaniyang pamamahayag sa madla ng Evangelio na tumutukoy sa mga ito (Gawa 3:13, 25). Kung ating maunawaan ang mga itinuro kay Abraham, magkaroon tayo ng pinaka-saligang larawan ng Evangeliong Kristiano. May iba pang mga palatandaan na ang “evangelio” ay hindi isang bagay na nagsimula lamang sa panahon ni Jesus:-

-“At dinalhan namin kayo ng mabubuting balita (evangelio), ng pangakong ipinangako sa mga (Judeong) magulang, na tinupad din ng Dios” (Gawa 13: 32, 33).

-“sa Evangelio ng Dios, na Kaniyang ipinangako nang una sa pamamagitan ng Kaniyang mga propeta (hal. Abraham, Gen.20:7) sa mga banal na Kasulatan (Rom.1:1,2).

-“Sapagka’t dahil dito’y ipinangaral maging sa mga patay ang evangelio” (1Ped.4:6)- yaong mga mananampalataya na nangabuhay at namatay bago pa ang unang siglo.

-“Sapagka’t tunay na tayo’y pinangaralan ng mabubuting balita, gaya rin naman nila” (Heb.4:2) yaong Israel na nasa ilang.

Ang mga pangako kay Abraham ay may dalawang saligang paksa:

- (1) Mga bagay ukol sa binhi ni Abraham (natatanging salinglahi) at
- (2) Mga bagay ukol sa lupa na ipinangako kay Abraham.

Ang mga pangakong ito ay tinalakay sa Bagong Tipan at, sa pagpapatuloy ng ating patakaran na hayaang ang Biblia na ipaliwanag ang sarili, ating pagsamahin ang mga aral ng dalawang mga Tipan upang magbigay sa atin ng buong larawan ng tipan na ginawa kay Abraham.

Si Abraham ay nagmulang nanirahan sa Ur, isang maunlad na lungsod na sakop na Iraq sa ngayon. Ang makabagong archeologia ay nagbunyag ng mataas na antas ng kabihasan na inabot ng kapanahunan ni Abraham. May kalakarang pangbangko, pambayang paglilingkod at kaugnay na infrastruktura. Di-kaiba, si Abraham, ay namuhay sa lungsod na ito; at sa abot ng ating kaalaman, ay isang tao ng sanglibutan. Datapuwa’t ang hindi pangkaraniwang pagtawag

ng Dios ay dumating sa kaniya, na iwanan ang sanay sa kamunduhang buhay at simulan ang paglalakbay tungo sa isang lupang pangako. Sa kung tiyak na saan at sa kung tiyak na ano ay hindi lubusang ipinaliwanag. Sa katapusan, ito'y lakbaying umabot ng 1,500 milya. Ang lupa ay ang Canaan-ang Israel sa ngayon.

Paminsan-minsan sa loob ng kaniyang buhay, ang Dios ay nagpakita kay Abraham at inulit at pinalawak ang Kaniyang pangako sa kaniya. Ang mga pangakong iyon ay ang

saligan ng Evangelio ni Cristo, kaya't bilang tunay na Kristiano ang katulad na tawag ay dumating sa atin tulad ng sa kay Abraham, na iwanan ang mga pansamantalang mga bagay ng buhay na ito, at magpatuloy ng lakad sa isang buhay ng pananampalataya, na dala ang mga pangako ng Dios sa tunay nitong halaga na namumuhay sa Kaniyang salita. Atin ding hagapin sa kung papaanong iniisip-isip ni Abraham ang mga pangakong ito sa kaniyang mga paglalakbay. "Sa pananampalataya si Abraham, ng tawagin ,(mula sa Ur) ay tumalima upang pumaroon sa isang dakong (Canaan) kaniyang tatanggaping mana, at siya'y yumaon na di-nalalaman kung saan siya paro roon" (Heb.11:8).

Habang ating pinagaaralan ang mga pangako ng Dios sa unang pagkakataon, tayo rin, ay makaramdam na hindi natin lubos na nalalaman kung ano ang larawan ng lupang pangako

na Kaharian ng Dios. Subali't ang pananampalataya natin sa Salita ng Dios ay ganoon na lamang na tayo rin ay sabik na tuimalima.

Si Abraham ay hindi isang palabuy-laboy na lagalag na walang magawa kaysa sa mag baka-sakali sa mga pangakong ito. Siya ay mula sa isang pinanggalingang kung tukuyin sa tunay na katawagan, ay may maraming pagkakatulad kaysa sa atin. Ang masalimuot at mahirap na pasiya na kaniyang hinarap ay katulad din sa haharapin natin habang ating iniisip kung ating tatanggapin at magpasiya sa mga pangako ng Dios- ang kakaibang mga tingin mula sa ating kasamahan sa kalakalan, palihim na mga sulyap mula sa mga kapitbahay (“Siya’y nagkaroon ng relihiyon”), ang mga bagay na ito ay hindi lingid kay Abraham. Ang pagganyak na kinakailangan ni Abraham upang danasin ang lahat ng ito marahil ay napakalaki. Ang isang bagay na nagbibigay ng lakas ng loob sa mahabang paglalakbay ay ang mga kataga ng pangako. Marahil ay kaniyang sinasaulo ang mga salitang yaon at araw-araw ay pinagmumuni-munihan ito kung ano ang kahulugan ng mga ito sa kaniya.

Sa pamamagitan ng pagpapakita ng katulad na pananampalataya at pagsabuhay ayon dito, tayo ay magkaroon ng katulad na karangalan nang sa kay Abraham-na matawag na mga kaibigan ng Dios (Isa.41:8) upang tuklasin ang kaalaman sa Dios (Gen. 18:17) at upang magkaroon ng

tiyak na pag-asa sa buhay na walang hanggan sa Kaharian. Sa muli ating bigyan diin na ang Evangelio ni Cristo ay nababatay sa mga pangakong ito kay Abraham. Upang maging tunay na mananampalataya sa mensaheng-Kristiano, tayo rin ay kinakailangang umalam ng matibay ang mga pangako kay Abrahaam. Kung wala ang mga ito ang ating pananampalataya ay hindi pananampalataya. Sa may pananabik na mata kailangang ating basahin at basahin muli ang mga paguusap sa pagitan ng Dios at ni Abraham.

Ang Lupa

1) "Umalis ka sa iyong lupain..... na ikaw ay pasa lupaing ituturo ko sa iyo" (Gen.12:1).

2) Si Abraham ay "nagpatuloy ng kaniyang paglalakbay.....hanggang sa Bethel (sa gitnang Israel) at sinabi ng Panginoon kay Abraham..... Itingin mo ngayon ang iyong mga mata, at tumanaw ka mula sa dakong iyong kinalalagyan, sa dakong hilagaan, sa dakong timugan at sa dakong silanganan at sa dakong kalunuran: sapagkat ang buong lupaing iyong natatnaw ay ibibigay ko sa iyo at sa iyong binhi magpakaylanman.... lakarin mo ang lupain.....sapagka't ibibigay ko sa iyo" (Gen. 13:3; 14-17).

3) "Ang Panginoon ay nakipagtipan kay Abram, na nagsabi, sa iyon binhi ibinigay ko ang lupaing ito mula sa ilog ng Egipto hanggang sa malaking ilog na ilog Eufrates" (Gen. 15:18).

4)"At ibibgay ko sa iyo, at sa iyong binhi pagkamatay mo ang lupaing iyong pinaglakbayan, ang buong lupain ng Canaan, na pagaaring walang hanggan(Gen.17:8).

5)"Ang pangako kay Abraham na siyang magmamana ng sanglibutan" (Rom.4:13).

Ating makikita rito ang sunod-sunod na pahayag kay Abraham:-

- 1) 'May isang lupain na ibig Kong paroroonan mo'.
- 2) 'Ikaw ay dumating na sa pook na ito. Ikaw at ang iyong mga anak ay mamuhay dito magpakaylan man'. Pansinin na kung papaanong ang pangako ng buhay na walang hanggan ay naisulat ng walang panghahalina o pagpapapansin; ang isang taong may-akda ay walang dudang palamutian ito.
- 3) Ang pook ng lupang ipinangako ay maigi't tiyakang itinakda.

- 4) Si Abraham ay hindi aasa na tatanggap ng ipinangako sa buhay na ito- siya ay maging “dayuhan” sa lupain, kahit siya sa huli ay mamuhay doon magpakaylan man. Ang pahiwatig nito ay ang siya ay mamamatay at sa huli ay mabuhay muli upang makamtan ang pangakong ito.

- 5) Si Pablo na kinasihan ng espiritu ay talagang nakita ang mga pangako kay Abraham na nangahulugang mamanahin niya ang buong lupain.

Ang Kasulatan ay lumabas sa Kaniyang pamaraan upang paalalahanan tayo na hindi natanggap ni Abraham ang katuparan ng mga pangako habang siya ay nabubuhay:-

“Sa pananampalatay siya’y naging manlalakbay (nagpahiwatig ng isang pansamantalang uri ng buhay) sa lupang pangako, na gaya sa hindi niya sariling lupa, at tumahan sa mga tolda” (Heb. 11:9).

Siya ay namuhay bilang isang dayuhan sa lupain, marahil na may katulad na patagong damdamin at walang katiyakan at di-pagkatugma na siyang damdamin ng isang takas. Siya’y may kahirapang namuhay kasama ang kaniyang binhi sa kaniyang sariling lupa. Kasama ng kaniyang mga anak, si Isaac at si Jacob (na kung saan ang mga pangako ay inulit) siya’y “ayon sa pananampalataya ay nangamatay, na hindi kinamtan ang mga pangako nguni’t kanilang nangakita na natanaw mula sa malayo at kanilang ipinahayag na sila’y pawang taga-ibang bayan at manglalakbay sa ibabaw ng lupa” (Heb.11:13). Pansinin ang apat na mga yugto:

- 📖 Nalalaman ang mga pangako- tulad ng sa ating ginagawa sa pag-aaral na ito.

- 📖 Na “napaniwala ng mga ito”- kung dumaan sa isang kaparaanan ng pagpapaniwala kay Abraham, gaano pa kaya sa atin?

- 📖 “Niyakap ang mga ito”- sa pamamagitan ng bautismo kay Cristo (Gal.3:27-29).

- 📖 Ipinahayag sa sanglibutan sa pamamagitan ng buhay na ang sanglibutan na ito ay hindi tunay nating pamamahay, ngunit tayo ay mamuhay na may pag-asa sa darating na panahon na darating dito sa ibabaw ng lupa.

Si Abraham ay naging isang dakilang bayani natin at halimbawa kung ating mapahalagahan ang mga bagay na ito. Ang lubos na pagkakilala sa kaganapan ng mga pangako na nasa hinaharap ay dumating sa pagod na matanda nang ang kaniyang asawa ay namatay; siya ay kinakailangang bumili pa ng bahagi ng lupaing ipinangako upang ilibing siya (Gawa 7:16). Katotohanang ang Dios ay “hindi siya pinamanahan ng anoman doon, kahit mayapakan ng kaniyang mga paa at siya’y nangakong yao’y ibibigay na pinakaari sa kaniya” (Gaw 7:5). Ang binhi ni Abraham sa kasalukuyan ay makaramdam ng kaparehong di-pagkatugma habang sila ay bumibili o umuupa

ng pagaari- na nasa lupa na ipinangako sa kanila para sa kanilang pansariling walang hanggang mana!

Subali't tinutupad ng Dios ang Kaniyang mga pangako. Kaya't dapat darating ang isang araw kung saan si Abraham at ang lahat na nagkaroon ng mga pangakong yaon na ipinangako sa kanila ay gagantimpalaan. Ang Heb. 11:13,39,40 ay tumukoy sa paksain:-

-“Ayon sa pananampalataya ay nangamatay ang lahat ng mga ito na hindi kinamtan ang mga pangako; na ipinaghanda ng Dios ng lalong mabuting bagay tungkol sa atin, upang sila'y huwag maging sakdal ng bukod sa atin.”

Ang lahat ng tunay na mananampalataya samakatuwid ay gantimpalahan sa magkasabay na panahon; yaong sa harapan ng luklukan ng paghuhukom sa huling araw (2Tim.4:1,8; Mat.25:31-34; 1Ped.5:4). Sumusunod na upang buhay na mahatulan; si Abraham at ang iba pa na nakaalam ng mga pangakong yaon ay kailangang mabuhay na mag-uli bago ang paghahatol. Kung hindi pa nila natanggap sa kasalukuyan ang mga pangako at tatanggapin lamang pagkatapos na sila'y mabuhay na mag-uli at paghahatol sa pagbabalik ni Cristo, walang ibang paraan kungdi tanggapin na ang mga kahalintulad ni Abraham sa ngayon ay walang malay, na naghihintay sa pagdating ni Cristo, ngunit ang mga kinulayang salaming mosaik ng mga simbahan sa buong Europa ay kilalang nagsasalarawan na si Abraham sa ngayon ay nasa langit na na naranasan na ang mga pangakong gantimpala sa buhay na

mapanampalataya. Libu-libong mga tao sa loob ng daan-daang taon ang pumilang dumaan sa mga larawang yaon, na taimtim na tinatanggap ang ganoong palagay. Magkakaroon ka kaya ng tapang na nababatay sa Biblia upang tumiwalag sa pila?

Ang Binhi

Tulad ng naipaliwanag sa Aralin 3.2, ang pangako ng isang binhi ay pangunahing tumutukoy kay Jesus, pangalawa, yaong mga nasa kay Cristo gayon man ay binibilang din na binhi ni Abraham;

- 1) “At gagawin kitang isang malaking bansa, at ikaw ay aking pagpapalain.... at pagpapalain sa iyo ang lahat ng angkan sa lupa” (Gen.12:2,3).

- 2) “At gagawin kong parang alabok ng lupa ang iyong binhi; na anopa’t kung mabibilang ng sinoman ang alabok ng lupa ay mabibilang nga rin ang iyong binhi” (Gen. 13:16).

- 3) “Tumingala ka ngayon sa langit, at iyong bilangin ang mga bituin, kung mabibilang mo.....maging ganyan ang iyong binhi.....sa iyong binhi ibinigay ko ang lupaing ito” (Gen.15:5,18).

- 4) “At ibibigay ko.....at sa iyong binhi, pagkamatay mo.....ang buong lupain ng Canaan, na pagaaring walang hanggan, at ako ang magiging Dios nila” (Gen.17:8).

- 5) “At sa pagpaparami ay pararamihin ko ang iyong binhi, na gaya ng mga bituin sa langit; at gaya ng mga buhangin sa baybayin ng dagat, at kakam-tin ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kaniyang mga kaaway, at pagpa palain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa” (Gen.22:17,18).

Sa muli ang pagkakaunawa ni Abraham sa “binhi” ay sunod-sunod na pinalawak:

- 1) Una, siya ay sinabihan lamang na sa papaano man siya ay magkaroon ng di-pangkaraniwang bilang ng mga anak, at sa pamamagitan ng kaniyang “binhi” ang buong lupa ay pagpapalain.
- 2) Sa di katagalan siya’y sinabihan na siya ay magkaroon ng binhi na siyang sasaklaw sa maraming tao. Ang mga taong ito ay mamuhay magpakaylan man kasama niya sa lupa na siyang hinantungan niya, ang Canaan.
- 3) Siya’y sinabihan na ang kaniyang binhi ay maging tulad ng bituin sa kala-wakan. Ito marahil ay nagpahiwatig sa kaniya na siya’y magkaroon ng mara- ming espirtual-na-mga-anak (bituin sa langit)

at marami ring likas na mga anak (tulad ng “alibabok sa lupa”).

- 4) Ang nakaraang mga pangako ay sinamahan ng dagdag na katiyakan na ang marami sa mga tao na magiging bahagi ng binhi ay magkakaroon ng pansariling kaugnayan sa Dios.

- 5) Ang binhi ay magwawagi laban sa kaniyang mga kalaban.

Pansinin na ang binhi ay magdadala ng “mga pagpapala” na bukas sa mga tao sa buong mundo. Sa Biblia ang palagay sa pagpapala ay madalas iugnay sa pagpapatawad sa mga kasalanan. Sa katapus-taposan, ito ang pinakadakilang pagpapala na mimithiin ng isang mangingibig ng Dios. Kaya’t ating mababasa ang mga bagay tulad ng “Mapalad siyang pinatawad ng pagsalangsang” (Awit 32:1); “Ang sarong pagpapala” (1Cor.10:16) ay nagsasalarawan ng sarong alak na kumakatawan sa dugo ni Cristo na sa pamamagitan nito ang pagpapatawad ay makakamtan.

Ang tanging anak ni Abraham na nagdala ng kapatawaran ng kasalanan sa sanglibutan ay talagang si Jesus at ang mga pahayag sa Bagong Tipan sa mga pangako kay Abraham ay nagbibigay ng buong pagkatig:

“Hindi sinabi ng Dios, at sa mga binhi, na gaya baga sa marami (yaong na nasa maramihan), kundi gaya sa iisa lamang (sa isahan) at sa iyong binhi, na si Cristo” (Gal.3:16).

“.....at ng tipang ginawa ng Dios sa inyong mga magulang, na sinasabi kay Abraham; at sa iyong binhi ay pagpapalain ang lahat ng mga angkan sa lupa. At sa inyo una-una, nang maitindig na ng Dios ang kaniyang lingkod (ang binhi) ay sinugo niya upang kayo’y pagpalain, sa pagtalikod ng bawa’t isa sa inyo sa inyong mga katampalasan” (Gawa 3:25,26).

Pansinin dito na kung papaano sinipi at pinaliwanag ni Pedro ang Gen. 22:18:

Ang binhi = si Jesus

Ang pagpapala = kapatawaran ng kasalanan

Ang pangako na si Jesus, ang binhi, ay magkaroon ng pagtagumpay laban sa kaniyang kaaway sa ngayon ay umaakma ng maayos sa kalalagyan kung ito ay binabasa patungkol sa kaniyang tagumpay laban sa kasalanan – ang

pinakamatinding kalaban ng bayan ng Dios at gayundin kay Jesus.

Ang Pagsanib sa Binhi

Sa ngayon, maging malinaw na na ang mga pangunahing bahagi ng Evangelio ng Kristiano ay nauunawaan ni Abraham. Subali't itong mga mahalagang pangako ay para kay Abraham at sa kaniyang binhi, si Jesus. Papaano naman ang iba pa? Kahit na ang likas na mga anak mula kay Abraham ay hindi kusang maging bahagi ng isang tinukoy na binhi (Jn.8:39; Rom.9:7). Gayon pa man tayo ay kailangang maging malapit na bahagi ni Jesus, upang ang mga pangako ukol sa binhi ay maibahagi din sa atin. Ito ay sa pamamagitan ng bautismo kay Jesus (Rom. 6:3-5); madalas ating mabasa ang bautismo sa kaniyang pangalan (Gawa 2:38, 8:16, 10:48, 19:5). Ang Gal. 3:27-29 ay hindi makapagpaliwanag ng usaping ito ng mas may ikakahigit pa:

“Sapagka't ang lahat na sa inyo ay binautismohan kay Cristo ay ibinihis si Cristo. Walang magiging Judeo o Griego (Gentil), walang magiging alipin o malaya man, walang magiging lalake o babae man, sapagka't kayong lahat ay iisa (sa pamamagitan) kay Cristo Jesus (sa bautismo). At kung kayo'y kay Cristo (sa pamamagitan ng bautismo sa kaniya) kayo nga'y binhi ni Abraham at mga tagapagmana ayon sa pangako.”

Ang pangako ng buhay na walang hanggan sa lupa, ay sa pamamagitan ng pagtanggap ng “pagpapala” sa kapatawaran ng kasalanan sa pamamagitan ni Jesus. Ang pagkabautismo kay Cristo, ang binhi, na tayo ay makabahagi sa mga pangako na ginawa sa kaniya, kaya't sa Rom. 8:17 ay tinawag tayong “mga tagapagmana kasama ni Cristo”.

- Alalahanin na ang pagpapala ay darating sa mga tao mula sa lahat ng sulok ng daigdig, sa pamamagitan ng binhi; at ang binhi ay maging isang sangdaigdigan pangkat ng mga tao na tulad ng alabok sa mga baybayin at mga bituin sa kalangitan. Alinsunod ito sa kanilang unang pagtanggap ng pagpapala upang sila'y maging binhi. Kaya't ang (iisang) binhi "ay saysayin ang Panginoon sa susunod na salin ng lahi" (yaong maraming tao. Awit 22:30).

Ating mabubuod ang dalawang hibla ng mga pangako na ibinigay kay Abraham:-

(1) Ang Lupa

Si Abraham at ang kaniyang binhi, na si Jesus, at yaong nasa kaniya ay magmamana ng lupa ng Canaan at sa pagsudlong ang buong lupa at mamuhay doon magpakaylanman. Sa buhay na ito, hindi nila matatanggap ito, datapuwa't tatanggapin ito sa huling araw, sa pagbalik ni Cristo.

Ang Binhi

Ito ay pangunahing si Jesus. Sa pamamagitan niya ang kasalanan (kaaway) ng sangkatauhan ay madadaig, at ng sa ngayon ang pagpapala sa pagpapatawad ay makamtan sa buong sanglibutan.

Sa pamamagitan ng bautismo sa pangalan ni Jesus tayo ay naging bahagi ng binhi.

Ang dalawang katulad na hibla ay masumpungan sa pangangaral sa Bagong Tipan at hindi kataka-taka, madalas naisulat na kapag narinig ng mga tao na sila'y nangangaral, sila'y nangabautismohan. Ito noon, at sa ngayon, ang pamamaraan upang ang mga pangako ay mapapasa atin. Atin na ngayong maunawaan kung bakit, ang isang matanda na kumakaharap sa kamatayan, mapangahulugan ni Pablo ang kaniyang pag-asa bilang “pag-asa ng Israel” (Gawa 28:20): ang tunay na pag-asa ng Kristiano ay ang taal na pag-asa ng mga Judeo. Ipinahayag ni Cristo na “ang kaligtasan ay nanggagaling sa mga Judeo” (Jn. 4:22) ay tumutukoy din sa pangangailangan na maging espirtual na mga Judeo, upang tayo ay mabiyayaan mula sa mga pangakong kaligtasan sa pamamagitan ni Cristo na nagawa sa mga Matatandang Judeo.

Ating mababasa na ang sinaunang mga Kristiano ay nangangaral:

- 1) “Ang mga bagay ukol sa Kaharian ng Dios, at
- 2) ang pangalan ni Jesucristo” (Gawa 8:12).

Ito ang siyang dalawang bagay na ipinaliwanag kay Abraham sa ilalim ng medyo may pagka-ibang pamagat:

- 1) Mga pangako tungkol sa lupa, at
- 2) Mga pangako tungkol sa binhi.

Pansinin sa pahapyaw na “ang mga bagay” (pangmaramihan) tungkol sa Kaharian at kay Jesus ay ibinuod bilang “pangangaral ni Cristo” (Gawa 8:5 tunghayan tal. 12). Sa palagian ito ay tinatanggap na nangahulugang “Iniibig ka ni Jesus”. Sabihin mo lamang na ikaw ay nananampalataya na siya’y namatay para sa iyo at ikaw ay ligtas na na tao. Subalit ang pariralang “Cristo” ay maliwanag na bumubuod ng aral ng iilang mga bagay tungkol sa kaniya at sa kaniyang Kahariang darating. Ang mabuting balita tungkol sa kahariang ito na ipinangaral kay Abraham ay gumaganap ng malaking bahagi sa mga sinaunang pangangaral ng Evangelio.

Sa Corinto, si Pablo “sa loob ng tatlong buwan, na nangangatuwiran at nanghihikayat tungkol sa mga bagay na nauukol sa Kaharian ng Dios” (Gawa 19:8); sa Efeso kaniyang nilibot na pinangaralan ang “Kaharian ng Dios” (Gawa 20:25), at ang kaniyang sisneng-awitin sa Roma ay ganoon din “ipinaliwanag ang bagay na sinaksihan ang Kaharian ng Dios at sila’y hinihikayat tungkol kay Jesus.....sa pamamagitan ng kautusan.....at gayon din sa pamamagitan ng mga propeta” (Gawa 28:23,31). Na mayroong maraming mapaguusapan ay nagpapakita na ang saligang mensahe ng Evangelio tungkol sa kaharian at kay Jesus ay hindi lamang isang bagay na sinasabing “mananampalataya kay Jesus”. Ang pahayag ng Dios kay Abraham ay mas detalyado kaysa sa diyan at ang mga bagay na ipinangako sa kaniya ay ang batayan ng tunay na Evangelio ng Kristiano.

Ating naipakita na ang bautismo kay Cristo ay gumagawa sa atin upang maging bahagi ng binhi at sa gayon ay tagapagmana ng mga pangako (Gal.3:27-29), subali’t ang bautismo lamang ay di-sapat upang makamtan natin ang kaligtasang ipinangako. Tayo ay manatili sa binhi, kay Cristo, kung tayo ay tatanggap ng pangako na ibinigay sa binhi. Ang bautismo samakatuwid ay isang panimula lamang, tayo ay pumasok sa isang takbuhan na kailangan nating takbuhin. Huwag kalimutan na ang pagiging teknikal na binhi ni Abraham ay hindi nangahulugan na tayo ay katanggap-tanggap na sa Dios. Ang mga Israelita ay mga binhi ni Abraham sa ibang pamaraan , subali’t ito ay hindi nangahulugan na sila’y maliligtas na hindi nabautismohan at inaayon ang kanilang

buhay kay Cristo at sa mga halimbawa ni Abraham (Rom. 9:7,8; 4:13-14). Sinabihan ni Jesus ang mga Judeo “talastas ko na kayo’y mga binhi ni Abraham; gayon ma’y pinagsisikapan ninyong ako’y patayin.....Kung kayo’y mga anak ni Abraham, ay gagawin ninyo ang mga gawa ni Abraham” (Jn. 8:37,39), yaong pagsasabuhay ng buhay ng pananampalataya sa Dios ay kay Cristo, ang pinangakong binhi (Jn.6:29).

Ang binhi ay kailangang may mga katangian ng kaniyang ninununo. Kung tayo ay maging tunay na binhi ni Abraham tayo’y kailangang maging hindi lang nabautismohan kundi magkaroon din ng tunay at totoong pananampalataya sa mga pangako ng Dios, tulad ng sa kaniya. Siya samakatuwid ay matawag na “ama ng lahat ng mga nagsisisampalataya....kundi pati naman sa mga nagsisilakad sa mga bakas niyaong pananampalataya ng ating amang si Abraham na nasa kaniya” (Rom.4:11,12). “Talastasin nga ninyo (yaong tunay na isapuso) na ang mga nasa pananampalataya, ang mga yaon ay mga anak ni Abraham” (Gal. 3:7).

Ang tunay na pananampalataya ay kailangang maipakita sa mga uri ng gawain, kundi sa mata ng Dios, ito ay hindi pananampalataya (Sant.2:17). Ating ipakita ang ating paniniwala sa mga pangakong ito na ating napagaralan sa pamamagitan una sa pagpabautismo, upang ang mga ito ay maiukol sa ating sarili (Gal.3:27-29). Kaya’t tunay ba na

naniniwala ka sa mga pangako ng Dios? Ito ay isang katanungan na patuloy nating itanong sa ating sarili sa tanangbuhay natin.

Ang Matanda at Bagong Tipan

Sa ngayon ay lalong malinaw na na ang pangako kay Abraham ay buod ng Evangelio ni Cristo. Ang ibang pangunahing hanay ng mga pangako na ginawa ng Dios ay para sa mga Judeo sa kaugnay na kahulugan ng kautusan ni Moises. Ang mga ito ay nagpapahayag na kung ang mga Judeo ay naging masunurin sa kautusan na ito, kung gayon sila'y pisikal na mapagpala sa buhay na ito. (Deut. 28). Walang tuwirang pangako ng buhay na walang hanggan sa mga hanay ng pangako, o "tipan". Kaya't ating makikita na may dalawang "mga tipan" na nagawa:-

- 1) Kay Abraham at sa kaniyang binhi, na nangako ng kapatawaran at buhay na walang hanggan sa Kaharian ng Dios sa pagbabalik ni Cristo.

Ang pangakong ito ay ginawa sa Eden at kay David.

- 2) Sa mga Judeo sa kapanahunan ni Moises, na nangangako sa kanila ng kapayapaan at kaligayahan sa buhay na ito kung sila'y tatalima sa kautusan na ibinigay ng Dios kay Moises.

Ang Dios ay nangako kay Abraham ng kapatawaran at buhay na walang hanggan sa Kaharian, subali't ito ay maaari lamang sa pamamagitan ng pagpapakasakit ni Jesus. Sa ganitong katuwiran na ating nababasa na ang kamatayan ni Cristo sa krus ay nagpatotoo sa mga pangako kay Abraham (Gal.3:17; Rom.15:8; Dan.9:27; 2Cron.1:20), kaya't ang kaniyang dugo ay tinawag na "dugo ng bagong tipan" (Mat. 26:28). Sa pagalaala nito kung bakit sinabihan tayo ni Jesus na palagiang tanggapin natin ang sarong ng vino, na sumisimbolo sa kaniyang dugo, upang paalalahanan tayo sa mga bagay na ito (tunghayan 1Cor.11:25). "Ang sarong ito'y ang bagong tipan sa aking dugo" (Luc.22:20). Walang dahilan ang "pagpuputol-putol ng tinapay" sa alaala ni Jesus at ng kaniyang ginawa maliban sa kung maunawaan natin ang mga bagay na ito.

Ang pagpapakasakit ni Jesus ay maaring makapagpatawad at makapagbigay ng buhay na walang hanggan sa Kaharian ng Dios, kaya't kaniyang ginawa ang mga pangako kay Abraham na may katiyakan, siya'y "naging tagapanagot sa lalong mabuting tipan" (Heb.7:22). Ang Hebreo 10:9 ay nagsasalita sa pagkukuha ni Jesus na "inalis niya ang una, upang maitatag ang ikalawa". Ito ay nagpapakita na ng pagtibayin ni Jesus ang mga pangako kay Abraham, kaniyang inalis ang isang tipan, iyon ang tipan na ibinigay sa pamamagitan ni Moises. Ang mga talatang nabanggit na tungkol sa pagpapatibay ni Jesus ng isang bagong tipan sa pamamagitan ng kaniyang kamatayan, ay nagpapahiwatig na may isang lumang tipan na kaniyang inalis (Heb.8:13).

Ito ay nangahulugan na kahit na ang tipan tungkol kay Cristo ay unang ginawa, ito ay hindi magkabisa hanggang sa kaniyang kamatayan; kaya't ito ay tinatawag na "bagong tipan". Ang layunin ng "Matandang Tipan" na ginawa sa pamamagitan ni Moises ay ang magturo sa hinaharap sa mga gawain ni Jesus, at upang bigyang kahalagahan ang pananampalataya sa mga pangako ukol kay Cristo (Gal. 3:19,21). Sa kabila nito, ang pananampalataya kay Cristo ay nagpapatunay sa katotohanan ng kautusang ibinigay kay Moises (Rom.3:31). Kakatwang binuo ito ni Pablo na:"ang kautusan ay siyang naging tagapagturo natin upang ihatid tayo kay Cristo, upang tayo'y aariing ganap sa pamamagitan ng pananampalataya" (Gal. 3:24). Sa layuning ito kung bakit ipinagpatuloy pa ang mga kautusan sa pamamagitan ni Moises, at ito'y kapaki-pakinabang pa na ating pagaaralan.

Ang mga bagay na ito ay hindi madaling unawain sa unang pagbasa lamang; atin itong mabubuod sa mga sumusunod:-

Ang mga pangako kay Abraham tungkol kay Cristo – Bagong Tipan.

Ang mga pangako sa Israel na kaugnay sa kautusang ibinigay kay Moises – Matandang Tipan

Ang kamatayan ni Cristo – nagtapos ang Matandang Tipan (Col.2:14-17). Nagsimula ang Bagong Tipan.

Sa ganitong pangatuwiran ang mga bagay na tulad ng ikasampung-bahagi, pagsunod sa Sabbath, na bahagi ng Matandang Tipan ay di na kinakailangan sa ngayon – tunghayan sa Aralin 9.5. Ang Bagong Tipan ay gagawin sa mga likas na taga-Israel kapag sila ay nagsisisi at tatanggapin si Cristo (Jer.31:31,32; Rom. 9:26,27; Ezek.16:62, 37:26). Kahit na siyang sinomang Judeo na sa ngayon ay gumawa nito at mabautismohan kay Jesus ay kaagad na makapasok sa Bagong Tipan (na kung saan ay walang pagkakaiba ang Judeo/Gentil – Gal.3:27-29).

Ang tunay na pagpapahalaga sa mga bagay na ito ay makapagtanto sa atin sa katiyakan sa mga pangako ng Dios. Ang mga taong mapagalinlangan ay di-makatarungang nagaakusa sa mga sinaunang Kristianong mangangaral na hindi nagbibigay ng isang positibong mensahe. Sumagot si Pablo sa pamamagitan ng pagsasalita na ng dahil sa pagtitiyak ng Dios sa Kaniyang mga pangako na bunga ng kamatayan ni Cristo, ang pag-asang kanilang sinasabi ay hindi isang panandaliang pangyayari kundi isang lubos at tiyakang alok. “Ngunit palibhasa’y ang Dios ay tapat, ang aming salita (ng pangangaral) sa inyo ay di oo at hindi; Sapagkat ang Anak ng

Dios, si Jesucristo na ipinangaral namin sa inyo.....hindi naging oo at hindi kundi sa kaniya ay naging oo. Sapagka't maging gaano man ang mga pangako na Dios, ay nasa kaniya ang oo, kaya nga naman nasa kaniya ang Siya Nawa" (2Cor.1:18-20).

Tiyakan na ito ay totorpedo sa mga niloloob ng mga nagsasabing "Siya, aking pinapalagay na magkaroon marahil ng iilang katotohanan sa lahat ng mga iyan..."?

3.5 Ang Pangako kay David

Si David, tulad ni Abraham at sa marami pang tumanggap ng mga pangako ng Dios ay di nagkaroon ng maginhawang pamumuhay. Siya ay lumaki bilang pinakabata na anak na lalake sa isang malaking sambahayan kung saan, sa panahong 1000 BC sa Israel, ay nangahulugang nagaalaga sa mga tupa at patakbuhing-utusan ng kaniyang palautos na mga nakakatandang kapatid (1Sam 15-17). Sa panahong ito, siya'y natuto ng isang antas ng pananampalataya sa Dios na iilang tao lamang ang nakaabot.

Ang araw ay dumating kung saan ang Israel ay humarap sa isang matinding pagsubok mula sa kanilang agresibong karatig-bayan, ang Filisteo; sila'y hinamon upang pumayag na isa sa kanilang mga tauhan ay lumaban sa higanteng si Goliath, ang tagapagtanggol ng mga Filisteo sa kaunawaang

kung sino ang manalo sa labanan ay maging pinuno ng natalo. Sa tulong ng Dios natalo ni David si Goliath sa pamamagitan ng paggamit ng isang panghilagpos, na nagbigay sa kaniya ng lalong pagkakilala kaysa

sa kanilang haring (si Saul). “Panibugho ay mabagsik na parang sheol” (Awit ng mga Awit 8:6) mga salitang pinatotohanan ni Saul sa kaniyang paguusig kay David sa loob ng 20 taon, na hinabol siya na parang isang daga sa ilang ng Katimugang Israel.

Sa katapusan si David ay naging hari, at upang ipakita ang kaniyang pasasalamat sa pag-ibig ng Dios sa kapanahunan ng kaniyang buhay sa ilang, siya’y nagpasiyang magpatayo ng isang templo sa Dios. Ang Dios ay tumugon na ang anak ni David, na si Solomon ang siyang magpapatayo ng templo at ang Dios ay magtatayo ng isang bahay kay David (2Sam.7:4-13). Pagkatapos sumunod ang isang detalyadong pangako na umuulit ng marami sa mga naipahayag kay Abraham, at gayundin ay nagdagdag ng iba pang mga detalye.

“Pagka ang iyong mga araw ay naganap, at ikaw ay matutulog na kasama ng iyong mga magulang, aking ibabangon ang iyong binhi pagkatapos mo, na magmumula sa iyong tiyan at aking itatag ang kaniyang kaharian. Kaniyang ipagtatayo ng bahay ang aking pangalan at aking itatatag ang luklukan ng kaniyang kaharian magpakailan man. Ako’y kaniyang magiging

ama at siya'y magiging aking anak, kung siya ay gumawa ng kasamaan aking sasawayin siya ng mga pamalo ng mga tao, at ng panghampas ng mga anak ng tao. Nguni't ang aking kagandahang loob ay hindi mahihiwalay sa kaniya na gaya ng aking pagalis niyan kay Saul na aking inalis sa harap mo. At ang iyong sangbahayan at ang iyong kaharian ay matitiwasay magpakailan man sa harap mo: ang iyong luklukan ay matatatag magpakailan man (mga talatang 12-16).

Sa ating nakaraang pagaaral ating inaasahan na ang "binhi" ay si Jesus. Ang pagsasalarawan sa kaniya bilang isang anak ng Dios (2Sam.7:14) ay nagpapatunay nito, at sa maraming pang mga pagbanggit sa iba't-ibang bahagi ng Biblia.

📖 "Ako ang supling ni David", sabi ni Jesus (Apoc. 22:16)

📖 " (si Jesus), na ipinanganak sa binhi ni David ayon sa laman" (Rom.1:3).

📖 "Sa binhi ng taong ito (ni David) ayon sa pangako, ang Dios ay nagkaloob ng isang Tagapagligtas, na si Jesus" (Gawa 13:23).

📖 "Ang isang anghel ay nagsabi sa dalagang si Maria tungkol sa kaniyang

anak, na si Jesus “sa kaniya’y ibinigay ng Panginoong Dios ang luklukan

ni David na kaniyang ama (ninununo)... at hindi magkakawakas ang kani

yang kaharian “ (Luc.1:32-33). Ito ay pagsasakatuparan sa pangako na

binhi ni David, sa 1Sam.7:13, kay Jesus.

Sa matibay na pagkatukoy sa binhi na si Jesus, ang bilang ng mga detalye sa ngayon ay naging mahalaga:

1) Ang Binhi

“Ang iyong binhi....na magmumula sa iyong tiyan.....Ako ay kaniyang magiging ama, at siya’y aking magiging anak”. “.....ang bunga ng iyong katawan ay aking ilalagay sa iyong luklukan” (2Sam.7:12,14; Awit 132:10,11). Si Jesus, ang binhi, ay maging isang literal, at may katawang angkan ni David, subali’t ang Dios ang kaniyang ama. Ito ay mangyari lamang sa pamamagitan ng pagkakapanganak sa pagkadalaga tulad ng isinalarawan sa Bagong Tipan; ang ina ni Jesus ay si Maria, na angkan ni David (Luc.1:32) subali’t siya’y walang taong-likas na ama. Ang Dios ay mahimalang gumawa sa sinapupunan ni Maria sa pamamagitan ng Espiritu Santo upang kaniyang ipanganak si Jesus, kaya’t ang anghel ay nagsabing “kaya naman ang banal na bagay na ipanganganak ay tatawaging

Anak ng Dios” (Luc.1:35). Ang “pagkaanak sa pagkadalaga” ay siyang tanging paraan upang ang pangakong ito kay David ay tuwirang maganap.

2) Ang Bahay

“Kaniyang ipagtatayo ng bahay ang aking pangalan” (2Sam 7:13) ay nagpapakita na si Jesus ay magtatayo ng isang templo para sa Dios-kapuwa literal at espirtual. Ang Ezekiel 40-48 ay naglalarawan na kung papaanong sa Sanlibong Taon (ang unang isang libong taon ng kaharian ng Dios pagkatapos bumalik si Jesus dito sa lupa) ang isang templo ay itatayo sa Jerusalem. Ang “bahay” ng Dios ay yong saan Niyang ninanais tumahan, at sa Isa. 66:1,2 ay nagsasabi sa atin na siya’y darating upang tumahan sa mga puso ng tao na mapagpakumbaba sa Kaniyang salita. Si Jesus samakatuwid ay magtatayo ng isang espirtual na templo para tahanan ng Dios, na kinabibilangan ng mga tunay na mananampalataya. Ang larawan ni Jesus bilang pangunahing bato sa templo ng Dios (1Ped.2:4-8) at ng mga Kristiano bilang mga templong bato (1Ped.2:5) sa ngayon ay naiakma sa tamang kalalagyan.

3) Ang Luklukan

“At aking itatag ang luklukan ng kaniyang (ni Cristo) kaharian magpakailan man..... ang iyong (ni David) sangbahayan at ang iyong kaharian.....ang iyong luklukan ay matatatag magpakailan man” (2Sam.7:13,16 tunghayan sa Isa.9:6,7). Ang kaharian ni Cristo samakatuwid ay mababatay sa Israel na kaharian ni David. Ito ay nangahulugan na ang darating na kaharian ng Dios ay ang pagtatayong muli ng kaharian ng

Israel – tunghayan sa Araling 5.3 sa karagdagan pa nito. Upang matupad ang pangakong ito, si Cristo ay kailangang maghari sa “luklukan” ni David, o lugar ng paghaharian. Ito ay literal na nasa Jerusalem. Ito ay isa pa sa mga patunay na ang kaharian ay maitatatag dito sa lupa upang matupad ang mga pangakong ito.

4) Ang Kaharian

“Ang iyong sangbahayan at ang iyong kaharian ay matitiwasay magpakailan man sa harap mo” (2Sam. 7:16) ay nagpapahiwatig na si David ay sasaksi sa pagkatatag ng walang hanggan kaharian ni Cristo. Ito samakatuwid ay isang di-tuwirang pangako na siya ay bubuhaying muli sa pagbalik ni Cristo upang makita ng kaniyang sariling mata ang kaharian na itinatatag sa buong sanglibutan na pinamumunuan ni Jesus mula sa Jerusalem.

Ang mga bagay na ito na ipinangako kay David ay higit na kinakailangang maunawaan. Nagagalak na sinabi ni David ang mga bagay na ito bilang “isang walang hanggan tipan.....siyang aking buong kaligtasan, at buong nasa” (2Sam. 23:5). Ang mga bagay na ito ay naguugnay din sa ating kaligtasan; kagalakan sa mga ito ay kailangang siya rin ating ninanasa. Sa muli ang pagdidiin ay ginagawa na ang mga aral na ito ay mahalaga. Isang malungkot na pangyayari na ang Kristiano ay nagtuturo ng mga aral na harapang sumasalungat sa mga nakakapagtakang katotohanang ito:-

-Kung si Jesus ay sa katawan ay “naroroon na”, yaong na siya ay nabubuhay bilang isang may katauhan bago siya ipinanganak, sama- katuwid ito ay nagpapasawalang kabuluhan sa mga pangakong ito na si Jesus ay maging “binhi” ni David, o angkan.

-Kung ang kaharian ng Dios ay sa langit, kung gayon hindi maitatag muli ni Jesus ang kaharian ni David sa Israel, o maghari siya sa “luk- lukan” ni David, o lugar ng paghaharian. Ang mga bagay na ito ay literal na dito sa lupa noon, kayat ang pagkatatag muli nito ay kailangang sa lugar din na iyon.

Ang Katuparan kay Solomon?

Ang literal na anak ni David na si Solomon ay bahagyang nakatupad ng mga pangako kay David. Kaniyang itinayo ang literal na templo ng Dios (1Hari 5-8) at siya’y may isang napakaunlad na kaharian. Ang lahat ng mga bansa na nakapalibot sa kaniya ay nagpadala ng mga kinatawan upang magbigay galang kay Solomon (1Hari 10) at nagkaroon ng malaking pagpapalang espirtual mula sa paggamit ng templo. Ang paghahari ni Solomon samakatuwid ay tumuturo sa hinaharap sa isang mas pinakamalaking kaganapan ng pangako kay David, na makikita sa kaharian ni Cristo.

Ang iba ay nagsasabing ang mga pangako kay David ay lubos na natupad kay Solomon, subali’t ito ay pinabulaanan ng mga sumusunod:

-Ang maraming patunay na ipinapakita sa Bagong Tipan ay nagpapakita na ang “binhi” ay si Cristo at hindi si Solomaon.

-Waring iniugnay ni David ang mga pangako na ginawa ng Dios sa kaniya doon sa mga pangako kay Abraham (1Cron.17:27 = Gen.22:17,18).

-Ang kaharian ng “binhi” ay magpakailan man – ang kay Solomon ay hindi.

-Kinikilala ni David na ang mga pangako ay nauukol sa buhay na walang hanggan, na nagsasantabi ng anumang pagtutukoy sa kaniyang agarang-susunod na sangbahayan. “Katotohanang ang aking sangbahayan ay hindi gayon sa Dios; gayon ma’y nakipagtipan siya sa akin ng isang tipang walang hanggan” (2Sam.23:5).

-Ang binhi ni David ay ang Messias, ang tagapagligtas mula sa kasalanan (Isa.9:6,7; 22:22; Jer.33:5,6,15; Jn.7:42). Subalit si Solomon sa huli ay tumalikod sa Dios (1Hari 11:1-13; Neh.13:26) dahil sa kaniyang

pagaasawa sa mga yaong nasa labas ng pag-asa ng Israel.

Pagkasalungat 9: Ang Pagkawasak ng mga Langit at Lupa (Apoc. 21:1; 2Ped. 3:6-12)

Ang layunin ng Dios ay na itatatag Niya ang Kaniyang kaharian dito sa lupa (tunghayan ang Aralin 5), di waring maisip na Kaniyang wawasakin itong literal na planeta, at ang Aralin 3.3 ay nagpapakita na Siya'y hindi nagbabago na nangakong hindi Niya gawin ang yaong bagay; Ang nasa itaas na mga pagbanggit ng pagkawasak ng mga langit at lupa, samakatuwid ay kinakailangang unawain bilang talinghaga.

Ang talata mula sa sulat ni Pedro ay nagpapakita ng pagkatulad sa paghahatol sa lupa sa kapanahunan ni Noe at kung ano ang mangyayari sa “araw ng Panginoon” sa hinaharap: “Ang sanglibutan noon na inapawan ng tubig, ay napahamak: ngunit ang sangkalangitan ngayon, at ang lupa.....ay iniingatang talaga sa apoy na itinataan sa araw ng paghuhukom” (2Ped.3:6,7).

Si Pedro ay nagtuturo ng pagkakaiba ng tubig na siyang ginamit sa paglilipol sa kapanahunan ni Noe, at sa apoy na siyang gagamitin sa ikalawang pagdating. “Ang sangkalangitan

at ang lupa “sa panahon ni Noe ay hindi literal na napugnaw-“ang lahat ng lamang gumagalaw” na makasalan ay nangamatay (Gen.7:21 tunghayan 6:5,12). Ang “sangkalangitan at lupa” samakatuwid ay tumutukoy sa isang kaparaanan ng mga bagay o ng kapisanan ng tao. Yaong dinakaunawa sa sipi na ito ay nagkahumilig na nakaligtaan ang pagkawasak ng “sangkalangitan” na siyang tinutukoy. Ito ay hindi matanggap na literal- ang mga ito ay tahanan ng Dios (Awit 123:1) kung saan ay walang pagkakasala (Hab.1:13; Awit 65:4,5) ay siyang nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Dios (Awit 19:1). Kung ang mga ito ay tumutukoy sa isang talinghaga, ang “lupa” ay gayon din.

Ang sumusunod na mga sipi ay nagpapakita na kung papaanong ang “sangkalangitan at lupa” sa ibang bahagi ng Biblia ay di-unawain na literal subali’t ito ay tumutukoy sa isang kaparaanan ng mga bagay sa lupa:

-“Aking minasdan ang lupa, at narito, sira at walang laman, at ang langit ay walang liwanag.....sapagka’t ganito ang sabi ng Panginoon; Ang buong lupain (ang Israel) ay magiging sira.....Dahil dito ay tatangis ang lupa, at ang langit sa itaas ay magiging maitim” (Jer. 4:23-28). Ito ay isang hula sa mga parusa na darating sa “langit at lupa” ng lupain at bayan ng Israel, dahil sila ay (hindi ang literal na langit at lupa) magtatangis.

-Si Moises ay unang nagsalita sa buong Israel “Makinig kayo, mga langit, at ako’y magsasalita, At pakinggan ng lupa ang mga salita ng aking bibig” (Deut.32:1). Bibigyang-liwanag na may dalawang uri ng mga tao na kaniyang pinagsasabihan:

1) “ang mga matatanda sa inyong mga lipi” at 2) “buong kapisanan ng Israel (Deut. 31: 28,30). Ang mga matatanda ay katumbas ng “mga langit” at ang pangkaraniwan na mamamayan ay sa “lupa”.

📖 Sinimulan ni Isaias ang kaniyang hula sa kahalintulad na paraan: “Dinggin mo, Oh langit at pakinggan mo, Oh lupa.....Pakinggan ninyo ang Salita ng Panginoon ninyong mga pinuno.....mangakinig kayo sa kautusan ng ating Dios, kayong bayan.....” Isa.1:2,10). Sa muli ay mayroong pagkatulad sa mga langit at sa mga pinuno, at sa lupa at ang mamamayan.

📖 “Siya’y tatawag sa langit sa itaas; At sa lupa upang mahatulan Niya ang Kaniyang bayan” ng Israel (Awit 50:4). Ito ay makapagpaliwanag sa kaniyang sarili. At aking uugain ang lahat ng bansa.....Aking uugain ang langit at lupa” (Hag.2:7,21) ay gayon din.

📖 “Sapagka’t ang aking tabak ay nalango sa langit; narito, yao’y bababa sa Edom.....Ang tabak ng Panginoon ay napuno ng dugo.....Sapagka’t ang Panginoon ay may.....at may malaking patayan sa lupain ng Edom” (Isa. 34:5,6).

Ang “langit” dito ay tumutukoy sa Edom; ang nakaraang hula na ang “lahat na natatanaw sa langit ay malilipol” (Isa.34:4). Kaya’t ito ay tumutukoy sa pagkawasak ng Edom.

📖 Ang mga langit at lupa na nabanggit na nagiba sa Isa. 13 ay tumutukoy sa bayan ng Babilonia. Sa magkasunod-sunod na pahayag tungkol sa Babilonia ay mababasa na ang Dios “panginginigin ang mga langit, at ang lupa ay yayanigin mula sa kinaroroonanat mangyayari, na kung paano ang usang hinahabol.....ay magsisibalik sila bawa’t isa sa kaniyang sariling bayan at tatakas bawa’t isa sa kaniyang sariling lupain” (Isa. 13:13,14). Ang pagtatakas palayo ng mga langit at lupa kung sa gayon ay itinutumbas sa mga katauhan. Ang Heb 9:26 ay nagsasabi ng “katapusan ng mga panahon” na nangyari noong unang siglo A.D. – sa pagpahiwatig na ang sanglibutan ng Judeo ay matatapos na.

Kapag matibay na napagkit ang mga ito sa isip, inaasahan na ang pagtutukoy na nasa Bagong Tipan sa bagong langit at lupa sa pagbalik ni Cristo ay tumutukoy sa bagong kaparaanan ng mga bagay na makikita kung ang kaharian ng Dios ay matatag.

Ang masusing pagsisiyasat ng 2 Pedro 3 ay nagpapatunay nito. Pagkatapos isalarawan na kung papaanong ang kasalukuyang “mga langit at lupa” ay magwawakas, at ang talata 13 ay nagpatuloy “Ngunit, ayon sa kaniyang pangako, ay naghihintay tayo ng bagong langit at ng bagong lupa, na

tinatahanan ng katuwiran.” Ito ay nagsisipi sa Kaniyang (ng Dios) pangako sa Isa. 65:17: “Sapagka’t narito, ako’y lumilikha ng mga bagong langit, at ng bagong lupa.” Ang natitirang bahagi ng Isa. 65 ay patuloy na nagsasalarawan nitong bagong kaparaanan ng mga bagay bilang siyang isang lubusang kalagayan dito sa lupa.

“Aking nililikha na kagalakan ang Jerusalem.....sila’y hindi mangagtayo at iba ang tatahan.....ang bata ay mamamatay na may isang daang taong gulang.....(yaong ang haba ng buhay ay madugtungan).....ang lobo at ang kordero ay manginginaing magkasama” (Isa. 65:18-25).

Ang mga pagpapalang ito ay maliwanag na umuugnay sa kaharian ng Dios na darating dito sa lupa – ang bagong “mga langit at lupa” na siyang papalit sa kasalukuyang kahabag-habag na kaayusan.

Pagkasalungat 10: Ang Mga Pagaangkin ng “British Israelism”

Ang palagay ay itinataguyod ng mga katulad na mga kapisanan ng “Plain Truth” ni H.W. Armstrong na ang mga pangako kay Abraham ay natupad na sa mga taga Britania at Amerika, na kung saan ay inaangkin na mga lipi ni Ephraim at Manases. Ang mga kasapi ng kilusang ‘British Israelite’ ay naniniwala na ang mga hari at reyna ng Englatiera ay angkan sa lipi ni Juda na nagsimula kay haring David. Upang patunayan ang kanilang palagay, kanilang hininuha na ang mga Judeo ay itinakwil bilang bayan ng Dios at ang mga taga-Britania ay piniling kapalit.

Kung ang pangangatuwiran ng Aral 3 ay sinusundan, maliwanag na ang patotoo ayon sa Biblia sa mga pagaangking ito ay kailanma’y di maikatuwiran. Ang sumusunod ay iilan lamang sa marami pang maidadagdag sa puntos na maisagawa:

-Ang lahat ng katauhan ay parehong nasa ilalim ng sumpa ng kasalanan (Rom.3:23), at sa gayon si Cristo ay namatay upang ang lahat ng mga tao sa lahat ng bansa ay nagkakaroon ng pagkakataon sa kaligtasan. Kahit sa alinmang bansa tayo nanggaling ay di mahalaga kung tayo ay nabautismohan kay Cristo at naging bahagi ng espirtual na Israel (Gal.3:27-29). Tayo ay inutusan na ipangaral ang Evangelio sa lahat ng bansa, at bautismohan ang bawat isa na nananampalataya dito (Mar. 16:15,16); kaya’t ang bagong Israel ay binubuo ng mga

tao na nagmula sa iba't-ibang bansa at hindi lang ang taga Britania.

📖 Napakahirap patotohanan na ang pinagmulan ng mga taga-Britania at Amerika, sila'y halong mga taong galing sa iba't-ibang bahagi ng mundo. Sa dahilan lamang na ang isa ay ipinanganak sa mga bansang ito ay hindi nangahulugang sila'y bansang hinirang ng Dios.

📖 Ang palagay ng British Israelites na ang mga pagpapala na ipinangako sa binhi ni Abraham ay natupad sa mamamayang Britania na walang kaugnayan sa kanilang pagka-masunurin sa Dios. Ito ay taliwas sa prinsipyong inulit na ang mga pagpapala ng Dios ay may pasubaling sa pagtatalima. Ang kabuuan ng Lev. 26 at Deut. 28 ay nagpapahayag ng mga pagpapala na mapapasa-Israel kung sila'y maging masunurin sa Kaniyang salita, at ang mga sumpa ay maging bunga ng kanilang pagsalangsang. Ang pahayag na ibinigay ng Dios ang mga pagpapalang ito sa Britania na walang kaugnayan sa kanilang pagiging masunurin sa Kaniyang salita, at madalas sa harap ng kanilang mapagkilanlang pagsalangsang dito, ay totoong nagbibigay ng pinsala sa mga alituntunin na kung saan inihandog ang mga pagpapalang ito ng Dios.

📖 Ang pahiwatig na tinakwil ng Dios ang Kaniyang bayang Israel at pinalitan sila ng taga-Britania ay napapawi sa harap ng mga sipi tulad ng sa Roma 11:1,2: "Itinakuwil baga ng Dios ang Kaniyang bayan? Huwag namang mangyari. Sapagka't ako (si Pablo) man ay Israelita, sa binhi ni

Abraham.....Hindi itinakuwil ng Dios ang Kaniyang bayan na nang una pa'y kinilala Niya.”

📖 Ang kaharian ng Dios ay ang kaharian ng Israel sa nakaraan (2Cron.9:8). Ito ay itiniwarik dahil sa kanilang pagsalangsang, subalit ang kaharian ay itatayo muli (Ezek.21:25-27). Ang kaharian ay ipanumbalik sa Jerusalem (Mic. 4:8) kung maghari na si Jesus doon sa luklukan ni David (Luc.1:32).

📖 Ang mga kasalukuyang nangagkalat na bayan ng Israel ay pipisanin muli mula sa iba't-ibang bahagi ng lupa kung saan sila ikinalat: “Aking kukunin ang mga anak ni Israel mula sa gitna ng mga bansa, na kanilang pinaroroonan, at pipisanin ko sila sa lahat ng dako at dadalhin ko sila sa kanilang sariling lupain: at gagawin ko silang isang bansa sa lupain, sa mga bundok ng Israel” (Ezek.37:21,22). Ito ay naisakatuparan sa anyong ang likas na mga Judeo ay bumabalik sa kanilang lupain; ang lubos na katuparan ay magiging sa kaharian, na ang sa kasalukuyang pagbabalik ng Israel sa kanilang lupain ay nagpapahiwatig na malapit na malapit na.

Talababa: Yaong mas interesado sa paksang ito na gustong magkaroon ng libreng babasahin, “British Israelism Examined”, ay makukuha sa tagapaglimbag.

ARALING 3: MGA KATANUNGAN

1. Alin sa mga pangako ng Dios ang nagtatakda ng patuloy na pagalitan ng kasalanan at ng matuwid?
 - a) Ang pangako kay Noe
 - b) Ang pangako sa Eden
 - c) Ang pangako kay David
 - d) Ang pangako kay Abraham

2. Alin sa mga sumusunod na mga pahayag ay totoo tungkol sa pangako sa Eden?
 - a) Ang binhi ng ahas ay si Lucifer
 - b) Si Cristo at ang mga matuwid ay mga binhi ng babae
 - c) Ang binhi ng ahas ay panandaliang dinurog ni Cristo
 - d) Ang binhi ng babae ay nadurog sa pamamagitan ng kamatayan ni Cristo.

3. Saan mamuhay magpakaylan man ang binhi ni Abraham?
 - a) Sa langit
 - b) Sa lungsod ng Jerusalem
 - c) Sa lupa
 - d) Ang iba ay sa langit at ang iba ay sa lupa.

4. Alin sa mga sumusunod ang pinangako kay David?
 - a) Na ang kaniyang dakilang salinglahi ay maghahari magpakaylan man.

- b) Na ang kaniyang “binhi” ay magkaroon ng isang kaharian sa langit.
 - c) Na ang binhi ay maging anak ng Dios.
 - d) Na ang kaniyang binhi, na si Jesus ay mamuhay sa langit bago ipanganak sa lupa.
5. Sa papaanong paraan tayo maging binhi ni Abraham?
6. Ang lupa ba ay magugunaw?
7. Sa papaanong ang pangako ng Dios ay makapagpapatunay sa iyong kasagutan sa katanungan bilang 6?
8. Ipaliwanag ang pangako sa Eden na nasa Genesis 3:15.

ARALING 4

**ANG DIOS AT ANG
KAMATAYAN**

4.1 Ang Kalikasan ng Tao

Karamihan sa mga tao ay para bang kakaunting oras na ginugugol upang pagnilay-nilayin ang tungkol a kamatayan o tungkol sa kanilang sariling kalikasan na siyang pangunahing sanhi ng kamatayan. Sa ganitong kakulangan ng sariling pagsusuri ay nagiging sanhi ng kawalan ng sariling kaalaman at dahil diyan ang mga tao'y natatangay na lamang sa buong buhay nila, na gumawa ng kanilang kaalaman mga pasiya ayun sa utos ng kanilang likas na kagustuhan. Mayroong isang pagtangi – wari'y lubhang nakakubli –upang ipahayag ang katotohanang ang buhay ay maikli at lahat ay mamamatay. “Ano ang inyong buhay? Kayo nga'y isang singaw na sa sandaling panahon ay lumilitaw at pagdakay napapawi”. “sapagka't tayo'y mamamatay na walang pagkakasala, gaya ng tubig na mabubuhos sa lupa, na hindi mapupulot uli”. “Sa kinaumagahan ay namumulaklak at lumalago (ating kabataan); na kinahapunan ay pinuputol at natutuyo” (Sant 4:14; 2 Sam. 14:14; Awit 90:5,6). Si Moises, isang tao na mapag-isip ay tinatanggap ito, at sumamo sa Dios: “kaya ituro mo sa amin ang pagbilang ng aming mga kaarawan, upang kami kami ay magtamo ng pusong Karunungan” (Awit 30:12).

Kaya nga, dahilan sa kaiklian ng buhay, dapat nating unahing gawain ay magtamo ng tunay na karunungan. Ang pagtugon ng tao sa katapusan ng buhay ay iba't-iba. Ang ilan sa mga kultura o kabihasan ay sinubukang gawin ang kamatayan at

paglilibing ay kabahagi na ng buhay, upang mabawasan ang pagdadalamhati at kalungkutan. Sa karamihan ng mga yaong nagtataglay ng pangalang “kristiyano” ay ipinalagay nila na ang tao ay mayroong isang “kaluluwang walang kamatayan” o ilang sangkap ng pagka-walang kamatayan sa loob niya na nagliligtas o nananatiling buhay na pupunta sa isang lugar na gantingpala o lugar na kaparusahan, sa dakong huli. Dahilan sa ang kamatayan ang pinakamahalagang suliranin at malungkot na mangyayari, talagang inaasahan na ang pag-iisip ng tao ay nasanay na upang bawasan ang tamang pasakit sa kaisipan, kaya nga, iba’t-ibang maling teoriya o kuro-kurong sumipot tungkol sa kamatayan at sa tunay na kalikasan ng tao. Palaging ang mga ito ay suriin kung salungat sa Biblia upang malaman ang tunay na katotohanan tungkol sa mahalagang paksang ito. Nararapat alalahanin ang pinakaunang kabulaanan mahalagang paksang ito. Nararapat alalahanin ang pinangakuan kabulaanan ng Eden. Salungat sa maliwanag na inihayag ng Dios na ang tao ay “talagang mamamatay” kapag siya ay nagkasala (Gen. 2:17), ang ahas ay iginiit, “Tunay na hindi tayo mamamatay” (Gen. 3:4). Ang pagtatangkang ito upang itanggi ang katapusan at kalahatan ng kamatayan ay naging isang likas na katangian ng lahat ng mg huling relihiyon. Maliwanag na lalo na sa bahaging ito, ang isang doktrina o aral na magiging daan sa isa pang maling aral, ang isang maling aral, at isa pa. Ang kabaliktaran ay isang kapisasong katotohanan ay nagbibigay daan sa isang katotohanan pa, kagaya ng ipinakita sa 1 Cor. 15:13-17. Dito si Pablo nagpalundag-lundag buhat sa isang katotohanan tungo sa isa pang katotohanan (pansinin “kung ...kung...kung...”).

Upang maintindihan ang ating tunay na kalikasan, kailangan nating alamin kung ano ang sinasabi ng Biblia sa paglikha ng tao. Ang ulat ay nasa maliwanag na pananalita na, kung tatanggapin nang literal ay wala ng pagsalang tatanggapin nating walang pag-aalinlangan kung ano talaga tayo batay sa ating kalikasan (tingnan sa Pagsalungat 18 tungkol sa pagkaliteral ng Genesis). “At ng Panginoong ang tao sa alabok ng lupa...sapagkat diyan (ang lupa) ikaw (Adan) ay kinuha: Sapagkat ikaw ay alabok at sa alabok ka uwi” (Gen. 2:7; 3:19). Lubusang walang ipinahihiwatig dito na ang tao ay mayroong ano man likas na walang kamatayang kalagayan; walang ano mang bahagi niya ang mabubuhay pagkatapos ng kamatayan.

Mayroon isang palatandaang idiniin ng Biblia sa katotohanang ang tao ay tunay na binubuo ng alikabok lamang: “Kami ang malagkit na putik” (Isa. 64:8); “Ang tao ay mababalik uli sa alabok” (Job 34:15). Tinanggap ni Abraham na siya ay “alabok at abo lamang” (Gen. 18:27). Pagkatapos na pagkatapos na hindi sinunod ang kautusan ng Dios sa Eden “itinaboy ang lalake” ng Dios...”at baka ngayo’y iunat ang kaniyang kamay at pumitas naman ng bunga ng punong kahoy ng buhay, a t kumain at mabuhay magpakailan man” (Gen. 3:22,24). Kung ang tao ay may isang sangkap ng walang kamatayang buhay sa loob niya, natural na hindi kinakailangan ito.

May Pasubaling walang kamatayan

Ang palaging paulit-ulit na mensahe ng Ebanghelyo na ang tao ay maaring makita ang daan upang matamo ang buhay na walang kamatayan sa pamamagitan ng gawa ni Cristo. Ito ay pagiging tanging uri o halimbawa ng walang kamatayan (tao) na ipinahahayag ng Biblia. Ito ay nangangahulugan na ang haka-hakang kawalang katapusang nalalamang paghihirap dahil sa masamang gawain ay walang kamatayang buhay ay sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan ng Dios, at yaong mga tunay na masunurin ay gugulin ang walang kamatayang buhay sa isang kalagayang kapintasan - ang gantimpala sa kabanalan.

Ang mga sumusunod na sipi ay maaaring katamtamang katibayan na walang kamatayang ito ay may pasubali, at hindi isang bagay na ating katutubong tinataglay:

📖 "Na si Cristo ...at nagdala ng buhay at ng walang pagkasira upang magbigay liwanag sa pamamagitan ng ebanghelyo" (2 Tim. 1:10; 1 Jn. 1:2).

📖 "Maliban na inyong kanin ang laman ng Anak ng tao, at inumin ang kaniyang dugo, ay wala kayong buhay sa inyong sarili (i.e. "likas sa iyo"). Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay may buhay na walang hanggan at siya'y aking ibabangon sa huling araw"

📖 Upang bigyan siya nitong "walang hanggang buhay" (Jn 6:53,54). Ang mga paliwanag ni Cristo sa buong kapitolo 6 ni Juan na siya ang "tinapay ng buhay" at sa pamamagitan

lamang ng tamang pagtugon sa kaniya maaaring magkaroon ng pag-asa ng buhay na walang hanggan (Jn 6:47,50,51,57,58).

📖 "Tayo'y (mga sumasampalataya) binigyan ng Dios ng buhay na walang hanggan, at ang buhay na ito ay nasa kaniyang anak" (1 Juan 5:11).

Walang maaasahang buhay na walang hanggan sa mga yaong hindi "kay Cristo". Sa pamamagitan lamang ni Cristo, ang buhay na walang hanggan ay mangyayari; Siya ang lumikha ng walang hanggang buhay (Mga Gawa 3:15 A.V.mg.) - "siya ang gumawa ng walang hanggang kaligtasan ng lahat ng mga nagsisitalima sa kaniya" (Heb.5:9z0. Ang walang kamatayan para sa tao samakatuwid ay nagmula sa pamamagitan ng gawa ni Cristo.

📖 Ang tunay na sumasampalataya ay minimithi ang walang kamatayang buhay at gagantingpalaan, sa paggawa nito ay bibigyan ng Dios ng biyayang walang hanggang buhay – isang bagay na hindi niya likas na tinataglay (Rom. 2:7, 6:23; 10:28). Ang ating may kamatayang katawan kay Cristo ay "kinakailangan magbihis ng walang kamatayn ay isang bagay na ipinangako, at hindi ngayon nakakamtam (1 Jn. 2:25).

📖 "Ang Dios lamang ang walang kamatayan" (1 Tim. 6:16).

4.2 Ang Kaluluwa

Sa kaalaman ng sinusundan (aral) kinakailangang hindi maaring isipin na ang tao ay may isang “walang kamatayang kaluluwa” o ano mang sangkap sa loob ng likas niyang pagkatao upang magkaroon ng ganito. Atin ngayong upang liwanagin ang kaguluhan sa paligid ng salitang “kaluluwa”.

Ang Hebreo at Griego na mga salita na isinaling “kaluluwa” sa Biblia (Nepesh at Psuche ayun sa pagkakasunod) ay isinalin din sa sumusunod na paraan:

Katawan	Hininga
Tao	Puso
Isip	Katauhan
Siya mismo	


Ang “kaluluwa” samakatuwid ay tinutukoy ay ang mismong katawan o sarili. Ang tanyag na “Iligtas ang ating kaluluwa” (S.O.S.) ay maliwanag ang kahulugang “iligtas kami sa kamatayan”. Ang “kaluluwa” samakatuwid ay “ikaw” o ang kabuuan ng lahat ng bagay na kayarian ng isang tao. Sa ganito maiintindihan na marami sa kasalukuyang mga salin ng

Biblia (e.g. ang N.I.V.) ay bihirang gamitin ang salitang “kaluluwa”, sa halip ay isinalin itong “ikaw o kayo” o “ang tao”. Ang mga hayop na nilalang ng Dios tinawag na “gumagalaw na mga nilikha o kinapal...bawat may buhay na kinapal na gumagalaw” (Gen. 1:20-21). Ang salitang Hebreo ay isinalin ang “kinapal” dito na “Nephesh”, na isinalin ding “kaluluwa”; halimbawa sa Gen 2:7;...”At ang tao ay naging kaluluwang may buhay” Sa ganito ang tao ay isang “kaluluwa”, katulad din ng mga hayop ay “mga kaluluwa”. Ang pagkakaiba lamang sa pagitan ng mga tao at sa hayop ay higit na mataas ang pag-iisip kaysa kanila. Siya’y inilagay ayon sa pangkatawang larawan ng Dios (Gen. 1:26; tingnan ang Araling 1,2), at ilang mga tao ay tinawag upang malaman ang ebanghelyo na sa pamamagitan nito ang pag-asa ng walang kamatayang buhay ay bukas sa kanila (2 Tim. 1:10). Tungkol sa ating mahalagang kalikasan at uri ng ating kamatayan, walang pagkakaiba sa pagitan ng tao at hayop.

“sapagkat ang nangyari sa mga anak ng tao ay nangyayari sa mga hayop sa makatuwid bagay isang bagay ang nangyari sa kanila; kung paano namamatay ang hayop, gayon namamamatay ang tao...kaya ang tao ay walang ipagmamalaki sa hayop...lahat (tao at hayop) ay magsisiyaon sa isang dako; (Libingan); lahat ay buhat sa alabok; at lahat ay uuwi sa alabok uli. (Ecl. 3:19-20). Ang pinasiglang sumulat ng Ecclesiastes ay nananalangin na tulungan ng Dios ang mga tao upang kilanlin ang mabigat na katotohanang ito, “na (ang tao) baka sakali malamang ang kanilang sarili ay mga hayop din”. (Ecl. 3:18). Kaya nga inaasahan na maraming tao ay

makikitang ang katotohanang ito ay mahirap tanggapin; tunay na nakakahiya upang unawain na dahil sa kalikasan tayo ay mga hayop lamang, nabubuhay na may parehong katutubong ugali ng sariling pag-iingat, kaligtasan ng buhay at pagpapalawi ng buhay. Ang salin ng N.I.V. sa Ecl. 3:18 ay sinabi na ang Dios ay “sinubok” ang tao upang malaman niya na tunay na magiging tauhang nakakaunawa ng katotohanang ito, ngunit yong tunay na magiging isang tauhang makakaunawa ng katotohanang ito, ngunit yaong hindi nakakunawa ay mabibigo a pagsubok na ito. Ang pilosopiya ng pagkatao – ang palagay na ang mga tao ay ganyang napakahalaga ng dalawang put sangdaang taon. Ito ay hindi kakaunting hirap upang malinis ang ating pag-iisip at kapangyarihan ng pagkatao. Ang maliwanag na mga salita sa Mga Awit 39:5 ay isang tulong: “Ang tao sa kaniyang mainam na kalagayan ay pawang walang kabuluhan”. “Ang lakad ng tao ay hindi sa kaniyang sarili” (Jer. 10:23).

Isa sa pinaka-batayang mga bagay na alam natin ay, ang lahat ng katawan ng tao-talagang lahat ay “nabubuhay na nilalang” – sa wakas ay mamamatay. Ang kaluluwa, sa ganyan ay mamamatay; ito ay tamang kasalungat ng anuman na walang kamatayan. Hindi katak-taka na halos ikatlong bahagi ng lahat ng paggamit ng mga salitang isinaling “kaluluwa” sa Biblia ay kaugnay sa kamatayan at kasiraan ng kaluluwa. Dahil sa katotohanan na ang salitang “kaluluwa” ay ginamit sa ganitong paraan ay ipinakita na ito’y hindi maaaaring isang bagay na di masisira at walang kamatayan:

 “Ang kaluluwa na nagkakasala ay mamamatay” (Ezek. 18:4).

- 📖 Ang Dios ay makapupukso ng kaluluwa (Mat. 10:28). Ang iba pang reperensiya na ang mga kaluluwa ay nasisira ay: Ezek. 22:27; Kaw. 6:32; Lev. 23:30).
- 📖 Lahat ng “mga kaluluwa” na nasa loob ng lungsod ng Hazor ay pinatay sa pamamagitan ng tabak (Jos. 11:11; cp. 10:30-39).
- 📖 “...bawa’t kaluluwang may buhay ay mamamatay” (Apoc. 16:3; cp. Awit 78:50).
- 📖 Malimit ang kautusan ni Moises ay iniutos na alin mang “kaluluwa” na lumabag ng tunay na kautusan ay nararapat na mamatay (e.g. Blg. 15:27-31).
- 📖 Mga reperensiya sa kaluluwang sinasakal o binibitag ay nagkaroon ng kahulugan kung ito ay iintindihin na ang kaluluwa ay may kamatayan (Kaw. 18:7; 22:25; Job 7:15).
- 📖 “Walang makapag-iingat na buhay ng kaniyang kaluluwa” (Awit 22:29).
- 📖 “Idinulot ni Cristo ang kaniyang kaluluwa sa kamatayan” kaysa ang kaniyang “kaluluwa” o buhay ay ginawang isang paghahandog dahil sa kasalanan (Isa. 53:10,12).

Na ang “kaluluwa” ay tinutukoy ang tao o katawan kaysa sinumang walang kamatayan na kislap sa loob natin ay

ipinakita sa maraming bersikulo kung saan ang salita ay nangyari. Ang ilan sa maliwanag na mga halimbawa ay:

📖 “Ang dugo ng mga kaluluwa” (Jer. 2:34).

📖 “At kung ang sinoman ay magkasala sa pagkarinig niya ng tinig ng pautos...kung sinoman ay nakahipo ng alinmang bagay na karumal-dumal...kung sinoma’y sumumpa ng kaniyang mga labi” (Lev. 5:1-4).

📖 “Oh kaluluwa ko...at lahat na nangasa loob ko...Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko...na siyang bumubusog sa iyong bibig ng mabuting mga bagay (Awit 103:1,2,5).

📖 “Ang sinomang ibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay (“kaluluwa’ o dahil sa akin...ay maililigtas yaon” (Mar. 8:35).

Ito ay sapat na katibayan na ang kaluluwa ay hindi tumutukoy sa ano mang sangkap na espirtual sa loob ng tao; ang “kaluluwa” (sa Griego ay “psuche” nangangahulugan lamang ng pangkatawang buhay ng isa (tao) na ganito ang pagkasalin dito.

Ipinakita sa Bilang21:4 na isang rupo ng tao ay maaaring nagkaroon ng isang “kaluluwa “. Ang “kaluluwa’ samakatuwid

ay hindi maaaring tumukoy sa isang kislap ng sariling walang kamatayang buhay na nasa loob ng bawat isa sa atin.

4.3 Ang Espiritu ng Tao

Mayroong isang nararapat na kaguluhann sa isipan ng maraming tao sa pagitan ng kaluluwa at ng espiritu. Ito ay lumala dahilan sa katunayan na sa ilang mga salita at salin sa Biblia, ang salitang Inglis sa “kaluluwa” at “espiritu” ay may isa lamang kahulugan. Ang “kaluluwa” ay batayan sa pagtukoy sa lahat ng sangkap at bahagi ng isang tao ay maaaring pagkaminsan ay tinutukoy pati espiritu. Subalit karaniwan mayroong pagkakaiba ng kahulugan sa pagitan ng “kaluluwa” at “espiritu” kagaya ng paggamit ng Biblia; kaluluwa at espiritu ay maaring paghiwalayin (Heb. 4:12).

Ang mga salitang Hebreo at Griego sa “espiritu” (“Ruach” at Pneuma” ayon sa pagkakasunod) ay isinalin pati sa mga sumusunod na paraan:

Buhay	Espiritu
Isip	Hininga (Hangin)

Hininga

Napag-aralan natin ang kuro-kuro o idea ng “espíritu” sa Aralin 2.1 Ginamit ng Dios ang kaniyang espíritu upang pag-ingatan ang likas na paglikha, kasama ang tao. Ang espíritu ng Dios na nasa loob ng tao sa ganito ay siyang lakas ng buhay sa loob niya. “Ang katawang walang espíritu ay patay” (Sant.2:26). “Hiningahan ng Dios ang kaniyang (Adan) butas ng ilong ng hininga (espíritu) ng buhay at ang tao ay naging isang kaluluwa (tao) may buhay (espíritu) ng buhay, at ang tao ay naging isang kaluluwang (tao) may buhay (Gen. 2:7)”. Nagsalita si Job tungkol sa “espíritu ng Dios”ari’y nasa mga butas ng aking ilong “ (Job 27:3 cp. Isa. 2:22). Ang espíritu ng buhay sa loob natin, samakatuwid ay ibinigay sa atin ng tayo’y ipinanganak, at nanatili hanggang ang ating katawan ay buhay. Kapag ang espíritu ng Dios ay inalis buhat sa ano mang bagay, ito kaagad ay mamamatay – ang espíritu ay ang lakas ng buhay. Kung ang Dios ay “tipunin sa kaniyang sarili ang kaniyang espíritu at kaniyang hininga; lahat ng laman ay mamamatay na samasama, at ang tao ay muling babalik sa alikabok. Kung ngayon ay mayroon kang unawa dinggin mo ito (Job 34:14-16). Ang huling pangungusap ay muling ipinahihiwatig upang malaman ng tao ang paglalantad ng tunay niyang pagkatao na napakahirap na pakisamahaan.

Kapag kinuha ng Dios ang kaniyang espíritu buhat sa kamatayan, hindi lamang ang ating katawan ang mamamatay, kundi ang buo nating malay tao ay titigil. Ang pagpapahalaga

ni David nito ay nagbibigay daan upang pagkatiwalaan niya ang Dios kaysa sa mga nilalang na marupok na kagaya ng tao. Ang Mga Awit 146:3-05 ay isang matibay na panglaban sa mga pag-angkin ng pagkatao: “Huwag ninyong ilagak ang inyong tiwala sa mga pangulo ni sa anak man ng tao, na walang pasaklolo. Ang hininga (espiritu) niya ay pumapanaw, siya’y nanunumbalik sa kaniyang pagkalupa (ang alabok kung saan tayo ay ginawa); sa araw ding yaon ay mawawala ang kaniyang pag-iisip. Maginhawa ang may pinakasaklolo sa Dios ni Jacob.

Sa kamatayan, ang alabok ay babalik sa lupa, gaya ng dati; at ang espiritu ay magbabalik sa Dios na nagbigay nito” (Ecl. 12:7). Nauna pa ay ipinakita namin na ang Dios ay naririto sa lahat ng dako sa pamamagitan ng kaniyang espiritu. Sa ganitong kahulugan “Ang Dios ay Espiritu” (Jn.4:24). Pagka tayo’y namatay tayo’y “hihinga ng katapusan” ibig sabihin ay ang espiritu ng Dios sa loob natin ay umalis sa atin. Ang espiritung yaon ay sisipsipin sa loob mg espiritu ng Dios na ang lahat ay nakapaligid sa atin. Kaya sa oras ng kamatayan “ang espiritu ay babalik sa Dios”.

Sapagkat ang espiritu ng Dios ang nagbibigay buhay sa lahat ng nilalang ang katulad ding pamamaraan ng kamatayan ay nangyayari sa mga hayop. Mga tao at hayop ay may parehong espiritu, o lakas ng buhay sa loob nila. “Sapagkat ang nangyari sa mga anak ng mga tao ay nangyayari sa mga hayop; sa makatuwid isang bagay ang nangyari sa kanila; kung paanong

namamatay ang hayop, gayon namamatay ang tao; oo silang lahat ay may isang hininga (espiritu) at ang tao ay wala ng karangalang higit sa hayop; sapagkat lahat ay walang kabuluhan” (Ecl. 3:19). Ang dumilat ay nagpatuloy upang sabihin na walang nakikitang pagkakaiba sa kabila ng espiritu ng mga tao at ng mga hayop kung saan sila ay pupunta (Ecl. 21). Ang paglalarawang ito ng tao at hayop na may aprehong espiritu at parehong kamatayan wari ay tumutukoy sa nakaraang paglalarawan kung paano ang tao at ang hayop na kapuwa may espiritu ng buhay galing sa Dios (Gen. 2:7; 7:15), ay sinira ng parehong kamatayan sa nangyaring baha: “Lahat ng laman gumagalaw sa ibabaw ng lupa ay namatay, ang mga ibon at gayun din ang hayop, at ang hayop gubat, at ang bawat nagsisiusad na umuusad sa ibabaw ng lupa, at ang bawat tao, ang bawat may hininga ng diwa ng buhay sa kanilang ilong (espiritu) at nalipol ang bawat may buhay na nasa ibabaw ng lupa” (Gen. 7:21-23). Pansinin pagkalipas kung paano sa mga Awit 90:5 ay inihalintulad ang kamatayan sa baha. Ang ulat sa Genesis 7 ay maliwanag na ipinakita na napakahalagang katawagan o termino ang tao ay kapareho ng uri kagaya ng “Lahat ay laman...bawat nabubuhay na sangkap”. Ito ay dahil sa pagkakaroon niya ng parehong espiritu ng buhay sa loob niya kagaya nila.

4.4 Kamatayan ay Kawalan ng Malay Tao

Simula sa kung ano ang ating napag-aralan hanggang ngayon tungkol sa kaluluwa at espiiritu susunod naman ay ang isang taong patay ay ganap na walang malay tao. Samantalang ang mga ginawa ng mga yaong may pananagutan sa Dios ay matatandaan niya (Mal 3:16; Apoc. 20:12; Heb. 6;10), wala sa Biblia na ipinahihiwatig na tayo ay mayroong ano mang malay sa panahong tayo ay nasa patay na kalagayan. Mahirap makipagtalo laban sa mga sumusunod na pahayag tungkol dito:

- 📖 “Ang hininga (ng tao) ay pumapanaw, siya’y nanunumbalik sa kaniyang pagkalupa; sa araw ding yaon (saglit) ay mawawala ang kaniyang pag-iisip” (Awit 146:4).

- 📖 “Hindi lamang ng patay ang ano mang bagay ...ang kanilang pag-ibig ang kanilang galit, at kanilang inggit o pananaghili ay ngayo’y wala na” (Ecl. 9:5-6). Walang kaalaman man, ni karunungan sa Sheol (libingan)” (Ecl. 9:10) – walang pag-iisip at sa ganyan ay wala ng malay.

- 📖 Sinabi ni Job na sa kamatayan, siya ay magiging “parang hindi nabuhay” (Job 10”19); nakita niya ang kamatayan na wari’y pagkalimot walang malay at ganap na walang buhay na mayroon tayo bago ipanganak.

- 📖 Ang tao ay namamatay katulad ng mga hayop (Ecl. 3:18); kung nalalaman ng taong maligtasan ang kamatayan, saan man kailangang sila rin (ay maligtas) , ngunit ang

Banal na Kasualatan at ang sensiya o agham ay walang sinasabi tungkol dito.

📖 “Inaalala ng Dios na tayo’y alabok. Tungkol sa tao, ang kaniyang mga kaarawan ay parang damo; katulad ng isang bulaklak sa parang siya ay namumukadkad...ito ay napaparam; at ang dako niyaon ay hindi na malalaman” (Awit 103:14-16).

Ang kamatayan ay tunay na kawalan ng malay, kahit na sa mga banal, ay inilalarawan sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagsamo na mga alipin ng Dios upang pahintulutang na ang kanilang buhay ay pahabain sapagkat alam nila na pagkatapos mamatay hindi na sila maaaring magpuri at magluwalhati sa Dios, yamang nalalaman na ang kamatayan ay may isang kalagayang ang malay ay wala na. Si Hezekias (Isa. 38:17-19) at David (Awit 6:4,; 30:9; 39:13; 115:17) ay magandang halimbawa nito. Ang kamatayan ay paulit-ulit na tinutukoy bilang isang natutulog o namamahinga, kapuwa sa banal at sa makasalanan (Job 3:11,13,17; Dan. 12:13).

Ang sapat na katibayan ngayo’y naipakita na sa atin upang tahasang ipahayag ang laganap na paniniwala na ang banal ay pupunta sa isang katayuang lubos ang kaligayahan at gantingpalang tuloy sa langit pagkatapos na sila ay mamatay, ay talagang hindi makikita sa Biblia. An gtunay na doktrina ng kamatayan at kalikasan ng tao ay ang dulot ng katiwasayan pag-iisip o pagkaunawa, Pagkatapos ng lahat ng mga pasakit at kalungkutan sa buhay ng tao ang libingan ang isang lugar ng

ganap na katahimikan. Para sa mga yaong nalalaman ang mga kinakailangan ng Dios ang katahimikang ito ay walang katapusan. Kailan man ay hindi muling mga lumang puntos ng kalunos-lunos at hindi natupad ang katutubong buhay ay maitatayo pa; ang walang pag-asa at pangamba ng likas na kaisipan ng tao ay hindi magkakatatotoo o pagbabantaan.

Sa pag-aaaral ng Biblia, may isang sistema ng katotohann na matutuklasan, gayun man, malungkot, na mayroon ding isang sistema na mali sa pangrelihiyon kaalaman ng tao, dahilan sa walang pagpapahalaga sa Biblia. Ang walang pagasang pagsisikap ng tao upang palambutin ang katapusan ng kamatayan ay naging daan upang maniwala na siya ay may isang “walang kamatayan” akluluwa. Kapag ito ay tianggap na yaong isang walang kamatayang bahagi ay totoong nasa loob ng tao, ito’y kailangan ng maging sanhi upang akalain ito (espiritu) ay talagang pupunta sa isang lugar pagkatapos mamatay. Naging daan ito sa pag-akala na sa kamatayan kailangang magkaroon ng kaunting pagkakaiba sa pagitan ng makatwiran at ng makasalanan. Upang pagtayin nito, ipinasiya na kinakailangan magkaroon ng lugar para sa “mabuting walang kamatayang kaluluwa” upang mapunta sa tinatawag na langit at ang isa pang lugar para sa masamang walang kamatayang kaluluwa” upang mapunta sa tinatawag nila na impiyerno. Ipinakita namin noong nakaraan na ang isang “walang kamatayang kaluluwa” ay isang hindi mangyayari ayon sa Biblia. Ang iba pang maling palagay o kuro-kuro kaugnay ng laganap na pangangatwiran (tungkol sa walang kamatayang kaluluwa) ay ngayo’y susuriin:

1. Na ang gantimpala para sa ating mga buhay ay ibibigay sa ating kamatayan sa uri ng ating “walang kamatayang kaluluwa” na itinatalaga sa isang tiyak na lugar.
2. Na ang paghihiwalay sa pagitan ng banal at makasalanang ay mangyayari sa oras ng kamatayan.
3. Na ang gantimpala para sa banal ay pumunta sa langit.
4. Na kung lahat ay mayroong “kaluluwang walang kamatayan”, sa gayon lahat ay pupunta alinman sa langit o a impiyerno.
5. Na ang makasalanang “mga kaluluwa “ ay pupunta sa isang lugar na kaparusahan na tinatawag na “impiyerno”.

Ang layunin ng ating pagsusuri ay hindi basta pagkontra o pagsalangsang; sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang ng mga paksang ito ng bahabahagi, naniniwala kami na aming maipapahayag ang maraming pangunahing mga bahagi ng katotohanan sa Biblia na mahalagang mga parte ng tunay na larawan tungkol sa kalikasan ng tao.

4.5 Ang Pagkabuhay na maguli

Binigyang liwanag ng Biblia na ang gantimpala sa mga banal ay magaganap sa pagkabuhay na maguli, sa pagdating ni Cristo (1 Tes. 4:16). Ang pagkabuhay na maguli ng mga patay na may pananagutan (tignan sa Araling 4:8) ang unang gagawin ni Cristo, ito ay susundan ng paghuhukom. Kung ang “kaluluwa” ay napunta sa langit pag namatay, hindi na kailangan pa ang pagkabuhay na maguli. Sinabi ni Pablo na kung walang pagkabuhay na maguli, at gayun ang pagsisikap upang sumunod sa Dios ay walang kabuluhan (1 Cor. 15:32). Tiayk na hindi niya masasabi ang ganito kung hindi siya naniniwala na siya pati ay gagantimpalaan kasama ng kaniyang “kaluluwang” pupunta sa langit pagkamatay. Ang pahiwatig na siya ay naniwala sa pagkabuhay na maguli ng katawan lamang ang tanging uri ng gantimpala. Pinasigla tayo ni Cristo sa inaasahang pabuya para sa mga gantimpala. Pinasigla tayo ni Cristo sa inaasahang pabuya para sa mga banal na nabubuhay ngayon ay magaganap sa “pagkabuhay na maguli” (Luc. 14:14).

Minsan pa ay dapat tukuying tama, na ang Biblia ay hindi nagtuturo ng ano mang uri ng buhay liban na lamang sa isang uri ng katawan – ito ay tungkol sa Dios kay Cristo, sa mga anghel at sa mga tao. Sa pagbabalik niya, Si Cristo ay “siyang ,magbabago ng katawan ng ating pagkamababa upang maging katulad ng katawan ng kaniaygn kaluwalhatian” (Fil. 3:21). Samantalang siya ngayon ay mayroong isang literal na uri ng katawan, ganap na pinalakas sa pamamagitan ng espiritu kaysa dugo, kaya tayo ay makakabahagi ng katulad na

gantimpala. Sa paghuhukom tayo ay tatanggap ng isang pabuya ayon sa kung paano natin ginugol ang buhay na ito sa isang uri ng katawan (2 Cor. 5:10). Yaong mga nabuhay sa isang makalaman na pamumuhay ay maiiwanan kasama ang kanilang kasalukuyang may kamatayang katawan, na pagkatapos ay mabubulok na babalik sa alikabok; samantalang yaong mga nagsisikap sa kanilang pamumuhay upang supilin ang pagiisip ng espiritu ay “Ang naghahsik ng Espiritu ay sa Espiritu mag-aani ng buhay na walang hanggan” (Gal. 6:8) sa hugis ng isang katawang puspos ng espiritu.

Mayroong karagdagang patotoo na ang gantimpala ng makatuwiran ay sa isa ng uri ng katawan. Kapag ito ay tinanggap ang kahalagahan ng pagkabuhay na maguli ay madaling maintindihan. Ang kasalukuayng katawan natin ay tiyan na titigil ang buhay sa kamatayan; kung mamaari nating madanasan sana ang walang hanggang buhay at walang kamatayan sa isang uri ng katawan, ibig sabihin na ang kamatayan ay kanilang nasa isang kalagayang walang malay, hanggang sa panahong ang ating katawan ay muling likhain at pagkatapos ay bigyan ng katangian ng Dios.

Ang buong 1 Cor. 15 ay inihayag ang detalye ng pagkabuhay na maguli; ito ay nangangailangan ng maingat na pagbasa. Sa 1 Cor. 15:35-44 ay ipinaliwanag kung paano ang isang binhi ay inihatik at pagkatapos ay sumibol mula sa lupa upang bigyan ng ang katawan ng Dios, kay ngayon din ang patay ay mabubuhay, upang gawaran ng isang katawan. Katulad ni

Cristo na nabuhay na maguli buhat sa libingan at nagawang ang kaniyang kamatayang katawan ay mapalitan ng isang walang kamatayang katawan, sa ganito rin ang tunay na sumasampalataya makakabahagi ng kaniyang gantimpala (Fil. 3:21). Sa pamamagitan ng bautismo ating isinama ang ating sarili sa kamatayan at pagkabuhay na maguli ni Cristo, pagpapakita ng ating paniniwala na tayo din ay makikibahagi ng gantimpala na kaniyang tinanggap sa pamamagitan ng kaniyang muling pagkabuhay (Rom. 6:3-5). Sa pamamagitan ng pakikibahagi naitn ngayon sa kaniyang pagpapakasakit, tayo'y makakabahagi rin ng kaniyang gantimapa: "tinataglay halos (ngayon) sa katawan ang kamatayan ni Jesus upang ang buhay ni Jesus ay mahayag naman sa aming katawan" (2 Cor. 4:10)."Ang buhay na maguli kay Crsito Jesus sa mga patay ay magbibigay buhay naman sa inyong mga katawang may kamatayan, sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu" Rom.8:11). Dahil as pagasang ito, samakatuwid ay maghihintay tayo "Ang pagtubos sa ating katawan" (Rom. 8:23), sa pamamagitan ng katawang yaon na naging walang kamatayan.

Ang pag-asang ito ng isang literal na gantimpalang pangkatawan ay naiiitndihan ng bayan ng Dios magmula pa noong unang panahon. Pinangakuan si Abraham siya mismo ang magmana sa lupa ng Canaan lagi na, tiyak na tiyak na katulad ng kaniyang paglakad pataas at pababa sa buong lupaing ito. (Gen. 13:17; tingnan sa Araling 3,4). Ang kaniyang pananalig sa mga pangakong yaon ay maaaring mangailangan ng kaniyang paniniwala na ang kaniyang

katawan kahit paano, sa daraitng na araw ay muling buhayin at gawing walang kamatayan, upang ito maaaring matupad.

Maliwanag na sinabi ni Job ang kaniyang pagkakaalam kung paano, kahit na kinakain ng mga uod ang kaniyang katawan sa libingan, sa isang uri ng katawan ay kaniyang tatanggapin ang kaniyang gantimpala: “Manunubos sa akin ay buhay, a t ...siya’y tatayo sa lupa sa kahulihulian; at pagkatapos magiibang ganito ang aking balat (“pagkatapos na ang aking balat ay masira “ R.A.V.) gayon man sa aking laman (o hugis ng katawan) makikita ko ang Dios: na siyang makikita ko sa aking sarili, at ang aking mga mata siya ang mamasdan, at hindi ng iba; ang aking puso ay natutunaw sa loob ko” (Job 19:25-27). Magkatulad ang pag-asa ni Isaias: “Ang aking patay na katawan ay babangon” (Isa. 26:19).

Katulad na katulad na mga pananalita ay makikita sa kasaysayan ng pagkamatay ni Lazaro, isang kaibigan ni Jesus. Sa halip na aliwin ang mga kapatid na babae ni Lazaro sa pagsasabing ang kaniyang kaluluwa ay napunta sa langit, ang Panginoong Jesus ay nagsalita tungkol sa araw ng pagkabuhay: “Ang iyong kapatid ay muling mabubuhay”. Ang madaling sagot ng salamat dito ng mga unang Cristiano: “Sinabi ni Marta sa kaniya, alam ko na siya’y muling babangon sa pagkabuhay na maguli sa huling araw” (Jn. 11:23-24). Katulad ni Job hindi niya (Marta) alam na ang kamatayan ay tarangkahang daan patungo sa isang buhay na lubos ang kaligayahan sa langit, subalit sa kabila ay umaasa sa isang

pagkabuhay na maguli “sa huling araw” (cp. Kay Job na “huling araw”). Ang pangako ng Panginoon: “Ang bawat nakarinig, at natuto sa Ama...at siya’y aking ibabangon sa huling araw” (Jn.6: 44:45).

4.6 Ang Paghuhukom

Bago magpa-bautismo (Gawa 24:25; Heb. 6:2). Madalas ihayag ng Banal na Kasulatan na “ang araw ng paghuhukom” (e.g 2 Ped. 2:9; 3:7; 1 Jn 4:17; Judas 6). Isang panahon kung kailan yaong nabigyan ng Karunungan ng Dios at tatanggap ng kanilang gantimpala. Lahat ng mga ito ay kailangan “tumayo sa harapan ng hukuman ng Dios” (Rom. 14:10); Tayo’y “mahayag sa harapan ng luklukan ni Cristo” (2 Cor. 5:10) upang tumanggap ng isang kabayaran sa ating pamumuhay sa isang uri ng katawan.

Ang mga pangitain ni Daniel tungkol sa ikalawang pagdating ni Cristo ay kasama ang isa sa luklukang hukuman sa hugis ng isang trono (Dan. 7:9-14). Ang mga talinghaga ay nakatulong pasiklabin kaunti man ang mga detalye. Yaong mga talento ay itinitulad ito sa pagbalik ng isang taong amo, na tinawag ang kaniyang sariling alipin at tahasan kung papaano gagamitin ang salaping ipinagkatiwala sa kanila (Mat. 25:14-29). Ang parabola o talinghaga ng mga mangingisda ay itinulad ang tawag ng ebanghelyo sa isang lambat, na nakahuli ng maraming iba’t ibang klaseng tao pagkatapos ay ang mga mangingisda ay nagsiupo (cp. Ang hukom na hahatol) at inihiwalay ang mabubuting isda sa masasama (Mat. 13:47-49). Ang pakahulugan ay maliwanag: “Sa katapusan ng sanglibutan; lalabas ang mga anghel at ihihiwalay ang masasama sa matutuwid”.

Buhat sa nakita na natin hanggang ngayon, katamtamang ipalagay na pagkatapos ng pagbabalik ni Cristo at pagkabuhay na maguli magkakaroon ng isang pagtitipong sama-sama ng lahat na mga tinawag sa Ebanghelyo sa isang tiyak na lugar at isang tiyak na oras sa pagkatagpo nila kay Cristo. Ang pagbibigay sulit sa kanilang inasal ay ibibigay nila, at kaniyang (Cristo) ipapahayag kung karapat dapat o hindi sila karapat dapat upang tumanggap ng gantimpalang pumasok sa kaharian. Sa oras na ito lamang ang mga banal ay tatanggap ng kanilang gantimpala. Ang lahat ng ito ay sama samang dinala sa parabola o talinghaga ng tupa at kambing: “Ang anak ng tao ay darating sa kaniyang kaluwalhatian, at lahat ng mga pinagpalang anghel ay kasama niya, saka siya uupo sa trono ng kanilang kaluwalhatian (kay David na trono sa Jerusalem, Luc. 1:32,33): at sa harap niya ay magkakatiyon tipon ang lahat ng ng mga bansa (i.e mga tao galing sa lahat ng mga bansa, cp. Mat 28:19); at kanilang ihihiwalay sila sa isa’t isa katulad ng isang pastol ng mga tupa na inihihiwalay ang kaniyang mga tupa sa mga kambing. At kaniyang ilalagay ang mga tupa sa kanilang kanang kamay, ngunit ang mga kambing sa kaniyang kaliwa ilalagay. “Pagkatapos ay sasabihin ng Hari sa kanila na nasa kaniyang kanang kamay, Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan” (Mat.25:31-34).

Sa pagmana ng kaharian ng Dios, tatanggapin ang mga pangako kay Abraham tungkol dito, na siyang gantimpala ng

mga banal. Ngunit ito'y pagkatapos lamang ng paghuhukom, na mangyayari sa pagbalik ni Cristo. Kaya nga imposibleng matanggap ang ipinangakong gantimpala ng isang walang kamatayang katawan bago bumalik si Cristo; sa ganyan ating maipalalagay na simula sa oras ng kamatayan hanggang sa pagkabuhay na muli, ang sumasampalataya ay nananatiling walang malay yamang nalalaman natin na hindi mangyayaring mabuhay sa ano mang anyo o kung walang isang katawan.

Isang paulit-ulit na prinsipyo ng Biblia na pagdating ni Cristo saka ibibigay ang gantimpala at hindi bago dumating.

📖 “At pagkahayag ng pangulong pastor, ay magsisitanggap kayo ng di nasisirang putong ng kaluwalhatian” (1 Ped. 5:4 cp. 1:13).

📖 “Si Cristo Jesus...na siyang huhukom sa mga buhay at sa mga patay sa pamamgitan ng kaniyang pagpapakita at sa kaniyang kaharian...ang putong ng katuwiran na ibibigay sa akin ng Panginoon na tapat na hukom, sa araw na yaon” (2 Tim. 4:1,8).

📖 Sa pagbalik ng Messia sa huling araw, “marami sa kanila na natutulog sa alabok ng lupa (cp Gen. 3:19) ay magigising ang iba'y sa walang hanggang buhay at ang iba ay sa kahihyan” (Dan. 12:2).

📖 “Narito, ako’y madaling pumaparito, at ang aking gantimpala ay nasa akin, upang bigyan ng kagantihan ang bawat isa ayon sa kaniyang gawa” (Apoc. 22:12). Hindi tayo pupunta sa langit upang tanggapin ang gantimpala, si Cristo ang magbibigay nito sa atin buhat sa langit.

Ang pagbibigay sa atin ng gantimpala ni Jesus na dala niya ay nangangahulugang ito ay inihanda na para sa atin sa langit, subalit dadalhin sa atin sa ibabaw ng lupa sa ikalawang pagdating; ang ating “pagmamana” ng lupang ipinangako kay Abraham sa kahulugang ito ay “inilaan sa langit para sa inyo, na iniingatan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios tungo sa pananampalataya hanggang sa pagliligtas na handa upang ihayag sa katapusan ng panahon” sa pagdating ni Cristo (1 Ped. 1:4-5).

Ang pagbibigay sa atin ng gantimpala ni Jesus na dala niya ay nangangahulugang ito ay inihanda na para sa atin. Sa langit, subalit dadalhin sa atin sa ibabaw ng lupa sa ikalawang pagdating; ang ating “pagmamana” ng lupang ipinangako kay Abraham sa kahulugang ito “ ay inilaan sa langit para sa inyo na iniingatan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios tungo sa pananampalataya hanggang sa pagliligtas na handa upang ihayag sa katapusan ng panahon” sa pagdating ni Cristo (1 Ped. 1:4-5).

Pagkilala nito, makakaya natin upang itama ang isang malaking kamalian sa isang sipi sa Juan 14:2-3: “Ako (Jesus) ay paroroon upang ipaghanda ko kayo ng dakong kalalagyan. At kung ako ay

pumaroon at kayo'y maipaghanda ng kalagayan (cp. Ang gantimpala "nakalaan sa langit), ay muling paririto ako, at kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili, upang kung saan ako naroroon kayo naman ay dumoon". Sa ibang dako ay sinabi ni Jesus na muli siyang darating upang ibigay sa atin ang ating mga gantimpala (Apoc. 22:12), at sa luklukang hukuman. Siya ay maghahari sa trono ni David sa Jerusalem "ng walang hangang" (Luc. 1:32-33). Gugulin niya ang walang kamatayang buhay dito sa lupa, at kung saan siya pupunta sa kaharian ng Dios sa ibabaw ng lupa...doon din tayo naroroon. Ang kaniyang pangako upang "tanggapin kayo sa aking sarili" ay maaaring basahin bilang isng larawang tinatanggap tayo sa paghuhukom. Ang pariralang Griego, "Kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili", ay nangyari rin sa Mat. 1:20 tungkol kay Jose "sa pagtanggap sa kaniyang sarili" Kay Maria bilang kaniyang asawa. Samakatuwid ito'y hindi kinakailangang tukuyin ang pangkatawang pagkilos tungkol kay Jesus.

Sapagkat ang gantimpala, ay ibibigay lamang sa paghuhukom sa pagbalik ni Crsito, nangangahulugan na ang makatuwiran at makasalanan ay pupunta sa parehong lugar kapag sila ay namatay, i.e. ang libingan. Walang pagkakaiba sa pagitan nila na ginawa sa kanilang kamatayan. Ang sumusunod ay talagang patunay tungkol dito:

- 📖 Si Jonatan ay makatuwiran ngunit si Saul ay makasalanan, subalit sa kanilang kamatayan sila'y hindi nagkahiwalay" (2 Sam. 1:23).
- 📖 Si Saul, si Jonathan si Abraham at si Sameul lahat ay napunta sa parehong lugar sa kamatayan (1 Sam. 28:19).

📖 Ang makatuwirang si Abraham ay “nalakip sa kaniyang bayan” o mga ninuno, sa kamatayan, sila’y mga sumasamba sa mga dios-diosan (Gen. 25:8, Jos. 2:15-16).

Lahat ng ito ay malaking pagkakaiba sa mga ipinahahayag ng kilalang “kristiyanismo”. Ang kanilang pangangaral na ang banal ay dagliang pupunta sa langit at pagkamatay ay puminsala sa pangngailangan ng pagkabuhay na maguli at paghuhukom. Subalit ating nakita na ang mga ito ay mahalagang mga mangyayri sa planong kaligtasan ng Dios ay kaya napapaloob sa mensahe ng Ebanghelyo. Ang laganap na palagay o idea na ang isang banal na tao na pagnamatay ay gagantimpalaan ng pagputa sa langit susundan sa kasunod na araw, kasunod na buwan, kasunod na taon ng iba pang mamamatay. Ito ay napakalaking kaibahan sa itinuturo ng Biblia na lahat ng banal ay gagantimpalaang samasama sa parehong panahon:

📖 Ang mga tupa ay ihihiwalay sa mga kambing sa paghuhukom, isa-isa, Pagkatapos ng paghatol, sasabihin ni Cristo sa lahat ng tupa na magtipon sa kaniyang kanang kamay.

📖 “Nagsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang Kahariang nakahanda sa inyo” (Mat. 25:34). Kaya lahat ng tupa ay nagmana ng kaharian ng sabay-sabay (cp. 1 Cor. 15:52).

📖 Sa panahon “ng pag-aani” sa pagbabalik at paghuhukom ni Cristo lahat ng mga yaong naghirap sa ebanghelyo ay “masayang mag-iipon” (Jn 4:35-36 cp. Mat. 13:39).

- 📖 Apocalipsis 11:18 ay ipinaliwsnag na sa “oras ng mga patay, na sila ay hahatulan ay siyang oras kung kailan ang Dios “magbibigay ng gantimpala sa kaniyang mga alipin...mga banal...sila ay may takot sa iyong pangalan”- i.e. lahat ng magkakasamang sumasampalataya.
- 📖 Ang Hebreong 11 ay isang kapitlong nagtala ng maraming banal na tao sa Lumang Tipan. Bersikulo 13 ay nagbigay ng kuro-kuro; “Ayon sa pananampalataya ay namatay ang lahat ng mga ito, na hindi kinamtan ang mga pangako” na ginawa kay Abraham tungkol sa kaligtasan sa pamamsgitan ng pagpasok sa kaharian ng Dios (Heb. 11:8-12). Mangangahulugang na sa kanilang kamatayan, ang mga taong ito ay hindi, isa-isang napunta sa langit upang tanggapin ang kanilang gantimpala. Ang dahilan nito ay ibinigay sa mga bersikulo 39,40: Sila’y tumanggap ng pangako: na pinaghanda ng Dios ng lalong mabuting bagay tungkol sa atin, upang sila’y huwag sakdal ng bukod sa atin”. Sa pagkakaantala sa pagbibigay ng kanilang ipinangakong gantimpala ay dahilan sa ito’y plano ng Dios na ang lahat ng mga tunay na mananampalataya ay “magiging ganap” o “walang kapintasan” na samasama sa gayun ding sandali. Ito ay mangyayari sa oras ng paghuhukom sa pagbabalik ni Cristo.

4.7 Ang lugar kung saan ang gantimpala: sa Langit o sa Lupa

Bukod sa mga nasa itaas na pangangatwiran, sino man na nag-aakala na ang langit at hindi ang lupa ang magiging lugar ng Kaharian ng Dios, i.e. ang pangakong gantimpala, ay kinakailangang ipaliwanag pati ang mga sumusunod na mga bahagi:

Ang “panalangin ng panginoon” humiling sa pagdating ng kaharian ng Dios (i.e. nananalangin sa pagbabalik ni Cristo), upang ang nais ng Dios ay mangyari sa lupa kagaya ng nangyayari ngayon sa langit (Mat. 6:10). Sa ganito, tayo ay nananalangin para ang kaharian ng Dios ay dumating sa ibabaw ng lupa ito ay isang malungkot na pangyayari na libo-libong mga tao ang pabayang nagdarasal ng mga salitang ito bawat araw samantalang naniniwala pa rin na ang kaharian ng Dios ay ngayo’y ganap na naitatag sa langit, at ang lupa ay wawasakin.

“mapapalad ang maaamo”, sapagkat mamanahin nila ang lupa” (Mat. 5:5) – hindi “...Tinutukoy nito ang mga Awit 37, na kabuuan nito ay idiniin ang huling gantimpala ng mga banal na mangyayari sa lupa. Dito rin sa mismong pansamantalang kapangyarihan ang banal ay magagantimpalaan ng buhay na walang hanggan, at nagmamay -ari ng lupa ring ito na minsa’y pinagharian ng makasalanan (Awit 37:34-35). “Ang maamo ay magmamana ng lupain...ang mga gayong pinagpala niya ay magmamana ng lupain ...mamanahin ng matuwid ang lupain, at tatahan doon magpakailanman”. (Awit 37:11,22,29). Buhay sa lupa/lupang pangako magpakailanman ay

nangangahulugang na ang buhay na walang hanggan sa langit ay isang di maaaring mangyari.

“Si David...ay patay na at nakalibing na ... si David ay hindi umakyat sa langit” (Gawa 2:29,34). Sa halip , ipinaliwanag ni Pedro ay hindi umakyat sa langit” (Gaw. 2:22-36).

Ang lupa ay parisukat o lugar ng mga kapamahalaan ng Dios kasama ang sang libutan: “Ang mga langit ay mga langit ng Panginoon, ngunit ang lupa ay kaniyang ibinigay sa mga anak ng mga tao” (Awit 115:16).

Isinalaysay sa Apoc. 5:9-10 ang isang pangitain kung paano ang sasabihin ng mga banal kapag sila ay tinanggap na sa luklukang hukuman: “(Cristo) ay ginawa nilang kaharian at mga sacerdote sa ating Dios; at sila’y maghahari sa ibabaw ng lupa”. Ang larawang ito ng pamumuno sa kaharian ng Dios sa ibabaw ng lupa ay sadyang nag-alis sa hindi malinaw na pagkaunawa na tayo’y magdadanas ng lubos na kasiyahan kung saan man sa langit.

Ang mga hula ni Daniel sa kapitolo 2 At 7 binabalangkas ang isang sunod-sunod na mga kapangyarihang pampolitika na sa huli ay mapapalitan ng Kaharian ng Dios sa pagbabalik ni Cristo. Ang kapamahalaan ng kahariang ito ay magiging “sa

pagkakandili ng buong langit". Ang walang katapusang kahariang ito "ay maibibigay sa bayan ng mga banal na kataas-taasan" (Dan. 7:27); kanilang gantimpala samakatuwid ay buhay na walang hanggan sa kahariang ito na matatagpuan sa ibabaw ng lupa, sa ilalim ng langit.

4.8 Pananagutan sa Dios

Kung ang tao ay mayroong isang "walang kamatayang kaluluwa" mangyari pa, na siya ay magkaroon ng walang katapusang tadhana kung saan man – alin man sa isang gantimpalang lugar o kaparusahan. Nangangahulugan ito na bawat isa ay may pananagutan sa Dios. Sa pamamagitan ng paghahambing aming nakita kung paano itinuro ng Biblia na sa pamamagitan o dahilan sa kalikasan ng tao ay tulad ng mga hayop na walang anomang katutubong walang kamatayan. Gayon ma, ilan sa mga tao ay inalok ng pag-asang walang hanggang buhay sa kaharian ng Dios. Dapat maging maliwanag na hindi lahat na nangabuhay ay bubuhaying muli; katulad ng mga hayop, ang tao ay nabubuhay at mamamatay, upang mabulok at maging alikabok. Gayon pa man, dahilan sa magkakaroon ng isang paghatol, mayroong ilan na susumpain at ang iba ay gagawaran ng buhay na walang hanggan, kailangan nating wakasan na magkaroon ng isang tiyak na klase kabilang sa sangkatauhan n abubuhaiyng maguli uapng ahtulan at gantimpalaan.

Kung mayroon man o walang bubuhaying maguli ay ibabatay kung sila'y may pananagutan upang hatulan. Ang saligan ng ating paghatol ay kung paano tayo tumugon sa ating kaalaman at salita ng Dios. Ipinaliwanag ni Cristo: "Ang nagtatakwil sa akin, at hindi tumatanggap sa aking mga pananalita ay mayroong hahatol sa kaniya; ang salitang aking sinalita ay siyang sa kaniya'y hahatol sa huling araw" (Jn. 12:48). Yaong mga hindi nakaalam o nakaintindi ng salita ni Cristo, at sa ganyan ay walang pagkakataon upang tanggapin o itakwil siya, ay hindi mananagot sa paghuhukom. "Sapagkat ang lahat ng nagkasala na walang (alam sa kautusan lahat na nagkasala sa ilalim ng kautusan ay sa kautusan din sila hahatulan" (Rom. 2:12). Kaya yaong mga hindi nalaman ang mga kinakailangan ng Dios ay malilipol katulad ng mga hayop samantalang yaong nalalaman na alam na lumabag sa kautusan ng Dios ay kailangang hatulan at sa gayun ay nabuhay na maguli upang harapin ang paghatol na yaon.

Sa paningin ng Dios ang kasalanan ay hindi pararatangan kung walang kautusan", "Ang kasalanan ay paglabag sa kautusan " (ng Dios)", "sa pamamagitan nng kautusan nalalaman ang kasalanan" (Rom. 5:13; I Jn 3:4; Roma 3:20). Pag walang kaalaman sa mga kautusan ng Dios na ipinahayag sa kaniyang mga salita, "kasalanan ay hindi ipaparatang" sa isang tao, at sa gayo'y hindi sila hahatulan o bubuhaying maguli. Yaong mga hindi nalalaman ang Salita ng Dios, sa ganito ay mananatiling mga patay, katulad ng mangyayari sa mga hayop at sa mga halaman, yamang alam natin sila ay nasa parehong kalagayan. Tanong na ...hindi nakakaunawa, ay gaya ng mga hayop na mamamatay" (Awit 49:14).

Sa pamamagitan ng kaalaman sa kaparaanan ng Dios na gawa tayong mayroong pananagutan sa kaniya sa ating luklukan; ukang hukuman sa ating pagkabuhay na maguli. Kaya dapat maintindihan na hindi lamang ang mga banal o yaong mga nabinyagan ang bubuhaying muli, kundi lahat na may pananagutan sa Dios sa pamamagitan at dahilan ng kanilang kaalaman sa kaniya. Ito ang isang madalas ulitin na paksa ng Biblia.

Sa Juan 15:22 ay ipinakita na ang kaalaman sa salita ay naging sanhi ng panangutan (sa Dios). “Kung ako (Jesus) ay hindi naparito datapuwat ngayo’y wala silang madadahilan sa kanilang kasalanan”. Katulad din sa Mga Taga Roma 1:20-21 na sinabi “sa pagkilala sa Dios ipinabahala na sa tao “ng walang dahilan”.

📖 “Ang bawat nakarinig sa Ama at natuto...Ako (Cristo) ay magbabangon sa kanila sa huling araw” (Jn 6:44,45).

📖 “at yaong aliping nakalam ng kalooban ng Panginoon , at hindi naghanda, at hindi gumawa ng alinsunod sa kaniyang kalooban ay papaluin ng marami, datapuwat ang hindi nakakaalam, at gumawa ng mga bagay na karapat-dapat sa mga palo, ay papaluin ng kaunit (e.g. ng nananatiling aptay). At sa sinomang binigyan ng marami ang hihingin sa kaniya; at sino mang pinagkatiwalan ng marami ay lalo nang marami ang

hihingin sa kaniya” (Luc. 12:47, 48) – kaya magkano pa sa Dios.

📖 “Samakatuwid sa kaniya na alam na gumawa ng matuwid o mabuti at hindi ginagawa niya ito sa kaniya ay kasalanan” (Sant. 4:17).

📖 Ang di pangkaraniwang pananagutan ng Israel ay dahilan sa mga pagpapahayag niya sa kanila tungkol a kaniyang sarili (Am.3:2).

📖 Sapagkat ang doktrinang ito ng pananagutan, “ay magaling pa sa kanila ang hindi nakakilala ng daan ng kautwiran, kaysa sa pagkatapos na makilala ito ay tumalikod sa banal na utos na ibinigay sa kanila” (2 Ped.2:21). Iba pang kaugnay ng siping ito: (Jn 9:41; 3:19; 1 Tim.1:13; Ose. 4:14; Duet. 1:39).

Ang kaalaman tungkol sa Dios ay naging dahilan upang tayo’y magkaroon ng pananagutan sa Dios at sa luklukang hukuman, ito’y nangangahulugan na ang mga yaong walang kaalaman nito ay hindi bubuhaying muli, yamang hindi sila na “kagaya ng mga hayop na mamamatay” (Awit 49:20). May sapat na mga palatandaan na hindi lahat ng nabuhay kailanman ay muling bubuhayin:

Ang mag tao ng matandang bansang Babilonia “Ay hindi magsisibangon” pagkatapos na sila ay mamatay, sapagkat

sila'y walang nalalaman sa tunay na Dios (Jer. 51:39; Isa. 3:17).

Pinasigla ni Isaias ang sarili: "O Panginoon aming (Israel) Dios, ang ibang mga panginoon, bukod sa iyo ay nataglay ng pagkapanginoon sa amin ; (e.g. ang mga Palestina at mga Babilonia)...sila'y patay, sila'y hindi na mabubuhay na muli; sila'y hindi babangon...at pinawi ang lahat ng alaala sa kanila" (Isa. 26:13-14). Pansinin ang tatlong pagdidiin dito tungkol sa kanilang hindi bubuhaying muli: "Hindi mabubuhay (na muli)...sila'y hindi babangon...at pinawi ang lahat ng alaala sa kanila". Sa pamamagitan ng pagkakaiba ang Israel ay nagkaroon ng pag-asang pagpapasauling muli (ng kaharian) mga patay ay mangabubuhay, kasama ng aking katawang patay sila'y mabubuhay' (Isa. 26:19).

Pagsasalita tungkol sa mga tao ng Israel, sinabihan tayo na sa pagbalik ni Cristo, marami sa kanila na natutulog sa alabok ng lupa ay magigising, ilan sa walang hanggang buhay ,at ang iba ay sa kahihyan at sa walang hanggang pagkapahamak" (Dan. 12:2). Kaya marami, ngunit hindi lahat , ng mga Judiyo ay bubuhaying muli, dahilan sa kanilang pananagutan sa Dios bilang kaniyang piniling lahi. Ang iba sa kanila na talagang walang nalalaman sa kanilang tunay na Dios, "sila'y mangngabuwal at kailan may hindi na makakabangon pa" yamgn sila'y walang kaya upang hanapni "ang salita ng Panginoon" (Am. 8:12,14).

Nalaman natinn ngayon na:

1. Kaalaman ng salita ng Dios ay naging sanhing panangutan sa kaniya.
2. Ang may pananagutan lamang ang bubuhaying muli, sila sa gayon ay mananatiling patay katulad ng mga hayop.
3. Yaong mga hindi kilala ang tunay na Dios, sila sa gayon ay mananatiling patay katulad ng hayop.

Ang mga pahiwatig ng mga ganitong wakas ay gumawa ng matinding hampas na pagmamalaki ng tao at kung ano talagang ating pipiliin upang paniwalaan: ang mga libolibong mga tao ngayon kasama ang mga tao sa buong kasaysayan, na walang naintindihan ang mensahe ng Biblia. Mga sanggol at mga batang mga anak bago tumandang ganap upang pahalagahan ang Ebanghelyo; lahat ng mga grupong ito ay napabilang sa loob ng pangkat ng mga yaong hindi man lamang nagkaroon ng tunay an kaalaman ng Dios, at sa ganyan ay walang pananagutan sa kaniya. Ang ibig sabihin nito ay sila'y hindi na bubuhaying muli; kahit ano mang pang-espiriutal na katayuan ng kanilang mga magulang. Ang mga pangyayaring ito ay lubusang labag sa pantaong kalagayan at lahat ng ating likas na kagustuhan at damdamin; gayunman isang tunay na kababaang –loob sa Salita ng Dios na

panghuling katotohanan, kakabit ng isang nararapat na mapagkumbabang palagay ng ating sariling kaugalian, ang mag-aakay sa atin upang tanggapin ang katotohanan nito. Isang matapat na pagsusuri sa katunayan ng dinanas ng tao, kahit walang pagpapatnubay ng Salita ng Dios, ay magbibigay daan rin sa mga pagtatapos na walang aaasahang pag-asa sa hinaharap na buhay para sa mga grupong nabanggit sa itaas.

Ang ating pag-aalinlangang sa kaparaan ng Dios sa mga bagay na ito ay lubos na labag sa tuntunin; “oh tao, sino kang tumututol sa Dios?” (Rom. 9:20 A.V. mg.). Tinatanggap naming hindi naming maunawaan ngunit kailan man ay hindi maaaring paratangan ang Dios ng kawalan ng katarungan o kasamaan. Ang pahiwatig na ang Dios ay maaaring walang pagmamahal o nagkakamali ay naglalagay sa kakilakilabot na pag asam ng isang makapangyarihang Dios, Ama at tagapaglikha na pakikitunguhan ang kaniyang mga nilalang sa isang walang katuwiran at hindi makatarungang paraan. Ang kasaysayan ng haring David sa pagkamatay ng kaniyang sanggol ay makatulong na basahin; tinala sa 2 Samuel 12:15-24 kung paano si David ay taimtim na nanalangin para sa anak samantalang ito ay buhay pa, subalit tunay niyang tinanggap ang katapusan ng kamatayan. “Samantalang ang bata’y buhay pa, ako’y nag-aayuno at umiiyak; sapagkat aking sinabi, Sino ang nakakaalam kung maawa sa akin ng Panginoon, na ano pa’ ang bata’y mabuhay? Ngunit ngayo’y patay na siya bakit pa ako mag-aayuno? Maibabalik ko pa ba siya? ...siya’y hindi na babalik sa akin”. At inaliw ni David ang kaniyang asawa, at nagkaroon ng isa pang anak kapagdaka.

Sa katapusan, maaaring masabi na ang maraming tao, sa pagkaunawa sa alituntunin ng pananagutan sa Dios, akala'y di na kailangan sa kaniya at sa paghuhukom. Ngunit isang kabila maaaring ang mga taong iyan ay mayroon ng pananagutan sa Dios yamang ang kanilang kaalaman sa Salita ng Dios ay nalaman nila ang katotohanan na ang Dios ang nagpapaandar sa kanilang pamumuhay, hinahandogan sila ng tunay na kaugnayan sa kaniya. Dapat tandaan lagi na "Dios ay pag-ibig". Siya ay "ayaw na sino man ay mapahamak", at "ibinigay ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya sumasampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan" (1 Jn. 4:8; 2 Ped. 3:9; Jn. 3:16). Nais ng Dios na tayo ay mapunta sa kaniyang kaharian.

Ang ganyang karangalan at tanging karapatan ay walang salang naging dahilan ng pananagutan. Gayunman, hindi ito balak upang gawing mahirap para sa atin o pahirapan tayo; kung talagang iniibig natin ang Dios, ating kikilanlin na ang kaniyang iniaalay na kaligtasan ay hindi kusang gantimpala dahil sa nagawa, ngunit isang mapagmahal na pagnanais ng kaniyang sarili gawin ang lahat ng kaniyang makakaya para sa kaniyang mga anak, upang pagkalooban sila ng buhay na walang hanggang kaligayahan, sa pamamagitan ng kanilang utang na loob dahilan sa kaniyang kahangahangang katangian.

Sa pagdating natin upang kilanlin at dinggin ang tawag ng Dios sa atin sa pamamagitan ng kaniyang salita ating nalaman na habang tayo ay lumalakad sa karamihan ng tao, ang Dios ay ang babantay sa atin ng isang naiibang pagtingin sabik na sabik na naghahangad ng mga tanda ng ating pagtugon sa kaniyang pag-ibig, kaysa maghintay sa ating pagkukulang upang magampanan ang ating mga

pananagutan. Kailan ma'y ang mapagmahal na matang yaon ay hindi mawawala sa atin; kailan ma'y hindi natin malilimutan o sirain ang ating pagkakilala sa kaniya upang sumunod sa kalayawan ng laman at malaya sa pananagutan ng Dios. Sa halip, maaari at dapat magalak sa ating natatanging kalapitan sa Dios, at sa gayo'y pagtiwalaan ang dakilang pagmamahal niya, kaya sinisikap nating malaman pa ang tungkol sa kaniya kaysa kakaunti ang nalalaman. Ang ating pagmamahal sa kaparaanan ng Dios at pagnanais malaman ang mga ito, upang maaari nating matularan siya ng tamang-tama, ay maaaring mahigitan ang ating katutubong pagkatakot sa kaniyang kataas-taasang kabanalan.

4.9 Ang Impiryeno

Ang laganap na pagkakaalam sa impiyerno ay isang lugar na parusahan ukol sa makasalanang “walang kamatayang mga kaluluwa” tuluyan pagkatapos mamamatay, o isang lugar ng pagdurusa para sa mga yaong itinakwil sa hukuman. Ito ay ating pananalig na itinuturo ng biblia na ang impiyerno ay ang libingan, kung saan ang lahat ng tao ay pupunta pagkamatay.

Bilang isang salita, ang orihinal na salita sa hebreo ay “sheol”, isinalin na “libingan” nangangahulugang “isang luagr na may takip”. Ang “libingan” ay ang Anglican salin sa “sheol”; kaya kapag ating binasa ang “impiyerno” hindi natin binabasa ang isang salita na tamang-tama ang pagkakasalin. Ang isang salakot (helmet) o sumbrero ay literal na isang “helmet”, na ibig sabih’y isang pang –taklob para sa ulo. Ayon sa Biblia, ang ‘tinakpang lugar’ na ito, o “impiyerno” ay isinaling “libingan”. Sa katunayan, sa ibang makabagong salin ng

Biblia ay bihirang gamitin ang salitang “impiyerno”, at isinalin ito ng maayos bilang “libingan”. Ang ilan sa mga halimbawa kung saan ang salitang ito na “sheol” ay isinaling “libingan” ay maaaring sirain ang laganap na kaalaman ng impiyerno bilang isang lugar ng apoy at pagpapahirap sa mga makasalanan:

📖 “Mapahiya nawa ang masama...magsitahimik nawa sila sa libingan” (sheol Awit 31:17) – sila’y hindi sisigaw sa matinding kahirapan.

📖 “Ngunit tutubusin ng Dios ang aking kaluluwa sa kapangyarihan ng libingan” (sheol Awit 31:17) – i.e. Ang kaluluwa o katawan ni David ay muling babangon mula sa libingan, o “impiyerno”.

Ang paniniwala na ang impiyerno ay isang lugar ng kaparusahan ukol sa makasalanan kung saan sila ay hindi maaaring tumakas ay hindi tamang katapat ng makatarungang ganito: isang banal na tao ay maaaring pumunta sa impiyerno (ang libingan) at lumabas na muli. Sa Ose. 13:14 ay pinatotohanan ito: “Aking tutubusin sila mula sa kapangyarihan ng Sheol (libingan) ; aking tutubusin sila (mga tao ng Dios o mula sa kamatayan’. Ito ay nabanggit sa 1 Cor. 15:55 at ginamit sa pagkabuhay na maguli at pagbabalik ni Cristo. Gayun din ang larawang –diwa sa ikalawang pagkabuhay na maguli (tingnan sa Araling 5.5), “at ibinigay ng kamatayan at ang Hades ang mga patay na nasa kanila” (Apoc. 20:13). Ngayon pansinin ang pagkakatulad sa pagitan ng kamatayan, i.e. ang libingan at impiyerno (tingnan pati Awit 6:5).

Ang mga salita ni Hanna sa 1 Sam. 2:6 ay napakalinaw. “Ang Panginoo’y pumapatay at bumubuhay (sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli): nagdadalang pababa sa libingan (sheol), at nagsasampa”. Sa pagkaalam na ang “impiyerno” ay ang “libingan. Nararapat na asahan na ang banal ay maliligtas dito sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli tungo sa buhay na walang hanggan. Kaya nga, talagang maaaring pumasok sa “impiyerno” o libingan, at pagkatapos ay lisanin ito sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli. Ang pinakadakilang halimbawa ay si Jesus, na ang kaniyang kaluluwa ay hindi naiwan sa libingan, ni ang kaniyang laman ay hindi nakakita ng kabulukan” (Gaw. 2:31) sapagkat siya’y nabuhay na maguli. Pansinin ang pagkakatulad sa pagitan ng “kaluluwa” ni Cristo at ang kaniyang “katawan” o ‘laman”. Na ang kaniyang katawan “ay hindi naiwan sa libingan” ay nangangahulugan na ito ay naroon ng ilang panahon, i.e. tatlong araw kung saan ang kaniyang katawan ay nasa libingan. Na si Cristo ay napunta sa “impiyerno” ay dapat maging sapat na patunay na hindi lamang ito isang lugar kung saan ang mga masama ay napunta .

Ang mabuti at ang masama ay kapuwa napunta sa “impiyerno’ kung tawagin ay libingan. Sa ganyan si Jesus “ay ginawa ang kaniyang libingan na kasama ng mga masama” (isa. 53:9). Naaayon dito, mayroong iba pang mga halimbawa na ang mga makatuwirang tao ay napupunta sa impiyerno, i.e. ang libingan. Sinabi ni Jacob na siya’y lulusong na tumatangis...hanggang sa Sheol” dahil sa kaniyang anak na si Jose (Gen. 37:35).

Isa sa mga prinsipiyo ng Dios ay ang parusa dahil sa kasalanan ay kamatayan (Rom. 6:23; 8:23; Sant. 1:15). Noong nakaraan, aming ipinakita na ang kamatayan ay isang kalagayang lubos na walang malay. Kinasasapitan ng kasalanan ay lubos na pagkasira, hindi walang hanggang pagdurusa (Mat. 21:41; 22:27; Mar. 12:9, katulad na tiyak ang mga tao'y nalipol sa pamamagitan ng baha (Luc. 17:27,29), at katulad ng mga Israelitas na nangamatay sa ilang (1 Cor. 10:10). Sa kapwang pangyayaring ito ang mga makasalanan ay nangamatay higit na mabuti ang makasalanan ay pinarurusahan ng isang walang katapusang pagdurusa at paghihirap.

Nalaman din natin na ang Dios ay hindi nagpapatang ng kasalanan o ibilang ito sa ating kasaysayang nagawa – kung tayo ay walang kinalaman sa kaniyang salita (Rom. 5:13). Yaong nasa ganitong kalagayan ay mananatiling patay. Yaong nalaman g kinakailangan ng Dios ay bubuhaying muli at hahatulan sa pagdating ni Cristo. Kung makasalanan, ang parusa ng kanilang tatanggapin ay kamatayan, sapagkat ito ang kaparusahan sa kasalanan. Samakatuwid, pagkatapos dumating humarap sa luklukang hukuman ni Cristo, sila'y parurusahan at pagkatapos ay mamamatay na muli, upang manatiling patay magpakailanman. Ito ang “ikalwang kaamatayan”, na inihayag sa Apoc. 2:11. Ang mga taong ito ay mamatay ng isang beses lamang, isang kamatayang ganap na walang malay. Sila'y bubuhaying muli at hahatulan sa pagdating ni Cristo at pagkatapos parurusahan ang ikalawang kamatayan, na katulad ng kanilang unang kamatayan, ang

magiging lubusang walang malay. Ito ay magtatapos ng walang hanggan.

Sa ganitong kahulugan na ang parusa sa kamatayan ay “walang hanggan”, sa ganyan walang katapusan ang kanilang kamatayan. Upang manatiling patay kailan man ay isang parusang walang katapusan. Isang halimbawa ng Biblia sa paggamit ng ganitong pananalita ay matatagpuan sa Duet. 11:4. Inilarawan nito ang lubusang pagpuksa ng Dios sa hukbo ni Faraon sa Pulang dagat bilang isang walang katapusan, tuloy-tuloy na pag-wasak upang sa gayo’y ang talagang hukbong ito’y huwag gugulin ang Israel magpakailman. “Ginawa niya ang tubig na Dagat na Pula ay umapaw sa kani-kanila...nilipol sila ng Panginoon hanggang sa araw na ito”.

Kahit sa unang panahong Lumang Tipan ang mga sumasampalataya ay nalalaman na magkakaroon ng isang pagkabuhay na maguli sa huling araw, pagkatapos ang mga may pananagutang makasalanan ay magbabalik sa libingan. Maliwanag ang kay Job 21:30,32: “Ang masama ...ay dadalhin (i.e. ibabangon) sa araw ng kapootan...ngunit dadalhin (pagkatapos sa libingan. Isa sa mga parabola tungkol sa pagbabalik ni Cristo at ang paghuhukom ay naglahad na ang masama ay nagawang “pinatay” sa kaniyang harapan (Luc. 19:27). Malayong tumugma ito sa haka-hakang makasalanan ay buhay magpakailanman na nasa kalagayang mayroong malay, patuloy na pinahihirapan. Sa ano mang kalagayan, wari’y ito ay magiging hindi makatarungan pagpaparusa –

Walang katapusang pagpapahirap sa ginawa sa loob ng 70 taon. Walang kasiyahan ang Dios sa pagpaparusa sa makasalanang tao; kaya nga maaasahan na hindi siya magbibigay ng kaparusahan sa kanila ng walang katapusan (Ezek. 18:23,32; 33:11 cp. 2 Ped. 3:9).

Sanglibutang Kristiyanong tumalikod sa tunay na relihiyon ay laging iniugnay “ang libingan” sa kuro-kurong lugar ng apoy at dusa. Ito ay ibang –iba sa itinuturo ng Biblia tungkol sa impiyerno (ang libingan). “Katulad ng tupa sila’y nakatakda sa libingan (impiyerno); kamatayan ay magiging pastol nila” (Awit 49:14) nangangahulugan na ang libingan ay isang lugar ng matiwasay na paglimot. Kahit ang kaluluwa ni Cristo o katawan na nasa libingan ng tatlong araw, ito’y hindi nagdanas ng kabulukan (Gaw. 2:31). Ito’y magiging impossible kung ang libingan ay isang lugar ng apoy. Sa Ezek. 32:26-30 ay nagbigay ng isang larawan ng mga makapangyarihang mandirigma ng mga bansang nasa paligid na ang mapayapa ang kanilang mga libingan: “Ang makapangyarihang nangabuwal (sa labanan)...na nagsibaba sa libingan na may kanilang arma sa na pagdigma: at nangag lagay ng kanilang mga tabak sa ilalim ng kanilang mag ulo...sila’y mangahihiga...na kasama ng nagsibaba sa hukay”. Ito ay tinutukoy ang kaugalian as paglilibing ng mga mangdirigma kasama ang kanilang sandata, at ipinapatong an gulo ng abngkay sa kaniang tabak. Ngunit ito ang paglalarawan ng impiyerno – ang libingan. Ang mga makapangyarihang mga taong ito na nakahiga pa sa impiyerno (i.e. kanilang mga libingan) ay mahirap mapatunayan ang kuro-kuro na ang

libingan ay isang lugar ng apoy. Pangkatawang mga bagay (katuuld ng sandata) ay napunta sa kagayang “impiyerno” bialng tao, ipinakikita na ang libingan ay hindi isang lugar o parisukat kung saan ang espiritu ay pinahihirapan. Kaya nga, sinabi ni Pedro sa isang makasalanang tao, “Ang iyong salapi’y mapapahamak an kasama mo” (Gaw. 8:20).

Ang ulat sa mga karanasan ni Jona ya salungat dito. Dahilan sa nilamon ng buhay si Jonas ng isang malaking isda. “Si Jonas ay nananalangin sa Panginoon na kaniyang Dios mula sa tiyan ng isda, at sinabi, tinawagan ko...ang Panginoon...mula sa tiyan mong libingan (Sheol) ako’y sumigaw” (Jonas 2:1,20, Ito ay itinulad sa “tiyan ng libingan” (tiyan ng isda). Ang tiyan ng balyena (isda) ay tunay na isang “natatak pang lugar” na siyang pinakaahalagang ng salitang “sheol” , isinaling “libingan” . Nuunawaang, ito ay hindi isang lugar apoy , at si Jonas ay lumabas sa tiyan ng libingan nang siya ay isukang palabas ng Balyens. Ito’y tumutukoy sa darating na pagkabuhay na maguli ni Cristo buhat sa “impiyerno” (ang libingan - tignan sa Mat. 12:40.

Paglalarawan ng Apoy

Gayun man, ang Biblia ay ginagawang madalas ang paggamit ng larawan ng walang katapusang apoy upang ipakita ang alit ng Dios a kasalanan na magigng sanhi ng lubusang pagkabulok ng makasalanan sa libingan. Pianrusahan ang

Sodom n g"walng katapusang apoy" (Judas 1:7), i.e. ito ay ganap na sinira dahil sa kasamaan ng mga naninrahan doon. Sa panahong ito ang lungsod na yaon ay wasak na wasak na, nakalubog sa ilalim ng tubig ng Dagat na Patay; wala ng dahilan na ito ay nasusunog pa, na kailangan upang ang ating maintindihan ang "walang katapusang apoy" nang literal o walang labis at walang kulang. Katulad ng Jerusalem na pinagbantaang sunugin ng walang katapusang apoy galit ng Dios, dahil sa mga kasalanan ng Israel: "Kung magkagayo'y magsusulsul ako ng apoy sa mga pintuang-bayan niyaon, at pupugnawin niyaon ang mga palasyo sa Jerusalem at ito'y hindi mapapatay" (Jer.17: 27). Dahilan sa ang Jerusalem ang hinulaang lungsod ng daratin na kaharian (isa. 2:2-4; Awit 48:2), hindi sinadya ng Dios upang basahin ito ng literal. Ang malalaking bahay sa Jerusalem ay natupok ng apoy (2 hari 25:9), ngunit ang apoy na yaon ay hindi nagpatuloy ng walang katapusan.

Katulad din, nang parusahan ng Dios ang lupang Idumea ng apoy na "hindi maaaring "mapatay sa gabi o araw man; ang usok niyaon ay iilanglang magpakailanman; sa buong panahon ay malalagay na sira...ang kuwago at ang uwak ay magsisitahan doon...at ang mga tikan ay tutubo sa kaniyang mga palasyo (Isa. 34:9-15). Yamang nalalaman na ang mga hayop at mga halaman ay mabubuhay sa nasirang lupa ng Idumea, ang salita ng walang katapusang apoy ay nararapat tumukoy sa galit ng Dios at kaniyang lubusang pagsira ng lugar kaysa tanggaping ito ng literal.

Ang Hebreo at Griego na mga parirala na isinaling magpakailanman ay talagang nangangahulugang"ukol sa panahon. Pagkaminsan tinutukoy nito ang kawalang – hanggang literal halimbawa: “Ang mga kuta at tore ay magiging lungga magpakailanman...hanggang ang espiritu ay ibuhos sa atin”. Ito ay isang paraan upang maintindihan ang “walang katapusan ng walang hanggang apoy” . Simula at simula pa ang galit ng Dios sa kasalanan ng Jerusalem at ng israel ay itinutulad a apoy: “Narito ang aking galit at ng aking kapusukan ay mabubuhos sa dakong ito (Jerusalem)...at masusupok, at hindi mapapatay” (Jer. 7;20 ang iba pang halimbawa ay kabilang ang nasa Mga Panghoy 4:11; 2 Hari 22:17).

Ang apoy pati ay nauugnay sa paghatol sa Dios sa kasalanan, lalo na sa pagbabalik ni Cristo: sapagkat, narito, ang araw ay dumarating, na nagniningas na parang hurno; at ang lahat ng palalo , at ang lahat ng nagsisigawa ng kasamaan ay magiging parang dayami; at ang araw na dumarating ay susunog sa kanila” (Mal. 4:1). Kung dayami o kahit katawan ng isang tao na nasunog sa apoy ito ay babalik sa alabok. Ito ay hindi mangyayari sa ano mang sangkap, lalo na laman ng tao, upang sunuging tunay o literal ng walang katapusan. Ang salitang “walang katapusang paghihirap. Ang apoy ay hindi maaaring tumagal na walang katapusan kung wala ng susunugin. Dapat pansinin na “ang libingan (Hades)” ay ibinulid sa dagat-dagatang apoy” (Apoc. 20:14). Ito’y nangangahulugan na ang libingan ay di katulad ng “dagatdagatang apoy, naglalarawan ito ng ganap na kasiraan.

Sa makahulugang paraan sa aklat ng Apocalipsis tayo ay sinabihan na ang libingan ay lubusang sisirain sapagkat sa muling araw ng Millennium mawawala na ang kamatayan.

Gehenna

Sa Bagong Tipan dalawang salitang Griego na isinaling “libingan” “Hades” ang katumbas ng Hebreong “Sheol” na atin tinalakay noong maaga pa. “Gehenna” ang pangalan ng lugar nung saan ibinubuhos ang basura na nasa labas lamang ng Jerusalem upang sunugin. Ang ganyang tambakan ng basura ay pinagkaugalian na ng maraming umuunlad na mga lungsod ngayon (Smokey Mountain sa labas ng Maynila sa Pilipinas). Bilang isang pangalang pangtangi (proper noun) - i.e. pangalan ng isang tunay na lugar – dapat ito’y hayaang hindi isinalin bilang “Gehenna” ay ang Aramaic na katumbas ng Hebreong “Ge-ben-Hinnon”. Ito ay makikitang kalapit ng Jerusalem (Jos. 15:8). At sa panahon ni Cristo ito ay tapunan ng basura sa lungsod. Ang mga patay na katawan ng mga kriminal ay itinatapon sa apoy na laging nagliliyab doon, kaya nga ang Gehenna ay naging simbolo ng lubusang pagkasira at di pagtanggap.

Muli sa puntong ito ay dapat malaman na kung ang itinapon sa apoy na yaon ay hindi nananatili doon ng walang katapusan-ang mga kawan ay nabulok na naging abo. “Ang Dios natin (ay magiging isang apoy ng kaniyang galit sa kasalanan at uubusin ang mga makasalanan sa pagkasira kaysa hayaan

silang iwan sa isang kalagayang nasalab o nadarang lamang sila ng apoy at buhay pa rin. Sa panahon ng mga nakaraang paghatol ng Dios sa kaniyang bayang Israel sa kamay ng mga Babilonia, ang Gehenna ay napuno ng mga patay na katawan ng mga makasalanang kasama ang bayan ng Dios (Jer. 7:32-33).

Sa kaniyang kasanayang paraan, ang Panginoong Jesus y dinalang samasama lahat ng kurokurong ito ng Lumang Tipan sa paggamit niya ng salitang "Gehenna". Madalas sabihin niya na yaong itinakwil sa luklukang hukuman a pagbalik niya ay pupunta sa loob ng Gehenna" (i.e. "impiyerno" sa loob ng apoy na hindi mapapatay. Kung saan ang uod ay hindi namamatay" (Mar.9:43-44), Maaaring ikintal a isipan ng mga Judiyo ang mga kuro-kuro sa Gehenna ng pagtakwil at pagsira ng katawan, at alam natin na ang walang katapusang apoy ay isang kawikaang inilalarawan ang galit ng Dios laban sa kasalanan, at ang wlang katapusang pagsira sa mga makasalanang sa pamamagitan ng kamatayan.

Ang pagtukoy sa kung saan ang kanilang mga uod ay hindi namamatay", ay maliwanag na kabahagi ng ganitong parehong kawikaan ukol sa lubusang kasiraan-hindi aakalain na maaaring magkaroon ng tunay na uod na kailan may hindi mamamatay. Ang katotohanan na ang Gehenna ang dating lugar ng parusahan ng mga makasalanang kabilang ang mga tao ng Dios, ay ipinakita pa ang naaangkop na paggamit ni Cristo nitong larawan ng Gehenna.

Pagsalungat 11: Purgatoryo

Ang simbahan ng Katolikong Romano ay nagtuturo na ang mga kaluluwa ng mga tao ng Dios ay maaaring pumunta sa isang lugar na kung tawagin ay “purgatoryo” pagkamatay, na ito ay isang lugar ng paglilinis at ito ay nasa kalahatian sa pagitan ng bahay ng “Langit” at ng “impiyerno”. Ang kaluluwa ay sandaling maghihirap bago ito maging karapat-dapat tamuhin ang kaligtasan sa langit. Ang mga panalangin, pagsisindi ng kandila at pananalaping tulong ng simbahan ng isang tao at ang kaniyang mga kaibigan ay inaaakalang makapagpapaiksi ng itatagal ng panahong paghihirap ng kaluluwa sa purgatoryo. Ang kapunapunag kamalian ng ganitong paniniwala ay mapapatunayan sa mga sumusunod:

📖 Ang Biblia ay walang sinasabi tungkol sa pagkakaroon ng ganitong lugar.

📖 Ipinakita namin na ang kaluluwa’y tinutukoy na ating katawan, kay sa ibang walang kamatayang sangkap na nasa loob natin, at ang “impiyerno” ay ang libingan at hindi isang lugar na parusahan.

📖 Ang mga banal ay hindi pinangakuan ng kaligtasan sa langit. Ang pagkakaloob ng kaligtasan ay ibibigay sa hukumang luklukan sa pagbabalik ni Cristo kay sa ibang panahon pagkatapos mamamtay kung saan inaaakalang aalis na sa “purgatoryo” (Mat. 25:31-34; Apoc. 22:12).

- 📖 Lahat ng mga banal ay tatanggap ng kanilang gantimpala ng sabay sabay, kay sa bawat isa ay pagkakalooban sa ibat-ibang panahon (Heb. 11:39,40; 2 Tim. 4:8).

- 📖 Ang kamatayanay sinusundan ng ganap na kawalang – malay, talagang siya’y tunay kaysa sa mga ipinahihiwatig na mga gawain ayon sa doktrina ng urgatoryo.

- 📖 Nalinis ang ating kasalanan sa pamamagitan ng bautismo kay Cristo at umuunlad sa isang matibay na pananampalataya sa kaniyang gawain sa panahon ng kasalukuyan nating pamumuhay, higit na mabuti kay sa ilang panahon ng paghihirap pagkatapos mamatay. Tayo ay sinabihan na “alisin niyo ang lumang lebadura” ng kasalanan sa ating mga buhay (1 Cor. 5:7): upang linisin ang sarili natin sa mga gawain ng kasalanan (2 Tim. 2:21; Heb. 9:14). Ang panahon ng ating paglilinis sa makatuwid ay ngayon sa buhay nating ito kaysa isang lugar ng paglilinis (purgatoryo) na pinasok natin pagkamatay. “Narito ngayon ang panahong ukol” (2 Cor. 6:2) Ang ating pagsunod sa Dios sa bautismo at ang paglago ng isang pangkaluluwang pag-uugali sa buhay na ito, ay mag-aakay sa ating kaligtasan (Gal. 6:8) – hindi sa pag-uukol ng ilang panahon sa “purgatoryo”.

- 📖 Ang pagsisikap ng iba upang sagipin tayo sa pamamagitan ng pagsisindi ng kandila at iba pang pagbibigay ng abuloy sa simbahang Katoliko ay hindi magkakabisa, kailan man, upang tayo’y maligtas. Silang nagsisitiwala sa kanilang kayamanan...wala sa kanilang makatutubos sa ano pa mang paraan sa kaniyang kapatid, ni magbigay man sa Dios ng pangtubos sa kaniya...upang siya’y mabuhay na lagi” (Awit 49:6-9).

Pagkasalungat 12 : Mga Multo at Pangkatawang Taong Muli

Ang paniniwala na ang tao ay tuluyang nabubuhay sa hugis ng ibang tao o hayop na pinaghaharian sa pamamagitan ng kaniyang espiritu, ay isa sa lumang paniniwala kung saan ang tao ay pinipilit ang sarili na ang kamatayan ay hindi ang wakas na siyang lumalabas.

Aming ipinakita na ang espiritu ng tao ay tinutukoy ay ang hininga/ lakas ng buhay sa loob niya na babalik sa Dios kapag siya ay namatay (Ecl. 12:7). Ang ibig sabihin nito ay ang kanyang espiritu ay hindi nagpapalipat-lipat na gumagalaw na katulad ng isang multo, ni ito ay malaya upang pagharian ng ibang tao o hayop upang ang katauhan ng taong iyan ay ang patuloy sa pamamagitan nila. Bawat isa sa atin ay hahatulan ayon sa ating sariling ginawa (2 Cor. 5;10). Kung ang ating sariling mga ginagawa at mga katangian ay isang gawain ng isang mabuting nauunang ugali ng tao , sa ganyan itong pagkakaintindi ng paghatol at pagkakaloob ng gantimpala sa

atin ng Dios ayon sa ating sariling mga gawa (Apoc. 22:12) ay naging kaululan.

Ang espiritu ay bumabalik sa Dios sa kamatayan, at lahat ng malay-tao ay matatapos. Ano mang pagtatangka upang makipagkita sa patay samakatuwid ay magbibigay ng isang mabigat na maling pagkakaintindi sa sapat na katuruan ng Biblia tungkol dito (tingnan sa Isa. 8:19,20). Ang Biblia ay lubos na malinaw na ang mga tao ay hindi bumabalik sa dati nilang mga bahay o mga bayan sa ano mang paraan pagkatapos na sila'y mamatay; walang bagay na ganyan na isang "espiritu" o "multo" na dumadalaw sa ganyang mga lugar pagkatapos na sila'y mamatay. Ang Job 20:7-9 ,ay hindi maihayag ito ng tahasang pananalita: "(Ang tao) ay matutunaw magpakailanman, na gaya ng kaniyang sariling dumi; silang nakakita sa kaniya ay magsasabi,Nasaan siya? Siya'y ...mawawala...Ang mata na nakakita sa kaniya ay hindi na siya makikita pa; ni mamamalas pa man siya sa kaniyang pook (bahay o bayan) kailanman di siya makikita"...Ang Job 7:9,10 ay kagaya nito: "Siya na bumababa sa libingan (Sheol) ...ay hindi na babalik pa sa kaniyang bahay, ni malalaman sa libingan (Sheol)...ng dako". Kababaang loob ng pagtanggap nito ay magbibigay daan upang mabawasan ang lahat ng pag-aangkin na nakakita ng mga "mga multo" ng taong namatay, na dumadalaw sa kanilang mga lumang mga bahay. Ang mga karanasang iyan ay dapat pagtiyagan na lamang bilang katatakang gawa ng guniguni.

Pagkasalungat 13: Sa anong Kalikasan Tayo ay Mabubuhay Na Maguli?

Aming ipinakita na ang aming buhay na walang hanggan at magbago sa kalikasan ng Dios ay ipinagkakaloob sa banal pagkatapos hatulan. Bubuhayin muna ni Cristo sila kapag natipon na sila sa harap niya. Yamang ang gantimpala sa walang kamatayang kalikasan ay ipinagkaloob sa paghuhukom, at pagkatapos hatulan sila kapag natipon na sila sa harap niya. Yamang ang gantimpala sa walang kamatayang kalikasan ay ipinagkakaloob sa paghuhukom, nangangahulugan na ang lahat ng mga yaong nabuhay na maguli ay mayroong kamatayang kalikasan sa simula pa. Kung sila'y nabuhay na may walang kamatayang mga katawan, sa ganyan di na kailangan ng isang luklukang hukuman kung saan ipamamahagi ang mga gantimpala.

Tayo ay papasok sa Kaharian ng Dios tuloy-tuloy pagkatapos ng luklukang hukuman (Mat. 25:34); ang mga banal sa ganyan ay wala sa kaharian ng Dios bago hukuman. “Ang laman at dugo ay hindi makapagmamana ng kaharian ng Dios(kaya)...at tayo'y babaguhin...Sapagkat kinakailangan na itong may kasiraan, at itong kinakailangan na ito na may kasiraan ay magbihis ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay magbihis ng walang kamatayan” (1 Cor. 15:50,51,53). Nangangahulugan na ang pagbabago ng kalikasang ito, mula sa may kamatayan tungo sa walang

kamatayan, ay nangyayari sa luklukang hukuman, sapagkat diyen tayo papasok sa kaharian.

Gayun pa man, ang binigyang siglang alagad na si Pablo ay madals na “ang pagkabuhay na maguli” sa kahulugang “ang pagbangon ng buhay” – ang pagkabuhay ng banal, na pagkatapos ay magkakamit ng buhay na walang hanggan pagkatapos hatulan. Nalalaman niya, talaga “na magkakaroon ng isang pagkabuhay na maguli ng mga patay, kapuwa ng makatwiran at makatwiran” (Gaw. 24:15). Maaring nalalaman niya na ang may pananagutan “ay magsisilabas; (mula sa libingan); ang mga nagsigawa ng mabuti, ay sa pagkabuhay na amguli sa buhay. At ang nagsigawa ng mabuti ay sa pagkabuhay na maguli sa buhay; at ang nagsigawa ng masama, ay sa pagkabuhay na maguli sa buhay; at nagsigawa ng masama, ay sa pagkabuhay na maguli sa paghatol “ (Jn. 5:29).

Sa kaniyang tiyak na paraan, wari’y laging tinutukoy ni Pablo tungkol dito “Ang pagkabuhay na maguli ng buhay” kapag nasasalita siya ng “pagkabuhay na maguli” Ang mga banal ay lumalabas sa kanilang mga libingan “hanggang sa pagkabuhay na maguli sa buhay. – pagkaraang lumabas mula sa lupa sila’y hahatulan at saka gagawaran ng buhay na walang hanggan. Ang kabuuang sistema ay “Ang pagkabuhay na maguli ng buhay” Sinabi ni Pablo ang kaniyang pagsisikap a upang mabuhay Kristiyano, kung sa ano mang paraan, maaari kong matamo hanggang sa pagkabuhay na maguli “ay

matamo” samakatuwid kinakailangan mangahulagn na “ang pagka buhay na maguli” dito ay tumutukoy sa “pagkabuhay na maguli ng buhay”.

Ang iba pang halimbawa ng “pagkabuhay na maguli” nangangahulugang “Ang pagkabuhay ng buhay” (cp. Luc. 14:14) kasama ang Luc. 20:35; Jn. 11:24; 1 Cor. 15:21,42; Heb. 11:35; Apoc. 20:6. Sa Mga Awit 17:15 nagsalita si David sa pagtanggap ng kaniyang gantimpala ng sandaling siya’y “magising”. Mayroon siyang parehong kaalaman sa pagkabuhay na maguli, kahit alam niyang magkakaroon ng isang paghatol. Ang paggamit ng salitang ito na “ang pagkabuhay na maguli”, katulad sa 1Cor. 15 na tumulong upang paliwanag ang 1 Cor. 15:52 – “ang patay ay bubuhaying walang kasiraan”. Kapansin-pansin na ang pariralang “ang patay pagkaminsan (lalong-lalo na sa 1 Cor. 15) ay tumutukoy sa banal na patay, na bubuhaying muli upang tumanggap ng walang hanggang buhay sa paghuhukom: 1 Cor. 15:13,21,35,42; 1 Tes. 4:16; Fil. 3:11; Apoc. 14:13; 20:5,6.

Itinala sa 1 Tes. 4:16-17 ang mga pangyayari kaugnay sa pagbabalik ni Cristo:

1. Ang nakikitang pagbabalik ni Cristo

2. Ang patay ay bubuhayin
3. Ang may pananagutan na buhay sa oras na yaon ay dadagitin upang hatulan

Ang pagkakaloob ng buhay na walang hanggan ay pagkatapos ng gantong pagtitipong samasama (Mat. 25:31-34; 13:41-43) kaya ang walang kamatayang ito'y mauuna sa pagtitipong sama-sama. Aming ipinakita na lahat ng mga banal ay gagantimpalaan sa oras ding yaon (Mat. 25:34; Heb. 11:39-40). Ito ay maaaring imposible kung ang walang kamatayan ay igagawad sa pagkabuhay na maguli, dahilan sa ang pagbuhay na maguli ay mauuna samasama ng mga nabubuhay na may pananagutan.

Gayun pa man, dapat tandaan na ang ating pagkakaintindi sa oras o panahon ay lubos na makatao. Ang Dios ay hindi saklaw nito kailanman. Maaring kailangang magsikap pa upang magawa ang ganap na pagkasunod-sunod ng mga pangyayaring maganap sa loob ng panahong pagbabalik ni Cristo. Ang pagkabuhay na maguli at ang ating pagbabago sa buhay na walang kamatayan sa luklukang hukuman ay inilalarawang mangyayari 'sa isang sandali, sa isang kispang mata' (1 Cor. 15:51,52). Kinakailangan, ang panahon ay lilipas sa isang iba't-ibang sukat a sandaling bumalik si Cristo, kahit para doon sa mga hahatulan. Isa itong pangkaraniwang alituntunin ng Biblia na bawat isa sa mga yaong may pananagutan as hukuman ay magsusulit ng kaniyang inaasal

na pamumuhay sa luklukang hukuman, at magkakaroon ng ilang pagtatalo sa kanilang hukom, ang Panginoong Jesus (Mat. 25:44 at iba pa, Ecl.3:17; 12:14; Luc. 12:2,3; 19:23; Ezek. 18:21,22; 1 Tim. 5:24-25; Rom. 14:11,12). Binigyan ng malaking bilang ng mga may pananagutan, aming inakala na ang kahulugan ng panahon ay ipagpaliban o paikliin upang ang lahat tayo ay mahatulan kaagad, at gayon man sa bawat isa. Dahil sa ang panahon ay paiikliin sa yugtong ito, kaya ang buong kaparaanan ng pagkabuhay na maguli pagkaminsan ay tinatawag bilang paraan kung paano ang banal ay bibigyan ng buhay na walang hanggan. Gayon man, dahil ito sa bilis kung paano tayo ililipat buhat sa libingan patungo sa luklukang hukuman, at pagkatapos sa pamamagitan ng biyaya ng Dios, sa kalagayang walang kamatayan. Ang katotohanan ay nananatili pa rin, magmula sa naunang mga bersikulo na tinalakay, ipinangaral ng Biblia na ang buhay na walang hanggan ay ipagkakaloob sa luklukang hukuman at hindi sa pagkabuhay na maguli. Dahilan dito ang 1 Tes. 4:17 ay nagsabi na ang mga banal ay tinawag na hukuman sa pamamagitan ng isang malakas na pagputok ng trumpeta samantalang sa 1 Cor. ay nagwika ng parehong trumpeta na naging kaugnay ng pagbibigay sa kanila ng buhay na walang kamatayan. Ito pati ang nagpapaliwanag kung bakit inakala ni pPablo na ang pagkabuhay na maguli bilang katulad sa pagtanggap sa hukumang luklukan (e.g. Fil. 1:23).

Pagkasalungat 14: Ang “Masidhing Kaligayahan” o “Aagawin”

Mayroong isang laganap na paniniwala sa gitna ng mga simbahang “Maka-Ebanghelyo” na ang mga banal ay “Aagawin” “Paitaas sa langit sa pagbalik ni Cristo. Ang paniwalang ito ay malimit iugnay sa pag-aakala na ang lupa sa panahong iyon ay sisirain. Ang aming ipinakit pati sa pagkasalungat 4.7 na ang lugar ng gantimpala ay lupa, hindi langit. Ang mga maling pakahulugan sa 1 Tes. 4:16-17: “Ang Panginoon din ang bababang mula sa langit...at ang nangamatay kay Cristo ay unang mabubuhay na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap upang salubungin ang Panginoon sa hangin at sa ganito’y sa Panginoon tayo magpakailan man”.

Bukod sa maliwanag ang panganib ng pagbabatay ng malaking paniniwala sa isa lamang pahayag ng Banal na Salita, dpat tandaan na walang nababanggit dito sa mga banal na inagaw paitaas sa Langit. Bumaba si Cristo mula sa langit bago salubungin siya ng mga sumasampalataya. Si Cristo ay maghahari magpakailan man sa ibabaw ng lupa ng trono ni David sa Jerusalem, at tayo ay makakasama niya, dito sa lupa. Kaya nga, imposible na tayo ay gugugol ng walang katapusang panahong siya ay nakabitin sa gitna ng himpapawid. “Ang himpapawid” na umaaabot lamang ng ilang kilometro sa itaas ng ibabaw ng lupa ay nangangahulugang ito ay hidi maaaring tukuying langit ang tahananang lugar ng Dios.

Ang salitang Griego na isinaling “aagawin paitaas” ang tunay na kahulugan ay dagiting palayo walang dinadalang idea ng ano man mang tiyak na dako. Nangyari ito sa Lev. 6:4 at Duet. 28:31 sa Lumang Tipan ng Griego (ang Septuagint) upang ilarawan na “aagawin” o “pagagaw” ng mga gamit sa isang nakawan. Nangyayari rin ito Sa Mga Gawa. 8:39: “Ang Espiritu ng Panginoon ay inagaw si Felipe; at hindi na siya nakita ng bating...ngunit nasumpungan si Felipe sa Azoto”. Ang kasaysayang ito kung paano si Felipe ay kahimahimalang nadala sa isang lugar sa ibabaw ng lupa hanggang sa ibang lugar .

Sa pagdating ni Cristo , ang may pananagutan ay titipuning sama-sama sa lugar ng hukuman; hindi sila hahayaang gumawa sila ng kanilang sariling daan doon. Maaaring mangyari na ang ating paraan ng paghahatid sa lugar na yaon ay sa pamamagitan ng himpapawid.

Sinabi ni Jesus na “sa araw ang Anak ng tao ay mahayag...dalawang tao ay ansa bukid; isa ay kukunin, a t ang isa ay iiwan” (Luc. 17:30,36). Ito’y nagbibigay ng parehing larawan ng iasng biglang iangaw. Ang mga alagad ay masigasig na ang tanong, saan Panginoon? At sinabi niya sa kanila, “Kung saan naroon ang bangkay ay doon din naman magkakatiptipon ang himpapawid at pagkatapos ay bumaba sa lupa kung saan naroon ang bangkay gayun din dadalhoin

ang may pananagutan sa lugar kung saan sila makikita ang kanilang Panginoon sa hukuman.

Kinakailangan nating muling idiin ang kahalagahan ng doktrina tungkol sa hukumang luklukan ni Cristo; ang may pananagutan ang unang dapat na humarap doon, bago ang mga banal sa kanila ay magantimpalaan. Isang bahagyang pagbabasa ng 1 Tes. 4:16,17 ay maaari tayong magpasya na lahat ng kasama magpakailan man. Si Cristo sa halip ay alam natin na ang may pananagutan ay titipunin sa lugar na hukuman maaaring dalhin sa pamamagitan ng himpapawid at pagkatapos ay tanggapin ang kanilang gantimpala.

ARALING 4: MGA KATANUNGAN

1. Ano ang mangyayari pagkatapos mamatay?
 - a) Ang kaluluwa ay pupunta sa Langit
 - b) Tayo ay walang malay
 - c) Ang kaluluwa ay nakatabi sa isang lugar hanggang ito ay hatulan
 - d) Ang mga makasalanang kaluluwa ay pupunta sa impiyerno at ang mabubuti ay puupunta sa langit.

2. Ano ang kaluluwa?
 - a) Isang walang kamatayang bahagi ng ating pagkatao
 - b) Isang salitang nangangahulugang “katawan, tao, nilalang “
 - c) Katulad na katulad ng espiritu
 - d) Isang bagay na pumunta sa langit o impiyerno pagkatapos mamatay

3. Ano ang espiritu ng tao?

4. Ipaliwanag ng maikli ang kalikasan ng tao

5. Itala ang dalawang bersikulo ng Biblia na nagpapatunay na ang kamatayan ay isang kalagayan walang malay.

6. Ano ang nalalaman mo tungkol sa luklukang hukuman ni Cristo?

7. Sino ang bubuhaying muli at hahatulan?
8. Ano ang impiyerno”
9. Ano ang Gehenna?

ARALING 5

**ANG KAHARIAN NG
DIOS**

5.1 Pagpapaliwanag ng Kaharian

Ang ating nauunang pinag-aralan ay ipinakita na layunin ng Dios upang gantimpalaan ang kaniyang mga tapat na tauhan ng walang hanggang buhay sa pagbabalik ni Cristo. Itong buhay na walang hanggan ay gugulin sa ibabaw ng lupa. Ang mga paulit-ulit na pangako ng Dios tungkol dito kailan man ay hindi nagangahulugang ang tunay na sumasampalataya ay pupunta sa langit. “Ang Ebanghelyo (mabuting balita) ng Kaharian ng Dios” (Mat.4:23) ay ipinangaral kay Abraham sa pamamagitan ng mga pangako ng Dios tungkol sa buhay na walang hanggan sa ibabaw ng lupa (Gal. 3:8). Ang “Kaharian ng Dios” samakatuwid ay ang panahong pagkatapos ng pagbalik ni Cristo kung kailan ang pangakong ito ay matupad. Samantalang ang Dios sa huli ay Hari ng kaniyang buong nilikha kahit ngayon, binigyan niya ang tao ng kalayaan upang pamahalaan ang sanglibutan at kaniyang sariling buhay ayon sa kaniyang kagustuhan. Kaya sa kasalukuyan ang sanglibutan ay binubuo “ng kaharian ng mga tao” (Dan. 4:17).

Sa pagbalik Cristo, “ang mga kaharian ng sanglibutang ito ay magiging kaharian ng ating Panginoon, at ang kaniyang Cristo; at siya’y maghahari magpakailanman” (Apo. 11:15). Pagkatapos ang kalooban at hangarin ng Dios ay lubusan at hayagan na matutupad sa lupang ito. Kaya inutusan tayo ng Dios upang manalangin: “Mapa sa amin ang kaharian mo sundin ang loob mo dito sa lupa na kagaya sa langit” (Mat. 6:10). Dahil dito, ang “kaharian ng Dios” ay isang bukambibig na magpapalit sa “ang kaharian ng langit” (Mat.13:11, cp Mar. 4:11). Pansinin na kailan ma’y hindi natin nabasa ang “kaharian ng langit”, ito ay ang kaharian ng langit na itatayo sa pamamagitan ni Cristo sa ibabaw ng lupa sa pagbalik. Samantalang ang kalooban ng Dios ay ganap na tinupad ng mga anghel sa langit (Mga Awit 103:19-21), kaya nga ganito ring kalagayan sa hinaharap na kaharian ng Dios, kung kailan ang lupa ay titirahan lamang ng mga banal, na sila’y magiging “kapantay ng mga anghel” (Luc. 20:36).

Sa pagpasok sa kaharian ng Dios sa pagbalik ni Cristo samaktuwid ay ang huling kasasapitan ng lahat ng ating pagka-kristiyanismong pagsisikap sa buhay na ito (Mat.25:24; Gaw. 14:22); sa ganito, lubos na kailangan ang pagkakaintindi nito. Ang pagtuturo ni Felipe tungkol kay Cristo ay ipinaliwanag na pagtuturo “ng mga bagay tungkol sa kaharian ng Dios at sa pangalan ni JesuCristo” (Gaw 8:5, 12). Sipi sa sipi ay magpapa-alaala sa atin kung paano “Ang kaharian ng Dios” ang siyang pangunahing pasanin ng pangangaral ni Pablo (Gaw. 19:8; 20:25; 28:23,31). Kaya higit na mahalagang lubos nating nalalaman ang doktrina ng Kaharian ng dios, yamang nalalaman na ito’y bahaging kailangang-kailangan sa mensahe ng evanghelyo. “Sa pamamagitan ng malaking paghihirap na sa dulong tunnel ng buhay na ito, at kaya nga, ang pagudyok upang gumawa ng pagkakasakit ang tunay na kailangan sa buhay ng Kristiyano. Si Nebuchadnezzar, hari ng Babilonia ay nais na malaman ang kinabukasan ng sanglibutan (tignan sa Daniel 2). Siya ay binigyan ng isang pangitain ng isang malaking estatua, binubuo ng iba’t-ibang metal. Binigyan ng pakahulugan ni Daniel ang ulong ginto na kumakatawan sa hari ng Babilonia (Duet. 2:38). Pagkatapos niya ay may darating na isang sunod-sunod na mga malalaking emperyo sa bahaging palibot ng Israel, na magtatapos sa pamamagitan ng isang kalagayan kung saan “kung papaanong ang mga daliri ng paa ay bakal ang isang bahagi ay putik, magkakagayon ay ang kaharian na ang isang bahagi ay matibay, at isang bahagi ay marupok” (Dan. 2:42).

Ang kasalukuyang balanse ng kapangyarihan sa sanglibutan at hati sa pagitan ng maraming bansa, ang iba ay malakas at ang iba ay mahina. Pagkatapos ay nakita ni Daniel ay isang maliit na bato na tumama sa paa ng estatua at natibag ito at ito mismo ay lumaking naging isang malkaing bundok at pinuno ang buong lupa (Dan.2:34-35). Ang batong ito ang kumakatawan ay si Jesus (Mat. 21:42,; Gaw. 4:11; Ef. 2:20; 1 Ped. 2:4-8). Ang ‘bundok’ na kaniyang lilikhain sa lahat ng ibabaw ng lupa ay sumasagisag sa walang katapusan mga kaharian ng Dios na itatag sa kaniyang (Jesus) ikalawang pagdating. Ang hula ay mismong patunay na ang kaharian ay sa lupa itatayo hindi sa langit.

Na ang kaharian ay lubusang maitatayo lamang ng tuluyan sa pagdating ni Cristo ay isang paksa ng ibang mga sipi. Sinabi ni Pablo na si Jesus ang huhukom sa mga buhay at sa mga patay “na sa kaniyang pagpapakita at ang kaniyang kaharian” (2 Tim. 4:1). Pinili ni Micah (4:1) ang idea ni Daniel tungkol sa kaharian ng Dios na katulad ng isang malaking bundok: “Sa mga huling araw ay mangyayari, na ang bundok ng bahay ng Panginoon ay matatag”, nagkaroon pagkatapos ng sumunod ng isang paglalarawan kung ano ang magiging katulad ng kahariang ito sa ibabaw ng lupa (Mica 4:1-4). Ibibigay ng Dios ang trono ni David sa Jerusalem. “Siya’y maghahari magpakailanman at hindi magwawakas ang kaniyang kaharian” (Luc. 1:32,33). Nangangailangan ito na may isang tiyak na lugar kung saan si Jesus nagsimulang maghari sa trono ni David at nagsimula ang kaniyang kaharian. Ito ay sa pagbabalik ni Cristo. “Ang kaniyang kaharian ay walang katapusan” ay kadugtong ng kay Daniel 2:44: “Ang Dios sa langit ay maglalagay ng isang kaharian na hindi magigiba kailan man; hindi iiwan sa ibang bayan”. Gumamit ng parehong salita ang Apoc. 11:15 sa paglalarawan kung paano sa ikalawang pagdating. “Ang kaharian ng sanglibutan ito ay magiging mga kaharian ng Panginoong at ng kaniyang Cristo, at siya’y maghahari magpakailan man”. Muli, kinakailangan magkaroon ng isang tiyak na panahon kung kailan magsisimula ang kaharian ni Cristo at ang kaniyang paghahari ng lupa ito ay sa pagbabalik niya.

5.2 Ang Kaharian ay hindi pa naitatag

May isang malawak na kuru-kurong sinasang-ayunan na ang kaharian ng Dios ay lubusang tunay o narito na binubuo ng kasalukuyang mga mananampalataya –“Ang ekklesia”. Habang inaasam ng tunay na sumasampalataya na sila’y “iligtas na “ at maaaring bigyan ng lugar ng kaharian, walang alinlangang wala pa tayo sa tunay na kaharian, yamang nalalaman natin na si Cristo ay hindi pa bumabalik upang itayo.

Dapat ay maliwanag simula pa ng ating mapag-aralan “na ang laman at dugo ay hindi maaaring magmana ng kaharian ng Dios (1 Cor. 15:50). Tayo ay ‘Mga tagapagmana ng kaharian na siyang

ipinangako sa mga yaong umiibig sa kaniya” (Sant. 2:5), nalalaman natin na ang bautismo ay nagawa tayong mga tagapagmana ng mga pangako kay Abraham – kung saan ang mga pangako ay binuo ng batayan ng Ebanghelyo ng kaharian (Mat. 4:23; Gal. 3:8,27-28). Kaya karaniwan matagpuan ang mga pangako kay Abraham ay matutupad (Mat 25:34; 1 Cor.6:9,10; 15:50; Gal. 5:21; Efe . 5:5). Sa labis na paggamit ng salitang ito ng darating na mana ay ipinakitang ang kaharian ay kasalukuyang hindi taglay ng mananampalataya.

Nagpahayag si Jesus ng isang talinghaga upang ituwid yaong mga nag-aakala na ang kaharian ng Dios ay pagdaka’y mahahayag na. Sinabi nga niya, isang mahal na tao ay naparoon sa isang malayong lupain, upang tumanggap ng isang kaharian ukol sa kaniyang sarili, at magbalik”. Samatala iniwan niya ang kaniyang mga alipin na may kaniya-kaniyang pananantala iniwan niya ang kaniyang mga alipin na may kaniya-kaniyang kaharian ay ipinatawag niya sa kaniyang harapan” at hinatulan sila (Luc. 19:11-17).

Ang kumakatawan sa mahal na tao ay si Jesus na pumunta sa “malayong lupain ng langit upang tanggapin ang kaharian, at muling magbabalik sa panahon ng paghuhukom, i.e. ang ikalawang pagdating. Kaya nga, impossible o hindi mangyayari na ang “mga alipin” ay matatamo ang kaharian ngayon, sa panahong ang kanilang Panginoon ay wala.

Ang mga sumusunod ay magbibigay pa ng patotoo nito:

Ang kaharian ko ay hindi sa sanglibutang ito”, maliwanag na sinabi ni Jesus (Jn 18:36). Gayunman, kahit s panahong ito kaniyang maaaring sabihin, “ako’y hari” (Jn 18:37) ipinakikita na ang kasalukuyang “Pagkahari” ay hindi nangangahulugan na ang kaniyang kaharian ay nakatatag na ngayon. Kahit ang mga banal sa unangs andaang taon ay inilalarawang naghihintay “sa kaharian ng Dios” (Mar. 15:43).

Sinabi ni Cristo sa kaniyang mga alagad na hindi siya iinom ng alak “hanggang sa araw na yaon na inumin kung panibago na mga kasala o sa kaharian ng aking Ama” (Mat. 26:29). Maliwanag na ipinahihiwatig dito na ang kaharian ay sa darating pang panahon, na

kung paano naiintindihan ng tao na pangangaral ni Cristo ng 'Mabuting balita' (i.e. paunang talastas) ng kaharian ng Dios" (Luc. 8:1). "Mapalad ang kakain ng tinapay sa kaharian ng Dios' ang kanilang ipinahayag (Luc.14:15).

Itinuloy sa Luc. 22:29-30 ang temang ito: "Kayo'y inihalal kong isang kaharian, upang kayo'y magsikain at magsiinom sa aking dualng sa kaharian ko".

Nagpaliwanag si Jesus sa mga tanda na magbabalita sa kaniyang ikalawang pagdating, at tinapos ng salitang, Pagnakita ninyong nangyari ang mga bagay na ito, talastasin ninyo na malapit na ang kaharian ng Dios: (Luc. 21:31). Ito ay kaululan kung ang kaharian ay umiiral bago ang ikalawang pagdating.

"At sa pamamagitan ng maraming kapighatian ay kinakailangang magsipasok tayo sa kaharian ng Dios" (Gaw. 14:22). Hindi katakataka na bawat naghhirap na sumasampalataya ay masigasig na nananalangin para sa kahariang darating.

Ang Dios ay "tinawag ka sa iyong kaharian" (1 Tes. 2:12; sa pagsagot dapat nating sikaping makapasok sa kahariang yaon sa pamamagitan ng isang pangkaluluwang pamumuhay ngayon (Mat. 6:33).

Ang Kaharian Ng Dios Ay Nasa Loob Ninyo

Kahit na sa kaigihan ng lahat ng pagdidiin nito, maraming kinikilalang "mga kristiyano" ay pinipiling ibatay ang kanilang paniniwala na ang kaharian nayong ay nabubuhay sa mga puso o kalooban ng mananampalataya dahil sa isa lamang salita: "ang kaharian ng Dios ay nasa loob ninyo" (Luc.17:21). Ito ay mas tamang isinalin na "ang kaharian ng Dios ay nasa gitna ninyo" (tignan sa A.V.mg). Ipinakikita sa kabuuan na si Jesus ay nagsasalita sa mga Pariseo (v 20); ang "ninyo" sa ganito ang tinutukoy ay sila. Sila ay talagang hindi mananampalatayang Kristiyano - ang kaharian ng Dios ay hindi naitayo sa kanilang mga puso.

Ang mga Judiyo ay gumagawa ng isang malaking pagpapakita sa mamayan ng kanilang malabis na hangaring makita ang Messias. Sa salitang ito “ang kaharian ng Dios” wari’y magiging isang titulo ng Messias yamang nalalaman nating siya ang magiging hari ng kaharian. Kaya nang si Jesus ay pumasok ng Jerusalem, ang mga tao ay nagsigawan, “Mapalad ang pumaparito sa pangalan ng Panginoon: mapalad ang kahariang pumaparito, ang kaharian ng ating amang si David, na pumaparito sa pangalan ng Panginoon (Mar. 11:9-10). Ito ang pagkakatulad ng Messias at “ang kaharian”. Kaya ipinangaral ito ni Juan Bautista na “ang kaharian ng langit ay narito na”. Sapagkat ito siya (si Jesus) na hinulaan” (Mat.3:2,3). Sa ating sipi o salita sa Luc. 17:20-24, sinagot ni Jesus ang kanilang tanong tungkol sa “kailan darating ang kaharian ng Dios”, sa pamamagitan ng pagsasabi tungkol sa pagdating “ang anak ng tao”.

Ang ipinakikita ni Cristo ay dahilan sa ang mga Judiyo ay malabis na ipinakikita ang paghihintay sa pagdating Messias ay inaasahang bigla siyang magpapakita ng kapangyarihan na sila ay nabigo upang malaman na ang Messias – “Ang kaharian ng Dios (Messias) ay hindi paririto na magpapakita narito ang kaharian ng Dios ay nasa loob ninyo (Luc. 17:20-21).

5.3 Ang Nakalipas na Kaharian ng Dios

Ang kaharian ng dios sa hinaharap ay gantimpala sa mga sumasampalataya. Dahil diyan, kanilang layunin upang mabuhay ng isang buhay na inilalaan upang tularan ang gawain ni Cristo-anumang kakailanganing maikling pagtitiis at kahirapan. Kaya nga ito ay inaasaahan na lahat ng kanilang mga araw ay gagamitin ang nag-iibayong pagmimithi upang pahalagahan at paniwalaan ang kataka-takang kalagayan sa hinaharap na panahon. Ito ang magiging kabuuan ng lahat ng kanilang pangkaluluwang pagsisikap at lubos na pagpahayag sa Dios na siyang nagawang mahal in bilang Ama.

Ang Banal na Kasulatan ay punong-puno ng mga detalye kung ano ang katulad ng kaharian at makikita mo itong isang habang buhay na

pagsisikap upang matuklasan kahit kaunting bahagi nito. Isang paraan kung paano maaari nating maintindihan ang ilan sa mga mahahalagang alituntunin ng kahariang ito ay kilanlin na ang kaharian ng Dios ay umi iral na, noong nakalipas na sa kaanyuan ng bansang Israel . Ang kaharian ay muling itatayo sa pagbabalik ni Cristo. Maraming ibinigay na kaalaman ang Biblia sa atin tungkol sa bansang Israel, upang ating maitindihan, sa malawak na guhit-balangkas, kung paano ng kinabukasang kaharian ay maitatag. Madalas ilarawan ang Dios na “ang hari ng Israel (Isa. 44:6 cp. Isa. 41:27; 43:15; Awit 48:2; 149:2); nangangahulugang ang bayan ng Israel ay kaniyang kaharian. Sila’y nagsimulang kaharian ng Dios sa pamamagitan ng pagpasok sa isang kasunduan sa kaniya sa Bundok ng Sinai pagkatapos na sila’y tumakas mula sa Ehipto hanggang sa ilog na Pula. Sa pagtugon sa kanilang kagustuhang maingatan ang kasunduang ito, sila’y maaaring “magiging isang Dios kaharian at isang banal na bansa (Exo. 19:5-6). Kaya “nang ang Israel ay lumabas ng Ehipto ang Israel ay kaniyang pinamahalaan” o kaharian (Awit 114:1,2). Pagkatapos pumasok sa kasunduang ito, naglakbay ang Israel sa kagubatan ng Sinai at tumira sa lupang pangako ng Canaan. Sapagkat ang Dios ang kanilang hari sila’y pinamahalaan ng mga “hukom” (e.g. Gideon at Samson) kay sa mga hari. Ang mga hukom na ito ay hindi mga hari, ngunit maka-Dios na paaakay ang pamumuno na pinamahalaan ay ilang bahagi ng bansa kaysa pamunuan ng bansa. Madalas silang itaas ng Dios dahil sa mga tiyak na layunin, e.g. upang akayin ang Israel at magsisi at iligtas sila sa kalaban. Nang himukin ng mga Israelita ang hukom na si Gideon upang maging kanilang hari, siya ay sumasagot , “hiindi ako mamumuno sa inyo, ang Panginoon ang mamumuno sa inyo” (Hukom 8:23).

Ang pinakahuling hukom ay si Samuel. Sa panahon niya, hiling ang mga Israelitas ng isang taong hari upang maging katulad ng mga bansang nasa kapaligiran nila (1 Sam. 8:5,6). Sa buong kasaysayan, ang tunay na bayan ng Dios ay nabubuyo upang huwag pagtiisan ito sa harap ng katulad nakahirapan ng sanglibutang nasa paligid nila. Ang mga ito ay mas matindi sa ating kasalukyang daigdig. Itinangis ng Diois kay Samuel: Itinakwil nila ako, upang huwag akong maghari sa kanila” (I Sam. 8:7). Gayunman, binigyan sila ng Dios ng mga hari, sinimulan ng makasalanang si Saul.

Pagkatapos niya dumating si David na makatuwiran, at isang buong hanay ng mga haring (ang lahi) nagmula sa kaniya. Ang mga haring may kaluluwang kalooban ay nauunawaan na ang Israel ay kaharian pa rin ng Dios kahit kanilang tinanggihan ang kaniyang pagka-hari. Sa ganyan kanilang kinilala na pinamahalan nila ang Israel sa kapakanan ng Dios at hindi dahil sa kanilang sariling karapatan.

Sa pagkakaalam ng ganitong alituntunin magagawa na ting pahalagahan ang paglalarawan kay Solomon, anak ni David na maghahari sa ibabaw ng trono (ng Dios) upang maghari para sa Panginoong iyong Dios (2 Mga Cro. 9:8; 1 Mga Cron. 28:5; 29:23). Ang kahanga-hangang kapayapaan at kasaganaan ng paghahari ni Solomon ay ipinakitang pauna (o "sagisag ") ng darating na kaharian ng Dios. kaya ito ay idinidiin na siya ay hari sa Israel sa kapakanan ng Dios, katulad ni Jesus na uupo rin sa trono ng Dios bilang hari ng Israel alang-alang sa Dios (Mat.27:37, 42; Jn 1:49; 12:13).

Marami sa mga naitalang makatarungang mga sa Lumang Tipan ay nasiyahan sa paghahari ng darating na kaharian ni Cristo. Sa ganito, katulad ang isang templo para sa Dios ni Solomon, kaya sa ganito rin, gagawin ni Cristo sa darating na kaharian (tingnan sa Ezek. 40-48). Katulad ng pagtanggap ni Hezekias at Solomon ng mga regalo at papuri buhat sa kapaligirang mga bansa (1 Hari 10:1-4; 2 Hari 20:12) at nakita na ang bayan ng Israel ay pinagpala ng lubhang kataka-takang matabang lupa at masagana (1 Hari 10:5-15; Isa. 37:30) kaya sa loob ng sanglibutang kaharian ni Cristo ganito ring mga bagay ang makikita.

Pagkakasal

Sa kabila ng mabuting pasimula ni Solomon, habang siya ay bata pa, nakagawa siya ng pagkakamali tungkol sa kaniyang kaugnayan sa pag-aasawa na dagling nagpahina ng lakas ng kaniyang espiritu habang siya ay tumatanda na. "Si Haring Solomon ay maraming minahal na mga di kiallang mga babae, mga babaeng Moabita, Ammonita, Edomita mga bansang tinutukoy ng Dios na sinabihan ang mga anak ng Israel , kayo'y huwag makikihalo sa kanila o sila man ay makikihalo sa inyo sapagkat walang pagsalang sa kanilang ililigaw ang iyong puso sa pagsunod sa kanilang mga dios; nasabi

ni Solomon sa mga ito sa pagsinta at iniligaw ng kaniyang mga asawa ang kaniyang puso, sapagkat nangyari, nang si Solomon ay matanda na , ililigaw ng kaniyang mga asawa ang kaniyang puso sa ibang mga dios; at ang kaniyang puso ay hindi naging sakdal sa Panginoon at gumawa si Solomon ng masama sa paningin ng Panginoon at hindi sumunod ng lubos sa Panginoon at ang Panginoon ay nagalit kay Solomon kaya't sinabi ng Panginoon walang pagsalang aking aagawin ang kaharian sa iyo at aking ibibigay a iyong lingkod (1 Hari 11:1-11).

Ang padausos sa lubusang pagtalikod sa pananampalataya ni Solomon ay isang mahabang buhay na pamamaraan. Ang kaniyang kaugnayan sa mga babae na hindi nakibahagi sa kaniyang kaalaman tungkol sa Dios ng Israel ay nagbigay daan upang makiisa siya sa kanilang mga dios-diosan. Ang kaniyang pag-ibig sa kaniyang asawa ay nangangahulugang hindi niya nakikita sa mga dios-diosan na ito ay hindi sumasamba sa Dios ng Israel. "Ang puso niya ay hindi tamang lahat", sa kaniyang budhi ay hindi sinusundot siya sa pagsamba sa mga dios-diosan, ang kakulangan ng kaniyang buong puso pangako sa tunay na Dios ay "kasalanan sa paningin ng Panginoon", na naging dahilan ng pagkasira ng kaugnayan ng Dios kay Solomon. Palaging sinasabihan ang Israel na huwag magpakasal sa mga babae sa paligid ng sanglibutan (Exo. 34:12-16; Jos. 23:12,13; Duet. 7:3). Sa papamagitan ng bautismo kay Cristo tayo ay naging banal na Israelita. Kung tayo ay mag-aasawa sa loob ng banal na Israel, "sa Panginoon" (1 Cor. 7:39) i.e. ibang mga binyagang mananampalataya "kay Cristo" . Kung tayo ay kasal sa oras ng ating binyag bilang mag-asawa ay naging sagrado o banal sa pamamagitan ng ating pananampalataya. Maliwanag na si Solomon lubusang pahalagahan ang paalala ng Dios tungkol a mga asawang ganyan, "walang pagsalang ililigaw ang iyong puso" (1 Hari 11:2; Exo.34:16). Pambihira lamang pagpipigil sa sarili at matinding pagsisisi na maaaring hindi tayo masama sa patakarang ito.

Naunang ipakita na namin kung paano na ang kinikilalang Kristiyano ay hindi nakikilala ang saligan ng pag-asa ng mga Krsitiyano, hindi nila kilala ang tunay na Dios ng Israel. Magkaasawa sa mga taong ganito, karaniwan ay naaakay sa isang dahan-dahang paghina mula sa maluwalhating mga pag-aaral ng mga katotohanan na siyang

batayan ng ating kaligtasan. Dahil sa katuwirang ang mga babaeng talagang pumipigil sa tunay na pananampalataya. Kahit si Isaac ay naghintay hanggang siya ay 40 taon upang matagpuan ang karapat-dapat na babae (Gen. 24:3,4; 28:1). Ang pagalaala ni Ezra at Nehemias nang marinig na ang ibang Judiyo ay nag-asawa ng hindi mga Judiyo ay lalong nakita ang kalakalan ng problemang ito (Ezra 9:12; Neh. 10:29-30).

Binigyan ng halaga ang bagay na ito, ngayon paunlarin ang pagmunimuni ang kasal ay tinalakay ng lalong maraming bahagi sa Araling 11:4.

Ang Paghuhukom ng Dios

Dahilan sa kinalabasan ng lubusang pagtalikod sa pananampalataya ni Solomon. Ang kaharian ng Israel ay nahati sa dalawa; ang anak ni Solomon, si Rehoboam ang naghari sa ibabaw ng tribu ng Juda, ang kalahati ng tribu ni Mannase, samantalang si Jeroaboam ang naghari sa ibabaw ng sampung tribu sa kabila. Ang sampung tribu na kaharian ay tinawag na Israel, o Ephraim samantalang dalawang tribung kaharian ay tinawag na Juda. Ang mga tao o mamayan ng lahat ng mga tribung ito, karamihan ay sinusunod ang masamang halimbawa ni Solomon – inaangkin nilang sila’y naniniwala sa tunay na Dios, samantalang sa gayun ding panahon ay sumasamba sa mga dios-diosan ng mga kapaligirang mga bansa. Palagi ng nagsusumamo ang Dios sa kanila, sa pamamagitan ng propeta, upang magsisi, ngunit walang nangyari. Dahilan dito, pinarusahan sila ng Dios sa pamamagitan ng pagpapalayas sa kanila sa labas ng kaharian ng Israel tungo sa mga lupa ng kalaya sa kanila sa labas ng kaharian ng Israel tungo sa mga lupa ng kanilang kaaway. Ito ay nangyari sa pagsalakay ng mga taga Assyria at taga Babilonia at dinala sila mga bihag. “Gayunma’y tiniis mong malaon sila at sumaksi ka laban sa kanila ng iyong espiritu (salita) sa pamamagitan ng iyong mga propeta; gayon ma’y hindi sila nakinig: kayat ibinigay mo sila sa kamay ng mga bayan ng mga lupain (kapaligiran)” (Neh. 9:30).

Ang sampung tribung kaharian ng Israel, kailan may hindi nagkaroon ng mga mabuting hari, Si Jeroboam, si Ahab si Jehoahaz at iba pa ay naitalang lahat sa aklat ng mga hari nila ay si Oseas na sa panahon

ng kaniyang paghahari ay natalo ng Assyria, at ang sampung tribu ay nadalang mga bihag (2 Hari 170. Mula rito kailan ma'y hindi sila nakabalik.

Ang dalawang tribung kaharian ng Juda ay nagkaroon ng ilang mabuting mga hari (e.g. Hezekias at Josias) kahit ang karamihan ay masasama. Dahilan sa sunod-sunod na kasalanan ng mga tao, ibinagsak ng Dios ang Juda bilang kaniyang kaharian a pamumuno ng kanilang hari, si Zedekias. Ang dahilan nito sapagkat sila'y nilusob ng mga taga Babilonia, na dinala sila na mga bihag sa Babilonia (2 hari 25). Nanatili sila sa Babilonia sa loob ng 70 mga taon. Pagkatapos nito ang iba ay bumalik sa Israel sa ilalim ng pamumuno ni Ezra at Nehemias. Kailan ma'y hindi na muling nagkaroon ng kanilang sariling hari. Dahilan sa sila'y pinamahalaan ng mga Babilonia, mga Griego at mga Romano. Si Jesus ay ipinanganak sa panahon ng pamamahala ng mga Romano. Dahil sa di pagtanggap ng Israel kay Jesus, ay nilusob ng mga Romano sila noong A.D. 70 at pinag-hiwahiwalay sila at ikinalat sa buong mundo. Noong nakalipas na 100 taon lamang sila ay nagsimulang bumalik, sa ganyan ipinahayag ang muling pagbabalik ni Cristo (tignan ang Apendiks 3).

Hinulaan sa Ezek. 21:25-27 ang katapusang ang kaharian ng Dios gaya ng nakita sa bansang Israel: "At ikaw, oh masama na nasugatan na prinsipe ng Israel (i.e. Zedekias) na ang kaarawan ay dumating...Ganito ang sabi ng Panginoong Dios; Ilapag mo ang tiara, at alisin mo ang putong (i.e. si Zedekias ay matatapos maghari); ito'y hindi na mangyayari pa uli...aking ititiwarik...ititiwarik...ititiwarik ito; ito rin nama'y hindi na mangyayari uli, hanggang sa dumating yaong mga matuwid na kaniya; at aking ibibigay sa kaniya". Sipi at sunod-sunod na sipi na panaghoy ng mga Propeta sa pagtatapos ng kaharian ng Dios (Osea 10:3; Panaghoy 5:16; Jer. 14:21; Dan. 8:12-14).

Ang talong "ititiwarik" sa Ezekiel 21:25-27 ay tumutukoy sa tatlong pagsalakay na ginawa ni Nebuchadnessar, hari ng Babilonia. Ang maingat na mag-aaral ay makikita sa mga bersikulong ito ang halimbawa kung paano ang kaharian ng Dios at ang mga hari nito ay maaaring pagtularin; ang pagkatalo ni Zedekias ay yan ay kaharian

ng Dios (tignan sa seksiyon 5.2). kaya ang kaharian ng Dios na nasa bansang Israel ay natapos: “Aking ...papaglikatin ang kaharian ng sambayanan ng Israel” (Ose. 1;4), :ito ay mawawala na , hanggang ..” nagpapahiwatig na ang kaharian ay muling itatayo kung kailna siya dumating na siyang may karapatan; at (ang Dios ibibigay sa kaniya”. Ang Dios ang siyang magbibigay (kay Jesus ng trono ng kaniyang amang si David...at ang kaniyang kaharian ay walang katapusan” (Luc. 1:32-33) – sa pagdating ni Cristo. Ito, samakatuwid ay kapag ang pangako sa muling pagsasauli ng kaharian ay matutupad.

Muling Pagbabalik Ng Israel

Mayroong isng pambihirang paksa sa buong Lumang Tipan ang mga propeta tungkol sa pagsasauli ng kaharian ng Dios sa pagbalik ng Messia. Ang mga disipulo ni Cristo ay alam na ang bagay na ito. “Nang sila ay nagtipon, kanilang tinanong siya, Panginoon isasauli mo baga ang kaharian sa Israel sa panahong ito?” i.e. “matutupad na ba ang Ezekiel sa 21:27?”. Si Jesus ay sumagot na ang takdang oras ng kaniyang ikalawang pagdating kailanman ay hindi nila malalaman, bagamat ang mga anghel pagkatapos ay tiniyak sa kanila na talagang siya ay babalik ano mang oras (Gawa 1:6-11).

Ang pagsasauli ng kaharian ng Dios/Israel samakatuwid ay mangyayari sa ikalawang pagdating. Kaya ipinangaral ni Pablo na ang Dios ay isusugo “si JesuCristo...na kailangang tanggapin ng langit (i.e. dapat siyang manatili don) hanggang sa mga panhon ng pagsasauli sa dati ng lahat ng banal na propeta buhat pa nang una” (Gaw. 3:20-21). Ang ikalawang ang magiging sanhi ng muling pagtatayo ng kaharian ng Dios bilang isang pagsasauli ng Lumang Tipan ng Israel.

Ang muling pagbabalik ng kaharian ng Dios ay talagang ang tunay na paksa ng “lahat ng banal na propeta” (ng Dios): -

📖 “At ang luklukan ay matatag sa kagandahang loob at siya (Jesus) ay uupo roon sa katotohanan sa tabernakulo ni David (ikalawang

pagdating – Luc. 1:32-33), humahatol...at nagmamadaling nagsasagawa ng katuwiran” (Isa. 16:5).

- 📖 “Sa araw na yaon ay ibabangon ko ang tabernakulo ni David (i.e. trono ni David sa Luc. 1:32-33) na buwal, at tatakpan at aking itatayo na kagaya ng mga araw ng una” (Am. 9; 11). Ang huling parirala ay maliwanag na pananalita ng pagsasauli (ng kaharian).
- 📖 “Ang mga anak (Israel) pati, katulad ng nakaraan at ang kanilang pagsamasama ay maitatag sa harap ko” (Jer. 30:20).
- 📖 “Pipiliing muli ng Panginoon ang Jerusalem (Zac. 2:12), gagawin itong lungsod ng kaniyang kahariang laganap sa buong mundo (cp. Awit 48:2; Isa. 2:2-4).
- 📖 “At aking pababalikin na ang bihag sa Juda at ang nabihag sa Israel at aking itatayo sila gaya ng dati...maririnig pa uli sa dakong ito...ang tinig ng kagalakan...sapagkat sa dakong ito (Jerusalem)...magiging tahanan ng mga pastol...magdadaan uli ang mga kawan” (Jer. 33:7-13).

Ang pagbabalik ni Cristo upang itayo ang kaharian ay “talagang “ang pag-asa ng Israel’ kung saan tayo ay dapat maugnay sa pamamagitan ng binyag.

5.4 Ang Kaharian ng Dios sa Darating na Araw

Sa mga seksiyon o Bahaging 1 at 3 ay nagbigay ng katamtamang kaalaman tungkol sa kung ano ang magiging katulad ng kahariang ito. Ating nalaman na si Abraham sa pamamagitan ng kaniyang Binhi, ang tao sa lahat ng sanglibutan ay pagpapalain; itinuloy ito sa mga Taga Roma na nangangahulugan ang buong sanglibutan ay mamanahin ng mga taong “nasa” binhi ni Abraham, i.e. si Cristo. Ang hulagang larawan sa Dan. 2 ay ipinaliwanag kung paano si Cristo magbabalik katulad ng isang maliit na bato, at pagkatapos ang kaharian ay dahan-dahang lalatag o lalaganap sa lahat ng dako. (cp. Awit 72:8). Ibig sabihin nito na ang kaharian ng Dios ay hindi

lamang matatagpuan sa Jerusalem o sa lupaing ng Israel, na inaakala ng iba, bagamat ang lugar na ito ay talagang siyang lupang pangako.

Yaong mga sumusunod kay Cristo sa buhay na ito ay magiging “Mga hari at mga pari; at mamahala sa ibabaw ng lupa” (Apoc. 5:10). Tayo ay mamumuno sa mga pamayanang iba’t-ibang laki at bilang, ang isa ay pamamahalaan ay 10 bayan, ang iba ay limang bayan (Luc. 19:17). Si Jesus ay makikibahagi sa kaniyang pamamahala sa ibabaw ng lupa kasama natin (Apoc. 2:27; 2 Tim. 2:12). “Isang hari (si Jesus) ang mamamahalang may kabanalan, at mga prinsipeng mga sumasampalataya mamahalang may pagpapasiya” (Isa. 32:1; Awit 45:16).

Si Cristo ay maghahari man sa ibabaw ng kay David na muling itinatag na trono (Luc. 1:32-33), i.e. magiging kaniya ang tungkulin at katayuang pamamahala ni David na nasa Jerusalem. Samantalang si Cristo ay maghahari buhat sa Jerusalem, ito ay magiging lungsod ng kahariang darating. Sa lugar na ito, ang isang templo ay gagawin (Ezek. 40-48). Habang pinupuri ng mga tao ang Dios sa bawat lugar ng buong sanglibutan (Mal. 1:11), ang templo ang magiging sentrong sambahan ng daigdig. Mga bansa “ay aahon taon-taon upang sumamba sa Hari, sa Panginoon ng mga hukbo, at upang ipagdiwang ang kapistahan ng mga balag” sa paligid ng templo ng Jerusalem (Zac. 14:16).

Itong taun-taong paglalakbay sa Jerusalem ay nahulaan pati sa Isaias 2:2-3: “Sa mga huling araw, ang bundok (Kaharian – Dan. 5:44) ng bahay ng Panginoon (templo) ay itatatag sa tuktuk ng mga bundok (i.e. Ang kaharian ng Dios at templo ay dadakilain higit kaysa kaharian ng mga tao)...at lahat ng mga bansa ay aagos patungo doon. At maraming tao ang pupunta doon at sasabihin, Halina kayo, at tayo’y magsiahon sa bundok ng Panginoon sa bahay ng Dios ni Jacob, at tuturuan niya tayo ng kaniyang mga daan...sapagkat mula sa Zion ay lalabas ang kautusan, at ang salita ng Panginoon ay mula sa Jerusalem”. Ito’y pagpapakita ng isang larawan ng mga nakaraang araw sa Jerusalem, habang ikinakalat ang kaalaman ng paghahari ni Cristo sa iba, at sila’y aahon sa “bundok” ng kaharian ng Dios, na dahan-dahang lumalaganap sa buong daigdig. Mayroon

tayo dito na isang larawang tunay na masiglang pagsamba ukol sa relihiyon.

Isa sa pinakamalungkot sa mga tao sa panahon natin ay karamihan sa mga tao ay “sumasamba” sa Dios dahil sa politika, panlipunan, kabihasan o pandamdaming dahilan, kaysa pagbatayan ang isang tunya na pagkakaunawa sa kaniya bilang isang Ama at Lumikha. Sa kaharian ay magkakaroon ng laganap na kasiglahan upang malaman ang mga kaparaanan ng Dios; ang mga tao’y lubhang nabubuyo ng ganitong pagnanais kaya sila ay maglalakbay mula sa lahat ng sulok ng daigdig patungo sa Jerusalem upang magtamo pa ng kaalaman tungkol sa Dios.

Sa kabila ng kaguluhan at walang kabutihang ginawa ng tao tungkol sa pamamaraan o sistema ng batas at pamamahala ng katarungan, magkakaroon ng isang pangkalahatang alituntuning pang-batas-“Ang kautusan at salita ng Panginoon” na inihayag sa pamamagitan ni Cristo buhat sa Jerusalem “lahat ng bansa ay aagos hanggang “ang mga pangagaral na ito ay nsgpapahiwatig ang pagkakaisang layuning ito upang hanapin ang tunsy na kaalaman ng Dios ay mababswasan ng alitan sa pagitan ng mga bansa katulad ng ginawa nito sa pagitan ng mga tao na inilalaan ang kanilang sarili upang pakinabangan ang kaalamang ito sa kasalukuayng buhay.

Ang pagalalarawan ng lahat ng bansang “aagos” hanggang sa Jerusalem ay bagay ng larawang inilahad sa Isa. 60:5, kung saan ang mga Judiyo ay “samamang aagos” kasama ang mga Gentiles. (hindi Judiyo) upang sumamba sa Dios sa Jerusalem. Ito ay tamang –tamang kaugnay sa hula ng kaharian ni Zacarias.

“Mangyayari pa, na darating ang mga bansa, at ang nagsisitahanan sa maraming bayan; at ang ang sisitahan sa isang bayan ay paroroon sa isa pa, na magsasabi, Magsiparoon tayong madali (A.V. mg – cp. Zacarias 14:16 “taon-taon”) upang manalangin sa harap ng Panginoon, at hanapin ang Panginoon ng mga hukbo; ako man ay paroroon. Oo maraming bansa at mga matbay na bansa ay amgsisiparoon upang hanapin ang Panginoon ng mga hukbo ng Jerusalem...sampung lalake sa lahat ng wika ng mga bansa,s ila’y

magsisitangan sa laylayan sapagkat aming narinig ang Dios ay kasama mo”.

Lumikha ito ng larawang ang mga taong Judiyo ay ginawang “ang ulo,at hindi ang buntot” ng mga bansa, dahilan sa kaniang pagsisisi at pagtupad (Duet. 28:13); ang batayan ng Judiyo sa plano ng Dios sa pagliligtas ay saka lamang pahahalagahan ng lahat. Ang walang kaalaman nito sa loob ng kasalukuyang Kristiyano ay saka na lamang matatapos. Ang mga tao’y saka lamang magiging masigasig upang talakayin ang mga bagay na ito para masabi nila ang mga Judiyo, “narinig namin na ang Dios ay sumasainyo”. Usapan ay iikot, kung gayon sa paligid ng mga bagay pang –espiritual kaysa walang kabuluhang guni-guni na pumupuno ng kasalukuyang pag-iisip ng sanglibutan.

Binigyan ng ganitong magpakaban, hindi nakapagtataka na si Cristo “ay hahatol sa mga bansa...kanilang pupukpuhin ang kanilang mga tabak upang maging mga sudsud, at ang kanilang mga sibat ay maging mag-aaral pa man sila ng pakikidigma” (Isa. 2:4). Ang buong kapangyarihan ni Cristo at ganap na katarungan ng kaniyang paghatol sa mga pagtatalo ay magbubunga o magiging sanhi na ang mga bansa ay papalitan ang kanilang pangkawal na pagsasanay. “Sa kaniyang kaarawan ay ginhawa ang mga matuwid” (Awit 72:7) – kabanalan sa ganito ay magiging dakila, at ang paggalang sa para sa mga yaong nagpapakita ng mga likas na katangian ng Dios na pagpaparantal sa mga mapagmataas, mapagsarili at may kasakimang hangarin.

Ang pananabik na pukpuhin ang “tabak maging sud-sud” bahagi ng isang malaking pagbabagong pangsaka na darating sa daigdig. Dahilan sa kasalanan ni Adan, ang lupa ay isinumpa sa dahil sa kaniya (Gen. 3:17-10) na naging sanhi upang kailanganin ang malaking pagsisikap para makuha ng pagkaing galing dito. Sa loob ng kaharian “magkakaroon ng saganang trigo sa lupa sa taluktok ng (dat’y tigang) mga bundok; nang bunga niya upang gaya (ng ani sa) ng libano (Awit 72:16). “aabutan ng mang-aaro ang mang-aani,at mamimisang ubas ang magtatanim ng binhi; at ang mga bundok ay papatak ng matamis na ala” (Am. 9:13), ganyan ang manggyari sa

napakabuting matabang lupa, at ang pagbabawas ng sumpa sa ibabaw ng lupa na inihayag sa Eden.

Ang ganyang kalaking pangangalakl na gawain ay mangangailangan ng maraming tao. Ang mga hula sa kaharian ay nagbigay ng paniniwala na ang tao ay magbabalik sa nagsasariling pansakang pamumuhay:

“Silay uupo bawat isa sa ilalim ng kaniyang ubas at sa ilalim ng kaniyang punong igos; at walang tatakot sa kanila’ (Mica 4:4).

Itong sariling kakayahan ay mapapalabanan ang mga pagmamalabis na likas sa ano ang araw sistema ng hanap-buhay para kumita ng salapi. Paguukol ng buong buhay sa trabaho upang payamanin ang iba ay magiging isang bagay na nakalipas.

At sila’y magtatayo ng mga bahay, at ang mga yao’y kanilang tatahanan; at sila’y magtatanim ng ubas, at kakain ng bunga niyaon. Sila ay hindi magtatayo, at iba ang tatahan; sila’y hindi magtatanim, at iba ang kakain...at ang aking mga pinili ay magagalak na malaon sa gawa ng kanilang mga kamay. Sila’y hindi gagawa ng walang kabuluhan...(Isa. 65:21-23).

Ang Isa. 35:1-7 ay naglalaman ng isang walang katulad na hula kung paano ang hindi matabang lupa ay papalitan, na magtatapos na puspos nag kagalakan at kaligayahan halos tumatagas sa lupa, dahilan sa magaan at mas banal na pamamaraan sa buhay ng mga yaong nagsisikap kamtin ito. “Ang ilang ...ay sasaya...at ang ilang ay magagalak...at namumulaklak gaya ng rosa...at magaggalak ng kagalakan at awitan...sapagkat sa ilang ay bubukal ang tubig, at at magkakailog sa ilang. At ang buhanginang kumikislap ay magiging lawa”. Kahit ang katutubong pagsalakay sa pagitan ng mga hayop ay aalisin: “ang lobo at ang kordero ay manginginaing magkakasama...at ang batang pasusuhin ay maglalaro sa lungga ng ahas” (Isa. 65:25; 11::6-8).

Sa ganito ring paraan katulad ng sumpa na inilagay sa katutubong nilikha ay malaikling kabawasan ng sumpa na inilagay sa katutubong nilikha ay malaking kabawasan, kaya ang inilagay sa ibabaw ng tao

ay babawasan din. Kaya nga sa Apoc. 20:2-3 ay sinabi sa makahulugang salita ng diablo (kasalanan at ang nagagawa nito) dahilan sa “nakagapos” o napipigil, sa panahon ng sanglibong taon. Ang haba ng buhay ay madadagdagan, kaya kung ang isang tao ay namatay ng 100 taon ang edad o gulang, sila’y ipalalagay sa isang bata lamang (Isa. 65:20). Mararanasan ng babae ang kaunting kalungkutan sa panganganak (Isa. 65:23). “Kung magkagayo’y madidilat mata ng mga bulag, at ang pakinig ng bingi ay mabubuksan. Kung magkagayo’y lulukso ang pilay na parang usa at ang dilang biyaya ng Espiritu na muling makamit (cp. Heb.6:5).

Hini lubhang ipagdiinan na ang kaharian ng Dios ay hindi dapat makitang katulad ng isang paraisong pulo sa tropiko, na ang banal ay masisiyahan katulad ng taong nasisiyahang maligo as araw sa gitna ng mga kaluwalhatian ng kalikasan. Ang mahalagang layunin ng kaharian ay mapupus ng kaluwalhatian ang Dios. Hanggang ang lupa ay mapuspus ng kaluwalhatian ang Dios, hanggang ang lupa ay mapuspus ng kaluwalhatian niya “Gaya ng pagtakip ng tubig sa dagat” (Heb. 2:14). Ito ang pinakahuling layunin ng Dios. ‘Ngunit tunay, na kung paanong ako’y buhay at kung paano mapuspus ng kaluwalhatian ng Panginoon ang buong lupa” (Blg. 14:21). Luwalhati sa Dios na nangangahulugan na ang mga naninirahan sa lupa ay kikilanlin, pupurihin at tutularin ang kaniyang banal na katangian, sapagkat ang sanglibutan ay magiging ganito ang kalagayan, pahihintulutan ng Dios ang likas na lupa upang ipakita rin ito. Kaya “ang maamo ay magmamana ng lupain (sa kaharian), ay masasayahan sa kasagaan ng kapayapaan” (Awit 37:11), kay sa masayahan sa mapag-walang –bahalang buhay. Yaong mga “nagugutom at nauuhaw sa kautwiran; sapagkat sila’y bubusugin” nito sa kaharian (Mat. 5:6).

Kahit ang pag-iisip na makamit ang buhay na walang hanggan sa kaharian ay paaging ginagamit bilang “Karot” upang hikayatin ang mga tao para magkaroon ng pagkahilig sa pagka-Krsitiyano. Gayon pa man, sa pagtataglay natin dito samakatuwid, ay magiging kaugnay halos sa tunay na dahilan sa pagiging tayo ay nasa kaharian – na yaon ay upang luwalhatiin ang Dios. Ano mang oras ang natitira para sa atin pagkatapos na tayo ay mabinyagan, ang ating pagpapahalaga nito ay dapat lumago ng tuloy-tuloy. Sa sumulat sampung taon

lamang na pamumuhay ng kasiyahan ng lubos na katumpakan at kabutihang budhi kaugnay ng Dios ay magiging mahalaga salahat ng “trauma” ng buhay na ito. Na ang maluwalhating kalagayang ito ay mananatili kailan man ay talagang hihipan ang pag-iisip, dinadala tayo lampas sa hangganan ng pang-unawa ng tao.

Kahit kung titignan bahagya ang pang-katawang tawag, pagiging nasa Kaharian ng Dios ang dapt maging sukdulang layunin upang kapootan ang sanglibutan kapakinabangan at makalupang hilig. Sa halip na labis na sanglibutang kapakinabangan at makalupang hilig. Sa halip na labis na pag-iisip a madaling kinabukasan, pinaalala ni Jesus, “Hanapin muna ang Kaharian ng Dios, at ang kaniyang katuwiran at ang lahat ng bagay na ito. Ay pawang idaragdag sa inyo” (Mat. 6:30-34). Lahat ng maaaring isipin natin ngayon at pinagsisikapang makamit ay hindi maihahambing sa kaganapan sa pagiging nasa kaharian ng Dios.

Kailangan nating hanapin ang “katuwiran”(ng Dios), i.e. sikapin upang mapaunlad ang pagmamahal sa katangian ng Dios, na nangangahulugan nais nating pumunta sa kaharian ng Dios sapagkat ang kabanalan ay luluwalhatiin doon, dahilan sa gusto nating lubusang mayroong magandang asal kaysa nais lamang nating maiwasan ang kamatayan at mabuhay na maginhawa magpakailanman.

Palagi ng pag-asa ng ebanghelyo ay inihahayag sa mga paraang makawili sa kasakiman ng tao. Maliwanag na ang ating hangarin upang mapunta sa kaharian ay kataka-takang nag-iiba bawat araw. Kung ano ang ipinapayo namin dito ay isang huwaran; ang una naming uunahin ay upang malaman ang Ebanghelyo at ipakita ang ating pagsunod dito sa pamamagitan ng binyag buhat sa isang hangarin na matupad ang kautusan ng Dios. Ang ating pagpapahalaga sa inihahandog ng Dios na pag-asa at ang ang tamang mga katuwiran upang makapasok sa kaharian ay lalago at gaganap pagkatapos ng ating binyag.

5.5 Ang Sanlibong Taon

Sa bahaging ito ng ating pag-aaral ng buhay sa kaharian, ang mapag-isip na bumabasa marahil ay magtatanong, “Di ba ang larawang ito ng kaharian ng Dios wari’y lahat ay may pagkatao?” Ang mga tao sa kaharian ay magkakaanak pa ng mga sanggol at kahit mamamatay (Isa. 65:20). Ang mga tao ay magkakaroon pa rin ng pagtatalo na si Cristo ang mag-aayos (Isa. 2:4), at mangangalangan pa rin sa paggawa sa lupa upang mabuhay, kahit na ito ay mas magaan kaysa ngayon. Wari’y ang lahat ng ito ay malayo kaysa ipinangako na ang mga banal ay magtatamo ng buhay na walang hanggan, at isang katulad ng katangian ng Dios na ginawang kapantay ng mga anghel, na hindi nagpakalal o manganak (Luc. 20:35,36). Ang kasagutan ay nasa katotohanang ang unang bahagi ng kaharian ng Dios ay matatapos ng 1,000 mga taon –isang “Millennium” (tingnan sa Apoc. 20:2-7). Sa panahon ng Millennium na ito ay magkakaroon ng dalawang grupo ng tao sa ibabaw ng lupa:

1. Mga banal- yaong sa atin ay sumunod at tinanggap si Cristo sa buhay na ito, na mabibigyan ng buhay na walang hanggan sa luklukang hukuman (ng Panginoon). Pansinin: siang “santo” ay nangangahulugang “isang tinawa” na tao, at tumutukoy sa sinomang tunay na sumasampalataya.
2. Ang karaniwan, may kamatayang tao ang hindi nalalaman ang Ebanghelyo sa panahon ng pagbabalik ni Cristo – i.e. sila ay walang pananagutan sa luklukang hukuman.

Sa pagdating ni Cristo, dalawang tao ay nasa parang- ang isa ay kukunin (sa hukuma) at ang isa ay iiwan (Luc. 17:36); yong mga “iiwan” ay mapupunta sa ikalawang grupo.

Dahilan sa nabigyan ng Dios sa luklukang hukuman, ang mga banal ay hindi maaaring mamamatay o magka-anaak. Ang paglalarawan ng mga taong dumaranas ng mga bagay na ito sa Kaharian nararapat kung ganyan ang mga taong nasa ikalawang grupo-yaong mga buhay pa sa panahon bago bumalik si Cristo ngunit walang alam na hinihiling ng Dios ay humingi ng awa upang mapunta sa unang grupo. Ang gantimpala ng mga banal ay maging “mga hari at mga prisipe at pari” at mamamahala sa ibabaw ng lupa” (Apoc.

5:10). Ang mga hari ay dapat na maghari sa isang tao; yaong pagdating samakatuwid ay maiiwang buhay, upang pamahalaan. Sa pagiging “kay Cristo” makikibahagi tayo sa kaniyang gantingpala – na maging hari ng sanglibutan: “at ang magtagumpay ...ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga bansa...gaya naman ng tinanggap ko sa king Ama” (Apoc.2: 26,27).

Ang talinghaga ni Cristo tungkol sa mga mina ay ngayon ay talakayin – ang mga tapat na alipin ay ginantimpalaan ng sampu o limang mga bayan upang pamahalaan sa Kaharian (Luc. 19:11-19). Kaalaman sa kaparaanan ng Dios ay hindi kaagad lalaganap. Si Cristo ay ipinahayag ng Hari as Jerusalem; ang mga tao ay maglalakbay patungong Jerusalem upang makapulot pa ng kaalaman tungkol sa Dios (Isa. 2:2-3). Maalaala pati, kung papaano ang bundok sa Dan. 2:35,44 (naglalarawan ng kaharian ng Dios) ay dahan-dahang lumalaganap sa ibabaw ng lupa. Ito ay magiging tungkulin ng mga banal upang ikalat ang kaalaman ng Dios at samakatuwid ang kaniyang kaharian.

Nang ang Israel ay ang kaharian ng Dios noong una, ang tungkulin ng mga pari ay magturo ng kaalaman ng Dios (Mal. 2:4-7). Dahil sa layuning ito, sila’y inilagay sa iba’t-ibang mga bayan sa buong Israel. Sa mas maluwalhating pagkakatayo ng kaharian, ang mga banal ay pamamahalaan ang gawain ng pari (Apoc. 5:10).

Kailagan Ba Na Dumating Ngayon:

1. Ang patay na may panangutan ay bubuhayin at kasama ng buhay na may pananagutan, ay dadalhin sa luluklukang hukuman.
2. Ang may pananagutang makasalanan ay parurusahan ng kamatayan at ang banal ay bibigyan ng buhay na walang hanggan. Bibigyan din ng hatol ang mga bansang tumanggi kay Cristo.
3. Ang banal pagkatapos ay mamahala sa ibabaw ng lupa ng mga taong kaasalukuyang nabubuhay, ngunit walang pananagutan sa Dios, kanilang (mga banal) tuturuan sila (walang pananagutan

sa Dios), kanilang (Mga banal na parang sila (mga banal) ay “mga hari at mga pari” (Apoc. 5:10).

4. Ito ay matatapos sa loob ng 1,000 mga taon. Sa panahong ito lahat ay may kamatayang tao ay makakarinig ng Salita ng Dios at sa ganyan ay may pananagutan sa Dios. Ang mga taong ito ay mas matagal ang buhay at ang pamumuhay ay maligaya.
5. Sa katapusan ng Millenuim magkakaroon ng isang paghihimagsik laban kay Cristo at sa mga banal, na susugpuin ng Dios (Apoc. 20:8,9).
6. Sa katapusan ng 1,000 mga taon, lahat ng mga taong nangamatay sa panahong yaon ay bubuhaying muli at hahatulan (Apoc. 20:5. 11:15).
7. Ang mga makasalanang kasama nila ay lilipulin, at ang mga banal ay makakasama natin na may buhay na walang hanggan.

Ang layunin ng Dios sa lupa ay saka lamang matatapos. Ito ay mapupuno ng walang kamatayang, mga banal na tao. Ang pangalan ng Dios na “Yahweh Elohim” (ibig sabihin ay “Siya na ipapahayag sa isang grupo ng mga makapangyarihang iisa”) ay saka lamang matutupad. Kailan man ay wala na muling magkakasala, at sa gayun, kamatayan ay hindi na mararanasan sa pamamagitan ng pagdurog ng kaniyang ulo ay saka lamang matutupad ng lubusan ng pangako (Gen. 3:15). Sa panahon ng Millenuim, si Cristo ay maghahari “hanggang mailagay niya sa ialim ng kaniyang mga talampakan ang lahat niyang mga kaaway. Ang kahulihulihang kaaway na lilipulin ay ang kamatayan...At kung ang lahat ng mga bagay ay mapasuko na sa kanya, (Dios) kung magkagayo’y ang Anak rin ay papasukuin naman sa nagpasuko ng lahat ng mga bagay na sa kaniya, upang ang Dios ay maging sa lahat lahat (1 Cor. 15:25-28).

Ito ay “ang katapusan, kapag siya (Cristo) ay ibinigay na sa kaniya ng Ama ang kaharian ng Dios” (1 Cor. 15:24). Kung ano ang susunod na mangyayari sa panahong kung kailan ang Dios ay yaong tayo’y magkakaroon ng hindi tayo sinabihan; Alam lamang natin ay

yaong mabubuhay upang luwalhatiin at bigyang kasiyahan ang Dios. Ito ay palagay na kahit na magtanong pa kung ano ang kalagayang makikita pagkatapos ng millenium.

Kaalaman ng “evangelio” ng kaharian ng Dios” ay mahalaga para sa kaligtasan ng lahat ng nagbabasa ng mga salitang ito. Sumasamo kami sa inyo upang basahing muli ang aral at matiyagan ang mga salitang binabanggit sa Biblia.

Hangad na tayo ay mapunta sa kaniyang kaharian. Ang buong layunin niya ay sadyang iniukol upang tayo’y magkaroon ng bahagi sa loob (ng kaharian) kay sa ihayag lamang, ang kaniyang kakayahang lumikha. Ang binyag ay iniugnay tayo sa mga pangako tungkol a Kahariang ito. Mahirap paniwalaan sa salita ng Dios, ay maaaring makamit natin o pakinabangan na makapasok sa maluwalhating, walang katapusang panahon. Gayon pa man, ang pananalig natin sa ,laking pag-ibig ng Dios ay dapat na matatag. Kung ano man ang ating dahilan upang pigilan ang tawag ng salita ng Dios.

“Kung ang Dios ay kakampi natin, sino ang laban sa atin?” (Rom. 8:31).

Ang pagtitiis sa panahon ito’y karapat-dapat maitumbas sa kaluwalhatiang ihahayag sa atin (Rom. 8:18).

“Sapagkat ang aming magaang kapighatian, na sa isang sandali lamang ay siyang gumagawa sa amin ng lalong bigat ng kaluwalhatiang walang hanggan” (2 Cor. 4:17).

Pagsalungat 15: Ang Pagka-literal ng “Ang Kaharian”

Ang tunay na paglalarawang literal ng kaharian nakita sa Lumang Tipan ng mga propeta ay laging pagtatawanan ng mga teologo at mga kasapi ng maraming sektang pangrelihiyon. Inaangkin na ang

salita ay paglalarawan ng alin mang lugar na gantingpala iba kaysa lupa, yamang nalalaman na ang planetang ito ay masusunog.

Sa pagsagot dito, malaman na isang batayang kalakaran sa pag-aaaral ng biblia ay lagi nating tanggapin ng literal ang Biblia liban na lamang kung may mabuting katwiran upang igiit ang isang pang espiritual na kahulugan. Halimbawa ay sa unang bersikulo sa aklat ng Apocalipsis na ipinaalam sa atin na ang pangitain ay malamang ay simbolo (Apoc. 1; 1), na dapat patnubayan tayo sa ating pagkilala o kuro-kuro tungkol dito. Mayroon isang tiyak na pagpapahalaga ng katumpakan at pagkamatotohanan sa paggamit ng salita na maaring magpahiwatig kung ang parirala ay babasahing may pakahulugan o wala. Kaya nang basahin nating ang mundo ay magpasuray-suray katulad ng isang taong lasing (Isa. 24:29), maliwanang buhat sa klase ng pananalitang ginamit na tayo ay sinadya upang basahin ito na may pakahulugan. Sa kabilang dako, ang salitang ginamit upang ilarawan ang darating na kaharian ay napakadakilang maintindihan ng literal; walang pahiwatig na kailangan nating ipalagay na ito ay may pakahulugan.

Maaaring lumitaw na dahilan sa kawalan ng kakayahan ng tao upang buhaying muli ang pananampalataya para maniwala sa ang gayong panahon ay talagang darating dito sa ibabaw ng lupa, sila'y gumawa ng paraang haka-haka o teoriya na ipinapaliwanag itong palayo. Ang kanilang pagpili ng isang espiritual na maliit na paniniwala, at maliit na pananampalataya ay alin man ay kailangan pasiglahin. Kung totoo na ang mga paglalarawan ng taong lumpo na pinagaling o mga ilang na magagawang matabang lupa ay pakahulugan lamang, kung gayon ang tanong ay kailangan tiyakin at kapanipaniwala: "Kahulugan ng ano?". Ang mag pariralang ito ay inilalarawan ang kaharian ng Dios. Kung hindi tayo tiyak kung ano ang tamang-tama pakahulugan nila, samaktuwid hindi natin alam ang Evangelio (magandang balita) tungkol sa kaharian at sa ganyan wala tayong maaasahang ano mang lugar sa loob nito.

Kargdagan pa, ito'y maaaring lubos na maliwanag dahil sa lahat ng iniharap na katibayan hanggang ngayon, ang Dios ay may layuning walang hanggan para sa tao sa ibabaw ng lupa. Hindi niya lilipulin ang planeta sa kaniyang ipinangako sa binhi ni Abraham

magpakailanman. Sa ganyan maaasahan nating magkaroon ng literal na paglalarawan sa Biblia ng kaharian na darating sa ibabaw ng lupa.

Ang mga sumusunod na talata ay magpapatotoo nito:

📖 “Ang Dios na nag-anyo sa lupa at gumawa niyaon, na kaniyang itinatag; at hind niya nilikha na sira, kaniyang inanyuan upang na tahanan kung ito ay sinira ng Dios, ngunit dahil sa kaibahan , ito ay layunin ng Dios upang matirahan ito ng walang kamatayang tao.

📖 “Ang lupa ay mananatili magpakailanman” (Ecl. 1:4)

📖 “Kaniya rin namang ipinatatag magpakailanman: siya’y gumawa ng pasiya na hindi mapapawi” (Awit 148:6).

Ang buong panahon ng Millenium para sa 1,000 mga taon, na naitala sa Apoc. 20:4 ay dapat nating tanggapin ng literal, upang magtugma sa ibang mga reperensya/pagkilala sa mga hula tungkol as kaugalian ng panahong ito. Kahit sa Apocalipsis, hindi lahat ng bawat bilang ay kinakailangang tanggaping may pakahulugan. Ang maraming reperensiya sa loob nito sa “isang ikatlo” ay maliwang na halimbawa. Pinakamakabuluhan, ang millenium ay inilalarawan sa Heb. 4:4-9 bilang isang Sabaton. Na araw ng pahinga. Kasama ang Dios”isang araw” ng isang libong taon sa layunin ng Dios sa lupa, may darating na “Araw’ ng sabaton ng Millenium.

Alinsunod sa Biblia na araw ng paglalang 6,000 na mga taon (i.e. na “araw”) buhat sa paglalang ay nadala tayo hanggang 2,000 A.D. (i.e. paglalalang ay humigit kumulang sa 4,000 B.C.). Ito ay maaaring mangahulugan na ang pasimula ng Millenium ay maaaring humigit kumulang sa 2,000 A.D. para sa ating lahat, na may takda na ng panahon. Nahaharap sa inaasam-asam na maagang pagbabalik ni Cristo, kinakailangang gamitin natin bawat maaaring sandali sa maikling buhay na ito upang ihanda ang ating mga sarili sa kaniyang pagdating.

Pagsalungat 16: Kabuuan Ng kasaysayan Ng Israel

Si Abraham ay tinawag mula sa Ur ng mga Chaldea, ang unang Judiyo. Ginawa ang pangako sa kaniya ng Dios tungkol sa lupa ng Canaan at ang kaniyang binhi. Namatay siyang hindi natanggap ng mga pangakong ito.

ISAAC – Si Abraham ay nakahandang ang kaniyang anak na si Isaac bilang paghahandog sa Dios. Sapagkat si Abraham ay tapat, pinatunayan ng Dios ang kaniyang pangako sa pamamagitan ng isang sumpa. Ang maluwa na pagpapayag ni Isaac upang mamatay sa pagsunod sa kaniyang ama ay isang halimbawa ni Cristo. Ang mga pangako ay muling kay Isaac (Gen. 26:3-5).

JACOB – Si Jacob ay anak ni Isaac. Ang mga pangako ay sinabihang muli sa kaniya rin may anak siyang labing dalawang lalake – si Reuben ang panganay, si Benjamin ang pinakabata, si Jose ang pinakamahal.

JOSE – Bilang isang bata, siya'y nagkaroon ng dalawang panaginip naglalarawang siya ay pinuno ng kaniyang mga kapatid. Sila'y nainggit, at ipinagbili siya bilang isang alipin sa Ehipto. Si Jacob at ang kaniyang mga anak ay dumating at nanirahan kasama si Jose sa Ehipto. Ang sumunod na Faraon ay pinahirapan ang mga tao ng Israel at ginawa silang mga alipin.

Sa panahong ito ipinanganak si Moises; siya ay itinago sa talahiban noong siya ay sanggol, pagkatapos ay nakita ng anak na babae ni Faraon at kinupkop siya. Noong siya ay isang bata pang lalake ay nakapatay siya ng Ehipto na binugbog ng isang Israelita. Kaya siya ay tumakas papuntang Midian, kung saan siya ay nagtrabaho ng 40 taon bilang isang pastol kasama si Jethro. Pagkatapos ay nagpakita ang Dios sa kanya sa isang ningas na apoy na mula sa gitna ng isang mababang punongkahoy. Sinabihan siya na pumunta kay Faraon at hingin sapilitan ang pagpapalaya sa Israel. Ginawa niya ang maraming kababalaghan palatandaan upang patunayang siya talaga ay isinugo ng Dios. Subalit ayaw payagan ni Faraon na ang

mga Israelitas ay umalis hanggang sa wakas ay pagpapatayin ang mga panganay na lalake pagkatapos ng mga sampung salot na dinala sa Ehipto, e.g palaka, kadiliman, ulan na may yelo ay hindi natigatig si Faraon. Kinakailangang magpatay ng isang tupa ang mga Israelitas at iwisik ang dugo nito sa pintuan na kanilang mga bahay. Ang pista na ito ay tinawag na ang Paskua ng tinapay na walang lebadura.

EXODUS- Sa bandang huli ay pinayagang makaalis ang mga Israelitas sa Ehipto. Sila'y naglakbay na pinapatnubayan ng Anghel ng Dios sa loob ng isang haliging apoy sa gabi. Ang hukbo ni Faraon ay humahabol sa kanila hanggang sa Pulang Dagat. Ang tubig ay kahimahimalang bumuka upang hayaan ang mga Israelita ay makadaan, at pagkatapos ang tubig ay bumalik upang lunurin ang mga Ehipto. Pagkatapos ay naglakbay ang Israel tuloy-tuloy sa kagubatan patungo sa lupang pangako ng Canaan. Binigyan sila ng Dios ng tubig upang mainom buhat sa isang malaking bato, at tinapay na hugis ng manna na inihanda sa kanila tuwing umaga. Nang dumating sila sa Bundok ng Sinai, ibinigay ng Dios sa kanila ang sampung utos at ang kautusan ni Moises. Ang mga ito samakatuwid ang bumubuo ng kaharian ng Dios. Sila ay inutusang gumawa ng isang natatanging tolda tinawag na sambahan (templo) kung saan ang Dios ay maaaring sambahin. Silay binigyan ng isang mataas na Sacerdote at mga pari na kayang maghandog ng kanilang mga pagkakasakit sa Dios. Lahat ng mga sangkap ng simbahan at mga pari ay bahagi sa unahan na ukol kay Jesus.

Ang lupang Pangako sa huli ay naabot. 12 espiya ay ipinadala sampu sa mga ito ay bumalik sa sinabi na napakahirap makuha ang lupa ng Canaan. Ang dalawang espiya si Josue at Caleb ay nagsabi ng totoo – na ang lupa ay maaaring makuha sa pamamagitan nila, kung sila'y may pananalig sa ipinangako ng Dios. Sapagkat ang mga Israelitas ay pumanig sa niloob ng sampung espiya, kinakailangan na sila'y magpalibot-libot sa ilang ng 40 mga taon hanggang ang lahat ng may yaong lampas ng 20 taon nang sila'y umalis sa Ehipto ay nangamatay.

Si Josue ang naging kapalit ni Moises, at inakay ang Israel sa lupa ng Canaan. Ang unang nakuha ay Jerico, kung saan si Rahab ay

nakatira, at pagkatapos ay ang AI. Nang sila ay matatag na sa loob ng bansa, pinamunuan sila paulit-ulit ng mga hukom, bagamat ang Dios ang kanilang tunay na hari. Kabilang sa mga taong ito ay si Gideon si Jephthah at si Samson. Iniligtas nilang lahat ang Israel sa kanilang mga kalaban, kapag sila ay nagsisi sa kanilang mga kasalanan laban sa Dios. Ang kasaysayan ng Israel ay punong-puno ng halimbawa ng kanilang pagsuway sa Dios. Ang huling Hukom ay si Samuel. Sa kaniyang panahon, tinanggihan ng mamamayan ng Israel ang Dios, bilang kanilang hari sa pamamagitan ng paghiling ng isang taong hari, katulad ng mga bansang nasa paligid nila.

ANG MGA HARI – Ang kanilang unang hari ay si Saul, kahit siya ay nagsimulang mabuti, lumabas na siya ay isang masamang tao, hindi masunurin sa kautusan ng Dios at pinahirapan si David. Pagkamatay niya si David ang sumunod na hari, at isa sa pinakamahusay na hari ng Israel. Maraming mahahalaagang pangako ang Dios sa kaniya. Pagkatapos niya, dumating ang kaniyang anak, si Solomon na, pagkaraan ng isang magandang maraming asawa. Na kaniyang kinasama buhat sa palibot na mga bansa. Nang siya ay mamatay ang kaharian ay nahati sa dalawaa-sampung tribu ay nagtayo ng kaharian ng Israel, kaunaunahan sa ilalim (pamumuno) ni Jeroboam ang isa naman na may dalawang tribu: ang Juda ay nagtatag ng kaharian ng Juda, na ang unang pinuno ay si Rehoboam, anak ni Solomon.

Ang kaharian ng Israel (ang may sampung tribu) ay walang mabuting mga hari. Sila ay palaging mapaghimagsik laban sa Dios. Nagpadala ang Dios sa kanila ng maraming mga propeta upang pakiusapan silang magsisi, ngunit ayaw nila. Dahil dito sinakop sila ng mga Assyriano at dinala sila na mga bihag. Sila ay ikinalat sa lahat ng dako ng daigdig.

Ang kaharian ng Juda (may dalawang tribu) ay mayroong ilan na mabubuting mga hari (e.g. Asa, Hedekias) subalit sila pati, kadalasan ay hindi masunurin sa Dios. Sa ganyan, ang mga Babilonia ay ipinadala upang sila ay salakayin, at dinala silang mga bihag sa Babilonia ng 70 mga taon. Ang iba ay bumalik sa lupang Israel sa ilalim ng pamumuno ni Ezra, Nehemis, Josue (ang matas na sacerdote sa panahong yaon) Zerubbael ang Gobernador. Sila ay

unang pimahalaan ng Persia, sumunod ng Grecia, at pagkatapos ay ang Roma. Sila ay nasasakop ng Roma nang si Jesus ay ipinanganak. Ang naging sanhi ng pagtatakwil ng mga Judiyo sa kaniya (Jesus) ay ang pagpapadala ng Dios sa mga Romano upang wasakin ang Jerusalem noong AD 70 at sa huli lahat ng mga Judiyo ay pinaalis sa lupa ng Israel.

Sa mga nakalipas na taon, ang mga Judiyo ay nagsimulang bumalik sa lupang Israel, bilang bahaging katuparan sa mga hula ng Lumang Tipan. Ang pagsasauling muli ng Bansang Israel ay isang tiyak na tanda ng pagbabalik ni Jesus upang itayong muli ang kaharian ng Israel kagaya ng Kaharian ng Dios.

ARALING 5: MGA KATANUNGAN

1. Alin sa mga sumusunod ang panahon ng pagtatayo ng Kaharian ng Dios?
 - a) Ito ay laging nakatayo na
 - b) Sa pagdating ni Cristo
 - c) Sa araw ng Pentecostes sa unang isang daang taon
 - d) Nasa sa mga puso ng mga mananampalataya sa kanilang pagkapaniwala sa Dios.

2. Ang Kaharian ng Dios ay umiiral na noong nakaraang panahon? Kung totoo, anong anyo?

3. Kailan ito natapos?

4. Ano ang Millenium o Isang daang taon?
 - a) Ang paghahari ng biyaya sa ating mga puso
 - b) Isang sanlibong taon paghahari ng mga mananampalataya sa Langit
 - c) Isang sanlibong taong paghahari ni Saatanas sa ibabaw ng Lupa
 - d) Ang unang sanglibong taon ng kinabukasang Kaharian ng Dios sa ibabaw ng lupa

5. Ano ang magiging katulad ng kaharian?

6. Ano gagawin ng mga kasalukuyang mananampalataya sa Millenium o isang libong taon?
 - a) Maging mga pinuno sa lahat ng may kamatayang mamayan
 - b) Magiging pinuno sa Langit
 - c) Hindi namin alam
 - d) Manirahan sa ibabaw ng ibang planeta

7. Ang mensahe ba tungkol sa kaharian ng Dios ay itinuturo:
 - a) Sa Bagong Tipan lamang
 - b) Sa pamamagitan ni Jesus at mga lagad lamang
 - c) Kapuwa sa Luma at Bagong Tipan
 - d) Sa Lumang Tipan Lamang

ARALING 6

**ANG DIOS AT ANG
KASALANAN**

6.1 Ang Dios at ang kasamaan

Maraming sekta ng sambayanang Kristiyanismo, kasama ng maraming iba pang relihiyon, ay naniniwala na mayroong isang tao o halimaw na tinawag na Diablo o Satanas na siyang nagsimula ng mga suliraning nasa sanglibutan at nasa ating mga buhay at siyang may kagawaan sa mga kasalanang ating ginawa. Maliwanag ang itinuro ng Biblia na ang Dios ay makapangyarihan sa lahat. Ating nakita sa Aral 1:4 na ang mga anghel ay hindi maaaring magkasala. Kung tunay tayong naniniwala sa mga bagay na ito, sa gayun ay di maaaring magkaroon ng sino mang higit pa sa karaniwang taong gumagawa sa sanglibutang ito na salungat sa Makapangyarihang Dios. Kung naniniwala tayo na ang ganyang tao ay talagang totoo, kung gayun, tunay na ating pinag-aalinlanganan ang kataas-taasang Kapangyarihan ng Dios. Ang suliraning ito ay mahalaga upang ang tamang pagkakaunawa sa diablo at satanas ay dapat isaalang-alang na isang kailangang doktrina. Sinabihan tayo sa Heb. 2:14, na nilipol ni Jesus ang diablo sa pamamagitan ng kaniyang kamatayan; samakatuwid kung wala tayong tamang kaalaman tungkol sa Diablo, hindi natin mauunawaan ang gawa at katangian ni Jesus.

Pangkaraniwan sa sanglibutan, Lalong- lalo na sa tinatawag na sambayanang "Kristiyano, mayroong palagay diyan na ang mga mabuting bagay sa buhay ay nanggagaling sa Dios at ang mga masasamang bagay ay buhat sa Diablo o Satanas. Ito ay hindi bagong kuro-kuro, ni hindi isang palagay na iniukol lamang sa kristiyanismong tumalikod sa katotohanan. Katulad ng mga Babilonians na naniniwalang may dalawang dios, isang mabuting dios at liwanag, at isang masamang dios at dilim - ang dalawang ito ay mahigpit na naglalaban hanggang kamatayan. Ang dakilang Hari ng Persia, si Cyrus ay naniniwala rin dito. Kaya sinabi sa kaniya ng Dios, "Ako ang Panginoon, at wala ng iba, walang Dios bukod sa akin...ginawa ko ang liwanag at at nilikha ang dilim;ginawa ko ang kapayapaan at nilikha ko ang kasamaan (NIB "kapahamakan"); Ako ang Dios na Panginoon ang gumawa ng lahat ng bagay na ito." (Isa. 45:5-7, 22). Ang Dios ang lumikha ng kapayapaan, at siya ang lumikha ng "kasalanan", sa ganitong kahulugan "kasamaan" at

kasalanan, na kamalian ng tao, ito ay pumasok sa sanglibutan dahil sa tao, hindi sa Dios (Rom. 5:12).

Sinabi ng Dios kay Cyrus at sa mamamayan ng Babilonia “walang (ibang) Dios maliban sa akin”. Ang salitang “el” sa Hebreo ay isinalin na ang “Dios” pangunahing kahulugan ay “Lakas o pinagmumulan ng kapangyarihan”,. Sinasabi ng Dios na walang pinagmumulan ng kapangyarihang umiiral maliban sa nanggagaling sa kaniya. Ito ang dahilan kung bakit ang isang tunay na sumasampalataya sa Dios ay hindi matanggap ang idea o haka-haka sa isang higit na makapangyarihang diablo o demonyo.

Dios: Ang lumikha Ng Kapahamakan

Ang Biblia ay sagana sa mga halimbawa na ang Dios ang nagdadala ng “Kasamaan” sa mga buhay ng tao at sa daigdig na ito. Sa Amos 3:6 ay sinabi na kapag may kasamaan ang isang lugsod, ito ay ginawa ng Dios. Kung halimbawa, nagkaroon ng lindol sa isang lungsod, madalas ay inaakalang “ang diablo” ang nagplano nito sa lungsod na yaon at naging sanhi ng kapahamakan. Ngunit ang tunay na mananampalataya ay dapat maintindihan na kagagawan ito ng Dios. Kaya sa Mica 1:12 ay sinabi na, ang kasaman ay bumaba mula sa Panginoon patungo sa Jerusalem”. Sa aklat ni Job, nabasa natin kung paano si Job, isang makatuwirang tao ay nawala ang lahat ng bagay sa buhay niya. Itinuro ng aklat na ang karanasan ng kasamaan sa buhay ng isang tao ay hindi batay sa kanilang pagsunod o di pagsunod sa Dios. Tinanggap ni Job na “Ang Panginoon ang nagbigay, at nag Panginoon ang nagalis (Job 1:21). Hindi niya sinabi, “ang Dios ang nagbigay at si Satanas ang nagalis”. Sinabi niya sa kaniyang asawa: “Tatanggap ba tayo ng mabuti sa kamay ng Dios, at hindi tayo tatanggap (pati) ng masama?” (Job 2:10). At katapusan ng aklat ang mga kaibigan ni Job ay inaliw siya sa ibabaw “ng lahat ng kasamaan na idinulot ng Dios sa kaniya” (Job 42:11 cp. 19:21; 8:4). Sa ganyan, ang Dios ang pinagmumulan ng “kasamaan”, ibig sabihin ay siya ang tunay na nagpapahintulot ng mga suliranin na nasa ating pamumuhay.

“Sapagkat pinarurusahan ng Panginoon ang kaniyang iniibig... na dahil sa ito’y parusa, kayo’y magtiis...gayon ma’y pagkatapos ay namunga ng bungang mapayapa ng katuwiran sa mga

nagsisipagsanay sa pamamagitan nito” (Heb. 12:6-11), dito ipinakita na ang mga pagsubok ba ibinibigay ng Dios sa atin at sa huli’y mag-aakay sa paglago ng ating pang-espirituwal na kalusugan. Ito’y paghahanda sa Salita ng Dios laban mismo dito upang sabihin na nag Diablo ay isang tao na pinipilit tayong magkasala at maging makasalanan, samantalang sa ganito ring oras wari’y nagbibigay siya ng problema sa ating buhay na siyang umaakay upang ating mapaunlad:”ang kapayapaang bunga ng kabanalan”. Ang karaniwang pagtanggap ng idea tungkol sa diablo ay magdudulot ng mabigat na problema dito. Lalong mabigat para dito ay ang mga talata na nagsasabi sa pagliligtas sa isang tao kay satanas “upang ang espiritu ay maligtas” o upang huwag siyang matutong maglapastangan” (1 Cor.0 5:5; 1 Tim. 1:20). Kung si Satanas ay tunay na isang nilalang na siyang dahilan upang ang tao ay magkasala ay mayroong salungat na nagagawa/espitual sa mga tao, bakit ang mga sipi ay nagsasabi batay sa katotohanan na ang isang kalaban, isang “satanas “o kahirapan ng buhay, ay maaaring malimit magbunga ng tunay na mabisang pang –espiritual sa buhay ng mananampalataya.

Kung tinatanggap natin na nag kasamaan ay nanggagaling sa Dios, sa gayon, maaari tayong manalangin sa Dios upang gawin ang mga bagay tungkol sa mga suliraning nasa atin.e.g. upang maalis ang mga ito. Kung aayaw siya saka natin alam na ito ay galing sa kaniya para sa ating espirtual na kabutihan. Ngayon, kung tayo’y naniniwala na mayroong ibang masamang nilalang na tinawag na diablo o satanas na sanhi ng ating problema, sa ganyan ay walang paraan upang makipagsundo sa kabutihan. Pagkainutil, pagkakasakit, biglang kamatayan, o kapahamakan ay dapat isaalang-alang na isa lang sa masamang kapalaran. Kung siya ay mas makapangyarihan kaysa atin at wala tayong pagpipilian kundi magtiis sa kaniyang kamay. Sa pagkakaiba, tayo ay inaaliw sa pagpapatnubay ng Dios sa atin, “lahat ng bagay (sa buhay) ay naglalakip na gumagawa sa ikakabuti ng mga nagsisilbi o mananampalataya” (Rom. 8:28). Samakatuwid walang mga bagay bilang “kapalaran” sa buhay ng isang sumasampalataya.

Ang Simula Ng Kasalanan

Dapat bigyan –diin na ang kasalanan ay galing sa loob natin. Ito ay ating pagkakamali na tayo’y nagkakasala. Talagang makakabuti ito upang paniwalaan na ito ay hindi natin pagkakamali na tayo’y nagkasala. Magagawa nating malaya na magkasala at pagkatapos magdahilan ang ating sarili sa paniniwalang talagang ang diablo ang may kasalanan at ang may pananagutan sa ating pagkakasala ay buong ibubunton sa kaniya (diablo). Hindi pangkaraniwan na sa mga bagay ba masagwang kasalanang gawain, ang may sala ay humihingi ng kapatawaran sapagkat sabi niya wala na siya ay sinasang diablo sa oras na yaon at dahilan doon ay wala siyang pananagutan sa ating mga kasalanan, ipinakikita na tayo ay may pananagutan sa ating sariling kasalanan. Ang palagay na ang diablo ay isang tunay na kasalanan ay nasa loob natin kaysa paniwalaan ang prisipyo na ang kasalanan ay nasa loob natin (laman) ay isang pagtatangka upang ilipat ang pananagutan ng ating kasalanan palayo sa ating sarili. Ito ang isa pang dahilan halimbawa ng mga taong tumatangging maniwala sa ano mang ipinangangaral ng Biblia tungkol sa kalikasan ng tao, na ito ay mahalagang makasalanan.

“Walang ano mang nasa labas ng katawan ng tao, na papasok sa kaniya ay makakasama sa kaniya...sapagkat mula sa loob, mula sa puso ng mga tao, lumalabas ang masasamang pagiisip, ang pakikiapid, ang pagnanakaw, ang mga pagpatay, sa mga kapwa tao...ang kapalaluan, ang kamangmangan: lahat ng masasamang bagay na ito ay sa loob nagsisipanggaling at nakakahawa sa tao” (Mat. 7:15-23).

Ang palagay na mayroong bagay na makasalanan na nasa labas natin na pumapasok sa atin na nagiging sanhi upang tayo ay magkasala ay hindi naaayon sa maliwanag na pagtuturo ni Jesus tungkol dito. Mula sa loob, mula sa puso ng tao nanggagaling ang lahat ng masasamang bagay na ito. Dahil nga dito sa panahon ng baha, itinuring na ang Dios na “Ang haka ng puso ng tao ay masama mula sa kaniyang pagkabata” (Gen. 8:21). Sa Santiago 1:14 sinabi sa atin kung paano tayo natutukso: “Bawat tao (ito ang palaging paraan sa bawa’t tao) ay natutukso, pagka nahihila ng sariling masamang pita (ang kaniyang sariling masamang pagnanasa, N.I.V.) at nahihikayat”. Tayo ay natutukso sa pamamagitan ng ating sariling

masamang pita, ating makasalanang pagnanasa, hindi sa pamamagitan ng ano mang nasa labas natin. “Saan nagbubuhay ang mga pagbabaka at saan nagbubuhay ang mga pag-aaway sa inyo? Tanong ni Santiago; Hindi baga nagbubuhay dito, sa inyong mga kalayawan na bumabaka sa inyong mga sangkap?” (Sant.. 4:1). Bawat isa sa atin ay may tiyak na sariling mga tukso. Sa ganyan, sila ay lilikhain sa pamamagitan ng ating makasalanang mga pita sapagkat sila ay sarili natin. Tunay ang kasabihan na tayo ang kalaban ng ating sarili.

Karamihan sa aklat ng mga Taga Roma ay tungkol sa kasalanan, ang pinagmulan nito, at kung paano malalabanan ito. Dito ay makahulugan na bihirang mabanggit ang Diablo at Satanas sa aklat; sa kabuuan ng pagtalakay tungkol sa simula ng kasalanan, hindi nabanggit ni Pablo ang Diablo o Satanas. Sa ganito ring paraan, “Ang “diablo” ay isang kuro-kuro sa Bagong Tipan. Kung may isang taong taong nasa labas na hinihikayat tayong magkasala, talagang siya ay mababanggit sa Lumang Tipan ng madalas. Ngunit isang napakalalim at makahulugang katahimikan tungkol dito. Sa ulat noong panahong yaon ay lubhang nagkakasala ng malaki ang Israel. Subalit hindi sila pinaaalalahanan ng Dios tungkol sa makapangyarihang higit pa sa karaniwang tao o lakas na maaaring makapasok sa kanila at hikayatin silang magkasala. Sa halip, Kaniyang pinasigla sila upang isagawa sa kanilang buhay ang Kaniyang Salita, ng sa gayun sila ay di mahulog sa hilig ng kanilang “Sariling laman” (e.g Duet. 27:9,10; Jos. 22:5). Itinatangis ni Pablo: “Sa akin (yaon ay, sa aking laman) ay hindi tumitira ang ano mang bagay na mabuti... sapagkat ang mabuti na aking ibig, ay di ko ginagawa...kung ang hindi ko ibig ang aking ginagawa, ay hindi na ako ang gumagawa nito, ngunit ang kasalanang tumitira sa akin” (Rom. 7:18-21). Ngayon ay hindi niya sinisisi ang kaniyang pagkakasala sa isang taong nasa labas na tinawag na diablo. Natagpuan niya ang kaniyang sariling makasalanang katangian (likas na pagkatao) na siyang tunay na pinagmumulan ng kasalanan: “Hindi na ako ang gumagawa nito, kundi ang kasalanang tumitira sa akin”. Kaya sinabi niya na ang taga salungat upang maging banal ay nangagagaling sa isang bagay na tinawag niyang “kasamaang naninirahan sa akin”. Bawat pagiisip ng taong banal na darating sa ganito ring kaalaman ng sariling kalagayan. Dapat tandaan na kahit

nakaranas ng pagbabago ng katangiang tao pagkatapos ng pananampalataya sa Dios, ni nalagay sa katayuan, kung saan hindi na siya maaaring magkasala. Ang bagong kabihasnang kilusan ng “Pagtuturo ng Ebanghelyo” ay nag-aangkin na ganyan ang kanilang katayuan, at sa gayun ay inilalagay si Pablo na nasa hanay ng mga “hindi naligtas” dahil sa kaniyang sinabi sa Taga Roma 7:15-21. Ang mga bersikulong ito ay nagpatunay sa isang malaking kahirapan para angkinin nila ito. Si David na isa rin sa walang alinglangang makatuwirang tao ay nagsalita rin sa madalas na pagkakasala ng kaniyang tunay na kalikasan: “Ako’y inanyuan sa kasamaan, at sa kasalanan ay ipinaglihi ako ng aking ina” (Awit 51:5).

Inihayag ng maliwanag ng Biblia ang tungkol sa mahalagang kasamaan ng likas na pagkatao. Kung ito ay kalulugdan, hindi na kailangan upang lumikha pa ng isang haka-hakang tao labas sa ating sariling katangian na may pananagutan sa ating mga kasalanan. Sinabi sa Jer. 17:9 na nag puso ng tao ay lubhang makasalanan at manglilinlang na hindi natin talagang ikatutuwa ang buong laki ng kasalanan. Tinatakan din ni Jesus ang likas na pagkatao na mahalagang makasalanan sa Mat. 7:11, Ecl. 9:3, (ang aklat ni Hebreo ay malinaw: “Ang puso ng mga anak ng tao ay puspos ng kasamaan”). Ibinigay sa Ef.4:18 ang dahilan ng paglayo ng damdamin ng kalikasang tao sa Dios, “na sa kadiliman ng kanilang pagiisip ay nangahiwalay sa Dios, dahil sa pagmamatigas ng kanilang puso”, ang paraan ng ating pagiisip ay malayo sa Dios. Kaugnay nito, sa Gal. 5:19 sinabi na ang ating mga kasalanan ay “mga gawa ng laman”, ang ating sariling laman, ang ating sariling pagkatao at kalikasan, na siyang sanhi upang tayo ay magkasala. Wala sa mga talatang ito ang nagpaliwanag na ang simula ng kasalanang nasa loob natin ay ang diablo at inilagay dito doon; ang hilg ng kasalanan ay mga bagay na katutubo at ang lahat nito buhat pa sa kapanganakan ito ang mahalagang bahagi ng katawan ng tao.

6.2 Ang Diablo At Satanas

Pagkaminsan ang mga salitang original sa paksa ng Biblia ay naiiwang hindi naisalin (“Mammon”, sa Mat. 6:24, ay isang halimbawa

nito). Bilang isang salita, “satanas” ay isang di naisalin na salitang Hebreo na ang kahulugan ay “kalaban” samantalang ang “diablo” ay isang salin ng salitang Hebreo na ang kahulugan ay “kalaban” samantalang ang “diablo” isang sinungaling, isang kalaban o bulaang nagbintang. Kung tayo ay maniniwala na ang Satanas at ang Diablo ay iisang tao iba kaysa atin na siyang may kagagawan ng kasalanan, kung gayon kapag naraan natin ang mga salitang ito sa Biblia kinakailanganang alam natin na ang tinutukoy nito ay ang makasalanang taong ito. Ang paggamit sa Biblia ng mga salitang ito ay ipinakita na siya ay maaring gamitin bilang karaniwang pang-uri, inilalarawan ang karaniwang tao. Ang katotohanang ito ay ay nagawang hindi maaari upang ikatuwiran na ang mga salitang diablo at satanas bilang paggamit sa Biblia ay ginawang tukuyin silang isang lubhang makasalanang tao o nilikha na iba kaysa sa atin.

Ang Salitang Satanas Sa Biblia

Sa 1 Hari 11:14 ay itinala na “Ipinabangon ng Panginoon si Solomon ng isang kaaway (kagaya ng salitang Hebreo saan man ay isinaling “satanas”) si Hadad, ang Idumeo. “At ipinabangon ng Dios ang isa pang kaaway (isa pang satanas)...si Rezon ... siya ay isang kaaway (Isang satanas) sa iSrael” (1 Hari 11:23-25). Hindi ibig sabihin nito na ang Dios ay ipinabangon ang isang higit pa sa karaniwang tao (supernatural) o isang anghel upang maging isang satanas/kaaway ni Solomon. Kaniyang ipinabangon ang karaniwang mga tao. Ang Mat. 16:22-23-ay nagbigay pa ng isang halimbawa. Si Pedro ay nagtangkang hikayatin si Jesus na huwag pumunta sa Jerusalem upang mamatay sa ibabaw ng krus. Si Jesus ay lumington at sinabi sa kay Pedro, “Lumagay ka sa likuran ko, Satanas...hindi mo iniisip ang mga bagay ng Dios kundi ang mga bagay ng tao”. Kaya si Pedro ay tinawag na satanas. Ang kasulatan ay lubos na maliwanag na si Cristo ay hindi kinakausap ang isang anghel o isang dambuhala nang nagsasalita siya ng mga salitang ito; siya ay nagsasalita kay Pedro.

Sapagkat ang salitang “satanas” kahulugan lamang ay isang kaaway, isang mabuting tao, kahit Dios mismo, ay maaaring tawaging isang “satanas”. Sa pinakabuod, walang kailangang makasalanan na mayroon ang salitang “Satanas” ay dahil pati sa paggamit ng salita ng sanglibutan sa pagtukoy kaugnay ng kasalanan. Mismong ang

Dios ay maaaring isang satanas sa atin sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagsubok sa ating mga pamumuhay, o sa pagtatayo sa daan sa isang maling panukala na ating binabalak. Ngunit ang katotohanan na ang Dios ay maaaring tawaging “satanas” ay hindi nangangahulugang siya mismo ay makasalan.

Ang mga aklat ni Samuel at Mga Cronica ay magkakatulad na salaysay ng parehong pangyayari, kagaya ng apat na mga ebanghelyo ay mga ulat ng katulad na pangyayari ngunit gumamit ng ibang salita. Ang 2 Sam.24:1 ay itinala: “Ang Panginoon... kinilos si David laban sa kanila (Israel) upang gawin niya ang pagsesensus . Sa isang sipi ang Dios ang nagpagalit, at sa kabila ay ang satanas ang gumawa nito. Ang tanging pagtatapos ay ang Dios ang kumilos bilang isang “satanas” o kalaban ni David. Kaniya ring ginawa ito kay Job sa pamamagitan ng pagsubok sa buhay niya, kaya sinabi ni Job tungkol sa Dios: “Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng iyong kamay ay hinahabol mo ako” (Job 20:21); :Ikaw ay gumaganap na isang satanas laban sa akin”, iyan ang tunay na ibig sabihin ni Job.

Ang Salitang Diablo Sa Biblia

At ganyan din sa salitang “diablo”. Sinabi ni Jesus, “Hindi ba pinili ko kayong lahat labingdalawa (Magsidisipulo), at ang isa sa inyo ay diablo?”. Tinutukoy niya ay si Judas Iscariote na isang karaniwang may kamatayang tao. Hindi siya nagsalita tungkol sa isang pansariling tao na may o isang tinatawag na “multo”. Ang salitang diablo dito ay tinutukoy lamang ay isang makasalanang tao. Nagbigay ang 1 Tim.3:11 ng isa pang halimbawa. Ang mga asawa ng matatanda sa ekklesia ay di dapat maging “maninirang puri”; ang pinagmulan ng salitang Griego dito ay “diabolos” na kagaya ng isinaling ‘diablo’ saan man. Kaya pinaaalalahanan ni Pablo si Tito na ang matandang babae sa ekklesia ay hindi nararapat “palabintangin” o mga “diablo” (Tit.2:3). At gayun din sinabi niya kay Timoteo (2 Tim. 3:1,3) na “Sa mga huling araw... ang mga tao ay magiging palabintangin (mga diablo)”. Hindi nangangahulugan ito na ang mga tao ay nagiging higit sa karaniwang tao ngunit sila ay magiging higit na makasalanan o masama. Kinakailangang maliwanag na malaman buhat sa lahat ng ito na ang salitang “diablo” at “satanas” ay hindi

tumutukoy sa isang nahulog na anghel o isang makasalanang tao, labas sa atin.

Ang Kasalanan, Ang Satanas, At ang Diablo

Ang mga salitang “satanas” at “diablo” ay madalas gamitin upang ilarawan ang likas na hilig magkasala ng kalooban natin na ating nalaman sa Aral 6.1. Ang mga ito ang ating pangunahing “kalaban” o “satanas”. Sila pati ay inilalarawang mga tao, at sa gayun sila’y maaaring tawaging “isang diablo” – ating kalaban, isang mapaglinglang ng katotohanan.

Ito ang ating likas na pagkatao – ang tunay na diablo. Ang pagkakaugnay sa pagitan ng diablo at ng ating sariling masasamang pita – kasalanan sa loob natin – ay maliwanag sa maraming sipi: “Dahil sa mga anak (tayo mismo) ay may mga bahagi sa laman at dugo, s iya (Jesus) nama’y gayun ding naka-bahagi sa mga ito; upang sa pamamagitan ng (kaniyang) kamatayan ay kaniyang nalipol yaong may paghahari sa kamatayan, samakatuwid ay ang “diablo” (Heb. 2:14). Inilalarawan ang diablo rito na isang tao na may pananagutan sa kamatayan, Subali’t ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan (Rom. 6:23). Kaya ang kasalanan at ang diablo ay talagang magkatulad. Kaparis din ng sinabi ni Santiago na ang ating masamang pagnanasa ay tinutukso tayo, at inaakay tayong magkasala at sa gayo’y tumungo sa kamatayan, ngunit ang Heb.2:14 ay sinabi na ang diablo ay magdadala ng kamatayan. Sa parehong bersikulong ay sinabi na si Jesus ay katulad ng ating pagkatao upang sirain ang diablo. Ihambing ito sa mga Roma 8:3 “Isinugo ng Dios ang Kaniyang sariling Anak na nag-anyong lamang salarin (yaon ay ang ating likas na pagkatao) at hinatulan ang kasalanan, sa laman. Ipinakita na ang diablo at ang makasalanang hilig ng likas na pagkatao ay parehong mabisa. Napakahalaga upang maintindihan na si Jesus ay natukso katulad din natin. Ang hindi pagkakakaintindi ng doktrina o aral tungkol sa diablo ay nangangahulugang hindi natin tamang pasasalamatan ang katangian at gawain ni Jesus. Dahil lamang sa, si Jesus ay mayroong pagkataong katulad natin – ang “diablo” ay nasa loob niya – na tayo’y maaaring magkaroon ng pagasa ng kaligtasan (Heb.2:14-18; 4:15). Sa pamamagitan ng pagsupil sa ninanasa ng kaniyang sariling pagkatao, ang diablo sa

Biblia ay nagawa ni Jesus talunin ang diablo sa ibabaw ng krus (Heb. 2:14). Kung ang diablo ay isang tunay na tao, sa gayun, ay hindi na siya buhay. Ang Heb. 9:26 ay nagsabi na si Cristo ay naghayag upang “Alisin ang mga kasalanan sa pamamagitan ng paghahandog ng kaniyang sarili”. Sa Heb. 2:14 ay itinulad ito sa ipinahayag sa pamamagitan ng kaniyang kamatayan sinupil ni Jesus ang diablo sa kaniyang sarili. Dahilan sa kaniyang kamatayan ay sinira ni Jesus “Ang katawan ng kasalanan” (Rom. 6:6). , i.e. likas na pagkatao, ang kasalanan ay nahayag sa (ang uri ng) ating tunay na mga katawan.

“Ang gumagawa ng kasalanan ay sa diablo” (1 Jn 3:8) sapagkat kasalanan ay sanhi ng pagbibigay daan sa ating sariling masamang pita (Sant.1:14-15) na tinawag ng Biblia “ang diablo”. “Sa bagay na ito’y ang Anak ng Dios ay nahayag upang iwasak ang mga gawa ng diablo” (1 Jn 3:8). Kung tayo ay tama na sabihin na ang diablo ay ang ating masamang ninanais, sa gayo’y mga gawa ng ating masamang pita, i.e. kung anong ibubunga nito ay ating mga kasalanan. Ito’y pinatotohanan sa pamamagitan ng 1 Jn. 3:5. “Siya (si Jesus) ay nahayag upang mag-alis ng mga kasalanan”. Pinatunayan nito na “ang ating kasalanan” at “ang gawain ng diablo”. Sa Gawa 5:3 ay nagbigay ng isa pang halimbawa ng ganitong pagkakaugnay sa pagitan ng diablo at ating mga kasalanan. Sinabi ni Pablo kay Ananias: “Bakit pinuspos ni Satanas ang iyong puso?”. Saka sa bersikulo 4, sinabi ni Pedro, Ano at inisip mo pa ang bagay na ito sa iyong puso?”. Magisip ng masamng bagay sa loob ng ating puso ay kagaya ng hinihikayat ni Satanas ang atin gpuso. Kung sarili natin ay nagisip ng mga bagay, e.g., isang makasalanang balak, sa ganyan ito’ nagsisimula sa kalooban natin. Kung ang isang babae ay naglililihi, hindi ito mangyayari sa labas niya; ito ay nagsisimula sa loob niya. Sa Sant. 1:14-15 ay gumamit ng katulad na tao sa paglalarawan kung paano ang ating masamang pita ay naiisip at nahihikayat magkasala na magdadala ng kamatayan. Ang Mga Awit 109:6 ay itinulad ang isang taong makasalanang sa isang “Satanas”: “Lagyan mo ng masamang tao siya; at tumayo nawa si Satanas (ang isang kaaway) sa kaniyang kanan”, i.e. makapangyarihang nasa itaas niya (c.p. Mga Awit 110:1).

Maliwanag Na Halimbawa

Gayun man, maaari kayong sumagot ng makatuwiran: “Ngunit nagsasalita ito na wari’y ang diablo ay isang tao”. Iyan ay talagang tama; Ang Heb. 2:14 ay nagsabi “yaong may paghahari sa kamatayan samakatuwid ay ang diablo”. Kahit kaunting pagbabasa ng Biblia ng mga halimbawa - nagsasalita ng isang mahirap unawaing ideya na wari ay isang tao. Kaya sa Kawikaan 9:1 ay nagsalita tungkol sa isang tinawag na “Karunungan” na nagtayo ng isang bahgay at sa Roma 6:23 ay itinulad ang kasalanan sa isang taga-bayad ngs ahod na ang binibigay na pambayad ay kamatayan. Ang katangiang ito ay tinalakay rin sa pagsalungat 5. Ang ating diablo “diabulos” ay madalas ay kumakatawan sa ating mga masamang ninanais . Gayun man, hindi tayo magkakaroon ng mahirap na unawain maka-diablo, ang makasalanang nais na nasa puso ng taong hindi maaaring manatiling hiwalay mula sa tao; kaya “Ang diablo” ay binibigayn ng katauhan. Madalas ang halimbawa ng kasalanan ay katulad ng isang amo o puno (e.g. Rom. 5:21; 6:6, 17; 7:3). Sa ganito, mauunawaan na ang “diablo” ay inihalimbawa at nauugnay sa kasalanan. Katulad din ng sinabi ni Pablo tungkol sa atin na mayroong dalawang katauhang nakatalaga sa loob ng ating laman (Rom. 7:15-21): ang atong laman “Ang diablo” kalanban ang taong espituwal. Gayun man, maliwanag na walang dalawang literal na dalawang taong naglalarawan sa loob natin. Ang parteng makasalanan ng ating likas na pagkatao ay inihalimbawa bilang “Isang makasalanan” (Mat.6:13 R.V.) – ang diablo sa Biblia. Kaparis ng isinaling parirala Sa Griego na “Isang masama” ay dito isinalin na “makasalanang tao” sa ! Cor. 5:13, ipinakikita na kapag ang isang tao ay nagkasala, “ang kaniyang isang kasama” – kaniyang sarili – ay magiging “isang makasalanan, o isang “diablo”.

Ang Diablo At Satanas sa Isang Pangmamayang Kahulugan

Ang mga salitang “diablo” at satanas” ay ginagamit din upang ilarawanang masama at makasalanang kaayusan ng daigdig kung saan tayong lahat ay nabubuhay. Ang panglipunan, pangmahalaan at ang mga huwad na mga relihiyon ng sanglibutan ay maaaring tawaging “ang diablo”. Ang diablo at satanas sa Bagong Tipan madalas ay tinutukoy ang pamahalaan at ang lipunang kapangyarihan ng Judiyo at Romano. Kaya’t nababasa natin ang diablo na itinapon ang mga mananampalataya sa bilangguan (Apoc.

2:10), tinutukoy ay mga may kapangyarihang Romano na ibinibilanggo ang mga mananampalataya. Sa ganito ring kahulugan, nalaman natin na ang ekklesia sa Pergamo, kung saan (si satanas ay nakaupo) ito ay luklukan o trono ni satanas – ay ... i.e. ang lugar ng gobernador ukol sa isang Romano sa Pergamo kung saan naroon pati ang isang grupo ng mananampalataya. Hindi natin masasabi na mismong si Satanas, kung siya man ay buhay, ngunit siya mismo ay may trono sa Pergamo.

Bawat kasalanan ng isa ay binibigyan ng kahulugan na isang pagsuway laban sa kautusan ng Dios (1Jn. 3:4). Subalit ang kasalanan sa panglahat na paghahayag bilang isang pamahalaan at panglipunang kapangyarihan laban sa Dios ay isang lakas na mas makapangyarihan kaysa sa mga tao, ito ay sama-samang lakas na pagkaminsan ay halimbawa ng isang makapangyarihang tao na tinawag na diablo. Sa ganitong kahulugan ang Iran at ibang makapangyarihang Islam ay tinaguriang ang Amerika o Estados Unidos “ang dakilang satanas” – i.e. ang pinakamalaking kalaban ng kanilang ipinaglalaman, sa pang-politika at pangrelihiyon na mga bagay. Ganito kung paano ang mga salitang diablo at satanas ay madaling gamitin sa Biblia.

Sa pagtatapos, marahil ay totoo upang sabihin na nasa temang ito sa kabila ng iba pa, ay mahalaga upang ibatay ang ating paniniwala sa isang pantay na pagtingin sa kabuoan ng Biblia kaysa sa magtayo ng isang doktrina sa ilan lamang na bersikulo na naglalaman ng panghuling parirala na mistulang tumutukoy sa paniniwala tungkol sa diablo. Sa Aral 6.1 at sa bahaging ito ay magagantihan ang maingat, may sunod-sunod na panalanging pagbabasa ng Biblia. Ipinauubaya na nag panindigang aral na binalangkas doon ay siya lamang paraan na maaaring magbigay ng isang makatuwirang pagkaunawa sa lahat ng parirala na tumutukoy sa diablo at satanas. Ang mga salitang ito ay maaaring gamitin bilang pang-uri, o sa ibang lugar ay tumutukoy sa kasalanan na makikita sa loob ng ating likas na pagkatao. Ang iba na madalas hindi maintindihan ang mga pariralang ito nabanggit sa pagpapatunay ng karaniwang paniniwala ay maingat na ituturo sa paglayo sa paksa na kalakip sa Aral na ito.

Yaong may mga problemang tanggapin ang aming pasiya ay kailangang tanungin ang kanilang sarili: (A) ang kasalan ba ay binibigyan ng katawang halimbawa? Maliwanag na totoo ito. (b) Totoo ba na ang “satanas” ay maaaring gagamitin na basta isang pang-uri?. Totoo ito. Ano ang talagang problema, kung gayun, na maaaring tanggapin na ang kasalanan ay kumakatawan bilang isang ating kalaban/satanas?. Ang sanglibutan ay malimit ilarawang tao sa mga sulat at ebanghelyo ni Juan, (tignan ang R.V.); anong mabuting titulo para sa maliwanag na pagbibigay ng katauhan dito sa “satanas” o ang “diablo”?

6.3 Mga Demonyo

Ang nakaraang dalawang parte ay nagpatunay kung bakit hindi tayo naniniwala sa diablo o satanas na isang tunay na tao o isang halimaw. Kung ating tatanggpin na walang gayong bagay, sa gayun ay susunod naman ay ang demonyo, na ipinalalagay na mga alipin ng diablo, ay hindi rin tao. Maraming tao ay nag-iisip marahil na ang Dios ay binibigyan tayo ng lahat ng mabuting bagay na ibinigay ng Dios.

Ang Biblia ay nagtulong malinaw na ang Dios ang pinagmumulan ng lahat ng kapangyarihan (tignan sa Aral 6.1) at siya ang may pananagutan para sa mga mabubuting bagay at sa masasamang bagay sa ating buhay:-

“Aking inilalagay ang liwanag, at nilikha ko ang kadiliman; Ako’y gumagawa ng kapayapaan, at lumikha ako ng kasamaan; Ako ang Panginoon, na gumagawa ng lahat ng bagay na ito”; Isa.45:7;

“Ang kasamaan ay bumababa mula sa Panginoon hanggang sa pintuan ng Jerusalem” Mica.3:6.

“Tutunog baga ang pakakak sa bayan, at ang bayan ay hindi manginginig? Sapat baga ang kasamaan sa bayan, at hindi ginawa ng Panginoon?” Amos 3:6.

Sa makatuwid kapag tayo’y sinusubok, dapat nating tanggapin na ito’y galing sa Dios, hindi dapat sisihin ang isang diablo o mga demonyo. Si Job na nawala ang maraming mabuting bagay na biyayang ibinigay ng Dios, hindi dapat sisihin isang diablo o mga demonyo. Si Job, ngunit hindi niya sinabi, “Ang mga demonyong ito ay kinuhang lahat ang ibinigay sa akin ng Dios” . Pakinggan ang kaniyang sinabi:

“Ang Panginoon ang nagbigay, at ang Panginoon ang nagalis;
Purihin ang pangalan ng Panginoon”, Job 1:21;

“Tatanggap ba tayo ng mabuti sa kamay ng Dios, at hindi tayo tatanggap ng masama?” Job 2:10

Kapag naintindihan na natin na ang lahat ng bagay ay galing sa Dios, kung tayo ay may problema sa buhay na maaari tayong manalangin sa Dios upang alisin niya ang mga ito, at kung niya gagawin, dapat nating malaman na ito ay ibinibigay niya sa atin atin upang pagbutihin ang ating ugali at para sa ating kabutihan habang buhay.

“Anak ko, huwag mong iwalang bahala ang parusa ng Panginoon, o manglupaypay man kung ikaw ay pinagwiwikan niya sapagkat pinarurusahan ng Panginoon ang kaniyang iniibig, Kaniyang (hindi mga demonyo) hinahampas bawat tinatanggap na anak, sapagkat aling anak ang hindi pinarurusahan ng kaniyang ama? Datapauwat kung kayo’y hindi pinarurusahan, na pawang naranasan ng lahat, kung gayo’y mga anak na ligaw kayo at hindi tunay na mga anak” (Heb. 12:5-8).

DIOS: Pinagmulan ng lahat ng Kapangyarihan

Ang Dios ang pinagmumulan ng lahat ng kapangyarihan: -

- 📖 “Ako ang Panginoon, at walang iba, liban sa akin ay walang Dios (ang salitang “Dios” sa Hebreo ay nangangahulugang tunay na “kapangyarihan”) Isa. 45:5;
- 📖 “May Dios baga liban sa akin? Oo, walang malaking Bato, ako’y walang nakikilalang iba” Isa. 44:8
- 📖 “Ang Panginoon ay siyang Dios, wala ng iba liban sa Kaniya” - Deut. 4:35.

Ang mga bersikulong ito ay lumitaw palagi sa lahat ng parte ng Biblia. Sapagkat ang Dios ang pinagmumulan ng lahat ng kapangyarihan at walang Dios liban sa kaniya. Sa ngayon, siya ay isang pinabughuing Dios kagaya ng madalas niyang ipaalala sa atin (e.g. Exo. 20:5; Deut. 4:24).

Nagselos ang Dios ang kaniyang bayan ay nagsimulang sumampalataya sa ibang dios, kung sabihin nila sa kaniya, “Ikaw ay isang dakilang Dios, ngunit sa katotohanan, ako’y naniniwalang mayroon pang ibang dios bukod sa iyo, kahit siya hindi mas maaari kaming maniwala na mayroong mga demonyo o isang diablo na nabubuhay katulad ng tunay na Dios. Ito ang sadyang pagkakamali na nagawa ng Israel. Marami ang ipinakita sa Lumang Tipan kung paano pinasama ng Israel ang kalooban ng Dios sa pamamagitan ng paniniwala sa ibang dios at gayun din sa Kaniya. Ating makikita sa Biblia na ang mga “demonyo” na pinaniniwalaan ng mga tao sa panahon ngayon ay katulad din ng mga yaong hindi totoong mga dios na sinasampalatayaan ng Israel noon.

Ang mga Demonyo ay mga dio-diosan

Sa 1 Mga Taga Corinto, ipinaliwanag ni Pablo kung bakit wala tayong (mga kristiyanismo) pakialam sa pagsamba sa dios-diosan o maniwala sa bagay na yaon. Sa panahon ng Biblia, ang mga tao ay naniniwala sa mga demonyo na maliit na mga dios na maaaring sambahin upang matapos ang mga suliraning dumadating sa buhay. Sa gayun, sila’y nagiging huwarang demonyo, na kagaya ng mga dios-diosan na sinasamba nila. Ito ang nagpapatunay kung bakit

ginamit pagpalit-palitin ni Pablo ang mga salitang “demonyo” at “dios-diosan” sa kaniyang mga sulat.

“Ang mga bagay na inihain ng mga Gentil ay kanilang inihahain sa mga demonyo at hindi sa Dios; at di ko ibig na kayo’y magkaroon ng pakikipagkaisa sa mga demonyo...kung sino mang tao ay nagsabi sa iyo, ito inihahandog na hain sa mga dios-diosan, ay huwag ninyong kanin dahilan sa budhi” (1 Cor. 10: 20, 28). Kaya nga, ang mga dios-diosan at mga demonyo ay magkatulad. Masdan kung paano sinabi ni Pablo na sila’y naghahain “sa mga demonyo” (dios-diosan) at hindi sa Dios – ang mga demonyo ay hindi dios, at dahilan sa mayroong isang Dios lamang, nangangahulugang ang mga demonyo ay walang tunay na kapang yarihan, sila’y hindi mga Dios. Ang mga paksa ay tunay na ipinaliwanag sa 1 Cor. 8:4.

Bilang paalala,... “yaong mga bagay na ihahandog sa paghahain sa mga dios-diosan, alam natin na ang isang dios-diosan (na katulad ng mga taong naniniwala sa maraming klase ng demonyo ngayon...isang demonyo na naging dahilan upang mawalan ka ng trabaho, ang iba nama’y dahilan upang layasan ka ng iyong asawa, at iba pa). Ngunit sa atin (Ang tunay na sumasampalataya) ay mayroon lamang isang Dios, ang ama, na ang lahat ng bagay ay nagmumula (masama man o mabuti) at nalaman natin sa nakaraang reperensya”.

Karagdagang patotoo na nga mga tao sa panahon ng Bagong Tipan ay naniniwala sa demonyo, na ang mga tao sa panahon ng Bagong Tipan ay naniniwala sa mga demonyo, ang mga dios-diosan o “mga dios” ay makikita sa Mga Gawa 17: 16-18; dito inlalarawan kung papaano ipinangaral ni Pablo sa Atenas, isang lungsod na “nagugumon sa dios-diosan” na dahil diyan ay sumasamba sa marami at ibat-ibang dios-diosan. Pagkatapos marinig ang pangangaral ni Pablo ng Ebanghelyo, sinabi ng mga tao, “Parang siya ay tagapagsalita ng ibang mga dios (mga demonyo: sapagkat ipinangangaral niya si Jesus at ang pagkabuhay na maguli”, ay ang akala ng mga tao na si “Jesus” at ang pagkabuhay na maguli” ay mga bagong demonyo o dios-diosan na ipinaliliwanag sa kanila. Kung babasahin mo ang natitirang mga kapitolo malalaman mo kung paano itinuloy ni Pablo ang pangangaral ng katotohanan sa mga

taong ito, at sa bersikulo 22 sinabi niya “Kayo’y lubhang relihiyoso” (sa literal: matapat na pagsamba sa dios-diosan) at ipinaliwanag niya kung paano ang Dios ay wala sa kanilang mga demonyo o dios-diosan. Tandaan na ang Dios ang siyang pinangagagalingan ng kapangyarihan. Taandaan na ang wala sa demonyo, sa gayo’y ang mga demonyo ay walang ano mang kapangyarihan sapagkat walang ibang kapangyarihan dito sa sanglibutan ...i.e. sila’y hindi iiral.

Ang Mga “Demonyo” Sa Lumang Tipan ay mga Dios-Diosan

Sa pagbabalik sa Lupang Tipan, mayroong patotoo na “ang mga demonyo” ay katulad ng mga dios-diosan. Sa Dueteronomio 28: 22-28, 59-61 ay hinulaan na ang sakit na sira ang isip o loko-loko ay magiging isa sa mga parusa sa pagsamba sa dios-diosan o mga demonyo. Ito ang paliwanag ng kaugnayan sa pagsamba sa dios-diosan o mga demonyo. Ito ang ang paliwanag ng kaugnayan ng mga demonyo sa mga loko-loko sa Bagong Tipan. Ngunit dapat pansinin, na ang salitang mga demonyo ay katambal ng karamadaman hindi kasalanan. Wala tayong nabasa na si Cristo ay pinalayas ang mga demonyo sa inggit, pagpatay, at iba pa. Dapat nating tandaan pati na ang Biblia ay nag-uulat ng mga taong may pagka demonyong sakit kaysa magwika na ang demonyo ay sanhi ng mga karamdaman. Mahalaga ang ulat sa Griego sa Bagong Tipan (Ang Septuagint) ay ginamit ang salitang “Daimonion” para sa dios-diosan sa Duet. 32:17 at sa Awit 106:37; ito ay isinaling salitang “demonyo” sa Bagong Tipan. Sa Awit 106: 36-39 inilalarawan ang mga pagkakamali ng Israel at itinutulad ang mga dios-diosan ng Canaan sa mga demonyo:-

“At sila’y (Israel) naglilingkod sa kanilang dios-diosan na naging silo sa kanila. Oo ang kanilang inihain ang kanilang mga anak na lalake at babae sa mga demonyo; at nagbubo ng walang salang dugo, samakatuwid baga’y ang dugo ang kanilang mga anak na lalake at babae na kanilang inihain sa dios-diosan ng Canaan... Kaya, ganito sila nagpakahawa sa kanilang mga gawa; at nagsiyaong nagpakarumi sa kanilang mga gawa.”

Lubos na maliwanag na ang demonyo ay talagang isa ring tawag sa mga dios-diosan. Ang pagsamba sa kanilang “sariling mga

gawa...kanilang sariling haka-haka” sapagkat ang kanilang paniniwala sa demonyo ay isang bungang pagiisip ng tao; ang mga dios-diosan ng kanilang nilikha ay “kanilang sariling gawa”. Kaya ang mga naniniwala sa mga demonyo sa panahong ito ay sumasampalataya sa mga bagay na haka-hakang tao, ang gawain ng mga tao, sapagkat ang kanilang pananampalataya ang kanilang sumasampalataya sa mga bagay na haka-hakang tao, ang gawain ng mga tao, kaysa kung ano ang itinuro ng Dios.

Inilarawan ng Duet. 32:15-24 kung papaano nagalit ang Dios nang ang kaniyang bayan ay naniwala sa mga demonyo: “Ni walang kabuluhan ng Israel batong kaniyang kaligtasan. Siya’y kinilos nila sa paninibugho sa ibang mga dios, sa pamamagitan ng karumal-dumal, minumungkahi nila siya ay kagalitan. Kanilang inihain sa mga demonyo, ni hindi Dios, sa mga hindi nila kilala... na hindi kinatatakutan ng iyong mga magulang... at kaniyang sinabi, aking ikukubli ang aking mukha sa kanila...sapagkat sila’y isang napakasamang lahi, na mga anak na walang pagtatapat”. Kinilos nila ako sa paninibugho doon sa hindi Dios; kanilang minungkahi ako sa galit sa kanilang walang kabuluhan... aking dadagdagan sila ng kasaman”.

Kaya inilalarawan ng Dios ang demonio na kagaya ng mga dios-diosan, mga kasuklam suklam at mga walang kabuluhan, mga bagay na walang halaga na paniwalaan at walang buhay. Ang maniniwala sa demonio ay nagpapakita ng kakulangan sa pananampalataya sa Dios. Hindi madaling magkaroon ng kakulangan sa pananampalataya sa Dios. Hindi madaling magkaroon ng paniniwala sa ibinigay ng Dios ang lahat ng bagay, mabuti man o masama sa buhay. Madaling isipin na ang masamang bagay ay nangagaling sa iba, sapagkat kapag sinabi natin na ang mga ito ay galing sa Dios ay kukuhanin din ito o kaya sa huli ito’y makakabuti sa atin.

Ang Demonio sa Bagong Tipan

Subalit maaaring sabihin mo, “papaano naman ang tungkol sa lahat ng mga sipi sa Bagong Tipan na maliwang nagsasabi tungkol sa mga demonio?”

Isang bagay ang dapat nating ipaliwang: Ang Biblia ay hindi maaaring salungatin ang sarili. Ito ay salita ng Makapangyarihang Dios. Kung malinaw na sinabihan ng Dios ang nagdadala ng ating mga suliranin at siya ang pinanggagalingan lahat ng kapangyarihan, sa gayun ang Biblia ay hindi rin masasabi sa atin na ang mga demonio – mga maliit na dios-diosan na kalaban ng Dios- ang nagdadala ng ganitong bagay sa atin. Wari’y mahalaga ang salitang “mga diablo” ay nabanggit ng apat na beses lamang sa Luman Tipan at palaging inilalarawan ang pagsamba sa dios-diosan ngunit sumagi ito ng maraming beses sa mga talaan ng Ebanghelyo. Ipinahihiwatig namin ito dahil sa panahon na ang mga ebanghelyo ay isinulat. Kasabihan noon na ano mang karamdaman o sakit na hindi alam kung ano ay kagagawan ng mga demonio. Kung talagang ang mga demonio ay nabubuhay at siyang may kagagawan ng mga sakit at mga problema, sa ganyan ay maaaring sabihin nating muli na ang tungkol sa kanila sa Lumang Tipan. Ngunit hindi antin binasa ang tungkol sa kanila (mga demonio), kailan man sa ganitong pakahulugan.

Mga Demonio sa Bagong Tipan

Upang sabihin na ang mga demonio ay pinalayas ng isang tao ay nagsasabi na sila'y gumaling sa isang sakit ng pag-iisip o isang karamdaman na hindi nila alam kung ano sa panahong yaon. Ang mga taong nabubuhay noong unang sangdaang taon ay mahilig sisihin ang lahat ng bagay na hindi nila alam sa haka-hakang mga tao kung tawagin ay "mga demonio". Sira ang ulo o loko-loko ay isang bagay na hindi kayang malaman ng kanilang kapantay na kaalaman sa paggamot, itinuturing nila na yaong mga nagkakaanak ng ganito ay "alipin ng demonio". Sa panahon ng Lumang Tipan ang sing espiritu o masamang espiritu ay tinutukoy ay isang espiritu o masamang espiritu ay tinutukoy ay isang taong nagugulo ang isipan (Huk. 9:23; 1 Sam. 16:14; 18:10). Sa panahon ng Bagong Tipan, ang salitang masamang espiritu na sinapihan ng diablo o demonio ay tinutukoy ang mga yaong may sakit sa pag-iisip. Ang pagkakaugnay ng mga demonio sa sakit na ito ay ipinakita sa pamamagitan ng mga sumusunod:- "Kanilang dinala sa kaniya (Jesus) ang maraming inaalihan ng demonio; at pinalayas niya sa isang salita ang masasamang espiritu . . . upang matupad ang sinab sa pamamagitan ng propeta Isaias sa Lumang Tipan, na ang sabi, siya rin ang kumuha ng ating mga sakit, at nagdala ng ating mga karamdaman" (Mat. 8:16-17). Kaya ang mga sakit at mga karamdaman ay parehong pinaghaharian ng mga "demonio" at "masamang espiritu".

Ang akala ng mga tao na si Jesus ay nauulol at sinabi na ito'y nangyari sapagkat siya ay may demonio – "Mayroon siyang demonio, at siya'y nauulol" (Jn 10:20; 7:19-20; 8:52). Samakatwid, kanilang inakala na ang mga demonio ang dahilan ng pagka-ulol.

Pagpapagaling Sa Mga May Karamdaman

Kapag sila ay napagaling na, ang mga taong sinapihan ng “mga demonio” ay sinasabing nagbalik na sa kanilang dating “katinuan” – Mar. 5:15; Luc. 8:35. Ipinahihiwatig dito na ang tawag sa sinapihan “ng mga demonio” ay isa pang paraan upang sabihing ang isang tao ay nauulol – i.e. wala sa kaniyang katinuan.

Yaong mga “pinaghaharian ng mga demonio” ay masasabing “napagaling na” o “nalunasan na” – Mat. 4:24; 12:22; 17:18 – nangangahulugang ang pinaghaharian ng demonio ay isa pang paraan ng paglalarawan ng karamdaman.

Sa Lukas 10:9 sinabi ni Jesus sa kaniyang 70 apostoles na magsiyao upang paggalingin ang mga maysakit at kanilang ginawa. Sila’y bumalik at nagsabi sa bersikulo 17, “kahi’t mga demonio ay nasasakop naming sa pamamagitan ng iyong pangalan” – sa muli ang mga demonio at karamdaman ay pinagtulad. Pagka minsan, pinapaggaling nga mga alagad ang mga tao sa pangalan ni Jesus at dito’y mayroon tayong halimbawa ng ganito (tingnan sa Mga Gawa 3:6; 9:34).

Katawagan Ng Panahong Yaon

Ganyan ang nalaman natin sa Bagong Tipan na kasabihan ng panahong yaon ang paglalarawan sa isang taong nasasapihan ng mga demonio kung sila ay nauulol o may isang karamdamang walang nakakaalam kung ano. Sa panahon ng kabihasan ng Romano at

Griego, pinaniniwalaan na ang mga tao ay sinasapian ng demonio, sa gayun lumilikha ito ng pagkasira ng ulo. Yaong mga kristiyano na naniniwala sa pagkakaroon ng mga demonio ay mabisang sinasabi na ang mga kapanahunang paniniwalang pagano sa lugar na ito ay talagang totoo. Ang Biblia ay sinulat sa salitang naiintindihan ng mga tao. Sapagkat ginamit nito ang katawagan o kasabihan ng panahong yaon ay hindi nangangahulugang ITO (Biblia) O SI Jesus ay naniniwala sa mga Demonio. Sa ganito ring paraan sa Inglis mayroon tayong salitang “baliw” upang ilarawan ang isang sira ang isip. Sa literal ito’y nangangahulugang isang taong “sumpungin”. Sa mga lumipas na taon, ang mga tao’y naniniwala na kapag ang isang tao ay lumabas at naglakad ng gabi na may buwang maliwanag, sila’y maaaring “sumpungin” ng buwan at maging sira ang isip. Ating ginamit yaong salitang “baliw” ngayon upang ilarawan ang isang taong sira ang isip, subalit hindi ibig sabihin nito na tayo’y naniniwala na ang pagka-loko ay dahilan sa buwan.

Kung ang mga salitang ito ay sinulat at uliting basahin sa panahong 2000 taon kung si Jesus ay hindi pa bumabalik – maaaring akalain ng tao, na tayo ay naniniwala na ang buwan ang sanhi ng pagkabaliw, ngunit sila ay maaaring mali sapagkat atin lamang ginagamit ang kasabihan ng ating panahon katulad ng ginawa ni Jesus noong may 2000 taon na ang nakalipas. Kagaya sa paglalarawan natin ng isang minanang kaguluhan bagay katulad ng “Sayaw ni Santong Vitus” na ni hindi dahilan kay “Santong Vitus”. Maliwanag na si Jesus ay hindi ipinanganak noong Disyembre 25 ngunit ang manunulat sa panahong ito ay ginamit pa ang katawagang “Araw ng Pasko” habang tinutukoy ang araw na yaon, kahi’t hindi tayo naniniwala na ingatan nating ipagdiwang ang kapanganakan ni Cristo. Ang mga pangalan ng mga araw ng lingo ay ibinatay sa mga paganong pagsamba sa mga dios-diosan . . . e.g. “Linggo” nangangahulugang araw na inilaan sa

pagsamba sa Araw; “Sabado” ay araw ng pagsamba sa planetang Saturno; “Lunes” para sa buwan, at iba pa. Sa paggamit ng mga pangalang ito ay hindi ibig sabih’y nakikibahagi tayo sa paganong pananampalataya ng mga yaong unang lumikha ng ating kasalukuyang salita. “Influenza” ay katulad din ng isang tema na karaniwang ginagamit ngayon; ang temang kahulugan nito “ay nahihikayat ng mga demonio”. Nang si Daniel ay pinangalanang “Beltheshazzar” isang ngalang na naglalarawan ng isang paganong dios-diosan, ang nagpasiglang ulat sa Daniel 4:19 ay tinawag siyang “Beltheshazzar” na hindi sinabi na ang sailtang ito ay naghahayag ng salang paglalarawan . . . Ako’y nagsasalita tungkol sa “ang Papa” bilang isang paraan ng pagkilala sa isang tao, kahi’t na nalalaman kong mali upang paniwalaang tunay na siya ay isang “papa” o amo (Mat. 23:9).

May isang alamat sa panahon ni Ezekiel na ang lupa ng Israel ay may pananagutan sa mga kasawiang-palad ng mga natira doon. Ito ay hindi totoo at gayun man, kinatuwiran ng Dios sa Israel na ginamit ang idea na sa panahong yaon ay laganap o popular, “Ganito ang sabi ng Panginoong Dios, Sapagkat kanilang sinabi sa iyo, Ikaw na lupain ay manglalamon nga ng mga tao, at naging mapagpahirap sa iyong bansa; kaya ikaw (ang bansa) ay hindi na manglalamon pa ng mga tao – sabi ng Panginoong Dios” (Ezek. 36:13, 14). Mayroong isang laganap na paniniwala ng mga pagano na ang dagat ay isang malaking dambuhala na nagnanais lamunin ang lupa. Kahit ito ay tunay na hindi totoo ang Biblia ay madalas ginagamit ang paglalarawang ganito upangtulungan ang kasalukuyang mga

bumabasa upang mintindihan ang ideang isinasalaysay: tingnan sa Job 7:12 (Salin ni Moffat); Am. 9:3 (Moffat); Jer.5:22; Awit 89:9; Hab.3:10; Mat. 14:24 (Aklat sa Griego); Mar.s 4:30. Ang alamat ng Assyria ay tinawag ito na manghihimagsik na dambuhalang daga "Rahab"; at ito ay tamang-tama sa pangalangibinigay sa dambuhalang dagat ng Ehipto sa Mica. 51:9.


Sa pagkaunawa na ang Biblia ay nabuo sa pamamagitan ng siglang ibinigay ng Dios, imposibleng mangyaring ang Biblia ay naglalarawan lamang ng mga kapangyarihan ng mga pagano na laganap sa panahong yaon ng ito ay isulat. Maaaring sinadya ito ng Dios upang ipahiwatig ang kapanahunang paniniwala upang ipakita na Siya ang tunay na pinagmumulan ng kapangyarihan. Siya ang namamahala sa dambuhala ng karagatan kung kaya't ginagamit nito ang Kaniyang kalooban. Kaya itinuwid ng Dios ang pangunahing pagkakamaling pananampalataya ng mga tao na may mga lakas o kapangyarihang umiiral sa sanglibutan na hindi napapasakop sa pamamahala ng Dios, at sila sa gayun ay masasama dahil sa pagkakasangkot. Samantala, ang Biblia, sa ganitong halimbawa, ay patuloy sa kaniyang layunin upang pintasan ang kahangalan ng paniniwala na mayroong malaking halimaw na nagtatago sa dagat o ang dagat ang iyang halimaw o dambuhala.

Isa pang halimbawa ay ang paglalarawan ng kidlat at bagyo na kagaya ng isang mang lilinlang na ahas" (Job 26:13; Isa. 17:1).

Ito ay tunay na ipinahihiwatig upang ang sinaunang paniniwalang pagano na ang kidlat at nakakatakot na kaanyuan ng papawirin ay tunay na pangitain ng isang malaking ahas. Ang mga pariralang ito (passages) ay hindi naghahayag ng kahangalan o kaululan ng mga ganyang haka-haka o magtangkang magpaliwanag ng paraang maka-sensiya. Sa halip, kanilang ipinakita na pinamamahalaan ng paraang maka-sensiya. Sa halip, kanilang ipinakita na pinamamahalaan ng Dios ang mga bagay na ito. Ang layunin ni Cristo sa nananatiling paniniwala sa mga demonio ay katulad sa ganitong bagay; ang kaniyang ginawa na himala ay maliwanag na naghahayag na ang kapangyarihan ng Dios ay ganap at lubos, walang hangganan dahil sa pamamagitan ng mga pamahiin ng mga tao tungkol sa mga tintawag na “mga demonio”. Yaong mga naniniwala na ang Bagong Tipan ay itinala ang “mga demonio” ay nagpapatunay na ang mga taong ganyan ay tunay na nabubuhay na may tungkulin na tanggapin na ang dagat ay talagang isang halimaw, at ang kidlat ay isang malaking ahas. Ito ay tunay na mahalagang paksa; kinakailangang magkaroon ang Biblia ng isang karapatan upang gamitin ang umiiral na salita ng panahong ito ay isinulat, na walang kailangang ipagtanggol ang mga paniniwala na siyang batayan ng salitang yaon. Ipinakita natin ang ating sariling paggamit ng salita ay magkatulad. Ginawa ito ng Biblia upang magpatunay uri ng batayan ng katotohanan na ating pinagaralan sa mga Aral 6.1 at 6.2 – na ang Dios ay makapangyarihan sa lahat; Siya ang may kagagawan ng ating mga pagsubok o paghihirap; ang kasalanan ay nagbubuhay sa loob natin – lahat ng mga bagay na ito ay magagawna pahalagahan sa pamamagitan ng pagkilala sa kadakilaan ng kapangyarihan ng Dios upang magligtas. Ang mga

binansagang “matataas na manunuri o kritiko” ay palaging nagtutuklas ng kaugnayan sa pagitan ng salita sa Ebanghelyo at ang mga paniniwala at pagkakaunawa ng nakapaligid na kultura o kabihasnang, kung saan ang Biblia ay binigyang-sigla at itinala. Ang mga ito ay nauunawaaan at kapag nalalaman na ang Biblia ay ginagamit ang salita na nagtutukoy sa pambayang paniniwala, ngunit ginagawa ang ganyan, upang magawa ang layunin na si Yahweh ang tunay at tanging Dios, ay mas mahalaga kay sa mga di mahahalagang pananampalataya ng mga tao na maaaring nalaman ng mga yaong unang nakabasa ng mga salitang binigyang sigla, mga sariwang mula sa bibig ng mga propeta.

Sa ganitong pagkakaalam, nakapagtataka kung paano dumami ang halimbawang matatagpuan sa Bagon Tipan na gumamit sa salita ng panahong yaon na hindi itinama ang gayung salita. Narito ang mga halimbawa:

 Pinaratangan ng mga Pariseo si Jesus na gumagawa ng kababalaghan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng isang di tunay na dios na tinawag na Beelzebub. Sinabi ni Jesus, “At kung sa pamamagitan ni Beelzebub ay nagpapalabas ako ng demonio, ang inyong mga anak sa kaninong pamamagitan sila ay pinalalabas?” (Mat. 12:27). Sa 2 Hari 1:2 ay sinabing maliwanag sa atin na si Beelzebub ay isang huwad na

dios ng mga Palistinia. Hindi sinabi ni Jesus na si Beelzebub ay isang di tunay na dios, kaya ang pagbibintang niyo ay hindi totoo. Hindi siya nagsasalita na wari ay si Beelzebub ay buhay, sapagkat nais niya na ang kaniyang mensahe ay malaman ng mga taong kaniyang pinangangaralan. Sa ganyan ding paraan nagsalita si Jesus sa pagpapalayas ng mga demonio – hindi siya nanatiling magsalita “talagang sila ay hindi nabubuhay”, siya ay basta nangangaral ng Ebanghelyo sa salita ng kapanahunang yaon.

📖 Sa Mga Gawa 16:16-18 ay mga salita ni Lucas, sa ilalim ng pagpasigla ng Dios: “Isang dalagang may karumaldumal na espiritu ng isang Sawa ay nasalubong naming”. Kagaya ng naipaliwanag na sa tala sa ibaba (footnote) ng salin sa Diaglott, and Sawa ay ang pangalan ng isang hindi tunay na dios na pinaniniwalaan noong unang sangdaang taon, maaring katulad ng pagkakilala na dios si Apollos. Kaya ang Sawa ay talagang hindi tunay; ngunit hindi sinabi ni Lukas na ang babae ay “nasasapian ng isang espiritong sawa, na, maiba ako, aya isang huwad na dios na tiyak na hindi tunay . . .” Katulad din na hindi sinabi ng Ebanghelyo na si Jesus ay pinalayas ang mga demonio na sa isang dako, ay talagang hindi tunay, ito lamang ang bansag na tawag ng panahong yaon sa pagtukoy ng karamdaman.”

📖 Itinala sa Luc. 5:32 na ipinahayag ni Jesus sa mga makasalanang Hudeo “Hindi ako pumarito upang tawagin ang mga matuwid” . . . Nais niyang sabih’y “Hindi ako pumarito upang tawagin ang mga

naniniwala na sila ay matuwid”. Nguni’t nagsalita si Jesus sa kanilang sariling kalagayan, kahit na sa pamamagitan ng teknikal, ginagamit niya ang salitang hindi totoo. Sa Lukas 19:20-23 ipinakita ni Jesus ang paggamit ng hindi totooong mga salita ng isang taong binigyan ng isang mina (one talent) sa talinghag upang mangatwiran sa kaniya, subalit hindi niya itinuwid ang maling mga salita na ginamit ng tao.

📖 Ang Biblia ay madalas magsalita ng “pagsikat” at “paglubog” ng araw; ito ang paraan ng paggamit ng tao, ngunit hindi makasiensiyang tama. Kagaya ng karamdaman na tinawag sa technical na “mga demonio” na hindi tama. Sinabi sa Mga Gawa 5:3 kung paano si Ananias ay nilinlang ang Espiritu Santo. Katunayan, kailang man ito ay hindi mangyayari, gayun ma’y kung ano ang inaakala ni Ananias na kaniyang ginagawa ay nasabing totoo kahit na hindi.

📖 Maraming halimbawa sa Biblia ng mga salitang ginagamit na naiintindihan sa panahong ito ay isinulat ngunit ngayon ay hindi maintindihan natin, katulad ng “balat sa balat” (Job 2:4) tumutukoy sa lumang kaugalian ng pagpapalitan ng balat sa parehong halaga; isang lalakeng patutot ay ang tawag aya isang “aso” sa Duet.23:18. Ang salitang mga demonio ay isa pang halimbawa.

📖 Ang mga Hudeo nang panahon ni Cristo ay inakalang sila’y mga banal sapagkat mga apo ni Abraham. Sa gayo’y tinawag sila ni Jesus, “mga makatwiran (Mat. 9:12-13), at sinabi, “Talastas ko na kayo’y binhi ni Abraham” (Jn 8:37). Subalit hindi siya naniniwala na

sila'y matuwid na katulad na madalas niyang ipaliwanang; at lubos na ipinakita sa pamamagitan ng kaniyang pangangatuwiran sa Jn 8:39-44 na sila ay hindi binhi ni Abraham. Kaya hinuhusgahan ni Jesus ang mga tao sa kanilang pananampalatay, hindi kaagad sasalungatin sila, ngunit sa halip ay patutunayan ang katotohanan. Ating ipinakita na ganito ang paglapit ng Dios sa pakikitungo sa pananampalataya ng mga pagano na karaniwan sa panahon ng Lumang Tipan. Ang pagtingin ni Cristo sa mga demonio sa panahon ng Bagong Tipan ay pareho; ang kaniyang ginagawang kababalaghang bagay ng Dios ay naging ganap na maliwanag na ang karamdaman ay sanhi ng Dios, hindi ng ibang kapangyarihan, nalalamang ang Dios ang siyang may kapangyarihang lakas upang paggalingin sila.

📖 Ipinahayag ni Pablo mula sa mga makatang Griego, kilala sa maraming pinagsasabing kaululang hindi galling sa Biblia upang guluhin yaong mga naniniwala sa kung ano ang mga itinuturo ng mga makata (Tit. 1:12; Gaw. 17:28). Kung ano ang ating imumungkahi ay ipinaliwanag sa pamamagitan ng sagot ni Pablo upang maghanap ng isang dambana para pagukulang ng pagsamba sa "Hindi Kilalang Dios", i.e. alin mang dios-diosang ng pagano na maaaring tunay, ngunit ito ay hindi napuna ng mga tao sa Athena. Sa halip na kagalitan, dahil sa kanilang kalokohan sa pananampalataya dito, inalis ni Pablo ang kanilang paniniwalang ito upang malaman ang isang tunay na Dios na hindi nila kilala (Gaw 17:22-23).

- 📖 Sinabi sa Efe. 2:2 na “ang pangulo ng makapangyarihang hangin”. Maliwanag na tinutukoy dito ang pagkaunawa sa alamat tungkol kay Zoroaster – ang uri ng bagay kug saan ang mga mambabasa ni Pablo dati ay naniniwala. Sinabi ni Pablo na say dating “nasa mga kapangyarihan ng pangulo ng hangin”. Sa bersikulong yaon din, ipinaliwanag ni Pablo ito bilang “espíritu (niloloob ng isip) na . . . lumilikha” sa loob ng likas na tao. Dati-dati sila’y naniniwala sa pagkaunawa ng pagano sa isang makalangit na espiritong prinsipeng ngayon ay nagawa ni Pablo na ipaliwanag sa kanila na ang tunay na kapangyarihan sumasaklaw sa kanila ay ang sarili nilang makasalanang pag-iisip. Kaya nga, ang hakakang pagano ay nagpapahiwatig at nagpapahayag ng walang tiyak na binubulyawan ito habang ipinakikilala ang katotohanan tungkol sa kasalanan.
- 📖 Inilalarawan sa Gaw. 28:3-6 kung paano ang isang nakamamatay na ahas ay sinibasib si Pablo, at kumapit sa kaniyang kamay. Ang mga tao sa harap niya ay inakala na siya ay mamamatay tao, na “dapat paghigantihan upang huwag ng mabuhay”. Ang kanilang akala sa kalagayang yaon ay lubos na mali. Subalit hindi ipinaliwanag ito ng detalye sa kanila ni Pablo; sa halip ay gumawa siya ng himala – iwinasiwas niya ang ahas na hindi siya kinagat nito.
- 📖 Ang mga himala ni Jesus ay nalantad ang kamalian ng karaniwang paniniwala, e.g. tungkol sa mga demonio, na di kinakailangang itama ito sa marami pang pananalita. Dahilan dito, sa Lucas 5:21 ang mga Hudeo ay gumawa ng dalawang huwad na pahayag:

na si Jesus ay isang sinungaling, at ang Dios lamang ang makapagpapatawad ng mga kasalanan. Hindi sinabihan sila ni Jesus upang ituwid sila, sa halip aya gumawa siya ng himala upang patunayan ang kamalian ng mga sinasabi nila.

📖 Malinaw na ang paniniwala ni Jesus na ang mga gawa ay mabisa kaysa mga salita. Bihira niyang pinaratangan ng tuluyang ang mga maling haka-haka, kaya hindi niya itinatakwil ang Kautusan ni Moises na isang bagay na di maaaring maghandog ng kaligtasan, ngunit ipinakita niya na sa pamamagitan ng kaniyang mga gawa, e.g. pagpapagaling sa araw ng Sabbath, kung ano ba ang Katotohanan. Nang siya ay muling pinagbintangan na isang Samaritano, hindi niya ito ikinaila, (Jn 8:48, 49 cp. 4:7-9) kahit na ang kaniyang pagka-Hudeo, bilang binhi ni Abraham ay napakahalaga para sa plano ng Dios sa kaligtasan (Jn 4:22).

📖 Kahit na ang mga Hudeo ay gumawa ng maling pasya (sinadya) na si Jesus ay “nakikipantay sa Dios” (Jn 5:18), malinaw na hindi itinanggi ito ni Jesus, sa halip ay pinatunayan niya na ang kaniyang makapangyarihang himala ay ipinakita na siya ay isang taong gumagawa sa kapakanan ng Dios at sa gayo’y HINDI siya kapantay ng Dios. Ang mga himala sa pagpapagaling ni Cristo sa taong pilay sa lawa ay upang ilarawan ang kaululan ng alamat ng mga Hudeo na ang panahon ng Paskua ng Panginoon isang anghel ay kikibuin ang tubig sa tangke ng Betsaida, para magkaloob ng pang-lunas na bias sa tubig na ito. Ang alamat ay nakatala na walang

tahasang pagtangga sa katotohanan nito; ang ulat ng ginawang himala ni Cristo ay ang paglalantad ng ganitong mga kamalian o walang katotohanan (Jn 5:4).

📖 Sa 2 Ped 2:4 pinagusapan ang mga makasalanang tao papapunta sa Tartarus (isinaling “impiyerno” sa maraming salin). Ang Tartarus ay isang alamat na lugar sa ilalim daigdig; ngunit hindi itinuwid ito ni Pedro sa pagkaunawang yaon, sa halip ay ginamit ito bilang isang simbolo ng lubusang pagwasak at pagpaparusa sa kasalanan. Katulad ng paggamit ni Cristo sa salitang Gehenna (tingnan sa Aral 4.9).

Ang Demonio Ba Ay Talagang Sanhi Ng Karamdaman?

Bawa't isang naniniwala na ang demonio ay tunay ay dapat tanungin ang kaniyang sarili: “Kapag ako ay may sakit, ito ba ay dahil sa mga demonio? Kung inaakala mo na ang Bagong Tipang ay tinutukoy ang mga demonio na parang maliliit na dios na umaaligid sa kapligiran at gumagawa ng kasamaan, sa gayun, dapat mong sabihin ay “Oo”. Sa bahay na iyan, paano mo ipaliliwanag ang katotohanan na maraming sakit ang isinisisi sa mga demonio ay maaari gn mapigil ngayon sa pamamagitan ng mga gamot? Pangunahing halimbawa ay ang malaria. Maraming tao sa Africa hanggang ngayon ay naniniwala na ang malaria ay malulunasan ng kinina at iba pang mga gamot. Saka, sasabihin mo ba na habang nakikita, ng mga demonio ang dilaw na tabletas pababa sa iyong lalamunan siya'y matatakot at lilipad na palayo? Ang ibang mga karamdaman na pinagaling ni Jesus ay inilalarawang sanhi ng pagka-alipin ng demonio na naging katulad ng tetanus o epelipsi – kapwa maaaring mapagaan sa pamamagitan ng mga gamot.

Isang kaibigan ko na galling sa isang nayon, sa labas lamang ng Kampala sa Uganda ay sinabi sa amin na ang mga tao doon ay nasanay ng maniwala na ang malaria ay sanhi ng mga demonio subalit nang Makita nila kung paano madaling nasusugpo ito ng mga gamut, huminto silang sisihin ang mga demonio. Subalit kapag ang isang tao ay may “cerebral malaria” (ngiging loko-loko) kanila pa ring sinisisi ang mga demonio. Isang doctor ang dumating buhat sa isang kalapit na bayan at nagbigay sa kanila ng matinding gamut laban sa malaria bilang pang-lunas, ngunit kanilang tinanggihan sapagkat sinabi nila na ang kanilang kailangan ay ibang bagay upang labanan ang mga demonio, hindi malaria. Pagkatapos ay bumalik ang doctor at sinabi: “Mayroon akong isang gamut na magpapalayas sa mga demonio”; ang taong may sakit ay sabik na sabik na tinanggap ang gamut, at gumaling. Agn ikalawang tabletas ay katulad din noong naunang mga tabletas. Hindi naniniwala sa mga demonio ngunit ginamit niya ang pananalita nang panahong yaon upang mapalapit sa damdamin ng tao – katulad ng “Dakilang Manggagamot”, ang Panginoong Jesus noong 2000 libong taong nakalipas.

Pagsalungat 17: Pangkukulam

Ang paglayo sa paksa, hinggil sa lahat, ay sinulat upang mapagbigyan ang mga kailangan ng mga nasa Aprika at sa iba pang lugar ng sanglibutan kugn saan ang pangkukulam ay isang karaniwang katangian o gawain sa araw-araw na pamumuhay. Ito’y kinikilala ng lahat ng nagaaral ng Biblia na dumudulog sa mga

mangkukulam, ang mga doctor sa Aprika at katulad nito ay kalaban ng mga matapat sa katotohanan. Gayun man, natutuwa ako na ang mga mangkukulam na mga doctor dahil sa mumurahing klase at malimit ay madaling lapitan kaysa mga tunay na doctor, kasama ng kanilang malinaw na tagumpay, sila'y nagiging kaakit-akit. Dapat nating tingnan ang problemang ito sa isang makatuwiran na kaparaanan ng Biblia. Ito ang tanging paraan para malaman mo ang kapangyarihan upang mapaglaban ang tukso sa paggamit ng mga taong ito.

Ang Mga Pagaangkin Ng Mangkukulam

Unang-una, ang pagaangkin ng mga mangkukulam na ito sa kanilang tagumpay ay kailangang suriin. Tayo ay nakakaseguro na karamihan ay malabis na pagaangkin sa nagawanilang tagumpay. Ang kanilang pagpapagaling ay hindi ginawang lantaran upang ang lath ay makakita. Kung talagang sila ay nagtagumpay, marahil sila'y maaaring magtrabaho sa mga ospital at maaaring Makita sa buong daigdig. Ang tungkol sa kalagayan ng mga yaong inaangking kanilang pinagaling ay kailang man ay di rin nalaman kailan man – kung paano talaga sila ay napabuti ay hindi tiyak.

Kayong nahaharap sa ganitong tukso ay kailangang magatanong sa inyong sarili kung kayo ay may ganap na katibayan na kanilang kapangyarihan – e.g. nakita mo ba (hindi basta na lang napakinggan) ang isang tao na ang kamay ay nalagari sa isang lagarian na nagpunta sa isang mangkukulam at bumalik na mayroon ng bagon gkamay na nakagagawa ng maayos? Ito ang klase ng Katibayang kailangan natin bago

bigyan sila ng ano mang paniniwala sa ano mang paraan. Sa Deteronomeo 13:1-3 ay mas matindi; pinangaralan ang Israel na kung ang isang mangkukulam ay gumawa ng isang himala na nagpakit ng kababalaghan, sila'y hindi parin naniniwala sa taong yaon hangga't hindi sila nagsasalita ng tunay na doktrina batay sa Salita ng Dios. Ito ay maliwanag na ang mangkukulam na manggagamot ay hindi naniniwala sa katotohanan na ibinunyag sa Biblia – samakatuwid hindi nararapat na tayo ay matukso upang paniwalaan na sila'y mayroong tunay na kapangyarihan, dahil nalalaman natin na ang lahat ng kapangyarihan ay nanggagaling sa Dios (Rom. 13:1; 1 Cor. 8:4-6).

Ikalawa, ang klase ng mga reklamong kanilang tinatalakay ay mahalaga. Kinikilala ito ngayon na ginamit lamang natin ay humigit kumulang sa isang porsiyento na kaya ng ating pagiisip. Ang natira ay wari'y di abot ng kapangyarihan upang gamitin ang kaalaman (walang dudang gagamitin natin sa Kaharian). Walang pagkakaunawa nito, ang ating pagiisip ay maaring magkaroon ng parehong epekto sa ating mga katawan. Kaya mga taong dalubhasa sa agham ng isip ay kilalang nakapag-papagaling ng tao na may karamdaman sa dugo sa pamamagitan ng paghikayat sa kanila na isiping malabis na ang kanilang dugo ay tamang-tamang naitatag at nagawang maayos. Tinatanggap ng mga doctor na pmainsan-minsan yaong mga pagpapagaling ay nangyayari na hindi umaasa sa pinagkaugaliang gamut. Katulad ng mayroong isang matinding iniisip ng ating isipan ay maaring maging sanhi ng ulcer sa tiyan at sa sakit ng ulo. Paluwagin ang isip o

gamitin ito sa isang tiyak na paraan ay lalayas ang mga karamdamang ito. Subalit kung halimbawa ang ating kamay ay naputol sa isang lagarian ano mang dami ng pag-ehersisyo ng pag-iisip ay hindi maaaring mabalik ang kamay sa dati. Ang karamdaman lamang na mapipigil sa pamamagitan ng ating pag-iisip ay ang mga sakit na wari ay ang mangkukulam ang gumawa. Sapagkat hindi natin alam ng lubusan kung paano gumagawa ang ating pag-iisip na wari'y ito ay dahilang sa ibang pang-katawang kapangyarihan na taglay ng mga mangkukulam. Ngunit hindi ito ganito, ito ay sa pamamagitan ng kanilang kapangyarihan sa pag-iisip ng mga tao na kanilang dinalang pairalin sa buong paligid.

Ang Pinanggalingan Ng Kapangyarihan

Gayunman, lahat ng kapangyarihan ay galling sa Dios. Kapwa mabuting bagay at masamang bagay, katulad ng karamdaman ay dahilan sa Kaniya – hindi mga mangkukulam. Ito ay isang karaniwang paksa sa Banal Na Kasulatan: Isa. 45:5-7; Micah 1:12; Amos 3:6; Exo. 4:11; Duet. 32:39; Job 5:18. Lahat ng mga ito ay gagantihan ang inyong maingat na pagbasa. Kasunod ay tayo ay nararapatmanalangin sa Kaniya. Kung tayo ay may sakit, gawin ang lahat na maaaring gawin sa paggamit ng kaukulang gamut upang malunasan ang problema. Kung babaling tayo sa mga mangkukulam na manggagamo tayo ay lumapit sa taong ngagaangkin na sila'y may pamamahala “sa kapangyarihan ng kadiliman” na kaya nila upang tayo ay mapagaling. Ngunit alam natin na ang mga

kapangyarihang yaon na pinaniniwalaan nila ay hindi tunay. Ang dios ang pinagmumulang ng kapangyarihan. Pagbaling sa mangkukulam ay paniniwala na ang Dios ay hindi tunay na makapangyarihan, na ang Dios ay hindi dahilan ng ating karamdaman kundi ibang kapangyarihan kung saan ang mga mangkukulam ay nagaangkin na sila ang namamahala.

Sa paniniwalang ganyan ay nagpapasama ng kalooban ng Dios sapagkat alam Niya na Sia ang nagdudulot ng karamdaman, at Siya ay makapangyarihan sa lahat. Pinili ng Israel upang maniwala sa Dios ngunit naniniwala rin sila na mayroong ibang makapangyarihan na gumaganap sa kanilang mga buhay na dapat nilang pakisamahan sa pamamagitan ng pagsamba sa dios diosan na ginawa para sa mga kapangyarihang yao (imahen o estatua). Ito ang nagpagalit sa Dios at Kaniyang pinalayas sila sa pagiging Kaniyang mga tauhan (Duet. 32:16-24). Para sa Dios, maliban kung hindi tayo mayroong lubos na pananampalataya sa Kaniya, hindi tayo talaga naniniwala sa Kaniya sa ano mang paraan. Upang mag-angkin ng isang tunay na pananampalataya sa Dios ng Israel at tanggapin pati ang pagkakaroon ng iba pang kapangyarihan hiwalay sa Dios at hayaang isang mangkukulam and humikayat sa mga kapangyarihang yaon upang hayaan tayo sa ating sarili ay pagkilos ng tiyakang ginawa ng Israel noong lumipas na panahon. Ang mahaba at malungkot na kasaysayan ng dios-diosang pagsamba ng Israel ay “isinulat upang ating pagaralan.” Dapat ay wala tayong pakikisama kailan man sa mga yaong naniniwala sa mga kapangyarihang ito.

“Anong pakikisama mayron ang kaliwanagan sa kadiliman? Anong pakikipagkaisa mayroon ang templo ng Dios sa mga dios-diosan? Sapagkat kayo ang templo ng Dios . . . Kaya nga magsialis kayo sa kanila, at magsihiwalay kayo; Sabi ng Panginoon, at ako sa inyo’y magiging ama, at sa akin kayo’y magiging mga anak na lalake at babae” (2 Cor.6:14-17)

Kung talaga tayo’y gagawa ng mga pagsisikap at pagtitiis upang humiwalay sa mga bagay na ito, sa gayun tayo’y maluwalhating makatitiyak na tunay tayong mga anak ng Mismong Dios. Ang katutubong magulang ay likas sa pagaalaga sa kaniyang anak kapag ito ay may karamdaman. Talaga bang mahirap mag-samasama o matulong-tulong sa ating panampalataya upang maniwala na ang ating Amang nasa langit ay gagawa ng higit pa sa riyan?

Katunayan na ang mga mangkukulam lamang ang may kayang humikayat sa mga yaong naniniwala sa kanila. Sa ganyan, ding paraan ang isang nawalan ng isang mahal sa buhay ay pupunta sa isang espiritista at magtatanogn upang Makita ang patay na tao. Sasabihin ng espiritista at magtatanong upang Makita ang patay na tao. Sasabihin ng espiritista sa kanila na pumikit sila at gunigunihin ng maliwanag ang mukha ng taong namatay. Ang suki ay itutuon ang pagiisip sa isang larawan ng taong namatay na kanilang maliwanag na natandaan. Sa

ganyan, ang espiritista ay mababasa ang pagiisip ng kliyente ng labis na katotohanan ay amagpapahayag tungkol sa tao (na namatay) na parang buhay na buhay, kaya ang kliyente ay mahihikayat maniwala na ang espiritu ay nakita ang patay na tao na buhay. Pansinin na walana malakas na katibayang naibigay na ang tao ay buhay. Ngunit kung ang kliente ay ayaw maniwala o sumunod sa espititista, sa ganyan ay walang kasasapitan.

Ang mga “mangkukulam” na karaniwang sinabihan si Faraon at Nebuchadnezzar na ang kanilang panaginip ay hindi mangyayari sa kanilang pamamahalang kalagayan maliban kung sila ay makatuwirang nagtatagumpay. Walang alinlangan na ginamit nila kadalasan ang ganitong pamamaraang pagbasa ng pagiisip. Samantalang, ang Dios ay masangkot sa buhay ng taong kanilang pinakikitunguhan, katulad ng namagitan Siya sa mga buhay ni Faraon at Nebuchadnezzar, kaya nawala ang kapangyarihang ito. Katulad din ng pananalig ni Balak sa kapangyarihan ni Balaan sa pagsumpa sa mga tao . . . inalok niya siya ng malajking salaping gantimpala sa kaniyang mga paglilingkod, sinabing dahilan sa nakaraang karanasan, talastas niya “na ang iyong sinusumpa ay mapapasama” (Bilang 22:6). Ngunit si Balaan, na sa ibang kalagayan ay kagaya ng isang mangkukulam na manggagamot ay naramdaman na ang kaniyang likas na kakayahan ay nawala sa kanya nang pakikitunguhan niya ang bayan ng Israel. Maliwanag na ang mga taong yaon ay walang ano mang kapangyarihan kapag pakikitunguhan nila ay mga taong kasamahan ng tunay na Dios kahit ano magn karangalan ang

kanilang pakinabangan dahil sa tagumpay kapag nakisama sa isang tao.

Mangkukulam Sa Biblia

Ang tunay na kahulugan nito ay kung tayo ay natukso upang pumunta sa isang mangkukulam, kaya dapat tayong magkaroon ng ganap na paniniwala sa kaniya. Walang dahlia sa paggamit ng mga manghuhula kung tayo ay umaasa lamang sa ikabubuti at sila mismo marahil ay gayun din ang dahilan. Upang ilagay ang buong pananampalataya sa mga taong yaon at sa pagkakaroon ng kapangyarihang kanilang inaangkin upang mamahala, ay nangangahulugang tayo ay may ganap na kakulangan ng pagtitiwala sa lubos na kapangyarihan ng tunay na Dios. Kung talagang naniniwala tayo, kasaysayn ni Faraon, ni Balak at ni Nebuchadnezzar na binanggit sa itaas, sa gayun nga hindi natin magagawang lumapit sa isang mangkukulam na may paniniwala na sila ay nakakagawa ng ano mang bias sa atin. Ang mga halimbawang pinagaralan ay ipinakita na ang mga mangkukulam ay walalang kapangyarihan sa buong bayan ng Dios – na malalaman nating tayo ay tinawag at nabautismuhan.

Mangkukulam ay maliwanag na tinawag ni Pablo bilang isang gawain ng “laman”, kagaya ng kaurian “erehiya” (maling pananampalataya) pakikiapid at karumihan (Gal. 5:19-21). Kaniyang sinabi, “akigipinagpapaunang ipaalala sa inyo, tulad sa aking pagpaalala nang una sa inyo (i.e. Ito ay lubhang

idinidiing bahagi ng pangangaral ni Pablo) na sila na gumagawa ng gayong mga bagay ay hindi magsisipagmana ng Kaharian ng Dios”. Ang katumbas nito sa ilalim ng Kautusan ni Moises ay ang utos na lahat ng mangkukulam, yaong gumagamit ng “pagka-dios” (divination) (isa pang tawag tungkol sa mangkukulam) at yaong gumagawa na ang kanilang anak ay dumaan sa apoy ay kailangang patayin kaagad (Duet. 18:10-11; Exo. 22:18). Ang mga yaong inilalalgay ang mga anak sa dambana ng apoy ay hindi tunay na mangkukulam – ang mga mangkukulam at pangunahing sumasamba sa dios-diosan ay nangaral na upang makakuha ng pagkalinga laban sa kapangyarihan ng kasamaan (o diablo) ; ang mga anak ng mga yaong nangangailangan ng pagkalinga ay kailangang dumaan sa apoy. Kaya nakikita nati na kapuwa ang mangkukulam at yaong gumagamit sa kanila ay dapat patayin at sa ilalim ng baagong kasunduan ang parusa dahil sa paggawa ng ganito ring bagay ay hindi tatanggapin sa Kaharian ng Dios.

Sa paggamit ng pangkukulam bilang isang paraang sa pang-sariling kabutihan ay isang bagay na ayaw ng dios na gawin natin. Sa bawat pasya kaugnay ng ating buhay kay Cristo nararapat nating itanong ng mabuti, “ang Dios ba ay talagang nais na gawin ko ito? Gagawin ko ba ito na nakatayo si Jesus sa tabi ko? Dahil sa maliwanag na pagbabawal ng Dios ng pang-kukulam, alam ko na ang sago ay walang dudang – hindi, ang Dios ay hindi papayag na gamitin ito. Pang-kukulam ay binigyan ng kahulugan ni Samuel na isang bahay na kaugnay ng “panghihimagsik” (sa Hebreo, ang ibig sabihin ay “paghamon”) laban sa Aslita ng Dios) sa Sam. 15:23). Upang pagalitin ang Dios, katulad ng ginawa ng Israel sa

pamamagitna ng kanilang pananampalataya sa dios-diosan at mangkukulam (Duet. 32:16-19), ay tunay na di kapanipaniwala. Tiniyak ng Dios na Kaniyang uutusan ang Israel upang palayasin ang mga Caananeo dahil sa kanilang paniniwala sa mangkukulam na kasuklam-uklam sa Kanya ngunit sa halip, sila'y sumama sa pagsasagawa nito (Duet. 18:9-14). Kaya sa mga bagong Israelitas na binyagang mananampalataya, dapat ay huwag gagawin ang mga bagay na nasa paligid ng makasalanang daigdig na ito, o kung hindi ay hindi natin maaaring manahin ng walang hanggan ang ipinangakong lupa ng Kaharian. Upang ikatuwiran na ang mangkukulam lamang ang gumagamit nito at hindi tayo, ay malayo sa paksa. Kung umaasa tayo na ang mga lilikhain ng mangkukulam ay mararamdaman natin, sa ganyan ay ito'y mabisang ginagamit natin.

Pagpalain nawa tayong lahat ng Dios samantalang tayo'y lumalakad sa mga huling araw na ito sa kadiliman ng sanglibutang Gentil patungo sa Kaniyang Kaharian ng Liwanag, at katotohanan at kaluwalhatian.

“Sapagkat hindi nila tinanggap ang pagibig sa katotohanan, upang isla ay mangaligatas . . . Ang Sios ay ipadadala sa kanila ang paggawa ng kamalian, upang maniwala sila sa kasinungalingan . . . Ngunit kami ay nararapat magpasalamat sa Dios dahil sa inyo, mga kapatid na minamahal ng Panginoon . . . Kaya nga, mga kapatid, kayo'y magpakatibay at inyong hawakan ang mga aral na sa inyo'y itinuro, maging sa pamamagitan ng salita, o ng aming sulat. Ngayon ang ating Panginoong Jesucristo rin, at ang Dios na

ating Ama, na sa amin ay umibig at sa amin ay nagbigay ng walang hanggang kaaliwan at mabuting pagasa sa pamamagitan ng biyaya, aliwin nawa ang inyong puso, at pagtibayin kayo sa bawat mabuting gawa at balita” (2 Tes. 2:10-17).

Pagsalungat 18: Ano ang nangyari sa Eden?

Genesis 3 bersikulo 4-5: “At sinabi ng serpiyente sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay: Sapagkat talastas ng Dios na sa araw na kayo’y kumain na yaon ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo’y magiging parang Dios na nakakakilala ng mabuti at masama”.

Laganap Na Kahulugan: Maling ipinalagay na ang ahas dito ay isang anghel na nagkasala, tinawag na “satanas”. Ipinatapon sa labas ng langit dahil sa kaniyang kasalanan, bumaba sa lupa at tinukso si Eva upang magkasala.

Mga Puna:

1. Ang sipi (passage ay nagsalita tungkol “sa ahas”. Ang mga salitang “satanas at “diablo” ay hindi lumilitaw sa buong aklat ng Genesis. Sa katotohanang ang mga ahas ay nasa katawan natin, gumagapang sa pamamagitan ng kanilang mga tiyan, ay patunay na ang mga ahas sa Eden ay isang literal na hayop. Yaong mga naniniwala o iba pang maaaring akalain na kapag sila’y nakakita ng isang literal na ahas ay nakita na nila mismo si “satanas”.
2. Ang ahas kailang ma’y hindi inilarawang katulad ng isang anghel.
3. Kaya hindi kataka-taka na walang tinutukoy sa Genesis sa kanino man na itinapon sa labas ng langit.
4. Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan (Rom. 6:23). Hindi maaaring mamatay ang mga anghel (Luc. 20:35-36), kaya ang mga anghel ay di maaaring magkasala. Ang gantimpala ng mga makatuwiran ay gagawing kagaya ng mga anghel na di na mamamatay (Luc. 20:35-36). Kung ang mga anghel ay

nagkasalam ang mga banal ay maaari ding magkasala at dahil dito ay maaari ring mamatay na ibig sabihin ay sila'y talagang walang buhay na walang hanggan.

5. Ang mga tauhang sangkot sa talaan ng Genesis sa pagkakasala ng tao ay: Ang Dios, si Adan, si Eva at ang ahas. Wala ng iba pang nabanggit. Walang patotoo na may pumasok ano man sa loob ng aha upang gumawa ng bagay na ito. Sinabi ni Pablo na ang ahas "ay tinukso si Eva sa pamamagitan ng kaniyang (sariling) katusuhan" (2 Cor. 11:3). Sinabi ng Dios sa ahas: "Sapagkat ginawa mo ito . . ." (Genesis 3:14). Kung ginagamit ni "satanas" ang ahas, bakit hindi siya nabanggit at bakit hindi pati siya ay pinarusahan?
6. Sinisi ni Adan si Eva sa kaniyang kasalanan: "Ang babaeng ibinigay mong aking kasamahin, ay siyang nagbigay sa aki ng bunga ng punong kahoy" (Gen. 3:12). Sinisi ni Eba ang ahas: "Dinaya ako ng ahas at ako'y kumain" (Gen. 3:13). Ang ahas ay hindi sinisi ang Diablo – wala siyang ginawang dahilan.
7. Kung pinagtatalunan na ang ahas sa kasalukuyan ay walang kapangyarihang magsailta o mangtuwiran katulad ng ahas sa Eden, alalahanin na: (a) isang asno, minsan ay nagsalita at nangatuwiran sa isang tao (Balaam): "Ang (likas) na di makapagsalitang asno, ay nangusap ng tinig ng tao at pinigil ang kaululan ng propeta" (2 Ped. 2:16) at (b) ang ahas ay isa sa pinaka-tuso sa alin man sa lahat ng mga hayop (Gen. 3:1). Ang sumpa dito ay maaaring naalis ang kakayahan nito upang magsalita kay Adan at Eva.
8. Nilikha ng Dios ang ahas (Gen. 3:1); isa pang nilikhang tinawag na "satanas" na hindi naging ahas; kung tayo'y maniniwala dito, tayo ay matibay na nagsasabing ang isang tao ay maaaring pumasok sa buhay ng isang taong iba, at pamamahalaan ito. Ito ay isang kuro-kuro ng pagano hindi ng Biblia. Kung pinagtatalunan na sana'y di nilikha ang ahas dahilan sa malaking kasalanang ginawa nito sa pagtukso kay Adan at Eva upang magkasala, alalahanin na ang kasalanan ay pumasok sa sanglibutan dahil sa isang tao (Rom 5:12); ang ahas sa ganyang

ay mapagmahal, nagsasalita sa kaniyang sariling natural na pagsubaybay at hindi sa gayong may pananagutan sa Dios kay nga hindi nagkasala.

Ang iba ay nagmungkahi na ang ahas sa Genesis 3 ay kagaya ng anghel. Subalit ang karaniwang salitang Hebreo ukol sa “ahas” na ginamit sa Genesis 3 ay ganap na walang kaugnayan sa salitang para sa “anghel”. Ang salitang Hebreo na isinilang “anghel” ay talagang nangangahulugang “isang magagalitin” at isinaling “magagaliting ahas” sa Bilang 21:8 ngunit hindi ito ang isinaling buhat sa parehong pinagmulang ugat katulad ng salita ukol sa “ahas” sa Genesis 3. Ang tanso ay kumakatawan sa kasalanan (Judas 16:21; 2 Sam. 3:34; 2 Hari 25:7; 2 Cro. 33:11; 36:6), sa ganito ang ahas ay maaaring iugnay sa kasalanan, ngunit hindi isang makasalanang anghel.

Mga Mungkahing Paliwanag kung ano ang kahulugan ng siping ito:

1. Tila walang dahilan upang pagdudahan kung ano ang nasabi tungkol sa paglalang at pagkakasala sa mga unang kabanata ng Genesis na dapat tanggaping walang-labis at walang-kulang. “Ang ahas” ay isang literal na ahas. Sa katunayang nakikita natin ang mga ahas ngayon na gumagapang sa pamamagitan ng kanilang tiyan sa pagtupad sa sumpang ipinataw sa kaunaunahang ahas (Gen. 3:14), ito ang patotoo. Kagaya din naman na nakikita natin ang mga lalake at mga babae na nagtitiis buhat sa mga sumpa na inilagay din sa kanila. Maaari nating pahalagahan na si Adan at si Eva ay mga tunay na lalake at babae katulad ng pagkaalam natin sa mga lalake at babae ngayon, subalit nasasayahan sa isang mas mabuting uri ng pamumuhay, kaya ang unang ahas ay isang literal na hayop kahit na isang mas matalinong uri kaysa ahas sa panahong ito.
2. Ang mga sumusunod ay karagdagan pang mga babala na ang unang kabanata ng Genesis ay dapat basahing walang labis-walang kulang:

- 📖 Tinukoy ni Jesus ang ulat ng pagkalalang kay Adan at Eva bilang batayan ng kaniyang panganganak tungkol sa kasal at diborsio (Mat. 19:5-6); walang pahiwatig na binasa niya ito na naglalarawan.
- 📖 Sapagkat si Adan ang unang nilikha, pagkatapos ay si Eva. At si Adan ay hindi tinukso (ng ahas), ngunit ang babae na natukso ay nagkasala (1Tim. 2:13-14) – kaya si Pablo pati ay binasa ang Genesis ng walang kulang at walang labis. At lalong mahalaga ay sinulat niya ng maaga ang tungkol sa kung paano “tinukso ng ahas si Eva sa pamamagitan ng kaniyang katusuhan” (2 Cor. 11:3) – pansinin na hindi nabanggit ni Pablo na ang Diablo ay tinukso si Eva.
- 📖 Mayroon bang katunayang ano man na mayroong kahit anong iba pa sa kasaysayan ng paglalang at pagkakasala na dapat basahing may paglalarawan? Ang daigdig ay nilikha sa loob ng anim na araw ayon sa Genesis 1. Na ang mga ito ay literal na mga araw, na may 24 oras ay pinatunayan sa pamamagitan ng katotohanan na ang mga iba’t ibang bagay na nilalang sa iba’t ibang mga araw ay maaaring kailangang mangyari kung wala bawat isa sa kanilang kasalukuyang anyo sa mahigit na ilang araw. Hindi mahabang mga panahon na 1000 taon o higit pa ay pinatunayan sa pamamagitan ng katotohanang si Adan ay nilikha noong ika-anim na araw, at namatay pagkatapos ng pitong araw sa edad na 930 (Gen. 5:5). Kung ang ika-pitong araw ay isang mahabang panahon na mayroong 1000 na mga taon sa ganyan ay maaaring si Adan ay may mahigit na 1000 taon ng siya ay namatay.
- 📖 Iba pang katibayan para sa literal na mga araw ng paglalang ay maaaring Makita sa kautusan ng Sabbath sa Exo. 20:10-11. Ang Sabbath ay 24 na oras na pahinga, sapagkat ang Dios ay nagpahinga ng ika-pitong araw, pagkatapos ng paggawa ng anim na araw (katulad ng ginawa ng Israel bago ingatan ang kanilang Sabbath). Ang mga tanim na nilikha ng ikalawang araw ay kinakailangang ibatay sa mga bubuyog, at iba pa na nilikha ng ika-anim na

araw. Isang mahabang pagitan sa pagitan ng kanilang pagkakalalang at sa gayo'y hindi angkop.

3. Sapagkat ang ahas ay isinumpang gumapang sa pamamagitan ng kaniyang tiyan (Gen. 3:14), ito'y nangangahulugang dati ay mayroon itong paa; kaugnay ng tunay ng kapangyarihan ng panganagtuwiran nito, marahil ang uri ng buhay ng hayop na ito ay kagaya ng tao, kahit ito ay harop pa rin . . . isa pa sa mga "halimaw ng parang na nilalaw ng parang na nilalang ng Panginoong Dios" (Gen. 3:1 at 14).
4. Marahil ay kinain ng ahas ang bunga ng puno ng kaalaman , na nagpapatunay ng kaniyang katusuhan. "Nakita ni Eva na ang bunga ng punong kahoy na mananasa ay upang magpapantas ng tao" (Genesis 3:16). Paano malalaman niya ito kung hindi niya nakita na gresulta sa buhay ng isang taong kumain na ng prutas na ito? Maaaring si Eba ay ilang beses ng nakausap ng ahas bago naitala ito sa Genesis 3. Ang unang naitalang mga salita ng ahas kay Eba ay "Oo, sinabi ng Dios . . ." (Gen. 3:1) – ang salitang "Oo" ay parang nagpapahiwatig na ito ay isang karugtong ng isang nakalipas na paguusap na hindi naitala.

Pagsalungat: 19 Lucifer

Sa Isaias.14, bersikulo 12-14: "Ano't nahulog ka mula sa langit o Lucifer (tala sa umaga) anak ng umaga! Paanong ikaw ay lumagpak sa lupa, ikaw na nagpahina sa mga bansa! At sinabi mo sa iyong sarili, Ako'y sasampa sa langit, aking itataas ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin ng Dios; at ako'y uupo sa bundok ng kapisanan, sa mga kaduluduluhang bahagi ng hilagaan; Ako'y sasampa sa itaas ng mga kaitaasan ng alapaap; Ako'y magiging gaya ng Kataastaasan".

Laganap Na Pakahulugan:

Ipinalalagay na si Lucifer ay dati'y isang makapangyarihan anghel na nagkasala sa panahon ni Adan at dahilaniyan ay itinapon sa lupa, kung saan siya gumagawa ng kaguluhan sa mga tao ng Dios.

Mga Puna:

1. Ang mga salitang “diablo”, “satanas” at “anghel” kailang man ay hindi sa kapitlong ito. Ito ang tanging lugar sa Banal Na Kasulatan na ang salitang “Lucifer” ay lumitaw.
2. Walang patunay na sa Isaiah 14 ay naglalarawan ng ano mang nangyari sa hardin ng Eden, kung ito ay totoo, bakit 3,000 taon tayong naiwan buhat sa panahon ng Genesis bago tayo nasabihan kung ano ang nangyari doon?
3. Si Lucifer ay inilarawang isang taong natatakpan ng mga uod (bersikulo 11) at kinukutya ng mga tao (bersikulo 16) sapagkat wala na siyang kapangyarihan pagkatapos na siya ay palayasin sa langit (mga bersikulo 5-8); kaya wala ng katuwiran para akalain na si Lucifer ay nasa ibabaw ng lupa na inililigaw ang mga mananampalataya.
4. Bakit si Lucifer ay pinarurusahan sa pagsasabing, “Ako’y aakyat sa langit” (bersikulo 13), kung siya ay nandoon na?
5. Si Lucifer ay magpapakabulok sa libingan: “Ang iyong kahambugan ay nababa sa Sheol (libingan) . . . at tinatakpan ka ng mga uod” (bersikulo 11). Alam natin na ang mga anghel ay di maaaring mamatay (Luc. 20:35-36), si Lucifer kung gayo’y hindi maaaring anghel; ang salita ay mas naaangkop sa isang tao.
6. Mga bersikulo 13 at 14 ay may kaugnayan sa 2 Tes. 2:3-4 tungkol sa “taong makasalanan” – kaya si Lucifer ay tahasang ipinakikitang ibang tao – hindi anghel.

Mga Mungkahing Pagpapaliwanag:

1. Sa N.I.V. at sa ibang makabagong mga salaysay ay isinaayos ang salita sa Isaiah sa mga kapitolo 13-23 bilang

kagaya ng sunod-sunod na mga “pahirap” sa maraming bansa, e.g. Babilonia, Ehipto at Tyro. Sa Isaiah 14:4 ay inayos ang kahulugan ng mga salita na ating pinagalaran: “Na iyong gagamitin ang talinghagang ito (parabola) laban sa Hari ng Babilonia . . . Ang hula, sa ganito ay tungkol sa taong hari ng Babilonia na inilarawang “isang Lucifer”. Sa kaniyang pagbagsak: “silang nakakita sa iyo ay . . . isalangalang mo na sabihin, ito baga ang lalake na nagpayanig ng lupa . . .?” (bersikulo 16). Dahilan dito maliwanag na si Lucifer ay kinilalang katulad ng isang tao.

2. Sapagkat si Lucifer ay isang taong hari, “Lahat ng mga hari ng mga bansa . . . ay magsasalita at sasabihin sa iyo, ikaw ba’y nanghina rin kagaya naming”? Ikaw ba’y naging katulad naming?” (bersikulo 9-10). Si Lucifer, sa ganyan ay isang hari na katulad rin ng ibang hari.
3. Sinabi sa bersikulo 20 na ang binhi ni Lucifer ay pupuksain. Sa bersikulo 22 ipinahayag na ang binhi ng Babilonia ay pupuksain, kaya pareho sila.
4. Tandaan na ito’y isang “salawikain” laban sa hari ng Babilonia (bersikulo 4). Kahulugan ng “Lucifer” ay “tala sa umaga”, na pinaka-maliwanag sa lahat ng mga bituin. Sa talinghaga, ang bituing ito ay buong pagmamalaking nagpasiyang “sumampa (pataas) sa langit . . . itaas ang aking luklukan sa itaas (ng ibang) ng mga bituin ng Dios” (bersikulo 13). Dahilan dito, ang bituin ay inihagis sa lupa. Ang bituin ay kumakatawan sa hari ng Babilonia. Ipinaliwanag sa kapitolo 4 ng Daniel kung papaano si Nebuchadnezzar, hari ng Babilonia ay mayabang na pinagmamasdan ang malawak na kahariang kaniyang naitayo, inakalang kaniyang nasakop ang ibang mga bansa dahil sa kaniyang lakas, kaysa kilanlin na ang Dios ang nagbibigay sa kaniya ng magandang kapalaran. “Ang iyong kadakilaan (pagpapahalaga sa sarili) ay lumaki at umabot hanggang sa langit” (bersikulo 22). Dahilan dito, “siya ay pinalayas sa mga tao, at kumain ng damo na gaya ng mga baka, at ang kaniyang katawan ay nabasa ng hamog ng langit, hanggang sa ang kaniyang

buhok ay lumagong parang balahibo ng mga agila, at ang kaniyang mga kuko ay parang mga kuko ng ibon” (bersikulo 33). Ang biglang pagpapakababa ng isa sa pinakamakapangyarihang tao na naging loko-loko ay isang madulang kasaysayan na maaaring tawaging katulad ng talinghagang tungkol sa pagbagsak ng tala sa lupa buhat sa langit. Ang mga bituin ay simbolo ng mga makapangyarihang tao, e.g. Gen. 37:9; Isa. 13:10 (tungkol sa mga pinuno ng Babilonia); Ezek. 32:7 (tungkol sa mga pinuno ng Ehepto); Dan. 8:10 cp. bersikulo 24. Pagsampa sa langit at pagbaba mula sa langit ay mga kawikaan na madalas gamitin sa labis na pagpapahalaga sa sarili at sa pagpapakumbaba ng sarili ayon sa pagkakasunod – tingan sa Job 20:6; Jer. 51:53 (tungkol sa Babilonia); Mga Panaghoy 2:1; Mat. 11:23 (tungkol sa Capernaum: “At ikaw Capernaum magpapakataas ka baga hanggan sa langit”? (ang libingan).

5. Sa bersikulo 17 ay pinaratangan si Lucifer na ginagawang ang sanglibutan ay isang kagubatan (na sumisira) ng mga bayan doon; na hindi pinakakawalan ang kaniyang mga bihag sa kanilang mag tahanan . . . (iyan ang ginawa) upang punuin ang mukha ng daigdig ng mga baya” . . . naglikat ang baying ginto (bersikulo 17:21, R.V.; bersikulo 4 A.V. palugit). Lahat ng mga ito ay naglalarawan ng hukbong patakaran ng Babilonia . . . winasak ang buong bahagi (katulad ng ginawa nila sa Jerusalem) inilakas ang mga bihag sa ibang lugar at hindi sila pinahintulutang makabalik sa kanilang sariling bayan (kagaya ng ginawa nila sa mga Hudeo) nagtayo ng mga bagong bayan at lumikom ng buwis na ginto sa mga bansang kanilang inapi. Kaya mayroong pagdidiin sa katotohanang si Lucifer, kailan ma’y hindi nagkaroon ng libing na katulad sa paglilibing ng ibang mga hari (mga bersikulo 18-19), ibig sabihin ay siya ay isa lamang taong-hari na katulad nila, nalalaman na kailangang siya ay ilibing.
6. Sinabi sa bersikulo 12 na si Lucifer ay “bumagsak sa lupa” nangangahulugang siya ay isang kahoy. Sa ganito, ito’y nagbigay ng isang pagkakaugnay sa Dan. 4:8-16 kung saan

si Nebuchadnezzar at ang Babilonia ay itinulad sa isang kahoy na pinutol.

7. Palagi ng pinagpapalit ng mga propeta sa kanilang parirala (phrase) o pananalita ang Babilonia at Assyria na naghayag ng paninira sa hari ng Babilonia, bersikulo 25 na nagsasabi, “Aking lalansagin ang tag Assyria . . .”. Ang mga hula tungkol sa Babilonia sa Isaiah 47 ay inulit sa pagtukoy sa Assyria sa Nah. 3:5,4,18 at sa Zep. 2:13,15 at sa 2 Cron. 33:11 na sinabing ang hari ng Assyria ay dinalang bihag si Manasseh sa Babilonia – ipinakita ang pagpapalit ng mga katawagan. Sa Amos 5:27 ipinahayag na ang Israel ay mararanasan ang pagkabilanggo “lampas ng Damascus” i.e. Assyria, ngunit binanggit ito ni Esteban na “sa kabila o lampas ng Babilonia” (Gaw. 7:43). Sa Ezra 6:1 inilarawan si Darius, ang hari ng Babilonia na gumawa ng isang kautusan tungkol sa pagtatayong muli ng Templo. Pinuri ng mga Hudeo ang Dios sa pagbaling sa “puso ng hari ng Assyria” (Ezra 6:22), muling ipinakita ang kanilang pagpapalit-palit ng katawagan. Ang hula ni Isaiah sa kapitolo 14 kagaya ng maraming iba pa sa Isaiah ay akmang-akma sa kaugnay na kahulugan ng pagslaky sa Assyria ni Sennacherib sa panahon ni Hezekiah, kaya ang bersikulo 25 ay inilarawan ang paglansag sa Assyria. Madaling maintindihan ang bersikulo 13 kung ipinapahayag nito ang tungkol sa mga lapastangang Assyriano na sumalakay sa Jerusalem, nagtangkang pumasok sa Jerusalem at bihagin ang templo para sa kanilang dios. Noong una pa ang hari ng Assyria, si Tilgath-Pilneser, marahil ay mayroon ng gawang ganito (2 Cro. 28: 20-21); Isaiah 14:13: “At sinabi mo sa iyong sarili, ako’y sasampa sa langit . . . (simbolo ng templo at ng arko – 1 Hari 8:30; 2 Cron. 30:27; Awit 20:2,6; 14:4; Heb. 7:26). Ako pati ay uupo sa bundok ng mga kapisanan (bundok ng Zion kung saan ang templo ay nalagay) sa bandang hilaga” (Jerusalem – Awit 48:1-2).

Pagsalungat 20: Ang Mga Pagtukso Kay Jesus

Sa Mateo 4:1-11 “Nang magkagayo’y inihatid ng Espiritu Santo si Jesus sa ilang upang siya’y tuksuin ng Diablo. At nang siya’y makapagyunong apat na pung araw at apat na pung gabi, sa wakes ay naguton siya. At ang manunukso ay dumating, at nagsabi sa kanya, Kung ikaw ang Anak ng Dios ay ipagutos mo na ang mga batong ito ay magin mga tinapay, Datapuwa’t siya ay sumagot, at sinabi, Nasusulat, Hindi sa tinapay lamang nabubuhay ang tao, kundi sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng Dios. Nang magkagayo’y dinala siya ng Diablo sa baying banal; at inilagay siya sa taluktok ng templo; At sa kaniya’y sinabi, kung ikaw ang Anak ng Dios, ay magpatihulog ka: sapagkat nasusulat, Siya’y magbibilin sa kaniyang mga anghel tungkol sa iyo, at Aalalayan ka ng kanilang mga kamay, Baka matisod ka ng iyong paa sa isang baato. Sinabi sa kanya ni Jesus Nasusulat din naman Huwag mong tutuksuin ang Panginoon mong Dios. Muling dinala siya ng Diablo sa isang bundok na lubhang mataas at ipinamalas sa kaniya ang lahat ng mga kaharian sa sanglibutan, at ang kaluwalhatian nila; At sinabi niya sa kaniya, Lahat ng mga bagay na ito ay ibibigay ko sa iyo, kung ikaw ay magpapatirapa at sasambahin mo ako. Nang magkagayo’y sinabi sa kaniya ni Jesus, Humayo ka Satanas sapagkat nasusulat, “Sa Panginoon mong Dios sasamba ka at siya lamang ang iyong paglilingkuran”.

Tanyag Na Pakahulugan:

Ang pariralang ito ay binabasang ang kahulugan ng isang tinatawag na “Diablo” ay tinukso si Jesus upang magkasala sa pamamagitan ng pagmumungkahi sa kaniya ng ilang bagay para akayin siya matukso.

Mga Kuro-Kuro:

1. Si Jesus ay “tinukso sa lahat ng paraan gaya rin naman natin” (Heb.4:15), at “bawat tao ay natutukso, pagka-nahihila ng sariling masamang pita at nahihikayat” (Sant. 1:14). Tayo ay natutukso sa pamamagitan ng “Diablo” na ating sariling masamang pita o

makasalanang hangarin at kagaya rin ni Jesus. Hindi tayo tinutukso ng isang masamang tao na biglang nakatayo sa harap natin at inaakay tayo upang magkasala – kasalanan at tukso ay nanggagaling “sa loob, mula sa puso ng mga tao” (Mar. 7:21).

2. Maliwanag na ang mga tukso ay di dapat tanggaping literal o walang labis o walang kulang na totoo:


📖 Sa Mateo 4:8 ipinahihiwatig na si Jesus ay dinala ng Diablo sa bundok na mataas upang ipamalas sa kaniya ang lahat ng mga kaharian ng daigdig at ang kaluwalhatian nila “sa isang saglit (Mar. 4:5) pagdaka’y sumibol”. Walang bundok na lubhang mataas upang Makita kung gaano an hitsura ng sanglibutan sa kinabukasan? Dahilan sa ang lupa ay isang globo walang lugar sa ibabaw nito na ang isang tao ay maaaring Makita ang lahat ng parte ng sanglibutan kahit kailang man.

📖 Isang paghahambing sa Mateo 4 at Lucas 4 ay makikita na ang mga tukso ay inilarawan sa ibang paraan. Sinabi sa Marcos 1:13 na si Jesus ay nasa “ilang ng apat na pung araw, tinukso ni “satanas”, samantalang sa Mateo 4:2-3 sinabi na “nang siya’y makapag-ayuno ng apat na pung araw . . . ang manunukso (satanas) ay dumating sa kaniya . . .”. Sapagkat ang Banal na Kasulatan ay hindi maaaring sumalungat sa sarili, maaari natin ipalagay na ang katulad ng mga tuksong ito ay nanatili ng paulit-ulit. Ang tukso upang ang bato ay gawing tinapay ay isang malinaw na halimbawa. Ito ay bagay na bagay kung ang mga tukso ay pumasok sa kalooban ni Jesus. Dahilan sa katulad ng ating likas na pagkatao, ang kakulangan ng pagkain ay maaaring maka-epekto sa kaniyang pagiisip, gayun din sa kaniyang pangkatawang kalagayan at kaya nga ang kaniyang pagiisip ay madaling makaisip ng mga masasamang bagay. Kahit sa paglampas ng ilang araw na walang pagkain ay maaaring mahilo o mahibang ang isang tao (cp. 1 Samuel 30:12). Ang pagkakatulad sa pagitan ng mga rolyo ng tinapay at ng mga bato ay nabanggit ni Jesus sa Mateo 7:9 at walang duda ang mga larawang yaon ang madalas

magsama-sama sa kaniyang nahihirapang pag-iisip – kahit mabilis na naiwasan sa pamamagitan nang kaniyang pagala-ala sa Banal na Salita.

- 📖 Marahil sinabihan ni Jesu ang mga sumulat ng Ebanghelyo sa mga pangyayari ng mga tukso at upang maipaliwanag sa pamamagitan ng salita ang hirap na kaniyang dinanas ay dapat gumamit siya ng halos katulad ng paglalarawang nakita sa Mateo 4 at Lucas 4.
- 📖 Mukhang walang katiyakan na inakay ng Diablo si Jesus sa ilang at mga lansangan ng Jerusalem at pagkatapos sila'y umakyat na magkasama sa isang taluktok ng Templo, lahat a dahilan sa mapagtanong na mga Hudeo,. Si Josephus ay walang naitalang ganitong pangyayari – maaaring maging dahilan ito ng isang malakign kaguluhan. Katulad, kung ang mga tuksong ito ay madalas mangyari sa loob ng apat na pung araw at gayun din sa katapusan ng panahong yaon (na kanilang ginaaw kahit dalawang beses, nalalaman natin si Mateo at Lukas ay mayroon nito sa ibang paraan) paano nagkaroon ng oras si Jesus upang makalakad (n.b. ang Diablo ay “umakay” kay Jesus doon) sa pinakamalapit na mataas na bundok (na inakalang Hermorn sa malayong hilaga ng Israel), umakyat sa tuktuk at muling bumalik pababa, bumalik sa ilang at pagkatapos inulit ang pagtupad? Ang mga tukso, lahat ay nangyari sa ilang – naroron siya sa loob ng apat na pung araw, tinutukso sa lahat ng oras ng Diablo (na umalis lamang sa huli – Mateo 4:11). Kung si Jesus ay tinukso ng Diablo bawat araw, at ang tukso ay nangyari lamang sa ilang, nangangahulugang si Jesus ay hind umalis sa ilang upang pumunta sa Jerusalem o maglakbay sa isang mataas na bundok. Ang mga baagay na ito sa ganyan ay hindi maaaring mangyari ng literal.
- 📖 Kung ang Diablo ay isang taon may katawan na walang paggalang sa Salita ng Dios at may guston ang mga tao'y magkasala, sa gayo'y bakit binanggit ni Jesus sa kaniya ang Banal na Kasulatan upang talunin ang Diablo? Ayon sa

laganap na kuro-kuro, ang bagay na ito'y hindi makapagpapalayas sa Diablo. Masdan na si esus ay laging bumabanggit ng salita buhat sa Biblia. Kung ang Diablo ang siyang masamang ninanais na nasa kalooban ng puso ni Jesus, sa ganito'y maiintindihan na sa pamamagitan ng Salita ng kalooban niya at pinaaalalahanan siya nito, kaniyang mapaglalaman ang masasamang mga pitang ito. Sa Mga Awit 119:11 ay kaugnay na kaugnay nito marahil tiyakang hinuhulaan ang kay Cristong karanasan sa ilang: "Ang salita mo'y aking iningatan sa aking puso; upang ako'y huwag magkasala laban sa Iyo".

 Sa Mateo 4:1 ay sinabi na si Jesus ay "inihatid ng Espiritu Santo sa ilang upang siy'y tuksuin ng Diablo". Ito ang Espiritu ng dios na ipinagkaloob sa kaniya (kapitolo 3:16). Maaari itong pangbihirang bagay upang ang Espiritu ng Dios ay akayin si Jesus sa ilang upang siya ay tuksuin sa isang higit sa karaniwang tao (superhuman) na nabubuhay laban sa Dios.

Mga Mungkahing Paliwanag

1. Nang binyagan si Jesus ni Juan sa Jordan, tinanggap niya ang kapangyarihan ng Espiritu Santo (Mat. 3:16). Pagkaahon na pagkaahon niya sa tubig, siya ay itinaboy sa ilang upang tuksuin. Dahil sa alam niya na mayroon siyang kapangyarihan ng espiritu upang ang bato ay gawing tinapay, tumalon sa matataas na gusali na hindi masasaktan, at iba pa; ang mga tukso ay maaaring gumulo sa kaniyang isipan. Kapag ang isang tao ay nagpapayo ng mga bagay na ito kay Jesus at kilala ni Jesus ang taong yaon na makasalanan, sa gayun ang mga tukso ay hindi masyadong madaya kaysa manggaling ang mga ito sa loob mismo ng sariling pagiisip ni Jesus.
2. Ang tukso upang makuha ang mga kaharian ng kaniyang sarili ay maaaring mas makapangyarihan kung ito'y nanggaling sa kalooban ni Cristo. Ang pagiisip ni Jesus ay puno ng Banal na Salita at ang kaniyang naguluhang kalagayan ng pagiisip sanhi ng kaniyang pagaayuno, mahihikayat magkamali ng pakahulugan

sa mga sipi (passage) upang magawa niyang gamitin ang mga ito para magbigay katuwiran sa pagpili ng madaling paraan na makaiwas sa kalagayang napasukan niya.

Nakatayo sa ibabaw ng isang mataas na bundok ipinakita kung ano ang hitsura ng kaharian buhat sa iasng mataas na bundok (paala-ala ni Ezek. 40:2) at kay Juan na nagsabi “nakita ko ang baying banal na Jerusalem” mula sa “isang malaki at mataas na bundok” (Apoc. 21:10). Nakita ni Jesus ang mga kaharian ng sanglibutan sa kanilang kaayusan sa darating na panahon (Lukas 4:5), i.e. sa kaharian, kapag “ang mga Kaharian ng daigdig na ito ay magiging Kaharian ng ating Panginoon at ng Kaniyang Cristo” (Apocalipsis 11:15). Marahil ay iisipin niya si Moises sa katapusan ng 40 taong paglalakbay sa ilang (cp. Kaniyang 40 araw) na hinahanap ang Lupang Pangako (Ang Kaharian) buhat sa bundok ng Nebo. Ito ay binigyan diin sa Daniel (4:17,25,32; 5:21) na “ang Kataastaasan ay naghahari sa kaharian ng tao, at ibibigay ito sa kanino mang Kaniyang ibigin”; nalalaman ni Jesus na ang tanging Dios, walang iba pang maari na magbigay sa kaniya ng Kaharian. Kaya hindi magiging panunukso kung ang isang halimaw na masama ay angkining siya ang nagbigay ng Kaharian kay Jesus, samantalang alam niyang ang Dios lamang ang may kapangyarihan nito. Gayum man, alam ni Jesus na ito ay sa kagustuhan ng Kanyang Ama upang ibigay ang Kaharian sa kaniya at ito’y maaaring mungkahi ng Diablo na nasa kalooban ni Jesus na kaniyang kaniyang makukuha kaagad ang kaharian. Pagkatapos ng lahat, kaniyang maaaring ikatuwiran na ang Dios ay isingo ang lahat ng kapangyarihan magbigay ng buhay at kunginmuli ito (Jn 10:18) kahit sa huli lahat ng kapangyarihan ay ibinigay lamang sa kaniya pagkatapos ng siya ay mamatay at nabugay na maguli (Mat. 28:18).

3. Sa kaniyang kaalaman sa Banal na Kasulatan ay maaaring Makita ni Cristo ang pagkakatulad niya kay Elias na ang kasiglahan ay bumagsak pagkatapos ng 40 araw sa ilang (1 Hari 19:8) at si Moises na ipinapalit ang kaniyang nalalapit na karapatang magmana ng lupa pagkatapos ng 40 taon sa ilang. Si Jesus pagkatapos ng 40 araw ay nasa gayun ding katayuang

katulad nila – nahaharap sa isang katotohanang pagkabigo. Si Moises at si Elias ay nabigo dahil sa kahinaan ng tao – hindi dahilang sa isang taong tinawag na “diablo”. Kagaya rin nito ang taong mahina “ang satanas” o kalaban, ang tumutukso kay Jesus.

4. “At sinabi sa kaniya ng Diablo, kung ikaw ang Anak ng Dios . . .” (Luc 4:3). Maaaring ito’y isang palagiang tukso na nasa loob ng pag-iisip ni Cristo na tanungin kung siya nga ay Anak ng Dios, yamang nalalaman ng lahat halos, na siya ay anak ni Jose (Luc. 3:23 Jn 6:42) o anak sa labas (na ipinahiwatig sa Jn 9:29) at ang opisyal na tala ng Templo ay inilalarawang siya (Jesus) ay anak ni Jose (Mat. 1:1, 16; Luc. 3:23 kung saan “inaakalang” ibig sabih’y “kinilala ng batas”). Siya ang tanging tao na hindi nagkaroon ng isang taong ama. Sa Filipino 2:8 ay ipinahiwatig na si Jesus ay natuwa na isya ay tunay na taong katulad natin, inaakalang ito’y kahalihalina upang huwag siyang paniwalaang siya’y Anak ng Dios o upang hindi maunawaan ang kaniyang sariling pagkatao.
5. Ang mga tukso ay napipigil ng Dios para sa pangkaluluwang karunungan ni Cristo. Ang mga sipi na binanggit ni Jesus upang palakasin ang sarili laban sa masamang pita (“diablo”) lahat ay buhat sa parehong bahagi ng Deteronomeo, tungkol sa karanasang ng Israel at ang tungkol sa kanilang karanasan sa ilang. Maliwanag na nakita ni Jesus ang pagkakatulad g kaniyang karanasan at karanasan ng mga Israelitas.

**Deteronomeo 8
bersikulo 2**

Mateo 4 / Lukas 4

“Pinatnubayan ka ng Panginoon mong Dios, nitong apat na punt taon sa ilang, upang magpakumbaba ka, at subukan ka na maalaman kung ano ang nasa iyong puso, kung iyong gaganapin ang kaniyang mga utos (salita) o hindi”.

“Inihatid si Jesus ng Espiritu apat na pung araw sa ilang “. Si Jesus ay sinubok sa pamamagitan ng mga tukso. Napaglabanan ni Jesus sa pamamagitan ng pagbanggit sa Banal na Kasulatan na nasa kaniyang puso” (Awit 119:11).

bersikulo 3

“At ikaw ay pinakumbaba niya at pinapagdamdandam ka niya ng gutom at pinakain ka niya ng mana, upang kaniyang ipakilala sa iyo na hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao kundi sa bawat bagay na nagmumula sa bibig ng Panginoon . . .”

“Sa wakas ay nagutom siya”. Sa Juan 6 ang mana ay pinapakahulugan ni Jesus na kumakatawan sa Salita ng Dios . . . na ikinabuhay ni Jesus sa ilang. Alam ni Jesus na espiritual siyang nabubuhay sa pamamagitan ng Salita ng Dios. Sumagot siya . . . nasusulat hindi sa tinapay lamang nabubuhay ang tao kundi sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng Dios”.

bersikulo 5

“At iyong pagmunimunihin sa iyong puso, na kung anong pinarurusahan ng tao ang kaniyang anak, ay gayun pinarurusahan ka ng Panginoon mong Dios”.

“Walang aling-langang nailarawan ni Jesus ang kaniyang mga karanasan. Pinarurusahan ng Dios ang Kaniyang Anak, si Jesus” – 2 Sam. 7:14; Awit 89:32.

Kaya ipinakita ni Jesus sa atin kung paano bumasa at pagaralan ang Salita – ipinalagay niya ang sarili sa kalagayan ng Israel sa ilang, at sa ganito nakuha ang mga aral na maaaring malaman sa kanila karanasang at ginamit ang kaniyang sarili ng siya ay subukin sa ilang.

Pagsalungat 21: Digmaan sa Langit

Apocalipsis 12:7-9: “At nagkaroon ng pagbabaka sa langit: si Miguel at ang kaniyang mga angel ay nakipagbaka sa dragon; at ang dragon at ang kaniyang mga anghel ay nakipagbaka; At hindi sila nanalo, ni nasumpungan pa man ang kanilang dako sa langit. At inihagis ang malaking drago, ang matandang ahas, ang tinatawag na Diablo at Satanas,

ang dumadaya sa buong sanglibutan, siya'y inihagis sa lupa at ang kaniyang anghel ay inihagis na kasama niya?

Tanyag Na Pakahulugan:

Ito ang isa sa pinakatanyag na mga sipi o mga salitang ginamit upang ihayag na mayroong isang paghihimagsik sa langit sa gitna ng mga anghel na naging sanhi ng pagkakatapon ng Diablo at kaniyang mga anghel pababa sa lupa; na sa kaanyuan o uri ng serpiyente, sila'y nagsimulang gumawa ng kaguluhan at kasamaan sa ibabaw ng lupa.

Mga Kuru-Kuro:

1. Hanggang ngayon, lahat ng ating nalalaman sa pagaaral na ito, ay dapat maiukol sa mga salitang ito. Nakita natin na ang mga anghel ay hindi maaaring magkasala at di maaaring magkaroon ng paghihimagsik sa langit. Kaya ang siping ito – na isa lamang sa uring ito – ay dapat ipakahulugang isang paraan na hindi isangkot ang mga anghel na nagkasala o mayroong mga makasalanang anghel na umaakit sa mga tao upang magkasala sa ibabaw ng lupa, nalalaman na ang kasalanan ay nagmumula sa loob natin, hindi sa labas natin (Mar. 7:20-23).
2. Ang ahas ay pinalayas sa langit, nangangahulugang dati ito ay naroon. Ngunit ang literal na ahas sa Eden ay nilikha ng Dios buhat sa alabok ng lupa (Gen. 1:24-25). Walang pahiwatig na ang Diablo ay bumaba sa lupa mula sa langit at pumasok sa (katawan) ahas.
3. Pansining mabuti na walang tinutukoy dito sa mga nagkakasalang mga anghel o naghihimagsik sa Dios, kundi isang labanan sa langit. Walang bagay na maaaring magngyaring sino man ay nilalabanan ang Dios sa langit: “Walang sino mang hahadlang sa ginagawa Ko” (Duet. 33:39 G.N.B.).
4. Pagkatapos ng drama o dula sa mga bersikulo 7-9, sinabi sa bersikulo 10 na mayroong “isang malakas na tinig sa langit, ngayo’y dumating ang kaligtasan, at ang ka[angyariha, at ang

kaharian ng ating Dios, at ang kapamahalaan ng Kaniyang Cristo: sapagkat inihagis na ng tagapagsumbong sa ating mga kapatid, na siyang sa kanila'y nagsumbong sa harapan ng ating mga kapatid, na siyang sa kanila'y nagsumbong sa harapan ng ating dios araw at gabi". Kung ang mga bersikulo 7-9 ay nangyari sa pasimula ng sanglibutan, bago pa sa panahon ni Adan at Eva, papaano masasabi ito na pagkatapos ng pagbagsak ni satanas dumating ang kaligtasan at Kaharian ng Dios? Pagkatapos magkasala ni Adan, ang sangkatauhan ay nagsimula ng malungat na kasaysayan bilang alipin ng kasalanan at kabiguan – isang kalagayang mahirap ilarawang “kaligtasan” at ang kaharian ng Dios. Mayroong kasayahan na ang Diablo – ang nagparatang – ay itinapon na sa lupa. Bakit magkakaroon ng kagalakan kung ang pagdating niya sa lupa ay ang pagsisimula ng kasalanan at kapahamakan ng tao? Kung ang pagbagsak sa lupa galling sa langit ay naiintindihang paglalarawan lamang kaysa tunay na nangyari at parang tumutukoy sa isang nahulog sa kapangyarihan (katulad na sa Isa. 14:12; Jer. 51:53; Panaghoy 2:1; Mat. 11:23) mas maraming maiintindihan mula sa mga ito. Kung ang lahat na ito ay nangyari bago dumating ang panahon ni Ada o kahit bago magkasala ang tao, papaano mapapagbintangan ang diablong tinutukso “ang ating mga kapatid yamang hindi pa sila umiiral?

5. Wala ano amgn palatandaan na lahat ng ito ay nangyari sa Halamanan ng Eden. Ang mahalagang layunin ay ginawa sa Apocalipsis 1:1 at 4:1 – na ang Apocalipsis ay isang hulang “mga bagay na darating”. Kaya ito ay hindi paglalarawan ng kung ano ang mangyayari sa Eden ngunit isang hula ng mga bagay na mangyayari sa ibang panahon pagkatapos ng ungang isang daang taon, nang ang Paghahayag (Revelation) ay ibinigay ni Jesus. Sino man na tunay na nagpaka-aba sa Salita ay malalaman na an katuwirang ito lamang ang hahadlang sa lahat ng pagtatangka upang tukuying ang Apocalipsis 12 sa halamanan ng Eden. Ang tanong ay dapat sagutin din kung bakit ang pagkakakilanlan sa Diablo at kabatiran kung ano ang nangyari sa Eden ay kailangang nakalaan hanggang sa katapusan ng Salita ng Dios bago ito ay mahayag.

6. “Ang malaking darago ay . . . ang matandang ahas” (Apoc. 12:9). Ang dragon ay mayroong “pitong ulo at sampung sungay” (bersikulo 10). SA gayo’y hindi tunay na ahas. Dahil sa ito’y tinawag “yaong matandang ahas” ay ipinakita na ito ay may ugaling katulad na ahas sa Eden, sa kahulugang ito ay isang manglilinlang, kagaya ng ahas. Kagaya rin ng “ang tibo ng kamatayan ay kasalanan” (1 Cor.15:56), ngunit ‘di ibig sabihin ay isang tunay na ahas. Mayroon itong ugaling ahas, dahilang sa pakikisama sa kasalanan.
7. Ang Diablo ay itinapon sa lupa at lubhang mabalasik “sapagkat alam niya na kaunting panahon na lamang mayroon siya” (berikulo 12). Kung ang Diablo ay pinalayas sa Eden, siya ay may pagkakataon upang pahirapan ang tao sa buong buhay niya – an mayroong bahagya lamang “isang maikling panahon” upang makagawa ng malaking kapinsalaan.
8. Paano maaaring malinlang ng Diablo “ang buong sanglibutan” (bersikulo 9) bago siya itapon sa labas ng langit yamang wala isa mang nasa daigdig na una pa kay Adan?
9. Sa bersikulo 4 ay ipinahayag na kinaladkad ng drago ang ikatlong bahagi ng mga bituin sa langit ng kaniyang butot. Kung ito ay babasahing literal 0 at ang Apocalipsis 12 ay dapat basahin literal upang magpatunay sa laganap na pakahulugan – ng ganap na laki ng dragon ay napakalaki – ikatlong parte ng buong daigdig (o kahit kaparaanan man ng Araw) na maaaring paglamnan kahit na sa kanyang buntot. Walang paraang ang planetang lupa ay maaring malaki upang ilaman ang isang malaking hayop na gumagapang sa ibabaw nito. Karamihan sa mga bituin ay mas malaki kaysa ating lupa – paano kung magkagayun na ang ikatlong parte nila ay bumagsak sa lupa? Tinantiya ito na ang ikatlong part ng mga bituin ay maaaring umabot sa limang trillong milya. Ganito ang dapat ang haba ng buntot ng dragon. At alalahanin na lahat ng ito ay nangyari na o mangyayari pa pagkatapos ng unang isang daang taon A.D. nang ang hulang ito ay ibinigay.

10. Dahilan dito at maraming iba pang bagay sa Apocalipsis 12 (at sa buong hula) na mga basta hindi kayang matupad ng literal, ito ay hindi kataka-taka na sinabihan tayo unang-una sa (Apoc. 1:1) na ito ay mensahe na naging tagapaghiwatig – i.e. ilagay sa salitang palatandaan o simbolo. Parang idinidiin ito sa paksa ng Apocalipsis 12, inilarawan sa Apocalipsis 12:1 ang susunod na gagawin bilang “isang malakign tanda” (A.V. pañugit).
11. Sa pagbasa ng kung ano ang ginawa ng Diablo ng siay ay nasa ibabaw ng lupa, walang paglalarawang siya ang dahilan upang ang tao ay magkasala, sa katunayan ang bersikulo 12:16 ay ipinakita na ang Diablo ay hindi nagtagumpay sa kaniyang pagtatangka upang gumawa ng gulo sa ibabaw ng lupa sa kaniyang pagdating doon. Pinabulaanan nito ang laganap na pakahulugan.
12. Isa sa mga kasagutan sa mga tanong sa pagkakaintindi kung ang mga salitang (passages) ito ay pinatutunayan ang idiya ng isang literal o tunay na labanan sa langit, kung ang “langit” na binanggit dito ay literal o paglalarawan. Noong nakaraan ay ipinaliwanag naming na ang “langit” ay maaaring paglalarawang ang tinutukoy ay isang lugar ng kapangyarihan. Dahilan sa ang Apocalipsis ay isang ganyang palatandaan aklat, ating asahan na ganito ang kasong nangyari dito.

Ang babae sa bersikulo 1 ay “nadadamitan ng araw, at ang buwan ay nasa ilalim ng kaniyang mga paa at sa kaniyang ulo ay may isang putong na labing-dalawang bituin”. Ang mga katawang langit na ito, at gayon din ang babae, na sa wari’y nakalawit sa langit, ay hindi maaaring tunay. Hindi siya maaaring tunay na nakadamit ng araw, o may mga bituing kasing laki ng daigdig (o lupa) sa kaniyang tunay na ulo.

Isa pang tanda ang nakita sa langit sa bersikulo 3 – isang pulang dragon. Ito’y karaniwang tinatanggap bilang tunay o literal na langit, ngunit bakit naging ganito, yamang nalalaman natin na ang parehong langit na tinutukoy sa bersikulo 1 at yaon ay maliwanag na paglalarawan? Ipinakita sa bersikulo 4 na itinaon sa lupa ng dragon ang isang ikatlong parte ng mga bituin sa langit. Nalaman natin na

dahilan sa laki ng mga bituin at ng lupa, hindi tinutukoy nito ang tunay na mga bituin (literal) o langit. Ang Kaharian ng Dios ay itatayo sa ibabaw ng lupa (Dan. 2:44; Mat. 5:5), na hindi mangyayari kung ang lupa ay masira (na ito ay mangyayari) sa pamamagitan ng pagbagsak ng malalaking bituin sa ibabaw nito.

Ang babaeng nasa “langit” pagkatapos ay nanganak ng isang anak na lalake na “inagaw at dinala hanggang sa Dios at hanggang sa kaniyang luklukan” (bersikulo 5). Ang trono ng Dios ay nasa langit. Kung ang babe ay nasa langit na bakit ang kaniyang anak ay “aagawin” pa papunta sa langit? Maaaring siya (babae) ay isang simbolo ng ibang bagay sa ibabaw ng lupa, kahit sa isang pakahulugang “langit”. Pagkatapos ay siya ay tumakas sa ilang (bersikulo 6). Kung siya ay nasa tunay na langit, nangangahulugan na mayroong kagubatan sa langit. Malayong mangyari sa kaniya na nasa isang inilalarawang langit na lugar, at pagkatapos ay tumakas sa isang tunay o inilalarawang ilang sa ibabaw ng lupa.

Dumating na tayo ngayon sa bersikulo 7 – “nagkaroon ng pagbabaka sa langit”. Lahat ng ibang reperensiya tungkol sa “langit” sa Apocalipsis 12 na ginawang paglalarawan, wari ay ito’y hindi lamang kaayon na ang pagbabakang ito sa inila-larawang langit. Ito ang kailangang mangyari, sapagkat hindi maaaring magkaroon ng himagsikan o kasalanan sa tunay na langit (Mat.6:10; Awit 5:45; Hab. 1:13). Ang karaniwang kuro-kuro ay pag-angkin na ang mga makasalanang anghel ay nakulong sa impiyerno; ngunit dito sila ay nasa langit. Sila kung gayun ay hindi tunay na mga anghel.

- a) Ang Diablo ay isang Anghel sa Langit ng pinalayas sa labas ng halamanan ng Eden. Siya ay itinapon sa lupa sa Genesis 1.
- b) Ipinapalagay na dumating sa lupa at nagpakasal sa Genesis 6.
- c) Sa panahon ni Job, sinabing siya’y mayroong daan sa pagpunta sa langit at sa lupa.

- d) Sa panahon ng Isaiah 14, siya ay itinapon sa lupa mula sa langit.
- e) Sa Zacarias 3, siya ay nasa langit na muli.
- f) Siya ay nasa ibabaw ng lupa sa Mateo 4. Siya ay “pinalayas” sa panahon ng kamatayan ni Jesus ayon sa laganap na pagkakilala ng “prinsipe ng sanglibutan” na pinalayas sa panahong yaon.
- g) Mayroong isang hula tungkol sa diablo na “pinalayas” sa Apocalipsis 12.
- h) Ang diablo ay “ikindena” sa Apocalipsis 20 datapwat siya at kaniyang mga anghel ay ikinadena sa Genesis, sa ngayon sa karaniwang kaalaman sa Judas bersikulo 6. Kung siya ay nakagapos ng walang hanggan, sa gayo’y paano muli siyang pinusasan sa Apocalipsis 20?

Mula dito ay maliwanag na ang karaniwang pagkakaalam na ang diablo ay pinalayas sa Langit dahil sa pagkakasala ay maaaring di totoo, yamang siya ay inilalarawang siya ay nasa langit pa pagkatapos ng bawat pangyayari na pinalayas siya. Mahalga upang maintindihan na kapwa Langit at ang Diablo ay isang palalarawang kahulugan.

Mga Mungkahing Paliwanag:

1. Upang subukin at liwanagin ng lubos ang kabanatang ito ay hindi saklaw ng kasalukuyang mga itinatala naming. Isang buong pagpapaliwanag ng mga bersikulong ito ay nangangahulugang isang pagkakaunawa sa buong aklat ng Apocalipsis upang malaman nila ang kaugnay na kahulugan.
2. Ang labanan sa inilalarawang langit – i.e. isang lugar ng kapangyarihan - samakatwid ay sa pagitan ng dalawang makapangyarihang grupo, bawat isa ay may kanilang taga-sunod, o mga anghel. Tandaan na aming ipinakita na ang Diablo

at satanas ay langing kaugnay sa mga patakaran ng Romano at Hudeo.

3. Na ang Diablo-dragon ay lumalarawan ng ibang klaseng kapangyarihan na pampolitikang makikilala sa pamamagitan na ito'y nagtataglay ng "mga korona sa kaniyang ulo" (bersikulo 3). Sa Apoc. 17:9, 10 ay nagukol pati ng puna: "Narito an pagiisip na may karunungan" – i.e. huwag sikapin at alamin na ang hayop naito ay tunay na isang tao – "Ang pitong ulo ay pitong bundok ito'y pitong mga hari". Isa sa mga hari ay nagpatuloy (mag-hari) "ng maikling panahon" marahil ay kaugnay ng dablo-dragon na mayroong "kaunting panahon na lamang mayroon siya" (Apoc. 12:12).

ARALING 6: MGA KATANUNGAN

1. Sino sa hula ng may pananagutan sa ating mga problema at pagdurusa?
 - a) Ang Dios
 - b) Pagkakataon
 - c) Isang makasalanang nilalang na ang pangalan ay Satanas
 - d) Mga makasalanang nilalang na tinawag na mga demonyo

2. Ano ang may pananagutan sa ating pagkakatumukso upang magkasala?
 - a) Ang sarili nating likas na pagkatao
 - b) Ang Dios
 - c) Mga masasamang espiritu
 - d) Isang makasalanang nilalang na ang pangalan ay satanas

3. Ano ang ibig sabihin ng “diablo” bilang isang salita?
 - a) Kasalanan
 - b) Ang serpiyente o ahas
 - c) Maling nagpapatang/Maninirang puri
 - d) Si Lucifer

4. Ano ang ibig sabihin ng “satanas” bilang isang salita?
 - a) Isang makasalanang
 - b) Isang halimaw
 - c) Isang kaaway
 - d) Hari ng Demonio

5. Ang salita bang “satanas” ay maaaring gamitin sa mabuting mga tao?

6. Ano ang maaaring tukuyin ng ‘satanas’ at “diablo” na mayroong paglalarawan.

7. Paano natin maiintindihan ang “mga demonio” sa pagtukoy nito sa Bagong Tipan?
 - a) Mga Makasalanang Anghel

- b) Mga karamdaman
 - c) Ang kasalukuyang paniniwala sa mga karamdaman, na aakala ng mga tao ay kagagawan ng “mga demonio”
 - d) Mga espiritung nilikha
8. Ano ang pagkakaalam mo tungkol sa serpiyente o ahas sa halaman ng Eden.

ARALING 7

**ANG PINAGMULAN
NI JESUS**

7.1 Mga Propesiya ng Lumang Tipan Tungkol Kay Jesus

Ipinaliwanag sa Aralin 3 kung paanong ang layunin ng Dios na kaligtasan para sa mga tao ay naka-sentro kay Jesu-Cristo. Ang mga pangako niyang ginawa kay Eva, Abraham, at David nagsalita tungkol kay Jesus bilang literal nilang inanak. Tunay, na ang kabuuan ng Matandang Tipan ay tumutukoy at nagpropesiya tungkol kay Cristo. Ang mga kautusan ni Moises na, kinakailangang sundin ng Israel bago pa ang kapanahunan ni Cristo, ay palaging tumutukoy kay Jesus: “ang kautusan ay siyang naging tagapagturo natin upang ihatid tayo kay Cristo” (Gal. 3:24). Kaya ang pista ng Paskua, isang kordero na walang kapintasan ang pinatay (Exo. 12:3-6); iyon ay sumasagisag sa pagpapakasakit ni Jesus, ang kordero ng Dios, na nag-alis ng kasalanan ng sanglibutan” (Jn. 1:29; 1 Cor. 5:7). Ang walang kapintasang kalagayan na kinakailangan para sa lahat ng hayop na ihahain ay tumutukoy sa walang kapintasang katangian ni Jesus (Exod. 12:5; 1 Ped. 1:19).

Sa buong Aklat ng Awit at ng mga propeta ng Lumang Tipan ay may hindi na mabilang na mga propesiya tungkol sa kung ano ang mangyayari sa Mesias. Ang mga ito ay lubhang nakapokus sa paglalarawan kung paano siya mamamatay. Ang hindi pagtanggap ng mga Judaismo sa ideya tungkol sa

Mesias na mamamatay ay dahil sa kanilang pagwawalang bahala sa mga propesiyang ito, ang ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:

Propesiya sa Lumang Tipan	Katuparan kay Cristo
“Dios ko, Dios ko, bakit mo ako pinabayaan? (Awit 22”1)	Ang mga ito ang mga salita ni Jesus doon sa krus (Mat. 27:46)
“Ako’y hinamak ng bayan. Silang lahat na nangakita sa akin ay tinatawanan ng mainam ako...iginalaw nila ang ulo sa sinasabi, magpakatiwala ka sa Panginoon; iligtas niya siya; iligtas siya...” (Awit 22:6-8)	Hinamak ng Israel si Jesus at siya’y tinuya rin (Luc. 23:35; 8:53); iginalaw nila ang kanilang mga ulo (Mat. 27:39), at sinabi nila ito habang si Jesus ay naroon sa krus (Mat. 27:43).
“Ang aking dila ay dumidikit sa aking ngalangala at dinala mo ko sa alabok ng kamatayan. Sapagkat niligid ako ng mga aso kinulong ako ng pulutong ng	Ito ay lubos na naglalarawan sa pakiramdam na pagkakalayo niya sa mga kapatid niyang Judio at gayon din sa sarili niyang mga kapatid (Jn 7:3-5; Mat. 12:47-

ANG PINAGMULAN NI JESUS 279

mga manggagawa ng masama. Awit 22:15,16.	49). Ito ay binanggit sa Jn. 2:17.
--	------------------------------------

Pansinin na nag Awit 22: 22 ay partikular na binanggit bilang pagtukoy kay Jesus ssa Heb. 2:12.

“Akoy naging iba sa aking mga kapatid, at taga ibang lupa sa mga anak ng aking ina; sapagkat napuspos ako ng sikapa sa sa iyong bahay; at ang mga pagduwahagi niila na nagsiduwahagi sa iyo ay nangahulog sa akin” (Awit 69:8,9)	Ito ay lubos na naglalarawan sa pakiramdama na pagkakalayo niya sa mga akapatid niyang Judio at agyon din sa sarili niyang mga kapatid (Jn 7:3,5 Mat. 12:47-49). Makikita ito sa Jn 2:17.
“Binigyan naman nila ako ng pagkaing mapait” (Awit 69:21)	Ito ay nangyari nang si Cristo ay nasa krus. (Mat. 27:34)

Ang buong kabanata ng Isaias 53 ay isang kapansin-pansing propesiya tungkol sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Cristo, ang bawat talata nito ay mayroong di-mapag-aalinlangang katuparan. Na ito ang dalawa sa mga iyon:

<p>“gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit sa kaniya ay pipi, gayon may hindi niya ibinuka ang kaniyang bibig” (Isa. 53:7)</p>	<p>Si Cristo, ang kordero ng Dios ay nananatiling tahimik habang siya ay nililitis (Mat. 27:12,14)</p>
<p>“Ginawa nila ang kaniyang libingan na kasama ng mga masama, at kasama ng isang lalaking mayaman sa kaniyang kamatayan..</p>	<p>Si Jesus ay ipinako sa krus na kasama ng masamang mga kriminal (Mat. 27:38), ngunit siya ay inilibing sa libingan ng isang mayamang lalaki (Mat. 27:57-60).</p>

Hindi nakapagtataka na Ang Bagong Tipan ay pinaaalalahanan tayo na ang “kautusan at mga propeta” ng Lumang Tipan ay siyang batayan ng ating kaunawaan tungkol kay Cristo (Gaw. 26:22; 28:23; Rom. 1:2,3; 16:25,26). Si Jesus mismo ay nagpaala-ala na kung hindi natin wastong paniniwalaan si “Moises at ang mga propeta” ay hindi rin tayo magsisimpataya sa kaniya (Luc. 16:31; Jn 5:46-47).

Ang kautusan ni Moises na tumugon kay Cristo, at ang mga propeta na nagproposiya tungkol sa kaniya, ay sapat na katibayang si Jesus ay hindi nabuhay ng pisikal bago siya ipinanganak. Ang maling katuruan tungkol sa pisikal na pamumuhay ni Cristo bago ang kaniyang kapanganakan ay ginagawang kabuluhan ang mga paulit-ulit na mga pangako na

si Jesus ang siyang binhi (inanak) nina Eva, Abraham, at David. Kung siya ay nabubuhay doon sa langit sa panahong ginawa ang mga pangakong yaon, maaaring hindi tama ang Dios sa kaniyang ginawang mga pangako sa mga taong ito na isang inanak nila ang siyang magiging Mesias. Ang mga talaan ng lahi tungkol kay Jesus na nasusulat sa Mat.1 at Luc. 3 - ay nagpapakita na si Jesus ay may mga ninuno na umabot sa mga taong ito na pinangakuan ng Dios. Ang mga pangako tungkol kay Cristo ay hindi pinahihintulutan ang pisikal ng pamumuhay nang panahon na ang pangako ay ginawa ng Dios: “Aking ibabangon ang iyong binhi pagkatapos mo, na magmumula sa iyong tiyan...Ako’y magiging kaniyang ama, at siya’y magiging aking anak” (2 Sam. 7:13,14). Pansinin ang mga salitang ginamit ito ay mga “future tense” . Dahil ang Dios ang magiging Ama ni Cristo, imposibleng ang Anak ng Dios ay nabubuhay na noong panahon yaon nang ginawa ang pangako na ang binhi ay “magmumula sa iyong tiyan” ito ay nagpapakita na siya ay magiging isang literal at pisikal na inanak ni David. “Ang Panginoon ay susumpa kay David sa katotohanan...Ang bunga ng iyong katawan ay aking ilalagay sa iyong luklukan” (Awit 132: 11).

Si Solomon ang unang katuparan ng pangako, ngunit dahil siya ay nabubuhay nang panahong yaon na ibinigay ang pangakong ito (2 Sam. 5:14), kaya ang pinakamahalagang katuparan ng pangako tungkol sa pagkakaroon ni David ng isang inaanak na magiging anak din ng Dios, ay tumutukoy kay Cristo (Luc. 1:31-33). “Ako’y magbabangon kay David ng matuwid na sanga” (Jer. 23:5) – i.e. Mesias.

Ang kagayang mga “future tense” ay ginamit din sa ibang mga propesiya tungkol kay Cristo. “Aking palilitawin sa kanila (Israel) ang isang propeta sa gitna ng kanilang mga kapatid, na gaya mo (Moises) (Duet. 18:18), ito ay binanggit sa Mga Gawa 3:22, 23, at ipinakahulugan na ang “propeta” ay si Jesus. Isang dalaga (Maria) ay maglilihi at manganganak ng isang lalake, at tatawagin ang knaiyang mga pangalan na Emmanuel’ (Isa. 7:14). Ito ay maliwanag na natupad nang si Cristo ay ipanganak ni Maria (Mat. 1:23).

7.2 Ang Malinis Na Kapanganakan

Ang nasusulat tungkol sa paglilihi at kapanganakan ni Cristo ay hindi pinahihintulutan ang ideya na siya ay pisikal na nabuhay na bago pa siya ipinanganak ni Maria. Yaong mga naniniwala sa hindi tamang katuruan tungkol sa “trinidad” ay napipilitang dumating sa konklusyon na may isang panahon na may tatlong persona sa langit, pagkatapos ang isa sa kanila ay bumaba at naging isang “fetus” sa sinapupunan ni Maria at naiwan ang dalawang persona sa langit. Sa mga Kasulatan ay nakita natin na ang lahat ng pamumuhay - kasali na pati yaong sa Dios – ay pamumuhay sa isang may pisikal na katawan. Kaya dahil dito maipapalagay natin mula sa paniniwalang si

Cristo ay nabuhay na bago siya ay ipinanganak ni Maria na siya bumaba ng pisikal mula sa langit at pumasok sa sinapupunan ni Maria. Ang ganitong mahirap unawaing teolohiya ay lubhang wala sa katuruan sa Biblia. Ang nasusulat sa pinagmulan ni Cristo ay nagbibigay ng anomang dahilan upang isipin na pisikal siyang bumaba mula sa langit at pumasok sa sinapupunan ni Maria. Ang kakulangan ng katibayan para edito ay isang malaking kawil na nawawala” maling katuruan ng trinidad.

Ang anghel na si Gabriel ay nagpakita kay Maria na may dalang mensahe at sinabi “maglilihi ka sa iyong tiyan, at manganganak ka ng isang lalake, at tatawagin mo ang kaniyang pangalan na Jesus. Siya’y magiging dakila at tatawaging anak ng Kataas-taasan... At sinabi ni Maria sa anghel, Paanong mangyayari ito, sa ako’y hindi nakakakilala ng lalake? (i.e. siya ay dalaga). At sumagot ang anghel, at sinabi sa kaniya, Bababa sa iyo ang Espiritu Santo, at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasan: kaya naman ang banal na bagay na ipanganakan ay tatawaging Anak ng Dios” (Luc. 1:31-35).

Dalawang ulit na binigyang – diin na si Jesus ay magiging Anak ng Dios sa kaniyang kapanganakan; malinaw na ang anak ng Dios ay hindi pa nabubuhay bago siya ay ipanganak. Muli ang maraming mga paggamit ng “future tense” ay dapat pansinin – e.g. “siya’y magiging dakila”. Kung si Jesus ay

nabubuhay na ng pisikal noong sabihin ng anghel kay Maria ang mga salitang yan, dapat ay dakila na ang Anak ng Dios noon. Si Jesus ay ang “Supling’ ni David (Apoc. 22:16), ang salitang Griego para sa supling ay ang “genos” ay nagpapahiwatig na si Jesus ay “inanak” ni David.

Ang Paglilihi kay Jesus

Sa pamamagitan ng Espiritu Santo (ang hininga/kapangyarihan ng Dios) na kumilos kay Maria, kaya siya ay naglihi kay Jesus ng hindi nakipagtalik sa isang lalake. Kay si Jose ay hindi ang siyang tunay na ama ni Jesus. Dapat na intindihin na ang Espiritu Santo ay hindi isang persona (tingnan ang Aralin 2); si Jesus ay Anak ng Dios, at hindi ang Espiritu Santo. Sa pamamagitan ng paggamit ng Dios ng kaniyang espiritu kay Maria, “kaya naman ang banal na bagay” na ipinanganak ay “tatawaging Anak ng Dios” (Luc. 1:35). Ang pag-gamit sa salitang “kaya” ay nagpapahiwatig na kung hindi kumilos ang Espiritu Santo sa tiyan ni Maria, si Jesus, ang anak ng Dios, ay hindi maaaring ipaglihi, ipanganak at mabuhay. Na si Cristo ay “ipinaglihi” sa sinapupunan o tiyan ni Maria (Luc.1:31) ay isa pang katibayan na siya ay hindi pa pisikal na nabuhay bago ang panahong yaon. Nang si Jesus ay ipinaglihi sa loob ng tiyan ni Maria, siya ay nagsimulang mabuhay doon bilang isang “fetus” gaya din ng sinomang tao. Ang Jn 3:16, ang pinaka-popular na talata ng Biblia, ay nagsasabi na si Jesus ang “bugtong na Anak” ng Dios.

Milyun-milyong mga tao na bumibigkas ng talatang ito ang nakaigtaang pagbulaybulayin kung ano ang ipinahihiwatig nito. Kung si Jesus ay “bugtong na Anak” nangangahulugan ito na siya ay nagsimulang magkaroon ng buhay noong siya ay ipinaglihi sa tiyan ni Maria. Si Jesus ay ipinanganak at ang Dios ang kaniyang Ama, ito ay malinaw na katibayan na ang kanilang Ama ay mas matanda kaysa sa kaniya. Ang Dios ay walong pasimula (Awit 90:2) at dahil dito si Jesus ay hindi maaaring ang Dios mismo (Ang Aralin 8 ay tinalakay ng mas malawak ang tungkol dito).

Makahulugan na si Jesus ay ipinaglihi at ipinanganak sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios at hindi nilikha ng Dios na kagaya ni Adam noong paglikha. Ito ang siyang nagpapaliwanag sa malapit na pakikitungo ng Dios kay Jesus. Ang Dios kay Cristo ay pinakipagkasundo ang sanglibutan sa kaniya” (2 Cor. 5:19). Dahil si Cristo ay Anak ng Dios at hindi nilikha ng Dios mula sa alabok lamang, kaya ito ang siyang nagpapaliwanag kung bakit likas ang kaniyang pagkakahilig sa mga kautusan ng Dios na kaniyang Ama.

Ang Isaias 49:5,6 ay nagsasabi ng isang propesiya tungkol kay Cristo bilang sanglibutan na kaniya namang tinupad (Jn, 8:12). Siya ay inilalarawan na nagmuni-muni sa “Panginoon na nag-anyo sa akin mula sa bahay –bata upang maging lingkod”. Ito ay ang papahiwatig na si Cristo ay “inanyuan” ng Dios sa sinapupunan ni Maria, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng

kaniyang espiritu Santo. Ang sinapupunan o tiyan ni Maria ang siyang malinaw na dako na pinanggalingan ni Cristo.

Nakita natin sa Aralin 7.1 na ang Mga Awit 22 ay mga propesiya tungkol kay Cristo habang siya ay naroon sa krus. Gayon din ng kaniyang mga pag-iisip habang naroon siya. Inisip niya na ang Dios ang “naglabas sa akin sa bahay-bata...Ako’y nahagis sa iyo mula sa bahay-bata: Ikaw ang aking Dios mula ng dalhin ako sa tiyan ng aking ina’ (Awit 22:9-10). Sa oras ng kaniyang kamatayan, si Cristo ay nagbalik tanaw sa kaniyang pinag-mulan-sa tiyan ng kaniyang inang si Maria. Ang paglalarawan kay Maria sa mga temang paniniwala na si Cristo ay nabuhay na bago pa siya ipanganak ni Maria.

Si Maria ay isang karaniwang tao, na may mga magulang na tao rin. Ito ay patunayan ng katotohanag siya ay mayroong kamag-anak na ina naman ni Juan Bautista (Luc. 1:36). Ang paniniwala ng mga Romano Katoliko na si Maria diumano ay walang kalikasan ng tao ay nangangahulugang na si Cristo ay hindi maaaring parehong maging “anak ng tao” at “anak ng Dios”. Ang mga ito ay malimit na ginagamit bilang titulo niya sa Bagong Tipan. Siya ay “Anak ng tao” dahil sa pagkakaroon niya ng isang ina na pangkaraniwang tao at “Anak ng Dios” dahil sa pagkilos ng Dios kay Maria sa pamamagitan ng Espiritu Santo (Luc. 1:35), na nangangahulugan na ang Dios ang kaniyang Ama. Ang magandang pagkaka-ayos na ito ay

pinapawalang halaga kung si Maria ay hindi isang karaniwang bbae.

Malimit na ipahiwatig ang mga nasusulat na talaan ng Evangelio ang pagiging tao ni Maria. Siya pinagwikaan ni Jesus dahil sa kakulangan ng espirtual ma [ang-unawa (Luc. 2:49; Jn 2:4); nabigo siyang unawain ang mga sinasabi ni Jesus (Luc. 2:50). Ito ang eksaktong maaasahan tungkol sa isang babae na may kalikasan ng tao, na ang Si Jose ay nakipagtalik kay Maria pagkatapos ng kapanganakn ni Cristo (Mat. 1:25). At walang dahilan upang isipin na sila ay hindi nagkaroon ng isang normal na relasyon nbilang amg-asawa simulan noon.

Ang pagbanggit tungkol sa “ina at mga kapatid” ni Crisoto sa Mat. 12:46-47-ay ngapaphiwatig na si Amria ay angkaroon ng iba pang mga anak pagkatapos niyang ipanganak si Jesus. Si Jesus ay ang kaniyang “panganay” o unang anak. Ang maling katuruan ng Katoliko na si Maria diumano ay nananatiling birhen at pagkatapos umakyat sa langit ay tunay na walang suporta na mula sa Biblia. Bilang isng tao na mayroong may-kamatayang kalikasan, si Maria ay tumanda rin at namnatay; dito ating nabasa sa Jn. 3:13 na “walang umakyat sa langit...” ang katotohanang si Cristo ay nagkaroon ng kalikasan ng tao (tignan ang Heb. 2:14-18; Rom. 8:3) ay nangangahulugan na ang kaniyang ina ay mayroon din nito, dahil ang kaniyang ama ay wala nito.

7.3 Ang Pwesto Ni Cristo Sa Plano ng Dios

Ang Dios ay hindi nagpsiya sa kaniyang plano dahil lamang sa pagkabigla, ay hindi rin siya umisip ng dagdag na bahagi sa kaniyang layunin habang ang kasaysayan ng tao ay nangyayri. Ang Dios ay may kumpletong plano na ibinabalangkas niya simula pa sa simula (Jn. 1:1) Ang kaniyang pagnanais na magkaroon ng Anak na kung gayon ay nas plano na niya pa ng simula. Ang Lumang Tipan ay nagpapahayag ng ibat-ibang aspeto ng plano ng Dios tungkol sa kaligtasan kay Cristo.

Malimit naming ipinakita na sa pamamagitan ng mga pangako, Kautusan ni Moises, ang Lumang Tipan ay palaging ipinahahayag nang layunin ng Dios kay Cristo. Dahil sa kaalaman ng Dios na magkaroon siya ng Anak kaya niya ginawa ang paglikha (Heb. 1:2). Dahil kay Cristo sa pamamagitan niya kaya ang kasaysayan ng tao ay pinahintulutan ng Dios. Kaya maunawaaan na ang mga pahayag ng Dios sa mga tao sa loob ng mga panahong yaon, gaya ng nasusulat sa Lumang Tipan ay puno ng mga pagtukoy kay Cristo.

Ang pangibabaw ni Cristo at ang kaniyang malaking kahalagahan sa Dios ay mahirap para sa ating unawain. Dahil dito kaya tamang sabihin na si Cristo ay nabuhay na sa pag-iisip ng Dios at sa layunin niya simula pa nang simula, bagaman si Cristo ay nabuhay lamang ng pisikal noong siya ay ipinanganak ni Maria. Ang Hebreo 1:4-7, 13,14, ay binigyan diin na si Cristo ay hindi lamang isang anghel; habang si Cristo ay nasa kaniyang mortal na pamumuhay siya ay mababa kaysa sa mga anghel (Heb. 2:7), ngunit siya ay higit na di nakilala ng mas mahalaga ng karangalan kaysa sa kanila sapagkat si Jesus ang siyang ‘bugtong na anak ng Dios’ (Jn. 3:16). Ipinakita namin sa nakaraang Aralin na ang tanging anyo ng pagkakaroon ng buhay na itinaturo sa Banal na Kasulatan ay ang pamumuhay sa isang anyo na mayroong katawan, kaya dahil dito, si Cristo ay hindi maaaring nabuhay bilang isang “Espiritu” bago siya ipinanganak ni Maria. Ang 1 Ped. 1:20 ay binigyang kabuuan ang paniniwalang ito: si Cristo ay nakilala na nganguna bago itinatag ang sanglibutan, ngunit inihayag sa mga huling panahon”.

Si Jesus ang pinakasentro ng Evangelio, na “ipinangako ng Dios, nang una sa pamamagitan ng kaniyang mga propeta sa mga Banal na Kasulatan, tungkol sa kaniyang anak na ipinanganak sa binhi ni David ayon sa laman; na ipinahayag na Anak ng Dios na may kapangyarihan ayon sa Espiritu ng Kabanalan, sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli” (Rom. 1:1-4).

Ito ay nagbibigay buod sa kasaysayan ni Cristo:

Ipinagako sa Lumang Tipan – i.e. nasa plano siya ng Dios; Nilikha bilang isang pisikal na tao sa pamamagitan ng malinis na kapanganakan, bilang isang binhi ni David; Dahil sa kaniyang walang –kapintasang katangian (ang espiritu ng kabanalan), na ipinakita niya noong siya ay namumuhay bilang isang mortal.

Siya ay muling binuhay mula sa patay, at muling ipinahayag sa mga tao na siya ang Anak ng Dios sa pamamagitan ng mga alagad na nag-aral tungkol sa kaniya sa tulong ng kaloob sa kanila ng espiritu ng Dios.

Ang kaalaman ng Dios sa mga Bagay na Mangyayari sa Hinaharap Na Panahon

Tayo ay matutulungan sa ating kung paanong si Cristo ay nasa pag-iisip na ng Dios mula pa sa simula kahit na hindi pa siya nabubuhay noon, kung ating tatanggapin ang katotohanan na ang Dios ay mayroong kaalaman sa lahat ng mga bagay na mangyayari sa hinaharap na panahon. Dahil dito kaya ang Dios ay angasalita at iniisip ang mga bagay na hindi pa umiiral o nabubuhay na tila baga ang mga ito ay naroon. Gayon ang kabuuan at kasiguruhan ng kaniyang kaalaman tungkol sa mangyayari sa hinaharap na panahon.

Ang Dios ay “tumatawa sa mga bagay na hindi pa payag na tila hayag na” (Rom. 4:17). Kaya maari niyang pa ipahayag ang “wakas mula sa pasimula at mula nang mga unang panahon, na mga bagay na hindi pa nangyayari, nagsasabi: Ang payo ko ay mananayo, at gagawin ko ang aking boong kaligayahan” (Isa. 46:10). Dahil dito, kaya ang Dios ay nakapagsalita tungkol sa mga patay na tila sila ay buhay, at nakapagsasalita siya tungkol sa mga tao na tila sila ay buhay na bago pa man sila ay ipanganak.

Ang “payo” o salita ng Dios ay nagpropesiya na tungkol kay Cristo mula pa sa simula, si Cristo ay palaging nasa layunin o “kaligayahan” ng Dios. Kaya dahil dito ay may katiyakan na darating ang panahong si Cristo ay pisikal na ipapanganak; sapagkat tutuparin ng Dios ang kaniyang ipinahayag na layunin kay Cristo. Ang katiyakan ng kaalaman ng Dios tungkol sa mga bagay na mangyayari sa hinaharap na panahon ay pinakita ng kasiguruhan ng kaniyang mga salita. Ang salitang Hebreo ay ginamit sa Biblia ay may “prophetic perfect tense” na ginamit ang “past tense” upang ilarawan ang hinaharap na mga bagay na ipinanagko ng Dios. Kaya sunabi ni David, Oito ang bahay ng Panginoong Dios” (1 Cro. 22:1), samantalang ang templo ay hindi pa naitatayo at ipinangako pa lamang. Gayon ang pananampalataya ni David kaya nga ginamit ang “present tense” upang ilarawan ang hinaharap na mga bagay na darating. Ang Banal na Kasulatan ay maraming mga halimbawa tungkol sa kaalaman ng Dios nasa mga bagay na mangyayari sa hinaharap na panahon. May katiyakan ang Dios kay Abraham: “sa iyong binhi ibinigay ko ang lupaing

ito...” (Gen. 15:18) na noong mga panahong yaon si Abraham ay wala pang binhi. Sa loob ng gayon ding panahon bqago ipinanganak ang binhi (Isaac/Cristo), dinagdagan ng Dios ang pangako: “Ikaw ay ginawa kong ama ng maraming bansa” (Gen. 17:5). Tunay na ang Dios ay “tumatawag sa mga bagay na hindi pa hayag tila hayag na’.

Sa gayon ding paraan si Cristo ay nagsalita noong panahon ng kaniyang misteryo tungkol sa kung paanong ang Dios ay “inilagay sa kaniyang mga kamay ang lahat ng mga bagay” (Jn. 3:35) bagaman, yaon ay hindi pagayon nag kalagayan noong panahon yaon. “Inilagay mo ang lahat ng mga bagay sa pagsuko sa ilalim ng kaniyang (ni Cristo) mga paa....ngunit ngayon ay hindi pa rin nakikitang sumuko sa kaniya ang lahat ng mga bagay” (Heb. 2:8).

Ang Dios ay nagsalita tungkol sa kaniyang plano ng kaligtasan sa pamamagitan ang Salita at ang Salita ay sumasa Dios, at ang Salita ay Dios. Ito rin ang pasimula’y sumasa Dios. Ang lahat ng mga bagay sumasa Dios. Ang lahat ng mga bagay walang pagkakakilala sa oras. Ang "pananampalataya" ay ang kakayahang tignan ang mga bagay mula sa paningin ng Dios na wala ng pagtatakda ng oras.

7.4 “Nang Pasimula Siya Ang Salita”

Jn 1:1-3

“Nang pasimula siya ang Salita at ang Salita ay sumasa Dios, at ang Salita ay Dios. Ito rin nang pasimula’y sumasa Dios. Ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan niya” (Jn. 1:1-30).

Ang mga talaang ito, kapag wastong naintindihan, ay magpapatunay at magpapalawak sa konklusyon na ating nakuha sa nakaraang bahagi ng Aralin. Subalit ang mga talatang ito ay hindi maintindihang mga salita ng nakararaming mga tao, at itinuturo nila na si Jesus ay nabuhay na doon sa langit bago siya pa ipinanganak. Ang isang tamang kaunawaan ng mga talatang ito ay nakasalalay sa pagkilala kung ano ang kahulugan ng “ang salita”. Ito ay hindi maaaring tumukoy ng tuwiran sa isang persona, dahil ang isang persona ay hindi maaaring “sumasa Dios din. Ang salitang Griego na “Logos” na isinalin bilang salita” dito, ay hindi nangangahulugan na ito ay si “Jesus”. Ang salitang ito ay karaniwang isinalin bilang “salita” ngunit isinalin ito bialng:

Sulit

Luc. 16:2; Gaw. 19:40; Rom. 14:12

Pananalita	Mat. 5:37; 15:12
Salitaan	Luc. 24:17
Kadahilanan	Gaw. 10:29
Katuwiran	1 Ped. 3"15
Balita	Gaw. 11:22
Aral	Heb. 6;1
Kasabihan	Jn. 5:37

Nang pasimula

Ang “Logos” ay maaaring tumukoy sa kaisipan na ipinahihiwatig sa mga salita at iba pang uring pagbibigay alam. Nang pasimula ay mayroong “logos” na ito ang Dios. Ang bukod tanging layuning yaon ay ankasentro kay Cristo. Ipinakita na namin kung paanong ang espiritu ng Dios ay tinupad at pinakilos ang kaniyang kaisipan, dahil dito kaya may kaugnayan ang kaniyang Espiritu at ang kaniyang salita (tignan ang Aralin 2.2). Nang ang Espiritu ng Dios ay kumilos sa mga tao at kinasihan ang mga ito upang maisulat ang kaniyang mga salita mula pa sa simula, nagsimulang ipagbigay alam nito ang bagay tungkol kay Cristo. Si Cristo ang “Logos” ng Dios, kaya dahil dito ang espiritu ng Dios ay nagpapahiwatig ng plano ng Dios tungkol kay Cristo sa lahat ng pagkilos nito. Ito ang siyang nagpapaliwanag kung bakit maraming pangyayari sa

Lumang Tipan ay sumasagisag kay Cristo. Gayunman, binibigyan diin na sa pisikal na kalagayan si Cristo ay hindi “ang salita” sapagkat ito – ang salita – ang plano ng Dios na kaligtasan na ginamit sa Evangelio tungkol kay Cristo – e.g. “ang salita ni Cristo” (Col. 3:16 cf. Mat. 13;19; Jn 5:24; Gaw. 19:10; 1 Tes. 1:8). Pansinin na ang “logos” ay tungkol kay Cristo, at hindi siya mismo ng personal. Noong si Cristo ay ipinanganak ang “salitang” ito ay naging isang anyong mayroong laman at dugo – “nagkatawang –tao o salita” si Cristo ay personal na naging “Salita” dahil ipinanganak na siya ni Maria, subalit sa panahon nang kaniyang kapanganakan. Ang plano o mensahe tungkol kay Cristo ay nsa kaisipan na ng Dios mula sa pasimula, ngunit naipahayag nang lantaran sa katauhan ni Cristo, at sa pangangaral ng Evangelio tungkol sa kaniya noong ikaunang siglo. Kaya ang Dios ay nagsalita sa atin ng kaniyang salita sa pamamagitan ni Cristo (Heb. 1:1-2). Paulit-ulit na binigyan diin na si Cristo ay nagsalita ng mga salita ng Dios at gumawa ng mga himala sa pangalan ng Dios upang ipahayag ang Dios sa atin (Jn. 2:22; 3:34; 7:16; 10:32,38; 14:10,24).

Si Pablo ay sumunod sa utos ni Cristo na ipangaral na evangelio tungkol sa kaniya sa lahat ng mga bansa”. Ang “pangangaral ni JesuCristo ayon sa pahayag ng hiwaga na nakatago sa katahimikan nang panahong walang hanggan. Datapuwat nahayag na ngayon...sa lahat ng mga bansa” (Rom. 16:25-26 cp. 1 Cor. 2:7).

Ang buhay na walang hanggan ay naging posible lamang para sa tao sa pamamagitan ng mga gawa ni Cristo (Jn. 3:16; 6:53); subalit noon pa mang pasimula ang Dios ay may plano na nahandugan ang tao ng buhay na walang hanggan, dahil may kaalaman na siya sa pagpapakasakit na gagawin ni Cristo. Ang katuparan ng handog na yaon ay nangyari lamang pagkatapos ng kapanganakan at kamatayan ni Jesus: Ang “buhay na walang hanggan, na ipinangako ng Dios na di makapagsisinungaling buhat pa ng mga panahong ang kaniyang salita sa pangangaral” (Tito 1:2,3). Ang mga ipinangaral na mga salita ay nasa pag-iisip na ng Dios mula pa sa pasimula.

Maraming ipinahayag ang mga talinhaga ni Jesus tungkol sa mga bagay na ito: sa gayong paraan tinupad niya ang mga propesiya na tungkol sa kaniyang sarili: “Bubukhin ko ang aking bibig sa mga talinhaga; sasaysayin ko ang mga natatagong bagay buhat nang itatag ang sanglibutan” (Mat. 13:35). Sa ganitong kahulugan kaya ang mga salita ay sumasa Dios...nang pasimula”, “magkatawang – tao” noong ipanganak si Cristo.

Ang Salita Ay Dios

Tayo ay nasa kalagayan na upang pag-aralan kung ano ang kahulugan ng “ang Salita ng Dios”. Ang ating mga plano at ang ating mga kaisipan ay tayo rin mismo. “Ako ay pupunta sa London” ay isang “salita” o pagbibigay alam na nagpapahayag ng aking layunin, dahil ito ay aking layunin. Ang plano ng Dios ay maaaring intindihin na gaya nito. “Sapagkat kung ano ang

iniisip niya (ng tao) sa loob niya , ay gayon siya. Kaya dahil dito ang salita o kaisipan ng Dios ay Dios: “Ang salita ng Dios” dahil dito kaya ang Dios ay kaugnay ng kaniyang salita: ang mga pagkakatapareho tulad ng mga Awit 29:8 ay karaniwan: “Niyayanig ng tinig ng Panginoon ang ilang: Niyayanig ng Panginoong ang Kades”. Ang Dios ay binigyang-katauhan bilang siya mismo, i.e. ito ay sinabi na tila ito ay may katauhan bagaman ang totoo ito ay walang katauhan (tingnan ang Pagsalungat 5).

Ang Dios ay siya mismong katotohanan (Jn 3:33); 8:26; 1 Jn 5:10), kung gayon ang salita ng Dios ay katotohanan din (1 Jn 17:17). Sa ganito ding paraan si Jesus ay iugnay ang sarili niya sa kaniyang mga salita, kaya binigyang-katauhan niya rin ang kaniyang salita: “Ang nagtatakwil sa akin, at hindi tumatanggap ng aking pananalita ay mayroong isang hahatol sa kaniya. Ang salitang aking sinalita ay siyang kaniyang salita tungkol sa kaniyang salita ay binigyang katauhan dahil ang mga ito ay kaugnay ni Jesus.

Ang salita ng Dios ay binigyang katauhan din i.e. bilang ang Dios mismo sa Jn. 1:1-3). Kaya tayo ay sinabihan tungkol sa kaniyang salita, “Ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan niya” (Jn 1:3). Kaya “nilikha ng Dios” ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng kaniyang salita na ipinag-utos (Gen. 1:1). Kaya ang mga salita ng Dios ay sinalita ito ang mismong Dios. Ang punto na dapat pansinin mula dito ay ” sa

pamamagitan ng salita ng Dios na nasa ating puso ang Dios ay napalapit sa atin.

Maliwanag mula sa Genesis 1 ang Dios ang siyang lumikha ng lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng kaniyang mga salita, at hindi mismo si Cristo. Ang “salita” ang siyang inilarawan na gumawa ng lahat ng mga bagay at hindi msimong si Cristo. (Jn 1:1-3). “Sa pamamagitan ng salita ng Panginoon ay nayari ang mga langit, at lahat ng natatanaw roon at sa pamamagitan ng hinga ng kaniyang bibig...siya’y nagsalita at nangyari” (Awit 33:6-9). Kahit ngayon sa pamamagitan ng salita ng Dios kumikilos ang kalikasan : “Kaniyang sinusugo ang kaniyang utos sa lupa. Ang kaniyang salita ay tumatabong mabilis. Kaniyang pinahahatsan ng salita...at ang tubig ay pinaagos” (Awit 147:15-18).

Dahil ang salita ng Dios ang kaniyang tagapaglikhang kapangyarihan kaya ginamit niya ito sa paglikha kay Jesus sa tiyan ni Maria. Ang salita, ang plano ay kumilos sa pamamagitan ng Espiritu Santo (Luc. 1:35) , na lumilim kay Maria kaya si Cristo ay ipinaglihi. Yaon ay kakilala ni Maria sa kaniyang pagtugon sa mensahe tungkol sa kaniyang nalalapit na paglilahi kay Cristo. “Mangyayari sa akin ang ayon sa iyong salita” (Luc. 1:38).

Nakita na natin ang salita/espiritu ng Dios ay nagpapahiwatig

ng kaniyang layunin, sinabi sa boong Matandaang Tipan ang bagay na ito. Ang katotohanang ito ay ipinakita sa Mga Gawa 13:27, kung saan si Jesus at ang mga salita o tinig ng mga propeta sa Matandang Tipan ay ipinahiwatig na magkapareho sa pagsasabing , “Ang hindi nila (ng mga Judiyo) pagkilala sa kaniya, ni sa mga tinig ng mga propeta”. Nang si Cristo ay ipinanganak ang lahat ng salita/espíritu ng Dios ay nahayag sa katauhan ni Cristo. Ang Apostol na si Juan na kinasihan ng espíritu ng Dios ay nagpakagalak dahil anga plano ng Dios na buhay na walang hanggan ay ipinahayag kay Cristo. Na nakita ng pisikal at nahipo ng mga alagad. Kinilala niya na nahipo nila ang salita ng Dios, ang kabuuan ng plano ng Dios na kaligtasan kay Cristo. (1 Jn. 1:1-3). Bagaman hindi natin nakikita ng pisikal si Cristo, tayo man ay nagagalak na sa pamamamgitan ng sang tunay na kaunawaan tungkol sa kanila, maaari naitng malaman ang layunin ng Dios para sa atin at dahil dito ay magkaroon tayo ng katiyakan sa buhay na walang hanggan (1 Ped. 1:8,9). Dapat nating itanong sa ating sarili: Tunay ba an aaam ko ang mga bagay na tungkol kay Cristo? Tama ang pagtanggap na si Jesus ay isang mabuti, na siya ay nabuhay noong panahon ng Bagong Tipan ngunit ito ay di sapat. Sa pamamagitan ng patuloy na may panalanging pag-aaral ng Biblia, maaaring magkaroon ng mabilis na kaaalaman tungkol sa kaniya bilang isang personal na tagapagligtas at iugnay ang iyong sarili sa kaniya ay sa pamamagitan ng bautismo.

Footnote: “Nang pasimula siya ang salita: ito marahil ay komentaryo sa paalagay ng mga Judiyo na ang Torah (Ang

limang aklat ni Moises) ay umiiral na bago ang paglikha. Ang Jn 1:1-3 ay nagsasabi na ang mahalagang bagay na kilalanin ay ang mga salitang yaon ng Dios na propesiya tungkol kay Jesus; ang plano ng Dios tungkol sa kaniya ay umiiral bago ang paglikha (cp. Luc. 1:70).

Pagsalungat 22: Ang Makasaysayang si Jesus

Kung walang katibayan, tulad ng sinasabi ng iba, na si Jesus na Nazareno ay tunay na nabuhay dito sa lupa. Kung gayon, ang pag-iral ng Cristianismo ay mahirap ipaliwanag. Pano sasagutin ang katotohanang milyun-milyong mga tao sa loob ng nagdaang 2,000 taon ay ibinatay ang kanilang paniniwala sa isang hindi pala umiiral o nabuhay pano sasagutin ang napakaraming mga tao na mayroong napakalaking pananampalataya kay Jesus na nag-udyok sa kanila upang palaganapin sa boong mundo ang kanilang pananampalataya sa kaniya, na malimit sa panganib ng pag-uusig at kamatayan. Ang mga Cristiano at ang mga Judiyo ay karaniwang hindi nahihirapang tanggapin na si Mohammad ay minsang nabuhay, bagaman itinatakwil nila ng salaysay at katuruan ni Mohammad. Tunay na tinatanggap natin na ang pinakapopular na mga tauhan ng mga makasaysayan ay nabuhay ng hindi tayo humihingi pa ng isang mapanuring

pagsisiyasat sa mga katibayan tungkol sackanila. Ngunti may mga pagsusuri ding ginawa tungkol sa tinatanggap na makasaysayang pangyayari e.g. na ang “Battle of Hastings ay nangyari noong 1066”, at natuklasan na ang tunay na katibayan na kaugnay nito ay mahirap na matagpuan.

Ang katotohanan na ang ibang mga tao ay labis na hindi pinaniniwalaan ang tunay na pagkabuhay na maguli ni Jesus na Nazareno ay tiyak na palatandaan ng sobrang reaksiyon, isang pagnanais na humanap ng sang madaling dahilan upang huwag harapin ang mga paliwanag ng pagiging Mesias ni Cristo. Ito ay lumalabas na lubhang totoo kapag kinilala na ang mga sinaunang Judio ay tinanggap na may isang tao na kung tawagin ay Jesus na nabuhay noong ika-unang siglo. Ang sumusunod na pangkasaysayang mga katibayan sa pagkabuhay ni Jesus na Nazareno ay nagpapakita na walang paraan upang siya ay pawalang saysay bilang isang teolohiya lamang na inimbento ng mga tao. Maraming mga nakatutulong na impormasyon sa bahaging ito ay pinulot mula sa aklat na “Ancient Evidence For The Life of Jesus” ni Gary Habemas.

1. Si Tacitus ay isang Romanong mananalasay na ang dalawang malalaking aklat niya ay tungkol sa ika-unang siglo (“Annals” at ang “Histories”) ay parehong binanggit si Jesus at ang Christianismo. Isinulat niya sa “Annals” (noong humigit kumulang na 115 A.D.) na:

“Isang grupo ng mga tao na kinapootan dahil sa kanilang mga abominasyon na tinawag na mga Cristiano ng taong bayan. Si Christus (si Cristo) na pinagmulan ng pangalang Cristiano, ay nagdusa ng sukdulang kaparusahan noong panahon ng paghahari ni Tiberius sa mga kamay ng isa sa mga procurator na si Pontius Pilato”.

Ang emperador na si Tiberius ay ang hari noong 14-37 A.D. panahon nang si Cristo ay pinatay, ayon sa talang ito. Inilarawan din ni Tacitus kung paanong ang mga paniniwala ng grupong ito ay “lumaganap hindi lamang sa Judea, ang unang pook na pinagmulan ng Cristianismo, bagkus maging sa Roma”, at ang patuloy si Tacitus na ilarawan kung paanong ang mga Cristiano ay malaganap na kinapootan at marami ang pinatay sa kanila doon sa Roma. Ang lahat ng mga ito ay naaayon sa mga talaan ng Bagong Tipan, tungkol kay Jesus at mga alagad na unang ikinalat ang kanilang katuruan sa pook ng Judea, at pagkatapos ay sa boong nasasaklaw ng Imperyo ng Romano kabilang ang Roma, na may malaking pagtutol sa kanila.

2. Si Suetonius, isa pang Romanong mananalaysay, na nagpahayag ng tungkol sa paghahari ni Claudius (41-54 A.D.): “Dahil ang mga Judio sa Roma ay gumawa ng patuloy na kaguluhan sa panunulsol ni “Chrestus”, sila ay pinaalis mula sa lungsod” . Ang “Chrestus” ay isa pang spelling ng “Cristo”. Hindi sinasadya ang Mga Gawa 18:2 ay naglalarawan kung paanong ang isang mag-asawang

Judio na ang pangalan ay Aquila at Priscila ay kinakailangang lisanin ang Roma dahil sa pag-usig sa mga Judio.

Sa bandang huli si Suetonius ay nagpahayag sa pag-uusig sa mga Cristiano noong panahon ni Nero. “pagkatapos ng malaking sunog sa Roma...Ang mga kaparusahan ay iginawad din sa mga Cristiano, isang sekta na nagpapahayag ng isang bagong paniniwalang pangrelihiyon. Ang pagtukoy na ito sa pagkakaroon ng isang grupo na kung tawagin ay “Cristiano” noong ika-unang siglo ay nagpapahiwatig na isang tao na tinawag na “Cristo” ang nabuhay noong siglong yaon.

3. Si F. F. Bruce (“Christian Origins” pp. 29,30) ay umakit ang mga atensiyon dahil sa katotohanan na mayroong mga pagtukoy sa kasaysayan ng Eastern Mediterranean na mayroong mga pagtukoy sa kasaysayan ng Eastern Mediterranean na isinulat ng isang mananalaysay na tinawag na Thallus noong 52 A.D. Ipinakita noong 52 A.D. Ipinakita ni Bruce sa ibang aklat (“The New Testament Documents” , p. 113) na isang solar na nangangalang Julius Africanus ay bumanggit mula sa aklat ni Thallus, na tinutuya ito dahil sa paglalarawan ni Thallus tungkol sa kadiliman noong panahon ng pagkakapako sa krus at kamatayan ni Jesus, sinabi ni Africanus na yaon daw ay isa lamang eclipse ng araw. Ito ay nagmumungkahi na isinulat ni Thallus ang salaysay tungkol sa pagkakapako ni Cristo sa krus na nangyari ilang taon bago isinulat ang kaniyang kasaysayan noong 52 A.D.

4. Si Pliny, isang Romanong Opisyal ng Gobyerno, ay nagsabi ng pagakakaroon ng isang napaka-aktibong grupo ng mga tao na tinawag na mga Cristiano noong huling mga taon nang ika-unang siglo. Ang kanilang pagdaraos ng “memorial service” ay tinukoy niya; “Sila ay may kaugalian na mga-pulong-pulong sa isang takdang araw bago mag-umaga, sila ay umaawit sa isang takdang araw bago mag-umaga, sila ay umaawit ng salit-salit na mga talata kay Cristo” (Letters of Pliny Vol. 2x’96). Ang mga Romanong Emperador na sina Trajan at Hadrian ay binanggit ang suliranin ng pagtrato sa mga Cristiano. Para sa mga reperensiya ukol dito, tingnan ang “Letters of Pliny” Vol. 2 x:97 at ang Eusebius’ Ecclesiastical History , IV:IX. Ang pagkakaroon ng grupong ito simula pa noong ika-pag-uusig ay nagpapahiwatig na sila ay mga tagasunod- ng isang tao na may tunay na kasaysayan na nabuhay noong ika-unang siglo.

5. Ang Talmud, isang banal na aklat ng mga Judio, ay tumutukoy sa Sanhedrin 43a tungkol sa kamatayan ni Jesus. Kinilala na ang bahaging ito ng Talmud ay isinulat noon pang sinaunang panahon i.e. 70-200 A.D.

“sa gabi ng Paskua (Passover) si Yeshu (Jesus) ay ibinitin. Sa loob ng 40 araw bago mangyari ang pagpatay, isang tagapagbalita na pumaroon at parito at sumisigaw ng “siya ay babatuhin ng mga bato dahil siya ay gumagawa ng pagkukulam at hinihikayat ang Israel upang sumamba sa dios-diosan. Kaya ang sinomang makapagsasabi ng anomang bagay na pabor sa kaniya ay lumapit dito. Ngunit dahil walang nagbigay ng pabor para sa kaniya kaya siya ay ibinitin nila noong gabi ng Pascua”.

Ang "ibinitin" ay maaaring idiom para sa pagpapako sa krus – ito ay ginamit ng gayon sa Bagong Tipan (Gal. 3:13; Luc. 23:39). Ang siping ito mula sa Talmud ay naglalarawan tungkol sa mga Judio na gustong batuhin ng mga bato si Jesus (na naaayon sa Kautusan ni Moises, marahil? , ngunit sinabi na siya ay ibinitin. Ang paliwanag ukol dito ay ibinigay ng pagpapahayag ng Bagong Tipan tungkol sa kung paanong ang mga Judio ay kinakailanganang gamitin ang batas ng Romano upang isagawa ang kamatayan ni Jesus at yaon ay sa pamamagitan ng pagbibitin.

Ang Sanhedrin 43a ay nagsasabi din ng limang mga alagad ni Jesus ay hinatulan at binigyan ng hatol na kamatayan, muli ito ay nagpakita na ang mga Judio ay trdisyunal na naniwala sa pagkabuhay ng makasaysayang si Jesus. Maging ang Sanhedrin 106b ay nagsabi na si Jesus ay 33 nang siya ay mamatay; eksaktong katulad sa Bagong Tipan. Si Maier ("First Easter", pp.117, 118) ay bumanggit mula sa ika-limang siglong dokumento ng mga Judios, ang "Tpledoth Jesu", na magsasalaysay na ang mga alagad ay tinangkang nakawin ang katawan ni Jesus nang ito ay mamatay, ngunit isang hardinero na nangangalang Juda ang nakarinig ng kanilang plano kaya inalis nito ang katawan ni Jesus at inilipat sa ibang lugar, at sa bandang huli ito ay ibinigay niya sa mga Judio. Si Justin Martyr na sumulat noong 150 A.D. ay isinulat na ang mga judio ay nagpalabas ng isang espesyal na mga mensahero upang isalaysay na ang aktawn ni Jesus ay

ninakaw (Dialogue with Trypho, 108), at si Tertullian ("On Spectacles", 30) ay may kagaya ding salaysay nang siya ay sumulat noong 200 A.D.

Ang mga katibayang ito ay nagpakita na ang mga Judio noong mga sinaunang siglo A.D. ay naniwala at malupit na pagkamatay ng makasaysayang si Jesus.

6. Ang Griegong playwright na si Lucian, na sumulat noong ikalawang siglo ay pinagtawanan ng mga Cristiano ng kaniyang isinulat na ang mga ito ay "sumasamba hanggang ngayon sa isang tao na ipinako sa krus" (Lucian, the Death of Perigrine, 11-13, sa "The Works of Lucian", Vol. 4).
7. Si Josephus ang pinakatanyag na mananalaysay noong ika-unang siglo sa kaniyang aklat na "Antiquities" noong 90-95 A.D. ang tungkol kay Santiago, "Ang kapatid ni Jesus na tinawag na Cristo". May isinulat din siyang termino sa ibang bahagi ng aklat na malinaw na nagpapatunay sa pagsasalarawan ng Bagong Tipan tungkol kay Jesus, sinabi ni Josephus na : "May isang tao na pantas, si Jesus ...ang taong ito ay gumawa ng nakakagulat na mga dakilang gawa...Siya si Cristo... siya ay nagpakita sa kanila ng buhay ng ikatlong araw, gaya ng propesiya ng mga propeta tungkol dito at libo-libo pang kahanga-hangang bagay tungkol sa kaniya".

Pagsalungat 23: “Bumaba Akong mula sa Langit”.

“Ang tinapay ng Dios ay yaong bumababang mula sa langit, at nagbibigay ng buhay sa sanglibutan...bumababa akong mula sa langit” (Jn 6:33,38).

Ang mga salitang ito, at ang iba pa na gaya nito, ay hindi wastong ginagamit upang suportahan ang maling ideya na si Jesus ay pisikal na nabuhay doon sa langit bago siya ipanganak ni Maria. Ang mga sumusunod na mga puntos ay dapat pansinin.

1. Ang mga sumusunod sa trinidad (trinity) ay iniintindi bilang literal ang mga salitang ito upang patunayan ang kanilang paniniwala. Subalit kung iintindihin natin ang mga ito ng literal, nangangahulugan na si Jesus ay literal na bumaba mula sa langit. Ang Biblia ay lubhang tahimik ukol dito, gayon din ang pananalita kay Jesus na ipinaglihi sa tiyan ni Maria ay ginagawang walang –kahulugan. Sa Jn. 6:60 ay sinabi: “Matigas ang pananalitang ito” – na tumutukoy sa katuruan sa atin ay na bumaba mula sa langit – i.e. kailsagan nating maunawaan na ang mga ito ay uring pananalita na may sinasagisag.

2. Sa Jn. 6, ipinaliwanag ni Jesus kung paanong ang mana ay sumasagisag sa kaniyang sarili. Ang mana ay ipinadala ng Dios sa kahulugang ang Dios ang siyang sumasagisag sa kaniyang sarili. Ang mana ay ipinadala ng Dios sa kahulugang ang Dios ang siyang may kagagawan para likhain ito sa ibabaw ng lupa, ito ay hindi pisikal o literal na bumaba mula sa luklukan ng Dios doon sa langit. Kaya ang pagparito ni Jesus mula sa langit ay dapat intindihin na gaya nito; si Jesus ay nilikha dito sa ibabaw ng lupa, sa pamamagitan ng Espiritu Santo na lumilim kay Maria upang ipaglihi niya si Jesus sa kaniyang tiyan (Luc. 1:35).
3. Sinabi ni Jesus na “Ang tinapay na aking ibibigay ay ang aking laman” (Jn. 6:51). Ang mga “Trinitarian” ay nagsasalaysay na ang “Dios” daw na bahagi ni Jesus ang siyang bumaba mula sa langit. Ngunit sinabi ni Jesus na ang kaniyang “laman” ang siyang tinapay na bumaba mula sa langit sa kaniyang sarili bilang “Anak ng Tao” (Jn. 6:62), a t hindi bilang “Dios Anak”.
4. Sa kabanata ding ito ng Juan ay maraming katibayan na si Jesus ay hindi kapantay ng Dios. “Sinugo ako ng Amang buhay” (Jn. 6:57) ito ay nagpapakita na si Jesus at ang Dios ay hindi magkabahagi sa pagiging mag-kapantay at ang katotohanan na si Jesus ay “nabubuhay dahil sa Amin” (Juan 6:57) ay tila hindi ang “mag-kapantay” na kalagayan sa sinasabi ng mga Trinitarian.
5. Dapat ay itanong , kailan at paanong “bumaba” mula sa langit si Jesus? Ang mag trinitarian ay ginagamit ang mga

talatang ito upang “patunayan” na si Jesus ay bumaba mula sa langit nang siya ay ipanganak. Ngunit si Jesus ay nagsalita tungkol sa kaniyang sarili. Bilang “Yaong bumababang mula sa langit” (t. 30). Na tila yaon ay isang patuloy na proseso. Sinabi din niya na , “Ang aking Ama ang *nagbibigay* sa inyo ng tunay na tinapay” (t. 32). Nang panahon na sinabi ni Jesus ang mga salitang ito, siya ay nakababa ng langit dito sa lupa, sapagkat siya ay isinugo na ng Dios. Dahil dito kaya si Jesus ay maaari ding gamitin ang mga salitang “past tense” tulad ng : “ako ang tinspay na buhay na *bumababang* galing sa langit” (t. 51). Ngunit siya ay nagsalita din tungkol sa pagbaba bilang tinapay na mul sa langit sa anyo ng kaniysng kamatayan doon sa krus: “Ang tinapay na aking *ibibigay* _ ay aking laman sa ikabubuhay ng sanglibutan” (t. 51). Kaya nakita natin dito na si Jesus ay nakababa na mula sa langit, na sa patuloy na proseso ng “pagbaba” at “bababa” pa lamang sa kaniyang kamatayan doon sa krus. Ang katotohanang ito ay nagpapatunay na ang “pagbaba” ay tumutukoy sa Dios bilang pagpapahayag ng kaniyang sarili, at hindi lamang tumutukoy sa kapanganakan ni JesuCristo. Ito ay kapani-paniwalang pinatunayan ng lahat ng mga kaniyang bayan sa Egipto at siya ay “bumaba” upang sila ay iligtas sa pamamagitan ni Moises. Nakita ng Dios ang ating pagiging alipin ng kasalanan, at siya ay “bumaba” o ipinahayag ang kaniyang sarili nang isugo niya si Jesus bilang kagaya ni Moises upang tayo ay iligtas sa pagiging alipin.

Pagsalungat 24: Nilikha Ba Ni Jesus Ang Lupa?

“Ang panganay na lahat ng mga nilalaman; sapagkat sa kaniya nilalang ang lahat ng bagay, sa sangkalangitan at sa sangkalupaan, na may mga bagay na nakikita maging mga luklukan., o mga pagsakop o mga pamunuan,o mga pagsakop, o mga pamunuan, o mga kapangyarihan; lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan niya at ukol sa kaniya; at siya’y una sa lahat ng bagay at ang lahat ng mga ay nabubuhay dahil sa kaniya, at siya ang ulo ng katawan sa makatuwid bagay ng iglesiya na siya ang pasimula ang panganay sa mga patay...” (Col. 1:15-18). Ito ay larawan ng mga talata na maaaring magbigay ng impretasyon na si Jesus ang siyang lumikha ng lupa o mundo.

1. Kung ito ay totoo, kung gayon napakaraming pinasisinggalingan na mga talata ito, na nagtuturo na si Jesus ay hindi pa nabuhay bago siya ipinanganak ni Maria. Ang nasusulat sa Genesis ay malinaw na itinuturo na ang Dios ang siyang lumikha. Kaya sino sa kanila; kung sasabihin natin na si Jesus ang siyang lumikha bagaman sinasabi sa Genesis na ang Dios ang siyang lumikha, sinasabi natin na si Jesus ay tuwirang kapantay ng Dios. Dahil dito imposibleng ipaliwanag ang maraming mga talata na nagpapakita ng mga pagkakaiba ng Dios at ni Jesus. (tignan ang Arallin 8.2 para sa mga halimbawa sa bagay na ito).
2. Si Jesus ang siyang “panganay” na nagpapahiwatig ng isang pasimula. Ngunit walang katibayan na si Jesus ang “panganay” ng Dios bago ang paglikha ng literal na mundo. Ang mga talata gaya ng 2 Sam. 7:14 at Awit 89:27 ay

nagsasabi na isang literal na inaanak ni David ang magiging “panganay” ng Dios. Malinaw na hindi pa nabubuhay si Jesus noong unang panahong isinulat ang mga talatang yaon, at gayon din maging noong panahon ng paglikha na nasusulat sa Genesis. Si Jesus ay naging “Anak ng Dios na may kapangyarihan sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ng mga patay” (Rom. 1:4). Ang Dios ay muling binuhay si Jesus “gaya naman ng nasusulat sa ikalawang awit, ikaw ay aking anak sa araw na ito ay naging anak kita. (Gaw. 13:32,33). Sa ganito kaya naging panganay ng Dios si Jesus, sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli mula sa patay. Pansinin din na ang isang tumatayo sa dakong kanang kamay ng Dios pagkatapos ng kaniyang pagkabuhay na muli mula sa mga patay (Gaw. 2:32; Heb. 1:3).

3. Sa ganitong pakahulugan inilarawan si Jesus bilang siyang panganay mula sa patay (Col. 1:18), isang parirala na kapareho ng “ang panganay ng lahat ng mga nilalang” (Col. 1:15). Dahil dito kaya si Jesus ay nagsalita ng tungkol sa kaniyang sarili bilang “panganay sa mga patay...pasimula ng paglalang ng Dios” (Apoc. 1:5; 3:14). Si Jesus ang siyang una sa bagong paglikha ng walang kamatayang mga lalake at babae, na ang pagkabuhay na muli mula sa patay at ang kanilang kapanganakan bilang walang –kamatayang mga anak ng Dios ay naging posible lamang dahil sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus mula sa patay (Ef. 2:10; 4:23, 24; 2 Cor. 5:17). “Kay Cristo ang lahat (ng tunay na mananampalataya) ay bubuhayin. Datapuwat ang bawat isa’y sa kanilang katayuan; sa kaniyang pagparito ang pangunahing bunga, pagkatapos ay ang mga kay Cristo. Sa kaniyang pagparito” (1 Cor. 15:22,23). Ito ay gaya sa ideya na

nasa Col 1. Si Jesus ang siyang unang tao na bumangon mula sa patay na binigyan ng pagkawalang –kamatayan, siya ang una sa bagong paglikha at ang mga tunay na mananampalataya ay magiging kagaya niya sa kaniyang mulingpagparito.

4. Kung gayon ang paglikha na sinasabi sa Col. 1 ay tumutukoy sa Bagong Paglikha na nasusuolat doon sa Genesis. Sa pamamagitan ng mga Gawa ni Jesus “ang lahat ng mga bagay at pagkatapos nagbigay ng mga halimbawa gaya ng ilog, bundok, ibon etc. Ang mga elemento ng bagong paglikhang ito ay tumutukoy sa mga gantimpala sa ating matatamo sa Kaharian ng Dios. “Ang mga luklukan...mga pamunuan” etc. ay tumutukoy kung paanong magiging hari at mga sacredote at ang mga muling binuhay na mga mananampalataya, a t silay maghahari sa ibabaw ng lupa” (Apoc. 5:10). Ang mga bagay na ito ay naging posible sa pamamagitan ng mga gawa ni Jesus. “sapagkat sa kaniya nilalang ang lahat ng bagay, sa sangkalangitan” (Col. 1:16). Nabasa natin sa Efeso 2:6 ang tungkol sa mananampalataya na na kay Cristo na pinaupong kasama niya sa “sangkalangitan” . Ganito ang katuruan ng mga talatang ito ang mataas na kalagayang espirituwal na maaari nating makamit sa ngayon, at maranasan natin sa hinaharap na panahon. Ay ginawang posible sa pamamagitan ni Cristo. Ang “sangkalangitan” at ang “Sangkalupaan” ay nagsasabi ng tungkol sa ginawa ni Jesus ng “pakikipagsunduin sa kaniyang krus” (Col. 1:16,20), ito ay nagpapakita na “Ang lahat ng bagay...sa sangkalangitan” ay tumutukoy sa mga mananampalataya na nakaupo sa ngayon sa “sangkalangitan kay Cristo Jesus” at hindi tumutukoy sa lahat ng mga pisikal na bagay na nasa ating kapaligiran.

Pagsalungat 24: “Bago Ipanganak si Abraham, ay Ako nga” (Juan 8:58).

Ang mga salitang ito ay malimit na pagkakagamit upang ituro na si Jesus ay nabuhay na bago pa ipanganak si Abraham. Subalit ang isang masusuing pagsisiyasat ay nagpapahayag na hindi ito ang katotohanan:

1. Hindi sinabi ni Jesus na “Bago ipanganak si Abraham, ay ako na”. Si Jesus ay ang ipingakong inanak ni Abraham, ginagawa nating kalokohan ang mga pangko ng Dios kay Abraham kapag sinabi nating si Jesus ay pisikal na nabuhay na bago pa ang kapanganakan ni Abraham.
2. Ang nilalaman na salita ng Jn. 8:5 ay kaugnay ng pakikipagusap sa mga Judioy tungkol kay Abraham. Para sa mga Judio si Abraham ang siyang pinakadakilang tao na nabuhay. Sinasabi ni Jesus na “Ako nga ngayon, habang ako’y nakatayo dito, ang mas mahalaga kaysa kay Abraham”. Habang sila ay nakatayo doon noong unang panahon yaon, si Jesus ang siyang dapat na bigyang karangalan sa halip na si Abraham. Maaring unawainna

ang salitang “bago” sa Jn. 8:58 ay tumutukoy sa panahon, sa pakahulugan na bago pa nabuhay si Abraham si Cristo ay nasa plano na ng Dios mula pa sa simula ng sanglibutan. At dahil si Jesus ay “bago” kay Abraham a pakahulugang mas una si Jesus sa kalagayan tungkol sa kahalagajhan niya sa plano ng Dios.

3. Ang katibayan tungkol dito ay matatagpuan sa Jn. 8:56 “nagalak ang inyong amang si Abraham na makita ang aking araw, at nakita niya, at natuwa”. Ang tanging nasusulat na natuwa si Abraham at nagalak ay ang siya ay bigyan ng pangako na siya ay magkakaroon ng isang anak; naintindihan ni Abraham na sa bandang huli ang pangako ay tumutukoy kay Jesus (Gen. 17:17). Nakita ni “Abraham si Cristo” sa pamamagitan ng pangakong ginawa sa kaniya na tungkol kay Jesus. “sa bundok ng panahon ay mahahanda “ (Gen. 22:14). Sa ganitong pakahulugan kaya sinabi ni Jesus na siya ay nakita ni Abraham. At sa ganito ding pakahulugan kay sa pagsasalita tungkol sa mga pangako ay nasabi ni Jesus na “bago ipanganak si Abraham, ay ako nga”. Kinilala niya, gaya ng aming ipinaliwanag sa Aralin 3.1 na ang mga pangako ng Dios kay Abraham ay nagpapahayag ng plano tungkol kay Jesus, na alam na ng Dios mula pa sa pasimula ng sanglibutan. Ang layuning yaon, na naroon na “bago pa ipanganak si Abraham” ay ipinahayag kay Abraham sa pamamagitan ng mga pangako sa kaniya ng Dios. At natupad na sa paningin ng mga Judio noong unang siglo habang sila ay nakatayo sa paligid ni Jesus, “ang salita (ng pangako) na nagkatawang lupa.

4. Malimit na pinaniniwalaan na si Jesus ay tumutukoy sa pangalan ng Dios kapag sinasabi niya ako ang “Ako nga”. Ipinaliwanag namin sa Pagsalungat 3 na si Jesus at gayon

din maging ang mga karaniwang mga tao ay maaaring dalhin ang pangalan ng Dios, na hindi naman nangangahulugan na sila mismo ang Dios. Ang ganitong uri ng pag-gamit sa salitang ito ay nasusukat din sa Juan 9:9. Ang mga kapitbahay ng lalaking siya ang lalaking dating nauupo at nagpapalimos: sinabi nga ng mga iba, siya nga: sinabi ng mga iba, Hindi kundi nakakamukha niya. Sinabi niya, Ako nga”, gaya din ng sinabi ni Jesus sa Juan 8:58. Kung sasabihin natin na ang sinabi ni Jesus “Ako nga” ay nagpapatunay na siya ay ang Dios mismo, dapat nating sabihin na ang lalaking bulag ay Dios din mismo. Gayunman dapat na pansinin na ang Yahweh, ang pangalan ng Dios, ay ako na ipapahayag sa iba, ang ibig sabihin, sa halip na “ako nga”.

Pagsalungat 25: Melquisedec

Maraming mga mag-aaral ng Biblia ang nagsasabi ng taos-pusong Amen sa mga salitang apostol na si Pedro nang kaniyang isulat na “Gaya rin namin ni Pablo na ating minamahal na kapatid, na ayon sa karunungan ibinigay sa kaniya ay sinulatan kayo, gayon din naman sa kaniyang mga sulat... na doo’y may ilang bagay na mahirap unawain, na isinasay ng mga di nakakaalam at ng mga walang tiyaga, na gaya rin naman ng kanilang ginagawa ang ibang kasulatan, sa ikakapahamak nila” (2Ped. 3:15,16). Ito ay tiyak na tumutukoy sa paliwanag ni Pablo tungkol kay Melquisedec. Na nanasusulat sa aklat ng Hebreo na inamin niya mismo na siya ay lumalalim na sa kaniyang mga sinasabi kaya iyon ay

mahirap ng saysayin upang maunawaan at tanging yaon lamang may mga magulang na sa pananampalataya ang nakakaunawa (Heb. 5:10-10,11, 14). Kaya dahil dito hindi wasto na ibatay ang pangunahing katuruan sa pagtuturo ng gayong uri ng mga talata, at hindi rin wasto na ang mga talata tungkol kay Melquisedec ang unang sumagi sa pag-iisip ng mga taong bago pa lamang nalaman ang mga saligang katuruan ng Biblia.

“Itong si Melquisedec, hari sa Salem (Jerusalem), sacerdote ng kataas-taasang Dios, na siyang sumalubong kay Abraham sa pagbabalik na galing sa paglipol sa mga hari at siya’y pinagpala niya”. At siya ay sinasabing “walang ama, walang ina, walang tandaan ng lahi, at walang pasimula ng araw ni katapusan ng buhay man, datapuwat naging katulad ng anak ng Dios” (Heb. 7:1,3). Mula dito sinasabi ng iba na si Jesus ay literal na nabuhay na bago pasiya ipanganak, at dahil siya ay walang ,mga magulang na tao.

Si Jesus ay mayroong Ama (Ang Dios) at ina (Si Maria) at tandaan ng lahi (tignan ang Mat. 1, Luc. 3 at cp. Jn 7:27). Kung gayon si Melquisedec ay hindi maaaring tumukoy kay Jesus ng personal. Bukod sa rito si Melquisedec ay naging katulad lamang Anak Ng Dios” (Heb. 7:3); siya ay hindi ang mismong si Jesus, ngunit siya ay mayroong pagkakatulad kay Jesus na ginamit ni Pablo para sa layunin ng pagtuturo . “Ayon sa anyo ni Melquisedec ay lumitaw ang ibang sacerdote”, si

Jesus (Heb. 7:15), na inatasang maging isang sacerdote ni Melquisedec (Heb. 5:5-6).

Ang uri ng pananalita na ginamit tungkol kay Melquisedec na nasa aklat ng hebreo ay hindi maaaring intindihin ng literal. Kung si Melquisedec ay literal na walang ama at ina, kung gayon si Melquisedec ay ang Dios na mismo; sapagkat ang Dios lamang ang tanging walang pasimula (1 Tim. 6:16; Awit 90:2). Nasusulat sa Heb. 7:4: “Nillaylayin nga ninyo kung gaano ang kadakilaan ng taong ito”, at ang katotohanan na si Melquisedec ay nakita ng mga tao (ang Dios ay hindi ng tao at siya ay naghandog ng mga hain sa Dios. Kung si Melquisedec ay tinawag na isang tao, kung gayon siya ay may literal na mga magulang. Ang kaniyang pagiging walang ama at ina at gayon din ng tandaan ng lahi at mga magulang ay hindi nasusulat kaya ang kaniyang pinanggalingan lahi at mga magulang ay hindi nasusulat sa Biblia. Ang mga magulang ng reynang si Esther ay hindi rin nasusulat, kaya ang kaniyang pinanggalingan ay inilarawan na gaya nito. Si Mardocheo ang nagpalaki kay Esther “na anak na babae ng kaniyang amain. Sapagkat siya (Esther) wala kahit ama o ina man...at nang mamatay ang kaniyang ama’t ina inari ni Mardocheo na parang tunay na anak” (Esther 2:7).

Ang aklat ng Genesis ay karaniwang sinasabi ang pamilyang ipinangngalingan ng lahat ng mga tao na inilahad nito sa atin. Ngunit si Melquisedec ay lumitaw sa aklat na walang –pasabi

at walang nasusulat tungkol sa kaniyang mga magulang at bigla din naman ang pagkawala niya sa salaysay ng Genesis. Ngunit walang duda na si Melquisedec ay karapat-dapat na tumanggap ng mataas na paggalng; sapagkat maging si Abraham ay pinagpala ni Melquisedec, ito ay malinaw na ang nagpapakita na siya ay mas nakakahigit kaysa sa kay Abraham (Heb. 7:2,7).

Noon kapanahunanag yaon ng ika-unang siglo mayroon silang suliranin na maaaring lutasin ng tungkol kay Melquisedec. Sapagkat ang mga Judio noon ay nangangatwiran. na:

“Kayong mga Cristiano ay nagsasabi sa amin na si Jesus na ngayon ang ating Pangulong sacerdote, na siyang naghahandog ng ating mga panalangin at mga Gawa sa Dios. Ngunit ang isang sacerdote ay kinakailangang may isang kilalang tandaan ng lahi, na magpapatunay na siya ay mula sa lipi ni Juda (Heb. 7:14). Ikinalulungkot namin ngunit para sa amin si Abraham ang aming mas nakakahigit na pinunu at halimbawa (Jn 8:33;39), at hindi namin igagalang ang Jesus na ito.

Dito si Pablo ay sumagot:

“Ngunit alalahanin niya si Melquisedec. Ang nasusulat sa Genesis ay ibinalangkas ipakita na ang gaya niyang isang dakilang sacerdote ay walang tandaan ng lahi (tignan ang 1 Tim. 1:4). Kung inyong pagbulay-bulayin kung paanong si Melquisedec ay isang sumasagisag kay Jesus (i.e. ang mga detalye ng kaniyang buhay ay tumutukoy kay Jesus), magkakaroon kayo ng mas higit na kaunawang tungkol sa mga gawa ni JesuCristo.

At maaari nating kunin ang aral na yaon para sa ating sarili.

ARALING 7: MGA KATANUNGAN

1. Isulat ang dalawang propesiya ng Lumang Tipan tungkol kay Jesus?

2. Nabuhay na ba ng pisikal si Jesus bago siya ipinanganak?

3. Sa papapaanong pakahulugan maaaring sabihin na si Jesus ay umiiral na o naroon na bago siya ipinanganak?
 - a) Bilang isang anghel
 - b) Bilang bahagi ng trinidad
 - c) Bilang isang espiritu
 - d) Sa pagg-iisip at layunin ng Dios.

4. Alin sa sumusunod na pangungusap ang totoo tungkol kay Maria?
 - a) Siya ay isang sakdal, at walang kasalanang.
 - b) Siya ay isang pangkaraniwang babae
 - c) Siya ay nililiman ng Espiritu santo upang ipaglihi si Jes
 - d) Siya ngayon ang nag-alay ng ating mga panalangin

5. Si Jesus ba ang siyang lumikha ng lupa?

6. Ano ang inyong pakahulugan sa Juan 1:1-3 “Nang pasimula siya ang salita”? Ano ang kahulugan nito.

7. Bakit mahalaga na magkaroon ng tiyak na kaalaman tungkol kay Jesus, kung siya ay pisikal na nabuhay na nga ba o hindi bago siya ipinanganak?

ARALING 8

**ANG KALIKASAN NI
JESUS**

8:1 Ang Katangian ni Jesus: Pagpapakilala

Talagang isa sa pinakamalaking malungkot na pangyayari sa kaisipan ng Kristiyano ay ang Panginoong JesuCristo ay di tumanggap ng paggalang at pagdakilang nararapt ibigay sa kaniya dahil sa kaniyang pagtatagumpay laban sa kasalanan sa pamamagitan ng pagunlad ng isang walang kapintasang pagkatao. Ang laganap na pinaniniwalaang doktrina na “tatlong persona” sa isang Dios ay nagawang si Jesus ay Mismong Dios. Sa pagka-alam natin na ang Dios ay hindi maaaring matukso (Sant 1:1) at di maaaring magkasala, nangangahulugang si Cristo ay talagang hindi kailangang labanan ang kasalanan. Ang kaniyang buhay sa ibabaw ng lupa sa ganito kung gayun ay pagkukunwari, nabubuhay bilang tao subali’t walang tunay na damdamin para sa espirtual at pangkatawan suliranin ng kapakanang pangtao, yamang nalalamang hindi siya naapektuhan nito.

At sa isang kabila, mga grupong katulad ng mga Mormon at Jehovah’s Witnesses ay nabigo upang bigyan ng halaga ang kababalaghan ni Cristo bilang bugtong na Anak ng Dios. Sa ganyan, hindi siya maaaring isang anghel o isang likas na anak ni Jose. Ito ay iminungkahi ng ilan na sa kaniyang buongbuhay, ang pagkatao ni Jesucristo ay katulad ni Adan bago magkasala. Bukod sa kakulangan ng ebidensiya ng Biblia sa ganitong palagay, nabigong pahalagahan na si Adan ay nilalang ng Dios buhat sa alabok, samantalang si Jesus ay “nilalang” sa pamamagitan na siya’s ipinanganak ng Dios sa sinapupunan ni Maria. Kaya, kahit si Jesus ay hindi nagkaroon ng isang taong ama, siya ay ipinaglihi at ipinanganak tulad

natin sa lahat ng paraan. Maraming tao ang hindi matanggap na ang isang taong makasalanang tulad natin ay maaring magkaroon ng isang walang kapintasang pag-uugali. Ito ang dahilan na humahadlang sa isang tunay na pananampalataya kay Cristo.

Upang maniwala na si Jesus ay katulad nating bilang tao, nguni't walang kasalanan ang kaniyang pagkatao, palaging nalalabanana ang mga tukso, ay hindi ito madaling magawa. Kinakailangan ang pagnilaynilay sa mga tala ng Banal na kasulatan ang tungkol sa kaniyang walang kapintasang pamumuhay, kaugnay ng maraming sipi (passages) sa Biblia na pinabubulaanan na siya ay Dios, upang magkaroon ng isang matibay na paniniwala at pananampalataya sa tunay na Cristo. Napakahirap upang akalain na siya ay Dios Mismo, at sa ganyang ay hindi iniisip na tama. Gayun man, ang palagay na ito ay di pinahalagahan ang dakilang tagumpay na ipinanalo ni Jesus laban sa kasalanan at likas na pagkatao.

Siya ay may likas na pagkatao, nakibahagi siya sa lahat ng makasalanang hilig natin (Heb. 4:15), nguni't napaglabanan niya ang lahat ng ito sa pamamagitan ng kaniyang pangako upang gawin ang kaparaanan ng Dios at hanapin ang Kaniyang tulong upang mapaglabanan ang kasalanan. Maluwag na ipinagkaloob ito ng Dios, hanggang sa "Ang Dios kay Cristo ay pinakipagkasundo ang sanglibutan sa Kaniya rin" sa pamamagitan ng Kaniyang sariling Anak (2 Cor.o 5:19).

8:2 Mga Pagkakaiba sa pagitan ng Dios at ni Jesus

Mayroong isang magandang balanse na makaaakit sa pagitan ng mga siping idinidiin ang katibayan kung paano “Ang Dios ay na kay Cristo”, at yaong pagpupuri sa kaniyang pagkatao. Ang mga huling parte ng mga sipi (passages) ay nagawang imposible upang mabigyan ng katuwiran ng Biblia ang idea o kuro-kuro na si Jesus ay ang mismong Dios, “tunay na Dios ng totoong Dios” ay ginamit sa Kapulungan ng Nicea noong 325 A.D., kung saan ang idea ng Dios bilang isang “tatlong persona sa isang Dios” (trinity) ay unang ipinahayag; ito ay hindi alam noong mga unang Kristiano. Ang salitang “tatlong persona sa iisang dios” kailang ma’y hindi nakita sa Biblia. Sa Araling 9 ay sasaliksikin pa ang lubos na pagtatagumpay ni Cristo laban sa kasalanan, at ang bahaging ginawa ng Dios tungkol ditto. Samantalang tayo ay nagsisimulang pag-aralan ang mga ito, atin munang alalahanin na ang kaligtasan ay nababatay sa isang tamang pagkakilala sa tunay na Jesucristo (Jn 3:36; 6:53; 17:3). Kapag tayo ay mayroon ng ganitong totoong pagkakaalam sa kaniyang pagtatagumpay laban sa kasalanan at kamatayan, maaari na tayong mabautismuhan sa kaniya upang makibahagi sa kaligtasang ito.

Isa sa maliwanang na buod (summary) sa kaugnayan sa pagitan ng Dios at NI Jesus ay makikita sa 1 Timoteo 2:5 – “Sapagka’s may isang Dios at may isang Tagapamagitan sa Dios at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus”. Pagninilay-nilay sa masisiglang mga salita ay magbibigay daan sa mga sumusunod na pagpapasiya:

📖 Dahil sa mayroon lamang na iisang Dios, hindi maaari na si Jesus ay Dios; kung ang Ama ay Dios at si Jesus ay Dios din, sa ganyang ay may dalawang Dios. “Ngunit sa ganang atin ay may isang Dios lamang ang Ama” (1 Mga taga Corinto 8:6). “Ang Dios na Ama” sa ganito ay ang tanging Dios. Kaya, hindi maaaring magkaroon ng isang hiwalay na taong tatawaging “Dios Anak” kagaya ng maling doktrina na ipinahahayag ng namamahala sa tatlong persona sa iisang Dios. Gayun din ang paglalarawang ng Lumang Tipan kay Yahweh, and isang Dios, na ama (e.g. Isaiah 63:16; 64:8).

📖 Karagdagan ditto sa isang Dios, mayroong tagapamagitan, ang taong si Cristo Jesus – “... at isang tagapamagitan ...” . Ang salitang “at” ay nangangahulugan ng pagkakaiba ni Cristo at ng Dios.

📖 Dahil sa si Cristo ang “tagapamagitan” ibig sabihin ay tulay sa pagitan ng tao at ng Dios. Isang tagapamagitan sa kabila ng makasalanang tao at walang kasalanang Dios na hindi nagkakasala; dapat ay isang makasalanang tao, an may likas na pagkatao. “Ang taong si Jesucristo” ang walang alinlangang tinutukoy sa atin sa tumpak na pagpapaliwanag na ito. Kahi’t na sumusulat siy pagkatapos ng pagakyat sa langit ni Jesus, si

Pablo ay di nagsalita na “ang Dios na Cristo Jesus”.

Maraming pagkakataon na tayo’y pinaaala-hanan na “Ang Dios ay hindi tao” (Bilang 23:19; Ose. 11:9) gayun ma’y si Cristo ay maliwanag na “ang anak ng tao” , sapagka’t siya ay palaging tinatawag sa Bagong Tipan, “ang taong si Cristo Jesus”. Siya ay “ang Anak ng Kataastaasan” (Luc 1:32). Dahilan sa ang Dios ay “Ang Kataastaasan” nangangahulugan na Siya lamang o nasa Kaniya lamang ang panghuling kataasan; si Jesus bilang “ang Anak ng Kataastaasan” ay ipinakita na siya ay hindi maaaring Dios Mismo sa pagkatao. Ang kasalukuyang salita sa ama at anak na ginagamit tungkol sa Dios at kay Jesus ay nagawa itong maliwanag na silang dalawa ay hindi magkatulad. Samantalang ang anak ay maaaring magkaroon ng ilang pagkakapareho sa kaniyang ama, hindi maaari na sila ay isa at iisang pagka-tao, ni gasing tanda katulad ng kaniyang ama.

Kaayon nito, ay mayroong ilang bilang ng maliwanag na pagkakaiba sa pagitan ng Dios at ni Jesus, na tunay naipinakita na si Jesus ay hind Dios:

Dios

Jesus

“Ang Dios ay hindi Si Cristo “na tinukso sa lahat

matutukso” ng paraan gaya rin naman
(Sant. 1:13) natin” (Heb. 4:15)

Ang Dios ay di mamamatay Namatay si Jesus ng tatlong
– Siya ay walang araw
kamatayan sa
pamamagitan ng kalikasan (Mat. 12:40; 16:21)
(Awit 90:2; 1 Tim 6:16)

Ang Dios ay hindi makikita Nakita ng tao si Jesus at
ng tao (1Tim6:16; Exodo hinawakan siya (1Jn 1:1
33:20) bigyan ng liwanang ito)

Kapag tayo ay tinukso, napipilitan tayong piliin sa pagitan ng magkasala at pagsunod sa Dios. Kadalasan ang pinipili natin ay ang pagsuway sa Dios. Si Cristo ay mayroong parehong pagpili din, subali't pinipili niya lagi ay ang pagtupad. Sa ganyan, maaaring siya ay magkasala, nguni't kailang may'y hindi niya ginawa. Mahirap isipin na ang Dios ay maaaring magkasala. Aming ipinakikita na ang binhi ni David na ipinangako sa 2 Samuel 7:12-16 ay talagang si Cristo. Sa bersikulo 14 ay ipinahayag na si Cristo ay maaaring magkasala: “Kung siya’y gumawa ng kasamaan, aking sasawayin siya . . .”

8:3 Ang Kalikasan Ni Jesus

Ang salitang “kalikasan” ay tumutukoy sa kung ano talaga tayo, sa natural at sa kahalagahan. Aming ipinakita sa Araling 1 na sinabi ng Biblia ang dalawa lamang na kaliakasan – yaong sa Dios at yaong sa tao. Dahilan sa kalikasan ng Dios hindi Siya mamamatay, hindi matutukso, at iba pa. Maliwanang na si Cristo ay hindi katulad ng kalikasan ng Dios sa panahon ng kaniyang buhay. Siya kung gayun, ay ganap ang likas na pagka-tao. Buhat sa ating pakahulugan ng salitang “kalikasan” ito ay magiging maliwanag na si Cristo ay hindi maaaring magkaroon ng dalawang sabay na kalikasan. Kailangang kailangan na si Cristo ay matuksong katulad natin (Heb. 4:15), upang sa pamamagitan ng lubusang pagsupil niya sa kasalanan ay maaaring pakinabangan ang pagpapatawad sa atin. Ang maling ninanains na siyang pinagbabatayan ng ating mga tukso ay nagmumula sa loob natin (Mar. 7:15-23). Kaya kailangan na si Cristo ay maging likas na tao (Sant. 1:13-15) upang kaniyang maranasan at mapaglabanang ang mga tukso.

Sa Hebreo 2:14-18 inilagay ang lahat ng ito sa maraming pananalita:

“Dahil sa ang mga anak (tayo) ay mga may bahagi sa laman at dugo (likas na pagkatao) siya nama’y gayon ding nakabahagi sa mga ito (i.e. “kasalo”, R.S.V.) upang sa pamamagitan ng kamatayan ay kaniyang malipol yaong may paghahari sa kamatayan, samakatuwid ay ang Diablo . .

Sapagka't tunay na hindi niya tinutulungan ang mga anghel, kundi tinutulungan niya ang binhi ni Abraham. Kaya't nararapat sa kaniya na sa lahat ng mga bagay ay matulad sa kaniyang mga kapatid, upang maging isang dakilang saserdoteng maaawain at tapat sa mga bagay na nauukol sa dios, upang gumawa ng pangpalubag-loob patungkol sa mga kasalanang ng bayan. "Palibhasa'y nagbata siya sa pagkakatukso, siya'y makakasaklolo sa mga tinutukso."

Ang pahayag o siping ito ay nagbigay ng pambihirang pagdidiin sa katotohanang si Jesus ay may likas na pagkatao. "Siya nama'y gayon 'DING nakabahagi sa mga ito.'" (Heb. 2:14). Ang pariralang (phrase) ito ay gumamit ng tatlong mga salita na lahat ay may parehong kahulugan, upang tukuyin lamang ang layunin ng maliwanang. Siya ay nakibahagi "ng parehong pagkatao"; ang kasulatan ay maaaring sabihin "siya ay nakibahagi pati NITO" nguni't ito'y idiniing, "siya ay sumali sa kagaya rin. Sa Hebreo 2:16 ay sinikap ang katulad na layunin na si Cristo ay di nagkaroon ng kalikasan ng mga anghel, nalalaman na siya ay binhi ni Abraham na dumating upang maging sanhi ng kaligtasan para sa maraming tao na magiging binhi ni Abraham. Dahilan ditto, kinakailangang si Jesus ay magkaroon ng likas na pagkatao. Sa lahat ng paraan dapat "siya ay matulad sa kaniyang mga kapatid" (Heb. 2:17) upang ang dios ay ipagkaloob sa atin ang kapatawaran sa pamamagitan ng pagpapakasakit ni Cristo. Upang sabihin na si Jesus ay hindi ganap na tao ay nangangahulugang walang nalalaman sa tunay na saligan ng mabuting balita ni Cristo.

Sa ano mang oras magkasala ang mga mananampalatayang binyagan, sila'y maaaring dumulog sa Dios, aminin ang kanilang kasalanan sa pamamagitan ng panalangin kay Cristo (1 Jn 1:9); Nalalaman ng Dios na si Cristo ay natukso upang magkasala katulad din nila, subalit siya ay walang kapintasan, napaglabanan yaong tukso kung saan sila ay nabigo. Dahilan ditto, "Dios dahil kay Cristo" o "magpatawaran kayo sa isa't isa gaya naman ng pagpapatawad sa inyo ng Dios kay Cristo", ang Dios ay patatawarin tayo (Efe 4:32). Ito ay napakahalaga upang kilanlin kung papaano si Cristo ay tinukso katulad natin, at kinailangan ang sarili nating pagka-tao upang ito ay mangyari. Maliwanag na inihayag sa Hebreo 2:14 si Cristo ay may "laman at dugo" ng tao para mangyari ito. "Dios ay espiritu" (Jn 4:24) sa pamamagitan ng kalikasan at kahit siya ay mayroong isang SANGKAP NA KATAWAN, BILANG "Espiritu" Siya ay walang laman at dugo. Si Cristo ay mayroong kalikasang "laman" ibig sabihin ay kailan man ay hindi siya nagkaroon ng kalikasan ng Dios sa buong buhay niya.

Sa nakalipas na mga pagsisikap ng tao upang ingatan ang salita ng Dios i.e. para maiwasan o malabanan ang tukso, lahat ay nabigo. Sa gayo'y "Isinugo ng Dios ang Kaniyang sariling Anak nanag-anyong lamang salarin at dahil sa kasalanan, ay hinatulan ng Dios sa laman ang kasalanan" (Mga taga Roma 8:3 A.V. Mardyen).

“Kasalanan” ay tumutukoy sa katutubong hilig ng tao upang magkasala. Ito ay ating binigyan na ng pansin, at patuloy nating ginagawa, at “ang ka-bayaran ng kasalanan ay kamatayan”. Upang makaiwas sa ganitong mabigat na katayuan, kailanga ng tao ang panglabas na katulong. Wari’y siya mismo ay hindi kayang magpakabuti; ito ay wala sa loob ng laman upang tubusin ang laman. Kaya ang Dios, ay namagitan at ibinigay sa atin ang Kaniyang sariling anak, na taglay “makasalanang laman”, kasama ang lahat ng pang-uudyok upang magkasala na taglay natin. Hindi katulad ng lahat ng ibang tao, napaglabanan ni Cristo ang lahat ng tukso, kahi’t possible o maaari rin siyang mabigo at magkasalang tulad din natin. Inilarawan sa Mga taga Roma 8:3 ang likas na pagkatao ni Cristo bilang “makasalanang laman”. Ilan sa mga nagdaang bersikulo, nagsalita si Pablo na sa laman ay “walang tumutira na ano mang bahay na mabuti”, at kung paano ang laman ay likas na humahadlang laban sa pagsunod sa Dios (Rom. 7:18-23). Sa kaugnay sa nilalaman nito ay mas kahanga-hangang mabasa lahat na si Cristo ay may “makasalanang laman” sa Mga taga Romano 8:3. Dahil ditto, at sa kaniyang pagtatagumpay laban sa laman, na nagkaroon tayo ng paraan upang iwasan ang (pita) buhat sa ating laman; si Jesus ay labis na nalalaman ang makasalanang kalagayan ng sarili niyang pagka-tao. Siaya ay minsang tinawag na “Mabuting Panginoon”, kalakip ang pahiwatig na siya ay “mabuti” at walang maipipintas sa katutubong ugali. Siya ay sumagot: “Bakit tinawag mo akong mabuti? Walang mabuti kundi isa lamang, ang Dios” (Mar. 10:17-18). Sa isa pang pangyayari, ang mga tao ay nagsimulang magpatunay sa kabantugan ni Cristo dahil sa sunod-sunod na mahahalagang mga himala na kaniyang ginawa. Hindi nagsamantala si Jesus dahil dito “sapagkat alam niya ang lahat, at hindi kailangan ang sino man magpatunay sa tao: sapagkat alam niya akung ano ang isinasaloob ng tao.” (Jn 2:23-25 Tekstong Griego). Dahilan sa kalawakan ng kaniyang tungkol sa kalikasan ng tao (“nalalamang lahat ang tungkol dito), ayaw ni Cristo na purihin siya ng mga tao sa katauhan niya; angkinin ang nararapat sapagkat nalalaman niya kung paano ang kasamaan ng sarili niyang likas na pagkatao.

8.4 Ang Pagkatao Ni Jesus

Ang mga tala sa Banal na Kasulatan ay nagbigay ng maraming halimbawa kung paano si Cristo ay mayroong likas na pagkatao. Naital na siya ay napagod, at nararapat umupo upang imunim ng tubig buhat sa isang balon (Juan 4:6). “Tumangis si Jesus” sa pagkamatay ni Lazaro (Jn 11:35). Ang pinaka-sukdulang patunay ay naitala sa kaniyang huling pagpapakasakit na naging sapat na patotoo ng kaniyang pagka-tao: “Ngayon ay nagugulumihanan ang aking kaluluwa”, kaniyang tinanggap habang nananalangin siya sa dios upang sagipin siya sa dadanasing hirap sa kaniyang kamatayan sa baga maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito (ng paghihirap at kamarayan); gayon ma’y huwag ang ayon sa ibig ko kundi ang ayon sa ibig mo (Mat. 26:39). Ipinapakita dito na sa ibang mga bagay ang “kalooban” o kagustuhan ni Cristo, ay iba kay sa kalooban ng Dios.

Sa buong buhat ni Cristo ay ipinailalim niya ang kaniyang kalooban sa Dios sa paghahanda para sa huling pagsubok sa krus. “Hindi ako makagagawang ano man sa aking sarili; humahatol ako ayon sa aking naririnig; at ang paghatol ko’y matuwid sapagka’t hindi ko pinaghahanap ang aking sariling

kalooban, kundi ang kalooban niyaong nagsugo sa akin” (Jn 5:30). Ang pagkakaiba sa pagitan ng kalooban ni Cristo at yaong sa dios ay sapat na patunay na si Jesus ay hindi Dios.

Sa buong buhay natin, inaasahang uunlad ang ating kaalaman tungkol sa Dios, matututuhan buhat sa mga pagsubok na ating dadanasin sa ating buhay. Sa ganito, si Jesus ang pinakadakilang halimbawa. Wala siyang buong kaalaman sa Dios na suminag sa kaniya ng higit sa atin. Simula sa pagkabata “At lumaki si Jesus sa Karunungan at sa pangangatawan, (i.e. kahinogan ng espiritu, cp Efeso 4:13) at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao” (Luc. 2:52). “At lumaki ang bata, at lumalakas at napupuspup ng karunungan at sumasakaniya ang biyaya ng Dios” (Lukas 2:40). Ang dalawang bersikulong ito ay inilalarawan ang paglakas at paglaki ni Cristo kasabay ng kaniyang espirtual na pagunlad; ang kaparaanan ng pagunlad ay kapuwa natural at espirtual na nangyari sa kaniya. Kung “Ang anak ay dios”, na inihayag ng pananampalataya ng Athanasia (Athanasian Creed) tungkol sa “tatlong persona sa isang dios” (Trinity), hindi ito mangyayari. Kahit sa katapusan ng kaniyang buhay, inamin ni Cristo na hindi niya alam ang tamang oras ng kaniyang ikalawang pagdating, kahima’t alam ng Ama (Mar. 13:32)

Pagtupad sa kalooban ng dios ay isang bagay na dapat malaman ng lahat sa buong panahon. Si Cristo ay nagdaan din sa ganitong paraan upang matutong sundin ang kaniyang ama,

katulad ng sino mkang anak. “Bagama’t siya ay Anak, gayon man natuto ng pagtalima (i.e. pagsunod sa Dios) sa pamamagitan ng mga bagay na kaniyang tiniis; at nang siya’y mapaging sakdal (i.e. ganap ang pagka-espiritu) ay siya ang gumawa ng walang hanggang kaligtasan” bilang isang bunga ng kaniyang ganap at buong pagunlad ng espiritu (Heb. 5:8,9). Sa Mga Fil. 2:7, 8 (dagdag na pansin sa digression 27) itinala ang parehong paraang ito ng pagunlad ng espiritu kay Jesus, HAHANTONG sa kaniyang kamatayan sa krus. Kundi bagkus hinubad niya ito, at naganyong alipin (nagpakababa) . . nagpakababa sa kaniyang sarili at naging masunurin hanggang kamatayan sa krus. And salitang ginamit dito ay inilarawan kung papaano si Jesus nalaman natin na naunang napanday ang kaniyang pagunlad ng espiritu, nagpakababa ng nagpakababa ang sarili, hanggang siya’y sa wakes ay “naging masunurin” sa kagustuhan ng Dios na siya ay mamatay sa krus. Kaya siya “ay ginawang walang kapintasan” sa pamamagitan ng tamang pagtugon sa kaniyang mga pagpapakasakit.

Dahil dito, maliwanag na si Jesus ay gumawa ng isang sinasadyang pang-sariling pagsisikap upang maging banal; walang bagay na napilitang gawin niya ito sa pamamagitan ng Dios na lalabas na siya ay tau-tauhan lamang. Talagang mahal tayo ni Jesus, at ibinigay ang kaniyang buhay sa krus dahil dito. Ang palaging pagdidiiin ng pagibig ni Cristo sa atin ay magiging walang halaga kung pinilit siya ng Dios upang mamatay sa krus (Ef. 5:2,25; Apoc. 1:5; Gal. 2:20). Kung si Jesus ay Dios, sa gayun maaari siyang wlang karaptan sa

pagpili kundi maging kapintasan at pagkatapos mamatay sa krus. Na talagang si Jesus ay may mga karapatang ganito, ay nagawang pasalamat natin ang kaniyang pagibig, at upang hubugin ang isang pangsariling kaugnayan sa kaniya.

Ito ay dahil sa kay Cristong nakahandang kalooban upang kusang-loob na ibigay ang kaniyang buhay, kaya ang Dios ay natuwa sa kaniya: “Dahil dito’y sinisinta ako ng Ama, sapagka’t ibinigay ko ang aking buhay . . . Sino ma’y hindi nagaalis sa akin nito, kundi kusa kong ibinigay.” (Jn 10:17,18). Ang katuwaan ng Dios kay Cristong handang pagtupad ay mahirap maintindihan kung si Jesus ay Dios, nabubuhay ng isang pamumuhay na anyong tao katulad ng ibang klase ng palatandaan o sgisag ng pagsama sa makasalanang tao (Mat. 3:17; 12:18; 17:5). Ang mga ulat na itong katuwaan ng Ama sa pagsunod ng Anak, ay sapat na patunay na si Cristo ay nagkaroon ng posibilidad ng pagsuway, ngunit may malay na pinili upang tumupad.

Kailangang Pagliligtas ni Cristo

Dahilan sa kaniyang likas na pagkatao, naranasan ni Jesus ang hindi malubhang karamdaman, pagkapagod, at iba pa, na katulad din natin. Nangangahulugan ito na kung hindi siya namatay sa krus, maari siyang mamatay sa ano mang paraan, e.g. sa katandaan. Dahil dito, kailangang maligtas si Jesus buhat sa kamatayan sa pamamagitan ng Dios. Sa laki ng

paniniwala dito, si Jesus ay “naghandog ng mga panalangi at mga daing na sumisigaw ng malakas at lumuluha doon (Dios) na may kapangyarihang makapagligtas sa kaniya sa kamatayan , at siya’y dininig dahil sa kaniyang banal na takot” (Heb. 5:7 A.V. mg.). Ang katotohanan na si Cristo ay sumamo ano mang haka-hakang siya ay Dios upang iligtas siya sa kamatayan ay wala o “hindi na maghahari sa kaniya” (Rom. 6:9) nangangahulugang sa simula pa ay nangyari na ito.

Marami sa Mga Awit ay hula tungkol kay Jesus; kapag ang ibang bersikulo mula sa isang Awit ay nabanggit ang tungkol kay Cristo sa Bagong Tipan, makatuwiran upang ipalagay na marami sa ibang mga bersikulo sa Mga Awit ay tungkol sa kaniya rin. May ilang bilang na pangyayari kung saan ang kailangang pagliligtas kay Jesus sa pamamagitan ng Dios ay idiniin:

- Mga Awit 91:11, 12 ay nasabi tungkol kay Jesus sa Mateo 4:6. Mga hula sa Mga Awit 91:16 kung papaano magbibigay si Jesus ng kaligtasan: “Aking bubusugin siya (i.e. walang hanggang buhay) ng mahabang buhay at ipakikita ko sa kaniya ang aking pagliligtas.” Sa Mga Awit 69:21 ay tinutukoy ay ang kay Cristong pagkakapako sa krus (Mateo 27:34); ang buong Awit ay inilalarawan ang mga iniisip ni Cristo sa krus: “Iligtas mo ako, Oh Dios . . . lumapit ka sa aking kaluluwa at tubusin mo . . . sa pamamagitan ng pagliligtas mo, Oh Dios, ay iahon mo nawa ako” (mga bersikulo 1, 18, 29).

- Mga Awit 89 ay isang paliwanag tungkol sa pangako sa mga hula kay Jesus: “Siya’y dadaing sa akin (Dios), Ikaw ay Ama ko, Dios ko, at malaking bato ng aking kaligtasan.”
- Ang mga panalangin sa Dios ni Cristo ay narinig upang siya’y makapagligtas; siya ay narinig dahil sa kaniyang pansariling kabanalan, hindi sa dahilang siya ay kasama sa “tatlong persona” (Heb. 5:7). Na ang dios ay binuhay sa maguli si Jesus at nailuwalhati siya kalakip ang buhay na walang kamatayan ay isang mahalagang paksa sa Bagong Tipan:

📖 “Ibinangon ng Dios si Jesus . . . Siya ay pinakadakila ng Dios ng kaniyang kanang kamay upang maging Prinsipe at Tagapagligtas (Mga Gawa 5:30, 31).

📖 “Niluwalhati ng Dios ang Kaniyang Anak na si Jesus . . . na binuhay na maguli ng Dios sa mga patay” (Mga Gawa 3:13,15).

📖 “Mismong si Jesus ang kumilala sa lahat ng ito ng hilingin niya sa Dios upang luwalhatiaan siya (Juan 17:5 cp. 13:32; 8:54).

Kung si Jesus ay Mismong Dios, kung gayo'y ang lahat ng pagdidiing ito ay mawawalang ng kabuluhan yamang nalalaman natin na ang Dios ay di maaaring mamatay. Na ang dios ang naglagay sa mataas na kalagayan kay Jesus ay nagpatunay ng Dios sa kaniya, at ang kaibahan ng Dios at ni Jesus. Hindi mangyayari kailang man na si Cristo'y maging "tunay at walang hanggang Dios (na mayroong dalawang . . . kalidasang . . . Dios at tao", katulad ng una sa 39 na Artikulo ng Simbahan sa Inglatera (Church of England) na ipinahayag sa pamamagitan ng mismong kahulugan ng salita, isang tao lamang ang maaaring magkaroon ng isang kalikasan. Sumasangayon kami na ang katibayang o patotoo ay ganap na si Cristo ay katulad ng ating pagkatao.

(a) Ang Kaugnayan ng Dios kay Jesus

Isa-alangalang kung paano binuhay na maguli ng Dios si Jesus ay magbibigay daan sa atin upang alamin ang kaugnayan ng Dios at ni Jesus. Kung sila ay "ay" magka-pantay . . . parehong walang pinagmulan at walang hanggan" katulad ng ipinahahayag ng doktrinang tatlong pagkatao sa iisang Dios, sa gayo'y ating aakalaing ang kanilang kaugnayan ay magkapantay. Ang pagkakaugnay sa pagitan ng Dios at ni Cristo ay pareho sa kalagayan ng mag-asawang lalake at babe: "Ang pangulo ng bawat lalake ay si Cristo; at ang pangulo ng babae ay ang lalake; at ang pangulo ni Cristo ay ang Dios" (1 Cor. 11:3). Yamang ang lalake ang pangulo ng asawa, kaya ang pangulo ni Cristo ay ang Dios, kahit iisa ang kanilang layunin katulad ng dapat mangyari sa pagitan ng lalake at kaniyang asawa. Sa ganito "Si Cristo ay sa Dios (1 Cor. 3:23), katulad din na ang babe ay (pagaari) sa kaniyang asawa.

Ang Dios na Ama ay palaging sinasabing Dios ni Cristo. Ang katotohanang paglalarawan na ang Dios ay “ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesucristo” (1 Ped. 1:3; Efe. 1:17) kahit pagkatapos na si Cristo ay umakyat sa langit, ay ipinakita na ito na ang kanilang kaugnayan, katulad din noong ang buhay ni Cristo ay may kamatayan pa. Pagka minsan pinagtatalunan na iginigiit ng mga naniniwala sa tatlong persona sa iisang dios na si Cristo ay bihirang pagusapan kay sa Dios noong kaniyang panahon dito sa lupa. Ang Bagong Tipan na mga sulat ay naisulat may ilang taon na pagkatapos ng si Cristo ay umakyat sa langit, samantalang noon pa ay nasasabing ang Dios ay Dios at Ama ni Cristo. Itinuturing hanggang ngayon ni Jesus ang Ama bilang kaniyang Dios.

Sa apocalipsis, ang huling aklat ng Bagong Tipan, ay naisulat may 30 taon na ang nakaraan pagkatapos ng pagluluwalhati at pag-akyat sa langit ni Jesus, gayun man, sinabing ang Dios bilang, “kaniyang (Cristo) Dios at Ama” (Apoc. 1:6 R.V.). Sa akalat na ito, ang nabuhay na maguli at niluwalhating Cristo ay nagbigay ng mensahe sa mga sumasampalatay. Ipinahayag niya “ang templo ng aking Dios . . . ang pangalan ng aking Dios . . . ang pangalan ng bayan ng aking Dios” (Apoc. 3:12). Pinatutunayan nito na hanggang ngayon ay alam ni Jesus na ang ama ay kaniyang Dios at sa gayun, siya (Jesus) ay hindi Dios.

Sa panahon ng kaniyang buhay na may kamatayan, ang kaugnayan ni Jesus sa kaniyang Ama ay sa ganito ring kalagayan. Nabanggit niya ang pag-akyat, “sa aking ama, at iyong Ama; at sa aking Dios at iyong Dios” (Jn 20:17). Sa ibabaw ng krus, bakit mo ako pinabayaan?” (Mat. 27:46). Ang

mga salitang ito ay mahirap maintindihan kung sasalitain ng Mismong Dios. Ang lubos nakatotohanan na si Jesus ay nanalangin sa Dios na sumisigaw ng malakas at lumuluha” sa ganito’y nagpapahiwatig ng tunay na kalikasan ng kanilang pagkakaugnay (Heb 5:7; Luc. 6:12). Maliwanag na ang Dios ay di maaaring manalangin sa Kaniyang Sarili. Kahit ngayon, si Cristo’y nananalangin sa Dios para sa kapakanan natin (Rom. 8:26, 27 N.I.V. cp 2 Cor. 3:18 R.V. mg.).

Amin ng ipinakita na ang kaugnayan ni Cristo sa Dios habang ang kaniyang buhay na may kamatayan ay hindi mahalaga kaiba sa buhay niya ngayon. Kaugnay si Cristo ng Dios bilang kaniyang ama at kaniyang Dios at nananalangin siya sa Kaniya; ganito rin ang kalagayan (nila) ngayon, pagkatapos ng pagkabuhay na maguli at pagakayat sa langit ni Cristo. Sa panahon ng kaniyang buhay sa ibabaw ng lupa, si Cristo ay alipin ng Dios (Gaw. 3:13, 26 N.I.V.; Isa. 42:1; 53:11). Ang isang alipin ay sumusunod sa kalooban ng kaniyang panginoon at walang kalagayang kapantay ng kaniyang panginoon (Juan 13:16). Idiniin ni Cristo kung ano ang karapatan at kapangyarihan mayroon siya ay galling sa Dios kaysa kaniyang sariling karapatan. “Hindi ako makagagawa nganoman sa aking sarili . . .hinahanap ko . . . ang kalooban ng Ama na nagsugo sa akin . . . hindi makagagawa ang anak ng anoman sa kaniyang sarili” (Jn 5:30,19).

Pagsalungat 27: “Nasa Anyo Ng Dios”

“Si Jesus . . . bagama’t nasa anyong Dios, ay hindi niya inaring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay niya sa Dios; kundi bagkus hinubad niya at naganyong alipin” (Mga taga Filipos 2:5-11). Ang mga bersikulong ito ay kinuha upang ipakahulugan na si Jesus ay Dios, ngunit sa kaniyang kapanganakan siya’y naging isang tao. Kung ito ay totoo, sa gayun lahat ng bahaging ginawa sa Araling 7 at 8 ay dapat ipaliwanag pati. Ito ay iniharap na ang isang bersikulo ay hindi maaaring payagan upang salungatin ang panglahat na diwa ng pangangaral ng Biblia. Napakahalaga na ito ay halos isa lamang sipi (passage sa Biblia) na maaaring ihayag upang ipaliwanag ng tuluyan ang “nawawalang kawil” (missing link) sa pangangatwiran ng mga naniniwala sa “tatlong person sa isang Dios” (Trinitarian) – kung paano si Jesus ay inilipat ang sarili mula sa pagiging Dios sa Langit tungo sa pagiging sanggol sa sinapupunan ni Maria. Ang sumusunod na pagsusuri ay pagsisikap upang magpatunay kung ano talaga ang kahulugan ng siping (passage) ito.

1. Mayroong ilang bilang ng halos di-sinasadyang mga parirala (phrases) sa loob ng siping ito na tiyak na sumasalungat sa idea ng tatlong persona sa iisang Dios (Trinitarian):
 - (a) “Pinakadakila ng Dios” si Jesus “at siya’y binigyan ng pangalan (bersikulo 9) ipipnakita na hindi itinaas ni Jesus ang kaniyang sarili – ang Dios ang gumawa nito. Nangngahulugang wala siya sa isang katayuan na mataas bago ginawa ng Dios ito sa kaniya ng siya’y nabuhay na maguli.

- (b) Ang lahat ng paraan ng kay Cristong kababan ng loob at sa dakong huli ay itinaas sa pamamagitan ng Dios ay inilaan “para sa kaluwalhatian ng Dios na ama” (bersikulo 11), ang Dios na Ama ay hindi, sa gayong dahilan, kapantay ng Anak.
2. Ang nilalaman ng salitang (o siping) ito ay dapat pagaralang maingat. Si Pablo ay hindi basta naguumpisang magsalita tungkol kay Jesus “ng walang kabuluhan” (out of the blue). Tinutukoy niya ang isip ni Jesus sa Filipos 1:8. Balik sa Filipos 1:27 sinimulan ni Pablo na sabihin ang kahalagahan ng kalagayan ng ating pagiisip. Ito ay nagsimula sa mga unang mga bersikulo ng kapitolo 2: “Upang kayo’y magkaisa ng pagiisip . . . sa kababaan ng pagiisip . . . huwag tingnan ng bawa’t isa sa inyo ang sa kaniyang sarili, kundi ang bawa’t isa naman ay sa iba’t iba. Magkaroon kayo sa inyo ng pagiisip, na ito’y na kay Cristo Jesus din naman . . .” (Fil. 2:2-5). Sa ganito nagsalita si Pablo sa kahalagahan ng magkaroon ngn isang pagiisip na katulad ng na kay Jesus na maalahanin sa mapagpakumbabang paglilingkod ng iba. Ang mga sumusunod na mga bersikulo samakatuwid ay magukol ng pansin sa pagpakumbaba ng pagiisip na ipinakita ni Jesus kaysa magsalita ng ano mang pagbabago.
3. Si Jesus ay “nasa anyo ng Dios”. Aming ipinakita sa Araling 8.3 na si Jesus ay likas na tao, kaya nga ito ay hindi tumutukoy kay Cristo na may isang Dakila (Dios) na kalikasan. Ang pagkakasalin sa N.I.V. ng siping (passage) na ito ay mabigat na nagkamali dito. Pagkaraan, mapapansin na ang mga modernong pagkakasalin para “madaling basahin”, ay nagawa upang mapakintab ang

tunay na kahulugan ng teksto o pangungusap sa Griego, at magsilbing magbigay ng isang pakahulugan kaysa sa isang pagsasalin sa ibang mga sipi (passages). Ang Filipos 2:5-8 ay isang pangunahing halimbawa. Gayunman, hindi ito upang masamain ang kanilang paggamit ng mga ibang paraan.

Yaong “anyo” (“morphe” sa Griego) ay hindi maaaring tukuying lubhang mahalagang kalikasan ay pinatunayan sa pamamagitan ng Fil. 2:7 nagsabi na si Cristo “ay naganyong alipin”. Siya ay may anyong pagka-Dios, ngunit dinala niya ang anyong pagka-alipin. Ang mahalagang kalikasan ng isang alipin ay hindi naiiba sino mang tao. SA pagkakatugma sa kaugnay na kahulugan, maaari nating maipaliwanag ng matiwasay ito na nangangahulugan na kahit na si Jesus ay walang kapiantasan, siya ay lubos na mayroong pag-iisip na katulad ng Dios, gayun man, siya’y nahahandang gapanan ang kilos ng isang alipin. Sa ilang mga huling bersikulo, hinimok tayo ni Pablo upang “tumulad sa kamatayan ni Cristo” (Fil. 3:10). Tayo ay maki-bahagi sa “anyo” (morphe), ang anyo na ipinakita ni Cristo sa kaniyang kamatayan. Hindi ito maaaring ipakahulugan na tayo’y makikibahagi sa kaniyang kalikasan na mayroon siya noon, sapagka’t tayo’y mayroon ng likas na pagkata. Hindi na nararapat baguhin ang ating sariling pagkatao, nguni’t kailangan nating baguhin ang layunin ng ating pag-iisip, ng sa gayon ay maaari tayong magkaroon ng “anyo” (morphe) o pandiwang-larawang taglay ni Cristo sa kaniyang kamatayan.

Ang salitang “morphe” sa Griego ay nangangahulugang isang larawan, marka o tatak, o pagkakahawig. Ang mga tao ay nasasabing mayroong “isang anyo (“morphe”) ng pagka-dios” (2 Tim. 3:5. Ang Gal. 4:19 ay nagsabi “Si Cristo (tao) ay nabadha (formed) sa inyo” mga

mananampalataya. Sa pagkat siya'y may isang walang kapintasang katangian, isang ganap na maka-Dios na pagiisip, si Jesus ay "nasa anyong Dios". Dahil dito, hindi "pangloloob" sa kaniya upang isipin o akalain sa pakahulugang ito isa syang kasama ng Dios. Ang N.I.V. ay nagbigay ng ibang salin sa pariralang (phrase) ito, na sinabi na hindi ipinalagay ni Jesus ang kaniyang pagkakapantay sa Dios "isang bagay na dapat maunawaan". Kung ang pagkakasalin na ito ay tama (na sinasangayunan pati ng R.S.V.) samakatuwid ito'y lubusang pinabubulaanan ang teoriya o haka-haka na si Jesus ay Dios. Ayon sa N.I.V. kailang ma'y si Jesus ay di nag-akalang siya ay kapantay ng Dios, alam niyang siya'y nasa ilalim ng Dios, at hindi kapantay Niya (Dios).

4. Si Jesus "ay hindi inaring pagkapantay sa Dios" at "hindi niya ring panangnan" o "hinubad ang sarili" (R.V.), ipinahiwatig ang tungkol sa hula ng kaniyang kaluluwa sa kamatayan". Kaniyang "dadalhin sa kaniyang sarili ang anyo (kilos) ng isang alipin" sa pamamagitan ng kaniyang maka-aliping pagkilos sa kaniyang mga alagad (Jn 13:14), na sukdulang ipinakita sa pamamagitan ng kaniyang kamatayan sa krus (Mat. 20:28). Hinulaan sa isaias 52:14 ang tungkol sa pagpapakasakit ni Cristo sa krus "kaniyang mukha ay napakakatuwa kaysa kanino mang lalake, at ang kaniyang anyo higit kumatuwa kay sa mga anak ng mga tao". Itong sunod-sunod na pagpapa-kumbaba sa sarili "hanggang kamatayan, kahi't na sa kamatayan sa krus' ay isang bagay na nangyari sa loob ng kaniyang buhay at kamatayan, hindi sa kaniyang kapanganakan. Aming

ipinakita ang kabuoan ng talata o sipi na ito upang ihayag ang kalooban ni Jesus, ang kababaang loob kung saan ipinakikita ay nagsalaysay ng buhay ni Jesus sa ibabaw ng lupa, sa ating (katulad) likas napagkatao, at kung paano nagpaka-baba sa kaniyang sarili kahi't mayroong isang pagiisip na lubusang kasundo ng pagiisip ng Dios, upang isaalang-alang ang ating mga kailangan.

5. Kung si Cristo ay Dios ang kalikasan at pagkatapos ay iniwan iyan at dinala ang likas na pagkatao, katulad ng pamimilit ng mga naniniwala sa tatlong persona sa iisang dios (Trinitarian) upang ipakahulugan ang sipi o salitang (passage) ito sa ganyan si Jesus ay “hindi tunay na Dios” habang nasa ibabaw ng lupa; nguni't ang mga naniniwala sa tatlong persona (trinitarian) ay naniniwala na siya ay dios. Lahat ng ito ay pagapapatunay sa kasinungalingan na ginawa ng tao sa kahulugan kagaya ng tatlong persona (trinity).

6. Sa wakes, isang bahagi tungkol sa pariralang nasa anyo ng Dios”. Ang salitang isinalin sa Griegong “nasa” ay hindi nangangahulugang “sa simula ay nasa, walang hanggan”. Sa Mga Gawa 7:55 nasabi si Esteban ay palibhasa'y puspus ng Espiritu Santo”. Siya ay punong-puno ng Espiritou Santo noon at ganyan din ng mga nagdaang araw nguni't hindi laging puspus siya nito. Ang iba pang halimbawa ay makikita sa Luc. 16:23; Gaw. 2:30; Gal. 2:14. Si Cristo na “nasa anyo ng Dios” (samakatuwid ay nangangahulugan laang na isya ay nasa anyo ng Dios (samakatuwid ay nangangahulugan lamang na siya ay nasa anyo ng Dios (sa paiisip); hindi ibig sabihin na sa simula pa ay ganito na ang kaniyang anyo. Siya'y kinilos

nila sa paninibugho sa Ibang mga dios, sa pamamagitan ng mga karumal-dumal, minungkahi nila siya ay pagaliatn. Kanilang inihain sa mga demonio, hindi Dios, sa mga hindi nila kilala...na hindi kinatatakutan ng inyong mga magulang...at kaniyang sinabi, aking ikukubli ang aking mukha sa kanila ...sapagkat sila'y isang napakasamang lahi, na mga anak na walng pagtatapat. Kinilos nila ako sa paninibugho doon sa hindi Dios; kanilang minungkahi ako sa galit sa kanilang walang kabuluhan ...aking dadagdagan sila ng kasamaan”.

ARALING 8: MGA KATANUNGAN

1. Itinuturo ba ng Biblia na ang dios ay tatlong Persona sa iisang Dios?
2. Ilista ang tatlong pagkakaiba sa pagitan ng Dios at ni Jesus.
3. Alin sa mga sumusunod na mga kaparaanan na si Jesus ay naiiba sa atin?
 - a) Kailan man ay hindi siya nagkasala
 - b) Siya ay tanging sariling anak ng Dios
 - c) Maaaring hindi siya magkasala kailan man
 - d) Napilitan siyang maging banal sa pamamagitan ng Dios.
4. Alin sa mga sumusunod na mga kaparaanan na si Jesus ay katulad ng Dios?

- a) Mayroon siyang kalikasan ng Dios sa kaniyang pamumuhay sa ibabaw ng lupa
 - b) Siya ay mayroong isang walang kapintasang katangian katulad ng Dios
 - c) Alam niya ang lahat ng kaalaman ng Dios
 - d) Siya ay katulad na katulad ng Dios.
5. Alin sa mga sumusunod na mga kaparaanan na si Jesus ay katulad natin?
- a) Nasa kaniya ang lahat ng ating nararanasang tukso at mga karanasan ng tao
 - b) Nagkasala siya samantalang isang bata pa siya
 - c) Kailangan niya ang maligtas
 - d) Mayroon siyang likas na pagkatao
6. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang totoo?
- a) Si Jesus ay isang walang kapintasang kalikasan at walang kapintasang kaugalian
 - b) Si Jesus ay makasalanang kalikasan ngunit walang kapintasang kaugalian
 - c) Si Jesus ay kapuwa tunay na Dios at tunay na tao
 - d) Si Jesus ay may katangian ni Adan bago siya (Adan) ay nagkasala.
7. Maaari ba o may posibilidad ba na magkasala si Jesus?

ARALING 9

**ANG GAWAIN NI
JESUS**

9.1 Ang Pagwawagi Ni Jesus

Ang nakaraang Aralin ay nagpakita kung paanong si Jesus ay nagkaroon at tinaglay ang ating kalikasan, at tinukso rin upang magkasal na gaya ng nangyayri sa atin. Ang pagkakaiba niya sa atin lubos niyang napagtagumpayan ang kasalanan; bagaman siya ay may kasalananang kalikasan noon, palagi niyang ipinapakita ang walang –kapintasang pag-uugali. Yaon ay dapat na magbigay sa atin ng inspirasyon habang lalo nating pinapahalagahan ang bagay na ito. May pauli-ulit na pagbibigay ang bagong Tipan tungkol sa walang-kapintasang pag-uugali ni Cristo.

Si Jesus ay tinukso sa lahat ng mga paraan gaya rin naman natin, gayon may walang kasalanan” (Hebreo 4:15).

Siya “hindi nakakakilala ng kasalanan”. “Sa kaniya’y walang kasalanan” (2 Cor. 5:12; 1 Jn 3:5).

“Siya’y hindi nagkasala, o kinasumpungan man daya ng kanilang bibig” (1 Ped. 2:22).

“Banal, walang sala, walang dungis, nahihawalay sa mga makasalanan (Heb. 7:26).

Ang mga nasusulat sa Evangelio ay nagpapakita kung paanong ang kaniyang kapuwa tao ay kinikilala ang kaniyang walang-kapintasang nakita sa kaniyang pag-uugali at pagkatao na ipinamalas ng kanyang mga salita at mga gawa. Ang asawa ni Pilato, si Jesus ay isang matuwid na tao” (Mat. 27:19), na hindi karapat-dapat na parusahan; ang mga kawal na Romano na pinanood ang ikinilos ni Cristo habang siya ay nakapako doon sa krus, ay nagsabi, “Tunay na ito’y isang matuwid” (Luc. 23:47). Una sa rito, hinamon ni Jesus ang mag Judiyo sa pamamagitan ng katanungan na: “Sino sa inyo ang nakasumbat sa akin tungkol sa kasalanan?” sa tanong na ito ay walang isa man na nakasagot.

Dahil sa kaniyang walang kapintasang pag-uugali kaya si Jesus ang siyang kapahayagan ng Dios sa laman (I Tim. 3:16); si Jesus ay siyang kumilos at nagsalita gaya ng gagawin ng Dios kung siya ay isang tao, dahil dito kaya si Jesus ang siyang ganap na larawan ng Dios – ang larawan ng Dios na di nakikita “ (Colosas 1:15). Ito ang dahilan kung bakit hindi na kailangan ng mortal na mga tao na makita pa ang pisikal ang dios. Sapagkat gaya ng ipinaliwanag ni Jesus, ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama, paanong sinasabi mo, Ipakita mo sa amin (ng pisikal) ang Ama?” (Jn 14:9).

Dahil tayo ay namumuhay sa makasalanang sanglibutan, at tayo ay ginugulo ng kasalanan na nasa ating sariling kalikasan, kaya mahirap para sa atin na kilalanin ang kaganapan at

kadakilaan ng espirituwal na pangingibabaw ni Cristo; na ang isang tao ay may gaya nating kalikasan ay ganap na ipapahayag ang katuwiran ng Dios sa pamamagitan ng pag-uugali. Ang paniwalaan ito ay ang mismong Dios; kaya maunawaan na ang maling mga katuruan tungkol sa trinidad at ang diumano ay ang pagka-Dios ni Cristo ay masyadong popular; sapagkat ang mga ideyang yaon ay madaling tanggapin.

Dahil si Jesus ay tinaglay ang kalikasan na taglay natin kaya siya ay kinakailangang mamatay. Siya ay isang anak ni Adam ay kailangang mamatay dahil sa kasalanan ni Adam, at kahit na sila ay mayroong sariling katuwiran sila ay kailangang mamatay pa rin: “Ang aking kamatayan ay naghari sapagkat kung sa pagsuway ng isa (Adam) ay nangamatay ang marami ang kahatulan ay dumating sa isa (Adam) sa ipagdurusa (sa kamatayan) sa pamamagitan ng pagsuway ng isang tao ay marami ay naging makasalan at dahil dito kaya siya namatay gaya ng lahat ng mga inaanak ni Adam na naging makasalanan na karapat-dapat mamatay dahil sa kasalanan ni Adam. Hindi pianlitan ng Dios ang panuntunang ito, at hinayan niyang maapektuhan din nito si Criato. “yaong hindi nakikilala ng kasalanan ay kaniyang ianring may sala dahil sa atin” (2 Ccccorinto 5:21).

Maliban kay Jesus ang lahat ng mga inaanak ni Adm aay may karapat-dapat na parusahan, daahil lahat tayo ay personal na

nagkasala. Si Jesus ay kailangang mamataya sa pagkat siya ay may kalikasan noon na kagaya natin, at kabahagi siya sumpa na duamting sa mga inanak ni Adam. Ngunit dahil si Jesus ay hindi naman personal na nakagawa ng anomang bagay na karapat-dapat ang akmatayan kaya siya “ay binuhay na maguli ng Dios, pagkaalis sa mga hirap ng kamatayan sapagkat hindi maaari na siya’y ,apigilan nito” (Mga Gawa 2:24). Si Cristo ay “ipinahayga na Anak ng Dios na may kapangyarihan, ayon sa espiritu ng kabanalan, sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli sa mga patay” (Roam 1:4). Sa makatuwid dahil sa walng akpinatsang pag-uugali ni Cristo , ang espiritu ng kabanalan” niya, kaya ay niluwalhati at binuhay mula sa mga patay.

Si Cristo ay hindi namatay sa krus dahil lamang sa tinaglay niya ang kalkasan ng tao. Ibinigay niya ang kusang loob nag kaniyang walang akpintasang buhay bilang isang kaloob o handog para sa atin; ipinakita niya nag kaniyang pag-ibig para sa atin; ipinakita niya ang kaniyang pag-ibig para sa atin sa pamamagitan ng kaniyang kamatayan “dahil sa ating mga kasalanan” (1 Corinto 15:3), sapagkat alam niya sa pamamagitan ng kaniyang kamatrayn (efeso 5:2,25; Apoc.1:5; Gal.2:20). Dahil si Jesus ay walang kapintasang sa pag-uugali kaya na pagtagumpayan niya ang bunga ng kasalanan sa pamamagitan ng pagiging unang tao na bumangon mula sa patay na iniugnay ang kanilang sariling kay Cristo sa pamamagitan ng bautismo at mamuhay na gaya ni Cristo, at may pag-asa ng katulad na pagkabuhay na mula sa mga patay at ng gantimpala na buhay na walang hanggan.

Dito nakasalalay ang maluwalhating kahulugan ng pagkabuhay na muli ni Jesus. Ito ang siyang “katiyakan” na tayo ay bubuhaying muli mula sa mga patay at huhukuman ((Gaw. 17:31), at kung tayo ay tunay na katulad ni Jesus, magiging kabahagi tayo ng kaniyang gantimpala na buhay na walang hanggan, at ating “nalalaman na ang bumuhay na maguli sa Panginoong Jesus ay siya ring bubuhay na maguli sa amin na kalakip ni Jesus” (2 Cor. 6:14; Rom. 6:3-5). Bilang makasalanang tayo ay karapat-dapat mamatay ng walang hanggan; na lubos na naaayon sa lahat ng mga panuntunan.

Upang maalis ang epekto ng ating kasalanan, “ibinibilang ng Dios ang katuwiran” (Rom 4:6) sa tin sa pamamagitan ng ating pananampalataya sa kaniyang mga panangko ng kaligtasan. Alam natin na ang kasalanan ang siyang nagdadala ng kamatayan, kung gayon, kung tayo ay tunay na maniniwala na tayo ay ililigtas ng Dios mula dito dapat anting paniwalaan na ibibilang niya tayong matuwid, bagaman, tayo ay hindi matuwid. Si Cristo ay walang kapintasan at sa pamamagitan ng bautismo at ang pamumuhay noon ni Cristo. Dahil dito kaya yaong mga na kay Cristo”, ay “ginawang karunungan mula sa Dios at katuwiran at kabanalan at katubusan” (1 Cor. 1:30-31), a ng talatang susunod ay magbibigay sa atin ng sigla upang purihin si Cristo dahil sa dakilang mga bagay na kaniyang nakamtan: sa Evangelio “ang katuwiran ng Dios ay nahahayag mula sa pananampalataya”(Rom. 1:17). Ang

kaunawaan ng mga bagay na ito ay mahalagang bahagi kung gayon sa kaalaman ng tunay na Evangelio.

Ang lahat na ito ay naging posible lamang dahil sa pagkabuhay na muli ni Cristo. Siya ang “pangunahing bunga” ng mga taong gagawing walang – kamatayan dahil sa kaniyang nagawa (1 Cor. 15:20), siya “ang panganay” ng bagong banal na pamilya na bibigyan ng kalikasan ng Dios (Col. 1:18 cp. Efe. 3:15). Dahil sa pagkabuhay na maguli ni Cristo kaya naging posible para sa Dios na ibilang ang mga mananampalataya kay Cristo kaya naging posible para sa Dios na ibilang ang mananampalataya kay Cristo na tila sila ay matuwid sapagkat sila ay nasasaklaw ng katuwiran ni Cristo. Si Cristo ay “ibinigay dahil sa ating kasuwayan, at binuhay na maguli sa ikaaring – ganap natin “ (Rom. 4:25) isang salita na ang ibig sabihin ay “pagiging matuwid”.

Kailangan ng isang sadyang pagbulay-bulay upang magkaroon ng pananampalataya sa mga bagay na ito at upang tunay na paniwalaan na maaari tayong ibilang ng Dios na para bang walang-kapintasan. Maaari tayong iharap ni Cristo sa harapan ng kaniyang kaluwalhatian”, “mga banal, at walang dungis at walang kapintasan sa harap niya” (Jud. v. 24; Col.1:22 cp. Efe. 5:27). Dahil sa ating makasalanang kalikasan at sa ating espirituwal na mga kahinaan, kaya kinakailangan ng isang matibay na pananampalataya upang tunay na paniwalaan ito. Walang kaugnayan sa ganitong uri ng pananampalataya upang

tunay na paniwalaan ito. Walang kaugnayan sa ganitong uri ng pananampalataya ang pagtataas ng mga kamay sa mga “Crusade” o ang pag-ayon sa isang hanay ng mga katuruan na hindi naman nababatay sa Biblia. Ang wastong kaunawaan tungkol sa pagkabuhay na muli ni Cristo ay siyang dapat na magbuho ng ating pananampalatay: si Cristo ay binuhay na uli ng Dios” upang ang inyong pananampalataya at pag-asa (ng katulad na pagkabuhay na maguli) ay mapasa Dios” (1 Ped. 1:21).

Tanging sa wastong bautismo lamang kay Cristo kaya tayo maaaring maging na “kay Cristo” , at masaklaw ng kaniyang katuwiran. Sa pamamagitan ng bautismo iniuugnay natin ang sarili sa dugo ni Cristo na nabuhos doon sa krus; ang mga mananampalataya ay hinuhugasan ang”kanilang mga damit at pinapaputi sa dugo ng “kordero’ (Apoc. 7:14). Inilalarawan na sila ay nadadamitan ng puting mga damit, na sumasagisag sa katuwiran ni Cristo na ibinilang na sa kanila (Apoc. 19:8). Ang puting damit na ito ay maaaring madumihan dahil sa bunga ng kasalanan (Jud. v 23); kapag iyon ay nangyari matapos ang bautismo, kailangan nating gamiting muli ang dugo ni Cristo upang hugasan ito, sa pamamagitan ng paghiling sa kapatawaran ng Dios sa pamamagitan ni Cristo sa ating panalangin.

Mauunawaan na pagkatapos ng bautismo ay kanila pa din natin na magpunyagi sa pinagpalang kalagayan na ating

pinasok. Kailangan ang regular na pagsusuri ng sarili ilang minuto bawat araw, na may kasamang palagiang panalangin at ng paghingi ng kapatawaran. Kapag ito ay ating ginawa palagi tayong makakatiyak na dahil tayo ay nasasaklaw ng katuwiran ni Cristo, kaya tayo ay tunay na mapapasa kaharian ng Dios. Dapat nating hangarin na matagpuan tayo na mananatiling na kay Cristo, na walang katuwirang ating sarili kundi ang katuwirang sa pamamagitan ng pananampalataya” (Fil. 3:9).

Ang paulit-ulit na pagbibigay diin sa pananampalataya na magbubunga ng ibinigay na katuwiran, ay nagpapakita na sa ating sarili itoy kaloob ng Dios: Hindi sa pamamagitan ng mga Gawa (Efe.2:8-9). Dahil ang katuwiran ay “kaloob” (Rom. 5:17) kaya ang kaligtasan ay kaloob din. Ang ating dahilan sa paggawa ng anomang pagtanaw natin ng utang na loob sa ginawa ng Dios para sa atin –na ibinilang tayong matuwid sa pamamagitan ni Cristo kaya ibinigay sa atin ang daan tungo sa kaligtasan. Hindi tamang ikatwiran na kapag tayo ay gumawa ng mga gawain para kay Cristo tayo ay maliligtas na. Sapagkat hindi tayo magtatagumpay na makamtan ang kaligtasan kapag nag-iisip tayo ng ganito; dahil ang kaligtasan ay isang “kaloob” ng Dios na hindi natin kayang makamit sa pamamagitan ng ating mga gawa. Ngunit ang tunay na pananampalataya ay ang bubunga ng mga gawa bilang hindi maiiwasang kakambal ng pananampalataya (Sant. 2:17).

9.2 Ang dugo ni Cristo

Malimit na sinasabi sa Bagong Tipan na ang pagbibigay katuwiran at kaligtasan sa atin ay sa pamamagitan ng dugo ni Cristo (1 Jn 1:7; Apoc. 5: 9; Rom. 5:9). Upang kilalanin ang kahalagahan ng dugo ni Cristo, dapat nating maunawaan na isang panuntunan sa Biblia na “tungkol sa buhay ng lahat ng laman, ang dugo nga niyan ay gaya rin ng buhay natin “ (Lev. 17:14). Kung walang dugo ang aktawan ay hindi ambubuhay; dahil dito kaya ang dugo ay sumasagisag sa buhay. Ito ang nagpapaliwanag sa kaangkupan ng mga salita ni Cristo, “Maliban nang inyong kanin ang laman ng Anak ng tao at inumin ang kaniyang dugo, ay wala kayong buhay sa iyong sarili” (Jn 6:53).

Ang kasalanan ay nagbubunga ng kamatayan (Rom. 6:23), isang pagbubuhos na nagdadala ng buhay. Dahil dito kaya ang mga Israelita ay inaasahang magbuhos ng dugo bawat pagkakataon na sila ay magkasala, upang ipaalala sa kanila na ang kasalanan ay ang bubunga ng kamatayan. “Ayon sa kautusan (ni Moises) halos masasabi kong lahat ng mga bagay ay nililinis ng dugo, at maliban na sa pagkabuhos ng dugo ay walang kapatawaran” (ng kasalanan- Heb. 9:22). Dahil dito kayan ng tinakpan nina Adam at Eva ang kanilang sarili ng mga dahon ng igos, yaon ay hindi tinanggap ng Dios; sa halip ang Dios ay pumatay ng isang tupa upang mabuhos ang dugo at magkaloob ng balat upang matakpan ang kasalanan nina Adam at Eva (Gen. 3:7,21). Sa ganito din kaya ng maghandog na mga bunga ng lupa ni Cain ay hindi tinanggap. Ang handog ni Abel ay tinanggap sapagkat kinilala niya ang panuntunan na kung walang mabubuhos na dugo ay wala ring

kapatawaran at karapat-dapat na tanggaping paglapit sa Dios (Gen. 4:3-5).

Ang mga pangyayaring ayon ay tumutukoy sa sukdulang kahalagahan ng dugo ni Cristo. Ito ay bukod-tanging ipinahiwatig sa pangyayaring naganap tungkol sa Pascua, kung saan ang bayan ng Dios ay kinakailangang ilagay ang kordero ng sa dalawang haligi ng pinto upang matamo ang kaligtasan mula sa kamatayan. Ang dugong yaon ay tumutukoy kay Jesus na siyang tumatakip sa ating mga kasalanan. Bago pa ang kapanahunan ni Cristo ang mga Judiyo ay kiankailangang maghandog ng mga hayop bilang ahin o sakripisyo para sa kanilwng kasalanan, ngayon sa kautusan ni Cristo ang mga Judiyo ay kinakailangang magahandog ng mga hayop bilang hain o sakripisyo para sa kanilang kasalanan, na ayon sa kautusan ng Dios sa pamamagitan ni Moises. Gayunman, ang pagbubuhos ng dugong yaon ay para lamang sa layuning magturo . Ang kasalanan ay pinarurusahan ng kamatayan (Rom. 6:23); hindi maaari na ang isang tao ay papatay ng isang hayop bilang siyang kapalit para sa kaniyang kamatayan o bilang isang tunay na kinatawan ng kaniyang sarili. Sapagkat ang hayop na kaniyang inihandog ay walang kinikilalang tama o mali; kaya ito hindi maaaring ganap na kinatawan ng kaniyang sariling “sapagkat di maaari na ang dugo ng mga baka at ng mga kambing ay makapag-alis ng mga kasalanan (Heb. 10:4).

Lumilitaw ang isang katanungan, kung gayon, Bakit kinakailangang magsakripisyo o maghain ng mga hayop ang mga Judiyo kapag sila ay nagkakasala?. Si Apostol Pablo ay pinagsama-sama ang iba't –ibang kasagutan sa katanungang ito sa Gal. 3:24": "Ang kautusan ay siyang kasagutan sa katanungang ito sa Gal. 3:24: "Ang kautusan ay siyang maging tagapagturo natin upang ihatid tayo kay Cristo". Ang mga hayop na kanalang pinapatay bilang mga handog para sa kasalanan ay kailangang walang kapintasan (Exod. 12:5; Lev. 1:3,10). Ang mga ito ay tumutukoy kay Cristo, ang "korderong walang kapintasan at walang dungis" (1 Ped. 1:19). Kung gayon, ang dugo ng mga hayop na yaon ay sumasagisag sa dugo ni Cristo. Ang mga yaon ay tinanggap bilang mga hain o sakripisyo para sa kasalanan dahil ang mga iyon ay tumutukoy sa walang kapintasang sakripisyo para sa kasalanan dahil ang mga iyon ay tumutukoy sa walang kapintasang sakripisyo ni Cristo, na alam ng Dios na kaniyang gagawin. Dahil doon kaya ang Dios ay pinatawad ang mga kasalanan ng kamatayan ni Cristo ay ukol sa ikatutubos ng mga pagsalangsang na nasa ilalim ng unang tipan" (Heb. 9:15), ang kautusan ni Moises (Heb. 8:5-9). Ang lahat ng mag sakripisyo na inihandog sa ilalim ng kautusan ay tumutukoy kay Cristo, walang – kapintasang handog para sa kasalanan, na inalis ang "kasalanan sa pamamagitan ng paghahandog ng kaniyang sarili" (Heb. 9:26; 13:11,12; Rom. 8:3 cp. 2 Cor. 5:21).

Ipinaliwanag namin sa Aralin 7.3 kung paanong ang boong Lumang Tipan na ang kautusan ni Moises ay tumutukoy kay Cristo. Sa ilalim ng may kautusang yaon ang paraan ng

paglapit sa Dios ay sa pamamagitan ni Cristo. Sa ilalim ng mga kautusang ito ang paraan ng paglapit sa Dios ay sa pamamagitan ng Pangulong Sacerdote; siya ang tagapamagitan ng mga tao sa Dios sa ilalim ng Unang Tipan gaya ni Cristo ngayon sa Bagong Tipan (Heb. 9:15). Inilagay niya ang kautusan na mga dakilang sacerdote ang mga taong may kahinaan, ngunit ang salita ng sumpa na kasunod ng kautusan ay siyang naglalagay sa Anak , na sakdal magpakailan man” (Heb. 7:28). Dahil sila mismo (ang mag sacerdote) ay mga makasalanang din, ang mga ito ay wala sa kalagayan upang matamo ang tunay na kapatawaran sa mga tao.

Ang mga hayop na kanilang inihandog para sa kasalanan ay hindi tunay na kumakatawan sa mga nagkasala. Ang kailangan ay isang tao na walang kapintasan. Na sa bawat pamamaraan ay kumakatawan sa makasalanang tao, na gagawa ng isang tatanggaping hain o sakripisyo para sa kasalanan at makikinabang ang mga tao sa pamamagitan ng pag-uugnay ng kanilang sarili sa sakripisyong yaon. Sa ganito ding paraan , ang isang walang –kapintasang Pangulong sacerdote ay kailangan, na maaaring makiramay sa makasalanang mga tao na kaniyang ipinamamagitan sa Dios sapagkat siya tinukso din na gaya nila (Gen. 2:14;18).

Si Jesus ang ganap na karapat-dapat sa pangagailangang ito ng tao “Nararapat sa atin ang gayong dakilang sacerdoteng

banal, walang sala, walang dungis” (Heb. 7:26). Hindi niya kailangang patuloy na magsakripisyo para sa kaniyang sariling mga kasalanan, at hindi na din siya maaari pang mamatay (Heb. 7:23,27). Dahil sa kaliwanagan tungkol dito, ang kasulatan ay nagsabi tungkol kay Cristo bilang isang sacerdote: siya ay nakapagliligtas na lubos sa mga nagsisilapit sa Dios sa pamamagitan niya, palibhasa’y laging nabubuhay siya upang mamagitan sa kanila” (Heb. 7:25). Dahil si Cristo ay tinaglay ang kalikasan ng tao, kaya bilang ating Pangulong Sacerdote siya ay “makapagtitiis na may kaamuan sa mga di nakaalam at nangangamali, yamang siya naman ay nililibid rin ng kahinaan” (Heb. 5:2). Ito ay nagpapaalala sa pangungunsa tungkol kay Cristo, “siya nama’y gayon din nakabahagi” sa ating kalikasan (Heb. 2:14).

Dahil ang mga Judiyong pangulong sacerdote ay namamagitan lamang para sa bayan ng Dios, ang Isarel, kaya si Cristo ay gayon din, siya ay sacerdote lamang para sa espirituwal na Israel – yaong mga nabautismuhan kay Cristo, na mayroon sa tunay at tanging Evangelio. Si Jesus ay “isang dakilang sacerdote na pangulo sa bahay ng Dios” (Heb. 10:21), na binubuo ng mga ipinapanganak na muli sa pamamagitan ng bautismo (1 Ped. 2:2-5) at mayroong tunay na pag-asa ng Evangelio (Heb. 3:6). Ang pagkilala sa kahangahangang mga kapakinabangan ng pagiging sacerdote ni Cristo ay dapat na humikayat sa atin kung gayon, upang magpabautismo sa kaniya, sapagkat kung wala ang bautismo, si Cristo ay hindi maaaring mamagitan para sa atin.

Kapag tayo ay nabautismuhan na kay Cristo, dapat nating gamitin ng lubos ang pagiging sacerdote niya, sapagkat mayroon tayong pananagutan ukol dito na dapat nating tuparin. Sa pamamagitan nga niya ay maghahandog tayong palagi ng pagpupuri sa Dios” (Heb. 13:15). Ang plano ng Dios na ipagkaloob si Cristo bilang ating sacerdote ay upang siya ay ating luwalhatiin kaya dapat nating palaging gamitin na ang pagiging sacerdote ni Cristo upang lumapit sa Dios at siya ay purihin sa pamamagitan ni Cristo. Sa Heb. 10:21-25 ay nasusulat ang maraming mga pananagutan na mayroon tayo dahil sa pagiging pangulong sacerdote ni Cristo para sa atin: “Mayroon tayong isang dakilang sacerdote na pangulo sa bahay ng Dios:

1. Tayo’y magsilapit na may tapat na puso sa lubos na pananampalataya, na ang ating puso na winisikan mula sa isang masamang budhi, at mahugasan ating katawan ng dalisay na tubig. Ang kaunawaan tungkol sa pagiging sacerdote ni Cristo ay nangangahulugan na dapat tayong magpabautismo sa kaniya (“mahugasan ang ating katawan”).at hindi natin dapat na hayaan ang isang masamang kaisipan na sumibol sa ating pag-iisip. Kung tayo ay naniwala sa ginawang pagkakasundo ni Cristo sa pagitan ng Dios at ng tao, tayo ay nagiging kaisa ng Dios sa pamamagitan ng sakripisyo ni Cristo.
2. ”Ating ingatang matibay ang pagkilala ng ating pagasa upang huwag mag-alinlangan”.Hindi tayo dapat na lumihis mula sa tunay na mga katuruan na siyang nagdala ng ating kaunawaan tungkol sa pagiging sacerdote ni Cristo.

3. “Tayo’y mangagtinginan upang tayo’y manga-udyok sa pag-iibigan na huwag nating pabayaang na ang ating pagkakatipon-tipon”. Tayo ay dapat na makitungo ng may pag-ibig sa kagaya nating may kaunawaan at kapakinabangan sa pagiging sacerdote ni Cristo, ito ay sa pamamagitan ng pagkakatipon-tipon na magkasamasama para sa “pagputolputol ng tinapay” kung saan ating inaalala ang sakripisyo ni Cristo (tingnan A ralin 11.3.5).

Ang pagkilala sa mga bagay na ito ay magbibigay sa atin ng mapagkakumbabang pagtitiwala na talagang makakamit natin kung tayo ay nabautismuhan at nananatili kay Cristo: “Magsilapit nga tayong may pagkakatiwala sa luklukan ng biyaya, upang tayo’y magsitamo ng awa, at makasumpong ng biyaya upang tumulong sa atin sa panahon ng pangangailangan” (Heb. 4:16).

9.3 Paghahandog Para sa atin at sa kaniyang sarili

Ang Judiyong pangulong sacerdote ay kinakailangang gumawa ng paghahandog. Una para sa kaniyang sarili mga kasalanan, at pagkatapos para sa mga kasalanan ng mga tao (Heb. 5:1-

3). Ang sakripisyo ni Cristo ay may ganito ding dalawang ulit na anyo. Bagaman siya ay walang anomang personal na kasalanan, subalit tinaglay din ni Jesus ang kalikasan ng tao kaya nangangailanagn din siya ng kaligtasan mula sa kamatayan. Ang kaligtasang yaon ay ipinagkakaloob ng Dios dahil sa sariling sakripisyo kaligtasan at ngayon din para sa gawing posible ang ating kaligtasan at ngayon din para gawing posible ang ating kaligtasan. Maraming talata ang tumutukoy dito.

Ang bahaging ito ay isang katalogo ng mga talata na nagpapatunay na ang sakripsiyong ni Cristo para sa kaniyang sarili at gayon din para sa atin. Ang Paksang ito ay medyo mahaba ngunit ito ay mahalaga upang kilalanin at wasto nating maunawaan ang pagiging tao ng Panginoon. Kapag natapos na ninyong pag-aralan ang aklat na ito, maaaring dumating ang pagkakataon na nais ninyong isipin ng malalim ang tungkol sa mga bagay na ito, kaya dahil dito ang lahat ng mga materyal na ito ay isinama.

Ang Pangulong sacerdote “ay nararapat maghandog dahil sa mga kasalanan, at hindi lamang patungkol sa mga tao kundi naman sa kaniyang mga sarili gayon din si Cristo” ay tinupad ang halimbawa ng Pangulong sacerdote sa ganitong paraan (Heb. 5:3,5). Ang salitang para sa “nararapat” ay may kahulugan na may pagkakautang – na tumutukoy sa ating Panginoong JesuCristo na binayaran niya ang kaniyang

sariling kaligtasan. “dahil” sa kaniyang pagiging tao (Heb.5:3) kaya niya kinakilangang gawin ito. Ngunit ito ay hindi nangangahulugan na kinailangan niyang pagbayaran. Tayo ay naligtas dahil sa dugo ng kaniyang sakripisyo – samakatuwid siya ay naligtas din dahil don.

Si Cristo ay hindi nangangailangan na araw-araw na maghandog ng hindi gaya niyaong mga dakilang sacerdote una-una’y patungkol sa kaniyang sariling mga kasalanan at saka sa mga kasalanan ng bayan: sapagkat ito’y ginawa niya minsan” (Heb. 7:27). Walang duda na binigyang-diin ni Apostol Pablo ang pagkakatulad sa pagitan ng dalawang paghahandog ng sacerdote at ng gayon ding paghahandog ng sacerdote at ng gayon ding paghahandog ni Cristo. Ito ay inulit ni Pablo sa Heb. 9:7, 12,25). Ang kaibhan nga lamang ay si Cristo ay minsan lamang itong ginawa ngunit ang dakila o Pangulong sacerdote ay ginawa ng taon-taon. Kung ang pagkakaiba ay ang paghahandog ni Cristo para lamang sa bayan o mga tao kung gayon din dapat sana ito ay binigyan diin. Pansinin na ang sakripisyo o hain ni Cristo ay para kaniyang sariling mga “kasalanan”, na hiwalay sa mga kasalanan ng bayan- ang mga “kasalanan” na kaniyang dinala, ay hindi natin sa atin sapagkat sa halimbawang ibinigay siya ay gumawa ng hiwalay na handog para sa atin. Dahil si Jesus ay may isang walang-kapintasang at walang kasalanang pag-uugali o pagkatao kaya ang “kasalanan” na tinutukoy dito ay ang iba pang paraan ng paglalarawan ng makasalanang kalikasan ng tao. Sa pamamgitan ng pagbibigay ng ibang pangalan sa isang bagay na amy kaugnayan, ang dahilan

(makasalanang kalikasan) ay sinabi bilang bunga. Ngunit kailangan pading bigayn diin na ang ating Panginoong ay walang kapintasan at siya ay hindi maaaring hatulan dahil sa kasalanan.

Ang Dios “na muling nagdala mula sa patay sa dakilang pastor... sa pamamagitan ng dugo ng walang hanggang tipan, sa makatuwid bagay ang Panginoon na ting Jesus (Heb. 13:20). Kaya ang ating Panginoong ay kapwa Pastor (o Pastol) at kordero dahil inakay niya ang kaniyang sarili upang patayin, at sa pamamagitan ng kaniyang dugo kaya siya sy binuhay na maguli ng Dios. Dahil sa ganitong paraan kaya ang ating Panginoong JesuCristo ay kapwa sacerdote at at handog.

Ang Maragin AV ng Zacarias 9:9 ay akmang-akama sa : “Ang iyong hari ay sumasaiyo, siya ay matuwid, at ililigtas ang kaniyang sarili (AV” mayroong kaligtasan”. Ang dalawang salin na ito ay nagpapahiwatig na sa pamamagitan ng pagliligtas sa atin. Sa pamamagitan ng pagpapasakit sa pagpapako sa krus ay pinagbayaran ang kaniyang sariling kaligtasan. Hindi tamang isipin na ang kaniyang kamatayan ay ibig sabihin ay taliwas sa layunin nito -ang pagliligtas sa atin.

Dapat kilalanin na ang lahat ng mga pagtukoy tungkol sa pagbuhos ng dugo sa pamamagitan ng sakripisyo o handog ng mga hayop sa ilalim ng kautusan ay may kaugnayan kahit

paano sa sakripisyo ni Jesus. Ang dambana , isang bagay na sumasagisag kay Cristo, ay siyang pinaghahandugan ng dugo minsan isang taon (Exo. 30:10) na nagpapakita kung paanong inihandog ni Cristo ang kaniyang sarili bilang handog. Tunay na ang boong tabernakulo ay sumasagisag kay Cristo, at yaon ay kinakailangang linisin sa pamamagitan ng Dugo (Heb. 9:23). Ang pisikal na mga kagamitan na nasa tabernakulo ay hindi nakagawa ng kasalanan, gayunman nangangailangan pa din na linisin ang mga ito dahil sa pagkakaugnay nito sa kasalanan. At ganito din ang nangayari sa ating Panginoon. Ang Pangulong sacerdote mismo ay kinakailangang simulan ang kaniyang gawain sa pamamagitan ng paglalagay sa kaniyang dugo, at si Cristo ay kinakailangan din ang kaniyang sariling dugo, a si Cristo ay kinakailangan din ang sariling sakripisyo upang simulan ang kaniysng gawain para sa atin doon sa langit (Lev. 8:23).

Dahil si Jesus ay nagbayad para sa kaniysng sarili ito ay hindi nangangahulugan na siya ay personal na makasalanang mga tao. Si Jesus ay kumakatawan sa atin, dahil sa lahat ng mga bagay siya ay katulad sa kaniyang mga kapatid (Heb.2:17). “Nalasap niya ag kamatayan dahil sa bawat tao” (Heb.2:9). Kapag tayo ay nakagawa ng kasalanan –e.g. tayo ay nagalit – tayo ay maaaring patawarin ng Dios dahil kay Cristo (Efe. 4:32). Ito ay dahil maihahambing tayo ng Dios kay Cristo, isang tao na gaya natin an tinukso upang magkasala –e.g. magalit –ngunit napagtagumpayan ang bawat mga tukso. dahil dito kaya maaaring patawarin ng Dios ang ating kasalanan-na magalit-dahil sa pagiging na kay Cristo natin, tayo ay

nasasaklaw na ng kaniyang katuwiran. Ang pagiging kinatawan ni Cristo para sa atin ay ang daan kung saan maipapakita ng Dios sa atin ang kaniyang biyaya, bagaman pinagtitibay pa din ang kaniyang matuwid na panuntunan.

Kung si Jesus ay Dios at hindi isang tao lamang, hindi siya maaring maging kinatawan natin. Ito ay isang halimbawa kung saan ang isang maling ideya ay nagbibigay –daan sa isip ang kamalian. Dahil dito, ang teologo ay lumikha ng maraming pangulong pamamaraan tungkol sa pagpapaliwanag ng kamatayan ni Cristo. Ang popular na paniniwala ng mga taong ito at ng kanilang mga tagasunod ay ang kasalanan daw ng tao ay naglagay sa kaniya sa pagkakautang ng bawat mananampalataya sa pamamagitan ng kaniyang dugo, an nabuhos doon sa krus. Marami sa kanila mangangaral ay nagsasabi ng mga pariralang kagaya nito: “Tayo ay halos tutudlain na lamang ng diablo. Ngunit si Jesus ay dumating at siya ang tinudla ng diablo sa halip na tayo, iniligtas tayo ni Jesus kaya tayo ngayon ay malaya na.

Ang mga ganitong teoriya ay walang anomang matibay na suporta ng Biblia. May malinawag na pagsasalungatan na kung si Cristo ay namatay sa halip na tayo, kung gayon hindi tayo dapat mamatay. Ngunit dahil sa taglay pa rin natin ang kalikasan ng tao, kaya tayo ay dapat ding mamatay; ang kaligtasan mula sa kasalanan at kamatayan ay lubos na ipapahayag lamang sa araw ng paghuhukom (kapag natamo

na natin ang buhay na walang hanggan). Hindi natin ito tinanggap nang panahong mamatay si Cristo. Ang kamatayan ni Cristo ang lumipol sa diablo (Heb. 2:14) at hindi ang Diablo ang lumipol sa kaniya.

Itinuturo ng Biblia na ang kaligtasan ay posible sa pamamagitan ng kamatayan at pagkabuhay na maguli na mula sa patay ni Cristo, hindi sa pamamagitan ng kamatayan. Si Cristo ay “Namatay para sa atin” minsan lamang. Ang teoriya tungkol sa “substitution” ay nangangahulugan na si Cristo ay kinakailangang mamatay paulit-ulit para sa bawat isa atin.

Kung binayaran ni Cristo ng kaniyang dugo ang isang pagkakautang, ang ating kaligtasan ay nagiging isang bagay na aasahan natin bilang isang karapatan natin. Ngunit ang katotohanan ay: ang kaligtasan ay isang kaloob, dahil sa pagkamaunawain at magpatawad ng Dios, at ang bagay na ito ay pinawalang halaga natin kung ating unawain na ang sakripisyo ni Cristo ay isa lamang kabayaran sa pagkakautang natin. Ginagawa din ng ganitong pagkaunawa na ang isang galit na Dios ay nawala ang pagkakagalit nang makita niya ang literal na dugo ni Jesus. Subalit sa katuruan ng Biblia, ang nakikita ng Dios kapag tayo ay nagsisisi ay ang kaniyang anak bilang kinatawan natin, na ating sinisikap na gayahin, sa halip na iugnay ang ating sarili sa dugo ni Cristo bilang isang paraan talisman. Marami sa mga hymns at mga awit ng mga Cristiano” ay naglalaman ng di kapani-paniwalang dami ng

mga maling katuruan ukol dito; ang mga maling katuruan ay halos inilalagay sa pag-iisip ng tao sa pamamagitan ng musika at awitin, sa halip na ang ilagay sa pag-iisip ay ang makatuwirang pagtuturo na ayon sa Biblia.

Kalunos-lunos na ang simpleng mga parirala gaya ng “si Cristo ay namatay dahil sa tin” (Rom. 5:8) ay kapuna-punang hindi nauunawaan at pinakahuhulugan pa na si Cristo ay namatay sa halip na tayo. Maraming mga pagkakaugnay ang Roma 5 at ang 1 Cor. 15 (Rom. 5:12; 1 Cor. 15:21; Rom. 5:17; 1Cor. 15:22). Ang si “Cristo ay namatay dahil sa ating kasalanan” (1 Cor. 15:3).

Kaniyang kamatayan ay upang magbigay daan para matamo natin ang kapatawaran para sa ating mga kasalanan; ito ang kahulugan kaya “si Cristo ay namatay dahil sa atin”. Ang salitang “dahil sa “ ay hindi nangangahulugang “sa halip” si Cristo ay namatay “dahil sa ating mga kasalanan” hindi “sa halip” ng ng tao. Dahilan dito, maaaring si Cristo ay mamagitan “para sa tin”. (Heb. 7:25) hindi sa halip natin. Ni hindi ang “para sa” ay nangangahulugang “sa halip” na nasa Heb. 11:12 at Gal. 1:4).

9.4 Si Jesus at ang kautusan ni Moises

Dahil sa pagiging walang kapintasang sakripisyo ni Jesus para sa kasalanan at dahil sa pagiging ulirang Pangulong Sacerdote niya na tunay na makakapagtamo ng kapatawaran para sa atin, kaya ang unang sistema tungkol sa mga sakripisyo ng mga hayop at ang gagawin ng mga sacerdote ay natapos na pagkatapos ng kaniyang kamatayan (Heb. 10:5-14). Sapagkat nang palitan ang pagkakasacerdote ay natapos na pagkatapos ng kaniyang kamatayan (Heb.10:5-14). “sapagkat nang palitan ang pagkakasacerdote ay kinakailangang palitan naman ang “kautusan” (Heb. 7:12). Si Cristo ay naging isang sacerdote hindi dahil sa kaniyang pinagmulang lahi (dahil ang isang lalake na inanak ni Levi ay maaring maging isang lahi (dahil ang isang lalake na inaanak ni Levi ay maaring maging isang sacerdote , ngunit dahil sa “kapangyarihan ng isang buhay na walang kapintasang sakripisyo dahil sa kapangyarihan ng isang buhay na walang katapusan”, na ibinigay sa kaniya dahil sa kaniyang walang-kapintasang sakripisyo (Heb. 7:16). Dahil dito , “napapawi ang unang utos (i.e. ang kautusan ni Moises) dahil sa kahinaan nito at kawalan ng kapakinabangan. Sapagkat ang kautusan ay walang sinomang pinasasakdal” (Heb. 7:18,19).

Maliwanag mula dito na ang kautusan ni Moises ay natapos na sa pamamagitan ng sakripisyo ni Cristo. Kung gayon ang magtiwala sa isang taong sacerdote o ang maghahandog pa din ng mga sakripisyong mga hayop ay nangangahulugan na hindi natin tinatanggap ang kaganapan ng pagwawagi ni Cristo. Ang ganitong paniniwala ay nangangahulugan na hindi natin tinatanggap na lubos na tagumpay.

Dahilan dito, hindi natin kailangan pang tuparin ang anomang bahagi ng kautusan ni Moises. Nakita natin sa Aralin 3.4 na ang Bagong Tipan ng kautusan ni Moises (Heb. 8:13). Sa pamamagitan ng kaniyang kamatayan, pinawi na ni Cristo ang nasusulat sa mga

palatuntunan laban sa atin, na hindi naaayon sa atin (dahil sa kawalan natin ng kakayahan na lubos na tuparin ang kautusan), at ito'y kaniyang inalis, na ipinako sa krus...Sinoman nga ay huwag humatol sa inyo tungkol sa pagkain o sa pag-inom, o tungkol sa kapistahan o bagong buwan o araw ng sabaton: na isang anino ng mga bagay na magsisidating ; ngunit ang katawan ay kay Cristo” (Col. 2:14-17). Ito ay lubhang malinawag –dahil sa kamatayan ni Cristo doon sa krus, ang Kautusan ay “inalis” na upang tutulan natin ang anomang presyon na inilalagay sa atin para tuparin ang mga bahagi nito. E.g. ang mga kapistahan at ang mga araw na ng sabaton. Gaya ng iba pang Kautusan ang layunin ng mga bagay na ito ay upang tumukoy kay Cristo. Pagkatapos ng kaniyang kamatayan, ang sinasagisag na kahulugan ng mga katuruan ay natapos na, at dahil dito ang sinasagisag na kahulugan ng mga katuruan ay natapos na, at dahil dito kaya hindi na kailangan pa na tuparin ang mga ito.

Ang sinaunang iglesyang Cristiano noong ika-unang siglo ay nasa ilalim ng palagiang presyon mula sa Orthodox na mga Judiyo upang tuparin nila ang mga bahagi ng Kautusan. Sa boong Bagong Tipan ay may paulit-ulit na paalala na tutulan ang mga mungkahing gaya nito. Subalit sa lahat ng mga ito, kataka-taka na sa ngayon ay maraming mga denominasyon na nagmumungkahi ng bahaging pagsunod sa kautusan. Ipinakita namin kanina na ang anomang pagsisikap na matamo ang kaligtasan mula sa pagsunod sa kautusan ay dapat na siguruhin na tuparin ang boong kautusan, sapagkat kung hindi tayo ay awtomatikong isusumpa dahil sa di pagsundo dito (Gal. 3:10).

May elemento sa kalooban ng tao na nahihilig sa ideya ng katuwiran sa pamamagitan ng mga gawa; gusto nating isipin na gumagawa tayo ng bagay na tungo sa ating kaligtasan. Dahilan, dito ang sapilitang pagbibigay ng ikasampung bahagi, pagsusuot ng krusiho, pagbigkas na nakahandang panalanagin, panalangin na may natatanging pustura etc. ay may karaniwang bahagi ng pagsamba ng maraming relihiyon, Cristiano man o hindi. Ang kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo alam ng ang katuruan na bukod-tangi na tunay na nasasalig sa Biblia.

Ang mga paaalala laban sa pagtupad ng anomang bahagi ng kautusan ni Moises para diumano matamo ang kaligtasan ay nakakalat sa boong Bagong Tipan. May ibang tao na nagtuturo na ang mga Cristiano ay dapat na ituli ayon sa kautusan ni Moises, na “ganapin ang kautusan”. An ganitong ideya ay tiyakng ipinagbawal ni Santiago sa ngalan ng tunay na mga mananampalataya: “hindi kami nangag-utos ng anoma”. (Gawa 15:24). Inilarawan ni Pedro yaong mga nagtuturo ng pangangailangan ng pagsunod sa Kautusan bilang pag-lalagay ng “pamatok sa batok ng mga alagad; na kahit ang ating mga magulang ni tayo’y mangaligtas sa pamamagitan ng biyaya ng Panginoong Jesus” (Gaw. 15:10-11). Si Pablo ay kagaya din nila na nagsalita at binigyang-diin ang puntong ito ng paulit-ulit: “Ang tao ay hindi inaaaring –ganap sa mga gawain ayon sa kautusan maliban na sa pamamagitan ng pannampalataya kay Cristo Jesus, a t upang tayo ay ariing ganap sa pammagitan ni Cristo, at hindi dahil sa mga gawang ayon sa kautusan; sapagkat sa mga gawang yaon sa kautusan ay hindi aariing ganap na kautusan...sa pamamagitan niya (ni Cristo) ang bawat mananampalataya ay inaring-ganap sa lahat ng bagay, na sa mga ito’y hindi kayo aaariing –ganap sa pamamagitan ng kautusan ni Moises” (Gal. 2:16; 3:11; Gaw. 13:39).

Isang tiyak na tanda ng pagtalikod sa katotohanan ng popular na mga relihiyon ang kanilang maraming mga kaugalian na nababatay sa mga elemento ng kautusan ni Moises – sa kabila ng malinaw na katuruan ng Biblia na ang mga Cristiano ay hindi dapat tuparin ang kautusang yaon, sapagkat yaon ay natapos na kay Cristo. Ngayon ay pag-aaralan naman natin ang maliwanag na kalakaran kung saan ang kautusan ni Moises ay batayan ng kasalukuyang kaugalian ng mga diumano ay “Cristiano”.

Mga Sacerdote o Pari

Ang mga iglesiyang katoliko at Anglican ay palasak na ginagamit ang isang sistema ng pagiging sacerdote ng tao. Ipinalalagay ng mga Katoliko Romano ang Papa bilang kapareho ng pangulong sacerdoteng mga Judio. May “isang tagapamagitan nasa Dios at sa

mga tao, ang taong si Cristo Jesus” (1 Tim. 2:5). Hindi maaari, kung gayon na ang Papa o ang pari ay maging tagapamagitan natin sa Dios ng mga sacerdote noon sa ilalim ng unang Tipan. Si Cristo na ngayon ang ating Pangulong Sacerdote sa Langit, an siyang naghahandog ng ating mga panalangin sa Dios.

Tunay na walang aktibayan mula sa Biblia na ang awtoridad na tinaglay ng mga kaloob ng Espiritung matatanda sa iglesia noong ika-unang siglo- e.g. Pedro- ay ipinasa sa sumusunod na mga henerasyon, partikular sa Papa. Kahit na tatanggapin ang posibilidad nito, walang paraan upang patunayan na ang papa at ang mga pari ang siya mismong pinagpasahan nga wtoridad na yaon ng mga matatanda sa iglesia noong ika-unang siglo.

Dahila ng kaloob ng Espiritu ay binawi na, ang lahat ng mga mananampalataya ay may pantay-pantay na karapatan sa Salita? Espiritu na nasa Biblia (tingnan ang Aralin 2.2 at 2.4). Dahil dito silang lahat ay magkakapatid, at walang isa man sa kanila ang magay nakakataas na posisyong espirituwal. Ang lahat ng tunay na mananampalataya ay miyembro ng isang bagong pagkasaserdote dahil sa kaniang bautismo kay Cristo. Sa agnito ipinapakita nila ang kaliwanagan ng Dios sa kadiliman ng sanglibutan (1 Ped. 2:9). Dahil dito sial ay magiging mga hari/sacerdote ng kaharian kapag ito ay naitatag na diot sa lupa sa pagbabalik ni Cristo. (Apoc. 5:10).

Ang kaugalian ng mga katoliko na tawagin ang kanilang mga pari na “Father” (Ang Papa ay “ama” din ang ibig sa bihin) ay maliwanag na pagsalungat sa malinaw ng mga salita ni Jesus, “Huwag ninyong tawaging inyong ama ang sinoamng tao sa lupa: sapagkat iisa ang inyong ama, sa makatuwid baga’y siya ay nasa langit” (Mat. 23:9). Sa katunayan si Jesus ay nagpaalaala laban sa pagbibigay ng isang uri ng paggalang na hinihingi ng mga pari sa ngayon: “Kayo’y huwag patawag na Rabi (Guro) sapagkat iisa ang inyong guro, at kayong lahat ay magkakapatid” (Mat. 23:8).

Ang abito na isinusuot ng mga pari, obispo at iba pang “clergymen” ay pinatay sa espesyal na pananamit na isinuot ng mga sacerdote at pangulong sacerdote noong kapanahunan ni Moises. Ang mga

pananamit na yaon ay tumutukoy sa walang kapintasang pag-uugali ni Cristo. At, gaya ng lahat ng kautusan, ang layunin niyaon ay natupad na sa ngayon. Tunay na nakakalungkot, na ang pananamit na sinadya upang purihin ang kaluwalhatian ni Cristo. Ay ginagamit sa ngayon upang itaas ang karangalan ng mga tao ang nagsusuot nito- na ang iba sa kanila ay inaamin na hindi nila tinatanggap ang ugaling pagkabuhay na maguli ni Cristo o maging ang pagkakaroon ng Dios.

Ngayong mga taong sacerdote, kaya hindi na maaaring obligado ang pagbibigay ng ika-sampung bahagi sa iglesia. Uli ang isang hindi tamang ideya (sa kasong ito tungkol a mga sacerdote o psri) ay nagbibigay –daan sa isa pang hindi tama. (I.e. ang pagbibigay ng isa-sampung bahagi. Ang Dios mismo ay hindi kailangan ang ating mga handog, sapagkat ang lahat ng mga bagay ay pag-aaari ng Dios. Ibinibigay lang nating muli kung ano ang ibinigay niya sa atin (1 Cro. 29:14). Hindi maaaring matamo ang kaligtasan dahil sa resulta ng ating materyal na mga handog e.g. pananalaping paraan. Bilang pagtanaw ng utang na loob sa Dios dahil sa kaniyang dakilang kaloob sa atin, dapat nating ihandog ang boong buhay natin, hindi lang ang ika-sampung bahagi ng ating salapi. Si Pablo ay nagbibigay ng halimbawa ukol dito: “Inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaaya-aya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba” (Rom. 12:1).

Pagkain

Sa kautusan ng mga Judio pinagbukod ang ilang uri ng mga hayop bilang malinis at ang hayop bilang malinis at ang mga iyon ay hindi maaaring kainin – sa kaugaliang ito ay sumunod ang ilang pang relihiyon denominasyon sa ngayon, lalo na ukol sa karne ng baboy. Ngunti dahil inalis na ni Cristo ang kautusan doon sa krus “sinoman nga ay huwag humatol sa inyo tungkol sa pagkain o sa pag-inom” (Col. 2:14-16). Ang kautusan tungkol sa mga bagay na ito ay natapos na, sapagkat dumating na si Cristo. Ang mga “Malinis “ na pagkain ay tumutukoy kay Cristo.

Maliwanag na ipinaliwanag ni Jesus na anomang kainin ng tao ay di makapagpaparumi sa kaniya sa espirtual; sapagkat ang tunay na makapagpaparumi sa kaniya ay kung ano ang lumalabas sa kaniyang kalooban (Mar. 7:15-23). “sa salitang ito’y nililinis” niya ang lahat ng pagkain” (Mar. 7:19). Si Pedro ay tinuruan ng gayong aral (Gaw. 10:14-15) at maging si Pablo rin: “Nalalaman ko, at naniniwala akong lubos kay Jesus na Panginoon, na walang anomang bagay na marumi sa kaniyang sarili” (Rom. 14:14). Una sa narito, sinabi ni Pablo na ang pagtangi sa ilang uri ng pagkain ay isang tanda ng espirtual na kahinaan (Rom. 14:2). Ang ating pagtingin sa mga pagkain “ay hindi magtataguyod sa atin sa Dios” (1 Cor. 8:8). Ang pinakabigat sa lahat ay ang paalala na ang mga Cristianong tumalikod sa katotohanan ay ituturo sa mga tao at ipag-uutos nila na may pasasalamat ng mga nagsisisampalataya at nangakakaalam ng katotohanan (1 Tim. 4:3).

9.6. Ang Sabaton

Isa sa lubhang laganap na pagpapatuloy ng kautusan ni Moises ay makikita sa kasalukuyang kaugalian ng mga “Cristiano” na diumano ay dapat nating pangilin ang sabaton. May mga grupo na nagsabi na dapat daw nating sundin ang sabaton ng mga Judio ng eksakto kung ano ang nakalagay sa kautusan; may iba naman na nagsasabi na ang mga Cristiano daw ay dapat na may partikular na araw sa loob ng isang linggo upang sumamba, na kalimitan nilang pinakakakahulugan bilang araw ng linggo. Ang unang bagay na dapat linawin ay, ang sabaton ay ang huling araw ng linggo, nang ang Dios ay magpahinga pagkatapos ng anim na araw ng paglikha (Exod. 20:10-11). Dahil ang araw ng Linggo ay ang unang araw, kaya hindi tama na ipangilin ang araw na ito bilang Sabaton, Ang Sabaton ay naging tiyakang “tanda sa akin (Dios) at sa kanila (Israel) upang makilala na “Ako ang Panginoon na nagpapaging banal sa kanila” (Ezek. 20:19). Dahil sa ganito kaya ang Sabaton ay hindi inilalaan upang masaklaw nito ang mga Gentil (hindi mga Judiyo)

Nakita natin na sa pamamagitan ng kamatayan ni Cristo doon sa krus ang kautusan ni Moises ay natapos na , kaya hindi na kailangan pa na ipangilin ang sabaton o ang anomang kapistahan, e.g . ang araw ng kamatayan ni Cristo (Col. 2:14-17). Ang mga sinaunang mga Cristiano na nagbalik sa kanilang pagtupad sa bahagi ng kautusan ni Moises e.g. ang Sabaton ay sinabi ni Pablo na nagbalik sa “mahihina at walang bisang mga pasimulang aral, na sa gayo’y ninanasa ninyong maibalik sa pagka-alipin. Ipinangingilin na walang kaugnayan sa kaligtasan ang pangingilin sa Sabaton; :May nagmamahal sa isang araw ng higit kaysa iba, may ibang nagmamahal sa bawat araw. Bawat isa magtibay sa kaniyang sariling pag-iisip. Ang nagmamahal sa araw ay minamahal ito sa Panginoon; ang hindi nagmamahal sa araw sa Panginoon ay hindi minamahal ito (Rom. 14:5,6),

Dahil dito mauunawaan na kaya hindi natin nababasa sa Bagong Tipan na ipinangilin ng mga sinaunang mananampalataya ang sabaton. Subalit nasusulat na sila ay nagkatipon-tipon sa “unang araw ng sang-linggo. Nang unang araw ng sang-linggo na nang kami’y nangagkapisan –pisan upang pagputol-putulin na tinapay...’ (Gaw. 20:7). Ipinahihwatig na ang pagtipon-tipon na yaon ay isang laganap na kaugalian dahil ipinayo ni Pablo sa mga mananampalataya sa Corinto na manguha tuwing unang araw ng sang-linggo (1 Cor. 16:2), i.e. ang kanilng palagiang pagtitipon sa araw na yaon. Ang lahat ng mga mananampalataya ay inilarawan bilang sacerdote (1 Ped. 2:9) – na di saklaw sa pagtupad ng sabaton (Mat. 12:5).

Kung ipapangilin natin ang Sabaton dapat gawin natin ito ng wasto; sapagkat ipinAkita namin na nakamamatay ang hindi pagtupad ng ganap sa kautusan ni Moises, dahil ito ay magbubunga ng sumpa (Gal. 3:10; Sant. 2:10). Ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng pagtupad sa kautusan ni Moises. Ang Israel ay hindi pinahintulutan na gumawa ng anomang gawa sa araw ng Sabaton: “Sinomang gumawa ng anomang gawa sa araw na iyan ay papatayin”. Sila ay inutusan din na: “Huwag kayong magpapaningas ng apoy sa inyong boong tahanan sa araw ng sabaton, at dahil dito kaya sila ay pinagbabawalan na maghanda ng kanilang pagkain nasa araw ng

sabaton (Exod. 35:2,3, 16:23). Ang isang lalake na namulot ng kahoy sa araw ng Sabaton, marahil ay upang magningas ng apoy, ay pinarusahan ng kamatayan dahil sa kaniyang ginawa (Blg. 15:32-36).

Yaong mga denominasyon na nagtuturo na ang pangilingin sa araw ng sabaton ay umiiral pa rin hanggang sa ngayon para sa kanilang mga miyembro, ay dapat na parusahan ng kamatayan ang mga miyembro nila kapag hindi nila ipinapangilin ang araw ng sabaton. Dapat ay hindi rin sila magluluto ng pagkain o gumamit ng apoy at anomag anyo- e.g. sa pagmamaneho ng mga sasakyan, o paggamit ng mga sistemang pang-painit etc. sa ngayon ang Orthodox na mga Judiyo ang siyang halimbawa tungkol sa uri ng kilos ng tao kapag araw ng araw maliban para sa pangrelihioyng mga dahilan, at sila ay hindi personal na kasangkot sa pagluluto, pagmamaneho etc. Ang mga “Cristiano” na nagsasabi na ipangilin ang sabaton ay lubhang may pagkukulang sa kanilang pagtupad na ipangilin ang sabaton.

Malimit na ikatwiran na ang pangilingin kung sabaton ay isa sa sampung utos na ibinigay kay Moises, at bagamat ang lahat ng kautusan ni Moises, at bagaman ang lahat ng kautusan ni Moises ay natapos na , ngunit nananatili pa rin daw ang obligasyon upang sundin ang sampung utos at ang tinawag na “panseremonyang kautusan”. Na pinaniniwalaan nilang tinapos ni Cristo. Ang ganitong pagkakaiba ay hindi itinuturo sa Biblia. Ipinakita na amin na ang Unang Tipan ay tumutukoy sa Kautusan ni Moises, na pinalitan doon sa krus ng Bagong Tipan. Maaaring ipakita na ang sampung utos, kabilang ang tungkol sa Sabaton, ay bahagi ng Unang Tipan na tinapos na ni Cristo:

📖 Ang Dios ay “Ipinahayag sa inyo (Israel) ang kaniyang tipan, na kaniyang iniutos sa inyong gaganapin sa makatuwid bagay ang sampung utos; at kaniyang isinulat sa dalawang tapyas ng Bato’ (Duet. 4:13).

Muli dapat na pansinin na ang tipan na yaon, na batay sa sampung utos, ay ginawa ng Dios sa Israel hindi sa mga Gentil sa kasalukuyang panahon.

- 📖 Si Moises ay umakyat sa bundok ng Horeb upang tanggapin ang dalawang tapyas na bato kung saan isinulat ng Dios ang sampung utos. Sa bandang huli si Moises ay nagsalita tungkol dito, “Ang Panginoon na ating Dios ay nakipagtipan sa atin sa Horeb” (Duet. 5:2); i.e. sa pamamagitan ng sampung utos.
- 📖 Sa panahong yaon ang Dios ay “isinulat sa mga tapyas ang mga salita ng tipan, ang sampung utos “ (Exod. 34:28). Ang tipan na ayon ay kinapapalooban ng mga detalye tungkol sa kung tawagin ay ang “pangseremonyang kautusan” (Exod. 34:27). Kung ikakatwiran natin na ang pagtupad sa tipan na ginawa para sa sampung utos ay kailangan , dapat din nating tuparin ang bawat detalye ng boong Kautusan sapagkat ito ay kabahagi din ng parehong tipan. Maliwanag na hindi posibleng gawin ito.
- 📖 Ang Hebreo 9:4 ay nagsasalita tungkol sa “Mga tapyas na bato ng tipan”. Ang sampung utos ay isinulat sa mga tapyas na bato, na binubuo “ng (Unang) tipan.
- 📖 Si Pablo ay tumukoy sa tipan na iyon bilang “nasusulat at naukit sa mga bato”, i.e. sa mga tapyas na bato. Tinawag niya iyon na “Pangangasiwa ng kamatayan...ang pangangasiwa ng kahatulan...ang lumilipas” (2 Cor, 3:7-11). Ang tipan na kaugnay ng sampung utos ay malinaw na hindi maaaring magbigay anomang pag-asa ng kaligtasan,
- 📖 Inalis na ni Cristo ang “usapang nasusulat sa mga palatuntunan laban sa tin” (Col. 2:14) doon sa krus. Ito ay tumutukoy sa sampung utos na isinulat ng Dios sa mga tapyas na bato. Sa ganito din si Pablo ay nagsalita ng Dios sa mga tapyas na bato. Sa ganito din si Pablo ay nagsalita tungkol sa kautusan...na nangamatay ...sang karatihan sulat” (Rom. 7:6 ay nagbibigay diin kung paanaong “ang kautusan” sa Roma. 7:7; “Sinasabi ng kautusan Huwag kang mananakim”. Ang sinundang mga talata nito ang Rom. 7:1-6 ay nagbibigay diin kung paanong “ang kautusan” ay natapos na sa pamamagitan ng kamatayan ni Cristo “ang kautusan at kung gayon ay kinakabilanganan ng sampung utos.

Binigyang linaw ng lahat ng ito na ang Unang Tipan at “Ang kautusan” ay kinabibilangan ng sampung utos. At dahil ang mga ito ay natapos na sa pamamagitan ng Bagong Tipan , ang sampung utos ay inalis na kung gayon. Gayun man, siyam sa sampung utos ay muling piangtibay kahit paano sa diwa, sa Bagong Tipan. Ang utos na 3,5,6, 7, 8, at 9 ay matatagpuan sa 1 Tim. 1, at ang 1,2, at 10 sa 1 Cor. 5. Ngunit ang ika 4 na utos ukol sa sabaton ay hindi inulit sa Bagong Tipan bilang isang kailangang utos para tuparin natin.

Ang mga sumusunod na mga talata ng Biblia ay nagbibigay ng higit pang katibayan kung ano ang siyam sa sampung utos ay pinagtibay sa Bagong Tipan:

1. Efe. 4:6; Jn. 5:21; Mat. 4:10
2. 1 Cor. 10:14; Rom. 1:25
3. Sant. 5:12; Mat. 5:34-35
5. Efe. 6:1,2; Col. 3:20
6. 1 Jn 3:15; Mat. 5:21
7. Heb. 13:4; Mat. 5:27,28
8. Rom. 2:21; Efe., 4:28
9. Col. 3:9; efe. 4:25; 2 Tim. 3:3
10. Efe. 5:3; Col. 3:5

Pagsalungat 27: Ang Krusipiho

Malaganap na pinaniniwalaan sa sangka-Critianuhan na si Jesu Cristo ay pinatay sa krus. Gayunman, ang salitang Griego na “stauros” na pangkaraniwang isinalin bilang “krus” ay may

kahulugan na isang tikin o poste. Tunay na ang simbolo ng krusipiho ay malamang na may paganong pinagmulan. Maaaring si Cristo ay namatay na ang kaniyang mga kamay at bisig ay nakataas, at hindi nakadipa sa anyo ng krusipiho, sapagkat ang mga kamay na nakataas ay isang simbolo ng mga pangako ng Dios na tinitiyak (Ezek. 20:55,6,15; 36:7; 47:14) gayon din ng marubdob na panalangin (Mga Panaghoy 2:19; 1 Tim. 2:8; 2 Cro. 6:12,13 Awit 28:2), na ginawa ni Cristo habang siya ay naroon sa krus (Heb. 5:7). Sinabi ni Cristo na kung paaanong ang ahas na tanso na ginawa ni Moises at itinaas sa isang tikin o poste noong ang Israel ay nasa ilang, ay gayon din siya, sapagkat noong oras ng kaniyang kamatayan siya y itinaas di nanakikita ng karamihan ng mga tao, kaya sa ganito inugnay ni Cristo ang “krus” sa tikin o poste (Jn. 3;14; Blg. 21:9).

Ang iglesia Katolika ay kinabitan ng mystical na kahulugan ang krus. Ito ay walang ganap na suporta ng Bilbia, at ito ay nagbunga lamang na kung saan ang krusipiho ay naging isang parang talisman, isang pisikal na alaala na ang Dios ay nasa atin daw diumano kapay may suot tayong krusipiho. Ang mga tao ay nagkaroon ng paniniwala na kapag may suot silang krusipiho o ang palaging pag-aantada, sila ay papatnubayan ng Dios. Subalit ang tunay na kapangyarihan ng krus ay sa pamamagitan ng ating pakikiugnayn sa kamatayan ni Cristo sa pamamagitan ng paniniwala at ng bautismo, at hindi sa pag-alala sa pisikal at ng bautismo at hindi pag-alaala sa pisikal na anyo ng krus – kung sabagay nasa madaling gawin ang ganito kaysa tunay na suriin at pag-aaralan ang katotohanan na itinuturo sa Bibla.

Pagsalungat 28: Ipinanganak Ba Si Jesus Ng Ika – 25 ng Disyembre?

Isa pang malaking kamalian ng popular na Cristianismo ay ang tungkol sa araw ng kapanganakan ni Cristo. Noong si Cristo ay ipinanganak ang mga pastor ay nasa parang at piangpupuyatan ang gayon sa panahon ng taglamig i.e. Disyembre. Si Cristo ay nabuhay

33 na taon at siya ay namatay nang kapistahan ng paskua humigit kumulang sa buwan ng Setyembre/Oktubre.

Ang ika-25 na Disyembre ay dating petsa ng isang pista ng mga pagano sa Europa bago pa nagkaroon ng mga Cristiano. Sa aklat ng Mga Gawa ay nasusulat kung anong ang mga tunay na mga Cristiano ay lubhang pinag-usig kung paanaong ang mga tunay na mga Cristiano ay susunod sa mga paniniwala ng mga pagano na nakapligid sa kanila. (e.g. Gaw. 20:30; 1 Juan 2:18-22; 2 Pedro 2:1-3). Ang mga pagsunod sa ika-25 ng Disyembre bilang isang pista ng Cristiano ay isang halimbawa nito. Ang mga Christmas tree, parol etc. ay matatalunton sa mga seremonya ng mga pagano tuwing ika-25 ng Disyembre

Mula rito ay mauunawaan na ang tunay na mga Cristian ay hindi dapat na ipagdiwamnf ang kapanganakan ni Cristo tuwing ika 25 ng Disyembre . Bilang isang magandang gawi, ang tunay na mga mananampalataya ay sasamantalahin ang mga pista opsiyal, e.g. pasko. Upang magtipon-tipon ng magkakasama hanggat maaari.

ARALING 9: MGA KATANUNGAN

1. Bakit ang kamatayan ni Cristo, at hindi ang ibang tao ang kailangan para sa ating kaligtasan?
2. Bakit hindi sapat upang makapag-alis ng kasalanan ang mga sakripisyong mga hayop sa kautusan ni Moises?
3. Nang si Jesus ay namatay, siya ba ang ating kinatawan o kapalit?
4. Alin sa mga sumusunod na mga pangungusap ang tama?
 - a Si Cristo ay namatay sa halip na tayo ang mamatay
 - b Si Cristo ay katulad natin upang tayo ay mapatawad ng Dios alang-alang sa kaniya.
 - c. Si Cristo ay katulad din natin, ngunit hindi siya kumatawan sa atin,
 - d. Ang kamatayan ni Cristo ay nangangahulugan ang hindi ibibilang ng Dios na makasalanan ang tao dahil sa kasalanan nito.
5. Nakinabang ba si Jesus sa kaniyang sariling kamatayan ?
6. Nang si Jesus ay namatay doon sa krus, siya ba ay
 - a. Tinapos na ang utos ng kautusan ni Moises ngunit hindi sampung utos.
 - b. Tinapos na ang lahat ng kautusan ni Moises kabilang ang sampung utos
 - c. Tinapos ang kautusan ni Moises maliban sa pista ng Judio
 - d. Walang naging epekto sa kalagayan ng kautusan ni Moises.
7. Dapat ba ba nating ipangilin ang sabaton sa ngayon?
8. Ibigay ang inyong mga dahilan para sa inyong ksagutan sa katanungan 7.

ARALING 10

**BAUTISMO KAY
JESUS**

10.1 Ang kahalagahan Ng Bautismo

Maraming ulit naming binanggit sa nakaraang mga Aralin ang kahalagahan ng bautismo; ito ang unang pagsunod sa mensahe ng Evangelio. Ang Hebreo 6:2 ay nagsasalita tungkol sa bautismo bilang isa sa pinaka-pangunahing mga katuruan. Inilaan namin ang pag-aaral tungkol sa bautismo sa huling bahagi ng mga Aralin sa pagkatunay na bautismo ay maaari lamang mangyari matapos ang pagkakaroon ng wastong kaunawaan tungkol sa saligang mga katotohanan na binubuo ng Evangelio. At natapos na natin ang pag-aaral tungkol sa mga ito; kung nais kung nais ninyong maging tunay na kaugnay sa dakilang pag-asa na inihandog ng Biblia sa pamamagitan ni Cristo ang bautismo ay talagang kinakailangan.

“Ang kaligtasan ay nanggaling a mga Judio” (Jn 4:22) sa pakahulugan na ang mga pangako tungkol sa kaligtasan ay ginawa lamang kay Abraham at sa kaniyang binhi. Maaari lamang nating matamo ang mga pangakong yaon kapag tayo ay naging nasa Binhi, sa pamamagitan ng bautismo kay Cristo (Gal. 3:22-29).

Sa gayong dahilan kaya malinaw na iniutos ni Jesus sa kaniyang mga tagasunod: “magsiyaon kayo sa boong sanglibutan, at inyong ipangaral ang Evangelio (na nilalaman ng mga pangako kay Abraham, Galacia 3:8) sa lahat ng kinapal. Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas” (Mar. 16:15,16). Ang pagbulay-bulay sa salitang “at” ay magpapakita na ang paniniwala lamang tungkol sa

Evangelio ay hindi sapat upang makapagligtas sa atin sapagkat ang bautismo ay isang napakahalaaga at unang bagay na kailangan para sa kaligtasan. Ngunit hindi namin sinasabi na ang pagsasagawa ng bautismo ay makapagligtas na sa atin, sapagkat ito ay dapat na sundan ng panghabang buhay na patuloy na pagsunod sa salita ng Dios,. Ang bagay na ito ay binibigyang diin ni Jesus: “katotohanan, katotohanan na sinasabi ko sa iyo, maliban na ang tao’y ipanganak ng tubig at ng Espiritu ay hindi siya makapasok sa kaharian ng Dios” (Jn. 3:5).

Ang kapanganakan “ng tubig” ay tumutukoy sa pag-ahon ng tao mula sa tubig ng bautismo; pagkatapos nito, siya ay kinakailangang ipanganak na muli ng espiritu. Ito ay isang patuloy na proseso: “yamang ipinanganak kayong muli...sa pamamagitan ng salita ng Dios” (1 Ped. 1:23). Dahil sa pamamagitan ng ating patuloy na pagtugon sa Espiritu. Dahil sa pamamagitan ng ating patuloy na pagtugon sa Espiritu/Salita kaya tayo ipanganganak ng espiritu (tingnan ang Aralin 2:2).

Tayo ay “binautismuhan kay Cristo” (Gal. 3:27), sa pangalan ng Panginoong Jesus (Gal. 3:27) sa pangalan ng Panginoong Jesus (Gaw. 19:5; 8:16; Mat. 28:19). Pansinin na tayo ay nabautismuhan kay Cristo. Hindi sa pangalan ng mga Christadelphian o anomang pantaong organisasyon. Kung walang bautismo tayo ay wala “kay Cristo” at dahil dito ay

hindi nasasaklaw ng kaniyang gawang pagliligtas (Gaw. 4:12). Si Pedro ay naghabi ng isang malakas na talinghaga tungkol sa katotohanang ito: itinulad niya agad yaong noong kapanahunan ni Noe kay Cristo. Na nagpapakita na gaya ng daong nagligtas kay Noe at sa kaniyang pamilya sa paghuhukom na dumating sa mga makasalanan, gayon din, ang bautismo kay Cristo ay maliligtas sa mga mananampalataya mula sa walang hanggang kamatayan (1 Ped. 3:21). Ang pagpasok ni Noe, sa daong ay itinulad kay Cristo sa pamamagitan ng bautismo. Ang lahat ng wala sa loob ng daong ay nalipol ng baha, ang pagtayo malapit sa daong o ang maging kaibigan ni Noe ay walang silbi sa kaligtasan. Ang tanging paraan ng kaligtasan ay ang maging nasa loob ng daong/Cristo. Maliwanag na ang ikalawang pagparito ni Cristo, na inilarawan ng baha (Luc. 17:26,27), ay malapit na tingnan ang Apendix 3). Ang pagpasok kay Cristo sa daong sa pamamagitan ng bautismo ay tunay na nangangailangan ng madaling pagkilos kung gayon.

Ang mga sinaunang Cristiano ay sinunod ang utos ni Cristo na maglabay sa boong mundo upang ipangaral ang Evangelio at magbautismo; sa Aklat ng mga Gawa ay nasusulat ito. Ang isang katibayan tungkol sa kahalagahan ng bautismo ay matatagpuan sa paraan kung paano binigyan diin ang agad na pagbabautismo sa mga tao mayapos nilang tanggapin ang Evangelio (e.g. Gaw. 2,36-39; 9:18; 10:47 16:15). Mauunawaan ang pagbibigay diing ito kapag kinilala na kung walang bautismo ang ating kaalaman tungkol sa Evangelio ay walang kabuluhan. Sa ibang kaso ang kasulatan ay tila bigyan diin na sa kabila ng maraming kahirapan para isagawa ito, sa tulong ng Dios.

Ang tagapamahala ng bilangguan sa Filipos ay biglang nagkaroon ng panganib sa kaniyang buhay dahil sa malakas na lindol na nagbukas ng lahat ng pintuan ng bilangguan. Ang mga bialnggo ay may sapat na pagkakataon upang tumakas-isang bagay na nagdudulot ng kamatayan sa tagapamahala. Ang kaniyang pananampalataya sa Evangelio nang panahon niyaon ng gabi...pagdakay binautismuhan siya...” (Gaw. 16:33). Kung sinoman ang may dahilan upang ipagpaliban ang bautismo, yaon ay siya. Ang pinakalubhang lindol sa bayang Gresya sa loob ng 3,000 taon, maraming mga bilanggo na maaaring tumakas, at nagbabantang kamatayan niya dahil sa pagpapabaya ng kaniyang tungkulin, ngunit sa kabila ng lahat ng ito. Malinaw niyang nakita na kung ano ang isang bagay na pinakamahalagang dapat niyang gawin sa boong buhay niya. At dahil doon napagtagumpayan niya ang pangunahing mga suliranin na nakapaligid sa kaniya (i.e. ang lindol), ang presyon ng kaniyang pang-araw-araw na trabaho at matinding nerbiyos nang matagpuan niya ang kaniyang sarili – na magpapabautismo. Maraming mga nag-aatubiling kandidato para sa bautismo ay maaaring makuha ng tunay na inspirasyon mula sa tagamahalang iyon ng bilangguan. Na nagawa niya ang gayong detalyadong kaalaman tungkol sa Evangelio, sapagkat ang gayong uri ng pananampalataya ay nagmumula sa pakikinig ng Salita ng Dios. (Rom. 10:17, cp. Gaw. 17:11).

Sa Gawa 8:26-40 ay nasusulat kung paaanong ang isang opisyal ng Etiopa ay bansa ang kaniyang Biblia habang siya ay nakasakay sa kaniyang karo. At naglalakbay sa ilang.

Nasalubong niya si Felipe na malawak na ipinaliwanag ang Evangelio sa kaniya, kabilang ang pangangailangan ng bautismo. Kung ang ibang tao ang tatanungin, tila imposibleng sundin ang utos na magpabautismo sa walang tubig na disyerto. Ngunit ang Dios ay hindi magbibigay ng utos na alam niyang hindi kayang sundin ng tao. “Sa pagpapatuloy sa daan, ay nagsidating sila sa dakong may tubig”. i.e. isang oasis, kung saan ay maaaring isagawa ang bautismo (Gaw. 8:36). Sinasagot ng pangyayari iyon ng walang basehang paniniwala ng iba na ang bautismo daw sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig ay nauukol lamang gwin sa mga lugar na sagana at madaling puntahan o madaling kuning panustos ng tubig. Subalit ang Dios ay palaging nagkakaloob ng isang maaaring paraan upang masunod ang kaniyang mga utos.

Si Apostol Pablo ay nakatanggap ng isang pangitain mula kay Cristo na lubhang dumurog sa kaniyang budhi, kaya agad-agad “siya ay agad na binautismuhan “ (Gaw.9:18). Muli, marahil ay nakatutukso para sa kaniya na ipagpaliban ang kaniyang bautismo din ang mataas na uri ng tungkulin na inihanda para sa kaniya sa Judaismo. Ngunit ang papaitaas na bituing ito ng sanglibutan ng mga Judio ay gumawa ng tama at agad na pagpapasiya na magpabautismo at hayagang talikuran ang kaniyang buhay ay pinagbulay-bulayan niya ang tungkol sa kaniyang pagpapasiya na magpabautismo. “Ang mga bagay na sa akin ay pakinabang, ay inari kong kalugihan, alang-alang kay Cristo...alang – alang sa kaniya’y tiniis ko ang kaguluhan ng lahat ng mga bagay (i.e. ang mga bagay na noong una ay inari niyang “pakinabang” sa kaniya), at inari

kong sukal lamang upang tamuhin ko si Cristo...na nililimot ko ang mga bagay na nasa likuran (ang mga bagay tungkol sa dati niyang pamumuhay), at tinutungo ang mga bagay na hinaharap. Nagtutumulín ako sa hangganan sa gantingpala” (Fil. 3:7,8,13,14).

Ito ay uri ng pananalita ng isang manlalaro na nagsisisikap na tumakbo patungo sa katapusan ng karera ng takbuhan. Ang gayong uri ng konsentrasyon ng pag-iisip at pisikal na pagpupunyagi dapat na makita sa ating pamumuhay pagkatapos ng bautismo. Dapat na maunawaan na ang bautismo ang siyang simula ng isang karera patungo sa kaharian ng Dios; ang bautismo ay hindi isang palatandaan lamang ng pagpapalit-palit ng paniniwala sa ilang malabong panuntunan na diumano ay ayon sa paniniwala sa isang malabong panuntunan na diumano ay ayon sa paniniwalang Cristiano. Ang bautismo ay nag-uugnay sa atin sa patuloy na pagpapahalaga sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus (Rom. 6:3-5) mga pangyayaring puno ng tunay na kapangyarihan sa bawat aspeto nito.

Bilang isang pagal, ngunit espirtual na matagumpay na matandang lalake, si Pablo ay ginunita ang kaniyang karanasan at sinabi: sapagkat ito ay totoo para kay Pablo kaya gayon din para sa lahat ng wastong nabautismuhan: ang bautismo ay isang pagpapasiya na hindi pagsisisihan ng isang tao. Sa boong buhay natin ay ating malalaman na ginawa

natin ang tamang pagpapasiya. Sapagkat sa lahat ng mga pagpapasiya ng tao ito lamang ang tanging may kasiguruhan na hindi natin pagsisihan. Ang katanungan ay kailangan taimtim na sagutin: “Bakit hindi pa ko nagpapabautismo?”

10.2 Paano Tayo Dapat Na Bautismuhan?

May laganap na paniniwala na ang bautismo ay maaaring isagawa, lalo na sa mga bata, sa pamamagitan ng pagwiwisik ng tubig sa kanilang noo (i.e. pagbibinyag). Ito ay lubhang salungat sa itinuturo ng Biblia tungkol sa Bautismo.

Ang salitang Griego na “Baptizo”, na isinalin bilang bautismo” ay hindi nangangahulugan ng pagwiwisik; sapagkat ang ibig sabihin ng salitang ito ay lubos na paghuhugas at paglulubog sa likido (tingnan ang pakahulugan nito sa mga Concordances, Young’s o Strong’s). Ang salitang “baptizo”ay ginamit sa klasikong Griego tungkol sa mga barkong lumulubog sa tubig. Ito ay ginamit din patungkol sa tela na kinukulayan sa pamamagitan ng “pagbabautismo” o paglulubog nito sa pangkulay. Upang ibahin ang kulay ng tela, maliwanag na ito ay dapat na lubos na pangkulay sa halip na ito ay wisikan lang ng pangkulay. Tunay na ang paglulubog sa tubig ang tamang

anyo o pamamaraan ng bautismo at ito ay ay sinuportahan ng sumusunod na mga talata ng Biblia:

📖 “At bumabautismo rin naman si Juan sa Enon na malapit sa Salim, sapagkat doo’y maraming tubig: at sila’y nagsiparoon at nangabautismuhan” (Jn. 3:23). Ipinapakita nito na “maraming tubig” ang kailangan para sa bautismo; kung yaon ay ginawa sa pamamagitan lamang ng pagwiwisik ng kaunting tubig, kung gayon marahil ang isang timba ng tubig ay sapat na para sa daan-daang mga tao. Ang mga tao na nagsisiparoon sa lugar na yaon ng Ilog ng Jordan para bautismuhan, at hindi si Juan ang nagpunta sa kanila na may dalang isang bote ng tubig upang sila ay wisikan nito.

📖 Maging si Jesus ay binautismuhan din nila sa Ilog ng Jordan: Nang mabautismuhan si Jesus, pagdakay umahon sa tubig” (Mat. 3:13-16). Malinaw na ang kaniyang bautismo ay sa pamamagitan ng paglubog sa tubig- siya ay “umahon sa tubig” pagkatapos na mabautismuhan. Isa sa mga dahilan kaya si Jesus ay nagpabautismo ay upang maging halimbawa natin, at ng sa gayon ay walang sinoman na maaaring makapagsabi na siya tagasunod ni Jesus subalit hindi naman ginagaya ang halimbawa ni Jesus na nagpabautismo sa pamamagitan ng paglubog sa tubig.

📖 Sa katulad na pangyayari si Felipe at ang bating na taga Etiopa ay “kapuwa lumusong sa tubig...at kaniyang binautismuhan siya. At nang magsiahon sila sa tubig...”

(Gaw. 8:38,39). Magugunitang ang bating ang siyang nagsabi na siya ay bautismuhan nang makita niya ang may dakong tubig” i.e. Oasis: “narito ang tubig; ano ang makakahadlang upang ako ay mabautismuhan?” Tiyak na ang bating na yaon ay hindi maglalakbay sa isang disyerto na walang dalang kahit kaunting tubig, e.g. sa isang bote. Kung ang bautismo ay sa pamamagitan ng pagwiwisik, kung gayon maaari sanang isagawa ang bautismo na hindi na kinakailangan pa ang oasis.

📖 Ang bautismo ay isang paglilibing Col. 2:12) na nagpapahiwatig ng lubos na pagtakip.

📖 Ang bautismo ay tinawag na paghuhugas ng mga kasalanan (Gaw. 22:16). Ang punto ng tunay na pagbabalik loob sa Dios ay itinulad sa “paghuhugas” sa Tito 3:5; 2 Ped. 2:22; Heb. 10:22 etc. Ang pananalita tungkol sa paghuhugas ay may mas higit na kaugnayan sa bautismo sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig kaysa sa pagwiwisik.

Maraming mga pahiwatig sa Matandang Tipan na ang karapat-dapat na paglapit sa Dios ay sa pamamagitan ng ilang anyo ng paghuhugas.

Ang mga sacerdote ay kinakailangang lubos na maghugas sa hugasang tanso bago sila lumapit at maglingkod sa Dios (Lev. 8:6; Exod. 40:32; 30:18). Ang mga Israelita ay kinakailangang

maghugas upang linisin ang kanilang sarili mula sa karumihan (e.g. Duet. 23:11), na may kumakatawan sa kasalanan.

Si Naaman ay isang Gentil na may ketong na nagnais na pagalingin siya ng Dios ng Israel. Bilang ketongin sinasagisag niya ang makasalang tao, na nabubuhay tungo sa kamatayan. Ang kaniyang paggaling ay sa pamamagitan ng paglusong sa Ilog Jordan. Nang una hindi niya matanggap ang simpleng gawaing iyon, at inisip niyang maaari siyang pagalingin ng Dios sa ibang ilog, e.g. Abana. Katulad ni Naaman maaaring tayong paniwalaan na ang simpleng gawain na magpapabautismo ay magdadala sa atin ng kaligtasan sa bandang huli. Mas kahali-halinang isipin na ang ating sariling mga gawa at ang pakikipag-ugnayan sa isang mas malaki at sikat na relihiyon (cp. Ang ilog ng Abana, na mas kilala kaysa sa ilog Jordan noong kapanahunan ni Naaman) ay makakapagligtas sa atin; sa halip na ang simpleng pagsasagawa ng bautismo at ang pakikipag-ugnayan sa tunay na pag-asa ng Israel. Matapos ang kanilang paglusong sa Ilog Jordan ang laman ni Naaman ay “nagsauling gaya ng laman ng isang bata, at siya ay naging malinis” (2 Hari 5:9-14).

Dapat ay wala ng pagdududa ngayon na ang bautismo ay tumutukoy sa lubos na paglubog o paglusong sa tubig matapos ang isang kaunawaan sa pangunahing mensahe tungkol sa Evangelio. Ang pakahulugang ito tungkol sa bautismo ay isang paglubog sa tubig matapos ang paniniwala tungkol sa tunay na Evangelio, kaya theoretically maaaring bautismuhan ng isang tao ang kaniyang sarili. Gayunman, dahil ang bautismo ay

bautismo lamang dahilan sa tamang katuruan na taglay sa oras ng pagpapabautismo, kaya tahasang ipinapayo na sa oras ng pagbabautismo kaya tahasang ipinapayo na magpabautismo sa isang naniniwala sa tunay na mga katuruan, na pwedeng maka-alam ng antas ng kaalaman na taglay ng isang tao bago siya bautismuhan.

Dahil dito ay may isang kaugalian ang mga Christadelphian na magsagawa ng isang malalim na pakikipag-talakayan sa sinomang kandidato para sa bautismo. Isang hanay ng mga katanungan, gaya ng matatagpuan sa hulihan ng bawat aralin sa aklat na ito ang maaaring bumuo ng batayan para sa ganitong talakayan. Naglalakbay ng libo-libong batayan para sa ganitong talakayan. Naglalakbay ng libo-libong mga milya ang mga Christadelphian upang matulungan lamang ang isang tao na mabautismuhan; gayon ang aming pagpapahalaga sa isang tao na dumarating sa tunay na pag-asa ng buhay na walang hanggan, subalit hindi kami masyadong partikular sa hilang ng ga nagbabalik loob sa Dios. Sapagkat ang kalidad at hindi ang dami ang siyang saligan ng aming paglapit sa tao.

10.3 Ang Kahulugan ng Bautismo

Ang isang dahilan kaya ilulubog ang isang tao sa pagbabautismo ay ang katotohanang ang paglulubog sa tubig ay suamsagisag sa ating libing- ang bautismo ay naguugnay sa atin sa kamatayan ni Cristo, at ipinapahiwatig din nito ang ating “kamatayan” sa dati nating pamumuhay at kawalan ng kaalaman tungkol sa katotohanan ng Biblia.

Ang pag-ahon mula sa tubig ay nau-ugnay sa atin sa pagkabuhay na muli ni Cristo. Gayon din sa pag-asa ng pagkabuhay na maguli tungo sa buhay na walang hanggan sa pagbabalik ni Cristo, nag-uugnay din ito sa panibagong uri ng pamumuhay natin sa ngayon, na espirtual na matagumpay laban sa kasalanan dahil sa pagwawaging natamo ni Cristo sa pamamagitan ng kaniyang kamatayan at pagkabuhay na muli.

“Tayong lahat na mga nabautismuhan kay Cristo Jesus ay nangabautismuhan sa kaniyang kamatayan. Tayo nga’y nangalibing na kalakip niya sa pamamagitan ng bautismo sa kamatayan: na kung paanong si Cristo ay nabuhay na maguli sa mga patay sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng ama ay gayon din naman tayo’y makakalakad sa panibagong buhay. Sapagkat tayo nga’y naging kalakip niya sa kawangisan ng kaniyang kamatayan (sa pamamagitan ng bautismo), ay magkakagayon din naman tayo dahil sa kawangisan ng kaniyang pagkabuhay na maguli”. (Rom.6: 3-5).

Dahil ang kaligtasan ay naging posible lamang dahil sa kamatayan at pagkabuhay na muli ni Cristo. Kaya

napakahalaga na iugnay natin ang sarili sa mga bagay na ito upang tayo ay maligtas. Ang simbolikong kamatayan at muling pagkabuhay kay Cristo, na ibinibigay ng bautismo. Ang siyang tanging paraan upang gawin ito. Dapat na pansinin na ang pagwiwisik ay hindi tumutupad sa simbolong ito. Sa bautismo “ang ating datihang pagkatao ay kalakip ni Cristo” (Efe. 2:5). Gayunman, mayroon pa din tayong kalikasan ng tao pagkatapos ng bautismo, kaya dahil dito ang makalaman ng uri ng pamumuhay ay palagi pa ring babangon. Ang “pagpapako” ng ating laman kung gayon ay isang patuloy na proseso na nagsisimula lamang sa bautismo, kaya sinabi ni Jesus sa mga mananampalataya na “pasanin sa araw-araw ang kaniyang krus at sumunod sa kaniya” (Luc. 9:23; 14:27). Bagaman ang tunay na pamumuhay kay Cristo ay hindi madali, subalit mayroon namang hindi maipaliwanag. Namang hindi maipaliwanag na kasiyahan at kagalakan dahil kaisa ni Cristo sa kaniyang pagkabuhay na muli.

Dinala ni Cristo ang kapayapaan “sa pamamagitan ng dugo ng kaniyang krus” (Col. 1:20) – “ang kapayapaan ng Dios, na di masayod ng pag-iisip” (Fil. 4:7). Tungkol dito, ipinangako ni Jesus, “Ang kapayapaan ay iiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinigay ko sa inyo: (Jn. 14:27). Ang kapayapaang ito at ang tunay na espirtual na kagalakan ay nagbibigay balanse sa sakit at paghihirap ng lantarang pag-uugnay natin sa ating sarili kay Cristo: “sapagkat kung paanong sumasagana sa atin ang mga sakit ni Cristo, ay gayon din naman ang aming kaaliwan ay sumasagana sa pamamagitan ni Cristo” (2 Cor. 1:5).

Mayroon ding kahawig ngayo'y nagligtas sa makatuwid bagay ang bautismo...sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ni Jesus Cristo" (1 Ped. 3:21), dahil sa ating kaugnayan sa pagkauhay na muli ni Cristo tungo sa buhay na walang hanggan , ito ang nagbibigay sa atin ng daan sa gayon ding kaloob sa kaniyang pagbabalik. Kung gayon, papamamagitan ng pagiging kabahagi ng kaniyang pagkabuhay na maguli kaya tayo ay maliligtas sa bandang huli. Ito ay sinabi ni Jesus sa simpleng pananalita: "Sapagkat ako'y nabubuhay,ay mangabubuhay rin naman kayo" (Jn. 14:19). Gayon din si Pablo "Pinakipagkasundo tayo ng Dios sa pamamagitan ng kamatayan ng kaniyang anak...ay mangangaligtas tayo sa kaniyang buhay" (pagkabuhay na muli; Rom. 5:10).

Paulit-ulit na binigyan diin na dahil sa pag-uugnay natin sa ating sarili sa kamatayan at mga paghihirap ni Cristo sa ating bautismo, at matapos ito tayo ay mamumuhay na ayon sa kalooban ng Dios. Tiyak na magiging kabahagi tayo ng kaniyang maluwalhating pagkabuhay na muli:

"Kung tayo nangamatay na kalakip niya (Cristo) ay mangabubuhay tayong kasama niya: kung tayo' mangatiis ay maghahari naman tayong kasama niya" (2 Tim. 2:11, 12).

“Laging saan ma’y tinataglay sa katawan ang kamatayan ni Jesus , upang ang buhay ni Jesus ay mahayag naman sa aming katawan...aming nalalaman na ang bumubuhay na maguli sa Panginoong Jesus ay siya ring bubuhay sa maguli sa amin na kalakip ni Jesus” (2 Cor. 4:10,11,14).

Si Pablo ay naging bahagi ni Cristo sa “pakikisama ng kaniyang mga kahirapan...na matutulad sa kaniyang pagkamatay. Kung aking tamuhin sa anomang paraan ang pagkabuhay na muli sa mga patay” (Fil. 3;10,11 cp. Gal. 6:14).

10.4 Bautismo at Kaligtasan

Ang pag-uugnay ng bautismo sa atin sa kamatayan ni Cristo ay nangangahulugan na tanging sa pamamagitan lamang bautismo tayo ay magkakaroon ng daan para sa kapatawaran. Tayo ay “nangalibing na kalakip niya sa pamamagitan ng...paggawa ng Dios, na muling bumangon sa kaniya sa mga patay. At nang kayo’y mga patay dahil sa inyong mga kasalanan...ay kaniyang binuhay kayo na kalakip niya na pinatawad sa atin ang ating lahat na mga kasalanan” (Col. 2:13,13). Tayo ay “na naghugasan...sa pangalan ng Panginoong JesuCristo” (1 Cor. 6:11)-i.e. ang bautismo sa

pangalan ni Jesus ay ang paraan kung saan ang ating mga kasalanan ay nahuhugasan. Ito ay inilalarawan sa mga Bilang 19:13 kung saan yaong mga walang tubig para sa karumihan ay ihihiwalay sa Israel. Ipinanakita namin sa Aralin 10.2 kung paanong ang bautismo ay ang paghuhugas ng ating mga kasalanan (cp. Gaw. 22:16). Ang paglalarawan sa mga mananampalataya bilang nangahugasan mula sa kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng dugo ni Cristo ay tumutukoy kung gayon sa kanilang bautismo (Apoc. 1:5; 7:14; Tito 3:5) ito ay sinabing “paghuhugas sa muling kapanganakan”, na tumutukoy sa ating bautismo nang tayo’y “ipanganak ng tubig” (Jn. 3:5).

Dahil sa kaliwanagan ng lahat ng ito, kaya maunawaan kung bakit ang tugon ni Pedro sa katanungang, “Ano ang gagawin namin?” (upang maligtas) ay, “Mangagsisi kayo, at mangabautismuhan ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Jesu Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan” (Gaw. 2:37-38). Ang bautismo sa pangalan ni Cristo ay sa ikapagpapatawad at kung wala ito ay wala ding kapatawaran ng mag kasalanan, dahil kaya ang mga hindi nabautismuhan ay tatanggapin ang kabayaran ng kasalanan – kamatayan (Rom. 6:23). Walang kaligtasan maliban sa pangalan ni Jesus (Gaw. 4:12), at maari lamang tayong maging kabahagi ng pangalan niya sa pamamagitan ng bautismo nito. Ang katotohanang ito ay nangangahulugan na ang mga hindi Cristianong mga relihiyon ay walang paraan upang magdala ng kaligtasan. Walang tunay na mananampalataya ng Biblia ng maaaring tanggapin na ang ganitong uri ng mga tao ay magkakaroon ng kaligtasan; ang katotohanan na ang

Katolisismo, at ang iba pang malalaking ekonomikal na kilusan ay tinatanggap ang ganito, ay isang malungkot na paglalarawan ng kanilang pananaw sa Banal na Kasulatan.

Ang pagkabuhay na muli ni Cristo tungo sa buhay na walang hanggan ay isang tanda ng kaniyang pansariling pagwawagi laban sa kasalanan. Sa pamamagitan ng bautismo iniuugnay natin ang ating sarili dito, at sa ganitong dahilan kaya tayo ay sinasabi bilang binuhay na muli na kalakip ni Cristo, ang kasalanan ay wala ng kapangyarihan sa atin, gaya rin na ito ay wala ng kapangyarihan kay Cristo. Sa pamamagitan ng bautismo tayo ay pinalaya...sa kasalanan...ang kasalanan ay hindi maghahari sa inyo” matapos ang bautismo (Rom.6:14,18). Gayunman , pagkatapos ng bautismo ay nagkakasala pa rin tayo (1 Jn. 1:8,9), at maaari pa rin tayong alipining muli ng kasalanan kapag tayo ay tumalikod kay Cristo. Sa ngayon tayo ay kabahagi sa kamatayan at mga paghihirap ni Cristo. Bagaman ipinapakita rin ng bautismo kung paano tayo nauugnay sa pagkabuhay na muli ni Cristo.Tanging sa prospekto lamang tayo malaya mula sa kasalanan. “Ang sumsamampalataya at mabautismuhan ay maliligtas” (Mar. 16:16) sa ikalawang pagpaparito pa ni Cristo. Ang tunay na kaligtasan ay hindi magaganap pagkatapos ng bautismo, bagkus iyon ay mangyayari lamang doon sa harapan ng hukuman ni Cristo (1 Cor. 3:15). Sapagkat kung ang kaligtasan ay matatanggap na natin sa sandali ng ating abutismo, kung gayon hindi na sana kailangan pa ang katuruan sa paghuhukom, at hindi na rin tayo dapat pang mamatay.

“Datapuwat ang magtiis hanggang sa wakas, ay siyang maliligtas” (Mat. 10:22).

Kahit na si Apostol Pablo ay nabautismuhan na at maging ang lahat ng Cristiano) kinakailangan pa rin niya ang pagpupunyagi tungo sa kaligtasan (Fil. 3:10-13); 1 Cor. 9:27); siya ay nagsalita tungkol sa pag-asa ng buhay na walang hanggan (Tito 1:2; 3:7; 1 Tes. 5:8; Rom. 8:24) at tayo’y “mangagmamana ng kaligtasan” (Heb. 1:14). Sa araw ng paghuhukom, ang mga matuwid ay papasok sa buhay na walang hanggan (Mat. 25:46). Ang kamangha-mangha at kinasihang lohiko ni Apostol Pablo ay nagliliwanag sa Rom. 13:11-sinabi niya na pagkatapos ng bautismo maaari nating malaman na bawat araw na ating pamumuhay at mapagtiisan ay isang araw na malapit sa ikalawang pagparito ni Cristo, dahil dito kaya tayo ay magkakaroon ng kagalakan “Sapagkat ngayon ay lalong malapit na sa atin ang kaligtasan kaysa nang tayo’y magsisampalataya nang una”. Ang ating kaligtasan ay kondisyonal ; tayo ay maliligtas kung tayo ay mananatili sa tunay na pananampalataya (Heb. 3:12-14) kung ating tatandaan ang pangunahing katuruan na binubuo ng Evangelio (1 Tim. 4:16; 1 Cor. 15:1,2) at kung gagawin naitn ang mga bagay na na ayon sa ganitong dakilang pag-asa (2 Ped. 1:10).

Nagpakitang halimbawa sa lahat ng ito ang ginawang pakikitungo ng Dios sa natural na Israel na siyang basehan

para sa pakikipag-ugnayan ng Dios sa espirtual na Israel, i.e. ang mga mananampalataya. Nilisan ng Israel ang Ehipto na sumasagisag sa sanglibutan ng laman ng mga bulaang relihiyon na may kaugnayan sa atin bago ang ating bautismo. Ang Israel ay tumawid sa Dagat Pula at pagkatapos ay naglakbay sa loob ng ilang ng Sinai patungo sa lupaing pangako kung saan sila ay ganap na itinatag bilang kaharian ng Dios. Ang kaniang pagtawid sa Dagat na Pula ay sumasagisag sa ating bautismo (1 Cor. 10:1,2); ang paglalakbay sa ilang kasalukuyang pamumuhay at ang Canaan sa Kaharian ng Dios. Ang Judas talata 5 naglalarawan kung paanong marami sa kanila ay nalipol nang panahon ng kanilang paglalakbay sa ilang; “Nang mailigtas ang isang bayan, sa lupain ng Egipto ay nilipol niya pagkatapos yaong mga hindi nagsisipanampalataya”. Ang Israel samakatuwid ay “naligtas” mula sa kasalanan. Marahil kung tatanungin ang isa sa mga Israelitang yaon noon na, “Ikaw ba ay nakaligtas?” ang kaniyang tugon ay maaaring “oo”, ngunit iyon ay hindi nangangahulugang siya ay maliligtas sa bandang huli.

Gaya ng pagbabalik ng Israel a Egipto sa kanilang mga puso (Gaw. 7:39), at nagbalik sa pamumuhay na magbibigay kasiyahan sa alam at hindi tamang katuruan kaya yon ang mga naligtas mula sa kasalanan sa pamamagitan ng bautismo ay maaari ding mahulog na gaya nila mula s pinagpalang kalagayan na kanilang kinatatayuan. Ang posibilidad na gagawin din natin ang ginawa ng natural na Israel doon sa ilang ay binigyan diin sa 1 Cor. 10:1-12; Heb. 4:1,2 at Rom.

11:17-21. Maraming mga halimbawa sa banal na Kasulatan ng mga taong “naligtas” mula sa kasalanan sa pamamagitan ng bautismo, ngunit sa kanilang kinatatayuan, t iyon ay nangangahulugan na sila ay isusumpa sa pagbabalik ni Cristo (e.g. Heb. 3:12-14; 6:4-6; 10:20-29). Ang katuruan na “minsang naligtas ay palaging ligtas” ng mga “mangangaral ng evangelio” ay inilantad ng mga talatang ito ng Biblia bilang isang uri ng katuruan na hindi tama at nagbibigay kasiyahan lamang sa laman.

Gaya sa lahat ng mga bagay, ang isang wastong paninimbang ay kianakailangan upang matiyak kung hangang saan ang lawak ng ating “kaligtasan” sa pamamagitan ng bautismo. Ang akto ng bautismo ay hindi dapat tingnan bilang pagbibigay saating ng pagkakataon na magkaroon ng kaligtasan – may mas mabuting posibilidad na magkaroon ng kaligtasan kaysa walang bautismo. Sa pagiging na “kay Cristo” sa pamamagitan ng bautismo, sa prospekto masasbing tayo ay naligtas; sapagkat mayroon tayong tiyak na pag-asa upang makapasok sa kaharian ng Dios, ngunit yaon ay kung ipagpapatuloy natin ang pananatiling tapat kay Cristo gaya ng tayo ay umahon mula sa tubig ng bautismo. Sa anomang oras matapos ang ating bautismo, dapat ay mayroon tayong mapagkumbabang kalooban at matibay na paniniwala na tayo ay tatanggapin sa kaharian ng Dios sa pagbabalik ni Cristo. Hindi tayo maaaring maging sigurado, sapagkat maaaring bumagsak tayo sa susunod na araw, hindi natin alam ang ating sariling espirtual na kinabukasan sa buhay na ito natin sa ngayon.

Kinakailangang gawin natin ang lahat ng ating makakaya upang panatilihin ang mabuting budhi natin sa Dios na taglay natin nang tayo ay mabautismuhan. Ang bautismo ay ang “ paghiling ng isang mabuting budhi” (1 Ped. 3:21), at ang kandidato para sa bautismo ay nangangakong pananatilihin niya ang mabuting budhi ito sa Dios.

Bagaman nag bautismo ay napakahalaga upang magbigay sa atin ng daan tungo sa kaligtasan na matatamo dahil kay cristo, ngunit ito ay hindi sapat upang matamo ang kaligtasan, kaya dapat na maging maingat tayo upang hindi magbigay ng impresyon na sa pamamagitan lamang akto o “gawa” tayo ay maliligtas na. Ipinakita na namin kung paanong ang isang uri ng pamumuhay na patuloy na nakikiisa sa mga paghihirap ni Cristo ay kinakailangan: “Maliban na ang tao’y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makakapasok sa kaharian ng Dios’ (Jn 3:5). Ang paghahambing nito sa 1 Ped. 1:23 ay nagpapakita na ang kapanganakan ng espiritu na nagaganap pagkatapos ay tumutukoy sa ating unti-unting pagbabagong –buhay sa pamamagitan ng salita/Espiritu. Ang kaligtasan ay hindi lamang sa bautismo: ito ay resulta ng biyaya (Efe. 2:8), ng pananampalataya (Rom. 1:5) at ng pag-asa (Rom.8:24) kabilang ang iba pang mga bagay. Minsan may mga naririnig kaming pangangatwiran na diumano ang kaligtasan daw ay sa pamamagitan lamang ng pananampalataya kaya ang “gawa’ gaya ng bautismo ay hindi na kailangan. Gayunman, sa Sant. 2:17-24 ay sinasabi na ang gayong pangangatwiran ay gumagawa ng isang hindi tamang pagkakaiba ng pananampalataya at ng mga gawa; ang isang tunay na pananampalataya, e.g. sa Evangelio, ay ipinapakitang tunay na pananampalataya sa pamamagitan ng mga inaring ganap ang tao, at hindi sa pamamagitan g pananampalataya lamang” (Sant. 2:24). Sa maraming kaso ng bautismo , itinatanong ng mananampalataya kung ano ang kaniyang gagawin upang maligtas;

ang katunugan dito ay palaging kinapapalooban ng bautismo (Gaw. 2:37; 9:6; 10:6; 16:30). Ang pagbabautismo ay isang “gawa” na nagpapahiwatig ng ating paniniwala sa Evangelio ng kaligtasan. Ang gawain ng pagliligtas a atin ay ginawa ng Dios at ni Cristo, ngunit kinakailangan pa rin nating “gumawa ng karapat-dapat sa pagsisisi” at maniwala dito (Gaw. 26:20 cp. Mar. 16:15-16).

Ipinakita sa nakaraang pag-aaral na ang pananalita tungkol sa paghuhugas ng mga kasalanan ay tumutukoy sa pagpapatawad ng Dios sa ating kasalanan dahil sa ating bautismo kay Crsito. Sa ilang bahagi ng Banal na Kasulatan sinasabi na hihugasan ang mga kasalanan sa pamamagitan ng ating pananampalataya at pagsisisi (Gaw. 22:16; Apoc. 7:14; Jer. 4:14; Isa. 1:16); at sa ibang mga talata naman ng Dios ay sinabi na siyang naghuhugas ng ating mga kasalanan (Ezek. 16:9; Awit 51:2,7; 1 Cor. 6:11). Ito ay angkop na nagpapakita na kung gagawin nating ang ating mga kasalanan. Dahil dito kaya ang “gawa o akto ng bautismo” ay isang napakahalagang hakbang upang matamo ang biyaya ng Evangelio ng Dios, na iniaalok sa atin sa pamamagitan ng kaniyang Salita.

Pagsalungat 29: Muling bautismo

May ibang mga tao na walang kibo hinggil sa pagbabautismo dahil inaakala nila na sila ay nabautismuhan na , alinman, sa dalawa, sa pamamagitan ng pagwiwisik ng tubig sa binyag

noong sila ay bata o dili kaya ay sa pamamagitan ng paglubog sa kanila sa tubig ng ibang relihiyon. Subalit bago ang bautismo kinakailangan ang tao ay may pagsisisi at wastong paniniwala at kaunawaan tungkol sa tunay na evangelio (Gaw 2:38; Mar. 16:15,16).Ang bautismo ay bautismo lamang dahil sa taglay na ng isang tao ang mga bagay na ito bago pa ang paglubog sa kaniya sa tubig. Ang Mateo 28:19,20 ay iniuugnay ang bautismo sa unang pagkarinig ng mga katuruan na ipinaliwanag tungkol kay Cristo. Ang isang munting bata ay walang-kakayahan upang magsisi o maunawaan ang evangelio; ang pagwiwisik ng tubig, sa anomang paraan, sa isang munting bata ay hindi bautismo. Ang isang manlalangoy na tumalon sa isang swimmg pool ay lumubog sa tubig, ngunit yaon ay hindi ay hindi bautismo sapagkat ang manlalangoy na iyon ay hindi sinasadya ng tumugon sa tunay na evangelio. Ganito din ang katutuhanan tungkol sa mga tao na inilubog sa tubig, ngunit wala namang kalaman at kaunawaan sa tunay na evangelio; sila ay inilubog nga sa tubig subalit iyon ay hindi ang tunay na bautismo na itinuro ng Biblia.

May “isang panampalataya” lamang, i.e.isang pangkat na mga katuruan na bumubuo ng tunay na evangelio, at dahil dito kaya “isang bautismo “ lamang-ang bautismo na mangyayari matapos na paniwalaan ang “isang pananampalataya”. “may isang katawan(i.e. isang tunay na iglesia)...Gaya naman ng pagkatawag sa inyo sa isang pag-asa ng pagtawag sa inyo . isang pananampalataya, isang bautismo, isang Diyos”(Efeso 4:4-6). Walang dalawang mga pag-asa, gaya ng pinaniniwalaan ng mga taong nagsasabi na hindi mahalaga

kahit na ano ang paniwalaan, sapagkat diumano ang ating gantimpala ay mapunta sa langit o dito sa lupa. May "isang dios lamang – kung gayon si Jesus ay hindi Dios. Dahil dito kaya mauunawaan na kung tayo ay nabautismuhan na, ngunit nabigo nating maunawaan ang pangunahing mga katuruan ng Biblia tulad ng kaharian ng Dios. Ang kalikasan ng Dios at si Jesus, etc. sa makatuwid ang ating unang "Bautismo" ay walang bisa kung gayon.

Si Juan Bautista ng maraming mga tao, tinawag niya ang mga iyon upang mangagsisisi, at tinuruan din ang mga iyon ng ilang mga bagay tungkol kay Jesus (Mar. 1:4; Luc. 1:77). Gayunman, yaon ay hindi sapat. Sa mga Gawa 19:1-5 ay nasusulat na ang iba na nabautismuhan uli dahil sa kakulangan ng kanilang kalaman tungkol sa ilang mga katuruan. Kagaya ng mga binautismuhan ni Juan, maaaring maramdaman natin na sa ating unang "bautismo" tayo ay totoong nagsisi at nagsimula na ng panibago; maaaring ito ay totoo, ngunit hindi parin inaalís nito ang pangangailangan upang tanggapin ang "isang (tunay na) bautismo" na mangyayari lamang matapos ang kaunawaan ng lahat ng mga elemento tungkol sa isang "pananampalataya".

Pagsalungat 30: Ang level ng kaalaman na kailangan

Bago ang bautismo

Maraming mga mambabasa ang kinakausap na marahil ng mga taong may kaugnayan sa mga relehiyong 'Evangelical' at ikinakatwiran ng mga taong ito na ang katuruan ay hindi mahalaga para sa kaligtasan, at diumano ang pagsasabi ng pariralang gaya ng: Tinatanggap ko si Jesu-Cristo bilang aking Panginoon at tagapagligtas' ang siyang pangunahing kailangan lamang para sa kaligtasan. Sa unang tingin ito ay parang tama, dahil sa paraan ng mga pagbabalik-loob sa Dios na nasusulat sa aklat ng mga Gawa; kaya sa bahaging ito ng ating Aralin ay gagawa tayo ng isang detalyadong pagsusuri tungkol sa kahalagahan ng katuruan.

BAKIT NAPAKABILIS?

Walang-duda na ang isang mabilis na pagbabasa sa aklat ng mga Gawa ay nagbibigayng impresyon na maraming mga bautismo ang isinagawa ng may babahagyang pagtuturo lamang tungkol sa mga saligan ng Evangelio, at maikling pagsasabi lamang ng paniniwala kay Cristo bilang anak ng Dios. Ang pagsasabi ng pariralang 'Naniniwala ako kay Cristo' ay maliwanag na walang-kahulugan bilang isang paraan tungo sa kaligtasan-at ang nakararami sa mga 'Evangelical' ay aaminin na kinakailangang may kaalaman o pagkakilala sa pag-iisip ng isang taong nagsasabi ng pariralang gaya ng nasa itaas para ito ay maging makahulugan. Hindi mahirap patunayan ang puntong ito. Sapagkat kung gagamitin ang sentido komun, mauunawaan na ang pagsasabi ng isang

maikling pangungusap lamang ay hindi maglalagay sa isang tao sa daan tungo sa kaligtasan. Ang sumusunod na mga punto ay maaaring makatulong upang ipaliwanag ang sa unang tingin ay mabilis na mga pagbabalik loob sa Dios na nagsusulat sa aklat ng mga Gawa.

- Ang nasusulat sa aklat ng mga Gawa – gaya ng marami sa iba pang kasulatan -ay kinakailangang lubos ng paiklin. Intresanteng gawing halimbawa ang pagbasa ng malakas sa ilang mga pagsasalita na nasusulat sa mga Gawa at pansinin ang haba ng oras habang ginagawa ito; siguradong sa tunay na pangyayari ay mas mahaba ang oras nito, kasama ang maraming pangyayari na hindi nasusulat. Narito ang ilang mga halimbawa:-

Ang pagtatanggol na ginawa ni Apostol Pablo para sa kaniyang sarili sa Jerusalem ay iniabot ng apat na minuto kung babasahin (Mga Gawa 22);yaong sa harapan ni Felix, isang minuto; at yaong kay Agripa, apat na minuto; Ang pagsasalita ni Pedro noong araw ng Pentecostes ay inaabot halos ng apat na minuto; yaong sa harapan ni Cornelio, tatlong minuto; ang pagsasalita ng panginoon matapos ang pagpapakain sa 5,000 tao (Juan 6) ay anim na minuto; at ang “Sermon on the mount” 18 minuto. Ang pangangaral ni Pedro sa Mga Gawa 3:12-26 ay inabot halos ng dalawang minutop kapag binasa ng malakas; ngunit sa tunay na pangyayari ito ay mas mahaba,

sa pagkat agn balita tungkol sa nilalaman ng kaniyang pangangaral ay ipinadala pa sa “Mga Saserdote,ang puno ng templo at mga Saduceo” at nang ang mga ito ay pumaroon sa pook na kinaroroonan nina Pedro, siya ay nagsasalita pa rin. Kaya ang katotohanan na ang mas mahabang “pagtuturo” sa mga kandidato sa bautismo na hindi binanggit ay hindi nagpapatunay na iyon ay hindi nangyayari. Ang isang pangangatwiran sanhi ng kawalan ng pagbanggit ng Biblia ukol dito ay hindi gaanong mapapaniwalaan sa kasong ito.

-Ang pagtataglay ng (mahimalang) kaloob na kaalaman..... pagkilala sa mga espiritu (mga pag-iisip) “ ay nakapagbigay ng kakayahan sa mga siunang mangangaral upang tumpak na tumpak na mabasa nila ang mga Pag-iisip ng mga taong kanilang pinangangaralan ng Evangelio, kaya dahil dito ang paggawa ng isang lubos na interview na gaya ng kinakailangan natin sa ngayon ay hindi na kailangan noon.

May dahilan upang paniwalaan na ang maramihang bautismo ng mga Judio noon sa Jerusalem sa simula ng Cristianismo ay isang bukod tanging kaso. Walang katibayan na gayong pamamaraan at dami ng bautismo ay isinagawa matapos iyon noong ika-unang siglo. Sa pagkat kung ang gayong proporsiyon ng pagbabalik –loob sa Dios ay nagpatuloy, ang boong Jerusalem ay maaaring naging Cristiano sa loob

lamang ng ilang taon. Dahil ang mga taong iyon ay mga Judio kaya nangangahulugan na sila ay may kaalaman tungkol sa matandang Tipan at gayon din sa mga kaparaanang Dios. Ang lalim ng lihim ni Pablo sa mga Hebreo at gayon din ng lihim ni Pedro (sa mga Judio) ay nagpapakita na ang kanilang mambabasa ay may kakayahang maunawaan ang maraming mga pagtukoy na ginawa nila sa matandang Tipan. Magugunita na inilarawan ni Pablo ang kaniyang Sinabi tungkol kay Melquisedec bilang gatas ng salita at ikinalulungkot niya na hindi siya makapagsalita ng mas detalyado tungkol doon dahil sa kanilang espirtual na kakulangan sa gulang (Heb. 5: 11,12) Yaon ay nagpapahiwatig na ang kanilang level ng kaalaman sa panahon ng kanilang pagbabalik-loob sa Dios , ay hindi masyadong lumago simula noon. Ang mga liham na yaon ay tila unang isinulat para sa iglesia sa Jerusalem, na marami sa kanila roon ay nabautismuhan sa unang mga araw ng Cristianismo na nasusulat sa unang bahagi ng aklat ng mga Gawa.

-Nais naming ipakita na ang pangangaral tungkol sa pangalan ni Cristo at ang pagtanggap dito gaya ng inilarawan sa aklat ng mga Gawa ay katumbas ng pakakaroon ng kaunawaan sa isang detalyadong pangkat ng katuruan.

Lumilitaw mula sa 1 Corinto 1:13 na si Pablo (at iba pang mga apostol?) ay kumilos at gumamit ng isang epektibong pangkat ng mga tagapagturo at tagabautismo, upang sa gayon ay

maikling panahon ang ilagi niya sa bawat pook na kung saan siya ay nangangaral.

Ang Pangalan Ni Jesus

Ang pangalan ng Dios ay kinabibilangan ng maraming katuruan tungkol sa kaniya at gayon din ng mga kaparaanan niya- ang mga Pangalan at mga titulo ng Dios ay nagpapahiwatig ng kaniyang pag-uugali at layunin. Ang pangalan ni Jesu Cristo ay hindi lamang isang pangalan kung saan siya ay kilala, kundi ito ay isang malalim na pagpapahayag din ng isang katuruan.

Ang paniniwala sa pangalan ni Jesus ay magkaparehong pagiging bautismuhan (Jn. 3:5,18,23). Sa Galacia 3:26,27 ang pananampalataya kay Cristo ay ginagwang kaugnay ng bautismo sa kaniya: sapagkat kayong lahat ay mga anak ng Dios, sa pamamagitan ng pananampalataya, kay Cristo Jesus. Sapagkata ang lahat na sa inyo ay binautismuhan kay Cristo ay ibinihis si Cristo". Ang iba pang halimbawa ng ganitong pag-uugnay sa pagitan ng paniniwala at bautismo ay matatagpuan sa Mga Gawa 19:4; 10:42; cp. 48; 2:37,38; Luc. 24:47. Nalalaman ni Apollos ang bautismo ni Juan (Gawa 18:25), ito ay nagpapakita na ang bautismo ay hindi lamang isang gawa, bagkus ito ay kinapapalooban din ng kaalaman tungkol sa ilang mga katuruan.

“Bumaba si Felipe sa bayan ng Samaria at ipinangaral sa kanila ang Cristo” (Gaw. 8:5) sa unang tingin para bang sinabi ni Felipe na, “Maniwala kayo kay Jesus; ngunit gayon sapagkat ang “Cristo” ay pakahulugan sa mga Gawa 8;12 na “Datapuwat nang magsipaniwala sila kay Felipe na nangangaral ng mabubuting balita tungkol sa kaharian ng Dios at sa pangalan ni Jesu-Cristo.ay nangabautismuhan ang mga lallake at babae”. Ang “pangangaral kay Cristo” ay kinabibilangan din ng katuruan tungkol sa bautismo etc. sa Jn. 6:40 ay sinasabi sa atin na kalooban ng Dios na “ang bawat nakakakita (May kaunawaan tungkol sa anak, at sa kaniya’y sumasampalataya ay magkakaroon ng walang hanggang buhay”; sa ibang talata sinabi ni Jesus na “Kung ang sinomang tao ay nag-iibig gumawa ng kanilang kalooban (ng Dios) ay makikilala niya ang turo” Jn. 7;17). Kaya ang pagkakaalam sa turo o katuruan ay kapareho ng “nakakakita” sa anak ng Anak. Ang mga salita ni Cristo na “tinupad mo ang aking salita at hindi mo rin ikinaila ang aking pangalan” (Apoc. 3:8) ay nagpapakita rin ang salita ni Cristo ay magkapareho sa kaniyang pangalan sa kaniyang pangalan. Si Cristo ay binaggit ang Isa. 42:4, “Ang mga pulo ay maghihintay a kaniyang kautusan” bilang “aasa sa kaniyang pangalan ang mga Gentil” (Mat. 12:21), muli ay ipinareho ang kaniyang pangalan sa Evangelio na tungkol sa kaniya. Ang ikalawa at ikatlong liham ni Apostol Juan ay naglalaman ng pagtukoy sa mapaglakbay na mga mangangaral sinabi niya, “Na iyong gagawan ng magaling kung iyong tutulungan sila ng nararapat sa Dios. Sa kanilang paglalakbay sapagkat

dahil sa pangalan ay nagsisiyaon sila” (3 Jn. 6,7). Ito ay tila tumutukoy sa utos na nasa Marcos 16:15,16 na magsiyaon sa boong sanglibutan upang ipangaral ang Evangelio kaya ng pangalan ni Cristo at ang kaniyang pangalan ni Cristo at ang kaniyang Evangelio ay ipapareho ng maniwala kay Cristo kung gayon na ayon sa Biblia ay kinapapalooban ng pagbabautismo; “Kayong lahat ay mga anak ng Dios, sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus. Sapagkat ang lahat na sa iyo ay binautismuhan kay Cristo ay ibinihis si Cristo” (Gal. 3:26,27). Si Pablo ay nagsalita na tila ang kanilang pananampalataya kay Cristo ay natural na kasama sa kanilang pagpapahayag ng pananampalatayang yaon sa kanilang bautismo. Kaya ang paniniwala kay Cristo ay isang proseso ng kaunawaan na sinusundan ng pagsunod, at hindi isang pagsasabi lamang na naniniwala ako kay Cristo. Ang Jn. 6:35 ay sinasabi na “Ang lumalapit sa akin ay hindi magugutom at ang sumasampalataya sa akin ay kailan man ay hindimauuhawa”, ipinapareho nito ang paniniwala kay Cristo sa paglapit sa kaniya-ipinapakita nito na ang pananampalataya ay isang proseso.

Ang pangangaral ng “Cristo” kung gayon ay kinapalooban ng isang hanay ng katuruan. Kaya ang Lucas 9:11 ay naglalarawan kay Cristo na ipinangangaral ang tungkol sa kaharian ng Dios (cp. Mat. 4:23) bagaman ang kaparehong salaysay sa Marcos 6:34 ay tumutukoy sa kaniya na nagtuturo sa kanila ng “maraming bagay”. Ang evangelio ay kinabibilanganan ng “maraming bagay” - hindi ito isang maikling pananalita lamang tungkol kay Cristo na maaaring

gawin sa loob ng isang minuto. Kaya may mababasa tayong mga parirala gaya nito, “Nang maipangaral na nila ang evangelio sa bayang yaon at makahikayat ng maraming mga alagad...” (Gaw. 14:21). Ang ganitong uri ng pananalita ay hindi na kailangan kung ang evangelio ay ilang maikling pangungusap lamang. Ang pangangaral ni Pablo sa Berea ay nagresulta ng araw-araw na pagsaliksik ng mga tao roon sa mga kasulatan (mga kopya ng Matandang Tipan na nasa sinagoga) upang tingnan kung katotohanan nga nag ipinapangaral ni Pablo sa kanila (Gaw. 17:11). Ang Evangelio na ipinangaral ni Pablo ay nagbabatay kung gayon sa boong Matandang Tipan at dahil sa pamamaraan ng pag-aaral ng Biblia ng mga tao roon, matapos nilang marining si Pablo kaya sila ay nagsisampalataya – “kaya nga marami sa kanila ang nagsisampalataya “ (Gaw. 17:12). KApag tayo ay nakikitungo sa mga tao na may kakaunting kaalaman tungkol sa Biblia at hindi nila malimit na sinasaliksik ito sa araw-araw matapos ang isang talakayan ukol dito, hindi nakapagtataka na ang panahon ng pagtuturo ay mas mahaba kaysa sa panahon noong kapanahunan ni Pablo. “Ang sinomang mananampalataya na si Jesus ay siyang Cristo ay ipinanganganak ng Dios” (1 Jn. 5:1); ito ay malinaw na umaaayon sa ibang mga talata na tulad ng “sa kaniy ng sariling kalooban ay kaniya ipinanganak sa pamamagitan ng salita ng katotohanan (San. 1:18). “yamang ipinanganak kayong muli, sa pamamagitan ng salita ng Dios...ang salita ng mabubuting balita na ipinagaral sa inyo” (1 Ped. 23,25). Ipinapapakita nito na ang paniniwala na si Cristo ay Anak ng Dios ay ang pinakaikling kabuuan ng katotohanan na

naunawaan ng isang tungkol sa Evangelio na nasa Salita ng Dios.

Ang Hari Ng Kaharian

Ang pagbibigay –diin sa paniniwala kay Cristo” ay nagiging mas makahulugan kapag kinikilala na ang titulong “Cristo” ay maaaring basahin bilang kasingkahulugan ng kaharian ni Cristo sa ilang mga talata. Kaya ang ating Panginoon ay pinagsalitaan ang mga Pariseo na hindi na nila kailangan itanong pa kung kailan darating ang kaharian ng Dios, sapagkat siya ay nasa kalagitnaan o sa loob na nila. Sinabi ni Jesus na “Ang kaharian ng Dios ay nasa loob ninyo” (Luc. 17:21), ipinapakita nito na ang “kaharian” ay pinapareho sa hari ng kaharian. Ang pangangaral ni Juan na ang kaharian ng Dios ay malapit na ay tumutukoy kung gayon sa kaniyang pagsasalita tungkol sa kapahayagan ni Cristo. Ang bato na tumama sa larawan sa panaginip ni Nabocodonsor ay sumasagisag sa Kaharian ng Dios (Dan. 2:44); ang bato/kaharian ito ay “pagpuputol-putulin at lilipulin niya ang lahat ng (ibang) kaharian”, ito ay nagpapakita na ang bato ay ang kaharian nang tamaan nito ang larawan at ito ay nadurog . Sa ganito ding pakahulugan ang talinghaga ni Ezekeil tungkol sa mataas na Cedro na ang isang “sariwang sanga” ay pinutol at itinanim at naging isang “sariwang sanga” ay pinutol at itinanim at naging isang malaking puno, “at sa lilim niyao’y tatahan ang lahat ng ibon na may iba’t-ibang uri” (Ezek.

17:22,23). Ito ay tiyak na tumutukoy kay Cristo, ang “sariwang pananim’ ng Isaias 53:2; ngunit may maliwanag na kaugnayan din sa talinghaga niya tungkol sa isang butil ng mostasa, kung saan ang kaharian ng Dios ay itinulad sa isang maliit na butil na naging isang malaking punong kahoy at sa sanga nito ang mga ibon ay hinahapon. Ang pagkakaugnay na ito sa pagitan ng salita ng Kaharian at ni Jesus mismo ay nagpapahiwatig na nakita niya ang kaniyang sarili bilang siyang buhay na salita ng Kaharian at ni Jesus mismo ay nagpapahiwatig na nakita niya ang kaniyang sarili bilang siyang buhay na salita ng Kaharian. Dahil dito kaya mauunawaan na ang “maniwala kay Jesus” at ang maniwala sa kabuuan ng Evangelio ng kaharian ng Dios ay magkapareho.

Ano Ang Evangelio?

Tatalakayin naman natin ngayon ng may mas higit na detalye ang mahalagang katuruan na kinikilala ng mga mananampalataya noong ika-unang siglo. Dapat pahalagahan na may isang pangkat ng katuruan noong kapanahunan ng Bagong Tipan na humigit kumulang na kaparis na ating “Statement of Faith”. Isa pang mahalagang dahilan na dapat ilagay sa isip ay ang pagkakaroon ng mga mananampalataya noon ng kaloob ng espiritu na makapagpropesiya ng tuwirang pagpapahayag na mula sa Dios. May dahilan upang paniwalaan na sa paglipas ng panahon ang mga pagsasalita

nila na kinasihan ng Espiritu ng Dios ay idinagdag sa pangkat ng mga katuruang ito.

Isang Pangkat Ng Katuruan

Sinabi ni Apostol Pablo na kahit paano yaong mga nasa iglesias ng Roma ay “naging mga matalimahin sa puso doon sa uri ng aral na pinagbigyan sa inyo” (Roma 6:17) bago ang kanilang bautismo. Ang salitang Griego para sa “uri” ay isinalin din bilang “halimbawa” o “huwaran” – na tila ito ay tumutukoy sa siang pangkat ng katuruan na tinutularan kahit saan. Ang pagtukoy ni Pablo tungkol dito ay nagpapahiwatig sa kahalagahan ng isang nakatakdang pangkat ng katuruan na dapat na maunawaan bago ang bautismo. Ang iba sa loob ng iglesya ay maaaring may “anyo” ng kabanalan, datapuwat tinaggihan ang kapangyarihan nito” (2 Tim. 3:5), marahil iminumungkahi nito na sila ay maaaring may paniniwala sa pangunahing mga katuruan ng tunay na pananampalataya subalit hindi naman nila kinikilala ang tunay na kapangyarihan ng katotohanan sa kaniyang pang-araw-araw na pamumuhay. Pinaaalalahan ni Pablo ang mga taga Galacia na “Sa harapan ng iyong mga mata si Jesu Cristo, na napako sa krus, Maliwanag na inihayag” (Gal. 3:1). Ang salitang Griego para sa “harapan ng inyong mga mata si Jesu Cristo, na napakosa krus, ay maliwanag na inihayag” (Gal. 3:1). Ang salitang Griego para sa “harapan ng inyong mga mata ay may literal na kahulugan na “ipinakita sa nasusulat na mga salita, na tila ang

unang pagtuturo sa mga taga Galacia ay sa pamamagitan ng nasusulat na uri ng pagtuturo.

Nang ipinaliwanag ni Pablo ang tungkol sa pagkabuhay na maguli mula sa mga patay sinabi niya na “Ibinigay ko sa inyo...ang akin namang tinanggap: na si Cristo ay namatay...” (1 Cor. 15:3), nagpapakita ito kung paano niya tinanggap ang isang kapahayagan tungkol sa mga ito at ibinigay niya ito sa kanila bilang isang katuruan na dapat tanggapin sapagkat ito ay napakahalaga. Ang 2 Pedro 2:21,22 ay maayos na tumutugma dito: “magaling pa sa kanila ang hindi nakikilala ng daan ng katuwiran, kaysa pagkatapos na makakilala ito ay tumatalikod sa banal na utos na ibinigay sa kanila.

Nangyari sa kanila ang ayon sa kawikaang tunay. Nagbabalik na muli...sa paglubalob sa pusali ang babaing baboy na nahugasan”. Dito ang “daan: at ang “banal na utos” na “ibinigay” sa kanila ay iniuugnay sa paghuhugas ng bautismo. Ipinakita na namin na hindi iisang utos na nasa isahan ay nagpapahiwatig na may isang pangkat ng katuruan na malinaw na ipinaliwanag at dapat na munawaan bago ang bautismo. Maraming mga talata na nagsasabi tungkol sa “tinanggap” na katuruan at “ang evangelio” Gal. 1:9, 12; Fil. 4:9; Col. 2:6; 1 Tes. 1:6; 2:13; 4:1. Nagpapatunay ito na “Ang Evangelio” ay binubuo ng isang partikular na pangkat na mga katuruan na unang tinanggap ng mga Apostol at pagkatapos ay ng mga taong kanilang pinangaralan ng Evangelio.

Ang Pananampalataya

Ang Apostol na si Judas ay nagsalita din tungkol sa “pananampalataya na ibinigay na minsan at magpakailanman sa mga banal” (Jud. 3). Kaya “ang pananampalataya” ay ipinapareho sa “uri ng aral” ibinigay sa kanila bago ang kanilang bautismo, at ito ay isa pang parirala noong ika-unang siglo na kanilang sinasalita na tumutukoy sa kanilang lantarang pag-amin ng kanilang paniniwala sa “tunay na pananampalataya” bago ang kanilang bautismo. Ang pangangalaga sa “tapat na salita” (Tito 1:9) ay pangunahing tumutukoy sa pagtatanggol sa “Statement of Faith” na dating itinuro sa kanila. Ipinapakita ng “pananampalataya ng lahat” kung paanong ang pangkat ng mga katuruan ito ay pinaniniwalaan ng lahat ng mga mananampalataya; mayroon lamang silang ‘isang pananampalataya’ (Ef. 4:5). “Ang pananampalataya’ at ang pangalan ni Cristo ay magkaugnay sa mga Gawa 3:16. Nalaman na natin na ang pangalan ni Cristo ay upang katawagan para sa kaparehong katuruan na nasa “tunay na pananampalataya”. Ito man ay tungkol sa mga bagay na isinasagawa (1 Tim. 6:10) o mga katuruan (1 Tim. 4:1) nagpaalala si Pablo na ang iba sa kanila ay “Magsisilalikod sa pananampalataya”. Ang unang yugto ng pagtalikod sa pananampalatayang yaon ay ang pagsasabing ang “tunay na pananampalataya” ay imposibleng ipaliwanag.

Mga Bagay Na Isinasagawa

Ang mga bagay na isinasagawa ay bahagi din ng pangkat na ito ng mga katuruan. Ang “pananampalataya kay Cristo” ay kinabibilangan ng pangangatuwiran tungkol sa “katuwiran” sa sariling pagpipigil, at sa paghuhukom na darating” (Gaw. 24:24,25). Si Pablo ay nagsalita sa pagtuturo tungkol sa pagputol-putol ng tinapay gaya ng ginawa niya sa katuruan tungkol sa pagkabuhay na muli; “Tinanggap ko sa Panginoon ang ibinibigay ko naman sa inyo” (1 Cor. 11:23). Ito ay tila may isang pangkat ng kapaki-pakinabang na mga bagay, na sa huli ay pinalawak ni Pablo na kinabibilangan ng katuruan tungkol sa posisyon ng mga kapatid na babae sa iglesia; “Iniingatan ninyong matibay ang mga turo, na gaya ng ibinigay ko sa inyo” (1 Cor. 11:2,3). Ito ay nagpapahiwatig na ang pagpapaliwanag tungkol sa mga bagay na ito ay kinabibilangan bago ang bautismo, at ito ay nagpapahiwatig din na ito ay bahagi ng pangkat ng mga katuruan na sinusunod noong ika-unang siglo. Ang salitang Giriago para sa “mga turo” ay isinalin din bilang “mga aral” sa 2 Tesalonica 3:6 at 2:15: “kayo’y magsisihiwalay sa bawat kapatid na lumalakad ng walang kaayusan, at hindi ayon sa aral na tinanggap mula sa amin...kayo’y mangagtibay at iyong panghawakan ang mga aral na sa inyo’y itinuro, maging sa pamamagitan ng salita o

ng aming sulat”. Ipinakita nito ang kahalagahan na panghawakan ang mga pangkat na ito ng katuruan, at ang pangangailangan na humiwalay mula sa taong hindi sumusunod dito: “ Na nanangan sa tapat na salita na ayon sa turo, upang umaral ng magaling na aral, at papaniwalain ang nagsisisalangsang” (Tito 1:9).

Alam natin na may mga “bulaang propeta” noon na sinaunang mga iglesia, na nagsasabi na sila daw ay may mga pahayag na mula sa Dios tungkol sa katuruan na dapat idagdag sa tinanggap na pangkat ng mga katuruan. Dahil dito kaya binigyan diin ni Pablo kung ano ang “tapat na salita” at kinasihang pahayag tungkol sa katuruan (Tito 1:9; 3:8; 2 Tim. 2:11; 1 Tim 4:9), na “nararapat tanggapin ng lahat” (1 Tim. 1:15; 4:9)- i.e. ang pangkat ng mga katuruan na binubuo ng “tunay na pananampalataya”. Ito ang dahilan na binubuo ng “tunay na pananampalataya”. Ito ang dahilan kung bakit nagpaalala si Apostol Juan na huwag “magsipaniwala sa bawat espiritu” na nagsasabi na sila daw ay kinakasihan ng Dios (1 Jn 4:1).

Partikular Na Mga Detalye

Ang mga sumusunod ay ialng mga halimbawa kung saan ang mga katuruan, bukod sa isang simpleng “paniniwala kay Cristo” ay itinuro bilang bahagi ng pinagtibayan ng Evangelio na dapat na maunawaan bago ang pagpapabautismo:


- 📖 Hahatulan ng Dios ang mga lihim ng mga tao ayon sa aking evangelio” (I.e ang evangelio na ipinangaral ni Pablo; Roma 2:16). Ang katuruan tungkol sa paghuhukom at pananagutan ay itinuring bilang “unang simulain” – tingnan din ang Gawa 24:25; Heb. 6:1,2).
- 📖 Ang ideya na ang pagtutuli ay kinakailangan para sa kaligtasan ay sinabi ni Pablo bilang “isang Evangelio” (Gal. 1:6). Kaya ang kaalaman na hindi na natin dapat na sundin ang Kautusan ni Moises, e.g. ang sabaton, ay bahagi ng kaunawaan ng tunay na evangelio.

- 📖 “Ang Evangelio ng Kaharian” ay hindi lamang tungkol kay Cristo bagkus ay tungkol din sa kaniyang darating na kaharian. Ang Isaias 52:7 (Rom. 10:5) ay inilalarawan ang mangangaral ng Evangelio na nagsasalita tungkol sa panahon kung saan sasabihin sa Sion “Ang iyong Dios ay naghahari” – i.e. sa Kaharian.

- 📖 Ang tamang kaunawaan tungkol sa kalikasan ni Cristo ay mahalaga (2 Jn. 7-10); ang Evangelio ay kinapapalooban ng “mga bagay” na tungkol kay Cristo (Mga Gaw. 8:12). Kaya ang pagsasabi lamang na tayo ay naniniwala kay Cristo ay hindi sa at para sa kaligtasan.

- 📖 Ang kahalagahan ng mga pangako tungkol sa Kaharian ay isang mahalagang bahagi ng Evangelio; sa pamamagitan ng mga pangako kaya ang Evangelio ay naipangaral kay Abraham (Gal. 3:8) at sa Israel (Heb. 4:2). Kaya si Pablo ay nagsalita sa kaniyang pangangaral tungkol sa mga pangako na ginagawa kay David “ang salita ng kaligtasang

ito” (Gaw. 13:23,26). Kung gayon, ang mga ito ay mahalagang bahagi ng mensahe ng kaligtasan. Kaya sinabi niya, Dinadalhan namin kayo ng mabuting balita (evangelio) ng pangakong ipinangako sa mga magulang” (Gaw. 13:32). Gayon rin sa Roma 1:1-4 ay sinabi niya: Ang Evangelio ng Dios...tungkol sa kaniyang ipinanganak sa binhi ni David”.

 Upang maunawaan ang mga pangako kinakailangan ang isang tiyakang kaalaman ni Pablo tungkol sa Antioquia sa aklat ng Mga Gawa 13 ay nagpapakita na sinabi niya ang kasaysayan ng Israel na may pagbibigay diin sa mga pangako, at gayon king paanong ito ay natupad kay Jesus. Ang kaniyang pangangaral ay nababatay kung gayon sa kasaysayan ng Israel na maaring tawagin nating “paglalahad” at nagtatapos yaon sa paalaala tungkol sa resulta ng hindi pagtugon sa mga salita na kaniyang ipinapangaral (Mga Gaw. 13:40-41). Kaya dapat na ganito din ang nilalaman ng ating pangangaral.

Pangwakas

Ang kahalagahan ng lahat ng ito ay dapat na bigyan-diin. “Mag-ingat ka sa iyong sarili, at sa iyong turo; Manatili ka sa mga bagay na ito; sapagkat sa paggawa nito ay ang iyo ring sarili ang ililigtas mo at pati ng mga nagsisipakinig sa iyo” (1 Tim. 4:13-16). Ang talaan ng mahahalagang mga katuruan gaya ng ibinigay sa Appedix 1 ng aklat na ito ay maliwanag na hindi kinasihan, ngunit sa palagay ng may-akda nito, ito ay tila buod ng maraming mga bagay na binabanggit sa mga talata ng

Biblia na nagsasalita tungkol sa mga bagay na bahagi ng “tunay na pananampalataya” “mga aral” etc. Inaasahang naipakita ng araling ito na may isang malinaw na pangangailangan para sa isang pangkat ng mga katuruan na dapat na malaman ng isang tao bago siya magpabautismo, at ang pangkat ng mga kauturuang ito ay dapat na binubuo ng ating pagtuturo sa mga taong kandidato para sa bautismo, at makatarungan lamang para sa kanila na tingnan namin sa pamamagitan ng isang diskusyon kung sila ay mayroon na ngang ganap na kaunawaan ng mga katuruan na itinuturo sa kanila bago sila bautismuhan. Malimit na ang mga mananampalataya ay hinihimok na kumapit sa “tunay na pananampalataya” sa sandali ng mga suliranin. “Ang matibay na pinagsasaligan ng Dios ay nananatili”. Ang ating kaalaman ng pangunahing mga panuntunan at ng kahanga-hangang paraan na ang lubos na layunin ng Dios na nagtutugma-tugma ay dapat na magbigay – sigla sa atin. Tanging sa pamamagitan lamang ng palagiang pangangaral o paulit-ulit na pag-aaral ng mga bagay na ito kapakinabangan at ang pagtitiwala upang gaya ni Pablo sa kaniyang sandali ng kalungkutan ay masabi natin, “natapos ko na ang aking takbo, iniingatan ko ang pananampalataya...nakikilala lo yaong aking sinasampalatayanan at lubos akong naniniwalang siya’y makapag-iingat ng aking pagtitiwala sa kaniya (Ang ating buhay at ang lahat sa atin) hanggang sa araw na yaon” (2 Tim. 4:7; 1;12).

FOOTNOTE: Pagpapahayag Sa Panginoong Jesus

“Sapagkat kung ipapahayag mo ang iyong bibig si Jesus na Panginoon at sumasampalataya ka sa iyong puso na binuhay siyang maguli ng Dios sa mga patay ay maliligtas ka” (Roma 10:9).

Ang mga sumusunod na mga punto ay nararapat na ilahad:

- 📖 Ipinakita namain na “Ang Panginoong Jesus” ay singkahulugan marami ang isang boong pangkat ng mga katuruan na binubuo ng “mabubuting balita tungko, sa kaharian ng Dios at pangalan ni Jesu-Cristo” kasama ang bautismo (Mga Gawa 8:5 cp. V. 12). Ang “Pagpapahayag” na sinasabi ni Pablo ay maaaring nagaganap sa pagpapabautismo. Siya ay nagpapahiwatig tungkol sa nasusulat sa Marcos 16:16 “Ang sumsasampalatayaa (cp. Ang pagpapahayag ng bibig) at mabautismuhan (cp. Pagbangon kasama ni Cristo mula sa mga patay) ay maliligtas”.
- 📖 Upang maunawaan ang pagkabuhay na maguli mula sa mga patay ni Cristo kailangang magkaroon ng kaalaman tungkol sa katuruan ng Biblia tungkol sa impierno at sa kalikasan ng tao.
- 📖 Ang Roma 20:8,9 ay lumilitaw na kapareho ng v. 13: “Sapagkat ang lahat na nagsisitawag sa pangalan ng Panginoon ay mangangaligtas”. Si Pablo ay inilarawang binautismuhan at tumatawag sa pangalan ng Panginoon

(Mga Gawa 22:16); tanging bautismo lamang magbibigay sa atin ng daan upang makapasok sa pangalan ng Panginoon (Mat. 28:19).

📖 Dahil binigyan diin ni Pablo ang kahalagahan ng bautismo sa kabanata 6 ng aklat ng Roma, kaya imposibleng ituro niya sa kabanata 10 na ang bautismo ay hindi na kailangan para sa kaligtasan.

📖 Ang Roma 10:9 ay napangunahan ng v. 6-8 : “Huwag mong sabihin sa iyong puso, Sino ang aakyat sa langit...Sino ang mananog sa kalalim-laliman?...Datapuwat ano ang sinasabi nito? Ang salita ay malapit sa iyo, sa iyong bibig at sa iyong puso: sa makatuwid bagay ang salita ng pananampalataya na aming ipinangaral”. “Ang salita ng pananampalataya” ang siyang dapat na ipahayag, kung gayon, at ito ay kapareho ng “Panginoong JesuCristo” v. 9. Nakita na natin na “Ang tunay na pananampalataya” ay naglalarawan ng boong pangkat ng mga katuparan na binubuo ng Evangelio. Si Pablo ay bumanggit mula sa Duet. 30:11-14 “Ang utos na ito na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito...wala sa langit...ni wala sa dako roon ng dagat (“ang kalaim-laliman”) ...kundi ang salita ay totoong malapit sa iyo, sa iyong bibig at sa iyong puso”. Tila kaniyang pinapakahulugan na “ang salita ...ang utos na ito” ay tumutukoy kay Cristo. Sa ganito ding paraan na kung tutuparin ng Israel ang salita, sila ay pagpapalain (Duet. 30:16), kaya kung ang bagong Israel ay maniniwala sa salita na tungkol kay JesuCristo sila ay maliligtas. Ang pagpapahayag ng bibig kay Cristo ay katulad na katulad kung gayon ng pagsang-ayon sa katuruang ito tungkol kay Cristo. Ang Duet. 30:10 na nagsasabing “Kung iyong susundin ang tinig ng Panginoon” ay halos kapareho ng sinabi sa Roma 10:9 na: “Kung

ipapahayag mo ng iyong bibig si Jesus na Panginoon". Ang pagkakaparehong ito ay muling nagpapakita na "Ang Panginoong Jesus" ay titulo na nagbibigay buod sa pangunahing katuruan tungkol sa salita ng Dios.

Pagsalungat 31: Ang Tulisan Na Nasa Krus

Sinabi ng tulisan kay Jesus: "Alalahanin mo ako, pagdating mo sa iyong Kaharian. At sinabi sa kaniya ni Jesus, Katotohanang sinasabi ko sa iyo, ngayon ay kakasamahin kita sa Paraiso" (Luc. 23:42-43). Ang mga talatang ito ay pinapakahulugan ng iba na ang bautismo ay hindi mahalaga para sa kaligtasan, at tayo diumano ay pumupunta na sa langit kapag namatay. Bukod sa katibayan na salungat sa hindi tamang palagay na ito, ang isang maingat na pagbabasa ng mga talatang ito ay nagpapakita ng mga sumusunod:

1. Ang utos na magpautismo sa kamatayan at muling pagkabuhay na maguli ni Cristo ay ibinigay pagkatapos ng pagkabuhay na muli ni Cristo mula sa mga patay (Mar. 16:15-16). Ang tulisan ay nabubuhay pa sa ilalim ng Kautusan ni Moises nang si Cristo ay magsalita sa kaniya.
2. Ang tunay nabautismo ay sa kamatayan at muling pagkabuhay na maguli ni Jesus. Sapgkat nang si Jesus ay magsalita sa tulisan, ang mga pangyayaring yaon ay hindi

pa nagaganap, kaya ang bautismo kay Cristo ay hindi pa posible.

3. Ang bautismo ay sumasagisag sa ating kamatayan kasama ni Cristo (Rom. 6:3-5). Ang tulisan lamang ang tanging tao na literal na humiling kay Cristo na siya'y alalahanin nito.
4. Maaaring ang tulisan ay isa sa mga nabautismuhan ni Juan Bautista. Sapagkat marami sa kaniyang mga nabautismuhan ay hindi mabubuting tao (Mat. 21:32). Ang pagsasabing hindi nabautismuhan ang tulisan ay isang paraan ng pakikipagtalo na hindi sinusuportahan ng Biblia sapagkat ang mga kasulatan ay tahimik tungkol dito, kaya ito ay hindi mabubuting panuntunan upang gawin dahilan para huwag magpabautismo. Gayon din, ang mga talata ay walang binabanggit tungkol sa "kaluluwa" at "langit".
5. Hiniling ng tulisan kay Jesus na siya'y alalahanin nito, kapag si Jesus na sa kaniyang Kaharian. Kung gayon, ang tulisan ay hidi mangmang tungkol sa Evangelio ang kaharian ng Dios na ipinangaral ni Jesus (Mat. 4:23). Alam niya na magkakaroon ng araw ng paghuhukom kapag itinatag na ang kahariang yaon, kaya hiniling niya kay Jesus na siya'y alalahanin nito. Ang tulisan ay tunay na hindi mangmang; sapagkat kinilala niya na ang kaligtasan sa araw ng pagkabuhay na maguli ng mga patay at ang paghuhukom ay ipapahayag mula sa mga labi ni Cristo.
6. Si Jesus ay tumugon na ang tulisan ay kakasamahin niya sa "Paraiso". Ang salitang Griegong tumutukoy sa tuwina sa isang ideyal na kalagayan dito sa ibabaw ng lupa. Ito

ay ginamit tungkol sa ibinalik na Halamanan ng Eden makikita sa darating na Kaharian ng Dios, ang mga sanglibutan ay manunumbalik sa tila paraisong kalagayan ng Halamanan ng Eden (Isa. 51:3; Ezek. 36:35), dahilan ng sumpa ay inalis na (Apoc. 22:3). Ang Griegong Matandang Tipan (ang Septuagint) ay ginamit ang gayon ding salita para sa “paraiso” tungkol sa ideyal na kalayagan dito sa lupa sa Ecc. 2:5; Neh. 2:8; Awit 4:13; Gen. 13:10. Ang “paraiso” ay naging kaugnay lamang ng langit dahil ito ay ginamit sa mga kwentong katha gaya ng “Nawalang Paraiso” ng manunulat na si Milton. Ang pangakong lugar ni Jesus para sa tulisan doon sa paraiso ay bilang tugon sa apagnanais ng tulisan na mapasa kaharian ni Cristo. Ipinakita na anmin sa Aralin 5 na ang Kaharian ay dito sa ibabaw ng lupa, kaya ang “paraiso” ay nandito rin kung gayon.

7. Ang paraan ng pagkakasalim sa talatang 43 ay tila ginagawa nitong si Cristo at ang tulisan ay magkakasama sa araw ding yaon doon sa Paraiso. Ngunit maliwanag na ang kaharian ay hindi pa naitatag dito sa lupa. Sila ay hindi nagpunta sa Kaharian nang araw na yaon. Si Jesus ay napunta sa Kaharian nang araw na yaon. Si Jesus ay napunta sa libingan (Gaw. 2:32; at gaya ng kaniyang propesiya, siya ay tatlong araw ta tatlong gabi na mapapasa ilalim ng lupa (Mat. 12:4; cp. 16:21) pagkatapos ng kaniyang kamatayan doon sa krus. Maging pagkatapos na siya ay mabuhay na muli sa sinabi ni Jesus, “Huwag mo akong hipuin; sapagkat hindi na ko nakakaakyat sa Ama” (Juan 20:17). Kaya si Jesus ay hindi pumunta sa Langit noong araw na yaon na siya ay mamatay.

Ngunit lumilitaw na nangako si Jesus sa tulisan, “Ngayon ay kakasamahin kita sa Paraiso”. Ang kasagutan sa tila pagkakasalungatang ito ay matatagpuan sa katotohanang sa orihinal na mga salitang Hebreo at Griego ng Biblia, ay walang pagbabantas o maging pagsulat ng malaking titik. Maaaring lagyang muli ito ng pagbabantas upang mabasa natin na, “At sinabi niya (Jesus) sa kaniya, katotohanang sinasabi ko sa iyo ngayon kakasamahin kita sa paraiso” (Luc. 23:43). Sa pagsasalin ni Rotherham ng Biblia inilagay niya ang kuwit pagkatapos ng “ngayon”. Ito ay magandang umaayon sa nilalaman ng talata. Hiniling ng tulisan na siya ay alalahanin ni Jesus sa araw ng paghuhukom; Binigyan ni Jesus ng kamangha-manghang kasiguruhan – “Sinasabi ko sa iyo ngayon” Ito ay magandang umaayon sa Biblia inilagay niya ang kuwit pagkatapos ng “Ngayon”. Ito ay magandang umaayon sa nilalaman ng talata. Hiniling ng tulisan na siya’y alalahanin ni Jesus sa araw ng paghuhukom; alam niya na siya ay mayroong pananagutan at siya ay haharap doon. Binigyan ni Jesus ng kamangha-manghang kasiguruhan – “Sinasabi ko sa iyo ngayon! Hindi ka na maghihintay pa hanggang sa paghuhukom upang malaman mo ang aking hatol sa iyo – makakasama kita sa Kaharian.

8. Mula sa mga punto na napansin sa itaas, maaring itala ang mga katuruan na nauunawaan ng tulisan:

- Ang Kaharian ng Dios
- Ang ikalawang pagparito ni Cristo
- Pagkabuhay na muli sa mga patay at paghuhukom
- Pananagutan
- Kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo
- Ang muling pagkabuhay ni Cristo
- Ang pagkawalang-kapintasan ni Cristo (“ang taong ito ay hindi gumagawa ng anomang masama”)
- Ang kasamaan ng tao (“tinatanggap natin ang nararapat na kabayaran sa ating mga gawa”)

Kung gayon hindi naaayon na gamitin ang taong ito bilang dahilan para isipin na ang sinoman ay maliligtas kung sila ay magpapakita ng kahit na kaunting interes sa Cristianismo; sapagkat ang bawat tao na nagnanais maligtas ay kailangang may kaalaman tungkol sa mga katuruan na tinaglay ng tulisan. Sapagkat wala nito hindi siya maaaring magkaroon ng pananampalataya. Si Cristo ay hindi gumawa ng anomang pag-aalok ukol sa kaligtasan sa isa pang tulisan na iba ang pagtingin kay Jesus, na nagsabi: Hindi baga ikaw ang Cristo? Iligtas mo ang iyong sarili at kami”. Na ito ang isang tao na nagsasabi na “kung anoman ang bagay na maaaring gawin ng Jesus na ito, nararapat lamang na may mapala din ako dito”. Dahil ang tulisang ito ay may kakulangan nang kaunawaan tungkol sa mga katuruan ng Evangelio, at hindi siya gaya ng isang tulisan, kaya hindi niya natagpuan ang tunay na kaligtasan, bagaman siya ay may bahagyang interes kay Cristo.

Pagsalungat 32: Isang halimbawa ng Pagbabautismo

Upang magbigay ng ideya kung paaanong ang isang pagbabautismo ay wastong ginagawa, ang sumusunod ay isang salaysay ng isang pagbabautismo na gianwa ng mga Christadelphian sa Hartlepool, England isang hapon ng Sabado noong Nobyembre 1990. Dapat na pansinin na ang bautismo ay isang paglulubog sa tubig na isinusunod matapos ang isang tunay na pagsisisi at paniniwala tungkol sa tunay na Evangelio. Ang “service” ay isang bagay na hindi obligado ito ay idinagdag lamang upang magbigay ng nababagay na kahulugan sa kahalagahan ng okasyon. Ang pagkakasunod-sunod ng mga bagay na ginawa sa pagbabautismo ay sumusunod:

- Pambungad na panalangin

- Pagbasa sa aklat ng Roma 6

- Mikling pananalita tungkol sa bautismo

- Panalangin

- Paglulubog ng tao na nais magpabautismo sa tubig
- Panalangin

Pananalita Tungkol Sa Bautismo

Walang duda na ang araw na ito ay pinakamahalagang araw sa buhay ni Dave; sa isang sandali lamang siya ay inilubog na sa ilalim ng tubig at siya ay aaahon mula roon na “kay Cristo” na, isang binhi ni Abraham, na may maluwalhating mga pangako na binubuo ng Evangelio na ipinangako sa kaniya.

Ang labis na kasimplehan ng gawaing ito ay maaaring mapanlinglang, ngunit si Dave at tayong lahat na naririto ngayon ay lubos na naniniwala na ang paglulubog na ito sa kaniya sa tubig ay mag-uugnay sa kaniya at muling pagkabuhay ni Jesus, gaya ng ating mababasa sa Roma 6:3-5:

“o hindi baga ninyo nalalaman na tayong laht na mga nabautismuhan kay Cristo Jesus ay nangabautismuhan sa kaniyang kamatayan? Tayo nga’y nangalibing na kalakip niya sa pamamagitan ng bautismo sa kamatayan: na kung paanong si Cristo ay nabuhay na maguli sa mga patay sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Ama, ay gayon din naman tayo’y makakalakad sa panibagong buhay. Sapagkat kung tayo nga ay naging kalakip niya sa kawangisan ng kaniyang

kamatayan, ay magkakagayon din naman tayo dahil sa kawangisan ng kaniyang pagkabuhay na maguli”.

Sa loob ng ilang sandali subukin nating ilarawan sa ating isipan ang pangyayari noong si Jesus ay nabuhay na muli, sapagkat nakita natin na kapag si Dave ay umahon mula sa tubig ng bautismo siya ay iniuugnay sa pagbangon ni Jesus mula sa kamatayan.

Ilarawan natin sa ating isip ang kasariwaan at katahimikan ng hangin sa gabing yaon, ay ang maluwalhating pakiramdam ng bagong buhay ni Jesus. Marahil ay nakita niya ang mga ilawan sa Jerusalem na umaandap-andap na malayo; ang mga tao ron ay ganap na walang kamalay-malay tungkol sa kamangha-manghang bagay na nangyayari na malapit lang sa kanila – na ang isang tao ay bumangon mula sa kamatayan sa panibagong buhay.

Kaya gayon din sa pag-ahon ni Dave mula sa tubig ang sanglibutan na nasa ating kapaligiran ay walang pagkalugod – lugod sa maluwalhating bagay na ito na nangyayari; ang nakikita lang nila, kung mag-aabala silang tumingin, ay isang maliit na grupo ng mga lalake at babae na lumalakad patungo sa swimming pool at isang lalake na inilulubog sa tubig. Ngunit gaya ng kagalakan ng mga anghel noong si Jesus ay nabuhay na maguli, kaya ngayon, hindi man natin nakikita ang

mga anghel ay nagagalak din dahil sa isang makasalanang nagsisisi.

Nabasa natin sa Roma 6 na dapat tayong “makalakad sa panibagong buhay”- ang kagalakan ni Dave ngayon ay dapat na mapasa sa kaniya habang siya ay patuloy na lumalakad sa kaniyang panibagong buhay. Gaya ng ating nabasa siya ay hindi isang alipin ng kasalanan, bagkus siya ay alipin na ng Dios, na gumagawa ng kaniyang kalooban na ipinahahayag sa Biblia. Nakakatuksong ikatuwirarn na gusto natin ng kalayaan para sa ating sarili, ngunit sa ating paglilingkod sa ating sarili hindi tayo malaya, sapagkat sa ating paglilingkod sa ating sarili, tayo ay alipin ng kasalanan. Si Dave ay nagpalit ngayon ng paginooon, upang paglingkuran ang Dios. May mga panahon na para bang pagpipigil na iniuutos sa atin dahil sa panibagong buhay natin, ay napakahirap kayahin, ay natutukso tayong maging malayang muli sa mga ito. Ngunit kung ito ay ating gagawin hindi tayo magiging malaya, sapagkat paglilingkuran lamang nating muli ang kasalanan.

Ipinaliwanag ni Pablo sa 1 Cor. 10:1,2 an ang ating pagdaraan sa tubig ng bautismo ay tulad ng pagdaraan ng Israel sa tubig ng Dagat na Mapula. Isang uri ng talinghaga ang maaaring magawa mula rito, na may maraming aral para sa atin. Ang Israel ay naging alipin sa Egipto, at namuhay ng walang kabuluhang buhay, naghirap sa pagtrabaho sa kanilang pagiging alipin at naglingkod sa mga dios-diosan ng Egipto.

Dahil sa kanilang mahirap na karanasan, sila ay dumaing mula sa Dios upang makatagpo ng daan para sa makalaya, bagaman marahil ay wala silang ideya kung paaano sila sasagutin ng Dios.

Bilang tugon ipinadala ng Dios si Moises upang pamunuan ang Israel sa kanilang paglisan sa Egipto, sa pamamagitan ng Dagat na Mapula at pagkatapos ay doon sa Ilang, upang pasukin ang Lupaing Pangako. Ang Israel na nasa Egipto ay tulad ni Dave at lahat ng nagpautismo ngayon si Dave ay parang inaakay tungo sa dalampasigan ng Dagat na Mapula. Kapag siya ay dumaan na sa tubig siya ay hindi kapagdakang mapapasa Lupaing Pangako ng Kaharian, makakasama siya sa ating paglalakad dito sa ilang. Ang Israel ay pinangunahan ng Dios sa pamamagitan ng isang anghel, na palaging nasa kanila araw at gabi. Kaya gayon din ang bawat isa sa atin ay may isang anghel na nasa ating paligid at pinangungunahan tayo sa ating buhay tungo sa kaligtasan (Awit 34:7; Heb. 1:4).

Ang Israel ay pinakain ng mana sa bawat araw na sila ay nasa ilang, na pinakahulugan ni Jesus sa Juan 6 bilang salita ng Dios. Kung ang mana ay hindi nila kinain sila ay mamatay sa ilang na yaon- walang ibang pagkain doon para makain nila. Dahil dito kaya iminumungkahi namin sa inyo ang “Bible Comapanion” ito ay isang paraan ng pagbabasa ng Bilbia. Kung saan ito ay babasahin sa bawat araw at makukuha ninyo

ang boong nilalaman ng mga talata habang kayo ay patuloy na nagbabasa. Mahalaga na gumawa ng puwang sa ating pang-araw-araw na gawain, kung maaari ay sa parehong oras sa bawat araw, upang basahin ang mga kabanata ng Biblia at pagbulay-bulayin ang mga ito.

Samantala ang Israel ay pinagsabihan na huwag manguha ng mana sa loob ng isang araw para kainin sa susunod na araw (Maliban bago ang araw ng Sabaton) bagkus sila ay sinabihan na magsikap na lumabas at manguha ng mana sa bawat araw. Ang ating pagbabasa ng salita ng Dios ay kinakailangan araw-araw. Gaya ng hindi natin pagkalimot na kumain ng natural na pagkain, hindi rin natin dapat na kalimutan ang pagbabasa ng salitang Dios, tunay na si Job ay nagsabi na pinahahalagahan niya ang mga salita ng Dios “ng higit kaysa aking kailangang pagkain”.

Ang Israel ay uminom sa sapa na umagos sa hinampas na bato, ang 1 Cor. ay nagsasabi sa atin ang batong yaon ay sumasagisag kay “Cristo”

Kaya tayo ay dapat na kumain at uminom sa halimbawa ni Jesus, na maaari naitng gawin sa pamamagitan ng pag-alaala kay Jesus bawat linggo. Ang pagtitipon-tipon upang pagputol-putol ng tinapay sa pag-aalala kay Cristo, ay dapat na maging isang natural na pagnanais para sa atin; ang makipagtipon sa

ibang tao na may kagaya nating pag-asa ay mahalaga. Ang isang manlalakbay sa isang literal na ilang ay lulundag sa pagkakataon na makipagkita sa kagaya niyang manlalakbay din upang pag-usapan ang mga suliranin na maaaring dumating, at gayon din upang makipagpalitan ng mga karanasan. Kaya tayo na nasa ilang na ito ng buhay sa makasalanang sanglibutang ito ay dapat na magsikap na manatiling nakikipaugnayan sa bawat isa. Ngunit malimit na ang ganitong pakikipagtipon-tipon ay hindi possible gustuhin man natin, subalit dapat na samantalain natin ang bawat pagkakataon upang makipag-ugnayan sa pamamagitan ng sulat, pagbabasa ng mga magazine na tungkol sa iglesia, etc.

Nagsalita na kami tungkol sa mga pananagutan ng bagong pamumuhay, ngunit hindi tamang isipin na kapag ginawa natin ang ilang mga bagay gaya ng araw-araw na pagbabasa ng Biblia, tayo ay kailangang gantimpalaan ng Dios. Sapagkat, kaluguran ng Dios, kalooban niya, na ibigay sa atin ang Kaharian bilang isang kaloob at iyon ay hindi kabayaran para sa ating mga gawa (Rom. 6:23). Hindi tamang isipin na ang bautismo ay isang mabuting ideya dahil may magandang pagkakataon na tayo ay para makapasok sa Kaharian. Ang Katotohanan at ang pag-ibig ng Dios, gayon din ang pagwawagi ni Cristo ang siyang dahilan kaya naging posible ang kaligtasan. Tunay na gusto ng Dios na si Dave at lahat tayo dito ay mapasa Kaharian. Ang katotohanang ito ay talagang napaka-maringal kaya dapat nating paalalahanan sa ating sarili ng paulit-ulit na ito ay totoo at dahil dito kaya tugunan natin ang pag-ibig ng Dios.

Nang ang Israel ay lumabas sa Dagat na Mapula sila ay nagkaroon ng napakalaking kagalakan; inawit ni Moises ang kaniyang Awit at ang lahat ng Propeta ay nagalak. Ang mga Awit 105:35-41 ay nagsasabi kung paanong ipinagkalob ng Dios ang lahat ng bagay na kailangan para sa kanilang paglalakbay:

“At kinain (ng Panginoon) ang lahat ng gugulayin sa kanilang lupain (Egipto) at kinain ang bunga ng kanilang lupa. Sinaktan din niya ang lahat na Panganay sa kanilang lupain, ang puno ng lahat nilang kalakasan, at kaniyang inilabas sila na may pilak at ginto, at hindi nagkaroon ng mahinang tao sa kaniyang lipi. Natuwa ang Egipto nang sila ay magsialis: sapagkat ang takot sa kanila ay nahulog sa kanila. Kaniyang inilatag ang ulap na pinakabubong at apoy upang magbigay liwnag sa gabi. Sila’y nagsihingi at dinalhan niya ang mga pugo, at binusog niya sila ng pagkain mula sa langit. Kaniyang ibinuka ang bato at binukalan ang tubig; nagsiagos sa tuyong mga dako na parang ilog”.

Ang kagalakang yaon, ay kagalakan ngayon, ang iyong magiging mga kapatid na narito upang saksihan ang bautismo. Kagalakan ito ng Dios ni Jesus at ng mga anghel na nagmamasid sa atin sa oras na tio. Pangangalagaan nawa ng matatag ng bawat is sa atin ang pag-asa at kagalakang ito

hanggang sa wakas, upang sama – sama tayong lumakad tungo sa kaharian.

ARALING 10: MGA KATANUNGAN

1. Maaari ba tayong maligtas ng walang bautismo?
2. Ano ang ibig sabihin ng salitang “bautismo”
 - a. pangako
 - b. Paniniwala
 - c. Pagwiwisik
 - d. Paglulubog
3. Ano ang kahulugan ng bautismo gaya ng ipinaliwanag sa Roma 6:3-5?
4. Kailan tayo dapat na bautismuhan?
 - a. Pagkatapos na malaman ang tunay na Evangelio at magsisi
 - b. Bilang isang maliit na bata
 - c. Pagkatapos na maging interesado sa Biblia
 - d. Kapag gusto nating sumanib sa isang iglesya
5. Para sa ano tayo binabautismuhan?
 - a. Sa iglesya na nagbautismo sa atin
 - b. Sa salita ng Dios
 - c. Kay Cristo

- d. Sa Espiritu Santo

- 6. Alin sa sumusunod ang nangyari pagkatapos ng bautismo?
 - a. Tayo ay kabahagi ng binhi ni Abraham
 - b. Hindi na tayo muling magkakasala
 - c. Tayo ay tiyak na may kaligtasan na habang panahon
 - d. Ang ating kasalanan ay pinatawad

- 7. Maliligtas ba tayo sa pamamagitan lamang ng bautismo?

- 8. Tatanggapin ba natin ang mahimalang kaloob ng Espiritu Santo paglatapos ng bautismo?

ARALING 11

**ANG BUHAY KAY
CRISTO**

11.1 Pambungad

Ang bautismo ay nagbibigay sa atin ng tiyak na pag-asa ng pagkakaroon ng buhay na walang hanggan sa kaharian ng Dios. Ang mas higit nating paniwalaan at pahalagahan sa kaharian ng Dios. Ang mas higit nating paniwalaan at pahalagahan ang katiyakan ng pag-asang ito, mas lalong nagiging malinaw na may tiyak na mga pananagutan tayo dahil dito. Ang mga ito ay umiinog sa pamumuhay na angkop sa iang tao na may pag-asa na mabigyan ng banal na kalikasan ng Dios (2 Ped. 1:4), at talagang maging kabahagi ng kaniyang Panginoon (Apoc. 3:12) dahil sa pagiging walang - kapintasan sa anomang bagay.

Ipinangako namin sa Aralin 10.3 na pagkatapos ng bautismo tayo ay nakapangako na isang uri ng pamumuhay na palaging ipinapako ang ating dating pagkatao - ating masamang kalikasan (Roma 6:6). Maliban na maluwa sa kalooban natin na gawin ito, ang bautismo ay nagiging walang -kabuluhan. Ang bautismo ay dapat na isagawa lamang kapag ang isang tao ay handa ng tanggapin ang mga pananagutan ng isang bagong uri ng pamumuhay na susunod matapos ang bautismo.

Sa bautismo ay mamatay na sa datihang uri ng pamumuhay, at tayo ay para bagang nabubuhay na muli ngunit para lamang kay Cristo. "Kung tayo nga'y muling binuhay na kalakip ni Cristo. (sa bautismo) ay hanapin ang mga bagay na nangasa itaas, huwag sa mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa. Sapagkat kayo'y nangamatay na...Patayin nga ninyo ang ...pakikiapid,karumihan...kasakiman" (Col. 3:1-5). Pagkatapos ng bautismo ipinangako natin ang ating sarili sa isang uri ng pamumuhay na nakikita ang mga bagay mula sa nakalangit na pananaw ng Dios, pag-iisip tungkol sa maka-langit (i.e. banal) na mga bagay, at pinapalitan natin ang ating maka-lupang ambisyon na mapagtagumpayan ang ating pagkahilig sa makalaman na mga gawain upang sa gayon ay makapasok tayo sa Kaharian ng Dios.

Ang hilig ng kalikasan ng tao ay ang magpakita ng sigla para sundin ang Dios sa simula lamang. Maliit na nagpapaalala ang Dios laban sa ganitong gawi. Ayon sa mga utos ng Dios, sinabi niya "na kung gawin ng tao ay nabubuhay sa mga yaon" (Ezek. 20:2). Kung nalalaman natin ang mga utos ng Dios, at nagsimulang sundin ang mga ito sa bautismo, dapat na ipangako natin na mamumuhay tayo ng habang - buhay na siinusunod ang mga ito.

11.2 Kabanalan

"Banal, banal, banal ang Apnginoon" (Isaias 6:3) ang tatlong ulit na pagbibigay-diin sa salitang talatang ito ay isa sa napakaraming mga talata na nagbibigay diin sa kabanalan ng Dios.

Ang "kabanalan" ay may pangunahing kahulugan na "pagkakahiwalay" – pagkakahiwalay mula sa mga bagay na hindi banal tungo sa banal na mga bagay. Tayo ay inaaanyayahan na maging "magsitulad sa Dios" na gaya ng mga anak (Ef. 5:1) dahil dito "yamang banal ang sa inyo'y tumawag, ay mangagbanal naman kayo sa lahat ng paraan ng pamumuhay; sapagkat nasusulat, kayo'y mangagpakabanal; sapagkat ako'y banal" (1 Ped.,. 1:15,16; Lev. 11:44).

Ang Israel ay tinawag palabas ng Egipto sa pamamagitan ng kanilang bautismo sa Dagat na Mapula upang maging “isang banal na bansa” (Exod. 19:6). Pagkatapos ng bautismo, ang mga miyembro ng espirituwal na Israel ay tinatawag din ng “isang banal na pagtawag” (2 Tim. 1:9). Pagkatapos ng bautismo tayo ay nagiging “alipin” sa ibabanal” (Rom. 6:19,22).

Dahil ang kabanalan ay sadyang pangunahing bahagi ng Dios, kaya ito ay dapat na maging isang pangunahing tungkulin ng lahat ng mga taong nagsisikap na maging “katulad ng Dios”. Kung ito ay ating gagawin, tayo ay magiging “kabahagi ng kaniyang kabanalan’ kapag tayo ay pinagkalooban ng kaniyang banal na kalikasan (Heb. 12:10; 2 Ped. 1:4). Kung gayon kapag walang kabanalan sa buhay ito ang isang mananampalataya hindi siya “makakita sa Panginoon” (Heb. 12:14) – i.e. hindi niya maartng makita ang Dios at makipag-ugnayan sa Kaniya ng personal doon sa Kaharian kung siya ay hindi nagpakita sa kabanalan sa buhay na ito.

Dahil dito ay binigyan ng isang dakilang pag-asa, nangangahulugan ito na kailangang maging hiwalay tayo sa sanglibutan na walang pag-asang ganito, naging hiwalay hangang sa maging kabahagi tayo ng banal na kalikasan ng Dios. Kaya ang ating “pagkakahiwalay” ay hindi dapat madama bilang isang bagay na ipinipilit sa atin; dahil sa pagkakahiwalay natin hanggang sa dakilang pagtawag at pag-asang ito, bagkus dapat na maging likas para sa sa atin madama na tayo ay talagang hiwalay sa mga bagay ng sanglibutan, sapagkat ang lahat ng mga bagay sa sanglibutan

ay pinangingibabawan ng makalamang mga panuntunan na salungat sa layunin ng Dios.

Ngayon ay ating pag-aaralan ang ilang mga bagay na dapat na madama nating hiwalay mula sa mga ito, at pagkatapos sa Aralin 11.3 pag-aaralan natin kung paano ang inihihiwalay natin tungkol sa mga bagay-bagay ng sanglibutan.

Ang Paggamit Ng Hukbo

Tayo ay nabubuhay sa isang sanglibutan na pinangingibabawan ng kasalanan. Nakita natin sa Aralin 6.1 na ang pantaong pamahalaan ay maaaring tawaging “ang diablo” ng Biblia.

Paulit-ulit ang mensahe ng Biblia na sa maikling panahon , ang kasalanan at ang binhi ng ahas ay lilitaw sa tagumpay, habang pansamanatalang naghihirap sa iba’t ibang pamamaraan ang binhi ng babae, ngunit sa bandang huli sila ay mabibigyan ng katarungan. Dahilan dito kaya ang mga mananampalataya ay patuloy na inuutusan na : “huwag kayong makilaban sa masamang tao” (Mat. 5:39; Rom. 1 Tes. 5:15; 1 Ped. 3:9).

Napag-aralan na natin na ang masama ay ipinapahintulot at ibinibigay sa Dios (Isa. 45:7; Am. 3:6; cp. Aralin 6.10. ang talatang makilaban sa masama ay ang makipaglaban laban sa Dios kung gayon. Dahil dito kaya tayo ay inutusan ni Jesus na huwag pisikal na makilaban sa kapangyarihan ng masa: “Sinomang sa iyo’y sumampal sa kanan mong pisngi iharap mo naman sa kaniya ang kabila. At sa magibig na ikaw ay ipagsakdal, at kunin sa iyo an giyong tunika, ay iwaan mo rin naman sa kaniya ang iyong balabal” (Mat. 5:39-40). Si Cristo ang siyang halimbawa tungkol dito: “Aking ipinain ang aking likod sa mga mananakit...” (Isa. 50:6).

Iniuugnay ng mga salita ni Cristo na ang magsakdal sa batas ng sanglibutan na salungat sa mananampalataya ay hindi dapat. Ang paggawa nito ay isang halimbawa ng paglaban sa masama, a t hindi gagawin ng sinoman na may matibay na pananampalataya sa pangako ng Dios na “Akin ang paghihiganti; Ako ang gaganti, sabi ng Panginoon” (Rom. 12:19). “Huwag mong sabihin, Ako’y gaganti ng kasamaan: Maghintay ka sa Panginoon at kaniyang ililigtas ” (Kaw. 22:22 cp. Duet. 32:35). Dahil dito kaya pinagsabihan ni Apostol Pablo ang mga Taga Corinto sapagkat ang iba sa kanila ay nagsakdal sa kapatid (1 Cor. 6:1-7).

Dahil sa kadakilaan ng ating pag-asa hindi tayo dapat labis na mabahala sa mga kawalan ng katarungan sa kasalukuyang pamumuhay na ito: “Nangangahas baga ang sinoman sa

inyo, kung mayroon anomang abgay laban sa iba, siya ay magsaskdal...o hindi baga ninyo nalalaman na ang mga banal ay magsisihatol a iba, ito man ay dahil sa alitan tungkol sa lupa, tungkol sa diborsiyo, ay hindi maisip gawin ng isang tunay na mananampalataya kung gayon.

Upang sugpuin ang kapangyarihan ng masama, gayon din (sa ibang mga kaso) upang panatilihin ang masasamang tao sa kapangyarihan ang militar at ang pulisya ay ginagamit ng pantaong pamahalaan. Ang mga ito ay isang institusyunal na mga anyo ng paglaban sa masama, kaya ang tunay na mga mananampalataya ay hindi dapat na maging kabahagi ng mga ito. “Ang lahat ng nangatatangan ng tabak ay sa tabak mangangamatay” (Mat. 26:52). Ito ay paulit-ulit ng isang sinaunang panuntunan ng Dios na: “Ang magbubo ng dugo ng tao, sa pamamagitan ng dugo ng tao ay mabububo ang kaniyang dugo: sapagkat sa larawan ng Dios nilalang ang tao’ (Gen. 9:6). Ang anomang sinasadyang karahasan laban ating kapwa ay karahasan laban sa Dios; kung gayon maliban na lamang kung ito ay pahihintulutan ng Dios.

Sa ilalim ng pananampalatayang Cristiano, tayo pinagsabihan na, “Ibigin ninyo ang inyong kaaway, at idadalangin ninyo ang sa inyo’y nagsisiusig” (Mat. 5:44; Luc. 6:27)>. Ang hukbong sandatahan at ang pulisya ay kumikilos na tuwirang may pagsalungat sa mga panuntunang ito at dahil dito kaya ang isang tunay na mananampalataya ay iiawasan amg lahat ng

uri ng pagsapi sa mga ito. Kahit na hindi tuwirang kasangkot sa paggawa ng karahasan, ang magtrabaho na may kaugnayan sa mga ito, ay maliwanag na hindi nararapat; tunay, ba anomang trabaho na kinapalolooban ng panunumpa ng katapatan sa gayong awtoridad ay umaagaw sa ating kalayaan ng budhi na sundin ang mga utos ng Dios. Dahil dito ang tunay na mananampalataya ay palaging nagiging matapat na tumututol sa paglilingkod sa militar at sa pulisiya sa anomang anyo, subalit palaging nakahanda na kumuha ng kapalit na gawain sa panahon ng pambansang kagipitan na makakatulong ng malaki sa kaniyang kapuwa tao.

Pulitika

Ang isang malinaw na kaunawaan at matibay na pananampalataya sa darating na kaharian ng Dios ay nangangahulugan na tatanggapin natin ang pantaong Pamahalaan ay hindi kayang magdala ng isang uri ng pamumuhay na walang maipipintas. Ang anomang pagkakasangkot sa pulitika ay hindi naaayon kung gayon sa pag-asa tungkol sa Kaharian. Si Jesus ay nagpropesiya na ang mga bagay ay lulubha mula sa masama tungo sa lalong masama sa “huling araw” bago ang kaniyang pagparito (Luc. 21:9-11, 25-27). Hindi maaaring pagsabayin ang paniniwala sa mga salita ni Jesus at ang pagtatangka na pabutihin ang kalagayan ng sanglibutan sa pamamagitan ng pulitika at pantulong ng ahensiya. Ang talinghaga tungkol sa mabuting

Samaritano ay nagpapahiwatig kung paano tutulungan ng mga Cristiano ang sanglibutan – ang gumawa ng mabuti sa lahat ng tao habang ipinapahintulot ng pagkakataon (Gal. 6:10).

Ang nasusulat tungkol sa sinaunang mga mananampalataya ay nagpapakita na sila ay nangako na mamuhay ng isang espirituwal na uri ng pamumuhay sa pag-asam sa pagbabalik ni Cristo, higit sa lahat ipinahayag nila ang kanilang pagmamalasakit para sa mga taong nakapaligid sa kaniya sa pamamagitan ng pangangaral ng Evangelio sa mga ito. Walang nasusulat ba sila ay nagsalita tungkol sa panlipunan, pangkabuhayan ay pampulitikang mga suliranin ng sanglibutan na nasa paligid nila.

“hindi para sa taong lulmalakad ang magtuwid ng kaniyang hakbang” (Jer. 10:23); ang pagkilala sa kasamaan ng kalikasan ng tao ay nangangahulugan na tatanggapin natin na ang pantaong pamumuno ay hindi naaangkop para sa mga lingkod ng Dios. Ang pagboto kung ayon ay hindi naaayon sa tunay na kaunawaan tungkol dito. “ang kataas-taasan ay nagpupuno sa kaharian ng mga tao, at ibibigay sa kanino mang kaniyang ibig” (Dan. 4:32). Ang mga kapangyarihan ng mga taong namumuno ay ibinigay ng Dios (Rom. 13:1) ang bumoto sa isang demokratikong sistema ay maaaring kapalooban kung gayon ng pagboto sa isang taong pinili ng Dios upang mamuno. Kaya nasusulat na ibinigay ng Dios ang

ialng mga bansa sa pamamahala ni Nabucodonosor ang hari ng Babilonia (Jer. 27:5,6).

Dahil sa ating paniniwala na ibinibigay ng Dios ang mga bansa sa mga kamay ng kanilang mga pinuno, kaya dapat ay maging maingat tayo na maging huwarang mamamayan, sumusunod sa mga batas ng bansa na ating pinaninirahan, maliban kung ito ay salungat sa mga utos ni Cristo. “Ang bawat kaluluwa ay pasakop sa matataas na kapangyarihan. Ang mga kapangyarihang ito ay hinirang ng Dios...dahil dito ay nagsisipagbayad naman kayo ng buwis...ibigay ninyo sa lahat ang sa kanila ay nararapat: buwis sa dapat buwisan...puri sa dapat na papurihan” (Rom. 13:1-7).

Ang pagkakasangkot ng kung tawagin ay Cristianong mga organisasyon sa pampulitakng protesta at mga tax-boycot ay isang indikasyon, kung gayon ng kanilang pagwawalang bahala tungkol sa pangunahing mga panuntunang ito mula sa Biblia. Gayunman ang halimbawa ni Pedro na patuloy na ipinangaral si Cristo kahit na siya ay pinagbabawalan ng Pamahalaan na gawin yaon, ay isang palatandaan kung paano natin maaaring sundin ang mga utos ng tao kapag ang mga ito ay hindi salungat sa mga utos ni Cristo: “Kung katuwiran sa paningin ng Dios na makinig man sa inyo kaysa Dios, inyong hatulan” (Gaw. 4:17-20; 5:28-29).

Ang attitude ng mga Christadelphian tungkol sa sapilitang paglilingkod sa militar sa nagdaang mga taon ay isa pang halimbawa nito.

Nakasanglibutang Mga Kasiyahan

Dahil sa kakulangan ng tunay na pakikipag-ugnayan sa Dios at gayon din dahil sa kakulangan ng pag-asa para sa hinaharap. Kaya ang sanglibutan ay bumalangkas ng di mabilang na anyo ng mga bagay na makakapagbigay sa kanila ng kasiyahan. Dapat na iwasan ng mga taong nagsisikap na magkaroon ng espirtual na pag-iisip ang mga taong naghahangad na bigyang –kasiyahan ang laman. Ang “laman ay nagnanasa ng espiritu at ang espiritu ay laban sa laman” (Gal.5:17). Dahil sa pagsalungat na ito kaya imposibleng idahilan na nararapat na magbigay daan sa laman sapagkat sinunod naman ang Espiritu. Ang sanglibutan ay may kaanyuan na naliligid sa “masamang pita ng laman” at ng masasamang pita ng mga mata at ang kapalaluan sa buhay” (1 Jun 2:16).”Sinomang mag-ibig na amging kaibigan ng sanglibutan ay nagiging kaaway ng Dios” (Sant. 4:4). Ang pagkakaroon ng mga kaibigan na makasanglibutan, ang panonood ng maka-sanglibutang mga palabas etc. ay pagiging “kaibigan ng sanglibutan”. Ang mga pagnanasa ng sanglibutan ay malapit ng lumipas at yaong mga pumapanig sa sanglibutan sa buhay na ito ay lilipas na kasama nito (1 Jn. 2:15-17). “ang sanglibutan (i.e. lipunan) ng masasama” ay lilipulin sa

ikalawang pagparito ng ating Panginoong JesuCristo (2 Ped. 2:5), sapagkat “ang boong sanglibutan ay nakahilig sa masama” (1 Jn. 5:19).Upang maiwasan natin ang pagkalipol na yaon, kinakailangang hindi tayo maging “taga sanglibutan” (Jn. 17:16 cp. Apoc. 18:4).

Marami sa mga pamamaraan ng sanglibutan upang magbigay – kasiyahan sa laman ay kinabibilangan ng paggawa ng mga bagay na nagdudulot ng panganib sa kalusugan: ang paninigarilyo, paggamit ng mga ipinagbabawal na gamot at ang labis na pag-inom ng alak ay mga halimbawa nito. Ang ating pisikal na kalusugan, ang ating pera, ang lahat ng mga bagay na mayroon tayo, ay pag-aari ng Dios. Kaya dahil dito wala tayong kalayaang gamitin ang mga ito sa kaparaanang nais natin. Bagkus dapat tayong kumilos bilang tagpamahala ng anomang ibinigay sa atin ng Dios. Sapagkat tayo ay hihingan na magbigay ng salaysay tungkol sa ating pamamahala ng mga ito doon sa hukuman ni Cristo (Luc. 19:12-16). Ang mga gawi tulad ng paninigarilyo at pag-inom ng alak ay kapwa mga pag-abuso sa ating pananalapi at kalusugan. “Hindi бага ninyo nalalaman na kayo’y templo ng Dios, at ang espiritu ng Dios ay nananahan sa inyo? Kung gibain ng sinoman ang templo ng Dios, siya ay igigiba ng Dios...ang inyong katawan ay templo ng Espiritu santo na nasa inyo...hindi kayo sa inyong sarili...sapagkat kayo’y binili sa halaga: luwalhatiin nga ninyo ang inyong katawan ang Dios” (1 Cor. 3:16-17; 6:19,20). Ang pag-abuso sa katawan kung gayon sa pamamagitan ng mga masasamang gawi ng paninigarilyo ay malubhang bagay. Gayunman, kinikilala na

kung ang mga gawain tulad nito ay nakasanayan na bago pa ang pagbabalik – loob sa Dios, maaaring posible na maaalis ito agad-agad. Ngunit ang inaasahan sa kanila ay ang tanggapin nila ang kasamaan ng mga gawing yaon, at inaasahan din na ang isang tunay na pagsisikap ay ginagawa upang tigilan na ang mga iyon. Ang mga kahirapan ng pamumuhay ay dapat na maging matugunan sa pamamagitan ng Salita ng Dios at pananalangin sa halip na sa anomang uri ng libangan na makasanglibutan.

11.3 Isinasagawang Pamumuhay Cristiano

Pag-Aaral Ng Biblia

Pagkatapos ng bautismo, tayo dapat nasa magkaroon ng “bunga sa ikababanal”, at mamuhay na pinangungunahan ng espiritu sa halip ng laman (Rom. 6:22; 8:11; Gal. 5:16,25). Sa pamamagitan ng Salita ng Dios na tumatahan sa atin kaya tayo magkakaroon ng espirituwal na bunga (Jn. 15:7,8). Pinag-aralan na natin na tayo ay pinangungunahan ng espiritu sa pakahulugan na ang Espiritu ng Dios ay ang kaniyang Salita. Dapat manatiling malapit sa salitang yaon sa pamamagitan ng palagiang pagbabasa at pag-aaral ng Biblia sa boong buhay natin.

Ang isang masusing pag-aaral ng salita ng Dios ay ang resulta na malaman ng isang tao ng bautismo at dahil dito kaya tinutupad niya ito. Ang prosesong ito na nagpapahintulot na maimpluwesiya ng Salita ng Dios ang ating pagkilos at bigyang direksiyon nito ang buhay ay dapat na magpatuloy ang ating bautismo ay unang hakbang para sa isang panghabang – buhay na pagsunod sa salita ng Dios. Ngunit may isang tunay na panganib tungkol sa kasanayan sa Biblia din sa pangunahing mga katuruan tungkol sa Evangelio, na siyang nagbibigay daan upang ang Salita ng Dios ay hindi maka-impluwensiya sa atin: posible na basahin natin ang mga Salita ng Dios ngunit ang mga ito ay wala ng epekto sa atin (tingnan ang Appendix 2). Dahil dito kaya mabuting umusal ng maikling panalangin bago ang bawat pagbabasa ng mga kasulatan: “Idilat mo ang aking mga mata upang ako’y makakita ng kagilagilalas na mga bagay sa iyong kautusan” (Awit 119:18).

Ang Salita ng Dios ay dapat na maging pagkain natin sa araw-araw tunay na ating pagtitwala at ang pagnanasa dito, ay dapat na mas nakakahigit kaysa sa likas na gana natin sa natural na pagkain: “Aking pinagyaman ang mga salita ng kaniyang bibig ng higit kaysa aking kailangang pagkain” ito ang pakiramdam ni Job noon (Job 23:12). Gayon rin si Jeremias “Ang iyong salita ay nangasumpungan, at aking kinain; at ang iyong salita sa ganang akin ay katuwaan at kagalakan sa aking puso” (Jer. 15:16). Ang mag-laan ng oras sa bawat araw para sa palagiang pagbabasa ng Biblia ay mahalagang bagay kung gayon na dapat gawin sa ating pang-araw-araw na pamumuhay. Ang isang tuloy-tuloy na pag-aaral ng Biblia sa

loob ng 30 minuto tuwing umaga ay tiyak na magbibigay sa atin sa bawat araw ng tamang umpisa. Ang ganitong gawi na nagpapalago ng ating pananampalataya ay kapaki-pakinabang sa araw ng paghuhukom. Upang maiwasan ang likas napagkahilig na basahin lamang yaong mga bahagi ng Kasulatan na natural na nakaaakit sa atin, ang mga Christadelphian ay guamwa ng isng sistema ng pagbabasa na tinawag na “The Bible Companion” (makahihingi ng kopya nito mula sa tagalathala ng aklat na ito). Ito ay nagbibigay ng bilang ng mga kabanata na babasahin ng dalawang ulit ng Matandang Tipan ay isa sa loob ng isang taon. Habang binabasa natin an mga kabanata sa araw-araw makakakuha tayo ng kasiglahan mula sa kaalaman na libo-libong mga mananampalataya ay nagbabasa rin ng kaparehong mga kabanaata ng Biblia. Kaya kahit na kailanman tayo magkatagpo o magkita tayo ay mayroong agad-agad na pagkakaisa; ang mga kabanata na ating binabasa ang siyang dapat na maging batayan ng ating mga pag-uusap.

Panalangin

Ang isa pang mahalaagng kaugalian na dapat paunlarin ay ang ating pananalangin. Dahil tayo ay pinaaalalahanan na may “isang tagapamagitan sa Dios at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus. Na ibinigay ang kaniyang sarili na pangtubos sa lahat”, ipinaintindi ni Pablo ang kapaki-pakinabang na resulta ng kaunawaan tungkol sa mga gawa ni Cristo: “Sapagkat

tayo'y walang dakilang sacerdote na hindi maaaring mahabag sa ating kahinaan kundi isa na tinukso sa lahat ng mga paraan gaya rin naman natin, gayon may walang kasalanan. Magsilapit nga tayong may pagkakatiwala sa luklukan ng biyaya, upang tayo'y magsipagtamo ng awa, at makasumpong ng biyaya upang tumulong sa panahon ng pangangailangan” (Heb. 4:15,16). Ang pagkilalang si Cristo ang ating dakilang sacerdote na siyang nag-aalay ng ating mga panalangin na may kapangyarihan sa Dios, ay dapat na magbigay inspirasyon sa atin upang palaging manalangin ng may pananampalataya. Gayunman, ang pananalangin ay hindi lamang dapat na isang “listahan ng mga gusto” na hinihiling sa Dios, bagkus ito ay dapat na kapalooban din ng pasasalamat para sa ating mga pagkain bago tayo kumain, gayon din ng paghingi ng patnubay ng Dios para sa ligtas na mga paglalakbay etc. ang mga ito ay dapat na bumuo ng mahalagang bahagi ng ating mga pananalangin.

Ang pagbibigay ng ating mga suliranin sa harapan ng Panginoon sa pamamagitan ng pananalangin ay magbibigay sa atin ng malaking kaginhawaan at pakiramdam na kapayapaan: “sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng panalangin at daing na may pasasalamat ay ipakikilala ninyo ang inyong mga kahilingan sa Dios. At ang kapayapaan ng Dios na di masayod ng pag-iisip ay ma-iingat ng inyong mga puso at ng inyong pag-iisip kay Cristo Jesus” (Fil. 4:6,7).

Kung ang ating panalangin ay ayon sa kalooban ng Dios, ang mga ito ay tutugunin (1 Jn. 5:14). Maaari nating malaman ang kalooban ng Dios sa pamamagitan ng ating pag-aaral ng kaniyang salita na nagpapahayag sa atin ng kaniyang Espiritu/pag-iisip. Kung gayon ang ating pag-aaral ng Biblia ay dapat na magturo sa atin kung paano mananalangin at kung ano ang ipapanalangin, dahil dito kaya ginagawang makapangyrihan ang ating mga pananalangin. Kaya “Kung ...ang mga salita ko’y magsipangatili sa inyo, ay hingin ninyo ang anomang iyong ibigin, at gagawin sa inyo” (Jn. 15:7).

Maraming halimbawa tungkol sa palagiang pananalangin na nasa Kasulatan (Awit 119:164; Dan. 6:10). Ang panalangin sa umaga at gabi gayon din ang maikling pananalangin ng pagpapasalamat bago kumain ay dapat na maunawaan na sapat lamang at pinakakaunti.

Pangangaral

Isa sa malaking tukso na lumilitaw mula sa kaalaman tungkol sa tunay na Dios ay ang maingng espirituwal na makasarili. Maaaring labis tayong nasiyahan sa ating personal na relasyon sa Dios at buhos na buhos ang ating isip sa pansariling pag-aaral ng Biblia, at pagiging may kabanalan, kaya posibleng mapabayaan natin na ibahagi sa iba ang mga bagay na ito –

sa ating kapwa mananampalataya at sa mga tao sa ating mga kapaligiran. Ang salita ng Dios at ang tunay na Evangelio na matatagpuan dito, ay itinulad sa isang ilawan na nagliliwanag sa kadiliman (Awit 119:105; Kaw. 4:18). Sinabi ni Jesus na ang sinoman na may gayong ilawan ang maglalagay nito sa ilalim ng isang takalan, bagkus ito ay lantarang ipinapakita (Mat. 5:15). “ay ang ilaw ng sanglibutan” dahilan sa bautismo kay Cristo, “ng ilaw ng sanglibutan” (Mat. 4:14; Jn. 8:12). “Isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago”, patuloy na sinabi ni Cristo” (Mat. 5:14). Kung tayo ay talagang mamumuhay ng isang uri ng pamumuhay na ayon sa tunay na Evangelio na ating nauunawaan, ang ating “kabanalan” ay dapat na maging maliwanag na nakikita ng mga taong kasama natin na namumuhay. Hindi natin maaaring ikaila ang katotohanang tayo ay “inihiwalay hanggang” sa pag-asa tungkol sa kaharian at tayo ay hiwalay na rin mula sa maka-sanglibutang mga gawain.

Sa mataktikang pamamaraan dapat nating hangarin na ibahagi ang kaalaman natin tungkol sa katotohanan sa mga taong ating nakakaharap: na ibinabaling ang mga pag-uusap tungo sa mga bagay na pang-espirituwal; tinatalakay ang katuruan ng Biblia at naglalagay ng kahit na maliit na mga anunsiyo sa ating lokal na media, ang lahat mga ito ay pamamaraan na magbibigay ng higit na liwanag sa ating ilaw. Hindi natin dapat na isipin na maaari nating ipaubaya na lamang sa ibang mananampalataya ang gawin ang pangngaral, sapagkat bawat isa sa atin ay may pananagutan. Ang ikukumpara sa ibang mga grupo ang mga Christadelphian ay may iilan lamang

pangmalakihang pangangaral. Subalit ang bawat isa sa amin ay gumagawa ng ating makakaya upang ipangaral ang Evangelio sa ibang tao sa ating sariling gastos.

Isa sa pinakatagumpay na pamamaraan ng pangangaral ay sa pamamagitan ng pagpapaliwanang ng ating mga paniniwala sa ating pamilya at sa mga taong ating anakkaharap. Yaong may mga asawa na hindi mananamapalataya ay dapat na ipaliwanag ang kanilang paniniwala sa kanila. Bagaman ito ay nagawa na hindi mabuti na palaging sabihin ang paksang ito gumamit ng pamimilit sa kanila. Ang pinilit na mga tao upang magbalik loob sa Dios ay hindi nanaisin ng Dios. Ang ating tungkulin ay ipangaral ang katotohanan ng walang masyadong pag-aalala tungkol sa dami ng pagtugon dito. Tayo ay malaking pananagutan upang gawin ang ang pangangaral na ito. (Ezek. 3:17-21); kapag si Cristo ay dumating sa sa panahon “mapapasa bukid ang dalawang lalake; ang isa ay kukunin at ang isa ay iiwan” (Luc. 17:36). Tunay na kakatawa kung hindi tayo nagsalita sa ating pamilya at kasamahan sa trabaho tungkol sa ikalawang pagparito ni Cristo kapag nangyari na ang bagay na ito.

Pamumuhay Sa Iglesia

Sa araling ito pinag-uusapan natin ang tungkol sa ating pansariling espirtual na mga pananagutan. Gayunman, may

mga tungkulin tayo na makipagtipon ng sama-sama sa ibang taong may kagaya nating pananampalataya at pag-asa. Muli, ang bagay na ito ay dapat na natural nating ninanais gawin. Ipinakita na namin na pagkatapos ng bautismo tayo ay pumapasok sa isang uri ng paglalakbay sa ilang patungo sa kaharian . Kaya natural lamang ba dapat na tayong magnais na makipagkita sa ating manlalakbay. Tayo ay namumuhay na sa ngayon sa huling mga araw bago ang pagparito ni Cristo; upang mapagtagumpayan ang maraming mahihirap na mga pagsubok na umaatake sa atin sa panahong ito, kinakailangan nating makisama sa mga tao na katulad natin ang kalagayan: “Huwag nating pabayaang ang ating pagkakatipon...kundi mangangaralan sa isa’t-isa; at lalo na kung inyong namamalas na malapit na ang araw” (ng ikalawang pagparito ni Cristo Heb. 10:25; cp. Mal. 3:16). Dahil dito kaya nag mga mananampalataya ay dapat na magsikap na makipag-ugnayan sa bawat isa sa pamamagitan ng mga sulat at paglalakbay upang makipagtipon sa isa’t-isa at makibahagi sa pag-aaaral ng Biblia, at upang alalahanin ang Panginoong Jesus sa pagputol-putol ng tinapay at pag-sip-sip ng alak at gayon din upang ipangaral ang Evangelio.

Ang bawat isa sa atin ay “tinawag mula” sa sanglibutang tungo sa dakilang pag-asa ng Kaharian. Ang salitang “banal” ay nangangahulugan ng “isang taong tinawag” at maaring tumukoy sa lahat tunay na mga mananampalataya. Ang salitang Griego na “ecclesia” na isinalin sa Tagalog bilang iglesia ay nangangahulugan na “isang pagkakatipon ng mga tinawag” , i.e. mga mananampalataya. Kung gayon ang

iglesiya na tumutukoy sa grupo ng mga mananampalataya, sa halip na pisikal na gusali kung saan sila ay nagtitipon. Ang mga Christadelphian ay ginagamit ang salitang “ecclesia” upang tukuyin ang kanilang iglesiya.

Saan mang lugar na may mga mananampalataya, makatuwiran lamang na sila ay maghanap ng isang pook na palagiang pagtitipunan. Ito ay maaaring sa bahay ng isang mananampalataya o sa isang inuupahang bulwagan. Ang mga “ecclesia” ng Christadelphian sa buong mundo ay nagtitipon-tipon sa mga pook tulad ng community center, sariling bulwagan na kanilang itinayo, hotel conference room at pribadong mga bahay. Ang layunin ng isang ecclesia ay palaguin ang pananampalataya ng mga miyembro nito sa isang pamamagitan ng sama-samang pag-aaral ng Biblia; at upang sama-smang maging saksi sa sanglibutan sa pamamagitan ng kanilang ilaw na naliliwanag dahil sa pangangaral ng Evangelio. Ang isang kaugaliang schedule para sa isang Christadelphian ecclesia ay gaya nito:

Linggo	11 a.m.	Pagtitipon para sa pagputol-putol ng tinapay at pag-sipsip ng alak sa pag-alaala sa Panginoong Jesus.
	6 p.m.	Pampublikong gawain ng

pangangaral

Miyerkules 8 p.m. Pag-aaral ng Biblia

Ang iglesiay ay bahagi ng pamilya ng Dios. Sa kahit saang malapit na komunidad ang bawat miyembro ay kinakailangang maging sensitibo at mapagkumbaba sa iba; si Cristo mismo ang siyang pinakadakilang huwaran ukol dito. Sa kabila ng kaniyang malinaw na pangigingibabaw na espirituwal siya ay kumilos bilang isang “Alipin ng lahat” hinugasan niya ang mga paa ng mga alagad, bagaman ang mga iyon ay nagtatalo sa kanilang mga sarili kung sino ang pinakadakila sa kanila. Tayo ay inuutusan ni Jesus na sundin ang kaniyang huwaran ukol dito (Jn. 13;14,15; Mat. 20:25-28).

Dahil sa ngayon ang mahimalang kaloob ng Espiritu Santo ay binawi na, kaya wala nang lugar para sa mga “matanda” gaya ng sinaunang iglesiya; “sapagkat iisa ang inyong guro, a t kayong lahat ay magkakapatid” (Mat. 23:8). Dahil dito kaya ang mga Christadelphian ay tinatawag ang isat-isa bilang “kapatid” at sila ay nagtatawagan ng kanilang unang pangalan kahit na ibat-iba ang kanilang kalagayan sa iglesia nila. Subalit may malinaw na paggalng para sa mga kapatiran na may kaunawaan na tungkol sa tunay na Dios sa loob ng maraming taon; o sa mga mabilis na naging “matured” tungkol sa mga bagay naespirituwal dahil sa kanilang “commitment” sa salita ng Dios. Ang mga payo ng mga mananampalataya na

gaya nila ay labis na pinahahalagahan ng mga naghahangad na sundin ang salita ng Dios. Gayunman, pakikinggan lamang nila ang payo ng ibang mananapataya kung iyon ay wastong paglalarawan ng Salita ng Dios.

Ang mga pagtuturo na ibinigay sa iglesia ay maliwanag na dapat na nababatay sa Salita ng Dios. Yaong mga gumagawa ng mga pagsasalita sa publiko sa loob ng iglesia ay inilalarawan ang Dios at sila ay nagsasalita sa pangalan ng Dios. Dahil ang Dios ay lalake, kaya mauunawaaan na tanging ang mga lalake lamang sa mga kapatiran ang dapat na gumawa ng pagtuturo sa publiko mula sa mga Salita ng Dios. Ang 1 Cor. 13:34 ay malinaw na nagsalita ukol dito: “ang mga babae ay magsitahimik sa mga iglesya: sapagkat sila ay walang kapahintulatang mangagsalita”. Sa 1 Tim. 2:11-15 ay sinabi na ang dahilan kaya ganito ay dahil sa pangyayari doon sa halamanan ng Eden. Tinuruan ni Eva si Adam na magkasala, hindi na dapat na turuan ng babae ang lalake ngayon. Ang katotohanan na unang nilikha ng Dios si Adam kaysa kay Eva ay isang tanda na “ang pangulo ng babae ay ang lalake” (1 Cor. 11:3),a t dahil dito kaya ang lalake ang siyang espirituwal na mamuno sa babae at hindi ang babae sa lalake.

Kaya ang mga bagay na ito, “ang babae’y mag-aral na tumahimik na may boong pagkapasakop. Ngunit hindi ko ipinahihintulot na ang babae ay magturo, ni magkaroon ng

pamumuno sa lalake, kundi tumahimik. Sapagkat si Adam ang siyang unang nilalang, saka si Eva; at si Adam ay hindi nadaya kundi ang babae ang nadaya ay nahulog sa pagsalangsang; ngunit ililigtas siya sa pamamagitan ng panganganak, kung sila ay magsipamalagi sa pananampalataya at pag-ibig at pagpapakabanal na may hinahon” (1 Tim. 2;11-15).

Mula dito malinaw na ang Biblia ay nagtatakda ng magkahiwalay na tungkulin para sa lalake at babaeng mga mananampalataya. Ang mga babae ay pinagsabihan sa ilang mga kaso na “Magsipag-asawa...magsipanganak, magsipamahala ng sangbahayanan” (1 Tim. 5;14), ito ay nagpapaghiwatig na ang kanilang katayuan tungkol sa espirtual na pagpupunyagi ay doon sa loob ng tahanan. Ang pampublikong gawain sa iglesiya ay ipinaubaya sa lalake. Ito ay maliwanang na salungat sa “humanistic” na mga teoriya tungkol sa pagkakapantay ng lalake at babae kung saan ang isang babaeng may sariling trabaho ay nagpapahayag ng pagiging kapantay ng kaniyang asawa sa lahat ng bagay at para sa mga kababaihang tulad nito, kung minsan, ang pagkakaroon ng anak ay tila isang kabalahan. Ang tunay na mga mananampalataya ay iiwasan ang ganitong diwa ng kapanahunan ngayon, bagaman sa tuwina ang isang balanse ay kailangan.

Ang asawang lalake ay hindi dapat na maging dominante sa kaniyang asawa bagkus ay ibigin niya ito gaya ng pag-ibig ni Cristo sa atin (Ef. 5:25).

“Kayong mga lalake, magsipamahay kayong kasama ng inyong asawa ayon sa pagkakilala (i.e. tratuhin ang asawa ng mabuti ayon sa kaalaman ng Salita ng Dios) na pakundangan ang babae, na gaya ng marupok na sisidlan, yamang kayo nama’y kasamang tagapagmana ng biyaya ng kabuhayan” (1 Ped. 3:7).

Sa espirituwal na termino, ang bautismo ay ginagawang magkapantay ang lalake at babae (Gal. 3:27, 28 cp. 1 Cor. 11:11). Gayunman hindi nito naapektuhan ang malinaw na panuntunan na “Ang pangulo ng babae ay ang lalake” (1 Cor. 11:3), sa praktikal at espirtual na mga bagay, sa loob man ng tahanan o sa iglesya.

Upang ipakita ang pagkilala tugnkol sa panuntanang ito, ang mga babaeng mananampalataya ay dapat na magsuot ng isang pantakip sa ulo kapag ang isang kapatid na lalake ay nagtuturo mula sa Salita ng Dios. Ito ay pakahulugan na ang isang sombrero o bandana ay dapat na isuot sa lahat ng mga pagtitipontipon sa iglesya. Ang pagkakaiba ng mga tungkulin ng lalake at babae ay dapat na bigyang-diin sa pamamagitan ng kaparaanan ng kaayusan ng kanilang buhok (1 Cor. 11:14-

15). “Ang bawat babaeng nananalangin...na walang lambong ng kaniyang ulo, nawawalan ng puri ang kaniyang ulo(i.e. ang lalake t. 3). Sapagkat gaya rin kung kaniyang inahitan. Sa pagkat kung ang abbae ay walang lambong, ay pagupit naman; ngunit kung kahiya-hiya sababae ang pagupit o paahit, ay maglambong siya...dahil nararapat na ang bababe magkaroon sa kaniyang ulo ng tanda ng kapamahalaan” (1 Cor. 11:5,6,10).

Ang “walang lambong” na ulo ay parang isang ulo na “inahitan” ito ay nagpapakita na ang isang lambong na ulo ay hindi isang ulo na walang buhok. Kung gayon ang isang ulo na may lambong ay hindi isang ulo na may buhok, bagkus ay isang ulo na may sinadyang inilagay na pantakip rito. Kung walang pantakip sa ulo ang isang babae ay hindi siya maaaring umasa sa kaniyang buhok na likas na pantakip sa ulo, sapagkat ito ay kaniyang ginawa siya ay parang wala ring buhok sa paningin ng Dios. Hindi tama para sa isang lalake na magkaroon ng isang lambong sa kaniyang ulo (1 Cor. 11:7). Ito ay hindi tumutukoy sa ang partikular na pantakip na ulo.

Sa kultura noong kapanahunan ng Bagong Tipan ang tanging mga pagkakataon na ang isang abbae ay inaaahit ang kaniyang ulo ay kung siya ay ipinahahayag bilang isang pakakak o isang mangalunya, o kung ipinagdadalamhati niya ang pagkawala ng kaniyang asawa. Kung ang isang babae ay inahitan ng ulo,

nagpapakita ito na nawalan siya ng asawa o ito ay kaniyang itinakwil – i.e. sa simbolo ito ay si Cristo.

Ang babae ay sumasagisag sa iglesia, at ang lalake ay sumasagisag naman kay Cristo. Kaya tulad nang dapat ay gumawa tayo ng sinasadyang kapasiyahan upang matakpan ang ating mga kasalanan sa pamamagitan ni JesuCristo, ay gayon din ang babae na dapat gumawa ng sinasadyang kapasiyahan upang takpan ang kaniyang ulo. Ang pagtitiwala sa kaniyang buhok bilang natural na pantakip sa ulo ay katumbas ng pagtitiwala sa ating sariling katuwiran para maligtas at hindi dahil sa katuwiran ni Cristo.

Dahil ang mahabang buhok ng babae ay “isang kapurihan sa kaniya(na ibinigay ng Dios): sapagkat ang buhok sa kaniya ay ibinigay na pantakip”, ang isang babae ay dapat na pahabain ang kaniyang buhok sa paraaang magbibigay diin na siya ay may pagkakaiba ng istilo ng buhok ng mga lalake at babae ay dapat na gamitin ng babae bilang isang pagkakataon upang bigyang –diin ang kaniyang tungkulin.

Sa mga bagay na ito tungkol sa pagkakaroon ng babae ng mas mahabang buhok kaysa lalake at ang pagsusuot nila ng pantakip sa ulo dapat na maging maingat tayo na huwag gawing isang pagsisimbulo lamang ang mga bagay na ito. Kung ang isang kapatirang babae ay may tunay na banal at

masunuring pagkilos (cp. 1 Ped. 3:5), siya ay pasasakop sa mga kapatirang lalake gaya ng pagpapasakop ng mga mananampalataya kay Cristo, a t siya ay magagalak na ipakita ang pagpapasakop na yaon sa bawat paraan, kasama na ang pagsusuot ng isang pantakip na ulo. Kapag nauunawaaan ang dahilan sa mga utos na ito gaya ng pagkaunawa sa lahat ng mga utos ng Dios, walang pag-aatubili na sumunod sa mga ito.

Sa tuwina ay may palaging gawain para sa mga kapatirang babae sa loob ng iglesia – pagtuturo sa Sunday School at iba pang ,mga tungkulin na hindi kinapapalooban ng pampublikong pagtuturo o pagsasalita. Ang mga kapatirang babae na espirituwal na “matured” na ay maaaring pangunahan ang pagtuturo sa mga nakakababatang kapatirang babae (Tit. 2:3,4; gaya ni Miriam na pinagunahan ang mga babae ng Israel, Exod. 15:20).

Ang Pagpuputol –Putol Ng Tinapay

Ang panalangin at ang pagbabasa ng Biblia, kasama ang palagiang pagsunod sa utos ni Cristo na magputol-putol ng tinapay sa pag-aalala sa kaniyang sakripisyo ay mahalaga. “Gawin ninyo ito sa pag-aala-ala sa akin” (Luc. 22:19). Nais ni Jesus na ang mga tagasunod niya ay palagiang gawin ito hanggang sa kaniyang muling pagparito kapag muli siyang

nakikibahagi ng tinapay at alak sa kanila (1 Cor. 11:26; Lucas 22:16-18).

Ang tinapay ay sumasagisag sa katawan ni Cristo an inialay doon sa krus, at ang alak ay sumasagaisag naman sa kaniyang dugo (1 Cor. 11:23-27). Ang sinaunang mga mananampalataya noon ay maliwanag na tinupad ang seremonyang ito (Gaw. 2:42,46), marahil isang beses isang linggo (Gaw. 20:7). Kung talagang iniibig natin si Cristo, susundin natin ang kaniyang iniuutos (Jn. 15:11-14). Kung tayo ay may isang tunay na personal na relasyon sa kaniya, nanaisin natin na alalahanin ang kaniyang ginawang sakripiso gaya ng kaniyang iniuutos, at ang kaniyang ginawang sakripisyo gaya ng kaniyang iniuutos , at ang pag-aalalang ito ay magbibigay kasiglahan sa atin upang palaguin ang ating pananampalataya sa dakilang kaligtasang yaon na kaniyang natamo. Ang ilang sandali ng tahimik na pagbubulaybulay tungkol sa kaniyang paghihirap doon sa krus ay magbibigay sa atin ng lakas ng loob sapagkat ang mga paghihirap natin ngayon ay walang halaga kung ihambing sa paghihirap ng ating Panginoon.

Ang pagpuputol-putol ng tinapay ay seremonya tungkol sa pag-aalala kay Cristo, ito ay katumbas ng pista ng Paskua sa ilalim ng Kautusan ni Moises (Luc. 22:15; 1 Cor. 5:7,8). Ang pista ng Paskua ay isang paraan ng pag-alala sa dakilang pagpapalaya mula sa Egipto ng bayan ng Israel na ginawa ng

Dios sa pamamagitan ni Moises doon sa Dagat na Mapula. Ang seremonya ng pagputol-putol ng tinapay ay dinadala tayong muli sa sakripisyong ginawa ni Jesus doon sa krus na nagbigay sa atin ng kaligtasan mula sa kasalanan, at tayo ay naging kaugnay nito sa pamamagitan ng bautismo. Kaya ang pagtupad sa utos na ito ng ating Panginoon ay dapat na maging isang bagay na natural na nais nating gawin.

Ang literal na pagkain ng tinapay at pag-inom ng alak ay muling ginagawang tunay ang pag-ibig ni Cristo para sa atin, at ang lahat ng mga bagay tungkol sa ating kaligtasan. Kung ayon ang pagpuputol-putol ng tinapay minsan isang linggo ay isang tanda ng isang malusog na kalagayang espirituwal. Kung ang isang mananampalataya ay hindi magawa ito na kasama ang ibang mananampalataya, ito ay dapat na gawin ng mag-isa. Walang dahilan na dapat ipahintulot upang mapigilan tayo na tuparin ang utos na ito. Dapat na gawin natin ang pagsisikap na magtabi ng panustos na tinapay at alak para sa ating seremonya, bagaman sa matinding mga pagkakataon kahit ang kawalan ng mga ito ay hindi dapat na pumigil sa atin upang alalahanin si Cristo sa itinakdang paraan. si Jesus ay gumamit ng “bunga ng ubas” (Luc. 22:18) at dahil doon kaya dapat tayong gumamit ng pulang alak mula sa ubas.

Ang pagkain at pag-inom ng mga sagisag ng mga paghihirap at sakripisyo ni Cristo y ang pinakamataas na karangalan na maaaring matamo ng isang allake o babae. Ngunit ang pagkain at pag-inom ng mga ito na may hindi tmaang pagpapahaalag sa kung ano ang

sinasagisag ng mga ito ay parans aisang kalapastanganansapagkat “sa tuwing kakanin ninyo ang tinapay na ito, at inuman ninyo ang sarong, ay inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon...Kaya’t ang sinomang kumain ng tinapay o uminom sa sarong ng Panginoon, na di nararapat ay magkakasala sa aktawan at dugo ng Panginoon” (1 Cor. 11:26,27). Ang isang seremonya ukol sa pagpuputol-putol ng tinapay ay dapat na gawin kung gyon sa oras at pook na walang maaaring maging gambala at abala sa katibayan ng pag-iisip ng isang mananampalataya. Maaaring ito ay gawin ng umagang-umaga o sa gabisa siyang silid o ibang angkop na pook. Tayo ay pinaaalalahanan na “siyasatin ng tao ang kaniyang sarili, at saka kumain ng tinapay at uminom ng sarong” (1 Cor. 11:28). Dahil dito kaya dapat na ipirmi natin ang ating pag-iisip sa sakripisyo ni Cristo marahil sa pamamagitan ng pagsulyap sa mga nasusulat sa Evangelio tungkol sa akanaiyang pagpapako sa krus, bago natin kanin at inumin ang mag sumasagisag sa katawan at dugo ng ating Panginoon. Sa pamamagitan ng ating wastong paggawa nito, hindi maiiwasang siyasatin rin antin ang ating sariling budhi.

Ang isang naaangkop na pagkakasunod-sunod para sa pagpuputol ng tinapay ay gaya nito:

1. Panalangin – paghingi ng pagappaal ng Dios para sa pagtitipon; ang kanaiyang pagbubukas saating mga mata sa akanaiyang mga salita; pag-ala-ala sa pangagnaiagnan ng iyang mananampalataya; pagpupuri sa kaniya dahil sa kaniyang pag-ibig, na sadyang ipinakita niya kay Cristo at panalangin tungkol sa anomang partikular na mga bagay.
2. Pagbasa ng bibliya para sa araw na iyon gaya ng nakasaad sa “Bible Companion”.

3. Pagbulay-bulay ang mag aral na matututunan mula sa mga ito o magbasa ng isang “exhortation” – isang pag-aaral ng Biblia ayon sa mga akbanata para sa araw na iyon na amghahahatid sa atin tungo sa layunin ng ating seremonya – ang pag-alaala kay Cristo.
4. Basahin ang 1 Cor. 11:23-29.
5. Ialng sandali ng tahimik na pagsisiyasat sa sarili.
6. Panalangin para sa tinapay.
7. Putol-putulin ang tinapy at kumain ng maliit na piraso nito.
8. Panalangin para sa alak.
9. Sumipsip ng alak.
10. Pangwakas na panalangin

Ang boong seremonya ay maaaring tumagal ng mahigit na isng oras.

11.4 Pag-aasawa

Sisimulan natin ang bahaging ito sa pamamagitan ng pag-aaral sa posisyon ng mga taong walang asawa sa akto ng bautismo. Tinalakay natin sa Aralin 5.3 na kung sila ya mag-aasawa yaon ay doon mag nabautisMuhang mananampalataya lamang. May ilang mga talata sa Biblia, na sinamahan ng mga halimbawa ni Jesus, Pablo at iba pa na magbibigay ng lakas sa mga taong karapadapat sa pagpili na manatiling walang asawa upang lubos na italaga ang kanilang sarili sa gawain ng Panginoon (1 Cor. 7:7-9, 32-38 cp. 2 Tim. 2:4; Mat. 19:11,12,29; Ecc. 9:9). “ngunit kung ikaw ay mag-asawa ay hindi ka nagkakasala” (1 Cor. 7:28). Marami sa mga alagad ay may asawa (1 Cor. 9:5) at ang pag-aasawa gaya ng layunin ng Dios ay hangad upang magbigay ng maraming pisikal at espirituwal na mga kapakinabangan. “Maging marangal sa lahat ng pag-aasawa at huwag nawang magkadungis aang higaan” (Heb. 13:4). “Hindi mabuti na ang lalake at babae ay mag-isa”, maliban na kung siya ay may kakayahan na maisakatuparan ang isang mataas na level ng commitment sa mga bagay na espirituwal at dahil dito kaya hinangad ng Dios na ang lalake ay mag-aasawa (Gen. 2:18-24). Samakatuwid , “Sinomang lalaking nakakasumpong ng asawa ay nakasumpong ng mabuting bagay, at nagtatamo ng lingap sa Panginoon...ang mabait na asawa ay galing sa Pangnoon” (Kaw. 18:22;19:14).

Tayo ay binigyan ng isang balanseng kabuuran tungkol sa kalagayang ito sa 1 Cor. 7:1,2: “Mabuti sa lalake ay huwag humipo sa babe, datapuwat dahil sa pakikiapid, ang bawat lalake ay magkakaroon ng kaniyang sariling asawa at bawat babae ay magkakaroon ng kanilang sariling asawa” (cp. t.9).

Ipinapahiwatig ang mga talatang ito na ang pagkakaroon ng sexual na mga pagnanasa na walang kaysa ay pakikiapid. Ang mga paalaala laban sa pakikiapid (pakikipagtalik ng taong hindi kasal) pangangalunya (pakikipagtalik ng isa o ng parehong pareha ngunit sila ay kasal na sa iba) at anomang uri ng immoralidad ay malimit na sinabi sa boong Bagong Tipan halos lahat ng mga kalatas ay naglalaman ng mga ito. Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga ito: (Gaw. 15:20; Rom. 1:29; 1 Cor. 6:9-18; 10:8; 2 Cor.12:21; Gal. 5:19; Ef. 5:3; Col. 3:5; 1 Tes. 4:3; Judas 7; 1 Ped. 4:3; Apoc. 2:21.

Dahil sa malinaw at paulit-ulit na pagbibigay diin tungkol dito kaya ang sumuway sa ipinahahayag ng kalooban ng Dios ay tunay na mapanganib. Bagaman ang mga kasalanan dahil sa panandaliang kahinaan ay patatawarin ng Dios kung ito ay pagsisihan (e.g. ang pangangalunya ni David at Batsheba), ang isang uri ng pamumuhay na palaging ginagawa ang mga bagay na ito ay magbubunga lamang ng pagsumpa. Malimit na si Pablo ay tumutukoy ukol dito: ang “pakikiapid karumihan...tungkol sa mga bagay na ito ay aking ipinapaunang ipaalala sa iyo, tulad sa aking pagpapaalala na nang una sa inyo, na ang mga nagsisigawa ng gayong mga abgay ay hindi magsisipagmana ng kaharian ng Dios” (Gal. 5:19, 21), kaya magsitakas kayo sa pakikiapid (cp. 2 Tim. 2:22). Lahat ng kasalanang gawin ng mga tao ay nangasa labas ng katawan, ngunit ang gumagawa ng pakikiapid ay nagkakasala laban sa kaniyang sariling katawan “ (1 Cor. 6:18).

Nagiging katanggap-tanggap ngayon ang sa halos boong mundo na ang mga lalake at babae ay maaaring mag-live-in na parang sila ay mag-asawa na ngunit hindi naman nagpapakasal. Ayon sa Biblia ang bagay na ito ay hindi katanggap sa paningin ng Dios.

Kaya ang pag-aasawa para sa isang mananampalataya ay dapat na pag-aasawa ayon sa pakahulugan ng Dios tungkol dito; hindi natin maaaring pahintulutan ang isang pakahulugan tungkol sa pag-aasawa na ginawa ng mga taga sanglibutan na magkaroon ng pangingibabaw sa mga pahayag ng Dios tungkol dito – sapagkat nagpa-asawa ay hinangad ng Dios para sa tao at hindi mismo ang tao ang naghangad nito. Ayon sa Biblia ang pag-aasawa ay binubuo kahit paano ng tatlong elemento:

1. May isang uri ng seremonya ukol sa kasal, gaano man ito kasimple. Ang nasusulat tungkol sa pag-aasawa ni Boaz at ni Ruth sa aklat ng Ruth 3:9- 4:13 ay nagpapakita na ang pag-aasawa ay hindi isang relasyon na walang anomang seremonya ukol sa kasal na maghuhudyat na ang isang lalake at isang abbae ay mag-asawa na. Si Cristo ay itinulad sa isang lalakeng ikakasal at ang mga mananampalataya ay sa babaeng ikakasal, na kaniyang “pakakasalan” sa kaniyang ikalawang pagparito. Magkakaroon ng “piging sa kasal ng

Kordero” (Apoc. 19:7-9). Ang relasyon ng asawang lalake sa kaniyang asawang babae ay sumasagisag sa relasyon ni Cristo at ng mga mananampalataya (Ef. 5:25-30); dahil mayroong tiyak na araw ng kasalan sa pagitan ni Cristo at ng mga mananampalataya, kaya dapat na magkaroon din ng kasalan sa pagitan ng mga mananampalataya na magsisimula ng kanilang buhay na may-asawa na sumasagisag ng pag-iisang dibdib ni Cristo at ng ating mga sarili doon sa hukuman ni Cristo.

2. Ang kasal ng Dios sa Israel ay kinapapalooban ng pagpasok sa isang espirituwal na pakikipagtipan ng katapatan sa isa't-isa (Ezek. 16:8), kaya ang gayong bagay ay dapat na maging katangian rin sa kasal ng mga mananampalataya.

3. Ang sexual na pakikipagtalik ay kailangan upang malubos ang pagiging mag-asawa (Duet. 21:13; Gen. 24:67; 29:21; 1 Mga Hari 11:2). Dahil dito kaya ang 1 Cor. 6:25,16 ay ipinapaliwanag kung bakit ang pakikipagtalik ng walang kasal ay talagang hindi tama. Ang pakikipagtalik ay sumisimbolo sa pisikal na termno, kung paanong pinag-isa ng Dios ang dalawang ikinasal (Gen. 2:24) ang makipag-isa bilang “isang laman” sa isang pansamantanlang relasyon ay isang pag-abuso kung gayon sa katawan na ibinigay sa atin ng Dios.

Mula rito kaya mauunawaan na ang isang lalake at isang babae na “nagllilive-in” bago ikasal ay namumuhay sa

kasalanan. Maliban na isaayos nila ang kanilang relasyon sa pamamagitan ng pagpapakasal o ang maghiwalay sila – walang dahilan para sila bautismuhan.

Yaong mga nabautismuhan ang kanilang asawa ay hindi, ay hindi sapat na iwan ang asawa nila (1 Cor. 7:13-15), ngunit sa halip dapat na gawin nila ang lahat ng pagsisikap na mahalín sila, at ipakita sa pamamagitan ng kanilang uri ng pamumuhay na sila ay may tapat na paniniwala sa tunay na Dios, at hindi sila nagpalit lamang ng relihiyon. Ang 1 Ped. 3:1-6 ay nakakapagsigla sa mga ganitong kalagayan sapagkat ang paggawa ng ganito ay isa sa mga paraan upang magbalik loob sa Dios ang asawa na dati ay hindi naniniwala sa Katotohanan na itinuturo ng Biblia.

Ang mga panuntunan na namamahala sa ay binigyang buod sa pahayag ng Dios tungkol dito: “iwan ng lalake ang kaniyang ina, at makikipisan sa kaniyang asawa at sila ay magiging isang laman” (Gen. 2:24). Ang pagsisikap para sa pagkakaisa sa pagitan ng mag-asawa ay may pagkakahawig sa ating patuloy na pagsisikap para sa pakikipag-isa kay Cristo, sa pamamagitan ng pagtatagumpay sa ating mgakahinaan at mga kasalanan. Ang ating matagumpay ay nangangahulugan na magiging mas masaya at kasiya-siya ang ating relasyon sa ating Panginoon gayon din maging sa ating asawa.

Gayunman, tayo ay namumuhay sa isang sanglibutan ng kasalanan at kabiguan ng kawalan ng kakayahang ganap na bumangon sa mataas na pamantayan ng kabanalan na ipinatutupad sa atin na nasusulat sa Biblia at sa halimbawa ng pag-ibig ng Dios at ni Cristo. Ang ideyal na pamantayan na inilagay sa Genesis 2:24 ay tungkol sa isang lalake at isang babae na maumuhay na magkasama at may lubos na pagkakaisa habang sila ay nabubuhay.

Dapat na maging handa ang mga mananampalataya na tanggapin na kung minsan ang pamantayang ito ay hindi maabot sa kanilang buhay ang mag-asawa ay posibleng magtalo at mawalan ng pagkakaisa ng pag-iisip na dapat sana ay taglay nila, maaaring imposible na pisikal na malubos nag pagiging mag-asawa; maaaring ang lalake ay maraming asawa bago siya nagpapabautismo, dahil ipinapahintulot ang polygamy sa lipunan na kaniyang pinaninirahan. Sa ganitong kaso siya dapat na manatili sa kaniyang mga asawa ngunit hindi siya dapat na kumuha pa ng iba. Si Apostol Pablo ay nagpayo na ang hihiwalay ay maaari sa malubhang mga kaso ng hindi pagkakasundo: “Ang babae ay huwag humiwalay sa asawa, datapuwat kung siya ay humiwalay ay manatiling walang asawa” (1 Cor. 7:10-11).

Ang pagpapahayag ng isang ideyal na pamantayan, ngunit may pagpayag rin naman na tanggapin ang isang mas mababang pamantayan basta ito ay hindi nagpapawalang kabuluhan sa pangunahing panuntunan ng Dios (e.g. na ang pangnangalunya ay hindi tama), ay isang pangkaraniwang katangian ng Kasulatan. Ang payo ni Pablo sa 1 Cor. 7:10-11 ay katulad sa 1 Cor. 7:27,28 "...Ikaw baga'y kalag sa asawa? Huwag kang humanap ng asawa (i.e. manatiling walang asawa). Ngunit kung ikaw ay mag-asawa (i.e. manatiling walang asawa). Ngunit kung ikaw ay mag-asawa, ay hindi ka nagkakasala". Gayunman, ang sinasadyang pagdidiborsyo ay isang institutional na pagwawalang kabuluhan sa panuntunan ng Dios na ang lalake at babae ay dapat na kilalanin na kung sila ay mag-asawa, sila ay pianag-isa ng Dios bilang isang laman; ang mga salita ni Cristo tungkol dito ay masakit ngunit maliwanag:

"Ngunit buhat ng pasimula ng paglalang, lalake at babae na ginawa niya sila. Dahil dito'y iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ina at makikisama sa kaniyang asawa; at ang dalawa ay magiging isang laman kaya hindi na sila dalawa kundi isang laman. Ang pinagsama nga ng Dios ay huwag papaghiwalayin ng tao...ang sinomang lalake na ihiwalay ang kaniyang asawa, at mag-asawa sa iba, ay nagkakasala ng pangangalunya laban sa unang asawa: at kung ihiwalay ng babae ang kaniyang asawa, at mag-asawa sa iba, ay nagkakasala siya sa pangangalunya" (Mar. 10:6-12).

Tungkol sa mga bagay na ito ng mga sexual na relasyon ang laman ay gumagawa ng matuwid na mga dahilan upang bigyang-katarungan ang mga likaw na pagnanasa. Yaong mga nasa lubhang nakatuksong mga sitwasyon ay makakatagpo lamang ng espirtual na kalakasan na kailangan nila mula sa paulit-ulit na pagbulay-bulay sa mga talata ng Bilbia na binanggit sa bahaging ito ang ating Aralin. May ibang mga tao na binibigyang katarungan ang pagiging bakla o tomboy, subalit walang kaduda-duda na ang gayong mga gawain ay karumal-dumal sa paningin ng Dios.

Ang saligang panuntunan ng Gen. 2:24 ay naglalantad sa kasalanan tungkol sa homosexuality: layunin ng Dios na ang lalake at babae ay mag-asawa at magsama. Nilikha ng Dios ang babae upang maging katulong para kay Adam sa alip na isa pang lalake ang maging katulong niya. Ang relasyong sexual sa pagitna ng dalawang lalake ay paulit-ulit na ipinagbawal sa Biblia. Ito ay isa sa mga kasalanan kaya ang Sodoma ay nilipol (Gen. Kabanata 18 at 19); ang Apostol na si Pablo ay binigyang-linaw na ang pagpupumili sa gayong mga gawain ay magdudulot ng matinding poot ng Dios, sapagkat ang mga gumagawa ng gayong bagay ay hindi magmamana ng kaharian ng Dios (Rom. 1:18-32; 1 Cor. 6:9,10).

Ang katotohanan na maaaring minsan ay naging kasangkot ang iba sa gayong bagay ay hindi nangangahulugan na sila ay

wala ng pag-asa upang magbago; sapagkat kung pagsisisihan at tatatlikuran nila ang kanilang kamalian at kasalanan at sila ay hihingi ng tawad sa Dios sila ay patatawarin niya. Sa Dios ay mayroong kapatawaran, kaya nga siya ay binibigyan ng paggalang na may pag-ibig ng mga taong nakaranas ng kaniyang kapatawaran (Awit 130:4). Ang iglesia sa Corinto ay nagkaroon din ng mga ganitong nangagsising mga miyembro: “Ganyan ang ilan sa inyo: ngunit nangahugasan na kayo (sa bautismo), ngunit binanal na kayo, ngunit inaring –ganap na kayo (sa pamamagitan ng pagbabautismo) sa pangalan ng Panginoong JesuCristo” (1 Cor. 6:9-11).

Ang hinaing ng isang tao na siya walang likas na atraksiyon sa opposite sex ay isang paratang na ang Dios ay hindi makatarungan sa pagbabawal sa atin na gumawa ng mga bagay na homosexual, gayon din ito ay pagpapahiwatig na hindi tama ang Dios sa pagbibigay sa atin ng hindi namang mapagtagumpayang mga tukso. Subalit ang totoo hindi ipapahintulot ng Dios na tayo ay tuksuhin ng higit sa ating makakaya ng hindi nagbibigay ng paraan upang maiwasan ang tukso. (1 Cor. 10:13). Dahil sa malabis na pagpapalayaw sa anomang aspeto ng lamanang isang tao ay maaaring umabot sa punto na ang isang masamang gawi ay nagustuhan niya, kaya ang siang taong alcoholic o drug addict ay hindi maaaring mabuhay ng walang palagiang alak o ipinagbabawal na gamot; ngunit kinakailangan niyang ibahin ang kaniyang pag-iisip tungkol sa mga biyayang ito, at sa tulong ng therapy ay maibabalik siya sa isang balanse at normal na uri ng pamumuhay.

Ang ang homosexual ay dapat na sumailalim s agayong proseso. Tutulungan ng Dios ang anomang pagsisikap ng tao upang makalaya sa anoamg masamang gawi; subalit kung lubos nialng ibibigay ang kanilang sarili sa pagpapalayaw ng kanilang likas na mga masasamang pagnanasa, sila ay ituturing ng Dios gaya ng ginawa niya noon sa Israel:

“dahil dito’y ibiigay sila ng Dios sa mga mahalay na pita; sapagkat pinalitan ng kanilang mga babae ang katutubong kagamitan niyaong nalalaban sa katutubo: at gayon din naman ang mga lalake na nag iwan na ang katutubong kagamitan ng mga babae, ay nangagningas sa kanilang karumihan ng pita ng isa’t-isa na gumagawa ng kahalayan ang mga lalake sa kapuwa lalake at tumatanggap sa kanilang sarili ng kagantihan ng kanilang pagkakamali” (Rom. 1:26-27).

Tanging yaong mga nag bulag-bbulagan lamang ang hindi makakakita rito na ito ay isang maliwanag na propesiya tungkol sa AIDS, at ng iba pang sexually transmitted disease na inaani na ngayon ng sanglibutan.

11.5 Pakikisama

Ang mga salitang Griego na isinalin bilang “pakikisama” at “pakikipag-isa” ay inilarawan ang kalagayan ng pagkakaroon ng isang bagay na panlahat: panlahat na pakikipag-isa. Ang “pakikipag-isa” ay kaugnay ng salitang “makipag-salitaan”. Dahil sa kaalaman at pagsasagawa ng mga kaparaanan ng Dios, at tayo ay may pakikisama sa kaniya at gayon din sa lahat ng iba pa na gumagawa din ng ganito dahil sila ay na kay "Cristo". Madaling makaligtaan ang mga pananagutan na mayroon tayo na makisama sa ibang kagaya nating mananampalataya: ang Filipos 1:5 ay nagsalita tungkol sa ating “pakikisama sa pagpapalaganap ng evangelio” ang saligan ng ating pakikisama kung gayon ay ang katuruan na binubuo ng tunay na Evangelio. Dahilan dito ang pakikisama na kinalulugdan ng tunay na mga mananampalataya ay higit na mahalaga kaysa kahit na anong iba pang naglalakbay ng napakalayo upang makasama lamang ang bawat isa at upang bisitahin ang mga mananampalatayang nag-iisa, ginagamit din nilang mabuti ang koreo at telepono upang makipag-ugnayan sa isa't-isa. Si Pablo ay nagsalita tungkol sa “pakikisama ng espiritu” (Fil. 2:10, i.e. pakikisama na nababatay sa ating panlahatang pagsunod sa Espiritu/Pag-iisip ng Dios, na ipinahayag sa kaniyang Espiritu/ Salita.

Isa sa pinakamahalagang pagpapakita ng ating pakikisama ay sa pamamagitan ng pagtupad sa seremonya ng pagputol-putol ng tinapay ng sama-sama. Ang sinaunang mananampalataya ay “nagsipanatili hing matibay sa turo ng mga apostol at sa pagsama-sama sa pagputol-putol ng tinapay at sa panalangin...sa pagputol-putol ng tinapay nama ay galak at may katapatan ng puso” (Gaw. 2:42,46). Dahil ang mga simbolo ng katawan at dugo ng ating Panginoong Jesus ay sumasagisag sa pinaka-buod na kinasasalalayan ng ating pag-asa, kaya ang pagkabahaginan ang mga ito ng sama-sama ay dapat na magbigkis sa atin ng sama-sama na may “katapatan

ng puso”. “Ang saro ng pagpapala na ating pinagpapala, hindi baga siyang pakikipagkaisa ng dugo ni Cristo? Bagaman tayo’y marami ay iisa lamang tinapay, iisang katawan: sapagkat tayong lahat ay nakikibahagi sa isa lamang tinapay” i.e. si Cristo (1 Cor. 10:16,17). Dahil dito kaya may tungkulin tayo na makibahagi sa mga simbolo ng sakripisyo ng Cristo sa lahat ng mga nakinabang sa kaniyang mga gawa, na “nakikibahagi sa isa lamang tinapay”. Taging yaong mga wastong nabautismuhan lamang, pagkatapos sa malaman ang katotohanan, ang nasa ganitong posisyon at ang isang pagwawalang-kabuluhan sa mga simbolo na ibahagi sa sinomang tao na wala sa ganitong posisyon.

Ginunita ni Juan paano siya nakibahagi sa iba ng Evangelio ng buhay na walang hanggan “upang kayo naman ay magkaroon ng pakikisama sa amin: oo at tayo ay may pakikisama sa Ama, at sa kaniyang Anak na si JesuCristo” (1 Jn. 1:2,3,). Ipinapakita nito na ang pakikisama ay batay sa isang panlahat na kaunawaan tungkol sa tunay na Evangelio at ito ay nagdadala sa atin sa pakikisama sa ibang tunay na mga mananampalataya at gayon din sa Dios at kay Jesus. Kapag isinagawa natin sa ating buhay ang Evangelio at pinagtagumpayan natin ang ating makasalanang pagkahilig at tayo ay mayroon ding mas malalim na paglago nasa kaunawaan sa salita ng Dios, ginawa nitong mas malalim ang ating pakikisama sa Dios at Cristo.

Ang ating pakikisama sa Dios at kay Cristo at sa iba pang mga mananampalataya ay hindi lamang nakasalalay sa ating panlahat na pagsang-ayon sa mga katuruan ng katotohanan na binubuo ng “isang pananampalataya”. Ang ating uri ng pamumuhay ay dapat na linsunod sa mga panuntunan na inilahad sa mga ito. Ang Dios ay ilaw at sa kaniya’y walang anomang kadiliman. Kugn sinasabi nating tayo’y may pakikisama sa kaniya at nagsisilakad tayo a kadiliman, ay nangagbubulaan tayo at hindi tayo nagsisigawa ng katotohanan.

Ngunit kung tayo’y nagsisilakad sa liwanag, na gaya niyang nasa liwanag ay may pakikisama tayo sa isa’t-isa at nililinis tayo ng dugo ni Jesus na kaniyang Anak sa lahat ng kasalanan” (1 Jn 1:5-7).

Ang “paglalakad sa kadiliman” ay tumutukoy sa uri ng pamumuhay napalagi at lantarang may pagkakaiba sa liwanag ng Salita ng Dios (Awit 119:105; Kaw. 4:18); ito ay hindi tumutukoy sa ating paminsan-minsang kasalanan dahil sa kahinaan, sapagkat ang sumusunod na talata ay nagsabi, “kung sinasabi nating tayo’y walang kasalanan ay ating dinadaya ang ating sarili at ang katotohanan (i.e. ang Salita ng Dios – Jn. 17:17; 3:21; Ef. 5:13) ay wala sa atin” (1 Jn. 1:8).

Mula rito dapat na maging maliwanag na ang pakikisama humihinto kapag ang isng mananampalataya ay nagsimulang maniwala sa mga maling katuruan, o namumuhay ng isang uri ng pamumuhay na lantarang sumasalungat sa malinaw na katurang sumasalangit sa malinaw na katuruan ng Biblia: Huwag kayong makibahagi sa mga walang mapapakinabang na gawa ng kadiliman kundi bagkus inyong sawatain” (Ef. 5:11). Bawat pagsisikap ay dapat na gawin upang sila ay mapanumbalik gaya ng halimbawa ng mabuting pastor na hinhanap ang nawawalang tupa (Luc. 15:1-7). Kung ang kapatirang lalake o babae ay nagpumilit sa maling katuruan o labis na hindi tamang paguugali kinakailangan na gawing porma ang pahinto ng pakikisama na nangyari (Mat. 18:15-17). Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng isang pakikipanayam ng mga

Mapagkakatiwalaang miyembro ng iglesia, at ang tungkol ito ay ipinagbibigay alam sa isang magazine ng mga Christadelphian. Gayunman, binibigyan diin na ang prosesong ganito ay dapat gawin lamang malinaw na mga kaso gaya ng paniniwala sa maling katuruan o ang pagpumilit sa isang uri ng pamumuhay na walang kabanalan. Kapag nakatiyak ang kumakapanayam na napaka-unti na ang mga parehong paniniwala sa pagitan natin dahil sa paglilihis sa saligang katuruan ng Biblia, ang pormal na pakikipagkasira ng pakikisama ay kinakaialangan.

Isa sa pinakamalinaw na mga talata tungkol sa pakikisama ay matatagpuan sa 2 Cor. 6:14-18: “Huwag kayong

makipamatok ng mga kabilang sa mga di nagsisisampalataya: sapagkat anong pakikisama mayroon ang katuwiran at kalikuan? O anong pakikisama mayroon ng kaliwanagan sa kadiliman...kaya nga magsialis kayo sa kanila, at magsihiwalay kayo sabi ng Panginoon ...at kayo'y aking tatanggapin at ako ay sa inyo'y magiging Ama, at sa akin kayo'y magiging mga anak na lalake at babae sabi ng Panginoong Makapangyarihan sa lahat.

Ipinakita namin kung paanong ang Salita ang Dios ay liwanag. Ang mga talatang ito ay nagpapaliwanag kung bakit hindi tayo dapat na makisama sa mga relihiyon ng maling mga katuruan; kung bakit hindi tayo dapat na mag-asawa ng mga hindi nakaaalam sa Katotohanan. At kung bakit dapat na iwasan natin nag mga kaparaanan ng sanglibutan tayo ay may karangan na maging mga anak ng Dios, bahagi ng isang pamilya sa boong muno na may kagayang relasyon sa Dios – ang mga kapatiran. May isang “katawan”, i.e. isang tunay na iglesia (Ef. 1:23) na naniniwala sa isang pag-asa, isang Dios, isang bautismo at isang “mananampalataya”, i.e. ang isang pangkat ng mga katuruan ng isang pananampalataya (Ef. 4:4-6). Hindi maaaring maging kabahagi ng “isang katawan” na ito, at makisama rin sa ibang pangrelihiyong mga organisasyon na hindi naniniwala sa tunay na pananampalataya sa tunay na pananampalataya. Sapagkat ang kaliwanagan ay waang pakikisama sa kadiliman, kaya ipinapapahayag nating tayo ay nasa kadiliman kapag pinili nating makisama sa kadiliman.

Kung kikilalanin nating talaga ang boong sistema tungkol sa katuruan ng katotohanan na ipinahayag sa mga kasulatan, makikita natin na yaong mga naniniwala sa maling mga katuruan sa panglaan ng Cristianismo ay walang pakikisama sa Dios sapagkat kagaya lamang sila ng Ateista.

Kung inyong maingat na sinundan ang mga Araling ito, marahil ay malinaw na ngayon sa inyo na hindi maaari ang isang kalahating pakikipagrelasyon sa Dios. Alinman sa dalawa, tayo ay na kay Cristo sa pamamagitan ng bautismo o wala kay Cristo. Alinman sa dalawa, tayo ay nasa kaliwanagan dahilan sa ating kaalaman ng tunay na katuruan at isinasagwa ang pagsunod rito, o nasa kadiliman. Hindi maaaring pareho tayong kapuwa nasa kaliwanagan at nasa kadiliman.

Ang ating kaalaman tungkol sa mga bagay na ito ay nagbibigay sa atin ng tiyakang pananagutan sa Dios. Hindi tayo ngayon lumalakad o namumuhay na tulad ng karaniwang tao ng sanglibutan. Ang Dios ay pinagmamasdan ang ating pagtugon. Ang Dios at ang Panginoong Jesus at ng lahat ng tunay na mananampalataya ay hinahangad na gagawin ninyo ang tamang pagpapasiya. Ngunit gustuhin man ng Dios ni Cristo at namin na gawin ang lahat ng aming magagawa upang tulungan kayo – kahit sa kaso ng Dios na ibinigay niya ang kaniyang Anak upang mamatay para sa atin – sa bandang huli

ang iyong kaligtasan ay nakasalalay sa inyong sariling kusang
–loob ng pagpapasiya na tanggapin ang dakilang pag-asa na
inihandog ngayon sa inyo.

ARALING 11: MGA KATANUNGAN

1. Ano ang uri ng mga pagbabago na dapat na mangyari sa pamumuhay ng isang tao bago ang kaniyang bautismo?
2. Ano ang kahulugan ng “kabanalan”?
 - a. Walang pakikipag-ugnayan sa mga hindi mananampalataya.
 - b. Pagiigng hiwalay mula sa kasalanan tungo sa mga bagay ng Dios.
 - c. Pagpunta sa sa simbahan
 - d. Paggawa ng mabuti sa ibang tao.
3. Anong uri ng trabaho ang hindi naaangkop para sa isang tunay na Cristiano?
4. Ano ang kahulugan ng mga salitang “banal” at “ecclesia o iglesia”
5. Alin sa sumusunod na pangungusap ang totoo tungkol sa pagputol-putol ng tinapay?
 - a. Dapat na gawin natin ito minsan isang linggo
 - b. Dapat na gawin natin ito minsan isng taon sa panahon ng Paskua
 - c. Ang tinapay at alak ay angiging literal na katawan at dugo ni Jesus
 - d. Ang tinapay at alak ay sumasagisag sa katawan at dugo ni Jesus.

6. Alin sa sumusunod na pangungusap ang totoo tungkol sa pag-aasawa
 - a. Dapat na mag-asawa lamang tayo ng tunay na mga mananampalataya
 - b. Ang diborsiyo ay ipahintulot para sa mananampalataya
 - c. Ang isang mananampalataya na ang asawa ay hindi isang mananampalataya ay hindi dapat iwan ang kaniyang asawa
 - d. Sa pag-aasawa, ang lalake ay sumasagisag kay Cristo at ang babae naman ay sumasagisag sa mga mananampalataya.

7. Dapat bang magturo sa iglesiya ang mga babae?

8. Kung kayo ay nabautismuhan na matapos ninyong malaman ang Katotohanan, makikisama pa rin ba kayo sa mga relihiyon na hindi nagtuturo ng lubos sa katotohanan na nasa Biblia.

**KARAGDAGAN 1:
BUOD NG SALIGANG MGA KATURUAN NG
BIBLIA**

1. DIOS

- 1.1 Mayroong isang lumikha na tinatawag na Dios.
- 1.2 Na may isang partikular na dako doon sa Langit
- 1.3 Na mayroong tunay na katawan
- 1.4 Na ang larawan ay taglay natin
- 1.5 Ang anghel ay kaniyang mga sugo
- 1.6 Na hindi maaaring magkasala
- 1.7 Na kabahagi ng banal na kalikasan ng Dios
- 1.8 May isang anyo lamang ng pamumuhay na itinaturo sa Biblia –na may pamumuhay sa isang anyong katawan. Ang Dios at ang mga Anghel ay namumuhay ng mayroong katawan.
- 1.9 Ang pag-asa ng mga Cristiano ay mabigyan ng banal na kalikasan sa isang anyong may katawan sa pagbabalik ni Cristo.

2. ANG ESPIRTU NG DIOS

- 2.1 Ang espiritu ng Dios ay tumutukoy sa kaniyang kapangyarihan, hininga at pag-iisip,
- 2.2 Kung saan sa pamamagitan nito ay nagagawa niya ang lahat ng mga bagay.
- 2.3 At ito ay nasa lahat ng dako
- 2.4 Ang Espiritu Santo ay tumutukoy sa kapangyarihan ito na ginamit upang gawin ang ilang mga layunin
- 2.5 Sa maraming pagkakataon noong nakalipas na panahon ang mga himalang kaloob ng Espiritu Santo ay tinaglay ng tao.

- 2.6 Ang mag Ito ay binawi na ngayon,
- 2.7 Ang kapangyarihan ng Dios ay ipinahahayag sa atin ngayon sa pamamagitan ng kaniyang mga salita.
- 2.8 Ang Espiritu Santo ay hindi pinipilit ang mga tao na maging banal laban sa kanilang sariling kalooban.
- 2.9 Ang Biblia ay lubos na kinasihan sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios
- 2.10 Ang Biblia ang siyang tanging awtoridad natin sa ating relasyon sa Dios.

3. ANG MGA PANGAKO NG DIOS

- 3.1 Ang Evanghelyo ay ipinangaral sa anyo ng mga pangako na ginawa sa mga magulang na Judiyo.
- 3.2 Ang binhi ng babae sa Genesis 3:15 ay tumutukoy kay Cristo at sa mga matuwid, na pansamantang “dinurog” ng kasalanan, ang binhi ng ahas.
- 3.3 Bilang katuparan ng mga pangako ng Dios, ang planetang mundo ay hindi kailanman malilipol o masisira
- 3.4 Ang binhi ni Abraham at ni David ay si Cristo.
- 3.5 Maaari tayong maging “kay Cristo” sa pamamagitan ng pananampalataya at bautismo,
- 3.6 Upang ang mga pangakong ito ay magkakaroon ng kaugnayan para sa mga tunay na mananampalataya.

4. ANG DIOS AT KAMATAYAN

- 4.1 Sa kalikasan, ang tao ay may kamatayan, nahihilig sa kasalanan,
- 4.2 At isinumpa dahil sa bunga ng kasalanan ni Adan
- 4.3 Si Cristo ay nagkaroon at tinaglay ang ganitong kalikasan ng tao

- 4.4 Ang kaluluwa ay tumutukoy sa “Atin”, sa ating katawan, pag-iisip, diwa o pagkatao
- 4.5 Ang espiritu ay tumutukoy sa ating kalakasan/hininga at pag-iisip
- 4.6 Walang sinoman na nabubuhay bilang espiritu ng walang isang pisikal na katawan.
- 4.7 Ang kamatayan ay isang kalagayan na walang kamalayan sa anomang bagay
- 4.8 Sa pagbabalik ni Cristo ay magkakaroon ng pagkabuhay na maguli mula sa patay ng mga mayroong kaalaman sa tunay na Evangelio
- 4.9 Ang kaalaman at pagpapahalaga sa Salita ng Dios ang siyang magiging batayan ng paghuhukom
- 4.10 Ang ganap na pagbibigay ng buhay na walang hanggan ay mangyayari sa hukuman ni Cristo
- 4.11 Ang kaparusahan ng mga makasalanang may pananagutan ay walang hanggang kamatayan
- 4.12 Ang “Impierno” ay tumutukoy sa libingan
- 4.13 Ang “Gehenna” ay siang dako sa labas ng Jerusalem kung saan ang mga basura at mga kriminal ay itinatapon at sinusunog

5. ANG KAHARIAN NG DIOS

- 5.1 Ang bayan ng Israel ang kaharian ng Dios noong nakaraang panahon.
- 5.2 Ito ay nagkaroon ng wakas, ngunit ito ay muling itatatag sa pagbabalik ni Cristo
- 5.3 Sa anyo ng isang malaganap kaharian dito sa ibabaw ng lupa ni Cristo sa ngalan ng Dios.
- 5.4 sa unang 1,000 taon (Millenium ng kahariang ito, amkikita ang tunay na mga mananampalataya sa lahat ng panahon na namumuno sa karaniwang mortal na mga tao na nabubuhay sa pagbabalik ni Cristo.

- 5.5 Ang kaharian kung ganon ay hindi pa ngayon naitatatag.
- 5.6 Tayo ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya dahil sa ating pananampalataya, at hindi dahil sa ating mga gawa.

6. ANG DIOS AT ANG KASAMAAN

- 6.1 Ang “Diablo” bilang isang salita na nangangahulugan na “mapanirang puri”.
- 6.2 Ang “satan o satanas” ay isang salita na nangangahulugan ang “kaaway”
- 6.3 At maaaring tumukoy sa mabuti at masamang tao
- 6.4 Ang Diablo at Satanas ay mga salitang sumasagisag sa kasalanan at sa laman
- 6.5 Ang ahas na naroon sa Eden ay isang literal na hayop
- 6.6 At nasusulat sa aklat ng Genesis tungkol sa paglikha at pagbagsak ng tao ay dapat unawain ng literal hindi bilang may sagisag na mga termino
- 6.7 Ang mag “demonio” ay hindi umiiral bilang makasalanang mga espiritu o kapangyarihan ng kasamaan.
- 6.8 Ang pagpalalayas ni Cristo ng mga diablo ay isang uri ng pananalita na ang nangahulugan na siya ay nagpagaling ng mga karamdaman
- 6.9 Si Lucifer ay hindi tinutukoy na isang makasalanang anghel
- 6.10 Ang Dios ang tanging makapangyarihan sa lahat; hindi niya kahati sa anomang kapangyarihan ang mga diumano ay makasalanang nilalang na salungat sa kaniyang kaparaanan.
- 6.11 Ang mga paghihirap sa buhay ng isang mananampalataya ay nanggaling mula sa Dios at hindi sa isang nilalang na kung tawagin ay diablo.

7. JESUCRISTO

- 7.1 Ang trinity na pinaniniwalaan ng ibang relihiyon ay isang katuruan na hindi itinuturo sa Biblia.
- 7.2 Si JesuCristo ay ipinanganak ng isang birhen na si Maria.
- 7.3 Na isang pangkaraniwang babae na may kalikasan ng tao
- 7.4 Si Jesus ay nagkaroon at tinaglay ang kalikasan ng tao
- 7.5 Ngunit siya ay may walang –kapintasang pag-uugali at siya ay walang kasalanan,
- 7.6 Si Jesus ay hindi pinilit ng Dios upang huwag magkasala, siya ay namatay bilang isang walang-kapintasang hain para sa kasalanan ng dahilan sa kaniyang sariling kalooban
- 7.7 Si Jesus ay binuhay na maguli pagkatapos ng kaniyang kamatayan doon sa krus.
- 7.8 Si Jesus ay hindi pisikal na nabuhay na bago siya sa pasimula
- 7.9 Bagaman siya ay nasa pag-iisip/layunin na ng Dios mula pa sa pasimula
- 7.10 Si Jesus ay namatay bilang sakripisyo para sa kasalanan
- 7.11 Upang matamo ang kaligtasan para sa atin at maging para sa kaniyang sarili
- 7.12 Si Jesus ay namatay bilang isang kinatawan
- 7.13 At hindi isang kapalit na hindi tamang pinaniniwalaan ng maraming mga relihiyon
- 7.14 Ang kautusan ni Moises ay tinapos na sa pamamagitan ng kamatayan ni Cristo.
- 7.15 Kaya dahil dito hindi natin kailangang tuparin ito ngayon, gayon rin ang Sabaton.

8. BAUTISMO

- 8.1 Kung walang bautismo, ay walang pg-asa ng kaligtasan
- 8.2 Ang pananampalataya at bautismo ay nagpapahintulot sa atin na maging kabahagi ng mga pangako kay Abraham
- 8.3 At para rin ito sa kapatawaran ng ating mga kasalanan
- 8.4 Ang bautismo ay isang lubos na paglulubog sa tubig
- 8.5 Ng isang taong may sapat na gulang na nalalaman ang tungkol sa Evangelio
- 8.6 Yaong mga inilubog sa tubig ng walang lubos na kaalaman tungkol sa tunay na Evangelio ay dapat na bautismuhang muli ng wasto matapos na sila ay magkaroon ng wastong kaalaman ng Evangelio
- 8.7 Ang kaunawaan ng tunay na Evangelio ay kinakailangan para maging may bisa ang bautismo.

9. PAMUMUHAY KAY CRISTO

- 9.1 Pagkatapos ng bautismo ang isang manananampalataya ay dapat na gumawa ng isang makatwirang pagsisikap na maging hiwalay mula sa mga kaparaanan ng makasalanag sanglibutnag ito,
- 9.2 At paunlarin ang pagkakaroon ng paguugali na kagaya ni Cristo
- 9.3 Ang pagsapi sa mga trabaho at mga kasiyahan na mag-aakay sa atin upang suwayin ang mga utos ng Dios, e.g. ang pagagamit ng puwersa at ang sobrang pag-inom ng alak at hindi naaayon sa isang tunay na pamumuhay ng Cristiano
- 9.4 Ang mga nabautismuhang mananampalataya ay may tungkulin upang makipagtipon at makisama sa isa't-isa hanggat maaari.

- 9.5 Ang mga nabautismuhang mananampalataya ay dapat palaging magputol-putol ng tinapay at uminom ng alak bilang pag-alaala sa sakripisyo ni Cristo.
- 9.6 Ang palaging pananalangin at pagbabasa ng Biblia ay kinakailangan para sa mga nabautismuhang mananampalataya
- 9.7 Ang isang nabautismuhang mananampalataya ay dapat na makisama lamang sa kagaya nilang naniniwala sa tunay na katuruan ng Biblia at tunay na ipamuhay ito.
- 9.8 Dahil dito kaya yaong mga huminto na sa kanilang paniniwala at pamumuhay ayon sa katotohanan ay nahihinto na rin sa pakikisama sa mga pangkat ng tunay na mananampalataya.

KARAGDAGAN 2 :**ANG ATING SALOOBIN SA PAG-AARAL NG
KATOTOHANAN NA NASA BIBLIA**

Posibleng pag-aaralan ng isang tao ang lahat ng saligang mga katuruan ng Biblia, ngunit mabigo pa ring kilalanin ang personal na realidad ng mensahe ng mga ito. Ang katotohanang ito ay maaaring nakakalungkot para sa mga gumagamit ng isang manual na aklat na gaya nito sa kanilang pagtuturo sa ibang tao, ngunit ang mga taong tinuruan ay nabigong paniwalaan ang mga panuntunan na tinalakay.

Noong ika-unang siglo maraming tunay na mga pagtugon ang pangangaral ng Evangelio. Ang mga tao ay “nagsitanggap” ng evangelio at dahil dito kaya sila ay “nangabautismuhan” (Gaw. 2:41). Kung walang taos sa pusong pagtugon sa mensahe ng Evangelio dahil sa pamimilit ng kanilang asawa o magulang ay malamang na hindi mananatili sa Evangelio. Kami ay interesado sa pagdadala ng mga tao tungo sa kaligtasan, hindi sa dami ng babaustimuhan, kaya para sa amin, hindi na bale na magtagal ang panahon ng pangangaral at pagtuturo ng mga bagay na magbalik loob sa Dios ay magpapabautismo ng may tamang saloobin

Yaong mga taga Berea ay “tinanggap ang salita ng boong pagsisikap, at siniyasat sa araw-araw ng mga kasulatan” upang tiyakin kung tuany na ang mga ito ay ipianpangaral ni Pablo (Gaw. 17:11). Ang manual na ito – o ano mang literatura ng tao – ay pagtatangka lamang upang wastong ilarawan ang itinutro ng Biblia. Para magakroon ng isang tunay na pagtugon sa evangelio, kailangang magkaroon ng pag-iisip na sensitbo sa Salita ng Dios, at talagang nagnanais na siyasatin ang mga kasulatan dahil sa pansariling kagustuhan. Ito ay isang bagay na hindi maibibigay ng isang mangangaral ng Evangelio; sapagkat ang tanging magagawa namin ay akitin ang inyong atensiyon sa mga nauugnay na mga talata ng Biblia. Ang mga mananampalataya sa Roma ay “naging mga matalimahin sa puso doon sa uri na pinagbigyan” sa kanila, bago sila binautismuhan (Rom. 6:17).

Yaong mga taong matigas na iginiigit ang mga kaparaanan ng laman ay hindi wastong maunawaan ang tunay na mensahe ng Evangelio; sila ay magkakaroon lamang ng “isang “anyo ng kabanalan, datapuwat tinaggihan ang kapangyrihan nito... na laging nagsisipag-aral at kailan pa man ay hindi makakaraitng sa pagkaalam ng katotohanan” (2 Tim. 3:1-7). Hindi natin maunawaan ang ayaw nating unawain. Kung tayo ay walang tunay na pag-ibig sa katuwiran, at walang tunay na pagnanais na ipasailalim sa kontrol ng Dios ng ating buhay, hindi tayo makararating sa kaalaman ng katotohanan, kahit na palagi pa tayong magbasa ng Biblia; ang ating pag-aaaral nito ay magiging isang akademikong pagsasanay lamang.

Maraming halimbawa ng mga tao na nagbabasa ng mga kasulatan subalit parang di nila ito binabasa. Itoa y parang isang karamdaman na lahat tayo ay maaaring dapuan. Ang mga Judio noong kapanahunan ni Cristo ay lumilitaw na may malaking kasiglahan sa pagbabasa ng Salita ng Dios; sapagkat nagtitiwala sila na ang mga nasusulat sa Matandang Tipan ay kinasihan ng Dios (Jn. 5:45; Gaw. 6:11); nalaman nila na sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga kasulatan maaari silang magkaroon ng pag-asa ng buhay na walang hanggan (Jn. 5:39), kaya sa bawat linggo sila'y nagbabasa ng mga ito sa sinagoga (Gaw. 15:21). Dagdag rito, ang iba sa kanila ay maingat na pinag-aralan ang mga kasulatang yaon sa loob ng bawat linggong magdaan. Gayunman, nabigo nilang paniwalaan ang tunay na kahulugan ng mga kasulatan, na ang mga ito ay tumutukoy kay Cristo. Sinabi ni Jesus sa kanila, "saliksikin ninyo ang mga kasulatan...sapagkat kung kayo ay nagsisisampalataya kay Moises, ay magsisimpalataya kayo sa akin, sapagkat tungkol sa akin siya'y sumulat. Ngunit kung kayo'y hidi nagsisipaniwala sa kaniyang mga sulat, ay paaanong magsisimpalataya kayo sa aking mga salita?" (Jn. 5:39,46,47).

Parang nakita na natin ang pgkagalit ng mga Judiyo sa sinabing yaon ni Jesus marahil sila ay nangatwiran na parang ganito: Ngunit talagang nagbabasa kamin ng kasulatan. At talagang pinaniniwalaan namin ang mga ito. Ngunit dahil sa kanilang saradong pag-iisip, para na rin nilang ginawa ang

gayon- nagbasa sila ngunit hindi naman nila nauunawaan; sila ay tumitingin ngunit wala silang nakita. Sa bawat antas ng ating espirittual na paglago dapat na maging handa tayo laban sa ganitong uri ng mga saloobin.

KARAGDAGAN 3:
ANG NALALAPIT NA PAGBABALIK NI
CRISTO

Sa mga salita ni Cristo sa Mat. 24:36 ay ginawang malinaw na hindi natin malalaman ang eksaktong araw at oras ng kaniyang ikalawang pagparito: “Tungkol, sa araw at oras na yon walang makakaalam kahit ang mga anghel sa langit, kahit ang anak, kundi ang ama lamang (Gaw. 1:7), Gayunman, nang tanungin ng mga alagad si Jesus na , “Ano ang magiging tanda ng iyong pagparito?” (Mat. 24:3), hindi sila sinabihan ni Jesus na ang kanilang katanungan ay hindi posibleng sagutin. Sapagkat si Jesus ay nagbigay ng mga tanda na makikita sa sanglibutan kapag malapit na siyang magbalik. Hindi yon ibibigay ni Jesus kung hindi niya layunin na ang henerasyong nabubuhay bago ang kaniyang pagparito ay malawak na mapansin na sila ay talagang namumuhay na sa “huling mga araw” May mabuting dahilan upang umasa at paniwalaan na tayo ay nasa mga huling araw na bago bumalik ang ating Panginoon.

Ang Mga Tanda Ng Pagparito Ni Cristo

Sa Mat. 24 at Luc. 21 si Jesus ay nagsalita tungkol sa panahon kung saan ay

1. Magkakaroon ng bulaang mga propeta na magsasabing sila si Cristo,
2. Ang digmaan at kaguluhan ay lalaganap sa mundo
3. Magkakaroon ng malalakas na lindol, pagkagutom at salot
4. Magkakaroon ng pagtalikod mula sa katotohanan
5. Magsisipanglupaypay ang mga tao dahil sa takot at dahil sa paghihintay ng mga bagay na darating sa ibabaw ng sanglibutan.

Totoo na ang sanglibutan ay palaging dinagdagsa ng dumaraming mga suliranin na tulad ng ganito. Maliwanag na alam ni Jesus ang katotohang ito kaya makatuwirang ipalagay na siya ay nagsalita tungkol sa isang panahon kung saan ang mga suliraning ganito ay maging napakalaki na magbabanta ng pagkasira ng mundo. Walang kaduda-duda para sa bawat mapag-isip na tagapagmasid ng mga bagay sa sanglibutan na tunay na ganito na naging ang kasalukuyang sitwasyon.

Ang mga sumusunod ay isang maliit na bahagi ang katibayang magagamit na nagpapakita kung paanong ang mga salita ni Jesus ay nagkakaroon ngayon ng katuparan:

1. Halos sa bawat kontinente ay may mga taong nagmamarunong at nagtatayo ng kanilang sariling relihiyon at inaaakit ang mga tao na sumusunod sa kanila.

2. Ang mga sumusunod na mga statistics ay nagpapakita kung paanong ang suliranin tungkol sa digmaan sa kabila ng sama-smang bansa na sugpuin ito:

Siglo Nasawi sa Digmaan Bilang ng malalaking digmaan

	(milyon)	
17 th	3.3	?
18 th	5.0	?
19 th	5.5	?
1900-1945	40.5	19
1945-1975	50.7	119

(Pinagmulan: Institute of Conflict Studies, University of London)

3. Ang napakalaling mga suliranin tungkol sa pagkakagutom at mga salot ay hindi lingid sa ating lahat. Ang sakit na A.I.D.S. ang pinakamalaki at malaganap na epidemya na natuklasan. Ito ay nagbabanta na bawasan ng malaki ang populasyon ng daigdig sa mahabang panahon. Maliban sa mga salita ni Cristo sa Mat. 24 at Luc. 21 marami pang ibang mga talata na iniuugnay ang mga lindol sa

pagabalik ni Cristo: Isa. 2:19-22; Ezek. 38:20; Joel 3:16; hag. 2:7; Zac. 14:3,4). Alinsunod sa mga nangyayring lindol sa nakalipas napanahon na hindi pa gaanong nangangahulugan na maaring nasa simula na tayo upang makita ang katuparan ng tanda tungkol sa lindol. Ang mga sumusunod na mga Statistic tungkol sa mga lindol na ginawa ng U.S. Government Department of the Interior, ay makahulugan :

Tao	Bilang Ng Naitalang Mga Lindol
1948	620
1949	1152
1950	2023
1964	5154
1965	6686
1976	7180

4. Ang pagbabawas sa pagbibigay –diin sa kahalagahan ng pagsunod sa Biblia upang makamit ang tunay na katuruan ay nagbunga ng napakaraming pagtalikod mula sa katotohanan na itinuturo ng Biblia. Ang pilosopiya na pagkaisahinang ang mga tao sa anomang paraan na lumalaganap na ang yaon ang siyang nagpabilis nito.
5. Ang pagsusulputan ng mga taong nais natakasan ang hindi magandang realidad na makikita sa bawat modernong lipunan sa ngayon ay isang katibayan ng pagkatakot ng tao darating na hinaharap. Ang mag scientist at ecologist ay nagkakasundo sa kanilang pananaw na ang sanglibutan ay hindi na maaaaring

magpatuloy gaya ng kalagayan nito ngayon. Ang pagpinsala at pag-ubos sa mga likas na kayamanan, ang polusyon ng hangin at tubig at ang ozone layer, kasama na ang pagbabanta ng mga epedimya at epekto ng armas na nuclear ,ang lahat ng mga ito ay naghihimatong sa nalalapit na pagkasira ng kasalakuyang daigdig. Gayunman, ipinangako ng Dios na ito ay hindi mangyayari (tignan ang pagsalungat 9). Upang tuparin ang pangakong yaon, kailangang ipadala ng Dios si Jesus upang baguhin ang planetang ito sa pamamagitan ng pagtatatag ng kaharian ng Dios sa ibabaw ng lupa.

Ang Pagpapanibagong Buhay Ng Israel

Tinapos ni Jesus ang talaan ng mga tanda sa pamamagitan ng malinaw na pahayag: “Kung magkagayo’y makikita nila ang anak ng to na pariritong na sa isang alapaap na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian” (Luc. 21:27). Ang mga sumusunod na talata ay nagbibigay kasiglahan ;amang sa mga taong nabautismuhan ng may mabuting budhi sa Dios. “kung magsimulang mangyari ang mga bagay na ito, (i.e. ngayon!), ay magsitingin kayo, at itaas ninyo ang inyong ulo; sapagkat malapit na ang pagkakatubos ninyon” (Luc. 21:28).

Pagkatapos nito si Jesus ay nagdagdag tungkol sa mga propesiyang ito ng kaniyang ikalawang pagparito sa anyo ng isang talinghaga tungkol sapuno ng igos. “Masdan na ninyo ang puno ng Igos, at ang lahat ng mga punong kahoy; pagka nagdadahon na sila ay nakikita ninyo at nalalaman ninyo sa inyong sarili malapit na ang tag-araw Gayon din naman kayo, pagka nagkita na inyong nangyri ang mga bagay na ito, talastasin ninyo na malapit na ang kaharian ng Dios. Katotohanang sinabi ko sa inyo hindi lilipas ang lahing ito hanganggasa maganap ang lahat ng mga bagay” (Luc. 21:29-31). Sa pamamagitan ng ating pagmasid sa nagdadahong ,mga halaman tayo ay may likas na kaalaman na ang tag-araw ay malapit na. Kaya kapag ang “punong igos” ay nagsimula ng magdahon dapat na magkaroon tayo ngayon ng katulad na kaalaman na ang lahing ito ang mangangakita sa ikawalang pagparito ni Cristo. Ang puno ng

Igos ay isang sagisag sa Biblia (Joel 1:7; Osea. 9:10; Jer. 24:2; cp. Ezek. 36:8). Ang espesyal na tandang ito ng pagbabalik ni Cristo ay tumutukoy kung gayon sa pagpapanibagong buhay ng pag-unlad ng Israel simula ng kaniyang pagkakatatag bilang isang nabasa noong 1948 ay dapat na tiyak na may makahulugan at malinaw na pahiwatig ukol dito.

Isang Pagsalakay Sa Israel Sa Hinaharap

Maraming mga propesiya na naglalarawan ng isang malaking pagsalakay sa Israel na mangyayari sa panahon ng pagbabalik ni Cristo. Ang Mga Awit 83 ay naglalarawan sa mga bansa na nakapaligid sa Israel na magiging magkakasama laban sa Israel, at sila ay magpapahayag na, “kayo’y parito at atin silang ihiwalay sa pagkabansa; upang ang pangalan ng Israel ay huwag nang maalaala pa. Kunin natin para sa atin na pinakaari ang mga tahanan ng Dios” (Awit 83:4,5, 12) Pansinin na ang pagsalakay na ito sa huling araw sa Israel ay darating ang Israel ay isa nang bansa. Kaya ang kanilang kasalukuyang pagpapanibagong buhay bilang isang bansa ay isang kakailanganing pasimula sa malaki at huling pagsalakay na ito sa bansang Israel. Ang mga mga-aaral ng Biblia ay hinulaan ang pagpapanibagong buhay ng Israel bilang isang bansa maraming taon bago pa ito nangyari (tingnan ang aklat ni John Thomas na Elpis Israel, na nalathala noong 1848. Ang bagong sipi nito ay makukuha sa naglathala). Ang saloobin ng mga mananalakay sa bansang Israel nasusulat sa Mga Awit 83 ay eksaktong kapareho ng saloobin ngayon ng mga bansang malapit sa Israel, inaangkin nila ang Jerusalem para sa kanilang sarili bilang isang banal na bayan para sa Islam. Ang aklat ng mga Awit ay nagpatuloy sa paglalarawan kung paanong ang kanilang pagsalakay ay wawakasan sa pamamagitan ng pakikialam ng Dios, na magresulta na ang kaniyang kaharian ay maitatag sa boong mundo (Awit 83:13-18).

Maraming iba pang propesiya ang naglalarawan ng kaparehong pangyayaring ito: Ang pagsalakay sa Israel ng kaniyang mga kaaway na Arabo, at ng iba pang kaaway nila mula sa Hilaga, na magresulta ng pakikialam ng Dios sa pamamagitan ng

pagbabalik ni Cristo upang itatag ang kaharian (e.g. Ezek. Kabanata 38-40; Dan. 11:40-45). Ang isang malalim na pag-aaral ng mga propesiyang tulad nito ay bubuo ng isang mahalagang bahagi ng ating espirtual na paglago pagkatapos ng bautismo: “Aking pipisanin ang lahat ng bansa laban sa Jerusalem. Tinapos ni Jesus ang talaan ng mga tanda sa pamamagitan ng malinaw na pahayag: “Kung magkagayo’y makikita nila ang anak ng to na pariritong na sa isang alapaap na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian” (Luc. 21:27). Ang mga sumusunod na talata ay nagbibigay kasiglahan ; amang sa mga taong nabautismuhan ng mga mabuting budhi sa Dios. “kung magsimulang mangyri ang mga bagay na ito, (i.e. ngayon!), ay magsitinign akyo, at itaas ninyo ang inyong ulo; sapagkat malapit na ang pagkakatubos ninyo”(Luc. 21:28).

KARAGDAGAN 4:
ANG KATUWIRAN NG DIOS

Ang pagtuturo sa mga tao ng tungkol sa mga katuruan ng biblia ay naghahayag ng maraming kaugnay na mga komento at katanungan na malimit na mangyari sa sandaling ang pamamaraan ng pag-aaral ay natapos na. Ang mga ito ay nakapokus humigit kumulang sa katuwiran ng Dios. Na ito ang ilang halimbawa ng mga komento at katanungang yaon:

“hindi makatuwiran na ang bawat isa ay hindi tinawag ng Dios upang malaman ang Evangelio”.

“Bakit pinahintulutan ng Dios na magkasala sina Adam at Eva dahil dito kaya yaon ang nagdala ng paghihirap at pagdurusa sa buhay ng bilyon-bilyon nilang mga kaanak?”

“Bakit ang Israel lamang ang pinili ng Dios bilang kaniyang bayan sa Matandang Tipan, sa halip na bigyan ng pagkakataon?”

Ang ganitong uri ng mga suliranin ay mangyayari sa ating lahat, sa kahit anong yugto ng relasyon mayroon tayo sa Dios. Ang hindi madaling paggawa ng pagpapasiya tungkol sa mga bagay na ito ay dahilan upang ipagpaliban ang ating pagtugon sa tawag ng Dios. Dalawang libong taon na ang nakalilipas, isang lalake ang “sumigaw ...at sinabi , nananampalataya ako, tulunganb mo ang aking kakulangan ko sa pananampalataya, ngunit may bahagi rin tayong hindi sumasamapataya na nangangailangan ng tulong ng Dios. Sa mga araw o linggo bago ang bautismo ito ay isa sa pangkaraniwang emosyon na mararamdaman natin, at sa ilang antas ito ay uulit sa ating buhay.

Ang ating “hindi pagsampalataya ay ,malimit na gaya ng uri ng mga komento at katanungan na tungkol sa Dios na nakalista sa sinundang pahina. Ang mahalagang bagay na dapat malaman ay hindi marapat na akusahan natin ang Dios ng pagiging walang –katuwiran at walang katarungan. Sapagkat kung ito ay ating gagawin hinahatulan natin ang Makapangyarihang Dios sa kondisyon ng ating mga pagkaunawa. Parang sinasabi natin na kung tayo ang Dios. Isa sa pinakamalaking kabiguan ng sanglibutan ay ang hindi pagtanggap sa labis na kasamaan ng tao at sa sukdulang katuwiran ng Dios. Kung ang Dios ay hindi sukdulang katuwiran ng Dios.kung ang Dios ay hindi sukdulang matuwid kung gayon walang moral na mga pagsubok sa boong pamumuhay ng tao. At dahil dito wala ring tunay na pagkilala ng tama at mali. Ang boong ideya ng relihiyon (muling pagkakasundo) sa Dios ay walang kabuluhan kung gayon. Gaya ng mga bata na maaari lamang mangatuwiran sa mga matatanda sa kanilang limitadong pang-unawa. Kaya gayon din ang mga anak ng Dios sa kanilang Ama. Ngunit higit sa rito; gaya ng aso sa tao, ay gayon din ang tao sa Dios. Si Jeremias ay pinag-alinlanganan ang mga kaparaanan ng Dios, ngunit dahil sa pagsisikap niyang maunawaan ng mas malalim ang Dios na kinikilala niyang tunay na matuwid, sinabi niya: “Ikaw ay matuwid, Oh Panginoon, nang ako ay makipagtalo sa iyo; gayon ma’y makikipagmatuwiran ako sa iyo” (Jer. 12:1 cp. Awit 89:19, 34, 39, 52).

Ang suhestiyoyn na ang Dios ay maaaring hindi makatarungan ay nagpapahiwatig na tayo ay may karapatan na nilalabag ng Dios. Ngunit ang katotohanan na ang Dios ang siyang Lumikha sa atin at siyang nagbibigay buhay sa atin ay nangangahulugan na tayo ay walang mga karapatan. Tayo ay palaging nabubuhay sa kaniyang awa. Ang human rights ay isang pantaong konsepto na nilikha ng tao upang bigyan ng katarungan ang kanilang sarili. Tayo ay dumating sa sanglibutang ito ng wala kahit na ano, at lilisanin natin ito ng wala ring kahit na ano. Ang lahat saa atin, ay isang kaloob, na ibinigay sa atin para sa sandaling panahon, upang tingnan kung paano tayo tutugon sa mga ito. Kung tayo ay tinatawag ng Dios para mas malapit na relasyon sa kaniya, dapat na tugunin natin to ng may kagalakan. Ang pagtanggap rito dahil ang ibang tao ay hindi

inaayayahan para gawin ito, ay isa sa pinakamasakit na pamamaraang posible upang saktan ang Dios.

Tayong lahat ay mga hayop lamang dahil sa ating taglay na kalikasan (Ecc. 3:18-20). Maaari nating sabihin na, "Bakit pinili ng Dios ang tao upang magkaroon ng relasyon sa Dios at hindi ang ibang hayop?. Ang eksaktong mga dahilan ukol dito ay hindi natin mauunawaan kahit na sabihin ito sa atin. Ang ganito ay totoo rin sa nasusulat sa Genesis tungkol sa paglikha. Ang scientific na paliwanang kung paaano nilikha ang mga bagay at inayos tungo sa walang katapusang kababalaghan ng ating universe ay lampas sa posibilidad ng pantaong siyensiya na tanggapin. Dahil dito kaya ipinahayag ng Dios ang kaniyang isinagawang paglikha sa pananalita na tanging yaong mga taong gaya ng bata ang maaaring tumanggap. Totoo rin ito ukol sa mga moral na suliranin na ating inilista sa pasimula ng Appendix na ito. Ang aklat na ito ay nagbibigay diin sa katuruan ng Biblia sa mga paksang ito. Ang ating pag-iisip ay hindi likas na mapagkakumbaba sa Salita ng Dios; magkakaroon tayo ng kahirapan na tanggapin ang ilang mga bagay na ito sa paraan na ipinapa ng Biblia. Subalit kailangang ipahayag kilalanin natin na ang problema ay nasa atin at wala sa Dios. Tayo ang siyang kakulangan ng pansariling kaalaman na kinakailangan upang tanggapin natin ang katotohanan na ang ating na pag-iisip ay lubhang mahina kung ihambing sa Dios. Ito ay hindi isang hakbang lamang na mas mababa sa pag-iisip ng Dios; sapagkat ang pag-iisip natin ay lubhang magkaiba kaysa sa kaniya. Dahil dito kaya tayo ay inaanyayahan na gayahin ang pag-iisip ni Cristo, na matuto mula sa mga Salita ng Dios at kilalanin ang paraan ng kaniyang pag-iisip at sikapin ito maging sa atin.

Inaamin natin na maraming mga elemento na nilikha ang Dios na malinaw na napakabuti at ang mga ito ay tunay na naglalarawan ng katuwiran ng Dios. Ang problema ay may iba pang mga bagay na ating mararanasan na malinaw na masama at negatibo, at ito ang siyang nagiging dahilan ng pagkalito tungkol sa katuwiran ng Dios.

Nakakalungkot na marami ang nagpapatuloy na pag-aalinglangan ang katuwiran ng Dios. Ngunit di kaya mas mabuting sabihin na

lamang na pinaniniwalaan natin na ang Dios ay mabuti at matuwid gaya ng ipinahahayag sa kaniyang mga Salita, kaya nga lamang mayroon tayong suliraning maunawaan ang kalagayan ng kasamaan ng kaniyang nilikha?

Ang mga bagay na lihim na nauukol sa Panginoon nating Dios ngunit ang mga bagay na hayag na nauukol sa atin” (Duet. 29:29). Ang Evangelio ay tianwag na “Ang nakikilala tungkol sa Dios” (Rom. 1:19), na nagpapahiwatig na marami pang mga bagay na hindi pa maaaring malaman sa ating buhay na ito sa ngayon. Subalit may ilang mga panuntunan na maaari nating malinaw na makita sa Salita ng Dios. Ngunit may iba pang hindi mabilang na “mga bagay na lihim” tungkol sa mga kaparaanan ng Dios. At wala tayong daan sa buhay na ito upang malaman. Kaya nga sinabi ni Pablo na sa isang dako ay kilala niya si Pablo na isang dako ay kilala niya si Cristo at ang Dios gaya ng pagkilala natin (2 Cor. 1:12; 2 Cor. 5:16; Gal. 4:9; Heb. 10:30; 1 Jn 2:13), lalo na sa pamamagitan ng personal na karanasan sa pag-ibig ng Dios at pagtugon niya sa pag-ibig na yaon (1 Jn. 4:7,8); ngunit sa kabilang dako siya ay “kilala lamang ng bahagya” (1 Cor. 13:9,12), kaya siya ay nananabik sa pagbabalik ni Cristo, “upang makilalala ko siya, at ang kapangyarihan ng kaniyang pagkabuhay na maguli” (Fil. 3:10).

Habang patuloy tayong nalantad sa katuwiran ng Dios sa pamamagitan ng pag-aaral ng kaniyang salita, lalo tayong mananabik sa pagdating ng kaniyang kaharian, kung saan sa wakas, ang kaniyang matuwid na pag-uugali ay malinaw at pisikal na ipahahayag sa paraan na ang lahat ng kaniyang mga lingkod ay may galak itong mauunawaan at iibigin. Ang mga panahong yaon ang siyang maghahatid ng kalutasan sa lahat ng mga suliranin na nagpapakahirap ngayon sa mga anak ng Dios – intellectual, moral at pisikal: “Sapagkat ngayo’y malabo tayong nakakakita sa isang salamin ngunit pagkatapos ay makikita natin sa mukhaan: ngayon ay nakikilala ko ng bahagya ngunit pagkatapos ay makikilala ko gaya naman ng pagkilala sa atin” (1 Cor. 13:12,13).

KARAGDAGAN 449

Carelinks, PO Box 152, Menai NSW 2234 AUSTRALIA
www.carelinks.net email info@carelinks.net